Prayers and Meditations by Bahá'u'lláh	*Mga Dalangin at mga Pagninilay ni Bahá'u'lláh*
Translated by Shoghi Effendi from the original Persian and Arabic	Isinalin ni Shoghi Effendi mula sa orihinal na Persiyano at Arabe
– I –	I
Glorified art Thou, O Lord my God! Every man of insight confesseth Thy sovereignty and Thy dominion, and every discerning eye perceiveth the greatness of Thy majesty and the compelling power of Thy might. The winds of tests are powerless to hold back them that enjoy near access to Thee from setting their faces towards the horizon of Thy glory, and the tempests of trials must fail to draw away and hinder such as are wholly devoted to Thy will from approaching Thy court.	1.1 Luwalhatiin Ka nawa, O Panginoon kong Diyos! Ang bawat taong maliwanag ang pagkaunawa ay umaamin sa Iyong paghahari at sa Iyong pamumuno, at nakikita ng bawat matang nakakikilatis ang kadakilaan ng Iyong kamahalan at ang nakapipilit na kapangyarihan ng Iyong lakas. Ang mga hangin ng mga pagsubok ay walang-kakayahang pigilan ang mga nagtatamasa ng matalik na pakikipagniig sa Iyo mula sa pagbaling ng kanilang mga mukha tungo sa sugpungang-guhit ng Iyong kaluwalhatian, at ang mga bagyo ng mga paghihirap ay mabibigong ilayo at pumigil sa yaong mga ganap na deboto sa Iyong kagustuhan mula sa paglapit sa Iyong korte.
Methinks, the lamp of Thy love is burning in their hearts, and the light of Thy tenderness is lit within their breasts. Adversities are incapable of estranging them from Thy Cause, and the vicissitudes of fortune can never cause them to stray from Thy pleasure.	1.2 Wari ko'y ang lampara ng pag-ibig sa Iyo ay nagniningas sa kanilang mga puso, at ang liwanag ng pagsinta sa Iyo ay nasindihan sa kanilang mga dibdib. Ang mga kasawian ay walang-kakayahang ilayo sila mula sa Iyong Kapakanan, at ang mga pagbabago-bago ng kapalaran kailanman ay hindi magiging sanhi ng paglihis nila mula sa Iyong kaluguran.
I beseech Thee, O my God, by them and by the sighs which their hearts utter in their separation from Thee, to keep them safe from the mischief of Thine adversaries, and to nourish their souls with what Thou hast ordained for Thy loved ones on whom shall come no fear and who shall not be put to grief.	1.3 Isinasamo ko sa Iyo, O aking Diyos, sa ngalan nila at sa mga buntong-hiningang sinasambit ng kanilang mga puso dahil sa kanilang pagkawalay sa Iyo, na panatilihin silang ligtas mula sa kalokohan ng Iyong mga kaaway, at tustusan ang kanilang mga kaluluwa ng Iyong itinalaga sa Iyong mga minamahal na hindi aabutin ng takot at hindi sasapitin ng dalamhati.

– II –	II
Unto Thee be praise, O Lord my God! I entreat Thee, by Thy signs that have encompassed the entire creation, and by the light of Thy countenance that hath illuminated all that are in heaven and on earth, and by Thy mercy that hath surpassed all created things, and by Thy grace that hath suffused the whole universe, to rend asunder the veils that shut me out from Thee, that I may hasten unto the Fountainhead of Thy mighty inspiration, and to the Dayspring of Thy Revelation and bountiful favors, and may be immersed beneath the ocean of Thy nearness and pleasure.	2.1 Purihin Ka nawa, O Panginoon kong Diyos! Isinasamo ko sa Iyo, sa Iyong mga palatandaang pumapalibot sa buong sangnilikha, at sa liwanag ng Iyong mukha na tumatanglaw sa lahat ng nasa langit at ng nasa lupa, at sa Iyong habag na sumasaklaw sa lahat ng nilikhang bagay, at sa Iyong biyaya na pumupuspos sa buong santinakpan, na punitin ang mga lambong na naglilingid sa akin mula sa Iyo, upang magawa kong magmadali patungo sa Punong-bukal ng Iyong makapangyarihang inspirasyon, at tungo sa Bukang-liwayway ng Iyong Rebelasyon at masaganang mga biyaya, at maitubog sa ilalim ng karagatan ng pagkalapit sa Iyo at ng Iyong kaluguran.
Suffer me not, O my Lord, to be deprived of the knowledge of Thee in Thy days, and divest me not of the robe of Thy guidance. Give me to drink of the river that is life indeed, whose waters have streamed forth from the Paradise (Riḍván) in which the throne of Thy Name, the All-Merciful, was established, that mine eyes may be opened, and my face be illumined, and my heart be assured, and my soul be enlightened, and my steps be made firm.	2.2 Huwag akong tulutan, O aking Panginoon, na mapagkaitan ng kaalaman ukol sa Iyo sa Iyong mga araw, at huwag hubarin sa akin ang baro ng Iyong patnubay. Painumin ako mula sa ilog ng tunay na buhay, na ang mga tubig nito ay dumaloy mula sa Paraiso (Riḍván) kung saan ang trono ng Iyong Pangalan, ang Ganap na Mahabagin, ay nakaluklok, nang sa ganoon ang aking mga mata ay mabuksan, at ang aking mga yapak ay maging matatag.
Thou art He Who from everlasting was, through the potency of His might, supreme over all things, and, through the operation of His will, was able to ordain all things. Nothing whatsoever, whether in Thy heaven or on Thy earth, can frustrate Thy purpose. Have mercy, then, upon me, O my Lord, through Thy gracious providence and generosity, and incline mine ear to the sweet melodies of the birds that warble their praise of Thee, amidst the branches of the tree of Thy oneness.	2.3 Ikaw Siya na, mula sa kawalang-hanggan, sa pamamagitan ng bisa ng Kaniyang kapangyarihan, ay ang pinakamataas sa lahat ng bagay, at sa pamamagitan ng pagkilos ng Kaniyang kalooban, ay nagawang italaga ang lahat ng bagay. Walang anumang bagay, maging sa Iyong langit o sa Iyong lupa, ang maaaring bumigo sa Iyong layunin. Mahabag sa akin, kung gayon, O aking Panginoon, sa pamamagitan ng Iyong magiliw na kalinga at kabutihang-loob, at ibaling ang aking tainga sa matamis na mga himig ng mga ibong umaawit ng kanilang papuri sa Iyo sa mga

	punongkahoy ng Iyong kaisahan.
Thou art the Great Giver, the Ever-Forgiving, the Most Compassionate.	2.4 Ikaw ang Dakilang Tagapagbigay, ang Laging- Nagpapatawad, ang Pinakamadamayin.
– III –	III
Glorified art Thou, O Lord my God! I beseech Thee by Him Who is Thy Most Great Name, Who hath been sorely afflicted by such of Thy creatures as have repudiated Thy truth, and Who hath been hemmed in by sorrows which no tongue can describe, to grant that I may remember Thee and celebrate Thy praise, in these days when all have turned away from Thy beauty, have disputed with Thee, and turned away disdainfully from Him Who is the Revealer of Thy Cause. None is there, O my Lord, to help Thee except Thine own Self, and no power to succor Thee save Thine own power.	3.1 Luwalhatiin Ka nawa, O Panginoon kong Diyos! Isinasamo ko sa Iyo sa ngalan Niya na Iyong Pinakadakilang Pangalan, Siya na lubhang pinahirapan ng gayon sa Iyong mga nilikhang itinatwa ang Iyong katotohanan, at Siya na napaligiran ng mga pighating hindi mailarawan ng anumang dila, na tulutang magawa ko ang maalaala Ka at ipagdiwang ang Iyong kapurihan, sa mga araw na ito kung kailan ang lahat ay tumalikod sa Iyong kagandahan, nakipagtalo sa Iyo, at mapagmalaking pumihit mula sa Kaniya na Siyang Tagahayag ng Iyong Kapakanan. Walang naroon, O aking Panginoon, na makatutulong sa Iyo liban sa Iyong Sarili, at walang kapangyarihan ang makapagliligtas sa Iyo liban sa Iyong Sariling kapangyarihan.
I entreat Thee to enable me to cleave steadfastly to Thy Love and Thy remembrance. This is, verily, within my power, and Thou art the One that knoweth all that is in me. Thou, in truth, art knowing, apprised of all. Deprive me not, O my Lord, of the splendors of the light of Thy face, whose brightness hath illuminated the whole world. No God is there beside Thee, the Most Powerful, the All-Glorious, the Ever-Forgiving.	3.2 Isinasamo ko sa Iyo na tulutang magawa ko ang kumapit nang mahigpit sa Iyong pag-ibig at Iyong gunita. Ito sa katunayan ay abot ng aking kapangyarihan, at Ikaw ang nakababatid ng lahat ng nasa akin. Ikaw sa katotohanan, ang nakaaalam, batid ang lahat. Huwag ipagkait sa akin, O aking Panginoon, ang mga karingalan ng liwanag ng Iyong mukha, na ang kaningningan nito ay tumanglaw sa buong daigdig. Walang ibang Diyos liban sa Iyo, ang Pinakamakapangyarihan, ang Ganap na Maluwalhati, ang Laging-Nagpapatawad.
– IV –	IV
Magnified be Thy name, O Lord my God! Thou art He Whom all things worship and Who worshippeth no one, Who is the Lord of all things and is the vassal of none, Who	4.1 Dakilain nawa ang Iyong Pangalan, O Panginoon kong Diyos! Ikaw ay Siya na sinasamba ng lahat ng bagay at Siya na walang sinasamba, Siya na Panginoon ng lahat

knoweth all things and is known of none. Thou didst wish to make Thyself known unto men; therefore, Thou didst, through a word of Thy mouth, bring creation into being and fashion the universe. There is none other God except Thee, the Fashioner, the Creator, the Almighty, the Most Powerful.	ng bagay at tagasunod ng walang sinuman, Siya na nakababatid ng lahat at batid ng walang sinuman. Iyong ninais na Ikaw ay makilala ng mga tao; kung gayon sa pamamagitan ng isang salita mula sa Iyong bibig, Iyong ginawang lumitaw ang sangnilikha at mabuo ang santinakpan. Walang ibang Diyos liban sa Iyo, ang Tagahugis, ang Manlilikha, ang Lubos na Makapangyarihan, ang Pinakamalakas.
I implore Thee, by this very word that hath shone forth above the horizon of Thy will, to enable me to drink deep of the living waters through which Thou hast vivified the hearts of Thy chosen ones and quickened the souls of them that love Thee, that I may, at all times and under all conditions, turn my face wholly towards Thee.	4.2 Isinasamo ko sa Iyo, sa mismong salitang ito na sumikat sa itaas ng sugpungang-guhit ng Iyong kalooban, na tulutang makainom ako nang maigi mula sa mga nabubuhay na tubig, na sa pamamagitan ng mga ito ay Iyong binuhay ang mga puso ng Iyong mga pinili at pinapintig ang mga kaluluwa nilang mga nagmamahal sa Iyo, na magawa ko, sa lahat ng panahon at sa lahat ng kalagayan, ang ibaling nang ganap ang aking mukha tungo sa Iyo.
Thou art the God of power, of glory and bounty. No God is there beside Thee, the Supreme Ruler, the All-Glorious, the Omniscient.	4.3 Ikaw ang Diyos ng kapangyarihan, ng luwalhati at biyaya. Walang ibang Diyos liban sa Iyo, ang Kataas-taasang Pinuno, ang Ganap na Maluwalhati, ang Ganap na Nakababatid.
– V –	V
Lauded be Thy name, O my God! Thou beholdest me in the clutches of my oppressors. Every time I turn to my right, I hear the voice of the lamentation of them that are dear to Thee, whom the infidels have made captives for having believed in Thee and in Thy signs, and for having set their faces towards the horizon of Thy grace and of Thy loving-kindness. And when I turn to my left, I hear the clamor of the wicked doers who have disbelieved in Thee and in Thy signs, and persistently striven to put out the light of Thy lamp which sheddeth the radiance of Thine own Self over all that are in Thy heaven and all that are on Thy earth.	5.1 Purihin nawa ang Iyong pangalan, O aking Diyos! Iyong nakikitang tangan ako ng aking mga maniniil. Sa tuwing bumabaling ako sa aking kanan, naririnig ko ang tinig ng dalamhati nilang mga malalapit sa Iyo, na binihag ng mga di-makadiyos dahil sa pananalig nila sa Iyo at sa Iyong mga palatandaan, at dahil sa pagbaling ng kanilang mga mukha tungo sa sugpungang-guhit ng Iyong biyaya at ng Iyong mapagmahal na pagkandili. At sa tuwing bumabaling ako sa aking kaliwa, naririnig ko ang pag-iingay ng mga gumagawa ng kasamaan ng di-nananalig sa Iyo at sa Iyong mga palatandaan, at patuloy na nagtatangkang patayin ang ilaw ng Iyong lampara na pinasisikat ang kaningningan ng

	Iyong Sarili sa lahat ng nasa Iyong kalangitan at sa lahat ng nasa Iyong kalupaan.
The hearts of Thy chosen ones, O my Lord, have melted because of their separation from Thee, and the souls of Thy loved ones are burnt up by the fire of their yearning after Thee in Thy days. I implore Thee, O Thou Maker of the heavens and Lord of all names, by Thy most effulgent Self and Thy most exalted and all-glorious Remembrance, to send down upon Thy loved ones that which will draw them nearer unto Thee, and enable them to hearken unto Thine utterances.	5.2 Ang mga puso ng Iyong mga pinili, O aking Panginoon, ay natunaw dahil sa kanilang pagkawalay sa Iyo, at ang mga kaluluwa ng Iyong mga minamahal ay natupok sa apoy ng kanilang pagnanasa sa Iyo sa Iyong mga araw. Isinasamo ko sa Iyo, O Ikaw na Manlilikha ng mga kalangitan at Panginoon ng lahat ng mga pangalan, sa Iyong pinakamaringal na Sarili at sa Iyong pinakadakila at ganap na maluwalhating Alaala, na ipababa sa Iyong mga minamahal yaong higit na maglalapit sa kanila sa Iyo, at tutulutan silang makinig sa Iyong mga salita.
Tear asunder with the hand of Thy transcendent power, O my Lord, the veil of vain imaginings, that they who are wholly devoted to Thee may see Thee seated on the throne of Thy majesty, and the eyes of such as adore Thy unity may rejoice at the splendors of the glory of Thy face. The doors of hope have been shut against the hearts that long for Thee, O my Lord! Their keys are in Thy hands; open them by the power of Thy might and Thy sovereignty. Potent art Thou to do as Thou pleasest. Thou art, verily, the Almighty, the Beneficent.	5.3 Punitin sa pamamagitan ng kamay ng Iyong nangingibabaw na kapangyarihan, O aking Panginoon, ang lambong ng walang-katuturang mga kathang-isip, nang sa ganoon silang mga ganap na nakatalaga sa Iyo ay makita Kang nakaupo sa trono ng Iyong kamahalan, at ang mga mata ng mga nagmamahal sa Iyong kaisahan ay magdiwang sa mga karingalan ng luwalhati ng Iyong mukha. Ang mga pinto ng pag-asa ay isinara sa mga pusong nananabik sa Iyo, O aking Panginoon! Ang mga susi nito ay nasa Iyong mga kamay; buksan ang mga ito sa kapangyarihan ng Iyong lakas at Iyong paghahari. Ikaw ay makapangyarihan upang gawin ang Iyong ninanais. Ikaw, sa katunayan, ang Ganap na Makapangyarihan, ang Mapagpala.
– VI –	VI
Praise be to Thee, O Lord my God! I swear by Thy might! Successive afflictions have withheld the pen of the Most High from laying bare that which is hidden from the eyes of Thy creatures, and incessant trials have hindered the tongue of the Divine Ordainer from proclaiming the wonders of Thy glorification and praise. With a stammering tongue, therefore, I call upon Thee, O my God, and	6.1 Purihin Ka nawa, O Panginoon kong Diyos! Sumusumpa ako sa Iyong kapangyarihan! Ang sunod-sunod na mga pahirap ay pumigil sa panulat ng Pinakamataas mula sa paglalantad roon sa nakatago mula sa mga mata ng Iyong mga nilikha, at ang walang-patid na mga pagsubok ay pumigil sa dila ng Banal na Tagapagtalaga mula sa paghahayag ng mga kamanghaan ng

with this my afflicted pen I occupy myself in remembrance of Thy name.	Iyong kaluwalhatian at papuri. Gamit ang nauutal na dila, kung gayon, ay tumatawag ako sa Iyo, O aking Diyos, at sa pamamagitan nitong naghihirap na panulat ay inaabala ko ang aking sarili sa paggunita sa Iyong pangalan.
Is there any man of insight, O my God, that can behold Thee with Thine own eye, and where is the thirsty one who can direct his face towards the living waters of Thy love? I am the one, O my God, who hath blotted out from his heart the remembrance of all except Thee, and hath graven upon it the mysteries of Thy love. Thine own might beareth me witness! But for tribulations, how could the assured be distinguished from the doubters among Thy servants? They who have been inebriated with the wine of Thy knowledge, these, verily, hasten to meet every manner of adversity in their longing to pass into Thy presence. I implore Thee, O Beloved of my heart and the Object of my soul's adoration, to shield them that love me from the faintest trace of evil and corrupt desires. Supply them, then, with the good of this world and of the next.	6.2 Mayroon bang taong nagtataglay ng malalim na pag-unawa, O aking Diyos, na magagawang tumingin sa Iyo sa pamamagitan ng Iyong sariling mata, at nasaan ang nauuhaw na magagawang ibaling ang kaniyang mukha tungo sa nabubuhay na mga tubig ng Iyong pag-ibig? Ako ay siya, O aking Diyos, na binura mula sa kaniyang puso ang paggunita ng lahat liban sa Iyo, at inukit doon ang mga hiwaga ng Iyong pag-ibig. Ang Iyong sariling lakas ay sumasaksi sa akin! Kung hindi dahil sa mga pagsubok, paano makikilala ang mga nakatitiyak nang bukod sa mga nagdududa mula sa Iyong mga tagapaglingkod? Sila na nalango sa alak ng Iyong kaalaman, ang mga ito, sa katunayan, ay nagmamadaling salubungin ang bawat uri ng pahirap sa kanilang pagnanasang makatawid sa Iyong kinaroroonan. Isinasamo ko sa Iyo, O Minamahal ng aking kaluluwa, na ipagsanggalang sila na nagmamahal sa akin mula sa kaliit-liitang bahid ng masama at balakyot na mga hangarin. Ipagkaloob sa kanila, kung gayon, ang kabutihan ng daigdig na ito at ng susunod.
Thou art, verily, He Whose grace hath guided them aright, He Who hath declared Himself to be the All-Merciful. No God is there but Thee, the All-Glorious, the Supreme Helper.	6.3 Ikaw, sa katunayan, ay Siya na ang Kaniyang biyaya ang pumatnubay sa kanila sa tama, Siya na nagpahayag ng Kaniyang sarili bilang ang Lubos na Mahabagin. Walang ibang Diyos liban sa Iyo, ang Lubos na Maluwalhati, ang Sukdulang Tagapagtulong.
– VII –	VII
Praise be to Thee, O Lord my God! I beseech Thee by this Revelation whereby darkness hath been turned into light, through which the Frequented Fane hath been built, and the Written Tablet revealed, and the Outspread	7.1 Purihin Ka nawa, O Panginoon kong Diyos! Isinasamo ko sa Iyo sa Rebelasyong ito, na sa pamamagitan nito ang karimlan ay naging liwanag, na sa pamamagitan nito ang Templong Laging Dinadalaw ay itinatag, at

Roll uncovered, to send down upon me and upon them who are in my company that which will enable us to soar into the heavens of Thy transcendent glory, and will wash us from the stain of such doubts as have hindered the suspicious from entering into the tabernacle of Thy unity.	ang Nasusulat na Tableta ay inihayag, at ang Rolyong Nakaladlad ay inalisan ng takip, na ihulog sa akin at sa mga nasa aking piling, yaong makatutulot na kami'y pumailanlang sa mga langit ng Iyong nangingibabaw na kaluwalhatian, at makapaghuhugas sa amin ng mantsa ng mga alinlangang nakahahadlang sa mga mapaghinala mula sa pagpasok sa tabernakulo ng Iyong kaisahan.
I am the one, O my Lord, who hath held fast the cord of Thy loving-kindness, and clung to the hem of Thy mercy and favors. Do Thou ordain for me and for my loved ones the good of this world and of the world to come. Supply them, then, with the Hidden Gift Thou didst ordain for the choicest among Thy creatures.	7.2 Ako siya, O aking Panginoon, na mahigpit na nakahawak sa kordon ng Iyong mapagmahal na kahabagan, at nakapangapit sa laylayan ng Iyong awa at tangkilik. Iyong iatas para sa akin at para sa aking mga mahal ang mabuti ng daigdig na ito at ng daigdig na darating. Pagkalooban sila, kung gayon, ng Tagong Handog na iniatas Mo para sa pinakatatangi sa Iyong mga nilalang.
These are, O my Lord, the days in which Thou hast bidden Thy servants to observe the Fast. Blessed is he that observeth the Fast wholly for Thy sake and with absolute detachment from all things except Thee. Assist me and assist them, O my Lord, to obey Thee and to keep Thy precepts. Thou, verily, hast power to do what Thou choosest.	7.3 Ito, O aking Panginoon, ang mga araw na ang Iyong mga tagapaglingkod ay inutusan Mong magsagawa ng pag-aayuno. Pinagpala siyang makapagsasagawa ng pag-aayuno alang-alang sa Iyo at nang may pagwawalang-bahala sa lahat ng bagay liban sa Iyo. Tulungan ako at tulungan sila, O aking Panginoon, na makasunod sa Iyo at makatalima sa Iyong mga panuntunan. Tunay na Ikaw ang may kapangyarihang makagawa ng Iyong nais.
There is no God but Thee, the All-Knowing, the All-Wise. All praise be to God, the Lord of all worlds.	7.4 Walang Diyos liban sa Iyo, ang Ganap na Nakababatid, ang Ganap na Marunong. Lahat ng papuri ay nauukol sa Diyos, ang Panginoon ng lahat ng daigdig.
– VIII –	VIII
Glorified be Thy name, O Lord my God! Thou beholdest my dwelling-place, and the prison into which I am cast, and the woes I suffer. By Thy might! No pen can recount them, nor can any tongue describe or number them. I know not, O my God, for what purpose Thou hast abandoned me to Thine adversaries. Thy glory beareth me witness! I sorrow not for the	8.1 Luwalhatiin nawa ang Iyong pangalan, O Panginoon kong Diyos! Iyong nakikita ang aking tirahan, at ang piitang pinagtapunan sa akin, at ang mga pighating aking dinaranas. Saksi ang Iyong kapangyarihan! Walang panulat ang makasasaysay sa mga ito, ni walang dila ang makalalarawan o makabibilang sa mga ito. Hindi ko alam, O

vexations I endure for love of Thee, nor feel perturbed by the calamities that overtake me in Thy path. My grief is rather because Thou delayest to fulfill what Thou hast determined in the Tablets of Thy Revelation, and ordained in the books of Thy decree and judgment.	aking Diyos, sa anong dahilan ako ay Iyong iniwan sa aking mga kaaway. Ang Iyong kaluwalhatian ay sumasaksi sa akin! Hindi ako nagdadalamhati sa mga kahirapang dinaranas ko alang-alang sa pag-ibig sa Iyo, ni hindi nagagambala ng mga kalamidad na sumasapit sa akin sa Iyong landas. Ang hinagpis ko sa halip ay dahil Iyong inantalang tuparin yaong Iyong itinakda sa mga Tableta ng Iyong Rebelasyon, at itinalaga sa mga aklat ng Iyong utos at hatol.
My blood, at all times, addresseth me saying: "O Thou Who art the Image of the Most Merciful! How long will it be ere Thou riddest me of the captivity of this world, and deliverest me from the bondage of this life? Didst Thou not promise me that Thou shalt dye the earth with me, and sprinkle me on the faces of the inmates of Thy Paradise?" To this I make reply: "Be thou patient and quiet thyself. The things thou desirest can last but an hour. As to me, however, I quaff continually in the path of God the cup of His decree, and wish not that the ruling of His will should cease to operate, or that the woes I suffer for the sake of my Lord, the Most Exalted, the All-Glorious, should be ended. Seek thou my wish and forsake thine own. Thy bondage is not for my protection, but to enable me to sustain successive tribulations, and to prepare me for the trials that must needs repeatedly assail me. Perish that lover who discerneth between the pleasant and the poisonous in his love for his beloved! Be thou satisfied with what God hath destined for thee. He, verily, ruleth over thee as He willeth and pleaseth. No God is there but Him, the Inaccessible, the Most High."	8.2 Ang dugo ko, sa lahat ng panahon, ay nagsasabi sa akin: "O Ikaw na Siyang Larawan ng Pinakamahabagin! Gaano ba magtatagal bago pa Iyong alisin sa akin ang pagkabihag sa daigdig na ito, at iligtas ako mula sa pagkatali sa buhay na ito? Hindi ba Iyong ipinangako sa akin na Iyong ikukulay ako sa lupa, at iwiwisik ako sa mga mukha ng mga nananahan sa Iyong Paraiso?" Sumasagot ako rito ng: "Magtimpi ka at patahimikin ang iyong sarili. Ang mga bagay na nais mo ay magtatagal lamang ng isang oras. Para sa akin, gayumpaman, sa landas ng Diyos ako ay patuloy na umiinom mula sa kopa ng Kaniyang utos, at hindi ninanais na ang pagpapatupad ng Kaniyang kalooban ay humintong umiral, o na ang mga pighating dinaranas ko alang-alang sa aking Panginoon, ang Pinakadakila, ang Ganap na Maluwalhati, ay magwakas. Naisin yaong aking ninanais at limutin yaong sa iyo. Ang iyong pagkabihag ay hindi para sa aking pangangalaga, bagkus ay upang magawa kong tanggapin ang sunod-sunod na mga pahirap, at upang ihanda ako sa mga pagsubok na kinakailangang paulit-ulit na sumalanta sa akin. Puksain yaong mangingibig na pinagkakaiba ang malugod at ang nakalalason sa pagmamahal niya sa kaniyang iniibig. Ikaw ay maging masaya sa itinadhana ng Diyos sa iyo. Siya sa katunayan ay namumuno sa iyo sang-ayon sa Kaniyang niloloob at ninanais. Walang ibang Diyos liban sa Kaniya, ang Di-maaabot, ang Pinakamataas.

– IX –	IX
Magnified be Thy name, O Lord my God! I know not what the water is with which Thou hast created me, or what the fire Thou hast kindled within me, or the clay wherewith Thou hast kneaded me. The restlessness of every sea hath been stilled, but not the restlessness of this Ocean which moveth at the bidding of the winds of Thy will. The flame of every fire hath been extinguished except the Flame which the hands of Thine omnipotence have kindled, and whose radiance Thou hast, by the power of Thy name, shed abroad before all that are in Thy heaven and all that are on Thy earth. As the tribulations deepen, it waxeth hotter and hotter.	9.1 Dakilain nawa ang Iyong pangalan, O Panginoon kong Diyos! Hindi ko batid ang tubig na Iyong ginamit sa paglikha sa akin, o ano ang apoy na Iyong pinarikit sa loob ko, o ang luad na Iyong ipinanghubog sa akin. Ang walang-patid na paggalaw ng bawat dagat ay natahimik ngunit hindi ang walang-patid na pag-alon nitong Karagatang gumagalaw sang-ayon sa utos ng mga hangin ng Iyong kalooban. Ang ningas ng bawat apoy ay nasubhan liban sa Ningas na pinarikit ng mga kamay ng Iyong ganap na kapangyarihan, at ang kaningningan nito ay Iyong ginawa, sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Iyong pangalan, na sumikat sa lahat ng nasa Iyong kalangitan at sa lahat ng nasa Iyong kalupaan. Habang tumitindi ang mga paghihirap, ito ay umiinit nang umiinit.
Behold, then, O my God, how Thy Light hath been compassed with the onrushing winds of Thy decree, how the tempests that blow and beat upon it from every side have added to its brightness and increased its splendor. For all this let Thee be praised.	9.2 Masdan, kung gayon, O aking Diyos, kung paano ang Iyong Liwanag ay napalibutan ng sumusugod na mga hangin ng Iyong kautusan, kung paano ang mga bagyong humahagibis at humahampas dito mula sa bawat dako ay nagdaragdag sa kaliwanagan nito at ginawang higit pa ang karingalan nito. Purihin Ka nawa dahil sa lahat ng ito.
I implore Thee, by Thy Most Great Name, and Thy most ancient sovereignty, to look upon Thy loved ones whose hearts have been sorely shaken by reason of the troubles that have touched Him Who is the Manifestation of Thine own Self. Powerful art Thou to do what pleaseth Thee. Thou art, verily, the All-Knowing, the All-Wise.	9.3 Isinasamo ko sa Iyo, sa Iyong Pinakadakilang Pangalan, at sa Iyong napakatandang paghahari, na tingnan ang Iyong mga minamahal na ang kanilang mga puso ay labis na nabahala bunga ng mga kahirapang dumapo sa Kaniya na Siyang Kahayagan ng Iyong Sarili. Ikaw ay makapangyarihan upang gawin ang Iyong ninanais. Ikaw, sa katunayan, ang Nakababatid ng lahat, ang Lubos na Marunong.
– X –	X

O Thou Whose face is the object of the adoration of all that yearn after Thee, Whose presence is the hope of such as are wholly devoted to Thy will, Whose nearness is the desire of all that have drawn nigh unto Thy court, Whose countenance is the companion of those who have recognized Thy truth, Whose name is the mover of the souls that long to behold Thy face, Whose voice is the true life of Thy lovers, the words of Whose mouth are as the waters of life unto all who are in heaven and on earth!	10.1 O Ikaw na ang Kaniyang mukha ang tinutukoy ng pagsamba ng lahat ng nagnanasa sa Iyo, na ang Kaniyang kinaroroonan ay ang inaasahan ng yaong mga ganap na nakatalaga sa Iyong kalooban, na ang pagkalapit sa Kaniya ay ang minimithi ng lahat ng nakalapit sa Iyong korte, na ang Kaniyang mukha ay ang kasama ng yaong mga nakakilala sa Iyong katotohanan, na ang Kaniyang pangalan ay ang nagpagpakilos sa mga kaluluwang nagnanasang masilayan ang Iyong mukha, na ang Kaniyang tinig ay ang tunay na buhay ng Iyong mga mangingibig, na ang mga salita ng Kaniyang bibig ay tulad ng mga tubig ng buhay sa lahat ng nasa langit at nasa lupa!
I beseech Thee, by the wrong Thou hast suffered and the ills inflicted upon Thee by the hosts of wrongful doers, to send down upon me from the clouds of Thy mercy that which will purify me of all that is not of Thee, that I may be worthy to praise Thee and fit to love Thee.	10.2 Isinasamo ko sa Iyo, sa pamamagitan ng sala na Iyong dinanas at ng mga sakit na ipinalasap sa Iyo ng mga kampon ng mga makasalanan, na ipadala sa akin mula sa mga ulap ng Iyong kahabagan, yaong dadalisay sa akin mula sa lahat ng hindi sa Iyo, nang sa ganoon ay maging karapat-dapat akong pumuri sa Iyo at umibig sa Iyo.
Withhold not from me, O my Lord, the things Thou didst ordain for such of Thy handmaidens as circle around Thee, and on whom are poured continually the splendors of the sun of Thy beauty and the beams of the brightness of Thy face. Thou art He Who from everlasting hath succored whosoever hath sought Thee, and bountifully favored him who hath asked Thee.	10.3 Huwag ipagkait sa akin, O aking Panginoon, ang mga bagay na Iyong itinalaga sa gayon sa Iyong mga kawaksing babae na lumilibot sa Iyo, at sa kanila ay patuloy na bumubuhos ang mga karingalan ng araw ng Iyong kagandahan at ang mga sinag ng kaningningan ng Iyong mukha. Ikaw ay Siya na mula sa kawalang-hanggan ay tinulungan ang sinumang naghanap sa Iyo, at masaganang pinagpala siyang humingi sa Iyo.
No God is there beside Thee, the Mighty, the Ever-Abiding, the All-Bounteous, the Most Generous.	10.4 Walang ibang Diyos liban sa Iyo, ang Makapangyarihan, ang Laging-Namamalagi, ang Lubos na Mapagbigay-biyaya, ang Lubos na Bukas-palad.
– XI –	XI
Lauded be Thy name, O Lord my God! Darkness hath fallen upon every land, and the forces of mischief have encompassed all the nations. Through them, however, I perceive	11.1 Purihin nawa ang Iyong pangalan, O Panginoon kong Diyos! Ang dilim ay bumalot sa bawat lupa, at ang mga hukbo ng kasamaan ay nakapaligid sa lahat ng bansa. Gayunman,

the splendors of Thy wisdom, and discern the brightness of the light of Thy providence.	sa pamamagitan nila ay nasisinag ko ang ningning ng Iyong karunungan, at namamalas ang liwanag ng Iyong pagpapala.
They that are shut out as by a veil from Thee have imagined that they have the power to put out Thy light, and to quench Thy fire, and to still the winds of Thy grace. Nay, and to this Thy might beareth me witness! Had not every tribulation been made the bearer of Thy wisdom, and every ordeal the vehicle of Thy providence, no one would have dared oppose us, though the powers of earth and heaven were to be leagued against us. Were I to unravel the wondrous mysteries of Thy wisdom which are laid bare before me, the reins of Thine enemies would be cleft asunder.	11.2 Silang waring natatabingan ng lambong mula sa Iyo ay nagpalagay na taglay nila ang kapangyarihang patayin ang Iyong liwanag, at subhan ang Iyong apoy, at pahintuin ang mga hangin ng Iyong biyaya. Hindi lamang iyon, at dito ay sumasaksi sa akin ang Iyong kapangyarihan! Kung ang bawat paghihirap ay hindi ginawang tagapaghatid ng Iyong karunungan, at bawat pagsubok ay sasakyan ng Iyong pagpapala, walang sinuman ang magtatangkang makipagtunggali sa amin, bagaman ang mga lakas ng lupa at langit ay ihaharap laban sa amin. Kung aking tatastasin ang kamangha-manghang mga hiwaga ng Iyong karunungan na nakalantad sa akin, ang mga renda ng Iyong mga kaaway ay mapapatid.
Glorified be Thou, then, O my God! I beseech Thee by Thy Most Great Name to assemble them that love Thee around the Law that streameth from the good-pleasure of Thy will, and to send down upon them what will assure their hearts.	11.3 Luwalhatiin Ka nawa, kung gayon, O aking Diyos! Isinasamo ko sa Iyo sa Iyong Pinakadakilang Pangalan, na tipunin silang nagmamahal sa Iyo palibot sa Batas na dumadaloy mula sa mabuting kaluguran ng Iyong kalooban, at ipababa sa kanila yaong magbibigay-katiyakan sa kanilang mga puso.
Potent art Thou to do what pleaseth Thee. Thou art, verily, the Help in Peril, the Self-Subsisting.	11.4 Ikaw ay makapangyarihang gawin ang Iyong ninanais. Ikaw sa katotohanan ang Tulong sa Panganib, ang Sariling-Ganap.
– XII –	XII
Praised be Thou, O Lord my God! This is Thy servant who hath quaffed from the hands of Thy grace the wine of Thy tender mercy, and tasted of the savor of Thy love in Thy days. I beseech Thee, by the embodiments of Thy names whom no grief can hinder from rejoicing in Thy love or from gazing on Thy face, and whom all the hosts of the heedless are powerless to cause to turn aside from the path of Thy pleasure, to supply him with the	12.1 Purihin Ka nawa, O Panginoon kong Diyos! Ito ang Iyong tagapaglingkod na uminom mula sa mga kamay ng Iyong pagpapala ng alak ng Iyong mapagmahal na kahabagan, at nakatikim ng linamnam ng Iyong pag-ibig sa Iyong mga araw. Isinasamo ko sa Iyo, sa mga kinatawan ng Iyong mga pangalan, na walang pighati ang makapipigil sa pagdiriwang ng Iyong pag-ibig o mula sa pagtingin sa Iyong mukha, at na kung sino ang

good things Thou dost possess, and to raise him up to such heights that he will regard the world even as a shadow that vanisheth swifter than the twinkling of an eye.	lahat ng mga hukbo ng mga pabaya ay walang-kakayahang ilihis sila mula sa landas ng Iyong kaluguran, na ipagkaloob sa kaniya ang mabubuting bagay na Iyong taglay, at itaas siya sa gayong mga tugatog na ituturing niya ang daigdig na waring isang anino na naglalahong mabilis pa sa kisapmata.
Keep him safe also, O my God, by the power of Thine immeasurable majesty, from all that Thou abhorrest. Thou art, verily, his Lord and the Lord of all worlds.	12.2 Panatilihin din siyang ligtas, O aking Diyos, sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Iyong di-masukat na kamahalan, mula sa lahat ng Iyong kinamumuhian. Ikaw, sa katotohanan, ang kaniyang Panginoon, at ang Panginoon ng lahat ng mga daigdig.
– XIII –	XIII
Lauded be Thy name, O my God! Thou beholdest how the tempestuous winds of tests have caused the steadfast in faith to tremble, and how the breath of trials hath stirred up those whose hearts had been firmly established, except such as have partaken of the Wine that is life indeed from the hands of the Manifestation of Thy name, the Most Merciful. These are the ones whom no word except Thy most exalted word can move, whom nothing whatever save the sweet smelling fragrance of the robe of Thy remembrance can enrapture, O Thou Who art the Possessor of all names and the Maker of earth and heaven!	13.1 Purihin nawa ang Iyong pangalan, O aking Diyos! Iyong nakikita kung paano ang bumabagyong mga hangin ng mga pagsubok ay ginawang manginig ang matitibay ang pananalig, at kung paano ang hinga ng pagsubok ay gumulantang sa mga pusong matibay na nakatatag, liban lamang sa yaong mga nakisalo sa Alak na siyang tunay na buhay mula sa mga kamay ng Kahayagan ng Iyong pangalan, ang Pinakamahabagin. Ang mga ito ay sila na walang salita liban sa Iyong pinakadakilang salita ang makapagpapagalaw, sila na walang anuman liban sa napakatamis na samyo ng baro ng Iyong gunita ang makapagpapagalak, O Ikaw na Nagtataglay ng lahat ng mga pangalan, at ang Maylikha ng lupa at langit!
I implore Thee, O Thou Who art the beloved Companion of Bahá, by Thy name, the All-Glorious, to keep safe these Thy servants under the shadow of the wings of Thine all-encompassing mercy, that the darts of the evil suggestions of the wicked doers among Thy creatures, who have disbelieved in Thy signs, may be kept back from them. No one on earth, O my Lord, can withstand Thy power, and none in all the kingdom of Thy names is able to frustrate Thy purpose. Show forth, then, the power of Thy sovereignty and	13.2 Isinasamo ko sa Iyo, O Ikaw na minamahal na Kasama ni Bahá, sa pamamagitan ng Iyong pangalan, ang Lubos na Maluwalhati, na panatilihing ligtas itong Iyong mga tagapaglingkod, sa ilalim ng lilim ng mga bagwis ng Iyong kahabagan na nakasasakop sa lahat, nang sa gayon ang mga tudla ng masasamang mungkahi ng mga gumagawa ng kasamaan sa Iyong mga nilikha, na hindi naniniwala sa Iyong mga palatandaan, ay mapigilan mula sa kanila. Walang sinuman sa daigdig, O aking

of Thy dominion, and teach Thy loved ones what beseemeth them in Thy days.	Panginoon, ang makatatagal laban sa Iyong kapangyarihan, at wala sa lahat ng kaharian ng Iyong mga pangalan ang may kakayahang biguin ang Iyong layunin. Ipakita, kung gayon, ang kapangyarihan ng Iyong paghahari at ng Iyong pamumuno, at ituro sa Iyong mga minamahal yaong nararapat sa kanila sa Iyong mga araw.
Thou art, verily, the Almighty, the Most Exalted, the All-Glorious, the Most Great.	13.3 Ikaw, sa katotohanan, ay ang Lubos na Makapangyarihan, ang Pinakamataas, ang Lubos na Maluwalhati, ang Pinakadakila.
– XIV –	XIV
All praise be to Thee, O my God! Thou beholdest my helplessness and poverty, and bearest witness unto my woes and trials. How long wilt Thou abandon me among Thy servants? Suffer me to ascend into Thy presence. The power of Thy might beareth me witness! Such are the tribulations with which I am encompassed that I am powerless to recount them before Thy face. Thou, alone, verily, hast through Thy knowledge reckoned them.	14.1 Lahat ng papuri ay mapasa-Iyo, O aking Diyos! Iyong nakikita ang aking kawalan ng kakayahan at karukhaan, at sumasaksi sa aking mga pighati at mga pagsubok. Gaano katagal Mo akong pababayaan sa Iyong mga tagapaglingkod? Tulutang makapanhik ako sa Iyong kinaroroonan. Ang kapangyarihan ng Iyong lakas ay sumasaksi sa akin! Gayon ang mga pagsubok na nakapalibot sa akin na wala akong kakayahang isaysay ang mga ito sa harap ng Iyong mukha. Ikaw lamang, sa katunayan, sa pamamagitan ng Iyong kaalaman, ang nakatuos sa mga ito.
I beseech Thee, O Thou Who art my Companion in my lowliness, to rain down upon Thy loved ones from the clouds of Thy mercy that which will cause them to be satisfied with Thy pleasure, and will enable them to turn unto Thee and to be detached from all else except Thee. Ordain, then, for them every good conceived by Thee and predestined in Thy Book. Thou art, verily, the All-Powerful, He Whom nothing whatsoever can frustrate. From everlasting Thou hast been clothed with transcendent greatness and power, with unspeakable majesty and glory.	14.2 Isinasamo ko sa Iyo, O Ikaw na aking Kasama sa aking pagkaaba, na paulanin sa Iyong mga minamahal mula sa mga ulap ng Iyong kahabagan yaong magiging sanhi ng kanilang kasiyahan sa Iyong kagustuhan at upang magawa nilang bumaling sa Iyo at maging nakawalay mula sa lahat liban sa Iyo. Italaga, kung gayon, para sa kanila ang bawat kabutihan na Iyong ginunita at itinadhana sa Iyong Aklat. Ikaw, sa katunayan, ang Lubos na Makapangyarihan, Siya na walang anuman ang makabibigo. Mula sa kawalang- hanggan Ikaw ay nadaramtan ng nangingibabaw na kadakilaan at kapangyarihan, ng di-mawikang

There is no God beside Thee, the Almighty, the All-Glorious, the Ever-Forgiving.	karingalan at kaluwalhatian. Walang ibang Diyos liban sa Iyo, ang Lubos Makapangyarihan, ang Lubos na Maluwalhati sa lahat, ang Laging-Nagpapatawad.
Glorified be Thy name, Thou in Whose hand are the kingdoms of earth and heaven.	14.3 Luwalhatiin nawa ang Iyong pangalan, Ikaw na nasa Kaniyang kamay ang mga kaharian ng lupa at langit.
– XV –	XV
O Thou Who art the Ruler of earth and heaven and the Author of all names! Thou hearest the voice of my lamentation which from the fortress-town of ‘Akká ascendeth towards Thee, and beholdest how my captive friends have fallen into the hands of the workers of iniquity.	15.1 O Ikaw na Siyang Namumuno sa lupa at langit at ang May-akda ng lahat ng mga pangalan! Iyong naririnig ang tinig ng aking pagdadalamhati mula sa piitang-bayan ng ‘Akká na pumapailanlang sa Iyo, at namamasdan kung paano ang aking kaibigang bihag ay nahulog sa mga kamay ng mga gumagawa ng kasamaan.
We render Thee thanks, O our Lord, for all the troubles which have touched us in Thy path. Oh, that the span of my earthly life could be so extended as to embrace the lives of the former and the latter generations, or could even be so lengthened that no man on the face of the earth could measure it, and be afflicted every day and every moment with a fresh tribulation for love of Thee and for Thy pleasure’s sake!	15.2 Kami ay nagbibigay ng pasasalamat sa Iyo, O aming Panginoon, para sa lahat ng mga paghihirap na sumapit sa amin sa Iyong landas. Sana, ang haba ng aking makalupang buhay ay mapahaba upang sumaklaw sa mga buhay ng nakaraan at ng hinaharap na mga salinlahi, o kahit pa mapahaba na walang tao sa mukha ng lupa ang makasukat dito, at mapahirapan sa bawat araw at sa bawat sandali ng panibagong pahirap alang-alang sa pag-ibig sa Iyo at alang-alang sa Iyong kaluguran!
Thou well knowest, however, O my God, that my wish is wholly dissolved in Thy wish, and that Thou hast irrevocably decreed that my soul should ascend unto the loftiest mansions of Thy Kingdom, and pass into the presence of my all-glorious Companion.	15.3 Iyong ganap na nababatid, gayumpaman, O aking Diyos, na ang aking nais ay lubos na natutunaw sa Iyong ninanais, at na Iyong walang-pasubaling itinakda na ang aking kaluluwa ay dapat pumailanlang sa pinakamatayog na mga mansiyon ng Iyong kaharian, at pumasok sa kinaroroonan ng aking Kasamang ganap na maluwalhati.
Hasten, by Thy grace and bounty, my passing, O my Lord, and pour forth upon all them that are dear to Thee what will preserve them from fear and trembling after me. Powerful art Thou to do whatsoever may	15.4 Madaliin, sa pamamagitan ng Iyong kagandahang-loob at biyaya, ang aking pagpanaw, O aking Panginoon, at ibuhos sa lahat nilang malapit sa akin yaong magliligtas sa kanila mula sa takot at pangangatal sa pagyao ko. Ikaw ay makapangyarihan upang

please Thee. No God is there except Thee, the All-Glorious, the All-Wise.	gawin ang anumang Iyong ninanais. Walang ibang Diyos liban sa Iyo, ang Lubos na Maluwalhati, ang Lubos na Marunong.
Thou seest, O my Lord, how Thy servants have left their homes in their longing to meet Thee, and how they have been hindered by the ungodly from looking upon Thy face, and from circumambulating the sanctuary of Thy grandeur. Pour out Thy steadfastness and send down Thy calm upon them, O my Lord! Thou art, in truth, the Ever-Forgiving, the Most Compassionate.	15.5 Iyong nakikita, O aking Panginoon, kung paano ang Iyong mga tagapaglingkod ay lumisan sa kanilang mga tahanan sa kanilang pagnanasang Ikaw ay makatagpo, at kung paano sila ay napigilan ng mga di-makadiyos mula sa pagtingin sa Iyong mukha, at mula sa pag-ikot sa santuwaryo ng Iyong karingalan. Ibuhos ang Iyong katatagan at ipadala ang Iyong katiwasayan sa kanila, O aking Panginoon! Ikaw sa katotohanan ang Laging-Nagpapatawad, ang Pinakamadamayin.
– XVI –	XVI
Praise be to Thee, O Lord my God! Thou seest my tears and lamentations, and hearest my sighing, my cry and bitter wailing. I am the one, O my Lord, that hath held fast the cord of Thy mercy which hath surpassed the entire creation. I am the one that hath clung to the hem of Thy loving-kindness, O Thou in Whose hand is the empire of all names!	16.1 Papuri nawa sa Iyo, O Panginoon kong Diyos! Iyong nakikita ang aking mga luha at mga dalamhati, at naririnig ang aking buntong-hininga, ang aking pag-iyak at masaklap na paghihinagpis. Ako siya, O aking Panginoon, na kumapit nang mahigpit sa kordon ng Iyong kahabagan na higit pa sa buong sangnilikha. Ako siya na nangapit sa laylayan ng Iyong mapagmahal na kabutihang-loob, O Ikaw na tangan ng Kaniyang kamay ang imperyo ng lahat ng pangalan!
Have mercy upon me and upon all them that are in my company, through the wonders of Thy grace and power. Shield us, then, O my God, from the mischief of Thine enemies, and assist us to help Thy Faith, and to protect Thy Cause, and to celebrate Thy glory. Thou art, verily, He Who from everlasting hath inhabited the inaccessible heights of His unity, and will continue to remain the same for ever and ever. Nothing whatsoever escapeth Thy knowledge, nor is there anything that can frustrate Thee. No God is there beside Thee, the Almighty, the Ever-Faithful, the Most Exalted, the All-Glorious, the Best-Beloved.	16.2 Mahabag sa akin at sa yaong mga nasa aking piling, sa pamamagitan ng mga kamanghaan ng Iyong biyaya at kapangyarihan. Ipagsanggalang kami, kung gayon, O aking Diyos, mula sa kalokohan ng Iyong mga kaaway, at tulungan kami upang makatulong sa Iyong Pananampalataya, at upang mapangalagaan ang Iyong Kapakanan, at upang maipagdiwang ang Iyong kaluwalhatian. Ikaw, sa katotohanan, ay Siya na mula sa kawalang-hanggan ay nanahan sa di-maabot na mga tugatog ng Kaniyang kaisahan, at magpapatuloy na manatiling gayon magpakailanman. Walang anuman ang makalalampas sa Iyong kaalaman, ni walang

	anuman ang makabibigo sa Iyo. Walang ibang Diyos liban sa Iyo, ang Lubos na Makapangyarihan, ang Laging-Matapat, ang Pinakadakila, ang Lubos na Maluwalhati, ang Pinakamamahal.
Lauded and glorified art Thou, in Whose hand is the empire of all things!	16.3 Purihin at luwalhatiin Ka, O Ikaw na nasa Kaniyang kamay ang imperyo ng lahat ng mga bagay!
– XVII –	XVII
Magnified be Thy name, O God, the Lord of heaven! Attire my head with the crown of martyrdom, even as Thou didst attire my body with the ornament of tribulation before all that dwell in Thy land. Grant, moreover, that they whose hearts yearn over Thee may draw nigh unto the horizon of Thy grace, above which the Daystar of Thy beauty sheddeth its radiance. Ordain, also, for them what will make them rich enough to dispense with aught else except Thee, and rid them of all attachment to such as have repudiated Thy signs.	17.1 Dakilain nawa ang Iyong pangalan, O Diyos, ang Panginoon ng langit! Iputong sa aking ulo ang korona ng pagkamartir, tulad ng Iyong pagganyak sa aking katawan ng palamuti ng pagsubok sa harap ng nananahan sa Iyong lupain. Ipagkaloob, bukod rito, na yaong ang mga puso ay nananabik sa Iyo ay makalapit sa sugpungang-guhit ng Iyong biyaya, na sa itaas nito ang Bituing-araw ng Iyong kagandahan ay suminag ang ningning nito. Italaga rin sa kanila yaong sapat na magpapayaman sa kanila upang maipagpaliban nila ang lahat bukod sa Iyo, at alisin sa kanila ang lahat ng pangangapit sa gayong mga itinatwa ang Iyong mga palatandaan.
There is none other God but Thee, the Guardian, the Self-Subsisting.	17.2 Walang ibang Diyos liban sa Iyo, ang Tagapagsanggalang, ang Sariling-Ganap.
– XVIII –	XVIII
Praised be Thou, O my God! How can I thank Thee for having singled me out and chosen me above all Thy servants to reveal Thee, at a time when all had turned away from Thy beauty! I testify, O my God, that if I were given a thousand lives by Thee, and offered them up all in Thy path, I would still have failed to repay the least of the gifts which, by Thy grace, Thou hast bestowed upon me.	18.1 Purihin Ka nawa, O aking Diyos! Paano Kita mapasasalamatan dahil sa pagbukod sa akin at sa pagpili sa akin nang higit sa lahat ng Iyong mga tagapaglingkod upang ipahayag Ka, sa panahong ang lahat ay tumalikod sa Iyong kagandahan! Sumasaksi ako, O aking Diyos, na kung ako ay Iyong pinagkalooban ng isang libong buhay, at kung inialay ko itong lahat sa Iyong landas, mabibigo pa rin akong bayaran ang kahit

	pinakamaliit na kaloob, na sa pamamagitan ng Iyong pagpapala, ay Iyong ibinigay sa akin.
I lay asleep on the bed of self when lo, Thou didst waken me with the divine accents of Thy voice, and didst unveil to me Thy beauty, and didst enable me to listen to Thine utterances, and to recognize Thy Self, and to speak forth Thy praise, and to extol Thy virtues, and to be steadfast in Thy love. Finally I fell a captive into the hands of the wayward among Thy servants.	18.2 Ako ay nahihimbing sa higaan ng pagkamakasarili nang masdan, ako ay Iyong ginising sa pamamagitan ng banal na mga indayog ng Iyong tinig, at inilantad sa akin ang Iyong kagandahan, at tinulutang makinig ako sa Iyong mga pananalita, at makilala ang Iyong Sarili, at usalin ang papuri sa Iyo at ipagbunyi ang Iyong mga kabutihan, at maging matatag sa Iyong pag-ibig. Sa wakas ako ay naging bihag sa mga kamay ng suwail sa Iyong mga tagapaglingkod.
Thou beholdest, therefore, the exile which I suffer in Thy days, and art aware of my vehement longing to look upon Thy face, and of mine irrepressible yearnings to enter the court of Thy glory, and of the stirrings of my heart under the influences of the winds of Thy mercy.	18.3 Iyong nakikita, kung gayon, ang pagkadisteryo na aking dinaranas sa Iyong mga araw, at batid ang aking matinding pagnanasang masilayan ang Iyong mukha, at ang aking di-masupil na mga paghahangad na makapasok sa korte ng Iyong kaluwalhatian, at ang mga umaantig sa aking puso sa ilalim ng mga impluwensiya ng mga hangin ng Iyong habag.
I entreat Thee, O Thou Who art the Ruler of the kingdoms of creation and the Author of all names, to write down my name with the names of them who, from eternity, have circled round the Tabernacle of Thy majesty, and clung to the hem of Thy loving-kindness, and held fast the cord of Thy tender mercy.	18.4 Isinasamo ko sa Iyo, O Ikaw na Siyang Namumuno sa mga kaharian ng sangnilikha at ang May-akda ng lahat ng mga pangalan, na isulat ang aking pangalan nang kasama sa mga pangalan nilang mula sa kawalang-hanggan, ay umiikot nang palibot sa Tabernakulo ng Iyong kamahalan, at kumakapit sa laylayan ng Iyong mapagmahal na kabaitan, at tinatanganan ang kordon ng Iyong masuyong kahabagan.
Thou art, in truth, the Help in Peril, the Self-Subsisting.	18.5 Ikaw, sa katotohanan, ang Tulong sa Panganib, ang Sariling-Ganap.
– XIX –	XIX
Praised be Thou, O Lord my God! I implore Thee, by Thy Most Great Name through Which Thou didst stir up Thy servants and build up Thy cities, and by Thy most excellent titles, and Thy most august attributes, to assist Thy people to turn in the direction of Thy	19.1 Purihin Ka, O Panginoon kong Diyos! Isinasamo ko sa Iyo sa Iyong Pinakadakilang Pangalan na Iyong ginamit sa pagpukaw ng Iyong mga tagapaglingkod at sa pagtatayo ng Iyong mga lungsod, at sa pamamagitan ng Iyong pinakamahusay na mga taguri, at ng

manifold bounties, and set their faces towards the Tabernacle of Thy wisdom. Heal Thou the sicknesses that have assailed the souls on every side, and have deterred them from directing their gaze towards the Paradise that lieth in the shelter of Thy shadowing Name, which Thou didst ordain to be the King of all names unto all who are in heaven and all who are on earth. Potent art Thou to do as pleaseth Thee. In Thy hands is the empire of all names. There is none other God but Thee, the Mighty, the Wise.	Iyong pinakadakilang mga katangian, na Iyong tulungan ang Iyong mga tao upang bumaling tungo sa Iyong napakaraming pagpapala, at iharap ang kanilang mga mukha sa Tabernakulo ng Iyong karunungan. Lunasan Mo ang mga karamdamang sumalanta sa mga kaluluwa mula sa bawat panig at pumipigil sa kanila mula sa pagdako ng kanilang paningin tungo sa Paraisong nasa kanlungan ng Iyong lumililim na Pangalan, na Iyong iniatas na maging Hari ng lahat ng pangalan para sa lahat ng nasa langit at lahat ng nasa lupa. Ikaw ay may kakayahang gawin ang Iyong marapatin. Nasa Iyong mga kamay ang imperyo ng lahat ng mga pangalan. Walang ibang Diyos liban sa Iyo, ang Makapangyarihan, ang Marunong.
I am but a poor creature, O my Lord; I have clung to the hem of Thy riches. I am sore sick; I have held fast the cord of Thy healing. Deliver me from the ills that have encircled me, and wash me thoroughly with the waters of Thy graciousness and mercy, and attire me with the raiment of wholesomeness, through Thy forgiveness and bounty. Fix, then, mine eyes upon Thee, and rid me of all attachment to aught else except Thyself. Aid me to do what Thou desirest, and to fulfill what Thou pleasest.	19.2 Ako ay isa lamang hamak na nilalang, O aking Panginoon; nangapit ako sa laylayan ng Iyong mga kayamanan. Malubha ang aking sakit; mahigpit akong nangapit sa kordon ng Iyong panlunas. Iligtas Mo ako sa mga karamdamang nakapalibot sa akin, at hugasan Mo akong ganap sa mga tubig ng Iyong kagandahang-loob at kaawaan, at damtan Mo ako ng saplot ng kagalingan, sa pamamagitan ng Iyong pagpapatawad at pagpapala. Ipako Mo, kung gayon, ang aking mga mata sa Iyo, at putulin Mo ang lahat ng pagkakaugnay ko sa alinmang iba pa liban sa Iyo. Tulungan Mo akong makagawa ng Iyong ninanais, at maisakatuparan ko ang nakasisiya sa Iyo.
Thou art truly the Lord of this life and of the next. Thou art, in truth, the Ever-Forgiving, the Most Merciful.	19.3 Tunay na Ikaw ang Panginoon ng buhay na ito at ng darating. Ikaw, sa katotohanan, ang Laging- Nagpapatawad, ang Pinakamahabagin.
– XX –	XX
Lauded be Thy name, O Thou Who beholdest all things and art hidden from all things! From every land Thou hearest the lamentations of them that love Thee, and from every direction	20.1 Purihin nawa ang Iyong pangalan, O Ikaw na Siyang nakakikita sa lahat ng bagay at natatago mula sa lahat ng bagay! Mula sa bawat lupain Iyong naririnig ang mga

Thou hearkenest unto the cries of such as have recognized Thy sovereignty. Were their oppressors to be asked: "Wherefore have ye oppressed them and held them in bondage in Baghdád and elsewhere? What injustice have they committed? Whom have they betrayed? Whose blood have they spilled, and whose property have they plundered?" they would know not what to answer.	pagdadalamhati nilang mga nagmamahal sa Iyo, at mula sa bawat dako ay Iyong napakikinggan ang mga iyak ng gayong mga nakakilala sa Iyong paghahari. Kung tatanungin ang mga umaapi sa kanila na: "Bakit ninyo inaapi sila at binihag sila sa Baghdád at sa iba pang lugar? Anong kawalan ng katarungan ang ginawa nila? Sino ang pinagtaksilan nila? Kaninong dugo ang pinadanak nila, at kaninong ari-arian ang sinamsam nila?" hindi nila malalaman kung ano ang isasagot.
Thou knowest full well, O my God, that their only crime is to have loved Thee. For this reason have their oppressors laid hold on them, and scattered them abroad. Aware as I am, O my God, that Thou wilt send down upon Thy servants only what is good for them, I nevertheless beseech Thee, by Thy name which overshadoweth all things, to raise up, for their assistance and as a sign of Thy grace and as an evidence of Thy power, those who will keep them safe from all their adversaries.	20.2 Iyong ganap na nababatid, O aking Diyos, na ang kanilang tanging krimen ay ang minahal Ka. Sa dahilang ito ay sinunggaban sila ng kanilang mga maniniil, at pinahayo sila sa ibayo. Yamang batid ko, O aking Diyos, na Iyong ipabababa sa Iyong mga tagapaglingkod ang tanging ikabubuti lamang nila, gayumpaman ay isinasamo ko sa Iyo, sa Iyong pangalang lumililim sa lahat ng bagay, na ibangon para makatulong sa kanila yaong mga magliligtas sa kanila mula sa kanilang mga kalaban, bilang tanda ng Iyong biyaya, at bilang katibayan ng Iyong kapangyarihan.
Potent art Thou to do Thy pleasure. Thou art, verily, the Supreme Ruler, the Almighty, the Help in Peril, the Self-Subsisting.	20.3 Makapangyarihan Ka upang gawin ang Iyong ninanais. Ikaw sa katunayan, ay ang Kataas-taasang Pinuno, ang Lubos na Makapangyarihan, ang Tulong sa Panganib, ang Sariling-Ganap.
– XXI –	XXI
Praised be Thou, O Lord my God! I am Thy servant and the son of Thy servant. I have set my face towards Thy Cause, believing in Thy oneness, acknowledging Thy unity, recognizing Thy sovereignty and the power of Thy might, and confessing the greatness of Thy majesty and glory. I ask Thee, by Thy name through which the heaven was cleft asunder, and the earth was rent in twain, and the mountains were crushed, not to withhold from me the breezes of Thy mercy which have been wafted in Thy days, nor to suffer me to	21.1 Purihin Ka nawa, O aking Diyos! Ako ang Iyong tagapaglingkod at anak ng Iyong tagapaglingkod. Itinuon ko ang aking mukha tungo sa Iyong Kapakanan, naniniwala sa Iyong kaisahan, tinatanggap ang Iyong pagkakaisa, kinikilala ang Iyong paghahari at ang kapangyarihan ng Iyong lakas, at sumasaksi sa kadakilaan ng Iyong kamahalan at kaluwalhatian. Isinasamo ko sa Iyo, sa Iyong pangalan, na sa pamamagitan niyon ang kalangitan ay nabiyak, at ang daigdig ay nahati sa dalawa, at ang mga kabundukan ay

be far removed from the shores of Thy nearness and bounty.	nadurog, na huwag ipagkait sa akin ang Iyong kahabagang sumimoy sa Iyong mga araw, ni tulutang mapalayo ako sa mga dalampasigan ng Iyong pagkalapit at biyaya.
I am he who is sore athirst, O my Lord! Give me to drink of the living waters of Thy grace. I am but a poor creature; reveal unto me the tokens of Thy riches. Doth it beseem Thee to cast out of the door of Thy grace and bounty such as have set their hopes on Thee, and can it befit Thy sovereignty to hinder them that yearn after Thee from attaining the adored sanctuary of Thy presence and from beholding Thy face? By Thy glory! Such is not my belief in Thee, for I am persuaded that Thou art the God of bounteousness, Whose grace hath encompassed all things.	21.2 Ako ang siyang matinding nauuhaw, O aking Panginoon! Painumin ako mula sa nabubuhay na mga tubig ng Iyong pagpapala. Ako ay isa lamang hamak na nilalang; ibunyag sa akin ang mga palatandaan ng Iyong kayamanan. Naaangkop ba sa Iyo na itaboy mula sa pintuan ng Iyong pagpapala at biyaya ang gayong mga inilagay ang kanilang pag-asa sa Iyo, at nararapat ba sa Iyong paghahari ang pigilan silang mga nananabik sa Iyo mula sa pagtatamo ng sinasambang santuwaryo ng Iyong kinaroroonan at mula sa pagtitig sa Iyong mukha? Saksi ang Iyong kaluwalhatian! Hindi ganoon ang aking paniniwala ukol sa Iyo, sapagkat ako ay nakatitiyak na Ikaw ang Diyos ng kasaganaan, na ang Kaniyang biyaya ay sumasaklaw sa lahat ng bagay.
I beseech Thee, O my Lord, by Thy mercy that hath surpassed the entire creation, and Thy generosity that hath embraced all created things, to cause me to turn my face wholly towards Thee, and to seek Thy shelter, and to be steadfast in my love for Thee. Write down, then, for me what Thou didst ordain for them who love Thee. Powerful art Thou to do what Thou pleasest. No God is there beside Thee, the Ever-Forgiving, the All-Bountiful.	21.3 Isinasamo ko sa Iyo, O aking Panginoon, sa Iyong habag na nakahihigit sa buong sangnilikha, at sa Iyong pagkabukas-palad na sumasaklaw sa lahat ng nilikhang bagay, na magawa kong ibaling nang ganap ang aking mukha sa Iyo, at ang hanapin ang Iyong kanlungan, at maging matatag sa aking pag-ibig sa Iyo. Isulat kung gayon para sa akin yaong itinalaga Mo para sa kanilang mga nagmamahal sa Iyo. Makapangyarihan Ka upang gawin ang Iyong ninanais. Walang ibang Diyos liban sa Iyo, ang Laging-Nagpapatawad, ang Lubos na Mapagbigay-biyaya.
Praised be God, the Lord of the worlds!	21.4 Purihin ang Diyos, ang Panginoon ng mga daigdig!
– XXII –	XXII
Exalted art Thou, O Lord my God! I am the one who hath forsaken his all and set his face towards the splendors of the glory of Thy	22.1 Dakilain Ka nawa, O Panginoon kong Diyos! Ako ang siyang nag-iwan ng lahat ng akin at itinuon ang aking mukha tungo sa mga

countenance, who hath severed every tie and clung to the cord of Thy love and of Thy good-pleasure. I am he, O my God, who hath embraced Thy love and accepted all the adversities which the world can inflict, who hath offered up himself as a ransom for the sake of Thy loved ones, that they may ascend into the heavens of Thy knowledge and be drawn nearer unto Thee, and may soar in the atmosphere of Thy love and Thy good-pleasure.	karingalan ng luwalhati ng Iyong mukha, siyang pinutol ang bawat bigkis at nangapit sa kordon ng Iyong pag-ibig at ng Iyong mabuting kasiyahan. Ako siya, O aking Diyos, na niyakap ang Iyong pag-ibig at tinanggap ang lahat ng mga pahirap na maipalalasap ng daigdig, na inialay ang kaniyang sarili bilang panubos sa Iyong mga minamahal, nang upang sila ay makapanhik sa mga kalangitan ng Iyong kaalaman at mapalapit nang higit pa sa Iyo, at pumailanlang sa himpapawid ng Iyong pag-ibig at ng Iyong mabuting kaluguran.
Ordain, O my God, for me and for them that which Thou didst decree for such of Thy chosen ones as are wholly devoted unto Thee. Cause them, then, to be numbered among those whose eyes Thou hast cleansed and kept from turning to any one save Thee, and whose eyes Thou hast protected from beholding any face except Thy face.	22.2 Italaga, O aking Diyos, para sa akin at para sa kanila yaong itinalaga Mo para sa gayon sa Iyong mga piniling lubos na deboto sa Iyo. Gawin silang mabilang, kung gayon, sa kanilang ang mga mata ay Iyong nilinis at pinigilan mula sa pagbaling sa kaninuman liban sa Iyo, at ang kanilang mga mata ay Iyong hinadlangan mula sa pagtingin sa kaninumang mukha liban sa Iyong mukha.
Thou art, verily, the Almighty, the Most Exalted, the All-Glorious, the Supreme King, the Help in Peril, the All-Pardoner, the Ever-Forgiving.	22.3 Ikaw, sa katunayan, ang Ganap na Makapangyarihan, ang Pinakadakila, ang Ganap na Maluwalhati, ang Kataas-taasang Hari, ang Tulong sa Panganib, ang Lubos na Nagpapawalang-sala, ang Laging-Nagpapatawad.
– XXIII –	XXIII
Glorified art Thou, O Lord my God! I implore Thee by the onrushing winds of Thy grace, and by them Who are the Daysprings of Thy purpose and the Dawning-Places of Thine inspiration, to send down upon me and upon all that have sought Thy face that which beseemeth Thy generosity and bountiful grace, and is worthy of Thy bestowals and favors. Poor and desolate I am, O my Lord! Immerse me in the ocean of Thy wealth; athirst, suffer me to drink from the living waters of Thy loving-kindness.	23.1 Luwalhatiin Ka nawa, O Panginoon kong Diyos! Isinasamo ko sa Iyo sa humahagibis na mga hangin ng Iyong biyaya at sa Kanilang mga Pamimitak ng Iyong layunin at mga Pook-Silangan ng Iyong inspirasyon, na ipababa sa akin at sa lahat ng naghahanap ng Iyong mukha yaong nararapat sa Iyong kagandahang-loob at masaganang biyaya, at karapat-dapat sa Iyong mga pagkakaloob at pagtatangkilik. Ako ay dukha at walang kasama, O aking Panginoon! Itubog Mo ako sa karagatan ng Iyong kayamanan; nauuhaw, tulutan Mo akong uminom mula sa nabubuhay na mga tubig ng Iyong

	mapagmahal na kabaitan.
I beseech Thee, by Thine own Self and by Him Whom Thou hast appointed as the Manifestation of Thine own Being and Thy discriminating Word unto all that are in heaven and on earth, to gather together Thy servants beneath the shade of the Tree of Thy gracious providence. Help them, then, to partake of its fruits, to incline their ears to the rustling of its leaves, and to the sweetness of the voice of the Bird that chanteth upon its branches. Thou art, verily, the Help in Peril, the Inaccessible, the Almighty, the Most Bountiful.	23.2 Isinasamo Ko sa Iyo sa Iyong Sarili at sa Kaniya na Iyong hinirang bilang Kahayagan ng Iyong Sarili at ng Iyong namumukod na Salita sa lahat ng nasa langit at nasa lupa, na tipuning lahat ang Iyong mga tagapaglingkod sa lilim ng puno ng Iyong magiliw na pagpapala. Tulungan sila, kung gayon, upang makabahagi sa mga bunga niyon, na ikiling ang kanilang mga tainga sa alis-is ng mga dahon niyon, at sa katamisan ng tinig ng Ibong umaawit sa mga sanga niyon. Tunay na Ikaw ang Tulong sa Panganib, ang Di-maabot, ang Lubos Makapangyarihan, ang Pinakamapagpala.
– XXIV –	XXIV
Praised be Thou, O Lord my God! I implore Thee by Them Who are the Tabernacles of Thy Divine holiness, Who are the Manifestations of Thy transcendent unity and the Daysprings of Thine inspiration and revelation, to grant that Thy servants may not be kept back from this Divine Law which, at Thy will and according to Thy pleasure, hath branched out from Thy most great Ocean. Do Thou, then, ordain for them that which Thou didst ordain for Thy chosen ones and for the righteous among Thy creatures, whose constancy in Thy Cause the tempests of trials have failed to shake, and whom the tumults of tests have been powerless to hinder from magnifying Thy most exalted Word—the Word through Which the heavens of men's idle fancies and vain imaginations have been split asunder. Thou art, verily, the Almighty, the All-Glorious, the All-Knowing.	24.1 Purihin ka nawa, O Panginoon kong Diyos! Isinasamo ko sa Iyo sa pamamagitan Nila na Silang mga Tabernakulo ng Iyong Poong kabanalan, na Silang mga Kapahayagan ng Iyong nangingibabaw na pagkakaisa at mga Pamimitak ng Iyong inspirasyon at rebelasyon, na ipagkaloob na ang Iyong mga tagapaglingkod ay hindi mapigilan mula sa Banal na Batas na ito, na sang-ayon sa Iyong kalooban at alinsunod sa Iyong kagustuhan, ay nagsanga mula sa Iyong pinakadakilang Karagatan. Iyong italaga, kung gayon, para sa kanila yaong Iyong itinalaga para sa Iyong mga pinili at para sa mga matuwid sa Iyong mga nilikha, na ang kanilang katatagan sa Iyong Kapakanan ay hindi nayanig ng mga bagyo ng pagsubok, at hindi napigilan ng kaguluhan ng mga suliranin mula sa pagbubunyi sa Iyong pinakadakilang Salita—ang Salitang iyon na sa pamamagitan Niyon ang mga kalangitan ng walang-katuturang mga hinagap at walang-kabuluhang mga kathang-isip ay biniyak. Ikaw, sa katunayan, ang Lubos na Makapangyarihan, ang Lubos na Maluwalhati,

	ang Nakababatid ng Lahat.
Enable, then, Thy servants, O my God, to recognize the Daystar that hath shone forth above the horizon of Thine irrevocable decree and purpose, and suffer them not to be deprived of the Paradise which Thou, by Thy name, the All-Glorious, hast called into being in the heavens of Thine exalted omnipotence. Cause them, moreover, O my God, to hearken to Thy most sweet voice, that they may all hasten to recognize Thy unity and acknowledge Thy oneness, O Thou Who art the Beloved of the hearts of all that yearn after Thee, and the Object of the adoration of such as have known Thee!	24.2 Tulutan, kung gayon, ang Iyong mga tagapaglingkod, O aking Diyos, na makilala ang Bituing-araw na sumikat sa itaas ng sugpungang-guhit ng Iyong di-mababaling kautusan at layunin, at tulutang hindi maipagkait sa kanila ang Paraiso na Iyong nilalang sa mga kalangitan ng Iyong dakilang kapangyarihan na nangingibabaw sa lahat, sa pamamagitan ng Iyong pangalan, ang Lubos na Maluwalhati. Higit pa roon, ay gawin silang makinig, O aking Diyos, sa Iyong pinakamatamis na tinig, nang upang silang lahat ay magmadaling kilalanin ang Iyong pagkakaisa at tanggapin ang Iyong kaisahan, O Ikaw na Minamahal ng mga puso ng lahat ng nananabik sa Iyo, at ang Pakay ng pagsamba ng gayong mga nakakilala sa Iyo!
I beseech Thee, by them that have cut down all the idols in this Revelation through which the Most Grievous Convulsion and the Great Terror have appeared, to assist, at all times, Thy servants with the signs of Thine almighty power and the evidences of Thy transcendent and all-compelling might. Grant, then, that their hearts may be made as strong as brass, that they may remain unmoved by the overpowering might of such as have transgressed against Him Who is the Manifestation of Thine Essence and the Dayspring of Thine invisible Self, and that they may all arise to glorify and help Thee, so that through them the ensigns of Thy triumph may be lifted up in Thy realm, and the standards of Thy Cause may be unfurled throughout Thy dominions. Thou art He who from everlasting hath, through the potency of His will, been all-powerful, and will continue to remain the same for ever and ever. Thou art, verily, the All-Glorious, the Most High. No God is there but Thee, the Most Powerful, the Most Exalted, the Help in Peril, the Most Great, the One Being, the Incomparable, the All-Glorious, the Unrestrained.	24.3 Isinasamo ko sa Iyo, sa ngalan nilang nagsiputol ng lahat ng mga idolo sa Rebelasyong ito na sa pamamagitan niyon ay lumitaw ang Pinakamatinding Pagyayanig at ang Napakalaking Takot, na tulungan sa lahat ng panahon, ang Iyong mga tagapaglingkod sa pamamagitan ng mga palatandaan ng Iyong lakas na makapangyarihan sa lahat, at ng mga katibayan ng Iyong kapangyarihang nangingibabaw at nakapipilit sa lahat. Ipagkaloob, kung gayon, na ang kanilang mga puso ay maging kasintigas ng tanso, nang upang manatili silang hindi naaantig ng nakagagaping lakas ng gayong mga nagkasala sa Kaniya na Siyang Kapahayagan ng Iyong Pinakadiwa at ng Pamimitak ng Iyong di-nakikitang Sarili, at nang upang ang lahat ay magsibangon sa pagluwalhati at pagtulong sa Iyo, nang sa gayon sa pamamagitan nila ang mga watawat ng Iyong tagumpay ay maitaas sa Iyong kaharian, at ang mga bandila ng Iyong Kapakanan ay mailadlad sa kabuuan ng Iyong mga kinasasakupan. Ikaw Siya na mula sa kawalang-hanggan, sa pamamagitan ng bisa ng Kaniyang kalooban, ay naging lubos na makapangyarihan, at patuloy na mananatiling gayon magpakailanman. Ikaw sa

	katunayan ang Lubos na Maluwalhati, ang Pinakamataas. Walang ibang Diyos liban sa Iyo, ang Pinakamakapangyarihan, ang Pinakaipinagbubunyi, ang Tulong sa Panganib, ang Pinakadakila, ang Iisang Umiiral, ang Walang-kahalintulad, ang Ganap na Maluwalhati, ang Di-napipigilan.
– XXV –	XXV
Glorified art Thou, O Lord my God! I beseech Thee by Thy Chosen Ones, and by the Bearers of Thy Trust, and by Him Whom Thou hast ordained to be the Seal of Thy Prophets and of Thy Messengers, to let Thy remembrance be my companion, and Thy love my aim, and Thy face my goal, and Thy name my lamp, and Thy wish my desire, and Thy pleasure my delight.	25.1 Nasa kaluwalhatian Ka, O Panginoon kong Diyos! Ipinamamanhik ko sa Iyo, sa ngalan ng Iyong mga Pinili, at sa ngalan ng mga Tagapagdala ng Iyong Tiwala, at sa ngalan Niya na Iyong itinalagang maging Selyo ng Iyong mga Propeta at ng Iyong mga Tagapagbalita, na tulutang ang Iyong paggunita ang aking maging kasama, at ang Iyong pag-ibig ang aking maging layunin, at ang Iyong mukha ang aking maging hantungan, at ang Iyong pangalan ang aking maging tanglaw, at ang Iyong hangarin ang aking maging ninanasa, at ang Iyong kasiyahan ang aking maging kaligayahan.
I am a sinner, O my Lord, and Thou art the Ever-Forgiving. As soon as I recognized Thee, I hastened to attain the exalted court of Thy loving-kindness. Forgive me, O my Lord, my sins which have hindered me from walking in the ways of Thy good-pleasure, and from attaining the shores of the ocean of Thy oneness.	25.2 Ako ay isang makasalanan, O aking Panginoon, at Ikaw ang Laging-Nagpapatawad. Sa sandaling nakilala Kita, nagmadali akong makarating sa dakilang korte ng Iyong mapagmahal na kabaitan. Patawarin ako, O aking Panginoon, sa mga kasalanan kong nakahadlang sa akin mula sa pagtalunton sa mga landas ng Iyong mabuting kasiyahan, at sa pagsapit sa pampang ng karagatan ng Iyong kaisahan.
There is no one, O my Lord, who can deal bountifully with me to whom I can turn my face, and none who can have compassion on me that I may crave his mercy. Cast me not out, I implore Thee, of the presence of Thy grace, neither do Thou withhold from me the outpourings of Thy generosity and bounty. Ordain for me, O my Lord, what Thou hast ordained for them that love Thee, and write down for me what Thou hast written down for Thy chosen ones. My gaze hath, at all times,	25.3 Walang iba, O aking Panginoon, ang makapagpapala sa akin na mapagbabalingan ko ng aking mukha, at walang magdadalang-habag sa akin na mahihilingan ko ng awa. Huwag akong itaboy, isinasamo ko sa Iyo, mula sa kinaroroonan ng Iyong biyaya, ni huwag Mong ipagkait sa akin ang mga pagbuhos ng Iyong kagandahang-loob at pagpapala. Italaga Mo para sa akin, O aking Panginoon, yaong itinalaga Mo para sa kanilang mga nagmamahal sa Iyo, at isulat Mo

been fixed on the horizon of Thy gracious providence, and mine eyes bent upon the court of Thy tender mercies. Do with me as beseemeth Thee. No God is there but Thee, the God of power, the God of glory, Whose help is implored by all men.	para sa akin yaong isinulat Mo para sa Iyong mga pinili. Ang aking pagtanaw, sa lahat ng panahon, ay nakapako sa sugpungang-guhit ng Iyong magiliw na pagkalinga, at ang aking mga mata ay nakatuon sa korte ng Iyong masuyong mga kahabagan. Gawin Mo sa akin ang Iyong marapatin. Walang ibang Diyos liban sa Iyo, ang Diyos ng kapangyarihan, ang Diyos ng kaluwalhatian, na ang Kaniyang tulong ay hinihiling ng lahat ng tao.
– XXVI –	XXVI
Suffer me, O my God, to draw nigh unto Thee, and to abide within the precincts of Thy court, for remoteness from Thee hath well-nigh consumed me. Cause me to rest under the shadow of the wings of Thy grace, for the flame of my separation from Thee hath melted my heart within me. Draw me nearer unto the river that is life indeed, for my soul burneth with thirst in its ceaseless search after Thee. My sighs, O my God, proclaim the bitterness of mine anguish, and the tears I shed attest my love for Thee.	26.1 Tulutan, O aking Diyos, na makalapit ako sa Iyo, at makapanahan sa loob ng saklaw ng Iyong korte, sapagkat ang pagkalayo sa Iyo ay halos tumupok na sa akin. Pagpahingahin ako sa lilim ng mga bagwis ng Iyong biyaya, dahil ang apoy ng pagkawalay ko sa Iyo ay nagtunaw sa loob ko ng aking puso. Ilapit ako sa ilog na siyang tunay na buhay, sapagkat ang aking kaluluwa ay nag-aapoy sa pagkauhaw sa walang tigil na paghahanap sa Iyo. Ang aking mga pagbuntong-hininga, O aking Diyos, ay naghahayag ng kapaitan ng aking pagdurusa, at ang mga luhang itinigis ko ay patunay ng aking pag-ibig sa Iyo.
I beseech Thee, by the praise wherewith Thou praisest Thyself and the glory wherewith Thou glorifiest Thine own Essence, to grant that we may be numbered among them that have recognized Thee and acknowledged Thy sovereignty in Thy days. Help us then to quaff, O my God, from the fingers of mercy the living waters of Thy loving-kindness, that we may utterly forget all else except Thee, and be occupied only with Thy Self. Powerful art Thou to do what Thou willest. No God is there beside Thee, the Mighty, the Help in Peril, the Self-Subsisting.	26.2 Isinasamo ko sa Iyo, sa papuring ipinagpupuri Mo sa Iyong Sarili, at sa luwalhating ipinagluluwalhati Mo sa Iyong Pinakadiwa, na ipahintulot na kami ay mabilang sa kanilang nakakilala sa Iyo at tumanggap sa Iyong paghahari sa Iyong mga araw. Tulungan kaming makainom, kung gayon, O aking Diyos, mula sa mga daliri ng Iyong kahabagan ng nabubuhay na tubig ng Iyong mapagmahal na kabaitan, nang upang ganap naming malimot ang lahat liban sa Iyo, at maging abala lamang sa Iyong Sarili. Makapangyarihan Ka upang gawin ang Iyong naisin. Walang ibang Diyos liban sa Iyo, ang Malakas, ang Tulong sa Panganib, ang Sariling-Ganap.
Glorified be Thy name, O Thou Who art the King of all Kings!	26.3 Luwalhatiin ang Iyong pangalan, O

	Ikaw na Hari ng lahat ng mga Hari!
– XXVII –	XXVII
Thou beholdest, O my God, the Daystar of Thy Word shining above the horizon of Thy prison-city, inasmuch as within its walls He who is the Manifestation of Thy Self and the Dayspring of the light of Thy unity hath raised His voice and uttered Thy praise. The fragrances of Thy love have thereby been wafted over Thy cities and have encompassed all the dwellers of Thy realm.	27.1 Iyong nakikita, O aking Diyos, ang Bituing-araw ng Iyong Salita na sumisikat sa itaas ng sugpungang-guhit ng Iyong lungsod-piitan, yamang sa loob ng mga pader nito Siya na Siyang Kahayagan ng Iyong Sarili at ang Pamimitak ng liwanag ng Iyong kaisahan ay itinaas ang Kaniyang tinig at binigkas ang papuri sa Iyo. Ang mga halimuyak ng Iyong pag-ibig sa pamamagitan niyon ay sumimoy sa Iyong mga lungsod at bumalot sa lahat ng mga nananahan sa Iyong kaharian.
Since Thou hast revealed Thy grace, O my God, deter not Thy servants from directing their eyes towards it. Consider not, O my God, their estate, and their concerns and their works. Consider the greatness of Thy glory, and the plenteousness of Thy gifts, and the power of Thy might, and the excellence of Thy favors. I swear by Thy glory! Wert Thou to look upon them with the eye of justice, all would deserve Thy wrath and the rod of Thine anger. Hold Thou Thy creatures, O my God, with the hands of Thy grace, and make Thou known unto them what is best for them of all the things that have been created in the kingdom of Thine invention.	27.2 Yamang Iyong ipinakita ang Iyong biyaya, O aking Diyos, huwag pigilan ang Iyong mga tagapaglingkod mula sa pagbaling ng kanilang mga mata patungo roon. Huwag isipin, O aking Diyos, ang kanilang kalagayan, at ang kanilang mga pinagkakaabalahan, at ang kanilang mga kagagawan. Isipin ang kadakilaan ng Iyong kaluwalhatian, at ang kasaganaan ng Iyong mga kaloob, at ang kapangyarihan ng Iyong lakas, at ang kahusayan ng Iyong mga pagpapala. Sumusumpa ako sa Iyong kaluwalhatian! Kung Iyong titingnan sila sa pamamagitan ng mata ng katarungan, ang lahat ay nararapat sa Iyong poot at sa baston ng Iyong galit. Hawakan ang Iyong mga nilalang, O aking Diyos, sa pamamagitan ng mga kamay ng Iyong biyaya, at ipabatid sa kanila yaong pinakamabuti sa kanila mula sa lahat ng bagay na nilikha sa kaharian ng Iyong nilalang.
We testify, O my God, that Thou art God, and that there is no God besides Thee. From eternity Thou hast existed with none to equal or rival Thee, and wilt abide for ever the same. I beseech Thee, by the eyes which see Thee stablished upon the throne of unity and the seat of oneness, to aid all them that love Thee by Thy Most Great Name, and to lift them up into such heights that they will testify with	27.3 Sumasaksi kami, O aking Diyos, na Ikaw ang Diyos, at walang ibang Diyos liban sa Iyo. Mula sa kawalang-hanggan Ikaw ay umiiral nang walang kapantay o karibal sa Iyo, at mananatiling gayon magpakailanman. Isinasamo ko sa Iyo, sa mga matang nakakikita sa Iyong nakaluklok sa trono ng pagkakaisa at sa upuan ng kaisahan, na tulungan silang lahat na nagmamahal sa Iyo sa

their own beings and with their tongues that Thou art God alone, the Incomparable, the One, the Ever-Abiding. Thou hast had at no time any peer or partner. Thou, in truth, art the All-Glorious, the Almighty, Whose help is implored by all men.	ngalan ng Iyong Pinakadakilang Pangalan, at itaas sila sa gayong mga tugatog na sasaksi sila sa pamamagitan ng kanilang mga sarili at ng kanilang mga dila na Ikaw lamang ang Diyos, ang Walang-kahalintulad, ang Iisa, ang Laging- Namamalagi. Ikaw ay hindi nagkaroon sa anumang panahon ng sinumang kapantay o katuwang. Ikaw, sa katotohanan, ang Ganap na Maluwalhati, ang Ganap na Makapangyarihan, na ang Kaniyang tulong ay hinihingi ng lahat ng tao.
– XXVIII –	XXVIII
Praised be Thou, O Lord my God! I bear witness that from eternity Thou wert exalted in Thy transcendent majesty and might, and wilt to eternity abide in Thy surpassing power and glory. None in the kingdoms of earth and heaven can frustrate Thy purpose; none throughout the realms of revelation and of creation can prevail against Thee. At Thy command Thou doest what Thou willest, and by the power of Thy sovereignty Thou rulest as Thou pleasest.	28.1 Purihin Ka nawa, O Panginoon kong Diyos! Sumasaksi ako na mula sa kawalang-hanggan Ikaw ay dakila sa Iyong nangingibabaw na kamahalan at lakas, at mananatili hanggang sa kawalang-hanggan sa Iyong labis-labis na kapangyarihan at kaluwalhatian. Walang nasa mga kaharian ng lupa at langit ang makapipigil sa Iyong layunin; walang nasa kinasasakupan ng rebelasyon at ng sangnilikha ang magwawagi laban sa Iyo. Sang-ayon sa Iyong utos ay Iyong ginagawa ang Iyong ninanais, at sa kapangyarihan ng Iyong paghahari Ikaw ay namumuno sang-ayon sa Iyong kagustuhan.
I implore Thee, O Thou Who causest the dawn to appear, by Thy Lamp which Thou didst light with the fire of Thy love before all that are in heaven and on earth, and whose flame Thou feedest with the fuel of Thy wisdom in the kingdom of Thy creation, to make me to be of those who have soared in Thine atmosphere, and surrendered their will to Thy decree.	28.2 Isinasamo ko sa Iyo, O Ikaw na Siyang gumagawang lumitaw ang bukang-liwayway, sa pamamagitan ng Iyong Ilawan na Iyong pinailaw sa apoy ng Iyong pag-ibig sa harap ng lahat ng nasa langit at ng nasa lupa, na ang apoy nito ay Iyong pinaliliyab sa panggatong ng Iyong karunungan sa kaharian ng Iyong sangnilikha, na gawin akong maging nabibilang sa kanilang mga pumailanlang sa Iyong himpapawid at isinuko ang kanilang kalooban sa Iyong kautusan.
I am all wretchedness, O my Lord, and Thou art the Most Powerful, the Almighty. Have pity upon me by Thy grace and bountiful favor, and graciously aid me to serve Thee and them that are dear to Thee. Potent art Thou to do as Thou willest. No God is	28.3 Ako ay ganap na aba, O aking Panginoon, at Ikaw ang Pinakamalakas, ang Ganap na Makapangyarihan. Mahabag sa akin sa pamamagitan ng Iyong biyaya at masaganang pagpapala, at buong-giliw akong tulungang makapaglingkod sa Iyo at sa

there but Thee, the God of strength, of glory and wisdom.	kanilang mga minamahal Mo. Ikaw ay may bisang gawin ang Iyong ninanais. Walang ibang Diyos liban sa Iyo, ang Diyos ng lakas, ng kaluwalhatian at ng karunungan.
– XXIX –	XXIX
Many a chilled heart, O my God, hath been set ablaze with the fire of Thy Cause, and many a slumberer hath been wakened by the sweetness of Thy voice. How many are the strangers who have sought shelter beneath the shadow of the tree of Thy oneness, and how numerous the thirsty ones who have panted after the fountain of Thy living waters in Thy days!	29.1 Maraming malamig na puso, O aking Diyos, ang pinapagningas ng apoy ng Iyong Kapakanan, at maraming mga natutulog ang ginising ng katamisan ng Iyong tinig. Napakarami ang mga di-kilalang nakatagpo ng kanlungan sa lilim ng anino ng punongkahoy ng Iyong kaisahan, at napakarami ang mga nauuhaw na nananabik sa bukal ng Iyong nabubuhay na tubig sa Iyong mga araw!
Blessed is he that hath set himself towards Thee, and hasted to attain the Dayspring of the lights of Thy face. Blessed is he who with all his affections hath turned to the Dawning-Place of Thy Revelation and the Fountainhead of Thine inspiration. Blessed is he that hath expended in Thy path what Thou didst bestow upon him through Thy bounty and favor. Blessed is he who, in his sore longing after Thee, hath cast away all else except Thyself. Blessed is he who hath enjoyed intimate communion with Thee, and rid himself of all attachment to anyone save Thee.	29.2 Pinagpala siyang nag-uukol ng sarili sa Iyo, at nagmadaling makarating sa Pamimitak ng mga liwanag ng Iyong mukha. Pinagpala siya na buong pag-ibig na bumaling sa Pook-Liwayway ng Iyong Rebelasyon at sa Punong-bukal ng Iyong inspirasyon. Pinagpala siyang gumugol sa Iyong landas ng ipinagkaloob Mo sa kaniya sa pamamagitan ng Iyong pagpapala at pagtatangkilik. Pinagpala siya na, sa kaniyang masidhing paghahanap sa Iyo, ay nag-alis ng lahat liban sa Iyong sarili. Pinagpala siyang nagtamasa ng matalik na pakikipag-isa sa Iyo at pumutol sa lahat ng kaniyang pagkakaugnay sa sinuman liban sa Iyo.
I beseech Thee, O my Lord, by Him Who is Thy Name, Who, through the power of Thy sovereignty and might, hath risen above the horizon of His prison, to ordain for everyone what becometh Thee and beseemeth Thine exaltation.	29.3 Isinasamo ko sa Iyo, O aking Panginoon, sa Kaniya na Siyang Iyong Pangalan, na sa pamamagitan ng lakas ng Iyong paghahari at kapangyarihan ay sumikat sa itaas ng sugpungang-guhit ng Kaniyang bilangguan, upang iatas Mo para sa bawat isa yaong marapat sa Iyo at marapat sa Iyong kadakilaan.
Thy might, in truth, is equal to all things.	29.4 Ang Iyong kapangyarihan, sa katotohanan, ay katimbang ng lahat ng bagay.

– XXX –	XXX
Lauded be Thy name, O Lord my God! Thou seest me in this day shut up in my prison, and fallen into the hands of Thine adversaries, and beholdest my son (The Purest Branch) lying on the dust before Thy face. He is Thy servant, O my Lord, whom Thou hast caused to be related to Him Who is the Manifestation of Thyself and the Dayspring of Thy Cause.	30.1 Purihin nawa ang Iyong pangalan, O Panginoon kong Diyos! Iyong nakikita ako sa araw na ito na nakakulong sa aking piitan, at napasakamay ng Iyong mga kaaway, at nakikita ang aking anak (ang Pinakadalisay na Sanga) na bulagta sa lupa sa harap ng Iyong mukha. Siya ang Iyong tagapaglingkod, O aking Panginoon, na Iyong ginawang maging kaanak Niya na Siyang Kahayagan ng Iyong Sarili at Pamimitak ng Iyong Kapakanan.
At his birth he was afflicted through his separation from Thee, according to what had been ordained for him through Thine irrevocable decree. And when he had quaffed the cup of reunion with Thee, he was cast into prison for having believed in Thee and in Thy signs. He continued to serve Thy Beauty until he entered into this Most Great Prison. Thereupon I offered him up, O my God, as a sacrifice in Thy path. Thou well knowest what they who love Thee have endured through this trial that hath caused the kindreds of the earth to wail, and beyond them the Concourse on high to lament.	30.2 Sa kaniyang kapanganakan nagdusa siya ng pagkahiwalay sa Iyo, sang-ayon sa itinalaga sa kaniya sa Iyong di-mababaling kautusan. At nang siya ay nakainom na mula sa tasa ng muling pagsasama sa Iyo, siya ay ikinulong sa bilangguan dahil sa pananalig sa Iyo at sa Iyong mga palatandaan. Patuloy siyang naglingkod sa Iyong Kagandahan hanggang sa pumasok siya rito sa Pinakamatinding Piitan. At sa gayon ay inihandog ko siya, O aking Diyos, bilang isang alay sa Iyong landas. Iyong mahusay na nababatid kung anong dinanas nilang mga nagmamahal sa Iyo bunga ng pagsubok na ito na naging sanhi ng pagtangis ng mga kamag-anakan sa daigdig, at bukod pa sa kanila, ng paglumbay ng Kalipunan sa kaitaasan.
I beseech Thee, O my Lord, by him and by his exile and his imprisonment, to send down upon such as loved him what will quiet their hearts and bless their works. Potent art Thou to do as Thou willest. No God is there but Thee, the Almighty, the Most Powerful.	30.3 Isinasamo ko sa Iyo, O aking Panginoon, sa ngalan niya at sa kaniyang pagkapatapon, at sa kaniyang pagkakulong, na ipababa sa mga nagmamahal sa kaniya yaong makapatatahimik sa kanilang mga puso at pagpapalain ang kanilang mga gawain. Makapangyarihan Ka upang gawin ang Iyong ninanais. Walang ibang Diyos liban sa Iyo, ang Ganap na Makapangyarihan, ang Pinakamalakas.
– XXXI –	XXXI

Praised be Thou, O my God! I beseech Thee by them who have circled round the throne of Thy will, and soared in the atmosphere of Thy good pleasure, and turned with all their affections towards the Horizon of Thy Revelation and the Dayspring of Thine inspiration, and the Dawning-Place of Thy names, to aid Thy servants to observe what Thou hast commanded them in Thy days—commandments through which the sacredness of Thy Cause will be demonstrated unto Thy servants and the affairs of Thy creatures and of Thy realm will be set aright.	31.1 Purihin Ka nawa, O aking Diyos! Isinasamo ko sa Iyo sa pamamagitan nilang mga lumilibot sa trono ng Iyong kalooban, at pumailanlang sa himpapawid ng Iyong mabuting kaluguran, at ibinaling ang lahat ng kanilang mga pagmamahal tungo sa Sugpungang-guhit ng Iyong Rebelasyon at sa Pamimitak ng Iyong inspirasyon, at sa Pook-Silangan ng Iyong mga pangalan, na tulungan ang Iyong mga tagapaglingkod na isagawa ang Iyong mga iniutos sa kanila sa Iyong mga araw—mga kautusang sa pamamagitan ng mga iyon ang mga kabanalan ng Iyong Kapakanan ay maipakikilala sa Iyong mga tagapaglingkod at ang mga gawain ng Iyong mga nilalang at ng Iyong kaharian ay maiwawasto.
I testify, O my God, that this is the Day whereon Thy testimony hath been fulfilled, and Thy clear tokens have been manifested, and Thine utterances have been revealed, and Thy signs have been demonstrated, and the radiance of Thy countenance hath been diffused, and Thy proof hath been perfected, and Thine ascendancy hath been established, and Thy mercy hath overflowed, and the Daystar of Thy grace hath shone forth with such brilliance that Thou didst manifest Him Who is the Revealer of Thyself and the Treasury of Thy wisdom and the Dawning-Place of Thy majesty and power. Thou didst establish His covenant with every one who hath been created in the kingdoms of earth and heaven and in the realms of revelation and of creation. Thou didst raise Him up to such heights that the wrongs inflicted by the oppressors have been powerless to deter Him from revealing Thy sovereignty, and the ascendancy of the wayward hath failed to prevent Him from demonstrating Thy power and from exalting Thy Cause.	31.2 Sumasaksi ako, O aking Diyos, na ito ang Araw kung kailan ang Iyong patotoo ay natupad, at ang Iyong malinaw na mga tanda ay naihayag, at ang Iyong mga pananalita ay naibunyag, at ang Iyong mga palatandaan ay naipakita, at ang kaningningan ng Iyong mukha ay napalaganap, at ang Iyong katibayan ay nagawang ganap , at ang Iyong pangingibabaw ay naitatag, at ang Iyong kahabagan ay umapaw, at ang Bituing-araw ng Iyong biyaya ay sumikat nang may gayong kaningningan na Iyong inihayag Siya na Siyang Tagapagsiwalat ng Iyong Sarili at ang Ingatang-yaman ng Iyong karunungan at ang Pook-Liwayway ng Iyong kamahalan at kapangyarihan. Iyong itinatag ang Iyong kasunduan sa bawat isang nilikha sa mga kaharian ng lupa at langit at sa mga kaharian ng rebelasyon at sangnilikha. Iyong itinaas Siya sa gayong mga rurok na ang mga pagkakasalang ipinalasap ng mga maniniil ay hindi nagkaroon ng kapangyarihang makapigil sa Kaniya mula sa paghahayag ng Iyong paghahari, at ang pangingibabaw ng mga suwail ay nabigong hadlangan Siya mula sa pagpapakita ng Iyong kapangyarihan at pagdadakila sa Iyong Kapakanan.

So highly didst Thou exalt Him that He openly delivered unto the kings Thy messages and commandments, and hath never for one moment sought His own protection, but striven to protect Thy servants from whatever might withhold them from approaching the kingdom of Thy nearness, and from setting their faces towards the horizon of Thy good pleasure.	31.3 Ganoon kataas na lamang ang Iyong pagdadakila sa Kaniya na lantaran Niyang ibinigay sa mga hari ang Iyong mga kalatas at mga kautusan, at hindi kailanman ni isang saglit na hinanap ang sarili Niyang kaligtasan bagkus ay laging sinikap iligtas ang Iyong mga tagapaglingkod mula sa anumang makapipigil sa kanila mula sa paglalapit sa kaharian ng Iyong kalapitan, at mula sa pagtutuon ng kanilang mga mukha tungo sa sugpungang-guhit ng Iyong mabuting kaluguran.
Thou seest, O my God, how, notwithstanding the swords that are drawn against Him, He calleth the nations unto Thee, and though Himself a prisoner summoneth them to turn in the direction of Thy gifts and bounties. With every fresh tribulation He manifested a fuller measure of Thy Cause, and exalted more highly Thy word.	31.4 Iyong nakikita, O aking Diyos, kung paanong sa kabila ng mga sandatang nakabunot laban sa Kaniya, ay tinatawagan Niya ang mga bansa patungo sa Iyo, at bagaman Siya mismo ay isang bilanggo ay tinatawagan silang bumaling patungo sa Iyong mga kaloob at mga biyaya. Sa bawat bagong pagsubok ay ipinahayag Niya ang higit na malaking sukat ng Iyong Kapakanan, at dinakila nang higit na mataas ang Iyong salita.
I testify that through Him the Pen of the Most High was set in motion, and with His remembrance the Scriptures in the kingdom of names were embellished. Through Him Thy fragrances were wafted, and the sweet smell of Thy raiment was shed abroad amongst all the dwellers of the earth and the inmates of heaven. Thou seest and knowest full well, O my God, how He hath been made to dwell within the most desolate of cities, so that He may build up the hearts of Thy servants, and hath been willing to suffer the most grievous abasement, that Thy creatures may be exalted.	31.5 Sumasaksi ako na sa pamamagitan Niya ang Panulat ng Pinakamataas ay pinakilos, at sa Kaniyang paggunita ang mga Santong Kasulatan sa kaharian ng mga pangalan ay ginanyakan. Sa pamamagitan Niya ang Iyong mga halimuyak ay ipinasamyo, at ang matamis na amoy ng Iyong kasuotan ay ipinalaganap sa ibayo sa lahat ng mga nananahan sa lupa at sa mga nakatira sa langit. Iyong nakikita at ganap na nalalaman, O aking Diyos, kung paano Siya pinatira sa pinakamapanglaw sa mga lungsod, upang magawa Niyang patibayin ang mga puso ng Iyong mga tagapaglingkod, at ginawang maging handang tumanggap ng pinakamatinding paghamak, upang ang Iyong mga nilalang ay maging dakila.
I pray Thee, O Thou Who causest the dawn to appear, by Thy Name through Which Thou hast subjected the winds, and sent down Thy Tablets, that Thou wilt grant that we may draw near unto what Thou didst destine for us by Thy favor and bounty, and to be far removed	31.6 Isinasamo ko sa Iyo, O Ikaw na sanhi ng paglitaw ng bukang-liwayway, sa Iyong Pangalan na sa pamamagitan Niyon ay Iyong pinasunod ang mga hangin, at ipinababa ang Iyong mga Tableta, na Iyong ipagkakaloob upang kami ay makalapit doon sa Iyong

from whatsoever may be repugnant unto Thee. Give us, then, to drink from the hands of Thy grace every day and every moment of our lives of the waters that are life indeed, O Thou Who art the Most Merciful! Make us, then, to be of them who helped Thee when fallen into the hands of those Thine enemies who are numbered with the rebellious among Thy creatures and the wicked amidst Thy people. Write down, then, for us the recompense ordained for him that hath attained Thy presence, and gazed on Thy beauty, and supply us with every good thing ordained in Thy Book for such of Thy creatures as enjoy near access to Thee.	itinadhana para sa amin sa Iyong pagpapala at biyaya, at maging malayo sa anumang kasuklam-suklam sa Iyo. Painumin kami, kung gayon, mula sa mga kamay ng Iyong biyaya sa bawat araw at bawat sandali ng aming buhay mula sa mga tubig ng tunay na buhay, O Ikaw na Pinakamahabagin! Gawin kami, kung gayon, na mapabilang sa kanilang mga tumulong sa Iyo nang nasadlak sa mga kamay niyong mga lumalaban sa Iyo na nabibilang sa mga mapaghimakgsik sa Iyong mga nilalang at sa masasama sa Iyong mga tao. Isulat para sa amin, kung gayon, ang kabayarang itinadhana para sa kaniyang nakarating sa Iyong kinaroroonan, at nasilayan ang Iyong kagandahan, at tustusan kami ng bawat mabuting bagay na itinalaga sa Iyong Aklat para sa gayon sa Iyong mga nilalang na nagtatamasa ng kalapitan sa Iyo.
Brighten our hearts, O my Lord, with the splendor of Thy knowledge, and illumine our sight with the light of such eyes as are fixed upon the horizon of Thy grace and the Dayspring of Thy glory. Preserve us, then, by Thy Most Great Name, Which Thou didst cause to overshadow such nations as lay claim to what Thou hast forbidden in Thy Book. This, verily, is what Thou didst announce unto us in Thy Scriptures and Thy Tablets.	31.7 Tanglawan ang aming mga puso, O aking Panginoon, sa karingalan ng Iyong kaalaman, at liwanagan ang aming paningin sa liwanag ng gayong mga matang nakapako sa sugpungang-tagpuan ng Iyong biyaya at sa Pamimitak ng Iyong kaluwalhatian. Pangalagaan kami, kung gayon, sa pamamagitan ng Iyong Pinakadakilang Pangalan, na Iyong ginawang mahigitan ang gayong mga bansang umaangkin doon sa Iyong ipinagbawal sa Iyong Aklat. Ito, sa katunayan, ang Iyong ipinahayag sa amin sa Iyong mga Santong Kasulatan at sa Iyong mga Tableta.
Cause us, then, to be so steadfast in our love towards Thee that we will turn to none except Thee, and will be reckoned amongst them that are brought nigh to Thee, and acknowledge Thee as One Who is exalted above every comparison and is holy beyond all likeness, and will lift up our voices amongst Thy servants and cry aloud that He is the one God, the Incomparable, the Ever-Abiding, the Most Powerful, the All-Glorious, the All-Wise.	31.8 Gawin kami, kung gayon, na maging matatag sa aming pag-ibig sa Iyo na wala kaming pagbabalingan liban sa Iyo, at mabibilang sa kanilang mga napalapit sa Iyo, at kinikilala Ka bilang Siya na higit na dakila kaysa sa anumang paghahambing at higit na banal sa anumang kahalintulad, at itataas ang aming mga tinig sa Iyong mga tagapaglingkod at ibubulalas na Siya ang iisang Diyos, ang Walang-kahambing, ang Laging-Namamalagi, ang Pinakamakapangyarihan, ang Ganap na Maluwalhati, ang Ganap na

	Marunong.
Strengthen Thou, O my Lord, the hearts of them that love Thee, that they may not be affrighted by the hosts of the infidels that are turned back from Thee, but may follow Thee in whatsoever hath been revealed by Thee. Aid them, moreover, to remember and to praise Thee, and to teach Thy Cause with eloquence and wisdom. Thou art He Who hath called Himself the Most Merciful. Ordain, then, O my God, for me and for whosoever hath sought Thee what beseemeth the excellence of Thy glory and the greatness of Thy majesty. No God is there but Thee, the Ever-Forgiving, the Most Compassionate.	31.9 Palakasin, O aking Panginoon, ang mga puso nilang mga nagmamahal sa Iyo, upang hindi sila matakot sa mga hukbo ng mga hindi sumasampalataya na tumalikod sa Iyo, bagkus ay sumunod sa Iyo sa anumang ipinahayag Mo. Tulungan sila, bukod rito, na gunitain at purihin Ka, at ituro ang Iyong Kapakanan nang matatas at marunong. Ikaw ang Siyang tinagurian ang Iyong Sarili bilang ang Pinakamahabagin. Italaga, kung gayon, O aking Diyos, para sa akin at para sa sinumang humanap sa Iyo, yaong nararapat sa kahusayan ng Iyong kaluwalhatian at sa kadakilaan ng Iyong kamahalan. Walang ibang Diyos liban sa Iyo, ang Laging-Nagpapatawad, ang Pinakamadamayin.
– XXXII –	XXXII
Thou seest Thy dear One, O my God, lying at the mercy of Thine enemies, and hearest the voice of His lamentation from the midst of such of Thy creatures as have dealt wickedly in Thy sight. He it is, O my Lord, through Whose name Thou didst beautify Thy Tablets, and for Whose greater glory Thou didst send down the Bayán, and at Whose separation from Thee Thou didst weep continually. Look Thou, then, upon His loneliness, O my God, and behold Him fallen into the hands of them that have disbelieved in Thy signs, have turned their backs upon Thee, and have forgotten the wonders of Thy mercy.	32.1 Iyong nakikita ang Iyong Minamahal, O aking Diyos, na nasa kamay ng mga umaaway sa Iyo, at naririnig ang tinig ng Kaniyang pagdadalamhati mula sa kalagitnaan ng yaong sa Iyong mga nilikha na kumilos nang masama sa Iyong paningin. Siya iyon, O aking Panginoon, na sa pamamagitan ng Iyong pangalan ay Iyong ginanyakan ang Iyong mga Tableta, at para sa Kaniyang higit na pagbubunyi ay Iyong ipinababa ang Bayán, at sa Kaniyang pagkahiwalay mula sa Iyo Ikaw ay patuloy na umiyak. Iyong tingnan, kung gayon, ang Kaniyang pag-iisa, O aking Diyos, at masdan Siyang nasadlak sa mga kamay nilang mga hindi naniniwala sa Iyong mga palatandaan, tumalikod sa Iyo, at kinalimutan ang mga kamanghaan ng Iyong habag.
He it is, O my God, about Whom Thou hast said: "But for Thee the Scriptures would have remained unrevealed, and the Prophets unsent." And no sooner had He, by Thy behest, been manifested and spoken forth Thy praise, than the wicked doers among Thy creatures compassed Him round, with the	32.2 Siya iyon, O aking Diyos, na tungkol sa Kaniya ay Iyong sinabi: "Kung hindi dahil sa Iyo ang mga Santong Kasulatan ay nanatili sanang hindi ipinapahayag, at ang mga Propeta ay hindi ipinapadala." At nang Siya, sang-ayon sa Iyong utos, ay ipinahayag at inusal ang papuri sa Iyo, agad ang mga

swords of hate drawn against Him, O Thou the Lord of all names! Thou well knowest what befell Him at the hands of such as have rent asunder the veil of Thy grandeur, and cast behind their backs Thy Covenant and Thy Testament, O Thou Who art the Maker of the heavens! He is the One for Whose sake Thou (the Báb) hast yielded Thy life, and hast consented to be touched by the manifold ills of the world that He may manifest Himself, and summoned all mankind in His name. As soon as He came down, however, from the heaven of majesty and power, Thy servants stretched out against Him the hands of cruelty and sedition, and caused Him to be afflicted with such troubles that the scrolls of the world are insufficient to contain a full recital of them.	gumagawa ng kasamaan mula sa Iyong mga nilikha ay pinalibutan Siya, nang nakabunot laban sa Kaniya ang mga espada ng pagkamuhi, O Ikaw na Panginoon ng lahat ng mga pangalan. Iyong mahusay na nababatid kung ano ang sinapit Niya sa mga kamay ng gayong mga pinunit ang lambong ng Iyong karingalan, at itinapon sa kanilang likuran ang Iyong Kasunduan at ang Iyong Testamento, O Ikaw na Siyang Maylikha ng mga kalangitan! Siya itong alang-alang sa Kaniya ay Iyong (ang Báb) inialay ang Iyong buhay, at pumayag na magdanas ng napakarami at iba't ibang mga salaghati ng daigdig upang magawa Niyang ipahayag ang Kaniyang sarili, at tinawag ang buong sangkatauhan sa ngalan Niya. Gayumpaman, nang Siya ay bumaba na mula sa kalangitan ng kamahalan at kapangyarihan, agad na ang Iyong mga tagapaglingkod ay inunat laban sa Kaniya ang mga kamay ng kalupitan at paghihimagsik, at ginawa Siyang magdanas ng gayong mga suliraning hindi maipagkakasiya sa mga pergamino ng daigdig ang pagbanggit sa lahat ng mga ito.
Thou seest, therefore, O Thou Beloved of the world, Him Who is dear to Thee in the clutches of such as have denied Thee, and beholdest Thy heart's desire under the swords of the ungodly. Methinks He, from His most exalted station, saith unto me: "Would that my soul, O Prisoner, could be a ransom for Thy captivity, and my being, O wronged One, be sacrificed for the adversities Thou didst suffer! Thou art He through Whose captivity the standards of Thine almighty power were hoisted, and the daystar of Thy revelation shone forth above the horizon of tribulation, in such wise that all created things bowed down before the greatness of Thy majesty.	32.3 Iyong nakikita, kung gayon, O Ikaw na Minamahal ng daigdig, Siya na Iyong Minamahal na nasa kamay ng gayong mga itinatwa Ka, at nakikita ang hangarin ng Iyong puso na nasa ilalim ng mga espada ng mga di-makadiyos. Wari ko'y mula sa Kaniyang pinakadakilang kalagayan ay sinasabi sa akin na: "Sana ang aking kaluluwa, O Preso, ay maging panubos sa Iyong pagkabihag, at ang aking sarili, O Ikaw na pinagkasalahan, ay maialay para sa mga pahirap na Iyong dinanas! Ikaw ang Siyang sa pamamagitan ng Iyong pagkabihag ang mga watawat ng Iyong lakas na makapangyarihan sa lahat ay naitaas, at ang bituin sa araw ng Iyong rebelasyon ay naipasikat sa itaas ng sugpungang-guhit ng pagdurusa, sa gayong paraan na ang lahat ng nilikhang bagay ay nagsiyukod sa harap ng kadakilaan ng Iyong kamahalan.

"The more they strove to hinder Thee from remembering Thy God and from extolling His virtues, the more passionately didst Thou glorify Him and the more loudly didst Thou call upon Him. And every time the veils of the perverse came in between Thee and Thy servants, Thou didst shed the splendors of the light of Thy countenance out of the heaven of Thy grace. Thou art, in very truth, the Self-Subsisting as testified by the tongue of God, the All-Glorious, the one alone Beloved; and Thou art the Desire of the world as attested by what hath flowed down from the Pen of Him Who hath announced unto Thy servants Thy hidden Name, and adorned the entire creation with the ornament of Thy love, the Most Precious, the Most Exalted.	32.4 "Habang higit nilang sinisikap na pigilan Ka mula sa paggunita ng Iyong Diyos at mula sa pagbubunyi ng Kaniyang mga kabutihan, higit na masidhi Mong niluwalhati Siya at higit na malakas Kang tumawag sa Kaniya. At sa tuwing ang mga lambong ng mga taliwas ay namagitan sa Iyo at sa Iyong mga tagapaglingkod, Iyong ipinasikat ang mga karingalan ng liwanag ng Iyong mukha mula sa kalangitan ng Iyong biyaya. Ikaw, sa mismong katotohanan, ay ang Sariling-Ganap, sang-ayon sa sinasaksihan ng dila ng Diyos, ang Lubos na Maluwalhati, ang iisang tanging Minamahal; at Ikaw ang Hangarin ng daigdig sang-ayon sa sinasaksihan ng yaong dumaloy mula sa Panulat Niya na Siyang nagpatalastas sa Iyong mga tagapaglingkod ng Iyong natatagong Pangalan, at ginanyakan ang buong sangnilikha ng palamuti ng Iyong pag-ibig, ang Pinakamamahal, ang Pinakadakila.
"The eyes of the world were gladdened at the sight of Thy luminous countenance, and yet the peoples have united to put out Thy light, O Thou in Whose hands are the reins of the worlds! All the atoms of the earth have celebrated Thy praise, and all created things have been set ablaze with the drops sprinkled by the ocean of Thy love, and yet the people still seek to quench Thy fire. Nay—and to this Thine own Self beareth me witness—they are all weakness, and Thou, verily, art the All-Powerful; and they are but paupers and Thou, in truth, art the All-Possessing; and they are impotent and Thou art, truly, the Almighty. Naught can ever frustrate Thy purpose, neither can the dissensions of the world harm Thee. Through the breaths of Thine utterance the heaven of understanding hath been adorned, and by the effusions of Thy pen every moldering bone hath been quickened. Grieve not at what hath befallen Thee, neither do Thou lay hold on them for the things they have committed in Thy days. Do Thou be forbearing toward them. Thou art the Ever-Forgiving, the Most Compassionate."	32.5 "Ang mga mata ng daigdig ay natuwa nang makita ang Iyong kumikinang na mukha, at gayumpaman ay pinagkaisahan ng mga taong patayin ang Iyong liwanag, O Ikaw na nasa Kaniyang mga kamay ang mga renda ng mga daigdig! Ang lahat ng mga atomo ng daigdig ay ipinagdiriwang ang papuri sa Iyo, at ang lahat ng nilikhang bagay ay nag-aapoy sa mga patak na iniwisik mula sa karagatan ng Iyong pag-ibig, at gayumpaman ay sinisikap pa rin ng mga taong subhan ang Iyong apoy. Hindi lamang iyon—at dito ay sumasaksi sa akin ang Iyong Sarili—sila ay puro kahinaan, at Ikaw sa katunayan, ang Ganap na Malakas; at sila ay pawang mga pulubi lamang at Ikaw sa katotohanan ang Nagmamay-ari ng Lahat; at sila ay inutil at Ikaw, sa katunayan, ang Ganap na Makapangyarihan. Kailanman ay walang makabibigo sa Iyong layunin, ni hindi Ka rin mapipinsala ng mga pagtutol ng daigdig. Sa pamamagitan ng mga hininga ng Iyong pananalita ang kalangitan ng pag-unawa ay naganyakan, at sa pamamagitan ng mga katas ng Iyong panulat ang bawat nagugunaw na buto ay nabuhay. Huwag magdalamhati

	dahil sa sumapit sa Iyo, ni huwag Mo rin silang sunggaban dahil sa mga bagay na pinaggagawa nila sa Iyong mga araw. Maging mapagtimpi Ka sa kanila. Ikaw ang Laging-Nagpapatawad, ang Pinakamadamayin.
– XXXIII –	XXXIII
Praise be unto Thee, O my God! Thou art He Who by a word of His mouth hath revolutionized the entire creation, and by a stroke of His pen hath divided Thy servants one from another. I bear witness, O my God, that through a word spoken by Thee in this Revelation all created things were made to expire, and through yet another word all such as Thou didst wish were, by Thy grace and bounty, endued with new life.	33.1 Purihin Ka nawa, O aking Diyos! Ikaw ay Siyang sa pamamagitan ng isang salita mula sa Kaniyang bibig ay nagbago ang buong sangnilikha, at sa isang kudlit ng Kaniyang panulat ay pinaghiwalay ang Kaniyang mga tagapaglingkod mula sa isa't isa. Sumasaksi ako, O aking Diyos, na sa pamamagitan ng isang salitang Iyong binigkas sa Rebelasyong ito ang lahat ng nilikhang bagay ay namatay, at sa pamamagitan ng isa pang salita ang lahat ng Iyong ninanais, sa pamamagitan ng Iyong biyaya at pagpapala, ay pinagkalooban ng panibagong buhay.
I render Thee thanks, therefore, and extol Thee, in the name of all them that are dear to Thee, for that Thou hast caused them to be born again, by reason of the living waters which have flowed down out of the mouth of Thy will. Since Thou didst quicken them by Thy bounteousness, O my God, make them steadfastly inclined, through Thy graciousness, towards Thy will; and since Thou didst suffer them to enter into the Tabernacle of Thy Cause, grant by Thy grace that they may not be kept back from Thee.	33.2 Nagpapasalamat ako sa Iyo, kung gayon, at ipinagbubunyi Ka, sa ngalan nilang lahat ng Iyong minamahal, dahil sa Iyong ginawa na sila ay muling isilang, sa pamamagitan ng nabubuhay na mga tubig na dumaloy mula sa bibig ng Iyong kalooban. Yamang Iyong binuhay sila mula sa Iyong kasaganaan, O aking Diyos, gawin silang humilig sa katatagan, sa Iyong kalooban; sa pamamagitan ng Iyong pagpapala at yamang sila ay Iyong tinulutang makapasok sa Tabernakulo ng Iyong Kapakanan, ipagkaloob sa Iyong biyaya na sila ay hindi mapigilan mula sa Iyo.
Unlock, then, to their hearts, O my God, the portals of Thy knowledge, that they may recognize Thee as One Who is far above the reach and ken of the understanding of Thy creatures, and immeasurably exalted above the strivings of Thy people to hint at Thy nature, and may not follow every clamorous impostor that presumeth to speak in Thy name. Enable	33.3 Buksan, kung gayon, sa kanilang mga puso, ang mga pinto ng Iyong kaalaman, upang makilala Ka nila bilang Siya na higit na mataas sa maaabot at sa maaarok ng pag-unawa ng Iyong mga nilalang, at di-masukat ang kadakilaan nang higit sa mga pagsisikap ng Iyong mga tao upang mapahapyawan ang Iyong pinakadiwa, at

them, moreover, O my Lord, to cleave so tenaciously to Thy Cause that they may remain unmoved by the perplexing suggestions of them who, prompted by their desires, utter what hath been forbidden unto them in Thy Tablets and Thy Scriptures.	hindi susunod sa bawat maingay na huwad na nangangahas magsalita sa ngalan Mo. Higit pa roon, tulutan sila, O aking Panginoon, na makapangapit nang ganoong kahigpit sa Iyong Kapakanan na sila ay mananatiling hindi nababagabag ng nakalilitong mga mungkahi nilang mga, sa udyok ng kanilang mga pagnanasa, ay sinasabi yaong ipinagbawal sa kanila sa Iyong mga Tableta at sa Iyong mga Santong Kasulatan.
Thou art well aware, O my Lord, that I hear the howling of the wolves which appear in Thy servants' clothing. Keep safe, therefore, Thy loved ones from their mischief, and enable them to cling steadfastly to whatsoever hath been manifested by Thee in this Revelation, which no other Revelation within Thy knowledge hath excelled.	33.4 Iyong batid na batid, O aking Diyos, na aking naririnig ang pag-alulong ng mga lobo na nagpapakita sa mga damit ng Iyong mga tagapaglingkod. Panatilihing ligtas, kung gayon, ang Iyong mga minamahal mula sa kanilang kalokohan, at tulutan silang makapangapit nang matatag sa anumang ipinahayag Mo sa Rebelasyong ito, na hindi mahihigitan ng anumang ibang Rebelasyon sa saklaw ng Iyong kaalaman.
Do Thou destine for them, O my Lord, that which will profit them. Illumine, then, their eyes with the light of Thy knowledge, that they may see Thee visibly supreme over all things, and resplendent amidst Thy creatures, and victorious over all that are in Thy heaven and all that are on Thy earth. Powerful art Thou to do Thy pleasure. No God is there but Thee, the All-Glorious, Whose help is implored by all men.	33.5 Iyong itadhana para sa kanila, O aking Panginoon, yaong pakikinabangan nila. Tanglawan, kung gayon, ang kanilang mga mata sa liwanag ng Iyong kaalaman, nang makita Ka nilang malinaw na nakahihigit sa lahat ng bagay, at nagniningning sa kalagitnaan ng Iyong mga nilikha, at matagumpay sa lahat ng nasa Iyong kalangitan at ng lahat ng nasa Iyong kalupaan. Makapangyarihan Ka upang gawin ang Iyong naisin. Walang ibang Diyos liban sa Iyo, ang Ganap na Maluwalhati, Siya na ang Kaniyang tulong ay hinihingi ng lahat ng tao.
Praised be Thou, Who art the Lord of all creation.	33.6 Purihin Ka nawa, Ikaw na Panginoon ng buong sangnilikha.
– XXXIV –	XXXIV
Praised be Thou, O Lord my God! I implore Thee by Thine Ancient Beauty and Most Great Name, Whom Thou hast sacrificed that all the dwellers of Thine earth and heaven	34.1 Purihin Ka nawa, O Panginoon kong Diyos! Isinasamo ko sa Iyo, sa Iyong Napakatandang Kagandahan at Pinakadakilang Pangalan, Siya na Iyong

may be born anew, and Whom Thou hast cast into prison that mankind may, as a token of Thy bounty and of Thy sovereign might, be released from the bondage of evil passions and corrupt desires, to number me with those who have so deeply inhaled the fragrance of Thy mercy, and hastened with such speed unto the living waters of Thy grace, that no dart could hinder them from turning unto Thee, nor any spear from setting their faces towards the orient of Thy Revelation.	inialay upang ang lahat ng mga nananahan sa Iyong lupa at langit ay muling maisilang, at Siya na Iyong inihagis sa piitan upang ang sangkatauhan ay makalaya, bilang tanda ng Iyong biyaya at ng Iyong naghaharing lakas, mula sa pagkabihag ng masasamang simbuyo ng damdamin at ng bulok na mga hangarin, na ibilang ako sa kanilang mga napakalalim ng pagkalanghap sa halimuyak ng Iyong kahabagan, at nagmadali nang gayong tulin tungo sa nabubuhay na mga tubig ng Iyong biyaya, na walang palaso ang nakapigil sa kanila mula sa pagbaling tungo sa Iyo, ni hindi napigilan ng anumang sibat mula sa pagtuon ng kanilang mga mukha tungo sa silangan ng Iyong Rebelasyon.
We testify, O my Lord, that Thou art God and that there is none other God besides Thee. From everlasting Thou wast enthroned on the inaccessible heights of Thy power, and wilt unto everlasting continue to exercise Thy transcendent and unrestrained dominion. The hosts of the world are powerless to frustrate Thy will, nor can all the dwellers of the earth and all the inmates of heaven annul Thy decree. Thou truly art the Almighty, the Most Exalted, the Most Great.	34.2 Sumasaksi kami, O aking Panginoon, na Ikaw ang Diyos, at na walang ibang Diyos liban sa Iyo. Mula sa kawalang-hanggan Ikaw ay nakaluklok sa di-maabot na mga rurok ng Iyong kapangyarihan, at magpapatuloy magpakailanman na gamitin ang Iyong nangingibabaw at di-napipigilang paghahari. Ang mga hukbo ng daigdig ay walang-kakayahang biguin ang Iyong kalooban, ni hindi magagawa ng lahat ng mga naninirahan sa daigdig at ng lahat ng mga nananahan sa langit na ipawalang-bisa ang Iyong kautusan. Tunay na Ikaw ang Lubos na Makapangyarihan, ang Pinakamataas, ang Pinakadakila.
Bless, O my God, those of the followers of the Bayán as have been numbered with the people of Bahá, who have entered within the Crimson Ark in Thy Name, the Most Exalted, the Most High. Thy might, verily, is equal to all things.	34.3 Pagpalain, O aking Diyos, yaong mga tagasunod ng Bayán na nabibilang na sa mga tao ni Bahá, silang mga nagsipasok sa Krimson na Arko sa Iyong Pangalan, ang Pinakadakila, ang Pinakamataas. Ang Iyong lakas, sa katunayan, ay katumbas ng lahat ng bagay.
– XXXV –	XXXV
I give praise to Thee, O Lord my God! I entreat Thee by Thy Name through which Thou didst cause the dawn to appear, and the winds to blow, and the seas to surge, and the	35.1 Ako ay nagbibigay papuri sa Iyo, O Panginoon kong Diyos! Isinasamo ko sa Iyo sa Iyong Pangalan, na sa pamamagitan niyon Iyong ginawang lumitaw ang

trees to bring forth their fruits, and the earth to be beautified with its rivers, that Thou wilt aid all them that are dear to Thee with both Thy visible and invisible hosts. Render them, moreover, victorious over all those who have so rebelled in Thy land, and dishonored Thy name, and disbelieved in Thy signs, and broken Thy Covenant, and cast behind their backs Thy laws, and have to such an extent risen up against Thee, that they carried into captivity Thy kindred, and flung the Manifestation of Thy Self into prison, and immured Him Who is the Dayspring of Thine Essence in the most desolate of cities.	bukang-liwayway, at ang mga hangin ay humihip, at ang mga karagatan ay dumaluyong, at ang mga puno ay mamunga, at ang daigdig ay pagandahin ng mga ilog nito, na Iyong tutulungan silang lahat na Iyong minamahal sa pamamagitan ng kapuwa Iyong nakikita at Iyong di-nakikitang mga hukbo. Higit dito ay pagtagumpayin sila sa lahat nilang mga naghimagsik sa Iyong lupain, at nilapastangan ang Iyong pangalan, at hindi naniwala sa Iyong mga palatandaan, at lumabag sa Iyong Kasunduan, at itinapon sa kanilang likuran ang Iyong mga batas, at gayon na lamang ang paglaban sa Iyo, na binihag nila ang Iyong mga kaaanak, at inihagis ang Kapahayagan ng Iyong Sarili sa bilangguan, at ikinulong Siya na Pamimitak ng Iyong Pinakadiwa sa loob ng pinakamapanglaw na lungsod.
Thou, O my Lord, art He whose strength is immense, Whose decree is terrible. Lay hold on Thine adversaries by the power of Thy sovereignty, and assemble Thy loved ones beneath the shadow of the tree of Thy oneness, that they may stand before Thy throne, and catch the accents of Thy voice, and gaze on Thy beauty, and discover the power of Thy might.	35.2 Ikaw, O aking Panginoon, ay Siya na ang lakas ay napakalaki, na ang Kaniyang kautusan ay nakasisindak. Panghawakan ang Iyong mga kaaway sa kapangyarihan ng Iyong paghahari, at tipunin ang Iyong mga minamahal sa ilalim ng lilim ng puno ng Iyong kaisahan, upang magawa nilang tumayo sa harap ng Iyong trono, at mapakinggan ang mga indayog ng Iyong tinig, at masilayan ang Iyong kagandahan, at matuklasan ang kapangyarihan ng Iyong lakas.
Thou art, verily, the All-Powerful, the Almighty.	35.3 Ikaw, sa katunayan, ang Ganap na Makapangyarihan, ang Ganap na Malakas.
– XXXVI –	XXXVI
Lauded be Thy name, O my God! I am so carried away by the breezes blowing from Thy presence that I have forgotten my self and all that I possess. This is but a sign of the wonders of Thy grace and bountiful favors vouchsafed unto me. I give praise to Thee, O my God, that Thou hast chosen me out of all Thy creatures, and made me to be the Dayspring of Thy strength and the	36.1 Purihin nawa ang Iyong pangalan, O aking Diyos! Labis akong natatangay ng mga hanging sumisimoy mula sa Iyong kinaroroonan na aking nalimutan ang aking sarili at ang lahat ng aking taglay. Ito ay isang palatandaan lamang ng mga kamanghaan ng Iyong biyaya at masaganang pagpapalang ipinagkaloob sa akin. Nagbibigay papuri ako sa Iyo, O aking Diyos, na ako ay Iyong pinili

Manifestation of Thy might, and empowered me to reveal such of Thy signs and such tokens of Thy majesty and power as none, whether in Thy heaven or on Thy earth, can produce.	mula sa lahat ng Iyong mga nilalang, at ginawa akong maging Pamimitak ng Iyong lakas at Kapahayagan ng Iyong kapangyarihan, at binigyan ako ng kakayahang isiwalat ang gayon sa Iyong mga palatandaan at gayong mga tanda ng Iyong kamahalan at kapangyarihan na walang makagagawa, maging sa Iyong kalangitan o sa Iyong kalupaan.
I beseech Thee, O my Lord, by Thy most effulgent Name, to acquaint my people with the things Thou didst destine for them. Do Thou, then, preserve them within the stronghold of Thy guardianship and the tabernacle of Thine unerring protection, lest through them may appear what will divide Thy servants. Assemble them, O my Lord, on the shores of this Ocean, every drop of which proclaimeth Thee to be God, besides Whom there is none other God, the All-Glorious, the All-Wise.	36.2 Isinasamo ko sa Iyo, O aking Panginoon, sa Iyong pinakamaningnig na Pangalan, na ipabatid sa aking mga tao ang mga bagay na Iyong itinadhana para sa kanila. Panatilihin Mo silang ligtas, kung gayon, sa loob ng kuta ng Iyong pangangalaga at sa tabernakulo ng Iyong walang-salang pagkalinga, nang hindi lumitaw mula sa kanila yaong maghahati-hati sa Iyong mga tagapaglingkod. Tipunin sila, O aking Panginoon, sa mga dalampasigan ng Karagatang ito, na ang bawat isang patak nito ay nagpapahayag na Ikaw ang Diyos, na walang ibang Diyos liban sa Iyo, ang Ganap na Maluwalhati, ang Ganap na Marunong.
Uncover before them, O my Lord, the majesty of Thy Cause, lest they be led to doubt Thy sovereignty and the power of Thy might. I swear by Thy glory, O Thou Who art the Beloved of the worlds! Had they been aware of Thy power they would of a certainty have refused to utter what Thou didst not ordain for them in the heaven of Thy will.	36.3 Isiwalat sa harap nila, O aking Panginoon, ang kamahalan ng Iyong Kapakanan, nang hindi sila mabuyong pagdudahan ang Iyong paghahari at ang kapangyarihan ng Iyong lakas. Sumusumpa ako sa Iyong kaluwalhatian, O Ikaw na Siyang Minamahal ng mga daigdig! Kung nababatid lamang nila ang Iyong kapangyarihan tiyak na tatanggi silang bigkasin yaong hindi Mo itinalaga para sa kanila sa kalangitan ng Iyong kalooban.
Inspire them, O my Lord, with a sense of their own powerlessness before Him Who is the Manifestation of Thy Self, and teach them to recognize the poverty of their own nature in the face of the manifold tokens of Thy self-sufficiency and riches, that they may gather together round Thy Cause, and cling to the hem of Thy mercy, and cleave to the cord of the good pleasure of Thy will.	36.4 Pukawin sa kanila, O aking Panginoon ang kamalayan ng sarili nilang kawalan ng lakas sa harap Niya na Siyang Kapahayagan ng Iyong Sarili, at turuan silang makilala ang karukhaan ng sarili nilang pagkatao sa harap ng napakaraming palatandaan ng Iyong pagsasapat sa sarili at mga kayamanan, nang upang magsitipon sila palibot sa Iyong Kapakanan, at mangapit sa laylayan ng Iyong kahabagan, at humawak sa kordon ng

	mabuting kaluguran ng Iyong kalooban.
Thou art the Lord of the worlds, and of all those who show mercy, art the Most Merciful.	36.5 Ikaw ang Panginoon ng mga daigdig, at mula sa lahat ng nagpapakita ng habag, Ikaw ang Pinakamahabagin.
– XXXVII –	XXXVII
Glory be to Thee, O King of eternity, and the Maker of nations, and the Fashioner of every moldering bone! I pray Thee, by Thy Name through which Thou didst call all mankind unto the horizon of Thy majesty and glory, and didst guide Thy servants to the court of Thy grace and favors, to number me with such as have rid themselves from everything except Thyself, and have set themselves towards Thee, and have not been kept back by such misfortunes as were decreed by Thee, from turning in the direction of Thy gifts.	37.1 Luwalhati sa Iyo, O Hari ng kawalang-hanggan, at Maylikha ng mga bansa, at Mayhabi ng bawat naaagnas na buto! Idinadalangin ko sa Iyo, sa Iyong Pangalan na Iyong ginamit sa pagtawag sa lahat ng sangkatauhan tungo sa sugpungang-guhit ng Iyong kamahalan at kaluwalhatian, at na ginamit upang patnubayan ang Iyong mga tagapaglingkod tungo sa korte ng Iyong biyaya at mga pagpapala, na ibilang ako sa kanilang mga inalis sa kanilang mga sarili ang lahat liban sa Iyo, at itinuon ang kanilang mga sarili tungo sa Iyo, at hindi napigilan ng mga kasawiang-palad na Iyong itinadhana mula sa pagbaling tungo sa Iyong mga kaloob.
I have laid hold, O my Lord, on the handle of Thy bounty, and clung steadfastly to the hem of the robe of Thy favor. Send down, then, upon me, out of the clouds of Thy generosity, what will purge out from me the remembrance of any one except Thee, and make me able to turn unto Him Who is the Object of the adoration of all mankind, against Whom have been arrayed the stirrers of sedition, who have broken Thy covenant, and disbelieved in Thee and in Thy signs.	37.2 Humawak ako, O aking Panginoon, sa ugit ng Iyong pagpapala, at mahigpit na nangapit sa laylayan ng damit ng Iyong biyaya. Ihulog kung gayon sa akin, buhat sa mga alapaap ng Iyong kagandahang-loob, yaong makapag-aalis sa akin ng gunita ng sinuman liban sa Iyo, at tulutang makabaling ako sa Kaniya na Siyang Kinauukulan ng pagsamba ng lahat ng sangkatauhan, at laban sa Kaniya ay naihanay ang mga manunulsol ng paghihimagsik na lumabag sa Iyong kasunduan, at hindi naniwala sa Iyo at sa Iyong mga palatandaan.
Deny me not, O my Lord, the fragrances of Thy raiment in Thy days, and deprive me not of the breathings of Thy Revelation at the appearance of the splendors of the light of Thy face. Powerful art Thou to do what pleaseth Thee. Naught can resist Thy will, nor frustrate what Thou hast purposed by Thy power.	37.3 Huwag ipagkait sa akin, O aking Panginoon, ang mga kabanguhan ng Iyong damit sa Iyong mga araw, at huwag ipagdamot sa akin ang mga hininga ng Iyong Rebelasyon sa paglitaw ng mga karingalan ng liwanag ng Iyong mukha. Makapangyarihan Ka upang gawin ang Iyong ikasisiya. Walang makatatagal laban sa Iyong kalooban, ni makabibigo sa Iyong nilayon sa pamamagitan

	ng Iyong kapangyarihan.
No God is there but Thee, the Almighty, the All-Wise.	37.4 Walang Diyos liban sa Iyo, ang Ganap na Makapangyarihan, ang Ganap na Marunong.
– XXXVIII –	XXXVIII
Lauded be Thy name, O Lord my God! I testify that Thou wast a hidden Treasure wrapped within Thine immemorial Being and an impenetrable Mystery enshrined in Thine own Essence. Wishing to reveal Thyself, Thou didst call into being the Greater and the Lesser Worlds, and didst choose Man above all Thy creatures, and didst make Him a sign of both of these worlds, O Thou Who art our Lord, the Most Compassionate!	38.1 Purihin nawa ang Iyong pangalan, O Panginoon kong Diyos! Sumasaksi ako na Ikaw ay isang natatagong Kayamanang nababalot sa loob ng Iyong di-malirip na Sarili at isang di-maarok na Hiwagang nadadambana sa Iyong sariling Diwa. Sa pagnanasang ihayag ang Iyong sarili, Iyong nilalang ang Nakatataas at ang Mas Mababang mga Daigdig, at pinili ang Tao mula sa lahat ng Iyong mga nilalang, at ginawa Siyang maging palatandaan ng kapuwa daigdig na ito, O Ikaw na aming Panginoon, ang Pinakamadamayin!
Thou didst raise Him up to occupy Thy throne before all the people of Thy creation. Thou didst enable Him to unravel Thy mysteries, and to shine with the lights of Thine inspiration and Thy Revelation, and to manifest Thy names and Thine attributes. Through Him Thou didst adorn the preamble of the book of Thy creation, O Thou Who art the Ruler of the universe Thou hast fashioned!	38.2 Iyong itinaas Siya upang umupo sa Iyong trono sa harap ng lahat ng mga tao sa Iyong nilikha. Iyong binigyan Siya ng kakayahang tastasin ang Iyong mga hiwaga, at sumikat sa mga liwanag ng Iyong inspirasyon at ng Iyong Rebelasyon, at nang ihayag ang Iyong mga pangalan at Iyong mga katangian. Sa pamamagitan Niya ay ginanyakan Mo ang paunang salita ng aklat ng Iyong sangnilikha, O Ikaw na Siyang Namumuno sa sanlibutang Iyong nilikha!
I bear witness that in His person solidity and fluidity have been joined and combined. Through His immovable constancy in Thy Cause, and His unwavering adherence to whatsoever Thou, in the plentitude of the light of Thy glory, didst unveil to His eyes, throughout the domains of Thy Revelation and creation, the souls of Thy servants were stirred up in their longing for Thy Kingdom, and the dwellers of Thy realms rushed forth to enter into Thy heavenly dominion. Through the restlessness He evinced in Thy path, the feet of all them that are devoted to Thee were steeled and confirmed to manifest Thy Cause	38.3 Sumasaksi ako na sa Kaniyang pagkatao ang mga katangiang may tiyak na hugis at umaagos ay pinag-isa at pinagsama. Sa pamamagitan ng Kaniyang di-nagbabagong katatagan sa Iyong Kapakanan, at sa Kaniyang di-natitinag na pagsunod sa anumang Iyong inilantad sa harap ng Kaniyang mga mata, sa kaganapan ng liwanag ng Iyong kaluwalhatian, sa kahabaan ng mga kinasasakupan ng Iyong Rebelasyon at sangnilikha, ang mga kaluluwa ng Iyong mga tagapaglingkod ay napukaw sa kanilang pagnanasa para sa Iyong Kaharian, at ang mga nananahan sa Iyong mga kinasasakupan ay

amidst Thy creatures, and to demonstrate Thy sovereignty throughout Thy realm.	sumugod upang makapasok sa Iyong makalangit na pinamumunuan. Sa pamamagitan ng kawalan ng kapahingahan na Kaniyang ipinamalas sa Iyong landas, ang mga paa ng lahat ng mga deboto sa Iyo ay pinatatag at pinagtibay upang maipahayag ang Iyong Kapakanan sa Iyong mga nilalang, at upang maipakita ang Iyong paghahari sa kabuuan ng Iyong kinasasakupan.
How great, O my God, is this Thy most excellent handiwork, and how consummate Thy creation, which hath caused every understanding heart and mind to marvel! And when the set time was fulfilled, and what had been preordained came to pass, Thou didst unloose His tongue to praise Thee, and to lay bare Thy mysteries before all Thy creation, O Thou Who art the Possessor of all names, and the Fashioner of earth and heaven! Through Him all created things were made to glorify Thee, and to celebrate Thy praise, and every soul was directed towards the kingdom of Thy revelation and Thy sovereignty.	38.4 Napakadakila, O aking Diyos, itong Iyong pinakamahusay na likhang-kamay, at sukdulang ganap ang Iyong nilalang, na naging sanhi ng pagkamangha ng bawat nakauunawang puso at kaisipan. At nang sumapit na ang takdang panahon, at yaong dati nang itinadhana ay naganap, Iyong kinalagan ang Kaniyang dila upang purihin Ka, at upang ilantad ang Iyong mga hiwaga sa harap ng lahat ng Iyong mga nilalang, O Ikaw na Siyang Nagtataglay ng lahat ng mga pangalan, at ang Maylikha ng lupa at langit! Sa pamamagitan Niya ang lahat ng bagay ay ginawang luwalhatiin Ka, at ipagdiwang ang papuri sa Iyo, at ang bawat kaluluwa ay idinako patungo sa kaharian ng Iyong rebelasyon at ng Iyong paghahari.
At one time, Thou didst raise Him up, O my God, and didst attire Him with the ornament of the name of Him Who conversed with Thee (Moses), and didst through Him uncover all that Thy will had decreed and Thine irrevocable purpose ordained. At another time, Thou didst adorn Him with the name of Him Who was Thy Spirit (Jesus), and didst send Him down out of the heaven of Thy will, for the edification of Thy people, infusing thereby the spirit of life into the hearts of the sincere among Thy servants and the faithful among Thy creatures. Again, Thou didst reveal Him, decked forth by the name of Him Who was Thy Friend (Muḥammad), and caused Him to shine brightly above the horizon of Ḥijáz, as a token of Thy power and an evidence of Thy might. Through Him Thou didst send unto Thy servants what enabled	38.5 Sa isang panahon, Iyong ibinangon Siya, O aking Diyos, at binihisan Siya ng palamuti ng pangalang Siya na nakipag-usap sa Iyo (Moises), at sa pamamagitan Niya ay isiniwalat ang lahat ng iniutos ng Iyong kalooban at itinalaga ng Iyong di-mababaling layunin. Sa isa pang panahon, Iyong ginanyakan Siya ng pangalan Niya na Siyang Iyong Espiritu (Hesus), at ipinababa Siya mula sa kalangitan ng Iyong kalooban, para sa pagtutuwid ng Iyong mga tao, at isinasalin sa gayon ang espiritu ng buhay sa mga puso ng mataos sa Iyong mga tagapaglingkod at sa matatapat sa Iyong mga nilalang. At muli, Iyong ipinahayag Siya, nang nadaramtan ng pangalan Niya na Siyang Iyong Kaibigan (Muḥammad) at ginawa Siyang sumikat nang maningning sa itaas ng sugpungang-guhit ng Ḥijáz, bilang tanda ng Iyong kapangyarihan at

them to scale the heights of Thy unity, and to yearn over the wonders of Thy manifold knowledge and wisdom.	katibayan ng Iyong lakas. Sa pamamagitan Niya ay Iyong ipinababa sa Iyong mga tagapaglingkod yaong nagbigay-daan upang magawa nilang umakyat sa mga rurok ng Iyong kaisahan, at upang manabik sa mga kamanghaan ng Iyong napakarami at iba't ibang kaalaman at karunungan.
I testify, O Thou Who art the Lord of the whole creation, and the Desire of whosoever hath sought Thee, that, amidst Thy creatures, They resemble the sun which no matter how often it riseth and setteth is still the one and the same sun. Whoso maketh any distinction between any of Them hath truly failed to attain the ultimate purpose, and to reach the highest goal, and hath been deprived of the mysteries of unity and of the lights of sanctity and oneness. I testify, moreover, that Thou hast decreed that none on the face of the earth should equal Them, and none of Thy creatures be able to be compared with any of Them, in order that Thine own singleness and peerlessness might be recognized and established.	38.6 Sumasaksi ako, O Ikaw na Siyang Panginoon ng buong sangnilikha, at Minimithi ng sinumang naghahanap sa Iyo, na sa kalagitnaan ng Iyong mga nilalang, Sila ay nahahawig sa araw, na gaanuman kadalas ito sumikat at lumubog ay iyon pa ring nag-iisa at kaparehong araw. Ang sinumang gumawa ng anumang pagtatangi sa alinman sa Kanila ay tunay na nabigong matamo ang sukdulang layunin, at hindi naabot ang pinakamataas na hantungan, at napagkaitan ng mga hiwaga ng pagkakaisa at ng mga liwanag ng kabanalan at kaisahan. Sumasaksi ako, higit pa roon, na Iyong iniutos na walang sinuman sa balat ng lupa ay makapapantay sa Kanila, at wala sa Iyong mga nilalang ang maihahambing sa alinman sa Kanila, upang ang Iyong sariling kaisahan at pagiging walang kahalintulad ay makilala at maitatag.
Glorified, immeasurably glorified be Thy name, O my God! How can I ever befittingly mention Thee or sufficiently praise Thee, that Thou hast manifested Him by the power of Thy might, and caused Him to shine above the horizon of Thy will, and made Him the Dayspring of Thy signs, and the Dawning-Place of the revelation of Thy names and Thine attributes? How bewilderingly mysterious, moreover, O my God, is His nature and all that Thou hast infused into Him, through Thy strength and by the power of Thy might! At one time He appeareth as the water which is Life indeed, sent down out of the heaven of Thy grace, and poured forth from the clouds of Thy mercy, that Thy creatures may be endued with new life, and live as long as Thine own Kingdom endureth. Every drop of that water would suffice to quicken the	38.7 Luwalhatiin, walang-hanggang luwalhatiin nawa ang Iyong pangalan, O aking Diyos! Kailanman ay paano ko magagawang banggitin Ka nang nararapat o purihin Ka nang nakasasapat, dahil sa Iyong ipinahayag Siya sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Iyong lakas, at ginawa Siyang sumikat sa itaas ng sugpungang-guhit ng Iyong kalooban, at ginawa Siyang maging Pamimitak ng Iyong mga palatandaan, at Pook-Silangan ng rebelasyon ng Iyong mga pangalan at Iyong mga katangian? Lubhang nakalilitong mahiwaga, gayumpaman, O aking Diyos, ang Kaniyang likas na katangian at ang lahat ng Iyong isinalin sa Kaniya, sa pamamagitan ng Iyong lakas at sa kapangyarihan ng Iyong kalakasan! Sa isang panahon Siya ay lumitaw bilang ang tubig na mismong Buhay, na ipinababa mula sa kalangitan ng Iyong biyaya,

dead, and to set their faces in the direction of Thy favors and Thy gifts, and to rid them of all attachment to aught else except Thee. At another time He revealeth Himself as the Fire which Thou didst kindle in the tree of Thy unity, whose heat melted the hearts of Thine ardent lovers when He Who is the Daystar of the world shone forth above the horizon of Iráq. I testify, O my God, that through Him the veils of human fancy were burnt up, and the hearts of men were set towards the scene of Thy most resplendent glory.	at ibinuhos mula sa mga ulap ng Iyong kahabagan, upang ang Iyong mga nilalang ay magtamo ng panibagong buhay, at mabuhay nang habang namamalagi ang Iyong sariling Kaharian. Ang bawat patak ng tubig na iyon ay makasasapat upang buhayin ang patay, at ituon ang kanilang mga mukha tungo sa Iyong mga pagpapala at Iyong mga kaloob, at alisin mula sa kanila ang lahat ng pagmamahal sa anuman liban sa Iyo. Sa isa pang panahon ay inihayag Niya ang Kaniyang Sarili bilang ang Apoy na Iyong pinarikit sa puno ng Iyong pagkakaisa, na tinunaw ng init nito ang mga puso ng Iyong maalab na mga mangingibig nang sumikat sa itaas ng sugpungang-guhit ng Iráq ang Siya na Bituing-araw ng daigdig. Sumasaksi ako, O aking Diyos, na sa pamamagitan Niya ang mga lambong ng kathang-isip ng tao ay tinupok, at ang mga puso ng mga tao ay idinako tungo sa tagpo ng Iyong pinakamaringal na kaluwalhatian.
I implore Thee, O Thou Who art the Supreme Ordainer, not to suffer me to be deprived of the breezes which are wafted in Thy days, the days whereon the sweet smell of the raiment of Thy mercy hath been shed abroad. Neither do Thou keep me back from Thy most great Ocean, every drop of which crieth out and saith: "Great is the blessedness that awaiteth him who hath been awakened from his sleep by the breath of God which, from the source of His mercy, hath blown over all such of His creatures as have set themselves towards Him!"	38.8 Isinasamo ko sa Iyo, O Ikaw na Siyang Kataas-taasang Tagapagtalaga, na huwag tulutang maipagkait sa akin ang mga simoy na humihihip sa Iyong mga araw, ang mga araw kung kailan ang matamis na amoy ng damit ng Iyong kahabagan ay pinalalanghap sa ibayo. Ni huwag rin akong pigilan mula sa Iyong pinakadakilang Karagatan, na ang bawat isang patak nito ay sumisigaw at nagsasabing: "Napakalaki ang pagpapalang naghihintay sa kaniyang nagising mula sa kaniyang pagkahimbing dahil sa hininga ng Diyos, na mula sa pinagmumulan ng Kaniyang kahabagan, ay humihip sa gayon sa Kaniyang mga nilalang na idinako ang kanilang mga sarili sa Kaniya!"
Thou seest, O my Lord, how Thy servants are held captive by their own selves and desires. Redeem them from their bondage, O my God, by the power of Thy sovereignty and might, that they may turn towards Thee when He Who is the Revealer of Thy names and attributes is manifested unto men.	38.9 Iyong nakikita, O aking Panginoon, kung paanong nabihag ang Iyong mga tagapaglingkod ng kanilang mga sarili at pagnanasa. Tubusin sila mula sa kanilang pagkabihag, O aking Diyos, sa pamamagitan ng Iyong paghahari at lakas, upang makabaling sila tungo sa Iyo sa pagkakataong Siya na Tagapagbunyag ng Iyong mga

	pangalan at mga katangian ay naihayag sa mga tao.
Cast upon this poor and desolate creature, O my Lord, the glance of Thy wealth, and flood his heart with the beams of Thy knowledge, that he may apprehend the verities of the unseen world, and discover the mysteries of Thy heavenly realm, and perceive the signs and tokens of Thy kingdom, and behold the manifold revelations of this earthly life all set forth before the face of Him Who is the Revealer of Thine own Self. Direct, then, his eyes, O my God, towards the horizon of Thy loving-kindness, and make steadfast his heart in its attachment to Thee, and unloose his tongue to praise Thee, and make him able to hold fast the cord of Thy love, and to cling to the hem of Thy bounteousness, and to proclaim Thy name amidst Thy creatures, and to recount Thy virtues throughout Thy realm, in such wise that no obstacle will deter him from turning to Thy name, the All-Bountiful, and no veil shut him out from Thee, in Whose hand is the dominion of utterance and the kingdom of all names and attributes!	38.10 Idako sa hamak at kahabag-habag na nilalang na ito, O aking Panginoon, ang sulyap ng Iyong kayamanan, at puspusin ang kaniyang puso ng mga sinag ng Iyong kaalaman, nang upang maunawaan niya ang mga katotohanan ng di-nakikitang daigdig, at matuklasan ang mga hiwaga ng Iyong makalangit na kaharian, at mabatid ang mga palatandaan at mga sagisag ng Iyong kaharian, at masilayan ang napakaraming rebelasyon nitong makalupang buhay nang nakaayos na sa harap ng mukha Niya na Siyang Tagapagbunyag ng Iyong Sarili. Idako, kung gayon, ang kaniyang mga mata, O aking Diyos, tungo sa sugpungang-guhit ng Iyong mapagmahal na kabaitan, at gawing matatag ang kaniyang puso sa pagmamahal nito sa Iyo, at kalagan ang kaniyang dila upang purihin Ka, at gawing makapangapit siya nang mahigpit sa kordon ng Iyong pag-ibig, at kumapit sa laylayan ng Iyong kasaganaan, at ipahayag ang Iyong pangalan sa Iyong mga nilalang, at isaysay ang Iyong mga kabutihan sa kahabaan ng Iyong kaharian, sa gayong gawi na walang balakid ang makahahadlang sa kaniya mula sa pagbaling sa Iyong pangalan, ang Masagana sa Lahat, at walang lambong ang makahihiwalay sa kaniya mula sa Iyo, na nasa Kaniyang kamay ang pamumuno sa pananalita at ang kaharian ng lahat ng mga pangalan at mga katangian!
Hold Thou the hand of this seeker who hath set his face towards Thee, O my Lord, and draw him out of the depths of his vain imaginations, that the light of certainty may shine brightly above the horizon of his heart in the days whereon the sun of the knowledge of Thy creatures hath been darkened through the shining of the Daystar of Thy glory; the days whereon the moon of the world's wisdom hath been eclipsed through the appearance of Thy hidden knowledge, and the manifestation of Thy well-guarded secret, and the revelation of	38.11 Iyong hawakan ang kamay nitong naghahanap na idinako ang kaniyang mukha tungo sa Iyo, O aking Panginoon, at iahon siya mula sa kalaliman ng kaniyang walang-kabuluhang mga kathang-isip, nang upang ang liwanag ng katiyakan ay sumikat nang maningning sa itaas ng sugpungang-guhit ng kaniyang puso sa mga araw kung kailan ang araw ng kaalaman ng Iyong mga nilalang ay nagdilim dahil sa pagsikat ng Bituing-araw ng Iyong kaluwalhatian; ang mga araw kung kailan ang

Thine enshrined mystery; the days whereon the stars of men's doings have fallen through the rising of the orb of Thy unity and the shedding of the radiance of Thy transcendent oneness.	buwan ng karunungan ng daigdig ay nalambungan dahil sa paglitaw ng Iyong natatagong kaalaman, at sa paghahayag ng Iyong mahusay na pinangangalagaang lihim, at ang pagkabunyag ng Iyong nadadambanang hiwaga; ang mga araw kung kailan ang mga bituin ng mga kagagawan ng mga tao ay nagsibagsak dahil sa pagsikat ng globo ng Iyong pagkakaisa at ang pagsinag ng kaningningan ng Iyong nangingibabaw na kaisahan.
I beg of Thee, O my God, by Thy most exalted Word which Thou hast ordained as the Divine Elixir unto all who are in Thy realm, the Elixir through whose potency the crude metal of human life hath been transmuted into purest gold, O Thou in Whose hands are both the visible and invisible kingdoms, to ordain that my choice be conformed to Thy choice and my wish to Thy wish, that I may be entirely content with that which Thou didst desire, and be wholly satisfied with what Thou didst destine for me by Thy bounteousness and favor. Potent art Thou to do as Thou willest. Thou, in very truth, art the All-Glorious, the All-Wise.	38.12 Isinasamo ko sa Iyo, O aking Diyos, sa Iyong pinakadakilang Salita na Iyong itinalagang maging Banal na Elixir para sa lahat ng nasa Iyong kaharian, ang Elixir na sa pamamagitan ng bisa niyon ang mababang uri ng bakal ng buhay ng tao ay binago upang maging pinakadalisay na ginto, O Ikaw na nasa Kaniyang mga kamay ang kapuwa nakikita at di-nakikitang mga kaharian, na italagang maisang-ayon ang aking pinili sa Iyong pinili, at ang aking mithiin sa Iyong mithiin, na ako ay ganap na masiyahan sa anumang Iyong hinangad, at maging lubos na nasisiyahan sa Iyong itinadhana para sa akin mula sa Iyong pagpapala at biyaya. Makapangyarihan Ka upang gawin ang Iyong naisin. Ikaw, sa mismong katotohanan, ay ang Ganap na Maluwalhati, ang Ganap na Marunong.
Happy is the man who hath recognized Thee, and discovered the sweetness of Thy fragrance, and set himself towards Thy kingdom, and tasted of the things that have been perfected therein by Thy grace and favor. Great is the blessedness of him who hath acknowledged Thy most excellent majesty, and whom the veils that have shut out the nations from Thee have not hindered from directing his eyes towards Thee, O Thou Who art the King of eternity and the Quickener of every moldering bone! Blessed, also, is he that hath inhaled Thy sweet savors, and been carried away by Thine utterances in Thy days. Blessed, moreover, be the man that hath	38.13 Maligaya ang taong nakakilala sa Iyo, at natuklasan ang katamisan ng Iyong halimuyak, at idinako ang kaniyang sarili tungo sa Iyong kaharian, at natikman ang mga bagay na ginawang ganap doon sa pamamagitan ng Iyong biyaya at pagpapala. Napakalaki ng pagpapala niyang kumilala sa Iyong pinakamahusay na kamahalan, hindi napigilan ng mga lambong na itinago Ka mula sa mga bansa na idako niya ng kaniyang mga mata tungo sa Iyo, O Ikaw na Siyang Hari ng kawalang-hanggan at ang Bumubuhay sa bawat naaagnas na buto! Pinagpala rin siyang nakalanghap sa Iyong matatamis na samyo, at natangay ng Iyong mga pananalita sa Iyong

turned unto Thee, and woe betide him that hath turned his back upon Thee.	mga araw. Pinagpala, higit pa roon, ang taong bumaling sa Iyo, at kapighatian ang sa kaniyang tumalikod sa Iyo.
Praised be Thou, the Lord of the worlds!	38.14 Purihin Ka nawa, O Panginoon ng mga daigdig!
– XXXIX –	XXXIX
O Thou Who dealest equitably with all who are in heaven and on earth, and rulest over the kingdom of Thy creation and of Thy Revelation! I testify that every man of equity hath recognized his unfairness in the face of the revelation of the splendors of the Daystar of Thy Justice, and the ablest of pens hath confessed its impotence before the movement of Thy most exalted Pen.	39.1 O Ikaw na nakikitungo nang makatarungan sa lahat ng nasa langit at nasa lupa, at namumuno sa kaharian ng Iyong nilalang at ng Iyong Rebelasyon! Sumasaksi ako na bawat taong makatarungan ay kumikilala sa kaniyang kawalan ng katarungan sa harap ng kapahayagan ng mga karingalan ng Bituing-araw ng Iyong Katarungan, at ang pinakamahusay na panulat ay umamin sa kawalang-kakayahan nito sa harap ng pagkilos ng Iyong pinakadakilang Panulat.
By Thy life, O Thou the Possessor of all names! The minds of the profoundest thinkers are sore perplexed as they contemplate the ocean of Thy knowledge, and the heaven of Thy wisdom, and the Luminary of Thy grace. How can he who is but a creation of Thy will claim to know what is with Thee, or to conceive Thy nature?	39.2 Saksi ang Iyong buhay, O Ikaw na Nagtataglay ng lahat ng mga pangalan! Ang mga kaisipan ng mga pinakamalalim mag-isip ay lubhang tuliro sa pag-iisip nila sa karagatan ng Iyong kaalaman, at ng kalangitan ng Iyong karunungan, at ng tanglaw ng Iyong biyaya. Paano magagawa niya na siyang hamak na nilalang lamang ng Iyong kalooban na sabihing batid ang anumang nasa Iyo, o malirip ang Iyong pinakadiwa?
Praise, immeasurable praise be to Thee! I swear by Thy glory! My inner and outer tongue, openly and secretly, testify that Thou hast been exalted above the reach and ken of Thy creatures, above the utterance of Thy servants, above the testimonies of Thy dear ones and Thy chosen ones, and the apprehension of Thy Prophets and of Thy Messengers.	39.3 Papuri, di-masukat na papuri ang mapasa-Iyo! Sumusumpa ako sa Iyong kaluwalhatian! Ang aking panloob at panlabas na mga dila, nang lantaran at palihim, ay sumasaksi na Ikaw ay dinakila nang higit sa maabot at maarok ng Iyong mga nilalang, higit sa pananalita ng Iyong mga tagapaglingkod, higit sa mga patotoo ng Iyong mga minamahal at ng Iyong mga pinili, at ng pagkabatid ng Iyong mga Propeta at ng Iyong mga Sugo.

I beseech Thee, O my Lord, by Thy Name which Thou hast made to be the Dayspring of Thy Revelation and the Dawning-Place of Thine inspiration, to ordain for this wronged One and for them that are dear to Thee what becometh Thy loftiness. Thou, in very truth, art the All-Bountiful, the All-Powerful, the All-Knowing, the All-Wise.	39.4 Isinasamo ko sa Iyo, O aking Panginoon, sa Iyong Pangalan na Iyong ginawang maging Pamimitak ng Iyong Rebelasyon at Pook-Silangan ng Iyong inspirasyon, na italaga para sa pinagkasalahang Ito at para sa kanilang mga minamahal Mo yaong nararapat sa Iyong kataasan. Ikaw, sa pawang katotohanan, ay ang Ganap na Mapagpala, ang Ganap na Makapangyarihan, ang Ganap na Nakababatid, ang Ganap na Marunong.
– XL –	XL
Praise be to Thee, O Lord my God! I implore Thee, by Thy Name which none hath befittingly recognized, and whose import no soul hath fathomed; I beseech Thee, by Him Who is the Fountainhead of Thy Revelation and the Dayspring of Thy signs, to make my heart to be a receptacle of Thy love and of remembrance of Thee. Knit it, then, to Thy most great Ocean, that from it may flow out the living waters of Thy wisdom and the crystal streams of Thy glorification and praise.	40.1 Purihin Ka, O Panginoon kong Diyos! Isinasamo ko sa Iyo, sa Iyong Pangalan na walang sinuman ang tunay na nakakilala, at ang kahalagahan ay hindi natarok ng sinumang kaluluwa; isinasamo ko sa Iyo, sa Kaniya na Ulong-bukal ng Iyong Rebelasyon at Pamimitak ng Iyong mga tanda, na ang aking puso ay gawing sisidlan ng Iyong pag-ibig at ng paggunita sa Iyo. Ihabi ito, kung gayon, sa Iyong pinakadakilang Karagatan, upang dumaloy buhat doon ang nabubuhay na mga tubig ng Iyong karunungan at ang kristal na mga daloy ng pagluluwalhati at pagpupuri sa Iyo.
The limbs of my body testify to Thy unity, and the hair of my head declareth the power of Thy sovereignty and might. I have stood at the door of Thy grace with utter self-effacement and complete abnegation, and clung to the hem of Thy bounty, and fixed mine eyes upon the horizon of Thy gifts.	40.2 Ang mga bisig ng aking katawan ay sumasaksi sa Iyong kaisahan, at ang aking buhok ay nagpapahayag sa lakas ng Iyong paghahari at kapangyarihan. Tumayo ako sa pintuan ng Iyong biyaya nang buong kaabaan, at walang pahalaga sa sarili, at nangapit sa laylayan ng Iyong pagpapala, at ipinapako ang aking mga mata sa sugpungang-guhit ng Iyong mga handog.
Do Thou destine for me, O my God, what becometh the greatness of Thy majesty, and assist me, by Thy strengthening grace, so to teach Thy Cause that the dead may speed out of their sepulchers, and rush forth towards Thee, trusting wholly in Thee, and fixing their gaze upon the orient of Thy Cause, and the dawning-place of Thy Revelation.	40.3 Iyong italaga para sa akin, O aking Diyos, yaong karapat-dapat sa kadakilaan ng Iyong kamahalan, at tulungan ako, sa pamamagitan ng Iyong nagpapalakas na biyaya, na maituro nang gayon ang Iyong Kapakanan na ang mga nagsiyao ay magmadaling palabas sa kanilang mga libingan, at magsidagsang patungo sa Iyo, nagtitiwalang ganap sa Iyo, at nagpapako ng

	kanilang paningin sa silangan ng Iyong Kapakanan, at sa pook-liwayway ng Iyong Rebelasyon.
Thou, verily, art the Most Powerful, the Most High, the All-Knowing, the All-Wise.	40.4 Ikaw, sa katunayan, ang Pinakamakapangyarihan, ang Kataas-taasan, ang Ganap na Nakababatid, ang Ganap na Marunong.
– XLI –	XLI
Thy unity is inscrutable, O my God, to all except them that have recognized Him Who is the Manifestation of Thy singleness and the Dayspring of Thy oneness. Whoso assigneth a rival unto Him hath assigned a rival unto Thee, and whoso hath set up a peer for Him hath set up a peer for Thyself. No, no, none can withstand Thee in the whole of creation. Thou hast everlastingly been exalted far above all comparison and likeness. Thy oneness hath been demonstrated by the oneness of Him Who is the Dawning-Place of Thy Revelation. Whosoever denieth this, hath denied Thy unity, and disputed with Thee about Thy sovereignty, and contended with Thee in Thy realm, and repudiated Thy commandments.	41.1 Ang Iyong pagkakaisa ay di-malirip, O aking Diyos, sa lahat liban sa kanilang mga kumilala sa Kapahayagan ng Iyong pagiging iisa at sa Pamimitak ng Iyong kaisahan. Ang sinumang nagtatakda ng karibal sa Kaniya ay nagtakda ng karibal sa Iyo, at ang sinumang nagtakda ng kapantay sa Kaniya ay nagtakda ng kapantay sa Iyo. Hindi, hindi, walang makatatagal laban sa Iyo sa buong sangnilikha. Ikaw mula sa kawalang-hanggan ay dinakila nang higit na mataas sa anumang paghahambing at pagtutulad. Ang Iyong kaisahan ay ipinakikita Niya na Siyang Pook-Silangan ng Iyong Rebelasyon. Ang sinumang tumutol dito ay tumutol sa Iyong pagkakaisa at nakipagtalo sa Iyo tungkol sa Iyong paghahari, at nakipagtuligsahan sa Iyo sa Iyong kaharian, at itinatwa ang Iyong mga kautusan.
Assist Thou Thy servants, O my Lord, to recognize Thy unity and to declare Thy oneness, that all may gather together around what Thou didst desire in this Day whereon the sun of Thine essence hath shone forth above the horizon of Thy will, and the moon of Thine own being hath risen from the Dayspring of Thy behest. Thou art He, O my Lord, from Whose knowledge nothing whatsoever escapeth, and Whom no one can frustrate. Thou doest Thy pleasure, by Thy sovereignty that overshadoweth the worlds.	41.2 Iyong tulungan ang Iyong mga tagapaglingkod, O aking Diyos, upang makilala ang Iyong pagkakaisa, at upang ipahayag ang Iyong kaisahan, nang sa gayon ang lahat ay magsipagtipon palibot sa Iyong ninanais sa Araw na ito, kung kailan ang araw ng Iyong pinakadiwa ay sumikat sa itaas ng sugpungang-guhit ng Iyong kalooban, at ang buwan ng Iyong sarili ay sumikat mula sa Pamimitak ng Iyong kautusan. Ikaw Siya, O aking Panginoon, na mula sa Kaniyang kaalaman walang bagay ang nakalusot, at na walang makabibigo sa Kaniya. Iyong ginagawa ang nakalulugod sa Iyo, sa pamamagitan ng Iyong paghaharing

	sumasaklaw sa mga daigdig.
Thou well knowest, O my God, my Best-Beloved, that naught can quench the thirst I suffer in my separation from Thee except the waters of Thy presence, and that the tumult of my heart can never be stilled save through the living fountain of my reunion with Thee. Send down, then, upon me, O my Lord, out of the heaven of Thy bounty what will draw me nearer unto the chalice of Thy gifts, and make me able to quaff the choice sealed Wine, Whose seal hath been loosed in Thy name, and from Which the sweet savors of Thy days have been shed abroad. Thou, in truth, art the All-Bountiful, Whose grace is infinite.	41.3 Iyong ganap na nababatid, O aking Diyos, aking Pinakamamahal, na walang makapapatid sa uhaw na aking dinaranas sa aking pagkawalay sa Iyo liban lamang sa mga tubig ng Iyong kinaroroonan, at ang kaguluhan sa aking puso ay hindi kailanman matatahimik liban sa nabubuhay na bukal ng aking muling pagsasama sa Iyo. Ipababa sa akin, kung gayon, O aking Panginoon, mula sa kalangitan ng Iyong biyaya yaong maglalapit sa akin sa kalis ng Iyong mga kaloob at tutulutan akong makainom mula sa pili at selyadong Alak, na ang selyo ay binuksan sa Iyong pangalan, at mula roon ang matatamis na lasa ng Iyong mga araw ay ipinalaganap sa ibayo. Ikaw sa katotohanan ay ang Lubos na Mapagpala, na ang Kaniyang biyaya ay walang hanggan.
The whole universe testifieth to Thy generosity. Have mercy, then, upon me by Thy graciousness, and deal bountifully with me through the power of Thy sovereignty, and suffer me to enjoy near access to Thee by Thy manifold favors. Thou, truly, art the Great Giver, the Almighty, the Ever-Forgiving, the Most Bountiful.	41.4 Ang buong santinakpan ay sumasaksi sa Iyong pagiging mapagbigay. Mahabag sa akin, kung gayon, mula sa Iyong pagiging mapagpala, at pakitunguhan ako nang buong biyaya sa pamamagitan ng Iyong paghahari, at tulutang matamasa ko ang pagiging malapit sa Iyo sa pamamagitan ng Iyong napakaraming pagpapala. Ikaw, sa katunayan, ang Dakilang Nagbibigay, ang Ganap na Makapangyarihan, ang Laging-Nagpapatawad, ang Pinakamapagpala.
– XLII –	XLII
Lauded be Thy name, O my God and the God of all things, my Glory and the Glory of all things, my Desire and the Desire of all things, my Strength and the Strength of all things, my King and the King of all things, my Possessor and the Possessor of all things, my Aim and the Aim of all things, my Mover and the Mover of all things! Suffer me not, I implore Thee, to be kept back from the ocean of Thy tender mercies, nor to be far removed from the shores of nearness to Thee.	42.1 Purihin nawa ang Iyong Pangalan, O aking Diyos at Diyos ng lahat ng bagay, aking Luwalhati at Luwalhati ng lahat ng bagay, aking Hangarin at Hangarin ng lahat ng bagay, aking Lakas at Lakas ng lahat ng bagay, aking Hari at Hari ng Lahat ng bagay, aking Tagapagmay-ari at Tagapagmay-ari ng lahat ng bagay, aking Tagapagpakilos at Tagapagpakilos ng lahat ng bagay! Huwag Mong tulutan, isinasamo ko sa Iyo, na ako'y mapigilan mula sa karagatan ng Iyong masuyong mga kahabagan, ni manatiling

	malayo sa mga dalampasigan ng pagkakalapit sa Iyo.
Aught else except Thee, O my Lord, profiteth me not, and near access to anyone save Thyself availeth me nothing. I entreat Thee by the plenteousness of Thy riches, whereby Thou didst dispense with all else except Thyself, to number me with such as have set their faces towards Thee, and arisen to serve Thee.	42.2 Walang iba liban sa Iyo, O aking Panginoon, ang makapagbibigay ng ikabubuti ko, at ang pagkalapit sa sinuman liban sa Iyo ay walang maidudulot sa akin. Isinasamo ko sa Iyo, sa kasaganaan ng Iyong kayamanan, na siyang dahilan kung bakit hindi Mo kailangan ang iba pa liban sa Iyo, na ibilang ako sa mga nagharap ng kanilang mukha tungo sa Iyo at nagsibangon upang maglingkod sa Iyo.
Forgive, then, O my Lord, Thy servants and Thy handmaidens. Thou, truly, art the Ever-Forgiving, the Most Compassionate. Forgive, then, O my Lord, Thy servants and Thy handmaidens. Thou, truly, art the Ever-Forgiving, the Most Compassionate.	42.3 Patawarin, kung gayon, O aking Panginoon, ang Iyong mga tagapaglingkod at ang Iyong mga kawaksing babae. Tunay na Ikaw ang Laging-Nagpapatawad, ang Pinakamahabagin.
– XLIII –	XLIII
O God, Who art the Author of all Manifestations, the Source of all Sources, the Fountainhead of all Revelations, and the Wellspring of all Lights! I testify that by Thy Name the heaven of understanding hath been adorned, and the ocean of utterance hath surged, and the dispensations of Thy providence have been promulgated unto the followers of all religions.	43.1 O Diyos, na Siyang May-akda ng lahat ng mga Kapahayagan, na Pinagmulan ng lahat ng mga Pinagmulan, na Ulong-bukal ng lahat ng mga Rebelasyon, at Balon ng lahat ng mga Liwanag! Sumasaksi ako na sa pamamagitan ng Iyong Pangalan ang kalangitan ng pag-unawa ay pinalamutihan, at ang karagatan ng pananalita ay dumaluyong, at ang mga kaloob ng Iyong pagpapala ay pinalaganap sa mga tagasunod ng lahat ng mga relihiyon.
I beseech Thee so to enrich me as to dispense with all save Thee, and be made independent of any one except Thyself. Rain down, then, upon me out of the clouds of Thy bounty that which shall profit me in every world of Thy worlds. Assist me, then, through Thy strengthening grace, so to serve Thy Cause amidst Thy servants that I may show forth what will cause me to be remembered as long as Thine own kingdom endureth and Thy dominion will last.	43.2 Isinasamo ko sa Iyo na payamanin ako sa gayong sukat na hindi ko kailangang umasa sa kaninuman liban sa Iyo, at upang magkaroon ng kasarinlan sa lahat liban sa Iyong Sarili. Paulanin sa akin, kung gayon, mula sa mga alapaap ng Iyong biyaya, yaong pakikinabangan ko sa bawat daigdig ng Iyong mga daigdig. Tulungan ako, kung gayon, sa pamamagitan ng Iyong nagpapalakas na biyaya, upang makapaglingkod sa Iyong Kapakanan sa piling ng Iyong mga tagapaglingkod at nang maipakita yaong magtutulot na ako'y maalaala habang

	nananatili ang Iyong sariling kaharian at umiiral ang Iyong kinasasakupan.
This is Thy servant, O my Lord, who with his whole being hath turned unto the horizon of Thy bounty, and the ocean of Thy grace, and the heaven of Thy gifts. Do with me then as becometh Thy majesty, and Thy glory, and Thy bounteousness, and Thy grace.	43.3 Ito ang Iyong tagapaglingkod, O aking Panginoon, na nagbaling ng kaniyang buong katauhan sa sugpungang-guhit ng Iyong pagpapala, at sa karagatan ng Iyong biyaya, at sa kalangitan ng Iyong mga kaloob. Gawin Mo sa akin, kung gayon, ang minamarapat ng Iyong kamahalan, at ng Iyong kaluwalhatian, at ng Iyong pagpapala, at ng Iyong biyaya.
Thou, in truth, art the God of strength and power, Who art meet to answer them that pray Thee. There is no God save Thee, the All-Knowing, the All-Wise.	43.4 Ikaw, sa katotohanan, ang Diyos ng lakas at kapangyarihan, Siyang nararapat tumugon sa mga nagsisidalangin sa Iyo. Walang ibang Diyos liban sa Iyo, ang Ganap na Nakababatid, ang Ganap na Marunong.
– XLIV –	XLIV
Lauded be Thy name, O Thou Who art my God and throbbest within my heart! Thou art well aware and dost witness that whatsoever shameth them that are dear to Thee must shame also Him Who is the Manifestation of Thyself and the Dayspring of Thy Revelation. Nay, He is put to greater shame than they when they are led to confess the good things which have escaped them in Thy days.	44.1 Luwalhatiin nawa ang Iyong pangalan, O Ikaw na Siyang aking Diyos at tumitibok sa aking puso! Iyong mahusay na nababatid at nasasaksihan na anuman ang ikahihiya nilang mga minamahal Mo ay hihiya rin sa Kaniya na Siyang Kapahayagan ng Iyong Sarili at Pamimitak ng Iyong Rebelasyon. Hindi lamang iyon, higit pa ang kahihiyan Niya kaysa sa kanila kapag sila ay umaamin sa mabubuting mga bagay na nawala sa kanila sa Iyong mga araw.
These are Thy servants, O my Lord, who for love of Thee have abandoned their homes, and sustained the tribulations decreed by Thee in Thy path. I swear by Thy glory! Every time any one of them testifieth before Thee to his evil doings, shame covereth my face, for they are Thy servants who have tasted of the cup of woe in Thy Cause, who have quaffed from the chalice of adversity when the light of Thy countenance was lifted upon them, and who were so vexed by trials that peace was utterly denied them within the precincts of Thy court.	44.2 Ito ang Iyong mga tagapaglingkod, O aking Panginoon, na dahil sa pagmamahal sa Iyo ay nilisan ang kanilang mga tahanan, at dinanas ang mga pahirap na Iyong itinalaga sa Iyong landas. Sumusumpa ako sa Iyong kaluwalhatian! Sa tuwing ang sinuman sa kanila ay sumasaksi sa harap Mo tungkol sa kaniyang masasamang gawain, natatabunan ng kahihiyan ang aking mukha, sapagkat sila ay Iyong mga tagapaglingkod na tumikim mula sa tasa ng pighati sa Iyong Kapakanan, na uminom mula sa kalis ng pahirap nang sumikat sa kanila ang liwanag ng Iyong mukha, at na lubhang naligalig ng mga pagsubok na ang katiwasayan ay lubos na

	naipagkait sa kanila sa kapaligiran ng Iyong korte.
The power of Thy might beareth me witness! My heart hath melted by reason of my love for them that are dear to Thee, and my soul is laden with anguish for the sorrows which have afflicted them at the revelation of Thy Cause and the appearance of the billowing oceans of Thy grace and favors. The sighs they uttered, O my Lord, have caused my sighs to ascend towards Thee, and the burning of their hearts hath consumed mine own heart within me.	44.3 Ang kapangyarihan ng Iyong lakas ay sumasaksi sa akin! Ang aking puso ay natunaw dahil sa pag-ibig ko sa Iyong mga minamahal, at ang aking kaluluwa ay puspos ng pighati dahil sa mga dalamhating nagpahirap sa kanila sa paghahayag ng Iyong Kapakanan at sa paglitaw ng dumadaluyong na mga karagatan ng Iyong biyaya at mga pagpapala. Ang mga buntong-hiningang sinambit nila, O aking Panginoon, ang naging sanhi ng pagpanhik ng aking mga buntong-hininga tungo sa Iyo at ang pag-aapoy ng kanilang mga puso ay tumupok sa sarili kong puso sa dibdib ko.
I beseech Thee, O Thou Who art the Lord of all being and the Enlightener of all things visible and invisible, to grant that every one of them may become an ensign of Thy guidance among Thy servants, and a revelation of the splendors of the Daystar of Thy loving-kindness amidst Thy creatures. Thou hast, O my God, chosen them to love Thee, and to stand before the throne of Thy majesty. No other station hath excelled the station to which Thou hast called them. How many the nights, O my God, when sleep failed to overtake them because of their remembrance of Thee, and how numerous the days which they spent in lamentation over the things that have befallen Thee at the hands of Thine enemies! I entreat Thee, O Thou Who art the Ruler of rulers, and the Uplifter of the downtrodden, to aid them so to assist Thy Cause and exalt Thy word that through them Thy praise may be shed abroad amidst Thy creatures, and Thy virtues recounted throughout Thy realm. Thou art, verily, the Almighty, the Most Exalted, the Ever-Forgiving, the Most Generous.	44.4 Isinasamo ko sa Iyo, O Ikaw na Siyang Panginoon ng lahat ng nilalang at ang Nagbibigay-liwanag sa lahat ng bagay na nakikita at di-nakikita, na ipagkaloob na ang bawat isa sa kanila ay maging isang watawat ng Iyong pamamatnubay sa Iyong mga tagapaglingkod, at isang kapahayagan ng mga karingalan ng Bituing-araw ng Iyong masuyong kabutihan sa Iyong mga nilalang. Iyong pinili sila, O aking Diyos, upang mahalin Ka, at upang tumayo sa harap ng trono ng Iyong kamahalan. Walang ibang kalagayan ang higit na mabuti pa kaysa sa kalagayang iyon kung saan ay tinawag Mo sila. Napakaraming gabi, O aking Diyos, na sila'y hindi abutan ng antok dahil sa kanilang paggunita sa Iyo, at napakaraming araw ang ginugol nila sa paghihinagpis sa mga bagay na sumapit sa Iyo sa mga kamay ng Iyong mga kaaway! Isinasamo ko sa Iyo, O Ikaw na Siyang Pinuno ng mga namumuno, at ang Tagapagtaas ng mga hamak, na alalayan sila upang makatulong sa Iyong Kapakanan at dakilain ang Iyong salita nang sa pamamagitan nila ang Iyong papuri ay maipalaganap sa ibayo sa Iyong mga nilalang, at ang Iyong mga kabutihan ay maisaysay sa kahabaan ng Iyong kaharian. Ikaw, sa katunayan, ang Makapangyarihan sa Lahat,

	ang Pinakamataas, ang Laging-Nagpapatawad, ang Pinakamapagbigay.
Praised be Thou, O Lord my God! This is Thy servant whom Thou hast in the kingdom of Thy names called by Thine own name, and whom Thou hast reared under the wings of Thy grace and favors. Thou seest him, therefore, hastening in the direction of Thy gifts, and rushing forth towards Thee seeking after Thy bounty. Attire him, O my God, with the mantle of Thy favor and the robe of Thy munificence and generosity, that all created things may perceive from him the sweet smell of the raiment of Thy love. Adorn, then, his head with the crown of Thy remembrance, in such wise that his fame may be noised abroad among Thy servants as one who loveth Thee and cleaveth steadfastly to Thy Cause. Assist him, moreover, at all times and under all conditions to help Thee and to remember Thee, and to extol Thy virtues amidst Thy creatures.	44.5 Purihin Ka nawa, O Panginoon kong Diyos! Ito ang Iyong tagapaglingkod na sa kaharian ng Iyong mga pangalan ay Iyong tinawag sa Iyong sariling pangalan, at na Iyong nilimliman sa ilalim ng mga bagwis ng Iyong biyaya at mga kaloob. Iyong nakikita siyang nagmamadali, samakatwid, patungo sa Iyong mga kaloob, at mabilis na sumasalubong sa Iyo sa paghahanap ng Iyong biyaya. Damtan siya, O aking Diyos, ng manta ng Iyong pagpapala at ng baro ng Iyong pagiging bukas-palad at mapagbigay, upang mabatid mula sa kaniya ng lahat ng nilikhang bagay ang matamis na halimuyak ng kasuotan ng Iyong pag-ibig. Ganyakan ang kaniyang ulo, kung gayon, ng korona ng Iyong alaala, sa gayong paraan na maipamamalita ang kaniyang katanyagan sa Iyong mga tagapaglingkod bilang isang nagmamahal sa Iyo at matatag na kumakapit sa Iyong Kapakanan. Higit pa rito, ay tulungan siya sa lahat ng panahon at sa lahat ng kalagayan na makatulong sa Iyo at magunita Ka, at ipagbunyi ang Iyong mga kabutihan sa Iyong mga nilalang.
I swear by Thy glory, O my God! Every time I muse on Thy glory and Thy sovereignty I find myself as the most guilty among them that have transgressed against Thee in Thy realm, and every time I contemplate the heights in which none except Thee can abide, I discover that I am the most sinful of all the creatures that dwell in Thy land. Had it not been for Thy name, the Concealer, and for Thy name, the Ever-Forgiving, and for the sweet savors of Thy name, the Most Merciful, all Thy chosen ones had been reckoned amongst the perverse and the wicked.	44.6 Sumusumpa ako sa Iyong kaluwalhatian, O aking Diyos! Sa tuwing linilimi ko ang Iyong kaluwalhatian at ang Iyong paghahari natutuklasan ko ang aking sarili bilang lubos na nagkasala mula sa yaong mga nagkasala sa Iyo sa Iyong kaharian, at sa tuwing pinag-iisipan ko ang mga rurok na walang makapanahan liban sa Iyo, natutuklasan kong ako ang pinakamakasalanan sa lahat ng mga nilalang na nananahan sa Iyong lupain. Kung hindi dahil sa Iyong pangalan, ang Naglilihim, at sa Iyong pangalan, ang Laging-Nagpapatawad, at sa matatamis na samyo ng Iyong pangalan, ang Ganap na Mahabagin, ang lahat ng Iyong mga pinili ay mabibilang sana sa mga suwail at mga masasama.

I render Thee thanks that Thy mercy hath overtaken them and Thy grace and bountiful favors compassed them on every side.	44.7 Nagpapasalamat ako sa Iyo na inabutan sila ng Iyong kahabagan at pinalibutan sila sa lahat ng dako ng Iyong biyaya at masaganang pagpapala.
And now, having confessed the things Thou didst cause to flow down from my Pen, I implore Thee, by Thy name which Thou hast raised up above every other name, and hast caused to overshadow all that are in heaven and all that are on earth, to cast not away him that hath turned towards Thee, and to deny him not the wonders of Thy grace and the hidden evidences of Thy mercy. Let the hands of Thine omnipotence kindle in his heart a lamp that will enable him to shine brightly in Thy days, and to cry out with such vehemence in Thy name that no timidity will deter him from soaring in the atmosphere of Thy love, and from ascending to the horizon of rapture and longing for Thee, and that the pursuits of Thy creatures will not withhold him from magnifying Thy word, that Thou mayest behold him sanctified as Thou wishest and as beseemeth Thy majesty and glory.	44.8 At ngayon, yamang isinaysay na ang mga bagay na Iyong ginawang dumaloy mula sa aking Panulat, isinasamo ko sa Iyo sa Iyong pangalan na Iyong itinaas nang higit na mataas kaysa sa bawat ibang pangalan, at ginawang lumilim sa lahat ng nasa langit at sa lahat ng nasa lupa, na huwag ipagkait sa kaniya ang mga kamanghaan ng Iyong biyaya at ang natatagong mga katibayan ng Iyong kahabagan. Tulutang ang mga kamay ng Iyong pagiging Ganap na Makapangyarihan ay pagningasin sa kaniyang puso ang isang ilawang magbibigay-daan upang sumikat siya nang maningning sa Iyong mga araw, at ang sumigaw nang may gayong kapusukan sa Iyong pangalan na walang pangangamba ang makapipigil sa kaniya upang pumailanlang sa himpapawid ng Iyong pag-ibig, at mula sa pag-akyat sa sugpungang-guhit ng pagkatangay mula sa sarili at ng pananabik sa Iyo, at nang hindi siya mapigilan ng mga kagagawan ng Iyong mga nilalang mula sa pagdadakila sa Iyong salita, nang upang Iyong makita siyang naging banal na tulad ng Iyong hinahangad at tulad ng nararapat sa Iyong kamahalan at kaluwalhatian.
Exalted though this station may be, O my God, and however excellent this position—for who else except Thyself hath the power to show forth what may be deemed worthy of Thine exaltation and befit Thy greatness—yet Thou art He Who is the All-Bountiful, the Most Compassionate. All the atoms of the earth testify that Thou art the Ever-Forgiving, the Benevolent, the Great Giver, the All-Glorious, the All-Wise. Look, then, upon him, O my God, with the eyes of Thy loving-kindness, and cast upon him the glance of Thy generosity. Enrapture him, moreover, with the sweet melodies of Him Who is the Fountainhead of Thy Revelation, in such wise	44.9 Napakataas man ng kalagayang ito, O aking Diyos, at gaanuman kahusay ng kalagayang ito—sapagkat sino liban sa Iyong sarili ay may kapangyarihang ipamalas yaong masasabing nararapat sa Iyong kataasan at naaangkop sa Iyong kadakilaan—gayumpaman Ikaw ang Siyang Ganap na Mapagbigay-biyaya, ang Pinakamadamayin. Ang lahat ng mga atomo ng daigdig ay sumasaksi na Ikaw ang Laging-Nagpapatawad, ang Mabuti, ang Dakilang Nagbibigay, ang Ganap na Maluwalhati, ang Ganap na Marunong. Tumingin sa kaniya, kung gayon, O aking Diyos, sa pamamagitan ng mga mata ng Iyong masuyong kabaitan, at

that he may wholly surrender his will to Thy pleasure, and fix his hopes upon the things Thou didst ordain in Thy Tablets. Strengthen, then, his heart by Thy name, the Almighty, the Faithful, that he may draw forth the hand of power, and with it help Thy Cause when the light of Thy beauty is manifested and the Daystar of Thy majesty is risen.	ibaling sa kaniya ang sulyap ng Iyong pagiging bukas-palad. Gawin siyang mabighani, gayumpaman, sa matatamis na himig Niya na Siyang Punong-bukal ng Iyong Rebelasyon, sa gayong paraan na magagawa niyang isuko nang ganap ang kaniyang kalooban sa Iyong kaluguran, at ilagay ang kaniyang mga pag-asa sa mga bagay na Iyong itinalaga sa Iyong mga Tableta. Palakasin, kung gayon, ang kaniyang puso sa Iyong pangalan, ang Ganap na Makapangyarihan, ang Matapat, nang upang magawa niyang ilabas ang kamay ng kapangyarihan at sa pamamagitan niyon ay tulungan ang Iyong Kapakanan kapag ang liwanag ng Iyong kagandahan ay naihayag na at ang Bituing-araw ng Iyong kamahalan ay sumikat na.
Since Thou hast called him by Thy name, O my Lord, single him out among Thy servants for Thy service. Thou well knowest, O my Lord, that in revealing myself I have sought only to reveal Thy Cause, and have turned to no one except for the sake of Thy Revelation and for the purpose of manifesting Thy loving-kindness. I beseech Thee, by Thy treasured Name Who, at this very moment, is speaking, to send down upon him and upon them that love Thee that which is enshrined in the heaven of Thy favor and bounties, that they may be filled with vehement longing towards Thee, and exult in Thy Covenant, O Thou Who art the Lord of Lords! Ordain, then, for him and for them that which becometh Thy name, the All-Bountiful.	44.10 Yamang Iyong tinawag siya sa Iyong pangalan, O aking Panginoon, piliin siya mula sa Iyong mga tagapaglingkod para sa paglilingkod sa Iyo. Iyong mahusay na nababatid, O aking Panginoon, na sa paghahayag ko ng aking sarili sinikap ko lamang ihayag ang Iyong Kapakanan, at walang pinagbalingan maliban lamang nang alang-alang sa Iyong Rebelasyon, at para sa layunin ng pagpapamalas sa Iyong masuyong kabutihan. Isinasamo ko sa Iyo, sa Iyong iniingatang Pangalan na Siya, sa mismong sandaling ito ay nagsasalita, na ipababa sa kaniya at sa kanilang mga nagmamahal sa Iyo yaong nadadambana sa kalangitan ng Iyong pagpapala at mga biyaya, nang upang sila ay mapuspos ng pananabik sa Iyo, at magdiwang sa Iyong Kasunduan, O Ikaw na Siyang Panginoon ng mga Panginoon! Italaga kung gayon, para sa kaniya at para sa kanila, yaong nararapat sa Iyong pangalan, ang Ganap na Mapagbigay-biyaya.
Thou art, in truth, the Almighty, the Most Exalted, the Most Powerful, the All-Glorious, the Most Great.	44.11 Ikaw, sa katotohanan, ang Ganap na Makapangyarihan, ang Pinakamataas, ang Pinakamalakas, ang Ganap na Maluwalhati, ang Pinakadakila.

– XLV –	XLV
My God, my Fire and my Light! The days which Thou hast named the Ayyám-i-Há (the Days of Há, Intercalary Days) in Thy Book have begun, O Thou Who art the King of names, and the Fast which Thy most exalted Pen hath enjoined unto all who are in the kingdom of Thy creation to observe is approaching. I entreat Thee, O my Lord, by these days and by all such as have during that period clung to the cord of Thy commandments, and laid hold on the handle of Thy precepts, to grant that unto every soul may be assigned a place within the precincts of Thy court, and a seat at the revelation of the splendors of the light of Thy countenance.	45.1 Aking Diyos, aking Apoy at aking Liwanag! Ang mga araw na Iyong pinangalanang Ayyam-i-Há (mga Araw ng Há, mga Paningit na Araw) sa Iyong Aklat ay nagsimula na, O Ikaw na Hari ng mga pangalan, at ang pag-aayunong iniatas ng Iyong pinakamaluwalhaning Panulat sa lahat ng nasa kaharian ng Iyong santinakpan na kanilang ipangilin ay parating na. Isinasamo ko sa Iyo, O aking Panginoon, sa mga araw na ito at sa lahat ng mga nagsikapit sa panahong iyon sa kordon ng Iyong mga kautusan at humawak sa ugit ng Iyong mga katuruan, na loobing ang bawat kaluluwa ay mabigyan ng isang lugar sa loob ng mga bakuran ng Iyong korte, at ng isang luklukan sa kapahayagan ng mga karilagan ng liwanag ng Iyong kaanyuan.
These, O my Lord, are Thy servants whom no corrupt inclination hath kept back from what Thou didst send down in Thy Book. They have bowed themselves before Thy Cause, and received Thy Book with such resolve as is born of Thee, and observed what Thou hadst prescribed unto them, and chosen to follow that which had been sent down by Thee.	45.2 Ang mga ito, O aking Panginoon, ang Iyong mga tagapaglingkod na hindi nailayo ng masasamang hilig doon sa Iyong ipinababa sa Iyong Aklat. Iniyuko nila ang kanilang mga sarili sa harap ng Iyong Kapakanan, at tinanggap nila ang Iyong Aklat nang may gayong pagtitika na nagbuhat sa Iyo, at isinagawa yaong Iyong iniatas sa kanila, at piniling sumunod roon sa Iyong ipinapanaog sa kanila.
Thou seest, O my Lord, how they have recognized and confessed whatsoever Thou hast revealed in Thy Scriptures. Give them to drink, O my Lord, from the hands of Thy graciousness the waters of Thine eternity. Write down, then, for them the recompense ordained for him that hath immersed himself in the ocean of Thy presence, and attained unto the choice wine of Thy meeting.	45.3 Iyong nakikita, O aking Panginoon, kung paano nila kinilala at isinaysay ang anumang ipinahayag Mo as Iyong mga Kasulatan. Tulutang makainom sila, O aking Panginoon, mula sa mga kamay ng Iyong pagbibigay-biyaya ng mga tubig ng Iyong kawalang-hanggan. Isulat, kung gayon, para sa kanila ang bigay-palang iniatas para sa kaniya na itinubog ang sarili sa karagatan ng Iyong kinaroroonan, at nakamtan ang piling alak ng Iyong pakikipagtagpo.
I implore Thee, O Thou the King of kings and the Pitier of the downtrodden, to ordain for them the good of this world and of the world to come. Write down for them,	45.4 Isinasamo ko sa Iyo, O Ikaw na Hari ng mga hari at ang Mahabagin sa mga api, na iatas para sa kanila ang mabuti ng daigdig na ito at ng daigdig na darating. Isulat din para sa

moreover, what none of Thy creatures hath discovered, and number them with those who have circled round Thee, and who move about Thy throne in every world of Thy worlds.	kanila yaong hindi natuklasan ng sinuman sa Iyong mga nilalang at ibilang sila sa yaong mga pumapalibot sa Iyo at nagsisikilos sa paligid ng Iyong trono sa bawat daigdig ng Iyong mga daigdig.
Thou, truly, art the Almighty, the All-Knowing, the All-Informed.	45.5 Ikaw, sa katunayan, ang Ganap na Makapangyarihan, ang Ganap na Marunong, ang Ganap na Nakababatid.
– XLVI –	XLVI
Praised be Thou, O my God, that Thou hast ordained Naw-Rúz as a festival unto those who have observed the Fast for love of Thee and abstained from all that is abhorrent unto Thee. Grant, O my Lord, that the fire of Thy love and the heat produced by the Fast enjoined by Thee may inflame them in Thy Cause, and make them to be occupied with Thy praise and with remembrance of Thee.	46.1 Purihin Ka nawa, O aking Diyos, na Iyong iniatas ang Naw-Rúz na maging isang pista para sa mga nagsagawa ng pag-aayuno nang dahil sa pag-ibig sa Iyo at umiwas sa lahat ng kasuklam-suklam sa Iyo. Loobin, O aking Panginoon, na ang apoy ng Iyong pag-ibig at ang init na nalikha ng pag-aayunong Iyong iniatas ay makapagparubdob sa kanila sa Iyong Kapakanan, at gawin silang abala sa pagpuri sa Iyo at sa paggunita sa Iyo.
Since Thou hast adorned them, O my Lord, with the ornament of the Fast prescribed by Thee, do Thou adorn them also with the ornament of Thine acceptance, through Thy grace and bountiful favor. For the doings of men are all dependent upon Thy good pleasure, and are conditioned by Thy behest. Shouldst Thou regard him who hath broken the Fast as one who hath observed it, such a man would be reckoned among them who from eternity had been keeping the Fast. And shouldst Thou decree that he who hath observed the Fast hath broken it, that person would be numbered with such as have caused the Robe of Thy Revelation to be stained with dust, and been far removed from the crystal waters of this living Fountain.	46.2 Yamang ginayakan Mo sila, O aking Panginoon, ng palamuti ng pag-aayunong iniatas Mo, gayakan Mo rin sila ng palamuti ng Iyong pagtanggap, sa pamamagitan ng Iyong biyaya at mapagpalang pagtatangkilik. Sapagkat ang lahat ng gawa ng tao ay nananangan sa Iyong mabuting kasiyahan, at nababatay sa Iyong pag-aatas. Kung Iyong itituring siyang hindi nagsagawa ng pag-aayuno bilang isang nakapagsagawa niyon, ang gayong tao ay ibibilang sa kanilang mga nagsasagawa ng pag-aayuno mula sa kawalang-hanggan. At kung Iyong ipapasiya na siyang nagsagawa ng pag-aayuno ay hindi nagsagawa niyon, ang taong iyon ay ibibilang sa yaong mga naging sanhi ng pagdungis ng alabok sa Damit ng Iyong Rebelasyon, at naging malayo sa napakalinaw na mga tubig nitong nabubuhay na Bukal.

Thou art He through Whom the ensign "Praiseworthy art Thou in Thy works" hath been lifted up, and the standard "Obeyed art Thou in Thy behest" hath been unfurled. Make known this Thy station, O my God, unto Thy servants, that they may be made aware that the excellence of all things is dependent upon Thy bidding and Thy word, and the virtue of every act is conditioned by Thy leave and the good pleasure of Thy will, and may recognize that the reins of men's doings are within the grasp of Thine acceptance and Thy commandment. Make this known unto them, that nothing whatsoever may shut them out from Thy Beauty, in these days whereon the Christ exclaimeth: "All dominion is Thine, O Thou the Begetter of the Spirit (Jesus)"; and Thy Friend (Muḥammad) crieth out: "Glory be to Thee, O Thou the Best-Beloved, for that Thou hast uncovered Thy Beauty, and written down for Thy chosen ones what will cause them to attain unto the seat of the revelation of Thy Most Great Name, through which all the peoples have lamented except such as have detached themselves from all else except Thee, and set themselves towards Him Who is the Revealer of Thyself and the Manifestation of Thine attributes."	46.3 Ikaw ay Siya na, sa pamamagitan Niya ay itinaas ang bandilang "Kapuri-puri Ka sa Iyong mga gawa," at iniladlad ang watawat ng "Sinusunod Ka sa Iyong pag-aatas." Ipabatid ang Iyong katayuang ito, O aking Diyos, sa Iyong mga tagapaglingkod, upang malaman nila na ang kahusayan ng lahat ng bagay ay nababatay sa Iyong pag-aatas at Iyong salita, at ang kabutihan ng bawat gawain ay batay sa Iyong pahintulot at sa mabuting kasiyahan ng Iyong kalooban, at upang maunawaan nila na ang mga renda ng gawa ng tao ay tangan ng Iyong pagtanggap at ng Iyong kautusan. Iyong ipabatid ito sa kanila, nang walang anuman ang makapaglingid sa kanila mula sa Iyong Kagandahan, sa mga araw na ito nang ipinahayag ni Kristo: "Ang lahat ng kaharian ay Iyo, O Ikaw na nagsilang ng Espiritu (Hesus);" at ibinulalas ng Iyong Kaibigan (Muḥammad): "Luwalhati sa Iyo, O Ikaw na Pinakaiibig sapagkat inilantad Mo ang Iyong Kagandahan, at isinulat para sa Iyong mga pinili yaong makapagpaparating sa kanila sa luklukan ng kapahayagan ng Iyong Pinakadakilang Pangalan, na sa pamamagitan niyon ang lahat ng tao ay nagsitaghoy liban sa mga nagsiwalay ng kanilang mga sarili sa lahat bukod sa Iyo, at nagsipag-ukol ng kanilang mga sarili tungo sa Kaniya na Siyang Tagapagbunyag ng Iyong Sarili at Kahayagan ng Iyong mag katangian."
He Who is Thy Branch and all Thy company, O my Lord, have broken this day their fast, after having observed it within the precincts of Thy court, and in their eagerness to please Thee. Do Thou ordain for Him, and for them, and for all such as have entered Thy presence in those days all the good Thou didst destine in Thy Book. Supply them, then, with that which will profit them, in both this life and in the life beyond.	46.4 Siya na Iyong Sanga at ang lahat ng Iyong mga kasamahan, O aking Panginoon, ay naghinto sa araw na ito ng kanilang pag-aayuno pagkaraang maisagawa iyon sa loob ng mga saklaw ng Iyong korte, at sa kanilang kasabikang mabigyan Ka ng kasiyahan. Iyong iatas para sa Kaniya, at para sa kanila, at para sa lahat ng nagsipasok sa Iyong kinaroroonan sa mga araw na iyon, ang lahat ng mababuting itinakda Mo sa Iyong Aklat. Ipagkaloob sa kanila, kung gayon, yaong pakikinabangan nila, kapuwa sa buhay na ito at sa kabilang buhay.

Thou, in truth, art the All-Knowing, the All-Wise.	46.5 Ikaw sa katotohanan ang Ganap na Nakababatid, ang Ganap na Marunong.
– XLVII –	XLVII
O Thou the Lord of the visible and the invisible, and the Enlightener of all creation! I beseech Thee, by Thy sovereignty which is hid from the eyes of men, to reveal in all directions the signs of Thy manifold blessings and the tokens of Thy loving-kindness, that I may arise with exultation and rapture and extol Thy wondrous virtues, O Thou the Most Merciful, and stir up by Thy name all created things, and so kindle the fire of Thy glorification amidst Thy creatures, that all the world may be filled with the brightness of the light of Thy glory, and all existence be inflamed with the fire of Thy Cause.	47.1 O Ikaw na Panginoon ng nakikita at ng di-nakikita, at ang Tagapagbigay-liwanag sa buong sangnilikha! Isinasamo ko sa Iyo, sa Iyong paghaharing nalilingid sa mga mata ng tao, na gawing hayag sa lahat ng dako ang mga palatandaan ng Iyong napakaraming pagpapala at ang mga tanda ng Iyong masuyong kabaitan, upang magawa kong bumangon sa pagdiriwang at matinding kagalakan at ipagbunyi ang Iyong kamangha-manghang mga kabutihan, O Ikaw na Pinakamahabagin, at pukawin sa pamamagitan ng Iyong pangalan ang lahat ng nilikhang bagay at parikitin nang gayon ang apoy ng pagluluwalhati sa Iyo sa Iyong mga nilalang, na ang buong daigdig ay mapuspos ng kaningningan ng liwanag ng Iyong luwalhati, at ang lahat ng umiiral ay magningas sa apoy ng Iyong Kapakanan.
Roll not up, O my Lord, what hath been spread out in Thy name, and extinguish not the lamp which Thine own fire hath lit. Withhold not, O my Lord, the water that is life indeed from running down—the water from whose murmuring the wondrous melodies which extol and glorify Thee can be heard. Deny not, moreover, Thy servants the sweet fragrance of the breath which hath been wafted through Thy love.	47.2 Huwag ilulon, O aking Panginoon, yaong iniladlad sa Iyong pangalan, at huwag subhan ang lamparang sinindihan ng Iyong sariling apoy. Huwag pigilan, O aking Panginoon, ang pag-agos ng tubig na siyang tunay na buhay—ang tubig na mula sa aliw-iw nito ang kamangha-manghang mga himig na dumadakila at lumuluwalhati sa Iyo ay maririnig. Huwag din ipagkait sa Iyong mga tagapaglingkod ang matamis na halimuyak ng hiningang sumimoy mula sa Iyong pag-ibig.
Thou seest, O Thou Who art my All-Glorious Beloved, the restless waves that surge within the ocean of my heart, in my love and yearning towards Thee. I implore Thee, by the signs of Thy majesty and the evidences of Thy sovereignty, to subdue Thy servants by this Name Which Thou hast made to be the King of all names in the kingdom of Thy creation. Potent art Thou to rule as Thou	47.3 Iyong nakikita, O Ikaw na Siyang aking Ganap na Maluwalhating Minamahal, ang di-matahimik na mga along dumadaluyong sa karagatan ng aking puso, sa aking pag-ibig at pananabik sa Iyo. Isinasamo ko sa Iyo, sa mga palatandaan ng Iyong kamahalan at sa mga katibayan ng Iyong paghahari, na pasukuin ang Iyong mga tagapaglingkod sa pamamagitan nitong

pleasest. No God is there but Thee, the All-Glorious, the All-Bountiful.	Pangalan na Iyong ginawang maging Hari ng lahat ng mga pangalan sa kaharian ng Iyong sangnilikha. Makapangyarihan Kang mamuno sang-ayon sa Iyong ninanais. Walang ibang Diyos liban sa Iyo, ang Ganap na Maluwalhati, ang Lubos na Mapagbigay-biyaya.
Do Thou ordain, moreover, for every one who hath turned towards Thee what will make him steadfast in Thy Cause, in such wise that neither the vain imaginations of the infidels among Thy creatures, nor the idle talk of the froward amidst Thy servants will have the power to shut him out from Thee. Thou, verily, art the Help in Peril, the Almighty, the Most Powerful.	47.4 Higit pa rito, ay Iyong italaga nawa para sa bawat isang bumaling sa Iyo yaong magpapatatag sa kaniya sa Iyong Kapakanan, sa gayong paraan na kapuwa ang walang-katuturang mga hinagap ng mga di-sumasampalataya, ni ang walang-kabuluhang mga usap-usap ng mga suwail sa Iyong mga tagapaglingkod ay di-magtataglay ng kapangyarihang pumigil sa kaniya mula sa Iyo. Ikaw sa katunayan ang Tulong sa Panganib, ang Ganap na Makapangyarihan, ang Pinakamalakas.
– XLVIII –	XLVIII
Unto Thee be praise, O Lord my God! I beseech Thee by Thy Most Great Name Who hath been shut up in the prison-town of ‘Akká, and Who—as Thou beholdest, O my God—hath fallen into the hands of His enemies, and is threatened by the swords of the wicked doers, to make me steadfast in His Cause, and to direct mine eyes continually towards His court, in such wise that nothing whatsoever will have the power to turn me back from Him.	48.1 Mapasa-Iyo nawa ang papuri, O Panginoon kong Diyos! Isinasamo ko sa Iyo sa Iyong Pinakadakilang Pangalan na ikinulong sa bayang-piitan ng ‘Akká, at na Siya—tulad ng Iyong namamasdan, O aking Diyos—ay nasadlak sa mga kamay ng Kaniyang mga kaaway, at pinagbabantaan ng mga espada ng mga gumagawa ng masama, na gawin akong matatag sa Kaniyang Kapakanan, at patuloy na idako ang aking mga mata tungo sa Kaniyang korte, sa gayong paraan na walang anumang bagay ang magtataglay ng lakas upang patalikurin ako sa Kaniya.
I testify, O my Lord, that He hath surrendered His life in Thy path, and hath wished for Himself nothing but tribulation in the love He beareth to Thee. He hath endured all manner of vexations that He may manifest Thy sovereignty unto Thy servants, and exalt Thy word amidst Thy creatures. As the	48.2 Sumasaksi ako, O aking Diyos, na isinuko Niya ang Kaniyang buhay sa Iyong landas, at hinangad para sa Kaniyang sarili ang walang iba liban sa pagsubok alang-alang sa pag-ibig na taglay Niya para sa Iyo. Tiniis Niya ang lahat ng uri ng pahirap upang maipahayag Niya ang Iyong paghahari sa

adversities deepened, and the troubles sent down by Thee compassed Him on every side, He became so impassioned by His thought of Thee, that the hosts of all them that had disbelieved in Thee and repudiated Thy signs ceased to affright Him.	Iyong mga tagapaglingkod at dakilain ang Iyong salita sa Iyong mga nilalang. Habang ang mga suliranin ay tumitindi, at ang mga sigalot na Iyong ipinababa ay pumalibot sa Kaniya sa lahat ng dako, Siya ay naging lubos na nabighani ng Kaniyang pag-iisip sa Iyo, na ang mga hukbo ng lahat sa kanilang mga hindi sumasampalataya sa Iyo at itinatatwa ang Iyong mga palatandaan ay hindi na nakasindak sa Kaniya.
I implore Thee, O my Lord, by Him and by whatsoever pertaineth unto Him, to set my affections upon Him even as He hath set His own affections upon Thyself. I testify that His love is Thy love, and His self Thy self, and His beauty Thy beauty, and His Cause Thy Cause.	48.3 Isinasamo ko sa Iyo, O aking Panginoon, sa Kaniya at sa anumang nauukol sa Kaniya, na ikabit ang aking pagmamahal sa Kaniya, tulad rin ng pagkabit Niya ng Kaniyang pagmamahal sa Iyong Sarili. Sumasaksi ako na ang Kaniyang pag-ibig ay Iyong pag-ibig, at ang Kaniyang sarili ay Iyong sarili, at ang Kaniyang kagandahan ay Iyong kagandanan, at ang Kaniyang Kapakanan ay Iyong Kapakanan.
Deny me not, O my Lord, what is with Thee, and suffer me not to be forgetful of what Thou didst desire in Thy days. Thou art, verily, the Almighty, the Most Exalted, the All-Glorious, the All-Wise.	48.4 Huwag ipagkait sa akin, O aking Panginoon, yaong nasa Iyo, at huwag akong tulutang makalimot sa Iyong ninanais sa Iyong mga araw. Ikaw, sa katunayan, ay ang Ganap na Makapangyarihan, ang Pinakadakila, ang Ganap na Maluwalhati, ang Ganap na Marunong.
– XLIX –	XLIX
Lauded be Thy name, O Lord my God! I entreat Thee by Thy Name through which the Hour hath struck, and the Resurrection came to pass, and fear and trembling seized all that are in heaven and all that are on earth, to rain down, out of the heaven of Thy mercy and the clouds of Thy tender compassion, what will gladden the hearts of Thy servants, who have turned towards Thee and helped Thy Cause.	49.1 Purihin nawa ang Iyong pangalan, O Panginoon kong Diyos! Sumasamo ako sa Iyo sa Iyong Pangalang namagitan sa pagsapit ng Oras, at ang Muling Pagkabuhay ay natupad, at ang pagkatakot at pangangatal ay sumakmal sa lahat ng nasa langit at lahat ng nasa lupa, na paulanin buhat sa langit ng Iyong habag at sa mga ulap ng Iyong masuyong pagdamay, yaong makapagbibigay ng galak sa mga puso ng Iyong mga tagapaglingkod na nagsibaling sa Iyo at nagsitulong sa Iyong Kapakanan.
Keep safe Thy servants and Thy handmaidens, O my Lord, from the darts of	49.2 Ingatang ligtas ang Iyong mga tagapaglingkod at ang Iyong mga kawaksing

idle fancy and vain imaginings, and give them from the hands of Thy grace a draught of the soft-flowing waters of Thy knowledge.	babae, O aking Panginoon, mula sa mga palaso ng walang-katuturang mga hinagap at walang-kabuluhang mga kathang-isip, at bigyan sila buhat sa mga kamay ng Iyong biyaya ng isang salok ng mabining dumadaloy na mga tubig ng Iyong kaalaman.
Thou, truly, art the Almighty, the Most Exalted, the Ever-Forgiving, the Most Generous.	49.3 Tunay na Ikaw ang Ganap na Makapangyarihan, ang Pinakadakila, ang Laging-Nagpapatawad, ang Pinakabukas-palad.
– L –	L
Glory be to Thee, O my God! Thou hearest Thine ardent lovers lamenting in their separation from Thee, and such as have recognized Thee wailing because of their remoteness from Thy presence. Open Thou outwardly to their faces, O my Lord, the gates of Thy grace, that they may enter them by Thy leave and in conformity with Thy will, and may stand before the throne of Thy majesty, and catch the accents of Thy voice, and be illumined with the splendors of the light of Thy face.	50.1 Luwalhatiin Ka nawa, O aking Diyos! Iyong naririnig ang pagdadalamhati ng Iyong masugid na mga mangingibig sa pagkawalay nila sa Iyo, at ang paghihinagpis ng gayong mga nakakilala sa Iyo dahil sa kalayuan nila mula sa Iyong kinaroroonan. Buksan nang lantaran sa kanilang mga mukha, O aking Panginoon, ang mga pinto ng Iyong biyaya, upang magawa nilang makapasok doon sang-ayon sa Iyong pahintulot at alinsunod sa Iyong kalooban, at magawa nilang tumayo sa harap ng trono ng Iyong kamahalan at marinig ang mga indayog ng Iyong tinig, at matanglawan ng mga karingalan ng liwanag ng Iyong mukha.
Potent art Thou to do what pleaseth Thee. None can withstand the power of Thy sovereign might. From everlasting Thou wert alone, with none to equal Thee, and wilt unto everlasting remain far above all thought and every description of Thee. Have mercy, then, upon Thy servants by Thy grace and bounty, and suffer them not to be kept back from the shores of the ocean of Thy nearness. If Thou abandonest them, who is there to befriend them; and if Thou puttest them far from Thee, who is he that can favor them? They have none other Lord beside Thee, none to adore except Thyself. Deal Thou generously with them by Thy bountiful grace.	50.2 Makapangyarihan Ka upang gawin ang Iyong ninanais. Walang makatatagal laban sa kapangyarihan ng Iyong naghaharing lakas. Mula sa kawalang-hanggan Ikaw ay nag-iisa, na walang kapantay sa Iyo, at mananatili magpakailanman nang labis na mataas sa lahat ng paggunita at bawat paglalarawan sa Iyo. Mahabag, kung gayon, sa Iyong mga tagapaglingkod sa pamamagitan ng Iyong pagpapala at biyaya, at huwag silang tulutang manatiling malayo sa mga dalampasigan ng karagatan ng pagiging malapit sa Iyo. Kung Iyong itatakwil sila, sino na ang makikipagkaibigan sa kanila; at kung ilalayo Mo sila sa Iyong sarili, sino ang makapagbibigay ng pagpapala sa kanila? Wala silang ibang Panginoon liban sa Iyo, walang

	maaaring sambahin liban sa Iyo. Pakitunguhan Mo sila nang bukas-palad mula sa Iyong masaganang pagpapala.
Thou, in truth, art the Ever-Forgiving, the Most Compassionate.	50.3 Ikaw, sa katotohanan, ang Laging-Nagpapatawad, ang Pinakamadamayin.
– LI –	LI
Thou dost witness, O my God, how He Who is Thy splendor calleth Thee to remembrance, notwithstanding the manifold troubles that have touched Him, troubles which none except Thee can number. Thou beholdest how, in His prison-house, He recounteth Thy wondrous praises with which Thou didst inspire Him. Such is His fervor that His enemies are powerless to deter Him from mentioning Thee, O Thou Who art the Possessor of all names!	51.1 Iyong nasasaksihan, O aking Diyos, kung paano Ka ginugunita Niya na Siyang karingalan Mo, sa kabila ng napakaraming salaghating dumapo sa Kaniya, mga salaghating walang iba kundi Ikaw lamang ang makabibilang. Iyong nakikita kung paano, sa Kaniyang piitang-tahanan, ay isinasaysay Niya ang kamangha-manghang mga papuri sa Iyo na nagpasigla sa Kaniya. Ganoon na lamang ang Kaniyang pag-aalab na ang Kaniyang mga kaaway ay walang magawa upang pigilan Siya sa pagbanggit sa Iyo, O Ikaw na Siyang Nagtataglay ng lahat ng mga pangalan!
Praised be Thou that Thou hast so strengthened Him with Thy strength, and endowed Him by Thine almighty power with such potency, that aught save Thee is in His estimation but a handful of dust. The lights of unfading splendor have so enveloped Him that all else but Thee is in His eyes but a shadow.	51.2 Purihin Ka nawa na ganoon na lamang ang Iyong pagpapalakas sa Kaniya mula sa Iyong lakas, at ipinagkaloob sa Kaniya ang Iyong lubos na kapangyarihan nang may gayong bisa, na ang lahat liban sa Iyo ay pawang sandakot ng gabok lamang sa Kaniyang pagtantiya. Ang mga liwanag ng karingalang walang-kupas ay bumalot nang husto sa Kaniya na ang lahat ng iba liban sa Iyo ay pawang anino lamang sa Kaniyang mga mata.
And when Thine irresistible summons reached me, I arose, fortified by Thy strength, and called all that are in Thy heaven and all that are on Thy earth to turn in the direction of Thy favors and the horizon of Thy bounties. Some caviled at me, and determined to hurt me and slay me. Others drank to the full of the wine of Thy grace, and hastened towards the habitation of Thy throne.	51.3 At nang sumapit sa akin ang Iyong panawagang di-matatanggihan, ako ay bumangon, sa kapangyarihan ng Iyong lakas, at tinawagan ang lahat ng nasa Iyong kalangitan at ang lahat ng nasa Iyong kalupaan upang bumaling tungo sa dako ng Iyong mga kaloob at sa sugpungang-guhit ng Iyong mga biyaya. Ang ilan ay tumutol sa akin, at ipinasiyang saktan ako at patayin ako. Ang mga iba ay ininom lahat ang alak ng Iyong

	pagpapala, at nagmadali patungo sa luklukan ng Iyong trono.
I beseech Thee, O Thou Who art the Creator of earth and heaven and the Source of all things, to attract Thy servants through the fragrances of the Robe of Thine Inspiration and Thy Revelation, and to help them attain the Tabernacle of Thy behest and power. From eternity Thou wert by Thy transcendent might supreme over all things, and Thou wilt be exalted unto eternity in Thy Godhead and surpassing sovereignty.	51.4 Isinasamo ko sa Iyo, O Ikaw na Manlilikha ng lupa at langit at Pinagmumulan ng lahat ng bagay, na akitin ang Iyong mga tagapaglingkod sa pamamagitan ng mga halimuyak ng Damit ng Iyong Inspirasyon at ng Iyong Rebelasyon, at tulungan silang makarating sa Tabernakulo ng Iyong kautusan at kapangyarihan. Mula sa kawalang-hanggan Ikaw sa pamamagitan ng Iyong nangingibabaw na kapangyarihan ay naging higit na mataas sa lahat ng bagay, at Ikaw ay dadakilain sa buong kawalang-hanggan sa Iyong pagka-Diyos at nakahihigit na paghahari.
Let Thy mercy, then, be upon Thy servants and Thy creatures. Thou art, in truth, the Almighty, the Inaccessible, the All-Glorious, the Unconditioned.	51.5 Tulutang ang Iyong habag, kung gayon, ay mapasa-Iyong mga tagapaglingkod at mga nilalang. Ikaw, sa katotohanan, ang Lubos na Makapangyarihan, ang Di-naaabot, ang Ganap na Maluwalhati, ang Di-natatakdaan.
– LII –	LII
Lauded be Thy name, O my God! I entreat Thee by the fragrances of the Raiment of Thy grace which at Thy bidding and in conformity with Thy desire were diffused throughout the entire creation, and by the Daystar of Thy will that hath shone brightly, through the power of Thy might and of Thy sovereignty, above the horizon of Thy mercy, to blot out from my heart all idle fancies and vain imaginings, that with all my affections I may turn unto Thee, O Thou Lord of all mankind!	52.1 Purihin nawa ang Iyong pangalan, O aking Diyos! Isinasamo ko sa Iyo sa mga halimuyak ng Kasuotan ng Iyong biyaya na lumaganap sa buong santinakpan sang-ayon sa Iyong pag-aatas at alinsunod sa Iyong hangarin, at ang Bituing-araw ng Iyong kalooban na sumikat nang maliwanag, sa pamamagitan ng lakas ng Iyong kapangyarihan at ng Iyong paghahari, sa itaas ng sugpungang-guhit ng Iyong kahabagan, na burahin mula sa aking puso ang lahat ng walang-katuturang isipan at walang-saysay na guniguni upang buong pag-ibig akong makabaling sa Iyo, O Ikaw na Panginoon ng lahat ng tao.
I am Thy servant and the son of Thy servant, O my God! I have laid hold on the handle of Thy grace, and clung to the cord of	52.2 Ako ang Iyong tagapaglingkod at anak ng Iyong tagapaglingkod, O aking Diyos! Humawak ako sa ugit ng Iyong biyaya, at

Thy tender mercy. Ordain for me the good things that are with Thee, and nourish me from the Table Thou didst send down out of the clouds of Thy bounty and the heaven of Thy favor.	nangapit sa kordon ng Iyong masuyong kahabagan. Iatas Mo para sa akin ang mabubuting bagay na nasa Iyo, at pakainin Mo ako sa hapag na Iyong pinapanaog buhat sa mga alapaap ng Iyong pagpapala at sa langit ng Iyong pagtatangkilik.
Thou, in very truth, art the Lord of the worlds, and the God of all that are in heaven and all that are on earth.	52.3 Ikaw, sa mismong katotohanan, ang Panginoon ng mga daigdig, at ang Diyos ng lahat ng nasa langit at lahat ng nasa lupa.
– LIII –	LIII
I know not, O my God, what the Fire is which Thou didst kindle in Thy land. Earth can never cloud its splendor, nor water quench its flame. All the peoples of the world are powerless to resist its force. Great is the blessedness of him that hath drawn nigh unto it, and heard its roaring.	53.1 Hindi ko batid, O aking Diyos, kung ano ang Apoy na pinagningas Mo sa Iyong lupain. Hindi kailanman mapadidilim ng daigdig ang ningning niyon ni masusubhan ng tubig ang apoy niyon. Ang lahat ng tao sa daigdig ay walang-kakayahang paglabanan ang lakas niyon. Napakalaki ng pagpapala niyang nakalapit doon at narinig ang pagliliyab niyon.
Some, O my God, Thou didst, through Thy strengthening grace, enable to approach it, while others Thou didst keep back by reason of what their hands have wrought in Thy days. Whoso hath hasted towards it and attained unto it hath, in his eagerness to gaze on Thy beauty, yielded his life in Thy path, and ascended unto Thee, wholly detached from aught else except Thyself.	53.2 Ang ilan, O aking Diyos, ay niloob Mong makalapit doon sa pamamagitan ng Iyong biyayang nagbibigay-lakas, samantalang ang iba ay Iyong pinigilan dahil sa mga bagay na ginawa ng kanilang mga kamay sa Iyong mga araw. Ang sinumang nagmadaling tumungo roon at nakarating doon, sa kaniyang pananabik na masilayan ang Iyong kagandahan, ay naghain ng kaniyang buhay sa Iyong landas, at nakaakyat patungo sa Iyo, nang ganap na nakawalay sa anumang iba pa liban sa Iyong sarili.
I beseech Thee, O my Lord, by this Fire which blazeth and rageth in the world of creation, to rend asunder the veils that have hindered me from appearing before the throne of Thy majesty, and from standing at the door of Thy gate. Do Thou ordain for me, O my Lord, every good thing Thou didst send down	53.3 Isinasamo ko sa Iyo, O aking Panginoon, sa Apoy na itong nagniningas at naglalagablab sa daigdig ng mga kinapal, na punitin ang mga lambong na nakahadlang sa akin mula sa pagharap sa trono ng Iyong kamahalan, at sa pagtindig sa bungad ng Iyong pintuan. Iatas Mo para sa akin, O aking

in Thy Book, and suffer me not to be far removed from the shelter of Thy mercy.	Panginoon, ang bawat mabuting bagay na ipinapanaog Mo sa Iyong Aklat, at tulutang hindi ako malayo sa lilim ng Iyong kahabagan.
Powerful art Thou to do what pleaseth Thee. Thou art, verily, the All-Powerful, the Most Generous.	53.4 Makapangyarihan Ka upang gawin ang Iyong naisin. Ikaw, sa katunayan, ang Ganap na Makapangyarihan, ang Pinakamagandang-loob.
– LIV –	LIV
Lauded be Thy name, O my God! Aid Thou by Thy strengthening grace Thy servants and Thy handmaidens to recount Thy virtues and to be steadfast in their love towards Thee. How many the leaves which the tempests of trials have caused to fall, and how many, too, are those which, clinging tenaciously to the tree of Thy Cause, have remained unshaken by the tests that have assailed them, O Thou Who art our Lord, the Most Merciful!	54.1 Purihin nawa ang Iyong Pangalan, O aking Diyos! Sa pamamagitan ng Iyong biyayang nagbibigay-lakas, Iyong tulungan ang Iyong mga tagapaglingkod at ang Iyong mga kawaksing babae upang maisaysay nila ang Iyong mga kabutihan at upang maging matatag sila sa kanilang pag-ibig sa Iyo. Napakaraming dahon ang nilagas ng mga bagyo ng mga pagsubok, at napakarami rin ang yaong mga, sa mahigpit na pangangapit sa puno ng Iyong Kapakanan, ay nanatiling di-natitinag ng mga pagsubok na sumalakay sa kanila, O Ikaw na aming Panginoon, ang Pinakamahabagin!
I render Thee thanks that Thou hast made known unto me such servants as have utterly abolished, by the power of Thy might and of Thy sovereignty, the idols of their corrupt desires, and were not kept back by the things which are possessed by Thy creatures from turning in the direction of Thy grace. These have so vehemently rent the veils asunder that the dwellers of the cities of self have wept, and fear and trembling seized the people of envy and wickedness who, adorning their heads and their bodies with the emblems of knowledge, have proudly rejected Thee and turned away from Thy beauty.	54.2 Ako ay nagpapasalamat sa Iyo na Iyong ipinakilala sa akin ang gayong mga tagapaglingkod na ganap na iniwaksi, sa kapangyarihan ng Iyong lakas at ng Iyong paghahari, ang mga idolo ng kanilang balakyot na mga hangarin, at hindi napigilan ng mga bagay na taglay ng Iyong mga kinapal mula sa pagbaling patungo sa Iyong biyaya. Napakalakas ng pagpunit nila sa mga lambong na ang mga nananahan sa mga lungsod ng sarili ay nagsitangis, at ang takot at pangangatal ay sinakmal ang mga tao ng kainggitan at kasamaan na, sa pagganyak sa kanilang mga ulo at mga katawan sa mga sagisag ng kaalaman, ay palalong itinatwa Ka at tumalikod sa Iyong kagandahan.
I implore Thee, O my Lord, by Thy surpassing majesty and Thine Ancient Name, to enable Thy loved ones to assist Thee.	54.3 Isinasamo ko sa Iyo, O aking Panginoon, sa Iyong nangingibabaw na kamahalan at sa Iyong Napakatandang

Direct, then, continually their faces towards Thy face, and write down for them what will cause all hearts to exult and all eyes to be gladdened.	Pangalan, na tulutang makatulong sa Iyo ang Iyong mga minamahal. Patuloy na ibaling, kung gayon, ang kanilang mga mukha tungo sa Iyong mukha, at isulat para sa kanila yaong magiging sanhi ng pagdiriwang ng lahat ng mga puso at ng kagalakan ng lahat ng mga mata.
Thou, truly, art the Help in peril, the Self-Subsisting.	54.4 Ikaw, sa katotohanan, ang Tulong sa Panganib, ang Sariling-Ganap.
– LV –	LV
O God! The trials Thou sendest are a salve to the sores of all them who are devoted to Thy will; the remembrance of Thee is a healing medicine to the hearts of such as have drawn nigh unto Thy court; nearness to Thee is the true life of them who are Thy lovers; Thy presence is the ardent desire of such as yearn to behold Thy face; remoteness from Thee is a torment to those that have acknowledged Thy oneness, and separation from Thee is death unto them that have recognized Thy truth!	55.1 O Diyos! Ang mga pagsubok na Iyong ipinadadala ay isang lunas para sa mga sugat ng lahat sa kanila na mga deboto sa Iyong kalooban; ang paggunita sa Iyo ay isang nakapagpapagaling na gamot para sa mga puso ng gayong mga nagsilapit sa Iyong korte; ang pagkalapit sa Iyo ay ang tunay na buhay para sa kanila na mga mangingibig sa Iyo; ang Iyong kinaroroonan ay ang maalab na hangarin ng yaong mga nananabik masilayan ang Iyong mukha; ang pagkalayo sa Iyo ay isang pahirap para sa yaong mga tumanggap sa Iyong kaisahan, at ang pagkawalay sa Iyo ay kamatayan para sa kanila na mga kumilala sa Iyong katotohanan!
I beseech Thee by the sighs which they whose souls pant after Thee have uttered in their remoteness from Thy court, and by the cries of such of Thy lovers as bemoan their separation from Thee, to nourish me with the wine of Thy knowledge and the living waters of Thy love and pleasure. Behold Thy handmaiden, O my Lord, who hath forgotten all else except Thee, and who hath delighted herself with Thy love, and lamented over the things that have befallen Thee at the hands of the wicked doers among Thy creatures. Do Thou ordain for her that which Thou didst ordain for such of Thy handmaidens as circle round the throne of Thy majesty, and gaze, at eventide and at dawn, on Thy beauty.	55.2 Isinasamo ko sa Iyo sa mga buntong-hininga nilang ang mga kaluluwa ay nananabik sa Iyo dahil sa kalayuan nila mula sa Iyong korte, at sa mga iyak ng gayon sa Iyong mga mangingibig na nagdadalamhati sa kanilang pagkawalay sa Iyo, na tustusan ako sa pamamagitan ng alak ng Iyong kaalaman at ng nabubuhay na mga tubig ng Iyong pag-ibig at kaluguran. Masdan ang Iyong kawaksing babae, O aking Panginoon, na nilimot ang lahat liban sa Iyo at pinaligaya ang kaniyang sarili sa Iyong pag-ibig, at nalumbay sa mga bagay na sumapit sa Iyo sa mga kamay ng mga gumagawa ng kasamaan mula sa Iyong mga nilikha. Iyong italaga para sa kaniya yaong Iyong itinalaga para sa gayon sa Iyong mga kawaksing-babae na lumilibot sa trono ng

	Iyong kamahalan, at tumitingin, sa takipsilim at sa bukang-liwayway, sa Iyong kagandahan.
Thou art, verily, the Lord of the Judgment Day.	55.3 Ikaw, sa katunayan, ang Panginoon ng Araw ng Paghuhukom.
– LVI –	LVI
Glory be to Thee, O Lord my God! These are the days whereon Thou hast bidden all men to observe the Fast, that through it they may purify their souls and rid themselves of all attachment to any one but Thee, and that out of their hearts may ascend that which will be worthy of the court of Thy majesty and may well beseem the seat of the revelation of Thy oneness. Grant, O my Lord, that this fast may become a river of life-giving waters and may yield the virtue wherewith Thou hast endowed it. Cleanse Thou by its means the hearts of Thy servants whom the evils of the world have failed to hinder from turning towards Thine all-glorious Name, and who have remained unmoved by the noise and tumult of such as have repudiated Thy most resplendent signs which have accompanied the advent of Thy Manifestation Whom Thou hast invested with Thy sovereignty, Thy power, Thy majesty and glory. These are the servants who, as soon as Thy call reached them, hastened in the direction of Thy mercy and were not kept back from Thee by the changes and chances of this world or by any human limitations.	56.1 Luwalhati sa Iyo, O Panginoon kong Diyos! Ito ang mga araw na Iyong inatasan ang lahat ng mga taong mag-ayuno, upang sa pamamagitan niyon ay malinis nila ang kanilang kaluluwa at maalis ang lahat nilang pagkakaugnay sa sinuman liban sa Iyo, at upang buhat sa kanilang puso ay makaakyat yaong magiging marapat sa korte ng Iyong kamahalan at mamarapatin ng luklukan ng kapahayagan ng Iyong pagkakaisa. Loobin, O aking Panginoon, na ang pag-aayunong ito ay maging isang ilog ng nagbibigay-buhay na tubig at maibigay nito ang kabutihang Iyong ipinagkaloob doon. Linisin Mo as pamamagitan niyon ang mga puso ng Iyong mga tagapaglingkod na hindi nahadlangan ng mga kasamaan ng daigdig mula sa pagbaling tungo sa Iyong pangalang maluwalhati sa lahat, at nanatiling di-natitinag ng ingay at gulo ng gayong mga itinatwa ang Iyong pinakamaningning na mga palatandaan na kaalinsabay ng pagdating ng Iyong Kahayagan na Iyong pinaglagakan ng Iyong kapangyarihan, ng Iyong lakas, ng Iyong kamahalan at kaluwalhatian. Ito ay ang mga tagapaglingkod na pagkarinig sa Iyong tawag ay nagmadaling patungo sa Iyong awa at hindi napigilan mula sa Iyo ng mga pagbabago at mga pagkakataon sa daigdig na ito o ng anumang mga kakulangan ng tao.
I am he, O my God, who testifieth to Thy unity, who acknowledgeth Thy oneness, who boweth humbly before the revelations of Thy majesty, and who recognizeth with downcast countenance the splendors of the light of Thy transcendent glory. I have believed in Thee after Thou didst enable me to know Thy Self,	56.2 Ako siya, O aking Diyos, na nagpapatunay sa Iyong pagkakaisa, na tumanggap sa Iyong kaisahan, na mapagkumbabang yumuyukod sa harap ng mga kapahayagan ng Iyong kamahalan, at kumikilala nang nakayukod ang mukha sa mga karilagan ng liwanag ng Iyong

Whom Thou hast revealed to men's eyes through the power of Thy sovereignty and might. Unto Him I have turned, wholly detached from all things, and cleaving steadfastly unto the cord of Thy gifts and favors. I have embraced His truth, and the truth of all the wondrous laws and precepts that have been sent down unto Him. I have fasted for love of Thee and in pursuance of Thine injunction, and have broken my fast with Thy praise on my tongue and in conformity with Thy pleasure. Suffer me not, O my Lord, to be reckoned among them who have fasted in the daytime, who in the night-season have prostrated themselves before Thy face, and who have repudiated Thy truth, disbelieved in Thy signs, gainsaid Thy testimony, and perverted Thine utterances.	nangingibabaw na kaluwalhatian. Naniwala ako sa Iyo pagkaraang loobin Mo na makilala ko ang Iyong Sarili, na inihayag Mo sa mga mata ng tao sa pamamagitan ng lakas ng Iyong paghahari at kapangyarihan. Sa Kaniya ako bumaling nang ganap na nakawalay sa lahat ng bagay, at nakahawak nang mahigpit sa kordon ng Iyong mga kaloob at mga pagpapala. Tinanggap ko ang Kaniyang katotohanan, at ang katotohanan ng lahat ng kahanga-hangang batas at turo na ipinapanaog sa Kaniya. Nag-ayuno ako dahil sa pag-ibig sa Iyo at sa pagsunod sa Iyong kautusan at inihinto ang aking pag-aayuno nang sa aking dila ay may papuri sa Iyo at alinsunod sa Iyong kasiyahan. Huwag itulot, O aking Panginoon, na ako'y mapabilang sa kanila na nagsipag-ayuno sa araw, na sa gabi ay nagsipatirapa sa harap ng Iyong mukha, at itinatwa ang Iyong katotohanan, hindi naniwala sa Iyong mga tanda, tumutol sa Iyong patunay, at binigyan ng maling pakahulugan ang Iyong mga pananalita.
Open Thou, O my Lord, mine eyes and the eyes of all them that have sought Thee, that we may recognize Thee with Thine own eyes. This is Thy bidding given us in the Book sent down by Thee unto Him Whom Thou hast chosen by Thy behest, Whom Thou hast singled out for Thy favor above all Thy creatures, Whom Thou hast been pleased to invest with Thy sovereignty, and Whom Thou hast specially favored and entrusted with Thy Message unto Thy people. Praised be Thou, therefore, O my God, inasmuch as Thou hast graciously enabled us to recognize Him and to acknowledge whatsoever hath been sent down unto Him, and conferred upon us the honor of attaining the presence of the One Whom Thou didst promise in Thy Book and in Thy Tablets.	56.3 Iyong buksan, O aking Panginoon, ang aking mga mata at ang mga mata ng lahat ng naghahanap sa Iyo, upang Ikaw ay makilala namin sa pamamagitan ng sarili Mong mga mata. Ito ang Iyong utos na ibinigay sa amin sa Aklat na ipinapanaog Mo sa Kaniya na Iyong pinili sa pamamagitan ng Iyong pag-aatas, na Iyong binukod para sa Iyong pagtatangi nang higit sa Iyong mga nilalang, na ikinasiya Mong paglagakan ng Iyong paghahari, at lubos na itinangi Mo at pinagkatiwalaan ng Iyong kalatas para sa Iyong mga tao. Purihin Ka, samakatwid, O aking Diyos, yamang buong kagandahang-loob na itinulot Mong makilala Ka namin at matanggap ang anumang inihulog sa Kaniya at ipinagkaloob sa amin ang karangalang makarating sa kinaroroonan Niya na Siyang ipinangako Mo sa Iyong Aklat at sa Iyong mga Tableta.
Thou seest me then, O my God, with my face turned towards Thee, cleaving steadfastly	56.4 Nakikita Mo ako, kung gayon, O aking Diyos, na nakabaling sa Iyo ang aking mukha,

to the cord of Thy gracious providence and generosity, and clinging to the hem of Thy tender mercies and bountiful favors. Destroy not, I implore Thee, my hopes of attaining unto that which Thou didst ordain for Thy servants who have turned towards the precincts of Thy court and the sanctuary of Thy presence, and have observed the Fast for love of Thee. I confess, O my God, that whatever proceedeth from me is wholly unworthy of Thy sovereignty and falleth short of Thy majesty. And yet I beseech Thee by Thy Name through which Thou hast revealed Thy Self, in the glory of Thy most excellent titles, unto all created things, in this Revelation whereby Thou hast, through Thy most resplendent Name, manifested Thy beauty, to give me to drink of the wine of Thy mercy and of the pure beverage of Thy favor, which have streamed forth from the right hand of Thy will, that I may so fix my gaze upon Thee and be so detached from all else but Thee, that the world and all that hath been created therein may appear before me as a fleeting day which Thou hast not deigned to create.	nakahawak nang mahigpit sa kordon ng Iyong mabiyayang pagpapala at kagandahang-loob, at nakapangapit sa laylayan ng Iyong masuyong kahabagan at mapagpalang mga biyaya. Huwag wasakin, isinasamo ko sa Iyo, ang aking mga pag-asang matamo yaong iniatas Mo para sa Iyong mga tagapaglingkod na nagsibaling sa mga sinasaklaw ng Iyong korte at sa santuwaryo ng Iyong kinaroroonan, at isinagawa ang pag-aayuno dahil sa pagmamahal sa Iyo. Inaamin ko, O aking Diyos, na anumang magbuhat sa akin ay ganap na di-nararapat sa Iyong paghahari at nagkukulang sa Iyong kamahalan. At gayumpaman ay isinasamo ko sa Iyo sa Iyong Pangalang namagitan sa Iyong pagpapahayag ng Iyong Sarili sa lahat ng nilalang na bagay, sa kaluwalhatian ng Iyong pinakamahusay na mga taguri, sa Rebelasyong ito, na sa pamamagitan ng Iyong pinakamaningning na Pangalan, ay ipinamalas Mo ang Iyong kagandahan, na tulutang makainom ako ng alak ng Iyong habag at ng dalisay na inumin ng Iyong pagtatangkilik, na umagos buhat sa kanang kamay ng Iyong kalooban, upang maipako ko ang aking paningin sa Iyo at lubos na maiwalay ang aking sarili sa lahat liban sa Iyo, na ang daigdig at ang lahat ng naroroon ay mamalas ko bilang isang napaparam na araw na hindi Mo itinuring na karapat-dapat likhain.
I moreover entreat Thee, O my God, to rain down, from the heaven of Thy will and the clouds of Thy mercy, that which will cleanse us from the noisome savors of our transgressions, O Thou Who hast called Thyself the God of Mercy! Thou art, verily, the Most Powerful, the All-Glorious, the Beneficent.	56.5 Higit pa rito, isinasamo ko sa Iyo, O aking Diyos, na paulanin buhat sa langit ng Iyong kalooban at sa mga dagim ng Iyong kahabagan, yaong makapaglilinis sa amin sa napakasamang lasa ng aming mga pagkakasala, O Ikaw na Siyang tinagurian ang Iyong sarili bilang Diyos ng kahabagan! Tunay na Ikaw ang Pinakamakapangyarihan, ang Ganap na Maluwalhati, ang Mapagpala.
Cast not away, O my Lord, him that hath turned towards Thee, nor suffer him who hath drawn nigh unto Thee to be removed far from Thy court. Dash not the hopes of the suppliant who hath longingly stretched out his hands to	56.6 Huwag itaboy, O aking Panginoon, siya na bumaling sa Iyo, ni huwag itulot na siyang lumapit sa Iyo ay mailayo sa Iyong korte. Huwag lansagin ang mga pag-asa ng naninikluhod na buong paghahangad na

seek Thy grace and favors, and deprive not Thy sincere servants of the wonders of Thy tender mercies and loving-kindness. Forgiving and Most Bountiful art Thou, O my Lord! Power hast Thou to do what Thou pleasest. All else but Thee are impotent before the revelations of Thy might, are as lost in the face of the evidences of Thy wealth, are as nothing when compared with the manifestations of Thy transcendent sovereignty, and are destitute of all strength when face to face with the signs and tokens of Thy power. What refuge is there beside Thee, O my Lord, to which I can flee, and where is there a haven to which I can hasten? Nay, the power of Thy might beareth me witness! No protector is there but Thee, no place to flee to except Thee, no refuge to seek save Thee. Cause me to taste, O my Lord, the divine sweetness of Thy remembrance and praise. I swear by Thy might! Whosoever tasteth of its sweetness will rid himself of all attachment to the world and all that is therein, and will set his face towards Thee, cleansed from the remembrance of any one except Thee.	nagbuka ng kaniyang mga kamay sa paghanap sa Iyong biyaya at pagtatangkilik, at huwag ipagkait sa Iyong matatapat na tagapaglingkod ang mga kahanga-hangang bagay ng Iyong masuyong kahabagan at mapagmahal na kaawaan. Ikaw ang Mapagpatawad at Pinakamapagpala, O aking Panginoon! May lakas Kang gumawa ng Iyong ikasisiya. Ang lahat ng iba liban sa Iyo ay walang lakas sa harap ng mga kapahayagan ng Iyong kapangyarihan; sila ay gaya ng naliligaw sa harap ng mga katibayan ng Iyong kayamanan, gaya ng wala kapag inihambing sa mga kapahayagan ng Iyong di-mauring kapangyarihan, at walang kalakas-lakas kapag napaharap sa mga tanda at alaala ng Iyong lakas. Anong panganlungan ang naroon liban sa Iyo, O aking Panginoon, na aking matatakbuhan, at saan may pook ng kaligtasan na madali kong mapatutunguhan? Wala, saksi ako sa lakas ng Iyong kapangyarihan! Walang tagapagtanggol liban sa Iyo; walang pook na matatakbuhan liban sa Iyo; walang panganlungang dapat hanapin kundi Ikaw. Tulutang matikman ko, O aking Panginoon, ang banal na katamisan ng paggunita at pagpuri sa Iyo. Sumusumpa ako sa Iyong kapangyarihan! Sinumang makatikim sa katamisan niyon ay mag-aalis ng lahat ng kaniyang pagkaugnay sa daigdig at sa lahat ng narito at maghaharap ng kaniyang mukha sa Iyo, nang walang taglay na alaala ng anuman liban sa Iyo.
Inspire then my soul, O my God, with Thy wondrous remembrance, that I may glorify Thy name. Number me not with them who read Thy words and fail to find Thy hidden gift which, as decreed by Thee, is contained therein, and which quickeneth the souls of Thy creatures and the hearts of Thy servants. Cause me, O my Lord, to be reckoned among them who have been so stirred up by the sweet savors that have been wafted in Thy days that they have laid down their lives for Thee and hastened to the scene of their death in their longing to gaze on Thy beauty and in their	56.7 Pasiglahin ang aking kaluluwa kung gayon, O aking Diyos, sa Iyong kahanga-hangang gunita, nang upang maluwalhati ko ang Iyong pangalan. Huwag akong ibilang sa kanilang mga nagsibasa ng Iyong mga salita ngunit hindi natagpuan ang Iyong natatagong handog, na ayon sa Iyong pag-aatas, ay nakapaloob doon, at bumubuhay sa mga kaluluwa ng Iyong mga nilalang at sa mga puso ng Iyong mga tagapaglingkod. Itulot, O aking Panginoon, na ako'y maisama sa kanilang pinasigla ng matatamis na halimuyak na ipinailanlang sa Iyong mga araw

yearning to attain Thy presence. And were any one to say unto them on their way, “Whither go ye?” they would say, “Unto God, the All-Possessing, the Help in Peril, the Self-Subsisting!”	kung kaya naihandog nila ang kanilang buhay sa Iyo at nagmamadaling patungo sa pook ng kanilang kamatayan sa paghahangad na makamalas sa Iyong kagandahan at sa kanilang pagnanais na makarating sa Iyong kinaroroonan. At kung sasabihin sa kanila ng sinuman sa kanilang landas, “Saan kayo patungo?” tutugon sila ng, “Sa Diyos, ang Nagmamay-ari ng Lahat, ang Tulong sa Panganib, ang Sariling-Ganap!”
The transgressions committed by such as have turned away from Thee and have borne themselves haughtily towards Thee have not availed to hinder them from loving Thee, and from setting their faces towards Thee, and from turning in the direction of Thy mercy. These are they who are blessed by the Concourse on high, who are glorified by the denizens of the everlasting Cities, and beyond them by those on whose foreheads Thy most exalted pen hath written: “These! The people of Bahá. Through them have been shed the splendors of the light of guidance.” Thus hath it been ordained, at Thy behest and by Thy will, in the Tablet of Thine irrevocable decree.	56.8 Ang mga pagkakasalang ginawa ng nagsitalikod sa Iyo at mapalalong kumilos tungo sa Iyo ay hindi nagkabisang makahadlang sa kanila sa pag-ibig sa Iyo at sa pagtutuon ng kanilang mga mukha tungo sa Iyo, at sa pagbaling tungo sa Iyong habag. Ang mga ito yaong pinagpala ng Kalipunan sa kaitaasan, niluwalhati ng mga mamamayan ng walang-maliw na mga Lungsod, at bukod pa roon ay yaong isinulat sa kanilang mga noo ng Iyong dakilang panulat ng: “Ang mga ito! Ang mga tao ni Bahá! Sa pamamagitan nila ay napalaganap ang mga karilagan ng liwanag ng pamamatnubay.” Ganiyan ang iniatas, ayon sa Iyong pag-uutos at ng Iyong kalooban, sa Tableta ng Iyong di-mababaling kautusan.
Proclaim, therefore, O my God, their greatness and the greatness of those who while living or after death have circled round them. Supply them with that which Thou hast ordained for the righteous among Thy creatures. Potent art Thou to do all things. There is no God but Thee, the All-Powerful, the Help in Peril, the Almighty, the Most Bountiful.	56.9 Ipahayag, kung gayon, O aking Diyos, ang kanilang kadakilaan at ang kadakilaan ng yaong mga habang nabubuhay o pagkamatay ay nakaligid sa kanila. Pagkalooban sila niyong iniatas Mo para sa matutuwid sa Iyong mga nilalang. May kakayahan Kang gumawa ng lahat ng bagay. Walang Diyos liban sa Iyo, ang Ganap na Malakas, ang Tulong sa Panganib, ang Ganap na Makapangyarihan, ang Pinakamapagpala.
Do not bring our fasts to an end with this fast, O my Lord, nor the covenants Thou hast made with this covenant. Do Thou accept all that we have done for love of Thee, and for the sake of Thy pleasure, and all that we have left undone as a result of our subjection to our evil and corrupt desires. Enable us, then, to cleave steadfastly to Thy love and Thy good pleasure, and preserve us from the mischief of	56.10 Huwag tapusin ang aming mga pag-aayuno sa ayunong ito, O aking Panginoon, ni ang mga kasunduang Iyong ginawa sa kasunduang ito. Iyong tanggapin ang lahat ng ginawa namin nang dahil sa pag-ibig sa Iyo, at alang-alang sa Iyong kaluguran, at lahat ng hindi namin nagawa bunga ng aming pagpapailalim sa aming masasama at balakyot na mga hangarin.

such as have denied Thee and repudiated Thy most resplendent signs. Thou art, in truth, the Lord of this world and of the next. No God is there beside Thee, the Exalted, the Most High.	Tulutan kaming makahawak nang mahigpit sa Iyong pag-ibig at sa Iyong mabuting kasiyahan, at iligtas kami sa pamiminsala ng mga tumanggi sa Iyo at itinatwa ang Iyong pinakamaningning na mga tanda. Ikaw, sa katotohanan, ang Panginoon ng daigdig na ito at ng susunod. Walang Diyos liban sa Iyo, ang Pinakadakila, ang Pinakamataas.
Magnify Thou, O Lord my God, Him Who is the Primal Point, the Divine Mystery, the Unseen Essence, the Dayspring of Divinity, and the Manifestation of Thy Lordship, through Whom all the knowledge of the past and all the knowledge of the future were made plain, through Whom the pearls of Thy hidden wisdom were uncovered, and the mystery of Thy treasured name disclosed, Whom Thou hast appointed as the Announcer of the One through Whose name the letter B and the letter E have been joined and united, through Whom Thy majesty, Thy sovereignty and Thy might were made known, through Whom Thy words have been sent down, and Thy laws set forth with clearness, and Thy signs spread abroad, and Thy Word established, through Whom the hearts of Thy chosen ones were laid bare, and all that were in the heavens and all that were on the earth were gathered together, Whom Thou hast called ʻAlí-Muḥammad in the kingdom of Thy names, and the Spirit of Spirits in the Tablets of Thine irrevocable decree, Whom Thou hast invested with Thine own title, unto Whose name all other names have, at Thy bidding and through the power of Thy might, been made to return, and in Whom Thou hast caused all Thine attributes and titles to attain their final consummation. To Him also belong such names as lay hid within Thy stainless tabernacles, in Thine invisible world and Thy sanctified cities.	56.11 Iyong pakadakilain, O Panginoon kong Diyos, Siya na Panimulang Tuldok, ang Banal na Hiwaga, ang Di-nakikitang Diwa, ang Pamimitak ng Maykapal, at ang Kahayagan ng Iyong pagka-Panginoon, na sa pamamagitan Niya ang lahat ng kaalaman ng nakaraan at lahat ng kaalaman ng hinaharap ay naging malinaw, na sa pamamagitan Niya ang mga perlas ng Iyong natatagong karunungan ay isiniwalat, at ang hiwaga ng Iyong pinagyamang pangalan ay inihayag, na Iyong hinirang Siya bilang Tagapagpahayag Niya na sa pamamagitan ng Kaniyang pangalan ang mga pantig na Ma at Ging ay pinagkabit at pinag-isa, na sa pamamagitan Niya ang Iyong kamahalan, ang Iyong paghahari at ang Iyong kapangyarihan ay ipinakilala, na sa pamamagitan Niya ang Iyong mga salita ay naipanaog, at ang Iyong mga batas ay nailahad nang malinaw, at ang Iyong mga tanda ay napalaganap sa ibayo, at ang Iyong Salita ay naitatag, na sa pamamagitan Niya ang mga puso ng Iyong mga pinili ay nailantad, at ang lahat ng nasa langit at ang lahat ng nasa lupa ay pinagtipon-tipon, na Iyong tinawag siyang ʻAli-Muḥammad sa kaharian ng Iyong mga pangalan, at ang Espiritu ng mga Espiritu sa mga Tableta ng Iyong di-mababaling kautusan, na Iyong iginawad sa Kaniya ang Iyong sariling taguri, na tungo sa Kaniyang pangalan ang lahat ng ibang pangalan, sang-ayon sa Iyong utos at sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Iyong lakas, ay ginawang bumalik, at na sa Kaniya ay Iyong ginawang umabot sa sukdulang katuparan ang lahat ng Iyong mga katangian at mga taguri. Sa Kaniya rin ang pag-aari ng gayong mga pangalang natatago sa loob ng Iyong mga tabernakulong

	walang-bahid, sa Iyong di-nakikitang daigdig, at sa Iyong konsagradong mga lungsod.
Magnify Thou, moreover, such as have believed in Him and in His signs and have turned towards Him, from among those that have acknowledged Thy unity in His Latter Manifestation—a Manifestation whereof He hath made mention in His Tablets, and in His Books, and in His Scriptures, and in all the wondrous verses and gem-like utterances that have descended upon Him. It is this same Manifestation Whose covenant Thou hast bidden Him establish ere He had established His own covenant. He it is Whose praise the Bayán hath celebrated. In it His excellence hath been extolled, and His truth established, and His sovereignty proclaimed, and His Cause perfected. Blessed is the man that hath turned unto Him, and fulfilled the things He hath commanded, O Thou Who art the Lord of the worlds and the Desire of all them that have known Thee!	56.12 Iyong dakilain, higit pa roon, ang gayong mga naniwala sa Kaniya at sa Kaniyang mga palatandaan, at bumaling tungo sa Kaniya, mula sa kanilang mga kumilala sa Iyong kaisahan sa Kaniyang Nahuling Kahayagan—isang Kahayagan na Kaniyang binanggit sa Kaniyang mga Tableta, at sa Kaniyang mga Aklat, at sa Kaniyang mga Santong Kasulatan, at sa lahat ng kamangha-manghang mga bersikulo at malahiyas na mga pananalitang pumanaog sa Kaniya. Ito ang mismong Kahayagan na ang kasunduan Niya ay Iyong iniatas sa Kaniyang itatag bago pa Niya naitatag ang sarili Niyang kasunduan. Siya yaong ang Kaniyang papuri ay ipinagbunyi ng Bayán. Doon ang Kaniyang kahusayan ay pinuri, at ang Kaniyang katotohanan ay itinatag, at ang Kaniyang paghahari ay ipinahayag, at ang Kaniyang Kapakanan ay ginawang ganap. Pinagpala ang taong bumaling sa Kaniya, at tinupad ang mga bagay na iniutos Niya, O Ikaw na Siyang Panginoon ng mga daigdig at Hangarin ng lahat sa kanilang nakakilala sa Iyo!
Praised be Thou, O my God, inasmuch as Thou hast aided us to recognize and love Him. I, therefore, beseech Thee by Him and by Them Who are the Daysprings of Thy Divinity, and the Manifestations of Thy Lordship, and the Treasuries of Thy Revelation, and the Depositories of Thine inspiration, to enable us to serve and obey Him, and to empower us to become the helpers of His Cause and the dispersers of His adversaries. Powerful art Thou to do all that pleaseth Thee. No God is there beside Thee, the Almighty, the All-Glorious, the One Whose help is sought by all men!	56.13 Purihin Ka nawa, O aking Diyos, yamang Iyong tinulungan kaming makilala at mahalin Siya. Ako, samakatwid, ay sumasamo sa Iyo sa pamamagitan Niya at sa pamamagitan Nila na Silang mga Pamimitak ng Iyong pagka-Diyos, at mga Kahayagan ng Iyong pagka-Panginoon, at mga Ingatang-yaman ng Iyong Rebelasyon, at mga Lagakan ng Iyong inspirasyon, na tulutang makapaglingkod at makasunod kami sa Kaniya, at bigyang-lakas kami upang maging mga tagapagtulong sa Kaniyang Kapakanan at mga tagapagtaboy sa mga sumasalungat sa Kaniya. Ikaw ay may kapangyarihang gawin ang lahat ng Iyong ninanais. Walang ibang Diyos liban sa Iyo, ang Ganap na Makapangyarihan, ang Ganap na Maluwalhati, Siya na Kaniyang tulong ay hinihingi ng lahat ng tao!

– LVII –	LVII
God testifieth to the unity of His Godhood and to the singleness of His own Being. On the throne of eternity, from the inaccessible heights of His station, His tongue proclaimeth that there is none other God but Him. He Himself, independently of all else, hath ever been a witness unto His own oneness, the revealer of His own nature, the glorifier of His own essence. He, verily, is the All-Powerful, the Almighty, the Beauteous.	57.1 Ang Diyos ay sumasaksi sa pagkakaisa ng Kaniyang pagka-Diyos at sa pagiging iisa ng Kaniyang Sarili. Sa trono ng kawalang-hanggan, mula sa di-maabot na mga kataasan ng Kaniyang kalagayan, ang Kaniyang dila ay nagpapahayag na walang ibang Diyos liban sa Kaniya. Siya mismo, nang malaya sa lahat ng iba, ay laging naging saksi sa Kaniyang sariling kaisahan, ang tagapagsiwalat sa Kaniyang sariling likas na katangian, ang tagapagluwalhati sa Kaniyang sariling diwa. Siya, sa katunayan, ay ang Ganap na Makapangyarihan, ang Ganap na Malakas, ang Napakaganda.
He is supreme over His servants, and standeth over His creatures. In His hand is the source of authority and truth. He maketh men alive by His signs, and causeth them to die through His wrath. He shall not be asked of His doings and His might is equal unto all things. He is the Potent, the All-Subduing. He holdeth within His grasp the empire of all things, and on His right hand is fixed the Kingdom of His Revelation. His power, verily, embraceth the whole of creation. Victory and overlordship are His; all might and dominion are His; all glory and greatness are His. He, of a truth, is the All-Glorious, the Most Powerful, the Unconditioned.	57.2 Siya ang pinakamataas sa Kaniyang mga tagapaglingkod. Nasa Kaniyang kamay ang pinagmumulan ng awtoridad at katotohanan. Ginagawa Niyang mabuhay ang mga tao sa pamamagitan ng Kaniyang mga palatandaan, at ginagawa Niyang mamatay sila sa pamamagitan ng Kaniyang poot. Hindi itatanong sa Kaniya ang Kaniyang mga pinaggagawa at ang Kaniyang lakas ay katumbas ng lahat ng bagay. Siya ang Mabisa, ang Ganap na Nakasusupil. Tangan ng Kaniyang kamay ang imperyo ng lahat ng bagay, at sa Kaniyang kanang kamay ay nakatakda ang Kaharian ng Kaniyang Rebelasyon. Ang Kaniyang kapangyarihan sa katotohanan ay sumasaklaw sa buong sangnilikha. Ang tagumpay at paghahari ay Kaniya; ang lahat ng lakas at pamumuno ay Kaniya; ang lahat ng kaluwalhatian at kadakilaan ay Kaniya. Siya, sa katotohanan, ang Ganap na Maluwalhati, ang Pinakamakapangyarihan, ang Di-natatakdaan.
– LVIII –	LVIII
Praise be to Thee, to Whom the tongues of all created things have, from eternity, called, and yet failed to attain the heaven of Thine eternal	58.1 Purihin Ka nawa, na Siyang tinatawagan ng mga dila ng lahat ng nilalang na bagay mula pa sa kawalang-hanggan, at

holiness and grandeur. The eyes of all beings have been opened to behold the beauty of Thy radiant countenance, yet none hath succeeded in gazing on the brightness of the light of Thy face. The hands of them that are nigh unto Thee have, ever since the foundation of Thy glorious sovereignty and the establishment of Thy holy dominion, been raised suppliantly towards Thee, yet no one hath been able to touch the hem of the robe that clotheth Thy Divine and sovereign Essence. And yet none can deny that Thou hast ever been, through the wonders of Thy generosity and bounty, supreme over all things, art powerful to do all things, and art nearer unto all things than they are unto themselves.	gayumpaman ay nabigong makarating sa kalangitan ng Iyong walang-maliw na kabanalan at karingalan. Ang mga mata ng lahat ng nilalang ay binuksan upang masilayan ang kagandahan ng Iyong maningning na mukha, gayumpaman ay walang nagtagumpamy sa pagtitig sa kaningingan ng liwanang ng Iyong mukha. Ang mga kamay nilang mga malalapit sa Iyo, sa simula pa ng pagkatatag sa Iyong maluwalhating paghahari at sa pagsimula ng Iyong banal na pumumuno, ay nakataas na sa pagsamo sa Iyo, gayumpaman ay walang sinuman ang nagawang hipuin ang laylayan ng damit na nakabaro sa Iyong Banal at naghaharing Diwa. At gayumpaman ay walang makapagtatatwa na Ikaw, sa pamamagitan ng mga kamanghaan ng Iyong pagpapala at biyaya, ay patuloy na naghahari sa lahat ng bagay, ay makapangyarihan upang magawa ang lahat ng bagay, at higit na malapit sa lahat ng bagay kaysa sa kanilang mga sarili.
Far be it, then, from Thy glory that anyone should gaze on Thy wondrous beauty with any eye save Thine own eye, or hear the melodies proclaiming Thine almighty sovereignty with any ear except Thine own ear. Too high art Thou exalted for the eye of any creature to behold Thy beauty, or for the understanding of any heart to scale the heights of Thine immeasurable knowledge. For should the birds of the hearts of them that are nigh unto Thee be ever enabled to soar as long as Thine own overpowering sovereignty can endure, or to ascend as long as the empire of Thy Divine holiness can last, they shall, in no wise, be able to transcend the limitations which a contingent world hath imposed upon them, nor pass beyond its confines. How, then, can he whose very creation is restricted by such limitations, attain unto Him Who is the Lord of the Kingdom of all created things, or ascend into the heaven of Him Who ruleth the realms of loftiness and grandeur?	58.2 Napakalayo, kung gayon sa Iyong kaluwalhatian, na magagawa ng sinuman ang tumingin sa Iyong kamangha-manghang kagandahan sa pamamagitan ng alinmang mata liban sa Iyong sariling mata, o marinig ang mga himig na nagpapahayag sa Iyong paghaharing lubos na makapangyarihan sa pamamagitan ng alinmang tainga liban sa Iyong tainga. Labis na mataas Kang dinakila para sa mata ng alinmang nilikha upang makita ang Iyong kagandahan, o para sa pag-unawa ng alinmang puso upang maabot ang mga rurok ng Iyong di-masukat na kaalaman. Sapagkat kung ang mga ibon ng mga puso nilang mga malalapit sa Iyo kailanman ay tutulutang pumailanlang sa kahabaan ng itatagal ng Iyong nakagagaping paghahari, o ang umakyat habang umiiral ang imperyo ng Iyong Santong kabanalan, sa anumang paraan ay hindi nila magagawang lampasan ang mga hangganang itinakda sa kanila ng isang walang-katiyakang daigdig, ni makalalabas sa mga saklaw nito. Paano, kung gayon, magagawa niya na ang kaniyang

	mismong pagkalikha ay tinatakdaan ng gayong mga hangganan, na makarating sa Kaniya na Siyang Panginoon ng Kaharian ng lahat ng nilikhang bagay, o makapanhik sa kalangitan Niya na Siyang naghahari sa mga kaharian ng kataasan at karingalan?
Glorified, immeasurably glorified art Thou, my Best-Beloved! Inasmuch as Thou hast ordained that the utmost limit to which they who lift their hearts to Thee can rise is the confession of their powerlessness to enter the realms of Thy holy and transcendent unity, and that the highest station which they who aspire to know Thee can reach is the acknowledgment of their impotence to attain the retreats of Thy sublime knowledge I, therefore, beseech Thee, by this very powerlessness which is beloved of Thee, and which Thou hast decreed as the goal of them that have reached and attained Thy court, and by the splendors of Thy countenance that have encompassed all things, and by the energies of Thy Will whereby the entire creation hath been generated, not to deprive them that have set their hopes in Thee of the wonders of Thy mercy, nor to withhold from such as have sought Thee the treasures of Thy grace. Ignite, then, within their hearts the torch of Thy love, that its flame may consume all else except their wondrous remembrance of Thee, and that no trace may be left in those hearts except the gem-like evidences of Thy most holy sovereignty, so that from the land wherein they dwell no voice may be heard except the voice that extolleth Thy mercifulness and might, that on the earth on which they walk no light may shine except the light of Thy beauty, and that within every soul naught may be discovered except the revelation of Thy countenance and the tokens of Thy glory, that haply Thy servants may show forth only that which shall please Thee and shall conform wholly unto Thy most potent will.	58.3 Luwalhatiin, walang-hanggang luwalhatiin Ka, aking Pinakamamahal! Yamang Iyong itinalaga na ang sukdulang hangganang maaabot nilang mga nagsitaas ang kanilang mga puso tungo sa Iyo ay ang pagsasaksi nila sa kanilang kawalan ng kapangyarihang makapasok sa Iyong banal at nangingibabaw na pagkakaisa, at ang pinakamataas na kalagayang maaabot nilang mga nagsusumikap makilala Ka ay ang pagtanggap sa kanilang kawalan ng kakayahang makarating sa mga luklukan ng Iyong kataas-taasang kaalaman, ako samakatwid, ay sumasamo sa Iyo, sa mismong kawalan ng kapangyarihang ito na Iyong minamahal, at Iyong itinakdang maging layunin nilang mga nakarating at nakaabot sa Iyong korte, at sa mga karingalan ng Iyong mukha na sumasaklaw sa lahat ng bagay, at sa mga lakas ng Iyong Kalooban na sa pamamagitan niyon ang buong sangnilikha ay ginawang umiral, na huwag ipagkait sa kanilang mga umaasa sa Iyo ang mga kamanghaan ng Iyong habag, ni huwag ipagdamot sa kanilang mga naghahanap sa Iyo ang mga yaman ng Iyong biyaya. Pagningasin, kung gayon, sa kanilang mga puso ang sulo ng Iyong pag-ibig, upang ang apoy nito ay tumupok sa lahat liban sa kanilang nakamamanghang paggunita sa Iyo, at upang walang matirang anumang bahid sa mga pusong iyon liban sa malahiyas na mga katibayan ng Iyong pinakabanal na paghahari, nang upang mula sa lupaing kanilang tirahan ay walang maririnig na tinig liban sa tinig na pumupuri sa Iyong kahabagan at lakas, nang upang sa lupang kanilang nilalakaran ay walang sisikat na liwanag liban sa liwanag ng Iyong kagandahan, at nang upang sa loob ng bawat kaluluwa ay walang matutuklasan liban

	sa kapahayagan ng Iyong mukha at ng mga tanda ng Iyong kaluwalhatian, nang sakaling maipamalas ng Iyong mga tagapaglingkod, ang tanging ang makapagpapalugod lamang sa Iyo at ganap na umaayon sa Iyong pinakamabisang kalooban.
Glory be to Thee, O my God! The power of Thy might beareth me witness! I can have no doubt that should the holy breaths of Thy loving-kindness and the breeze of Thy bountiful favor cease, for less than the twinkling of an eye, to breathe over all created things, the entire creation would perish, and all that are in heaven and on earth would be reduced to utter nothingness. Magnified, therefore, be the marvelous evidences of Thy transcendent power! Magnified be the potency of Thine exalted might! Magnified be the majesty of Thine all-encompassing greatness, and the energizing influence of Thy will! Such is Thy greatness that wert Thou to concentrate the eyes of all men in the eye of one of Thy servants, and to compress all their hearts within his heart, and wert Thou to enable him to behold within himself all the things Thou hast created through Thy power and fashioned through Thy might, and were he to ponder, throughout eternity, over the realms of Thy creation and the range of Thy handiwork, he would unfailingly discover that there is no created thing but is overshadowed by Thine all-conquering power, and is vitalized through Thine all-embracing sovereignty.	58.4 Luwalhatiin Ka, O aking Diyos! Ang kapangyarihan ng Iyong lakas ay sumasaksi sa akin! Hindi ako maaaring magkaroon ng anumang pag-aalinlangan na kapag huminto, nang maikli pa sa isang kisapmata, ang banal na mga hihip ng Iyong mapagmahal na kabaitan at ang simoy ng Iyong masaganang biyaya, sa paghihip nito sa lahat ng nilikhang bagay, ang buong sangnilikha ay mamamatay, at ang lahat ng nasa langit at nasa lupa ay mauuwi sa ganap na kawalan. Dakilain, samakatwid, ang kamangha-manghang mga katibayan ng Iyong nangingibabaw na kapangyarihan. Dakilain ang bisa ng Iyong ipinagbunying lakas! Dakilain ang karingalan ng Iyong kadakilaang nakasasaklaw sa lahat, at ang nakapagpapasiglang impluwensiya ng Iyong kalooban! Gayon ang Iyong kadakilaan na kapag Iyong pagsasama-samahin ang mga mata ng lahat ng tao sa loob ng mata ng isa sa Iyong mga tagapaglingkod, at gayundin ay pagsasama-samahin ang lahat ng kanilang mga puso sa loob ng kaniyang puso, at kung Iyong tutulutan siyang makita sa loob ng kaniyang sarili ang lahat ng bagay na Iyong nilikha sa pamamagitan ng Iyong kapangyarihan, at kung siya ay magninilay-nilay, sa kahabaan ng kawalang-hanggan, tungkol sa mga kaharian ng Iyong sangnilikha at sa saklaw ng Iyong nilalang, walang-salang matutuklasan niya na walang nilikhang bagay ang hindi napapailalim sa Iyong kapangyarihang nakasasakop sa lahat, at nabubuhay sa pamamagitan ng Iyong paghaharing nakasasaklaw sa lahat.
Behold me, then, O my God, fallen prostrate upon the dust before Thee, confessing my powerlessness and Thine	58.5 Masdan ako, kung gayon, O aking Diyos na nakapatirapa sa alabok sa Iyong harapan, pinatutunayan ang aking kawalan ng

omnipotence, my poverty and Thy wealth, mine evanescence and Thine eternity, mine utter abasement and Thine infinite glory. I recognize that there is none other God but Thee, that Thou hast no peer nor partner, none to equal or rival Thee. In Thine unapproachable loftiness Thou hast, from eternity, been exalted above the praise of any one but Thee, and shalt continue for ever, in Thy transcendent singleness and glory, to be sanctified from the glorification of any one except Thine own Self.	lakas at ang Iyong lubos na kapangyarihan, ang aking karukhaan at ang Iyong kayamanan, ang aking paglalaho at ang Iyong pamamalagi, ang aking ganap na pagkaaba at ang Iyong walang-hanggang kaluwalhatian. Aking kinikilala na walang ibang Diyos liban sa Iyo, na Ikaw ay walang kapantay o katuwang, na walang makapapantay o makasasabay sa Iyo. Sa Iyong di-malapitang kataasan, mula pa sa kawalang-hanggan, Ikaw ay higit na dakila kaysa sa papuri ng sinuman liban sa Iyo, at magpapatuloy magpakailanman sa Iyong nangingibabaw na kaisahan at kaluwalhatian, na pababanalin mula sa pagluluwalhati ng sinuman liban sa Iyong Sarili.
I swear by Thy might, O my Beloved! To make mention of any created thing beseemeth not Thy most exalted Self, and to bestow any praise upon any one of Thy creatures would be wholly unworthy of Thy great glory. Nay, such a mention would be but blasphemy uttered within the court of Thy holiness, and such praise would amount to no less than a transgression in the face of the evidences of Thy Divine sovereignty. For the mere mention of any one of Thy creatures would in itself imply an assertion of their existence before the court of Thy singleness and unity. Such an assertion would be naught but open blasphemy, an act of impiety, the essence of profanity and a wanton crime.	58.6 Sumusumpa ako sa Iyong lakas, O aking Minamahal! Ang bumanggit sa anumang nilikhang bagay ay hindi nararapat sa Iyong pinakadakilang Sarili, at ang magkaloob ng anumang papuri sa alinman sa Iyong mga nilalang ay lubos na di-angkop sa Iyong dakilang kaluwalhatian. Hindi lamang iyon, ang gayong pagbanggit ay pawang paglalapastangang sinambit sa loob ng korte ng Iyong kabanalan, at ang gayong papuri ay katumbas lamang ng paglalabag sa harap ng mga katibayan ng Iyong Banal na paghahari. Sapagkat ang mismong pagbanggit pa lamang sa alinman sa Iyong mga nilalang ay nagpapahiwatig na ipinangangalandakan ang kanilang pag-iral sa harap ng korte ng Iyong kaisahan at pagkakaisa. Ang gayong pangangalandakan ay walang iba kundi hayag na paglapastangan sa Diyos, isang kilos ng kawalan ng kabutihan, ang pinakadiwa ng pagmumura at isang malaswang krimen.
Wherefore, I bear witness with my soul, my spirit, my entire being, that should They Who are the Daysprings of Thy most holy unity and the Manifestations of Thy transcendent oneness be able to soar so long as Thine own sovereignty endureth and Thine all-compelling authority can last, they will fail in the end to attain unto even the precincts of the court wherein Thou didst reveal the	58.7 Samakatwid ay sumasaksi ako sa pamamagitan ng aking kaluluwa, ng aking espiritu, ng aking buong pagkatao, na kung magagawa nila na Silang mga Pook-Silangan ng Iyong pinakabanal na pagkakaisa at ang mga Kahayagan ng Iyong nangingibabaw na kaisahan ang pumailanlang habang tumatagal ang Iyong sariling paghahari at ang Iyong awtoridad na nakapipilit sa lahat, sa wakas ay

effulgence of but one of Thy most mighty Names. Glorified, glorified be, therefore, Thy wondrous majesty. Glorified, glorified be Thine unattainable loftiness. Glorified, glorified be the preeminence of Thy kingship and the sublimity of Thine authority and power.	mabibigo silang marating ang kahit kapaligiran lamang ng korte kung saan Iyong ibinunyag ang karingalan ng isa lamang sa Iyong pinakamakapangyarihang mga Pangalan. Luwalhatiin, luwalhatiin, kung gayon, ang Iyong kamangha-manghang kamahalan. Luwalhatiin, luwalhatiin ang Iyong di-maabot na kataasan. Luwalhatiin, luwalhatiin ang nangungunang kabantugan ng Iyong paghahari at ang sukdulang kataasan ng Iyong awtoridad at kapangyarihan.
The highest faculties which the learned have possessed, and whatsoever truths they, in their search after the gems of Thy knowledge, have discovered; the brightest realities with which the wise have been endowed, and whatever secrets they, in their attempts to fathom the mysteries of Thy wisdom, have unraveled, have all been created through the generative power of the Spirit that was breathed into the Pen which Thy hands have fashioned. How, then, can the thing which Thy Pen hath created be capable of comprehending those treasures of Thy Faith with which, as decreed by Thee, that Pen hath been invested? How can it ever know of the Fingers that grasp Thy Pen, and of Thy merciful favors with which it hath been endowed? How can it, already unable to reach this station, be made aware of the existence of Thy Hand that controlleth the Fingers of Thy might? How can it attain unto the comprehension of the nature of Thy Will that animateth the movement of Thy Hand?	58.8 Ang pinakamataas na mga kakayahang taglay ng mga dalubhasa, at ang anumang mga katotohanang kanilang natuklasan sa kanilang paghahanap sa mga hiyas ng kaalaman; ang pinakamaningning na mga realidad na ipinagkaloob sa mga marunong, at anumang mga lihim ang kanilang natastas sa kanilang mga pagsisikap na maarok ang mga hiwaga ng Iyong karunungan, ang lahat ay nilikha sa pamamagitan ng mapanlikhang kapangyarihan ng Espiritung inihinga sa Panulat na hinugis ng Iyong mga kamay. Kung gayon, ay paano magagawa ng bagay na nilikha ng Iyong Panulat ang unawain yaong mga kayamanan ng Iyong Pananampalataya, na sang-ayon sa Iyong iniutos, ay iginawad sa Panulat na iyon? Kailanman ay paano nito malalaman ang tungkol sa mga Daliring humahawak sa Iyong Panulat, at ang Iyong mahabaging mga biyayang ipinagkaloob dito? Paano nito magagawa, yamang hindi na nga maabot ang kalagayang ito, na mabatid ang pag-iral ng Iyong Kamay na nagpapakilos sa mga Daliri ng Iyong kapangyarihan? Paano nito matatamo ang pag-unawa sa likas na katangian ng Iyong Kalooban na nagbibigay-sigla sa pagkilos ng Iyong Kamay?
Glorified, glorified be Thou, O my God! How can I ever hope to ascend into the heaven of Thy most holy will, or gain admittance into the tabernacle of Thy Divine knowledge, knowing as I do that the minds of the wise and learned are impotent to fathom the secrets of	58.9 Luwalhati, luwalhati ang mapasa-Iyo, O aking Diyos! Paano pa ako makaaasang makaakyat sa kalangitan ng Iyong pinakabanal na kalooban, o makapasok sa tabernakulo ng Iyong Banal na kaalaman, yamang batid kong ang mga kaisipan ng marurunong at mga

Thy handiwork—a handiwork which is itself but a creation of Thy will?	dalubhasa ay walang-kakayahang arukin ang mga lihim ng Iyong nilikha—isang nilikhang ginawa lamang ng Iyong kalooban?
Praise be to Thee, O Lord, my God, my Master, my Possessor, my King. Now that I have confessed unto Thee my powerlessness and the powerlessness of all created things, and have acknowledged my poverty and the poverty of the entire creation, I call unto Thee with my tongue and the tongues of all that are in heaven and on earth, and beseech Thee with my heart and the hearts of all that have entered beneath the shadow of Thy names and Thine attributes, not to shut us from the doors of Thy loving-kindness and grace, nor to suffer the breeze of Thy bountiful care and favor to cease from being wafted over our souls, nor to permit that our hearts be occupied with any one except Thee, or our minds to be busied with any remembrance save remembrance of Thy Self.	58.10 Purihin Ka, O Panginoon, aking Diyos, aking Sinusunod, ang Nagmamay-ari sa akin, aking Hari. Ngayon na aking sinasaksihan sa Iyo ang aking kawalan ng lakas at ang kawalan ng lakas ng lahat ng nilikhang bagay, at kinilala ang aking karukhaan at ang karukhaan ng buong sangnilikha, tumatawag ako sa Iyo sa pamamagitan ng aking dila at ng mga dila ng lahat ng nasa langit at nasa lupa, at sumasamo sa Iyo sa pamamagitan ng aking puso at ng mga puso ng lahat ng nakapasok sa ilalim ng lilim ng Iyong mga pangalan at Iyong mga katangian, na huwag isara sa amin ang mga pinto ng Iyong mapagmahal na kabutihang-loob at biyaya, ni huwag tulutang maging abala ang aming mga puso sa kaninuman liban sa Iyo, o ang paggunita ng aming mga isipan sa anumang alaala liban sa pag-alaala sa Iyong Sarili.
By the glory of Thy might, O my God! Wert Thou to set me king over Thy realms, and to establish me upon the throne of Thy sovereignty, and to deliver, through Thy power, the reins of the entire creation into my hands, and wert Thou to cause me, though it be for less than a moment, to be occupied with these things and be oblivious of the wondrous memories associated with Thy most mighty, most perfect, and most exalted Name, my soul would still remain unsatisfied, and the pangs of my heart unstilled. Nay, I would, in that very state, recognize myself as the poorest of the poor, and the most wretched of the wretched.	58.11 Saksi ang kaluwalhatian ng Iyong lakas, O aking Diyos! Kung Iyong gagawin akong hari ng Iyong mga kaharian, at iluluklok ako sa trono ng Iyong paghahari, at sa pamamagitan ng Iyong kapangyarihan ay ilalagay sa aking mga kamay ang mga renda ng buong sangnilikha, at kung Iyong gagawin na ako ay maging abala, nang kahit na maikli pa sa isang saglit, sa mga bagay na ito at malimot ang kamangha-manghang mga alaalang kaugnay ng Iyong pinakamakapangyarihan, pinakaganap at pinakadakilang Pangalan, ang aking kaluluwa ay mananatiling di-masisiyahan, at ang mga kirot ng aking puso ay hindi hihinto. Hindi lamang iyon, sa mismong kalagayang iyon ay makikilala ko ang aking sarili bilang pinakadukha sa lahat ng dukha, at pinakamalungkot sa lahat ng malungkot.
Magnified be Thy name, O my God! Now that Thou hast caused me to apprehend this truth, I beseech Thee by Thy Name which no scroll can bear, which no heart can imagine	58.12 Dakilain ang Iyong Pangalan, O aking Diyos! Ngayong ginawa Mong maunawaan ko ang katotohahang ito, isinasamo ko sa Iyong Pangalang di-kayang taglayin ng anumang

and no tongue can utter—a Name which will remain concealed so long as Thine own Essence is hidden, and will be glorified so long as Thine own Being is extolled—to unfurl, ere the present year draw to a close, the ensigns of Thine undisputed ascendancy and triumph, that the whole creation may be enriched by Thy wealth, and may be exalted through the ennobling influence of Thy transcendent sovereignty, and that all may arise and promote Thy Cause.	pergamino, na di-malirip ng anumang puso at di-mabigkas ng anumang dila—isang Pangalang mananatiling natatago habang ang Iyong sariling Diwa ay natatago, at luluwalhatiiin habang ang Iyong sariling Pag-iral ay niluluwalhati—na iladlad, bago magwakas ang kasalukuyang taon, ang mga watawat ng Iyong di-matutulang pangingibabaw at tagumpay, nang upang ang buong sangnilikha ay yumaman mula sa Iyong kayamanan, at maging dakila sa pamamagitan ng nakapagpaparangal na impluwensiya ng Iyong nangingibabaw na paghahari, at nang upang ang lahat ay magsibangon upang itaguyod ang Iyong Kapakanan.
Thou art, verily, the Almighty, the All-Highest, the All-Glorious, the All-Subduing, the All-Possessing.	58.13 Ikaw, sa katotohanan, ay ang Lubos na Makapangyarihan, ang Lubos na Mataas, ang Lubos na Maluwalhati, ang Lubos na Nakalulupig, ang Nagmamay-ari ng Lahat.
– LIX –	LIX
All praise, O my God, be to Thee Who art the Source of all glory and majesty, of greatness and honor, of sovereignty and dominion, of loftiness and grace, of awe and power. Whomsoever Thou willest Thou causest to draw nigh unto the Most Great Ocean, and on whomsoever Thou desirest Thou conferrest the honor of recognizing Thy Most Ancient Name. Of all who are in heaven and on earth, none can withstand the operation of Thy sovereign Will. From all eternity Thou didst rule the entire creation, and Thou wilt continue for evermore to exercise Thy dominion over all created things. There is none other God but Thee, the Almighty, the Most Exalted, the All-Powerful, the All-Wise.	59.1 Lahat ng papuri, O aking Diyos, ay suma-Iyo nawa, Ikaw na Pinagmumulan ng lahat ng kaluwalhatian at kamahalan, ng kadakilaan at karangalan, ng paghahari at kaharian, ng kataasan at biyaya, ng pagkamangha at kapangyarihan. Sinumang marapatin Mo ay niloloob Mong makalapit sa Pinakadakilang Karagatan, at sinumang naisin Mo ay pinagkakalooban Mo ng karangalang makilala ang Iyong Napakatandang Pangalan. Sa lahat ng nasa langit at lupa, walang sinumang makatututol sa pagsasakatuparan ng Iyong naghaharing Kalooban. Buhat sa lahat ng walang-hanggan ay pinamahalaan Mo ang buong santinakpan, at magpakailanman ay magpapatuloy Kang mamamahala sa lahat ng kinapal. Walang ibang Diyos liban sa Iyo, ang Ganap na Makapangyarihan, ang Pinakadakila, ang Ganap na Malakas, ang Ganap na Marunong.
Illumine, O Lord, the faces of Thy servants, that they may behold Thee; and cleanse their hearts that they may turn unto the court of Thy	59.2 Tanglawan, O Panginoon, ang mga mukha ng Iyong mga tagapaglingkod, upang mamalas Ka nila; at linisin ang kanilang mga

heavenly favors, and recognize Him Who is the Manifestation of Thy Self and the Dayspring of Thine Essence. Verily, Thou art the Lord of all worlds. There is no God but Thee, the Unconstrained, the All-Subduing.	puso upang bumaling sila sa korte ng Iyong makalangit na mga pagtatangkilik, at makilala Siyang Kahayagan ng Iyong Sarili at Pook-Silangan ng Iyong Diwa. Tunay na Ikaw ang Panginoon ng lahat ng mga daigdig. Walang ibang Diyos liban sa Iyo, ang Di-napipigilan, ang Ganap na Nakasasakop.
– LX –	LX
Glorified be Thou, O my God! Behold Thou my head ready to fall before the sword of Thy Will, my neck prepared to bear the chains of Thy Desire, my heart yearning to be made a target for the darts of Thy Decree, mine eyes expectant to gaze on the tokens and signs of Thy wondrous Mercy. For whatsoever may befall me from Thee is the cherished desire of them who thirst to meet Thee, and the supreme aspiration of such as have drawn nigh unto Thy court.	60.1 Luwalhatiin Ka, O aking Diyos! Iyong masdan ang aking ulo na handang bumagsak sa harap ng espada ng Iyong Kalooban, ang aking leeg na handang magbata sa mga kadena ng Iyong Hangarin, ang aking pusong nananabik gawing tudlaan ng mga palaso ng Iyong Utos, ang aking mga matang umaasang masilayan ang mga palatandaan at mga sagisag ng Iyong kamangha-manghang Kahabagan. Sapagkat anumang sumapit sa akin mula sa Iyo ay ang minimithing hangarin nilang mga nauuhaw na makaharap Ka, at pinakamatayog na pangarap ng gayong mga nakalapit na sa Iyong korte.
By the glory of Thy might, O Thou my Well-Beloved! To have sacrificed my life for the Manifestations of Thy Self, to have offered up my soul in the path of the Revealers of Thy wondrous Beauty, is to have sacrificed my spirit for Thy Spirit, my being for Thy Being, my glory for Thy glory. It is as if I had offered up all these things for Thy sake, and for the sake of Thy loved ones.	60.2 Sumusumpa ako sa kaluwalhatian ng Iyong kapangyarihan, O Ikaw na aking Pinakamamahal! Ang pag-aalay ng aking buhay para sa mga Kahayagan ng Iyong Sarili, ang paghahandog ng aking kaluluwa sa landas ng mga Tagapagsiwalat ng Iyong kamangha-manghang Kagandahan, ay ang pag-aalay ng aking espiritu para sa Iyong Espiritu, ng aking sarili para sa Iyong Sarili, ng aking kaluwalhatian para sa Iyong kaluwalhatian. Parang inialay ko na rin ang lahat ng mga bagay na ito alang-alang sa Iyo, at alang-alang sa Iyong mga minamahal.
Though my body be pained by the trials that befall me from Thee, though it be afflicted by the revelations of Thy Decree, yet my soul rejoiceth at having partaken of the waters of Thy Beauty, and at having attained the shores of the ocean of Thine eternity. Doth it beseem a lover to flee from his beloved, or to desert the object of his heart's desire? Nay,	60.3 Bagaman ang aking katawan ay nagdurusa mula sa mga pagsubok na sumasapit sa akin mula sa Iyo, bagaman pinahihirapan ito ng mga pagbubunyag ng Iyong Kautusan, gayumpaman ang aking kaluluwa ay nagdiriwang sa pakikisalo sa mga tubig ng Iyong Kagandahan, at sa pagsapit sa mga dalampasigan ng Iyong

we all believe in Thee, and eagerly hope to enter Thy presence.	kawalang-hanggan. Nararapat ba sa mangingibig ang tumakas mula sa kaniyang iniibig, o ang lisanin ang pakay ng minimithi ng kaniyang puso? Hindi lamang iyon, lahat kami ay nananalig sa Iyo, at sabik na umaasang makarating sa Iyong kinaroroonan.
– LXI –	LXI
Lauded be Thy name, O Lord my God! Thou dost witness that Thy will hath prevailed over all created things, and Thy mercy hath surpassed all who are in heaven and on earth. And when Thou didst purpose to unveil Thy sovereignty, and to glorify Thy word, and to reveal Thy bounteousness and mercy, Thou didst raise up one of Thy servants, and didst choose Him above all Thy creatures, and didst single Him out for Thy purpose, and didst clothe Him with the robe of Thy guidance, and didst immerse Him beneath the seas of Thy majesty and grandeur, and didst sanctify Him from all that beseemeth not the greatness of Thy glory and the power of Thy might, and didst bid Him to cry out before all that are in heaven and on earth, and summon the multitudes to the Manifestation of Thy Self and the Revealer of Thy signs.	61.1 Purihin nawa ang Iyong pangalan, O Panginoon kong Diyos! Ikaw ay sumasaksi na ang Iyong kalooban ay nangingibabaw sa lahat ng nilikhang bagay, at ang Iyong habag ay nakahihigit sa lahat ng nasa langit at nasa lupa. At nang Iyong nilayong isiwalat ang Iyong paghahari, at luwalhatiin ang Iyong salita at ibunyag ang Iyong kasaganaan at habag, Iyong ibinangon ang isa sa Iyong mga tagapaglingkod at pinili Siya mula sa lahat ng Iyong mga nilalang, at ibinukod Siya para sa Iyong layunin, at dinamtan Siya ng kasuotan ng Iyong patnubay, at itinubog Siya sa ilalim ng mga karagatan ng Iyong kamahalan at karingalan, at dinalisay Siya mula sa lahat ng di-nararapat sa kadakilaan ng Iyong kaluwalhatian at ng kapangyarihan ng Iyong lakas, at inatasan Siyang isigaw sa harap ng lahat ng nasa langit at ng nasa lupa, at tawagin ang mga karamihan tungo sa Kahayagan ng Iyong Sarili at tagapagsiwalat ng Iyong mga palatandaan.
No sooner had He proclaimed Thy Cause, and risen up to carry out the things prescribed unto Him in the Tablets of Thy decree, than the Great Terror fell upon Thy creatures. Some turned towards Thee, and detached themselves from all except Thee, and sanctified their souls from the world and all that is therein, and were so enravished by the sweetness of Thy voice that they forsook all Thou hadst created in the kingdom of Thy creation. Others recognized Thee and then hesitated, others allowed the world to come in between them and Thee and to withhold them from recognizing Thee. Others disdained	61.2 Kaagad nang ipinahayag Niya ang Iyong Kapakanan, at bumangon upang isagawa ang mga bagay na iniatas sa Kaniya sa mga Tableta ng Iyong kautusan, nang ang Napakatinding Takot ang sumapit sa Iyong mga nilalang. Ang mga ilan ay bumaling tungo sa Iyo, at iniwalay ang kanilang mga sarili mula sa lahat liban sa Iyo, at dinalisay ang kanilang mga kaluluwa mula sa daigdig at sa lahat ng naroroon, at lubhang nabighani sa katamisan ng Iyong tinig na nilisan nila ang lahat ng Iyong nilikha sa kaharian ng Iyong sangnilikha. Ang mga iba ay kumilala sa Iyo at pagkatapos ay nagdalawang-isip, ang mga

Thee, and turned back from Thee, and wished to prevent Thee from achieving Thy purpose. And yet behold how all of them are calling upon Thee, and are expecting the things they were promised in Thy Tablets. And when the Promised One came unto them, they recognized Him not, and disbelieved in Thy signs, and repudiated Thy clear tokens, and strayed so grievously from Thy path that they slew Thy servants, through the brightness of whose faces the countenances of the Concourse on high have been illumined.	iba ay tinulutang pumagitna ang daigdig sa pagitan Mo at nila at pinigilan sila mula sa pagkilala sa Iyo. Ang mga iba ay itinatwa Ka, at tumalikod sa Iyo, at hinangad na pigilan Ka mula sa pagsasakatuparan ng Iyong layunin. At gayumpaman ay masdan kung paanong ang lahat sila ay tumatawag sa Iyo, at inaasahan ang mga bagay na ipinangako sa kanila sa Iyong mga Tableta. At nang dumating sa kanila ang Siyang Ipinangako, hindi nila Siya kinilala, at hindi naniwala sa Iyong mga palatandaan, at itinatwa ang Iyong malinaw na mga tanda, at lumihis nang napakalayo mula sa Iyong landas na pinaslang nila ang Iyong mga tagapaglingkod, na sa liwanag ng kanilang mga mukha ang mga mukha ng Kalipunan sa kaitaasan ay tinanglawan.
I beseech Thee, O Thou Who art the Lord of all names, to guard Thy loved ones against Thine enemies, and to strengthen them in their love for Thee and in fulfilling Thy pleasure. Do Thou protect them, that their footsteps may slip not, that their hearts may not be shut out as by a veil from Thee, and that their eyes may be restrained from beholding anything that is not of Thee. Cause them to be so enraptured by the sweetness of Thy divine melodies that they will rid themselves of all attachment to any one except Thee, and will turn wholly towards Thee, and extol Thee under all conditions, saying: "Praised be Thou, O Lord our God, inasmuch as Thou hast enabled us to recognize Thy most exalted and all-glorious Self. We will, by Thy mercy, cleave to Thee, and will detach ourselves from any one but Thee. We have realized that Thou art the Beloved of the worlds and the Creator of earth and heaven!"	61.3 Isinasamo ko sa Iyo, O Ikaw na Siyang Panginoon ng lahat ng mga pangalan, na pangalagaan ang Iyong mga minamahal laban sa Iyong mga kaaway, at palakasin sila sa kanilang pag-ibig sa Iyo at sa pagtutupad sa Iyong kaluguran. Iyong pangalagaan sila, nang hindi dumulas ang kanilang mga yapak, nang hindi malambungan ang kanilang mga puso mula sa Iyo, at nang mapigilan ang kanilang mga mata mula sa pagmasid sa anumang hindi nauukol sa Iyo. Gawin silang lubhang mabighani sa katamisan ng Iyong banal na mga himig na aalisin nila mula sa kanilang mga sarili ang lahat ng pangangapit sa anuman liban sa Iyo, at babaling nang ganap tungo sa Iyo, at ipagbubunyi Ka sa lahat ng kalagayan, sinasabing, "Purihin Ka nawa, O Panginoon naming Diyos, yamang tinulutan Mo kaming makilala ang Iyong pinakadakila at lubos na maluwalhating Sarili. Gagawin namin, sa pamamagitan ng Iyong habag, ang mangapit sa Iyo, at iwawalay namin ang aming mga sarili mula sa kaninuman liban sa Iyo. Batid na naming Ikaw ang Minamahal ng mga daigdig at ang Manlilikha ng lupa at langit!"
Glorified be God, the Lord of all creation!	61.4 Luwalhatiin nawa ang Diyos, ang Panginoon ng buong sangnilikha!

– LXII –	LXII
Lauded and glorified art Thou, O Lord my God! Thou art He Who from everlasting hath been clothed with majesty, with authority and power, and will continue unto everlasting to be arrayed with honor, with strength and glory. The learned, one and all, stand aghast before the signs and tokens of Thy handiwork, while the wise find themselves, without exception, impotent to unravel the mystery of Them Who are the Manifestations of Thy might and power. Every man of insight hath confessed his powerlessness to scale the heights of Thy knowledge, and every man of learning hath acknowledged his failure to fathom the nature of Thine Essence.	62.1 Purihin at luwalhatiin Ka, O Panginoon kong Diyos! Ikaw ang Siyang mula sa kawalang-hanggan ay nadaramtan ng kamahalan, ng awtoridad at kapangyarihan, at magpapatuloy hanggang sa kawalang-hanggan na magtataglay ng karangalan, ng lakas at kaluwalhatian. Ang mga dalubhasa, ang bawat isa at ang lahat, ay nasindak sa harap ng mga palatandaan at mga sagisag ng Iyong likhang-kamay, samantalang natatagpuan ng marurunong ang kanilang mga sarili, nang walang pasubali, na walang- kakayahang tastasin ang hiwaga Nila na Silang mga Kahayagan ng Iyong lakas at kapangyarihan. Ang bawat taong may malalim na pag-unawa ay umaamin sa kaniyang kawalan ng kapangyarihang akyatin ang mga tugatog ng Iyong kaalaman, at ang bawat marunong na tao ay tinatanggap ang kaniyang kabiguang maarok ang likas na katangian ng Iyong Diwa.
Having barred the way that leadeth unto Thee, Thou hast, by virtue of Thine authority and through the potency of Thy will, called into being Them Who are the Manifestations of Thy Self, and hast entrusted Them with Thy message unto Thy people, and caused Them to become the Daysprings of Thine inspiration, the Exponents of Thy Revelation, the Treasuries of Thy Knowledge and the Repositories of Thy Faith, that all men may, through Them, turn their faces towards Thee, and may draw nigh unto the kingdom of Thy Revelation and the heaven of Thy grace.	62.2 Yamang hinadlangan ang daan patungo sa Iyo, Iyong ginawa, sa pamamagitan ng Iyong awtoridad at sa bisa ng Iyong kalooban, na ilalang Sila na mga Kahayagan ng Iyong Sarili, at ipinagkatiwala sa Kanila ang Iyong mensahe para sa Iyong mga tao, at ginawa Silang maging mga Pamimitak ng Iyong inspirasyon, mga Kinatawan ng Iyong Rebelasyon, mga Kabang-yaman ng Iyong Kaalaman, at mga Repositoryo ng Iyong Pananampalataya, upang magawa ng lahat ng tao, sa pamamagitan Nila, ang ibaling ang kanilang mga mukha tungo sa Iyo, at magawang lumapit sa kaharian ng Iyong Rebelasyon at sa langit ng Iyong biyaya.
I beseech Thee, therefore, by Thyself and by Them, to send down, from the right hand of the throne of Thy grace, upon all that dwell on earth, that which shall wash them from the stain of their trespasses against Thee, and cause them to become wholly devoted to Thy Self, O Thou in Whose hand is the source of	62.3 Isinasamo ko sa Iyo, samakatwid, sa pamamagitan Mo at sa pamamagitan Nila, na pababain, mula sa kanang kamay ng trono ng Iyong biyaya, para sa lahat ng nananahan sa daigdig, yaong maghuhugas sa kanila mula sa dungis ng kanilang mga paglabag sa Iyo at gawin silang maging ganap na deboto sa

all gifts, that they may all arise to serve Thy Cause, and may detach themselves entirely from all except Thee. Thou art the Almighty, the All-Glorious, the Unrestrained.	Iyong Sarili, O Ikaw na nasa Kaniyang kamay ang pinagmumulan ng lahat ng mga kaloob, nang silang lahat ay magsibangon upang maglingkod sa Iyong Kapakanan, at maiwalay nang ganap ang kanilang mga sarili mula sa lahat liban sa Iyo. Ikaw ang Ganap na Makapangyarihan, ang Ganap na Maluwalhati, ang Di-napipigilan.
O my God, my Master, my Best-Beloved! I am Thy servant and the son of Thy servant. I have held fast the cord of Thy grace, and clung to the hem of the garment of Thy loving providence. I entreat Thee, by Thy Most Great Name, Whom Thou hast appointed as the unerring Balance among the nations, and Thine infallible Proof unto all men, not to forsake me, nor to abandon me to my corrupt desires. Do Thou preserve me beneath the shadow of Thy Supreme Sinlessness, and enable me to magnify Thine own Self amidst the concourse of Thy creatures. Withhold not from me the Divine fragrance of Thy days, and deprive me not of the sweet savors wafting from the Dayspring of Thy Revelation. Bestow on me the good of this world and of the next, through the power of Thy grace that hath encompassed all created things and Thy mercy that hath surpassed the entire creation. Thou art He Who holdeth in His grasp the kingdom of all things. Thou doest what Thou willest through Thy decree, and choosest, through the power of Thy might, whatsoever Thou desirest. None can resist Thy will; naught can exhaust the impelling force of Thy command. There is no God but Thee, the Almighty, the All-Glorious, the Most Bountiful.	62.4 O aking Diyos, aking Panginoon, aking Pinakamamahal! Ako ang Iyong tagapaglingkod at anak ng Iyong tagapaglingkod. Ako ay kumapit nang mahigpit sa kordon ng Iyong biyaya, at nangapit sa laylayan ng kasuotan ng Iyong mapagmahal na pagpapala. Isinasamo ko sa Iyo sa Iyong Pinakadakilang Pangalan, na Iyong hinirang upang maging ang walang-salang Timbangan sa mga bansa, at Iyong di-nagkakamaling Katibayan sa lahat ng tao, na huwag akong itakwil, ni huwag akong hayaan sa sarili kong balakyot na mga hangarin. Iyong ingatan ako sa ilalim ng lilim ng Iyong Sukdulang Kawalan ng Kasalanan, at tulutang magawa kong ipagbunyi ang Iyong Sarili sa kalangitan ng kalipunan ng Iyong mga nilikha. Huwag ipagkait sa akin ang Banal na halimuyak ng Iyong mga araw, at huwag ipagdamot sa akin ang matatamis na samyong humihihip mula sa Pamimitak ng Iyong Rebelasyon. Ipagkaloob sa akin ang kabutihan ng daigdig na ito at ng kasunod, sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Iyong biyayang sumasaklaw sa lahat ng nilikhang bagay at ng Iyong habag na nakahihigit sa buong sangnilikha. Ikaw ang Siyang humahawak sa Kaniyang kamay ng kaharian ng lahat ng bagay. Iyong ginagawa ang Iyong ninanais sa pamamagitan ng Iyong kautusan, at pinipili, sa kapangyarihan ng Iyong lakas, ng anumang Iyong hinahangad. Walang makatatagal laban sa Iyong kalooban; walang makasasaid sa nagbubunsod na puwersa ng Iyong kautusan. Walang Diyos liban sa Iyo, ang Ganap na Makapangyarihan, ang Ganap na Maluwalhati, ang Pinakamapagpala.

– LXIII –	LXIII
Thou beholdest, O my God, Thy servant who dwelleth in this prison-house, wholly detached from any one but Thee, his eyes turned in the direction of the Dayspring of Thy mercy, his heart longing for the wondrous manifestations of Thy grace. Thou, O my Lord, hast reckoned up the ills that have afflicted him in Thy path. Thou seest him compassed about with such of Thy creatures as have transgressed and rebelled against Thee, who have come in between him and Thy loved ones, who have fixed his abode in this land and wronged Thee, and who have hindered Thy servants from turning towards Thee.	63.1 Iyong nakikita, O aking Diyos, ang Iyong tagapaglingkod na naninirahan sa piitang ito, ganap na nakawalay mula sa kaninuman liban sa Iyo, ang kaniyang mga matang nakadako tungo sa Pamimitak ng Iyong kahabagan, ang kaniyang pusong nananabik sa kamangha-manghang mga kapahayagan ng Iyong biyaya. Ikaw, O aking Panginoon, ang nagtuos sa mga salaghating nagpahirap sa kaniya sa Iyong landas. Iyong nakikita siyang napaliligiran ng gayon sa Iyong mga nilikha na lumabag at naghimagsik laban sa Iyo, na humarang sa pagitan niya at ng Iyong mga minamahal, na inilagay ang kaniyang tirahan sa lupaing ito at pinagkasalahan Ka, at pinigilan ang Iyong mga tagapaglingkod mula sa pagbaling tungo sa Iyo.
For all these things I offer thanksgiving unto Thee, O my Lord! I implore Thee to assist me and them that love me to magnify Thy Word, and to endow us with such strength that the ills of this world and its tribulations will be powerless to hinder us from remembering Thee and from extolling Thy virtues. Powerful art Thou to do all things; resplendent art Thou above all things.	63.2 Para sa lahat ng mga bagay na ito ay nagpapasalamat ako sa Iyo, O aking Panginoon! Isinasamo ko sa Iyo na tulungan ako at silang mga nagmamahal sa akin upang dakilain ang Iyong Salita, at pagkalooban kami ng gayong lakas na ang mga salaghati ng daigdig na ito at ang mga pahirap nito ay hindi magtataglay ng anumang lakas upang pigilan kami mula sa paggunita sa Iyo at sa pagbubunyi ng Iyong mga kabutihan. Makapangyarihan Ka upang gawin ang lahat ng bagay; napakaningning Ka sa lahat ng bagay.
Every conqueror is but a serf whom Thy hand hath subjected, and the richest of the rich is as destitute before the immensity of Thy wealth. The noblest of nobles is humbled when faced with the manifestations of Thy glory, and the mightiest of potentates is a mere abject one when confronted with the compelling evidences of Thine authority.	63.3 Ang bawat manlulupig ay pawang alipin lamang na sinupil ng Iyong kamay, at ang pinakamayaman sa lahat ng mga mayayaman ay maralita sa harap ng kalawakan ng Iyong kayamanan. Ang pinakamaharlika sa lahat ng mga maharlika ay aba sa harap ng mga kapahayagan ng Iyong kaluwalhatian, at ang pinakamakapangyarihang hari ay isang dukha lamang kapag nahaharap sa malinaw na mga katibayan ng Iyong awtoridad.

Tear asunder, O my God, the veil of vain imaginings that hath obscured the vision of Thy people, that all may haste towards Thee, may tread the path of Thy pleasure, and walk in the ways of Thy Faith. We are, O my God, Thy servants and Thy bondsmen. Thou art sufficient unto us so that we can dispense with the world and all that is therein. We are wholly satisfied with all that hath befallen us in Thy path, and exclaim: "Praised be Thou, in Whose hand are the realms of revelation and of creation, and all the kingdoms of earth and heaven!"	63.4 Punitin, O aking Diyos, ang lambong ng walang- kabuluhang mga hinagap na humadlang sa paningin ng Iyong mga tao, upang ang lahat ay magmadali patungo sa Iyo, tahakin ang landas ng Iyong mabuting kaluguran, at lumakad sa mga gawi ng Iyong Pananampalataya. Kami, O aking Diyos, ang Iyong mga tagapaglingkod at Iyong mga alipin. Ikaw ay nakasasapat sa amin upang maipagpaliban ang daigdig at ang lahat ng naroroon. Ganap kaming nasisiyahan sa lahat ng sumapit sa amin sa Iyong landas, at ibinubulalas: "Purihin Ka, na nasa Kaniyang kamay ang mga kaharian ng rebelasyon at sangnilikha, at ang lahat ng mga kaharian ng lupa at langit!"
– LXIV –	LXIV
Praise be to Thee, O Lord my God, my Master! Thou hearest the sighing of those who, though they long to behold Thy face, are yet separated from Thee and far distant from Thy court. Thou testifiest to the lamentations which those who have recognized Thee pour forth because of their exile from Thee and their yearning to meet Thee. I beseech Thee by those hearts which contain naught except the treasures of Thy remembrance and praise, and which show forth only the testimonies of Thy greatness and the evidences of Thy might, to bestow on Thy servants who desire Thee power to approach the seat of the revelation of the splendor of Thy glory and to assist them whose hopes are set on Thee to enter into the tabernacle of Thy transcendent favor and mercy.	64.1 Purihin Ka, O Panginoon kong Diyos, aking Sinusunod! Iyong naririnig ang buntong-hininga ng yaong mga, bagaman nananabik masilayan ang Iyong mukha, gayumpaman ay naihiwalay sa Iyo at malayo sa Iyong korte. Ikaw ay sumasaksi sa mga pagdadalamhating ibinubuhos nilang mga nakakilala sa Iyo dahil sa kanilang pagkadisteryo mula sa Iyo at sa kanilang pananabik na makaharap Ka. Isinasamo ko sa Iyo sa mga pusong iyon na nagtataglay ng walang iba liban sa mga kayamanan ng paggunita at papuri sa Iyo, at nagpapamalas lamang ng mga patotoo sa Iyong kadakilaan at ng mga katibayan ng Iyong kapangyarihan, na ipagkaloob sa Iyong mga tagapaglingkod na naghahangad sa Iyo ng kakayahang makalapit sa luklukan ng kahayagan ng karingalan ng Iyong kaluwalhatian at tulungan silang mga nakapako ang pag-asa sa Iyo na makapasok sa tabernakulo ng Iyong nangingibabaw na pagpapala at habag.
Naked am I, O my God! Clothe me with the robe of Thy tender mercies. I am sore athirst; give me to drink of the oceans of Thy bountiful favor. I am a stranger; draw me	64.2 Hubad ako, O aking Diyos! Damtan ako ng baro ng Iyong masuyong mga kahabagan. Ako ay lubhang nauuhaw; painumin ako mula sa mga karagatan ng Iyong

nearer unto the source of Thy gifts. I am sick; sprinkle upon me the healing waters of Thy grace. I am a captive; rid me of my bondage, by the power of Thy might and through the force of Thy will, that I may soar on the wings of detachment towards the loftiest summits of Thy creation. Thou, verily, doest what Thou choosest. There is no God but Thee, the Help in Peril, the All-Glorious, the Unconstrained.	masaganang pagpapala. Ako ay isang dayuhan; ilapit ako sa pinagmumulan ng Iyong mga kaloob. Ako ay may karamdaman; iwisik sa akin ang nakagagaling na mga tubig ng Iyong biyaya. Ako ay isang bihag; palayain ako sa aking pagkaalipin, sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Iyong lakas at sa pamamagitan ng puwersa ng Iyong kalooban, upang magawa kong pumailanlang sa mga bagwis ng pagkawalay tungo sa pinakamataas na mga tugatog ng Iyong kinapal. Ikaw, sa katunayan, ang gumagawa ng Iyong pinipili. Walang Diyos liban sa Iyo, ang Tulong sa Panganib, ang Ganap na Maluwalhati, ang Di-napipigilan.
– LXV –	LXV
Glorified art Thou, O my God! Thou knowest that my sole aim in revealing Thy Cause hath been to reveal Thee and not my self, and to manifest Thy glory rather than my glory. In Thy path, and to attain Thy pleasure, I have scorned rest, joy, delight. At all times and under all conditions my gaze hath been fixed on Thy precepts, and mine eyes bent upon the things Thou hast bidden me observe in Thy Tablets. I have wakened every morning to the light of Thy praise and Thy remembrance, and reached every evening inhaling the fragrances of Thy mercy.	65.1 Luwalhatiin Ka nawa, O aking Diyos! Iyong nalalaman na ang aking layunin sa paghahayag sa Iyong Kapakanan ay upang maihayag Ka at hindi ang aking sarili, at upang mailantad ang Iyong kaluwalhatian sa halip ng aking kaluwalhatian. Sa Iyong landas, at upang makamtan ang Iyong kaluguran, aking itinatwa ang pahinga, ligaya, tuwa. Sa lahat ng panahon at sa lahat ng kalagayan ang aking paningin ay nakatitig sa Iyong mga katuruan, at ang aking mga mata ay nakatutok sa mga bagay na Iyong ibiniling sundin ko sa Iyong mga Tableta. Ako ay gumigising tuwing umaga sa liwanag ng papuri sa Iyo at paggunita sa Iyo, at umaabot sa tuwing takipsilim nang nilalanghap ang mga halimuyak ng Iyong kahabagan.
And when the entire creation was stirred up, and the whole earth was convulsed, and the sweet savors of Thy name, the All-Praised, had almost ceased to breathe over Thy realms, and the winds of Thy mercy had well-nigh been stilled throughout Thy dominions, Thou didst, through the power of Thy might, raise me up among Thy servants, and bid me to show forth Thy sovereignty amidst Thy people. Thereupon I arose before all Thy	65.2 At nang naligalig ang buong santinakpan, at nayanig ang buong daigdig, at ang matatamis na samyo ng Iyong pangalan, ang Lubos na Pinupuri, ay halos hindi na humihihip sa Iyong mga kaharian, at ang mga hangin ng Iyong habag ay halos tumigil na sa kahabaan ng Iyong mga sinasakupan, Iyong ginawa, sa kapangyarihan ng Iyong lakas, na ibangon ako mula sa Iyong mga tagapaglingkod, at inatasan akong ipakita ang

creatures, strengthened by Thy help and Thy power, and summoned all the multitudes unto Thee, and announced unto all Thy servants Thy favors and Thy gifts, and invited them to turn towards this Ocean, every drop of the waters of which crieth out, proclaiming unto all that are in heaven and on earth that He is, in truth, the Fountain of all life, and the Quickener of the entire creation, and the Object of the adoration of all worlds, and the Best-Beloved of every understanding heart, and the Desire of all them that are nigh unto Thee.	Iyong paghahari sa Iyong mga tao. Sa pagkagayon, ako ay bumangon sa harap ng lahat ng Iyong mga nilalang, pinalakas ng Iyong tulong at Iyong kapangyarihan, at tinawag ang lahat ng mga karamihan tungo sa Iyo, at ipinatalastas sa lahat ng Iyong mga tagapaglingkod ang Iyong mga pagpapala at Iyong mga kaloob, at inanyayahan silang bumaling tungo sa Karagatang ito, na ang bawat patak ng mga tubig nito ay sumisigaw, ipinapahayag sa lahat ng nasa langit at nasa lupa, na Siya, sa katotohanan, ay ang Bukal ng lahat ng buhay, at ang Nagbibigay-buhay sa buong santinakpan, at ang Nilalayon ng pagsamba ng lahat ng mga daigdig, at ang Pinakamamahal ng bawat nakauunawang tao, at ang Hangarin ng lahat nilang mga malalapit sa Iyo.
Though the fierce winds of the hatred of the wicked doers blew and beat on this Lamp, He was, at no time, in His love for Thy beauty, hindered from shedding the fragrance of His light. As the transgressions committed against Thee waxed greater and greater, my eagerness to reveal Thy Cause correspondingly increased, and as the tribulations deepened—and to this Thy glory beareth me witness—a fuller measure of Thy sovereignty and of Thy power was vouchsafed by me unto Thy creatures.	65.3 Bagaman ang malalakas na hangin ng pagkamuhi ng mga gumagawa ng masama ay humihip at sumalanta sa Lamparang ito, Siya, sa anumang panahon, sa pag-ibig Niya sa Iyong kagandahan, ay hindi napigilan mula sa pagbibigay ng kabanguhan ng Kaniyang liwanag. Samantalang ang mga paglalabag laban sa Iyo ay lumala nang lumala, ang kasabikan kong ibunyag ang Iyong Kapakanan gayundin ay tumindi, at habang lumalalim pa ang mga pagsubok—at dito ay sumasaksi sa akin ang Iyong kaluwalhatian—ang higit na ganap na sukat ng Iyong paghahari at ng Iyong kapangyarihan ay ipinagkaloob ko sa Iyong mga nilalang.
And finally, I was cast by the transgressors into the prison-city of ʻAkká, and my kindred were made captives in Baghdád. The power of Thy might beareth me witness, O my God! Every trouble that hath touched me in Thy path hath added to my joy and increased my gladness. I swear by Thee, O Thou Who art the King of Kings! None of the kings of the earth hath power to hinder me from remembering Thee or from extolling Thy virtues. Were they to be leagued—as they have been leagued—against me, and to	65.4 At sa wakas, ako ay itinapon ng mga lumalabag sa lungsod-piitan ng ʻAkká, at ang aking mga kaanak ay ginawang mga bihag sa Baghdád. Ang kapangyarihan ng Iyong lakas ay sumasaksi sa akin, O aking Diyos! Ang bawat suliraning dumapo sa akin sa Iyong landas ay nakaragdag sa aking kaligayahan at pinalaki ang aking tuwa. Sumusumpa ako sa Iyo, O Ikaw na Siyang Hari ng mga Hari! Wala sa mga hari ng daigdig ang may kakayahang pigilan ako mula sa paggunita sa Iyo o mula sa pagbunyi sa Iyong mga

brandish their sharpest swords and most afflictive spears against me, I would not hesitate to magnify Thy name before all them that are in Thy heaven and on Thy earth. Nay rather, I would cry out and say: "This, O my Beloved, is my face which I have offered up for Thy face, and this is my spirit which I have sacrificed for Thy spirit, and this is my blood that seetheth in my veins, in its longing to be shed for love of Thee and in Thy path."	kabutihan. Kung sila man ay magsama-sama—tulad ng pagsasama-sama nila—laban sa akin, at ibanta ang kanilang pinakamatalas na mga espada at pinakamasakit na mga sibat, laban sa akin, hindi ako mag-aatubiling dakilain ang Iyong pangalan sa harap ng lahat ng nasa Iyong langit at nasa Iyong lupa. Hindi lamang iyon, sa halip ako ay sisigaw at sasabihing: "Ito, O aking Minamahal, ang aking mukha na aking iniaalay para sa Iyong mukha, at ito ang aking espiritu na aking ipinagpakasakit para sa Iyong espiritu, at ito ang aking dugong kumukulo sa aking mga ugat sa pagnanasa nitong dumanak alang-alang sa pag-ibig sa Iyo at sa Iyong landas."
Though—as Thou beholdest me, O my God—I be dwelling in a place within whose walls no voice can be heard except the sound of the echo, though all the gates of ease and comfort be shut against us, and thick darkness appear to have compassed us on every side, yet my soul hath been so inflamed by its love for Thee, that nothing whatsoever can either quench the fire of its love or abate the consuming flame of its desire. Lifting up its voice, it crieth aloud amidst Thy servants, and calleth them, at all times and under all conditions, unto Thee.	65.5 Bagaman—tulad ng Iyong nakikita, O aking Diyos—ako ay nananahan sa isang lugar kung saan sa loob ng mga pader nito walang tinig ang maririnig liban sa tunog ng alingawngaw, bagaman ang lahat ng mga pinto ng kaalwanan at kaginhawahan ay nakasara sa amin, at ang makapal na karimlan ay waring nakapalibot sa amin sa lahat ng panig, gayumpaman ang aking kaluluwa ay nag-aapoy sa pag-ibig nito sa Iyo, na walang anuman ang maaaring subhan ang apoy ng pag-ibig nito o pahinain ang nakatutupok na liyab ng pagnanasa nito. Sa pagtaas ng tinig nito, sumisigaw ito sa kalagitnaan ng Iyong mga tagapaglingkod, at tinatawagan sila, sa lahat ng panahon at sa lahat ng kalagayan, patungo sa Iyo.
I beseech Thee, by Thy Most Great Name, to open the eyes of Thy servants, that they may behold Thee shining above the horizon of Thy majesty and glory, and that they may not be hindered by the croaking of the raven from hearkening to the voice of the Dove of Thy sublime oneness, nor be prevented by the corrupt waters from partaking of the pure wine of Thy bounty and the everlasting streams of Thy gifts.	65.6 Isinasamo ko sa Iyo, sa Iyong Pinakadakilang Pangalan, na buksan ang mga mata ng Iyong mga tagapaglingkod, nang upang masilayan Ka nilang sumisikat sa itaas ng sugpungang-guhit ng Iyong kamahalan at kaluwalhatian, at nang hindi sila mapigilan ng paghuni ng uwak mula sa pakikinig sa tinig ng Kalapati ng Iyong dakilang kaisahan, ni mapigilan ng maruruming tubig mula sa pakikisalo sa dalisay na alak ng Iyong biyaya at ng walang- katapusang pagdaloy ng Iyong mga kaloob.

Gather them, then, together around this Divine Law, the covenant of which Thou hast established with all Thy Prophets and Thy Messengers, and Whose ordinances Thou hast written down in Thy Tablets and Thy Scriptures. Raise them up, moreover, to such heights as will enable them to perceive Thy Call.	65.7 Tipunin sila, kung gayon, palibot sa Banal na Batas na ito, na ang kasunduan na Iyong itinatag sa lahat ng Iyong mga Propeta at Iyong mga Sugo, at na ang mga batas Nito ay Iyong isinulat sa Iyong mga Tableta at Iyong mga Santong Kasulatan. Bukod pa rito ay itaas sila sa gayong mga rurok na mababatid nila ang Iyong Panawagan.
Potent art Thou to do what pleaseth Thee. Thou art, verily, the Inaccessible, the All-Glorious.	65.8 Makapangyarihan Ka upang magawa ang Iyong ninanais. Ikaw, sa katunayan, ay ang Di-maabot, ang Ganap na Maluwalhati.
– LXVI –	LXVI
Glorified art Thou, O Lord my God! Thou seest me dwelling in this prison-house that lieth behind the seas and the mountains, and knowest full well what I have endured for love of Thee and for the sake of Thy Cause. Thou art He, O my God, Who hath raised me up at Thy behest, and bidden me to occupy Thy seat, and to summon all men to the court of Thy mercy. It is Thou Who hast commanded me to tell out the things Thou didst destine for them in the Tablet of Thy decree and didst inscribe with the pen of Thy Revelation, and Who hast enjoined on me the duty of kindling the fire of Thy love in the hearts of Thy servants, and of drawing all the peoples of the earth nearer to the habitation of Thy throne.	66.1 Luwalhatiin Ka nawa, O Panginoon kong Diyos! Iyong nakikita akong nananahan sa piitang ito na nasa kabilang karagatan at kabundukan, at ganap na nalalaman ang aking tiniitiis alang-alang sa pag-ibig sa Iyo at alang-alang sa Iyong Kapakanan. Ikaw Siya, O aking Diyos, ang nagbangon sa akin ayon sa Iyong kautusan, at inatasan akong umupo sa Iyong upuan, at tawagin ang lahat ng tao patungo sa korte ng Iyong kahabagan. Ikaw ang nag-utos sa aking isaysay ang mga bagay na Iyong itinadhana sa kanila sa Tableta ng Iyong kautusan at isinulat ng panulat ng Iyong Rebelasyon, at Siyang nagpataw sa akin ng tungkuling pagpaparikit sa apoy ng Iyong pag-ibig sa mga puso ng Iyong mga tagapaglingkod, at ng pag-aakit ng lahat ng mga tao ng daigdig papalapit sa kinaroroonan ng Iyong trono.
And when, as bidden by Thee, I arose and called out, by Thy leave, all Thy creatures, the wayward among Thy servants opposed me. Some turned away from me, others disowned my claim, a few hesitated, while others were sore perplexed, notwithstanding that Thy testimony was set forth before the followers of all religions, and Thy proof demonstrated unto all the peoples of the earth, and the signs of	66.2 At nang, sang-ayon sa Iyong iniutos ay bumangon ako at tinawagan, sa Iyong pahintulot, ang lahat ng Iyong mga nilalang, ang mga suwail sa Iyong mga tagapaglingkod ay lumaban sa akin. Ang ilan ay tumalikod sa akin, ang iba ay itinatwa ang aking panawangan, ang ilan ay nag-atubili, samantalang ang mga iba ay natuliro, sa kabila ng pagtatakda ng Iyong patotoo sa harap ng mga tagasunod ng lahat ng mga relihiyon, at

Thy might so powerfully manifested as to encompass the entire creation.	ang Iyong katibayan ay ipinakita sa lahat ng mga tao ng daigdig, at ang mga palatandaan ng Iyong kapangyarihan ay napakalakas na inihayag na sinaklaw nito ang buong kinapal.
I was, moreover, opposed by mine own kindred, although, as Thou knowest, they were dear to me and I had desired for them that which I had desired for mine own self. These are the ones who, when learning that I had been cast into prison, perpetrated against me what no man else on earth had perpetrated.	66.3 Higit pa rito, nilabanan ako ng aking sariling mga kaanak, bagaman, tulad ng Iyong nalalaman, sila ay aking mahal at hinahangad ko para sa kanila yaong hinahangad ko para sa aking sarili. Sila itong mga, nang malaman nilang ako ay ikinulong sa piitan, ay ginawa laban sa akin yaong walang ibang tao sa daigdig ang gumawa.
I entreat Thee, therefore, O my God, by Thy name by which Thou hast separated between truth and denial, to purify their hearts of all evil suggestions, and to enable them to draw nigh unto Him Who is the Dayspring of Thy names and Thine attributes.	66.4 Isinasamo ko sa Iyo, samakatwid, O aking Diyos, sa Iyong pangalan na sa pamamagitan niyon ay Iyong pinagbukod ang katotohanan at ang pagtatatwa, na dalisayin ang kanilang mga puso mula sa lahat ng masasamang mungkahi, at tulutan silang makalapit sa Kaniya na Siyang Pamimitak ng Iyong mga pangalan at Iyong mga katangian.
Thou knowest, O my God, that I have severed every tie that bindeth me to any of Thy creatures except that most exalted tie that uniteth me with whosoever cleaveth unto Thee, in this the day of the revelation of Thy most august Self, that hath appeared in Thy name, the All-Glorious. Thou knowest that I have dissolved every bond that knitteth me to any one of my kindred except such as have enjoyed near access to Thy most effulgent face.	66.5 Iyong nalalaman, O aking Diyos, na aking pinutol ang bawat kawing na nag-uugnay sa akin sa alinman sa Iyong mga nilalang liban lamang sa pinakadakilang kawing na nag-uugnay sa akin sa kaninumang nangangapit sa Iyo, sa araw na ito ng kapahayagan ng Iyong lubos na kapita-pitagang Sarili, na lumitaw sa Iyong pangalan, ang Maluwalhati sa Lahat. Iyong batid na aking nilusaw ang bawat lubid na naghabi sa akin sa kaninuman sa aking mga kaanak liban sa yaong mga nagtatamasa ng pagiging malapit sa Iyong pinakamaningning na mukha.
I have no will but Thy will, O my Lord, and cherish no desire except Thy desire. From my pen floweth only the summons which Thine own exalted pen hath voiced, and my tongue uttereth naught save what the Most Great Spirit hath itself proclaimed in the kingdom of Thine eternity. I am stirred by nothing else except the winds of Thy will, and breathe no word except the words which, by	66.6 Ako ay walang kalooban liban sa Iyong kalooban, O aking Panginoon, at walang minimithing hangarin liban sa Iyong hangarin. Mula sa aking panulat ay dumadaloy lamang ang panawagang binigkas ng Iyong sariling dakilang panulat, at ang aking dila ay walang inuusal liban sa ipinahayag lamang ng Pinakadakilang Espiritu sa kaharian ng Iyong kawalang-hanggan. Ako ay pinakikilos ng walang iba liban sa mga hangin ng Iyong

Thy leave and Thine inspiration, I am led to pronounce.	kalooban, at walang salitang inihihinga liban sa mga salitang iniuudyok akong bigkasin, sang-ayon sa Iyong pahintulot at Iyong inspirasyon.
Praise be to Thee, O Thou Who art the Well-Beloved of all that have known Thee, and the Desire of the hearts of such as are devoted to Thee, inasmuch as Thou hast made me a target for the ills that I suffer in my love for Thee, and the object of the assaults launched against me in Thy path. Thy glory beareth me witness! I can, on no account, feel impatient of the adversities that I have borne in my love for Thee. From the very day Thou didst reveal Thyself unto me, I have accepted for myself every manner of tribulation. Every moment of my life my head crieth out to Thee and saith: "Would, O my Lord, that I could be raised on the spear-point in Thy path!" while my blood entreateth Thee saying: "Dye the earth with me, O my God, for the sake of Thy love and Thy pleasure!" Thou knowest that I have, at no time, sought to guard my body against any affliction, nay rather I have continually anticipated the things Thou didst ordain for me in the Tablet of Thy decree.	66.7 Purihin Ka nawa, O Ikaw na Pinakamamahal ng lahat ng nakakilala sa Iyo, at Hangarin ng mga puso ng yaong mga deboto sa Iyo, yamang ako ay Iyong ginawang maging tudlaan ng mga kasawiang aking dinaranas sa aking pag-ibig sa Iyo, at pakay ng mga pananalakay na inilunsad laban sa akin sa Iyong landas. Ang Iyong kaluwalhatian ay sumasaksi sa akin! Sa anumang dahilan ay hindi ako maaaring mainip dahil sa mga kahirapang aking dinaranas sa aking pag-ibig sa Iyo. Mula sa kauna-unahang araw na Iyong inihayag ang Iyong sarili sa akin, tinanggap ko na para sa aking sarili ang bawat uri ng pahirap. Sa bawat sandali ng aking buhay ang aking ulo ay tumatawag sa Iyo at sinasabing, "Harinawa, O aking Panginoon, na ako ay maitaas sa dulo ng sibat sa Iyong landas!" samantalang ang aking dugo ay sumasamo sa Iyo at sinasabing: "Kulayan ang lupa sa pamamagitan ko, O aking Diyos, alang-alang sa Iyong pag-ibig at Iyong kaluguran!" Iyong nalalaman na sa anumang panahon ay hindi ko sinikap ipagsanggalang ang aking katawan laban sa anumang pahirap, hindi lamang iyon, sa halip ay patuloy kong inaasahan ang mga bagay na Iyong itinalaga para sa akin sa Tableta ng Iyong kautusan.
Behold, then, O my God, my loneliness among Thy servants and my remoteness from Thy friends and Thy chosen ones. I beseech Thee, by the showers of the clouds of Thy mercy, whereby Thou hast caused the blossoms of Thy praise and utterance and the flowers of Thy wisdom and testimony to spring forth in the hearts of all them that have recognized Thy oneness, to supply Thy servants and my kindred with the fruits of the tree of Thy unity, in these days when Thou hast been established upon the throne of Thy mercy. Hinder them not, O my Lord, from	66.8 Masdan, kung gayon, O aking Diyos, ang aking pag-iisa sa kalagitnaan ng Iyong mga tagapaglingkod at ang aking kalayuan mula sa Iyong mga kaibigan at Iyong mga pinili. Isinasamo ko sa Iyo, sa mga ulan ng mga ulap ng Iyong kahabagan na sa pamamagitan niyon ay Iyong ginawa ang mga bulaklak ng Iyong papuri at pananalita at ang mga bulaklak ng Iyong karunungan at patotoong sumibol sa mga puso ng lahat sa kanilang kumilala sa Iyong mga tagapaglingkod at ang aking mga kaanak ng mga bunga ng puno ng Iyong pagkakaisa, sa

attaining unto the things Thou dost possess, and write down for them that which will aid them to scale the heights of Thy grace and favor. Give them, moreover, to drink of the living waters of Thy knowledge, and ordain for them the good of this world and of the world to come.	mga araw na ito kung kailan Ikaw ay iniluklok sa trono ng Iyong habag. Huwag silang pigilan, O aking Panginoon, mula sa pagtatamo ng mga bagay na Iyong taglay, at itakda para sa kanila yaong makatutulong sa kanila na makaakyat sa mga tugatog ng Iyong biyaya at pagpapala. Ipagkaloob sa kanila, bukod pa rito, na makainom sila mula sa nabubuhay na mga tubig ng Iyong kaalaman, at italaga para sa kanila ang kabutihan ng daigdig na ito at ng daigdig na darating.
Thou art, verily, the Lord of Bahá, and the Beloved of his heart, and the Object of his desire, and the Inspirer of his tongue, and the Source of his soul. No God is there but Thee, the Inaccessible, the Most High. Thou art, verily, the Almighty, the Most Exalted, the Ever-Forgiving, the Most Merciful.	66.9 Ikaw, sa katunayan, ang Panginoon ni Bahá, at ang Minamahal ng kaniyang puso, at ang Layunin ng kaniyang hangarin, at ang Pumupukaw sa kaniyang dila, at ang Pinagmulan ng kaniyang kaluluwa. Walang ibang Diyos liban sa Iyo, ang Di-maabot, ang Pinakamataas. Ikaw sa katunayan, ang Ganap na Makapangyarihan, ang Pinakadakila, ang Laging- Nagpapatawad, ang Pinakamahabagin.
– LXVII –	LXVII
Glorified art Thou, O Lord my God! I yield Thee thanks for having enabled me to recognize the Manifestation of Thyself, and for having severed me from Thine enemies, and laid bare before mine eyes their misdeeds and wicked works in Thy days, and for having rid me of all attachment to them, and caused me to turn wholly towards Thy grace and bountiful favors. I give Thee thanks, also, for having sent down upon me from the clouds of Thy will that which hath so sanctified me from the hints of the infidels and the allusions of the misbelievers that I have fixed my heart firmly on Thee, and fled from such as have denied the light of Thy countenance. Again I thank Thee for having empowered me to be steadfast in Thy love, and to speak forth Thy praise and to extol Thy virtues, and for having given me to drink of the cup of Thy mercy that hath surpassed all things visible and invisible.	67.1 Luwalhatiin Ka nawa, O Panginoon kong Diyos! Nagpapasalamat ako sa Iyo dahil tinulutan Mo akong makilala ang Kahayagan ng Iyong Sarili, at dahil sa paghihiwalay sa akin mula sa aking mga kaaway, at sa paglalantad sa harap ng aking mga mata sa kanilang mga pagkakamali at masasamang mga gawain sa Iyong mga araw, at dahil sa pag-aalis sa akin ng lahat ng pagkapit sa kanila, at paggawa sa aking ganap na bumaling tungo sa Iyong biyaya at masaganang mga pagpapala. Nagpapasalamat din ako sa Iyo dahil sa pagpababa sa akin mula sa mga ulap ng Iyong kalooban yaong dumalisay sa akin mula sa mga padaplis ng mga hindi sumasampalataya at sa mga pahiwatig ng mga mali ang paniniwala na nagawa kong itutok nang matibay ang aking puso sa Iyo, at nakatakas mula sa yaong mga itinatwa ang liwanag ng Iyong mukha. At muli ay nagpapasalamat ako sa Iyo dahil sa

	pagbibigay-lakas sa akin upang manatiling matatag sa Iyong pag-ibig at banggitin ang papuri sa Iyo at ipagbunyi ang Iyong mga kabutihan, at dahil sa pagbibigay sa akin upang makainom mula sa kopa ng Iyong kahabagang nakahihigit sa lahat ng bagay na nakikita at di-nakikita.
Thou art the Almighty, the Most Exalted, the All-Glorious, the All-Loving.	67.2 Ikaw ang Ganap na Makapangyarihan, ang Pinakadakila, ang Ganap na Maluwalhati, ang Ganap na Nagmamahal.
– LXVIII –	LXVIII
Praised be Thou, O my God! Thou seest me shut up in this Prison, and art well aware that I have entered it solely for Thy sake and for the sake of the glorification of Thy word and the proclamation of Thy Cause. I cry out to Thee, this very moment, O Thou Who art the Lord of all worlds, beseeching Thee, by Thine undoubted Name, to attract the hearts of Thy servants unto the Dayspring of Thy most excellent titles and the Dawning-Place of Thy most resplendent signs.	68.1 Purihin Ka nawa, O aking Diyos! Iyong nakikita akong nakakulong sa Piitang ito, at ganap na nababatid na pumasok lamang ako rito alang-alang sa Iyo at alang-alang sa pagluluwalhati ng Iyong salita at sa pamamahayag ng Iyong Kapakanan. Tumatawag ako sa Iyo, sa mismong sandaling ito, O Ikaw na Siyang Panginoon ng lahat ng mga daigdig, sumasamo sa Iyo sa pamamagitan ng Iyong walang pag-aalinlangang Pangalan, na akitin ang mga puso ng Iyong mga tagapaglingkod tungo sa Pamimitak ng Iyong pinakamahusay na mga taguri at sa Pook-Silangan ng Iyong pinakamaningning na mga palatandaan.
But for the troubles that touch me in Thy path, O my God, how else could my heart rejoice in Thy days; and were it not for the blood which is shed for love of Thee, what else could tinge the faces of Thy chosen ones before the eyes of Thy creatures? I swear by Thy might! The ornament that adorneth the countenance of Thy dear ones is the blood which, in their love for Thee, floweth out of their foreheads over their faces.	68.2 Kung hindi dahil sa mga suliraning dumadapo sa akin sa Iyong landas, O aking Diyos, paano pa makapagdiriwang ang aking puso sa Iyong mga araw; at kung hindi dahil sa dugong pinadanak dahil sa pag-ibig sa Iyo, ano pa ang makapagbibigay-kulay sa mga mukha ng Iyong mga pinili sa harap ng mga mata ng Iyong mga nilalang? Sumusumpa ako sa Iyong kapangyarihan! Ang pangganyak na siyang palamuti ng mukha ng Iyong mga minamahal, alang-alang sa kanilang pagmamahal sa Iyo, ay ang dugong umaagos mula sa kanilang mga noo pababa sa kanilang mga mukha.
Thou beholdest, O my God, how every bone in my body soundeth like a pipe with the	68.3 Iyong nakikita, O aking Diyos, kung paanong ang bawat buto sa aking katawan ay

music of Thine inspiration, revealing the signs of Thy oneness and the clear tokens of Thy unity. I entreat Thee, O my God, by Thy Name which irradiateth all things, to raise up such servants as shall incline their ears to the voice of the melodies that hath ascended from the right hand of the throne of Thy glory. Make them, then, to quaff from the hand of Thy grace the wine of Thy mercy, that it may assure their hearts, and cause them to turn away from the left hand of idle fancies and vain imaginings to the right hand of confidence and certitude.	nagmimistulang plawta sa musika ng Iyong inspirasyon, ibinubunyag ang mga palatandaan ng Iyong kaisahan at ang malilinaw na mga sagisag ng Iyong pagkakaisa. Isinasamo ko sa Iyo, O aking Diyos, sa Iyong pangalang tumatanglaw sa lahat ng bagay, na ibangon ang gayong mga tagapaglingkod na ibabaling ang kanilang mga tainga sa tinig ng mga himig na pumailanlang mula sa kanang kamay ng trono ng Iyong kaluwalhatian. Gawin silang uminom, kung gayon, mula sa kamay ng Iyong biyaya ng alak ng Iyong kahabagan, nang upang ipagkaloob nito ang katiyakan sa kanilang mga puso at gawin silang tumalikod mula sa kaliwang kamay ng walang- kabuluhang mga hinagap at walang-katuturang mga guniguni at patungo sa kanang kamay ng lakas-loob at katiyakan.
Now that Thou hast guided them unto the door of Thy grace, O my Lord, cast them not away, by Thy bounty; and now that Thou hast summoned them unto the horizon of Thy Cause, keep them not back from Thee, by Thy graciousness and favor. Powerful art Thou to do as Thou pleasest. No God is there but Thee, the Omniscient, the All-Informed.	68.4 Ngayon na Iyong ginabayan sila tungo sa pintuan ng Iyong biyaya, O aking Panginoon, huwag silang itaboy, bunga ng Iyong pagpapala; at ngayong tinawag Mo sila sa sugpungang-guhit ng Iyong Kapakanan, huwag silang pigilan mula sa Iyo, sa Iyong pagiging mapagpala at mapagkaloob. Makapangyarihan Ka upang gawin ang Iyong ninanais. Walang ibang Diyos liban sa Iyo, ang Ganap na Marunong, ang Ganap na Nakababatid.
– LXIX –	LXIX
Glorified art Thou, O Lord my God! My tongue, both the tongue of my body and the tongue of my heart, my limbs and members, every pulsating vein within me, every hair of my head, all proclaim that Thou art God, and that there is none other God beside Thee. From everlasting Thou hast been immeasurably exalted above all similitudes and comparisons, and sanctified from whatsoever pertaineth to the creation Thou hast created and fashioned. From eternity Thou hast been alone, with none to share the	69.1 Luwalhatiin Ka nawa, O aking Diyos! Ang aking dila, kapuwa ang dila ng aking katawan at ang dila ng aking puso, ang aking mga bisig at mga kalamnan, ang bawat pumipintig na ugat sa loob ko, ang bawat buhok sa aking ulo, ang lahat ay nagpapahayag na Ikaw ang Diyos, at walang ibang Diyos liban sa Iyo. Mula sa kawalang-hanggan Ikaw ay lubos na dakila kaysa sa lahat ng paghahalintulad at pagtutumbas, at dalisay mula sa anumang nauugnay sa sangnilikhang Iyong nilikha at

majesty of Thy singleness, and hast remained far above the changes and chances to which all Thy creatures are subjected.	hinugis. Mula sa kawalang-hanggan Ikaw ay nag-iisa, na walang kahati sa kamahalan ng Iyong kaisahan, at nanatiling higit na mataas kaysa sa mga pagbabago at mga pagkakataong dinaranas ng lahat ng Iyong nilalang.
And when Thou didst purpose to demonstrate the power of Thy sovereign might, and to glorify Thy word, and to guide the steps of Thy people, Thou didst raise up from among Thy creatures One of Thy servants, Whom Thou didst send forth with the signs of Thy sovereignty, and Whom Thou didst endue with the clear tokens of Thy oneness, that He might fulfill Thy testimony unto all created things, and perfect Thy proof before all men.	69.2 At nang Iyong nilayong ipakita ang kapangyarihan ng Iyong naghaharing lakas, at luwalhatiin ang Iyong salita, at patnubayan ang mga hakbang ng Iyong mga tao, Iyong ibinangon mula sa Iyong mga nilalang ang Isa sa Iyong mga tagapaglingkod, na Iyong pinahayo taglay ang mga palatandaan ng Iyong paghahari, at Siya ay Iyong pinagkalooban ng malinaw na mga sagisag ng Iyong kaisahan, nang upang magawa Niyang tuparin ang Iyong patotoo sa lahat ng nilikhang bagay, at gawing ganap ang Iyong katibayan sa harap ng lahat ng tao.
As soon as He revealed Himself, as bidden by Thee, and called Thy servants to turn in the direction of Thy gifts, and to set their faces towards the horizon of Thy knowledge, the signs of dissension appeared amongst them. Some responded to Thy call and, without the least hesitation, obeyed Thy summons. Others turned their backs to Thee, and followed the desires of a corrupt inclination.	69.3 Kaagad nang ipinahayag Niya ang Kaniyang sarili, sang-ayon sa Iyong iniutos, at tinawagan ang Iyong mga tagapaglingkod na bumaling tungo sa pinagbubuhatan ng Iyong mga kaloob, at idako ang kanilang mga mukha tungo sa sugpungang-guhit ng Iyong kaalaman, ang mga palatandaan ng pagtutol ay lumitaw sa kanila. Ang mga ilan ay tumugon sa Iyong panawagan at nang walang anumang pag-aatubili ay sumunod sa Iyong tawag. Ang mga iba ay tumalikod sa Iyo, at sumunod sa mga hangarin ng balakyot na hilig.
I implore Thee, O my God, by Thy Most Great Name, to enrapture the nations through the potency of the Word which Thou didst ordain to be the king of all words, the Word whereby the goodly pearls of Thy hidden wisdom were uncovered, and the gem-like mysteries which were wrapped up within Thee were unraveled. Deprive them not, by Thy grace and bounty, of the things Thou didst desire for them, and suffer them not to be far removed from the shores of the ocean of Thy presence.	69.4 Isinasamo ko sa Iyo, O aking Diyos, sa Iyong Pinakadakilang Pangalan, na mabighani ang mga bansa sa pamamagitan ng bisa ng Salitang itinalaga Mo na maging hari ng lahat ng mga salita, ang Salitang sa pamamagitan niyon ay nabuksan ang butihing mga perlas ng Iyong natatagong karunungan, at natastas ang mga hiwagang malahiyas na nababalot sa Iyong loob. Huwag ipagkait sa kanila, sa Iyong biyaya at pagpapala, ang mga bagay na Iyong hinahangad para sa kanila, at huwag silang tulutang manatiling malayo sa mga dalampasigan ng karagatan ng Iyong kinaroroonan.

Every existence, whether seen or unseen, O my Lord, testifieth that Thy mercy hath surpassed all created things, and Thy loving-kindness embraced the entire creation. Look upon them, I entreat Thee, with the eyes of Thy mercy. Thou art the Ever-Forgiving, the Most Compassionate. Do with them as beseemeth Thy glory, and Thy majesty, and Thy greatness, and Thy bounteousness and Thy grace. Deal not with them according to the limitations imposed upon them, or the manifold vicissitudes of their earthly life.	69.5 Ang bawat umiiral, maging nakikita man o di-nakikita, O aking Panginoon, ay sumasaksi na ang Iyong habag ay nakahihigit sa lahat ng nilalang na bagay, at ang Iyong mapagmahal na kabutihan ay sumasaklaw sa buong kinapal. Tumingin sa kanila, isinasamo ko sa Iyo, sa pamamagitan ng mga mata ng Iyong kahabagan. Ikaw ang Laging-Nagpapatawad, ang Pinakamadamayin. Gawin sa kanila ang nararapat sa Iyong kaluwalhatian, at sa Iyong kamahalan, at sa Iyong kadakilaan, at sa Iyong kasaganaan at sa Iyong biyaya. Huwag silang pakitunguhan sang-ayon sa mga hangganang itinakda sa kanila, o sa napakaraming pagbabago sa kanilang makalupang buhay.
Thou knowest, O my Lord, that I am but one of Thy servants. I have tasted of the sweetness of Thy speech, and acknowledged Thy unity and Thy singleness, and set my face towards the Source of Thy most excellent names and the Dayspring of Thy transcendent attributes, and wished to be enabled by Thee to immerse myself beneath the ocean of Thy oneness and to be submerged by the mighty waters of Thy unity.	69.6 Iyong nalalaman, O aking Panginoon, na ako ay isa lamang sa Iyong mga tagapaglingkod. Aking natikman ang katamisan ng Iyong pananalita, at kinilala ang Iyong pagkakaisa at Iyong kaisahan, at itinuon ang aking mukha tungo sa Pinagmumulan ng Iyong pinakamahusay na mga pangalan at sa Pamimitak ng Iyong nangingibabaw na mga katangian, at hinahangad na Iyong tutulutan akong itubog ang aking sarili sa karagatan ng Iyong kaisahan at matabunan ng malalakas na tubig ng Iyong pagkakaisa.
Assist me, by Thy strengthening grace, O my Lord, to do what Thou didst will, and withhold not from me the things Thou dost possess. So enravish me with the wonders of Thine utterances that the noise and distraction of this world may be powerless to deter me from turning unto Thee, and may fail to shake my constancy in Thy Cause, or to distract my gaze from the horizon of Thy grace. Aid me, then, O my God, to do what pleaseth Thee, and to carry out Thy will. Write down for me, moreover, the good of this world and of the world which is to come, and ordain for me a seat of truth in Thy presence. Potent art Thou to do what Thou willest, and to rule as Thou	69.7 Tulungan ako, sa pamamagitan ng Iyong nakapagpapalakas na biyaya, O aking Panginoon, upang gawin yaong Iyong niloloob, at huwag ipagkait sa akin ang mga bagay na Iyong taglay. Gawin akong lubos na mabighani sa mga kamanghaan ng Iyong mga pananalita na ang ingay at pag-aagaw pansin ng daigdig na ito ay hindi magkakaroon ng anumang kakayahang pumigil sa akin mula sa pagbaling sa Iyo, at mabibigong yanigin ang aking katatagan sa Iyong Kapakanan, o ipihit ang aking titig mula sa sugpungang-guhit ng Iyong biyaya. Tulungan ako, kung gayon, O aking Diyos, upang gawin ang makalulugod sa Iyo, at isagawa ang Iyong kalooban. Itakda para sa akin, bukod pa rito, ang kabutihan ng

pleasest. No God is there but Thee, the Inaccessible, the All-Glorious, the Most Great.	daigdig na ito at ng daigdig na darating, at italaga para sa akin ang isang luklukan ng katotohanan sa Iyong kinaroroonan. Makapangyarihan Ka upang gawin ang Iyong niloloob, at mamuno ayon sa Iyong ninanais. Walang ibang Diyos liban sa Iyo, ang Di-maabot, ang Ganap na Maluwalhati, ang Pinakadakila.
All-praise to Thee, O Lord of the worlds and the Object of the adoration of the entire creation!	69.8 Lahat ng papuri ay mapasa Iyo, O Panginoon ng mga daigdig at Nilalayon ng pagsamba ng buong sangnilikha!
– LXX –	LXX
Faded now is all that erstwhile flourished in the Paradise of Thy transcendent oneness, O my God! Where are the rain-giving clouds of Thy mercy? Shorn are the branches of the Tree of Thy unity of the vesture of Thy majesty and wisdom; where is the springtime of Thy gifts and bounties? Motionless lies the Ark of Thy Cause on the sea of Thy creation; where are the winds of Thy grace and favors? Encompassed on every side is Thy Lamp by the tempests of discord blowing from every land; where is the globe of Thy graciousness and protection?	70.1 Kupas na ngayon ang lahat ng dating yumayabong sa Paraiso ng Iyong nagingibabaw na kaisahan, O aking Diyos! Nasaan ang mga ulap na nagbibigay-ulan ng Iyong habag? Ginupit ang kasuotan ng Iyong kamahalan at karunungan mula sa mga sanga ng Puno ng Iyong pagkakaisa; nasaan ang tagsibol ng Iyong mga kaloob at mga biyaya? Hindi gumagalaw ang Arko ng Iyong Kapakanan sa karagatan ng Iyong kinapal; nasaan ang mga hangin ng Iyong Pagpapala at mga pabuya? Ang Iyong Lampara ay napaliligiran mula sa lahat ng dako ng mga bagyo ng pagtatalong humihihip mula sa bawat lupain; nasaan ang salamin ng lampara ng Iyong kabutihang-loob at pangangalaga?
Thou seest, O my God, how the eyes of these poor creatures are bent upon the horizon of Thy riches, how the hearts of these helpless ones are set in the direction of Thy might. I beseech Thee, O Thou Who art the sole Desire of them that have recognized Thee, and the Object of the adoration of the entire creation, not to suffer them, now that Thou hast attracted them by Thy most exalted Word, to be far removed from the Tabernacle which Thou hast reared up by Thy name, the All-Glorious.	70.2 Iyong nakikita, O aking Diyos, kung paano nakatuon ang mga mata nitong mahihirap na mga nilalang tungo sa sugpungang-guhit ng Iyong kayamaman, kung paano nakabaling ang mga puso nitong mga walang kakayahan tungo sa dako ng Iyong kapangyarihan. Isinasamo ko sa Iyo, O Ikaw na Siyang tanging Hangarin nilang mga nakakilala sa Iyo, at ang Layunin ng pagsamba ng buong sangnilikha, yamang inakit Mo na sila tungo sa Iyong pinakadakilang Salita, na huwag silang tulutang manatiling malayo sa Tabernakulong Iyong itinayo sa Iyong pangalan, ang Ganap

	na Maluwalhati.
They are sore pressed with cares, O my Lord, and are encompassed about by the wicked. Send down, therefore, from the heaven of Thy behest Thine invisible hosts, that, holding aloft the ensigns of Thy victory, they may help them in Thy land, and may shield them against Thine adversaries.	70.3 Sila ay mahigpit na nababahala ng mga alalahanin, O aking Panginoon, at napaliligiran ng mga masasama. Ipababa kung gayon, mula sa kalangitan ng Iyong kautusan ang Iyong di-nakikitang mga hukbo, nang sa pagtaas ng mga bandila ng Iyong tagumpay ay matulungan nila sila sa Iyong lupain, at maipagsanggalang sila mula sa Iyong mga kaaway.
I entreat Thee, O my God, by Thy name through which the clouds have rained down their rain, and the streams have flowed, and the fire of Thy love hath been kindled throughout Thy dominion, to assist Thy servant who hath turned towards Thee, and hath spoken forth Thy praise, and determined to help Thee. Fortify, then, his heart, O my God, in Thy love and in Thy Faith. Better is this for him than all that hath been created on Thine earth, for the world and whatsoever is therein must perish, and what pertaineth unto Thee must endure as long as Thy most excellent names endure. By Thy Glory! Were the world to last as long as Thine own kingdom will last, to set their affections upon it would still be unseemly for such as have quaffed, from the hands of Thy mercy, the wine of Thy presence; how much more when they recognize its fleetingness and are persuaded of its transience. The chances that overtake it, and the changes to which all things pertaining unto it are continually subjected, attest its impermanence.	70.4 Isinasamo ko sa Iyo, O aking Diyos, sa Iyong pangalan, na sa pamamagitan niyon ay ibinuhos ng mga ulap ang kanilang ulan, at ang mga ilog ay dumaloy, at ang apoy ng Iyong pag-ibig ay pinarikit sa kabuuan ng Iyong kaharian, na tulungan ang Iyong tagapaglingkod na nakabaling na tungo sa Iyo, at binigkas ang papuri sa Iyo, at nagpasiyang tumulong sa Iyo. Palakasin, kung gayon, ang kaniyang puso, O aking Diyos, sa Iyong pag-ibig at sa Iyong Pananampalataya. Higit na mabuti ito para sa kaniya kaysa sa lahat ng nilikha sa Iyong lupa, sapagkat ang daigdig at ang anumang naroroon ay maglalaho, at ang anumang nauugnay sa Iyo ay kailangang manatili hanggang ang Iyong pinakamahusay na mga pangalan ay mananatili. Saksi ang Iyong kaluwalhatian! Kung ang daigdig ay mananatili hanggang ang Iyong sariling kaharian ay umiiral, ang pagtuon ng kanilang pagmamahal dito ay hindi pa rin magiging karapat-dapat sa gayong mga nakainom, mula sa mga kamay ng Iyong habag, ng alak ng Iyong kinaroroonan; lalo na kapag nakilala nila kung gaano ito kabilis maglaho at napatunayan nang panandalian ito. Ang mga pagkakataong nagaganap dito, at ang mga pagbabagong patuloy na dinaranas ng lahat ng bagay na ukol dito, ay sumasaksi sa di-pamamalagi nito.
Whosoever hath recognized Thee will turn to none save Thee, and will seek from Thee naught else except Thyself. Thou art the sole Desire of the heart of him whose thoughts are	70.5 Ang sinumang nakakilala sa Iyo ay babaling sa walang iba liban sa Iyo, at walang hahanapin mula sa Iyo liban sa Iyong sarili. Ikaw ang tanging Hangarin ng puso niya na ang kaniyang mga kaisipan ay nakapako sa

fixed on Thee, and the highest Aspiration of whosoever is wholly devoted unto Thee.	Iyo, at ang pinakamataas na Pangarap ng sinumang ganap na deboto sa Iyo.
No God is there beside Thee, the Almighty, the Help in Peril, the All-Glorious, the Most Powerful.	70.6 Walang ibang Diyos liban sa Iyo, ang Ganap na Makapangyarihan, ang Tulong sa Panganib, ang Ganap na Maluwalhati, ang Pinakamakapangyarihan.
– LXXI –	LXXI
Magnified be Thy name, O my God, for that Thou hast manifested the Day which is the King of Days, the Day which Thou didst announce unto Thy chosen Ones and Thy Prophets in Thy most excellent Tablets, the Day whereon Thou didst shed the splendor of the glory of all Thy names upon all created things. Great is his blessedness whosoever hath set himself towards Thee, and entered Thy presence, and caught the accents of Thy voice.	71.1 Dakilain ang Iyong pangalan, O aking Diyos, dahil sa Iyong ipinahayag ang Araw na Hari ng mga Araw, ang Araw na Iyong ipinahayag sa Iyong mga Pinili at Iyong mga Propeta sa Iyong pinakamahusay na mga Tableta, ang Araw kung kailan Iyong ipinasikat ang karingalan ng kaluwalhatian ng lahat ng Iyong mga pangalan sa lahat ng nilikhang bagay. Napakalaki ng pagpapala niya na idinako ang kaniyang sarili tungo sa Iyo, at nakapasok sa Iyong kinaroroonan, at naulinigan ang mga punto ng Iyong tinig.
I beseech Thee, O my Lord, by the name of Him round Whom circleth in adoration the kingdom of Thy names, that Thou wilt graciously assist them that are dear to Thee to glorify Thy word among Thy servants, and to shed abroad Thy praise amidst Thy creatures, so that the ecstasies of Thy revelation may fill the souls of all the dwellers of Thine earth.	71.2 Isinasamo ko sa Iyo, O aking Panginoon, sa pangalan Niya na Siyang iniikutan sa pagsamba ng kaharian ng Iyong mga pangalan, na buong-giliw Mong tutulungan silang mga minamahal Mo upang luwalhatiin ang Iyong salita sa Iyong mga tagapaglingkod, at isabog sa ibayo ang papuri sa Iyo sa Iyong mga nilalang, nang sa gayon ang matitinding kaligayahan ng Iyong rebelasyon ay pumuspos sa mga kaluluwa ng lahat ng mga nananahan sa Iyong kalupaan.
Since Thou hast guided them, O my Lord, unto the living waters of Thy grace, grant, by Thy bounty, that they may not be kept back from Thee; and since Thou hast summoned them to the habitation of Thy throne, drive them not out from Thy presence, through Thy loving-kindness. Send down upon them what shall wholly detach them from aught else except Thee, and make them able to soar in the atmosphere of Thy nearness, in such wise that neither the ascendancy of the oppressor	71.3 Yamang Iyong ginabayan sila, O aking Panginoon, tungo sa mga nabubuhay na tubig ng Iyong biyaya, ipagkaloob, sa Iyong pagpapala, na sila ay hindi mapigilan mula sa Iyo; at yamang sila ay Iyong tinawag tungo sa luklukan ng Iyong trono, mula sa Iyong nagmamahal na kabutihang-loob, na huwag silang itaboy mula sa Iyong kinaroroonan. Ipababa sa kanila yaong ganap na magwawalay sa kanila mula sa lahat liban sa Iyo, at tulutang makapailanlang sila sa

nor the suggestions of them that have disbelieved in Thy most august and most mighty Self shall be capable of keeping them back from Thee.	kalawakan ng pagiging malapit sa Iyo, sa gayong paraan na kapuwa ang pangingibabaw ng maniniil ni ang mga pasaring ng mga hindi naniniwala sa Iyong pinakamarangal at pinakadakilang Sarili ay hindi makapipigil sa kanila mula sa Iyo.
– LXXII –	LXXII
Lauded be Thy name, O Thou in Whose hands is the kingdom of all names, and in the grasp of Whose might are all that are in heaven and all that are on earth! I entreat Thee, by Him Who is Thy Most Effulgent Name Whom Thou hast made a target for the darts of Thy decree in Thy path, O Thou the King of eternity, to rend asunder the veils that have shut off Thy creatures from the horizon of Thy glory, that haply they may turn their faces in the direction of Thy mercy, and draw nigh unto the Dayspring of Thy loving-kindness.	72.1 Luwalhatiin nawa ang Iyong pangalan, O Ikaw na nasa Kaniyang mga kamay ang kaharian ng lahat ng mga pangalan, at tangan ng Kaniyang kapangyarihan ang lahat ng nasa langit at ang lahat ng nasa lupa! Isinasamo ko sa Iyo, sa pamamagitan Niya na Siyang Iyong Pinakamaningning na Pangalan na Iyong ginawang tudlaan ng mga palaso ng Iyong kautusan sa Iyong landas, O Ikaw na Hari ng kawalang-hanggan, na punitin ang mga lambong na naglingid sa Iyong mga nilalang mula sa sugpungang-guhit ng Iyong kaluwalhatian, nang sakaling magawa nilang ibaling ang kanilang mga mukha tungo sa dako ng Iyong kahabagan, at makalapit sa Pamimitak ng Iyong mapagmahal na kagandahang-loob.
Leave not Thy servants to themselves, O my Lord! Draw them through the influence of Thine utterances unto the Dawning-Place of Thine inspiration, and to the Fountain of Thy Revelation, and to the Treasury of Thy wisdom. Thou art He to Whose strength and power all things have testified, Whose Purpose nothing whatsoever of all that hath been created in Thy heaven and on Thy earth hath been able to frustrate.	72.2 Huwag Mong iiwan ang Iyong mga tagapaglingkod sa kanilang mga sarili, O aking Panginoon! Ilapit sila sa pamamagitan ng impluwensiya ng Iyong mga salita tungo sa Pook-Silangan ng Iyong inspirasyon, at sa Bukal ng Iyong Rebelasyon, at sa Ingatang-yaman ng Iyong karunungan. Ikaw Siya na ang Kaniyang lakas at kapangyarihan ay sinasaksihan ng lahat ng bagay, na ang Kaniyang Layunin ay hindi mahahadlangan ng anumang bagay mula sa lahat ng nilikha sa Iyong langit at sa Iyong lupa.
Render, then, victorious, O my God, Thy servants who have set their faces towards Thee, and directed their steps to the seat of Thy grace. Send down, then, upon them what will keep them safe from the danger of turning to any one but Thee, and from fixing their eyes upon aught else except Thyself.	72.3 Gawing matagumpay, kung gayon, O aking Diyos, ang Iyong mga tagapaglingkod na nagbaling ng kanilang mga mukha tungo sa Iyo, at idinako ang kanilang mga hakbang tungo sa luklukan ng Iyong biyaya. Ipababa, kung gayon, sa kanila, yaong magpapanatili sa kanilang ligtas sa panganib ng pagbaling sa

	kaninuman liban sa Iyo, at mula sa pagtuon ng kanilang mga mata sa kaninuman liban sa Iyo.
Potent art Thou to do what Thou willest, and to rule as Thou pleasest. There is no God but Thee, the God of glory and wisdom.	72.4 Makapangyarihan Ka upang gawin ang Iyong ninanais, at mamuno sang-ayon sa Iyong hinahangad. Walang ibang Diyos liban sa Iyo, ang Diyos ng kaluwalhatian at karunungan.
– LXXIII –	LXXIII
Glorified art Thou, O Lord my God! I beseech Thee by Thy Name, the Restrainer, to withhold from us the maleficence of Thine adversaries who have disbelieved in Thy testimony, and caviled at Thy beauty. Overpower by Thy Name, the All-Subduing, such as have wronged Thy Previous Manifestation Who hath now appeared invested with Thy title, the All-Glorious. Lay hold, by Thy name, the Chastiser, on them that have treated Thy Cause with scorn, have jested at Thy most mighty utterances, and were hindered from attaining this most exalted station. Enable Thy loved ones, by Thy Name, the Victorious, to prevail against Thine enemies and the infidels among Thy creatures. Rend asunder, by Thy Name, the Cleaver, the veil that hideth the doings of them that have besmirched Thine honor and undermined Thy Faith among Thy people. Bind, by Thy Name, the Restorer, the broken hearts of them that love Thee, and graciously bless them in their affairs. Teach them, by Thy Name, the All-Knowing, the wonders of Thy wisdom, that they may cleave steadfastly to Thy Faith and walk in the ways of Thy pleasure. Keep them safe, by Thy Name, the Withholder, from the tyranny of the oppressor and the wickedness of the evil-doers and the malice of the stirrers of mischief. Shield them, by Thy Name, the Preserver, within the stronghold of Thy might and power, that haply they may be protected from the darts of doubt that are hurled by such as have rebelled against Thee. Sanctify for Thy servants, by Thy Name	73.1 Luwalhatiin Ka nawa, O Panginoon kong Diyos! Isinasamo ko sa Iyo sa Iyong pangalan, ang Pumipigil, na iadya kami mula sa kasamaan ng Iyong mga kaaway na hindi naniwala sa Iyong patotoo, at tumututol nang walang batayan sa Iyong kagandahan. Gapihin sa pamamagitan ng Iyong pangalan, ang Nakasusupil sa Lahat, ang gayong mga nagkasala laban sa Iyong Naunang Kahayagan na lumitaw na ngayon taglay ang Iyong taguri, ang Lubos na Maluwalhati. Tanganan, sa pamamagitan ng Iyong pangalan, ang Nagpaparusa, silang mga nangutya sa Iyong Kapakanan, ginawang biruan ang Iyong pinakamakapangyarihang mga pananalita, at sa gayon ay napigilan mula sa pagkakamit nitong pinakadakilang katayuan. Tulutang manaig ang Iyong mga minamahal laban sa Iyong mga kaaway at sa mga di-sumasampalataya mula sa Iyong mga nilikha sa pamamagitan ng Iyong Pangalan, ang Matagumpay. Punitin, sa pamamagitan ng Iyong pangalan, ang Bumibiyak, ang lambong na nagtatago sa mga kagagawan nilang mga dinungisan ang Iyong dangal at pinahina ang Iyong Pananampalataya sa Iyong mga tao. Bigkisin, sa pamamagitan ng Iyong pangalan, ang Nagpapanumbalik, ang nawasak na mga puso nilang mga nagmamahal sa Iyo, at buong-giliw silang pagpalain sa kanilang mga gawain. Ituro sa kanila, sa pamamagitan ng Iyong Pangalan, ang Nakababatid ng Lahat, ang mga kamanghaan ng Iyong karunungan, upang magawa nilang kumapit nang mahigpit sa Iyong Pananampalataya at lumakad sa mga

which Thou hast blessed above all other names, which Thou hast singled out for Thy favor, and by which Thou didst reveal Thy beauty, these days of which the Pen of Thy decree hath distinctly written, and which, according to Thy will and wisdom, have been preordained in Thine irrevocable Tablet. Subject to Thy rule, by Thy Name, the Conqueror, the people of Thy realm, that all may turn towards Thy face and forsake their all for love of Thee and for the sake of Thy pleasure.	gawi ng Iyong kaluguran. Ingatan silang ligtas, sa pamamagitan ng Iyong Pangalan, ang Pumipigil, mula sa kalupitan ng maniniil at sa kasamaan ng mga gumagawa ng katampalasan at sa balakyot na hangarin ng mga nagbubuyo ng kalokohan. Ipagsanggalang sila, sa pamamagitan ng Iyong Pangalan, ang Tagapangalaga, sa loob ng kuta ng Iyong kapangyarihan at lakas, nang sakaling mapangalagaan sila mula sa mga palaso ng pag-aalinlangan na inihahagis ng gayong mga naghimagsik laban sa Iyo. Pakabanalin para sa Iyong mga tagapaglingkod, sa pamamagitan ng Iyong Pangalan na Iyong pinagpala nang higit sa lahat ng ibang mga pangalan, na Iyong pinili para sa Iyong biyaya, at sa pamamagitan niyon ay ibinunyag ang Iyong kagandahan, ang mga araw na itong malinaw na itinala ng panulat ng Iyong kautusan, at sang-ayon sa Iyong kalooban at karunungan, ay itinadhana sa Iyong di-mababagong Tableta. Ipasailalim sa Iyong pamumuno, sa pamamagitan ng Iyong Pangalan, ang Nakasasakop, ang mga tao ng Iyong kaharian, upang ang lahat ay bumaling tungo sa Iyong mukha at itakwil ang lahat ng kanila alang-alang sa pag-ibig nila sa Iyo at alang-alang sa Iyong kaluguran.
Abase Thou, O my Lord, Thine enemies, and lay hold on them with Thy power and might, and let them be stricken by the blast of Thy wrath. Make them taste, O my God, of Thine awful majesty and vengeance, for they have repudiated the truth of the One in Whom they had believed, Who came unto them with Thy signs and Thy clear tokens and the evidences of Thy power and the manifold revelations of Thy might. Gather, then, together Thy loved ones beneath the shadow of the Tree of Thy oneness, and of the Manifestation of the effulgent light of Thy unity.	73.2 Iyong hamakin, O aking Panginoon, ang Iyong mga kaaway, at tanganan sila sa pamamagitan ng Iyong lakas at kapangyarihan, at tulutang tamaan sila ng bugso ng Iyong galit. Ipalasap sa kanila, O aking Diyos, ang Iyong nakasisindak na kamahalan at ganti, sapagkat itinatwa nila ang katotohanan Niya na Siyang pinaniniwalaan nila, Siyang dumating sa kanila taglay ang Iyong mga palatandaan at Iyong malinaw na mga sagisag at ang mga katibayan ng Iyong lakas at ang napakaraming kapahayagan ng Iyong kapangyarihan. Tipunin, kung gayon, ang Iyong mga minamahal sa ilalim ng lilim ng Puno ng Iyong kaisahan, at ng Kahayagan ng maningning na liwanag ng Iyong pagkakaisa.

Thou art, verily, the One Whose power is immense, Whose vengeance is terrible. No God is there beside Thee, the Almighty, the Most Powerful.	73.3 Ikaw sa katunayan ang Siya na ang Kaniyang lakas ay napakatindi, na ang Kaniyang ganti ay napakalupit. Walang ibang Diyos liban sa Iyo, ang Ganap na Makapangyarihan, ang Pinakamalakas.
– LXXIV –	LXXIV
Magnified be Thy name, O Lord my God, inasmuch as Thou hast inclined mine ear to Thy voice, and called me to Thyself, and opened mine eyes to gaze on Thy beauty, and illumined my heart with Thy knowledge, and sanctified my breast from the doubts of the infidels in Thy days. I am the one, O my God, who lay fast asleep on his couch, when lo, the messengers of Thy manifold mercies were sent down upon me by Thee, and the gentle winds of Thy loving-kindness blew over me, and roused me up, and caused me to set my face towards the sanctuary of Thy knowledge, and to fix mine eyes upon the splendors of the light of Thy face.	74.1 Dakilain nawa ang Iyong pangalan, O Panginoon kong Diyos, yamang ibinaling Mo ang aking tainga sa Iyong tinig, at tinawag ako sa Iyong Sarili, at binuksan ang aking mga mata upang masilayan ang Iyong kagandahan at tinanglawan ang aking puso ng Iyong kaalaman, at dinalisay ang aking dibdib mula sa mga pag-aalinlangan ng mga di-sumasampalataya sa Iyong mga araw. Ako siya, O aking Diyos, na mahimbing na natutulog sa kaniyang higaan, nang masdan, ang mga tagapamalita ng Iyong napakaraming kahabagan ay ipinababa sa akin mula sa Iyo, at ang banayad na mga hangin ng Iyong mapagmahal na kagandahang-loob ay humihip sa akin, at ginising ako, at ginawa akong ituon ang aking mukha tungo sa santuwaryo ng Iyong kaalaman, at ipako ang aking mga mata sa mga karingalan ng liwanag ng Iyong mukha.
I am but a poor creature, O my Lord! Behold me clinging to the hem of Thy riches. I have fled from darkness and from waywardness unto the brightness of the light of Thy countenance. Were I—and to this Thy glory beareth me witness—to render thanksgiving unto Thee, through the whole continuance of Thy kingdom and the duration of the heaven of Thine omnipotence, I would still have failed to repay Thy manifold bestowals.	74.2 Ako ay isa lamang dukhang nilalang, O aking Panginoon! Masdan akong nakapangapit sa laylayan ng Iyong mga kayamanan. Ako ay tumakas mula sa karimlan at mula sa kasutilan tungo sa nagniningning na liwanag ng Iyong mukha. Kung ako—at dito ay sumasaksi sa akin ang Iyong kaluwalhatian—ay magpapasalamat sa Iyo sa buong kahabaan ng Iyong kaharian at sa itatagal ng kalangitan ng Iyong pagiging lubos na makapangyarihan, magkukulang pa rin ako upang mabayaran ang Iyong napakaraming kaloob.
I implore Thee, O my Lord, by Thy name, the Ever-Abiding, and by Thy name which	74.3 Isinasamo ko sa Iyo, O aking Panginoon, sa Iyong pangalan, ang

Thou didst ordain to be the most great Instrument binding Thee to Thy servants, to grant that I may flee for shelter to Thy door, and speak forth Thy praise. Write down, then, for me, in every world of Thine, that which will enable me to enter beneath Thy shadow and within the borders of Thy court.	Laging-Namamalagi, at sa Iyong pangalan na Iyong itinalaga na maging pinakamatinding Instrumento na mag-uugnay sa Iyo sa Iyong mga tagapaglingkod, na tulutang ako ay makatakbo patungo sa kanlungan ng Iyong pintuan, at magawang usalin ang papuri sa Iyo. Isulat para sa akin, kung gayon, sa bawat isa sa Iyong mga daigdig, yaong magtutulot sa akin upang makapasok sa ilalim ng Iyong lilim at sa loob ng mga saklaw ng Iyong korte.
Thou art, verily, the Almighty, the Most Bountiful, the Most Exalted, the Ever-Forgiving, the Most Generous.	74.4 Ikaw, sa katunayan, ang Lubos na Makapangyarihan, ang Pinakamapagbigay-biyaya, ang Pinakadakila, ang Laging-Nagpapatawad, ang Pinakabukas-palad.
– LXXV –	LXXV
All praise be to Thee, O Lord, my God! I know not how to sing Thy praise, how to describe Thy glory, how to call upon Thy Name. If I call upon Thee by Thy Name, the All-Possessing, I am compelled to recognize that He Who holdeth in His hand the immediate destinies of all created things is but a vassal dependent upon Thee, and is the creation of but a word proceeding from Thy mouth. And if I proclaim Thee by the name of Him Who is the All-Compelling, I readily discover that He is but a suppliant fallen upon the dust, awe-stricken by Thy dreadful might, Thy sovereignty and power. And if I attempt to describe Thee by glorifying the oneness of Thy Being, I soon realize that such a conception is but a notion which mine own fancy hath woven, and that Thou hast ever been immeasurably exalted above the vain imaginations which the hearts of men have devised.	75.1 Lahat ng papuri ay mapasa-Iyo, O Panginoon kong Diyos! Hindi ko alam kung paano aawitin ang papuri sa Iyo, kung paano ilalarawan ang Iyong kaluwalhatian, kung paano tatawagan ang Iyong pangalan. Kung Ikaw ay aking tatawagan sa Iyong Pangalang ang Lubos na Nagtataglay, napipilitan akong tanggapin sa Siyang tumatangan sa loob ng Kaniyang kamay ng kagyat na mga tadhana ng lahat ng nilalang na bagay ay alila lamang na umaasa sa Iyo, at nilikha lamang ng isang salitang nagbuhat sa Iyong bibig. At kung ipahahayag Kita sa pangalan Niya na Siyang Lubos na Nakapipilit, agad kong natutuklasan na Siya ay isang nagsusumamo lamang na nakapatirapa sa alabok, tulala sa Iyong nakasisindak na kapangyarihan, ng Iyong paghahari at lakas. At kung aking sisikaping ilarawan Ka sa pagluluwalhati ng kaisahan ng Iyong Sarili, agad kong nababatid na ang gayong konsepto ay pawang sapantahang inihabi lamang ng aking sariling guniguni, at na Ikaw magpakailanman ay di-masukat ang taas kaysa sa walang-kabuluhang mga hinagap na binuo ng mga puso ng tao.
The glory of Thy might beareth me witness! Whoso claimeth to have known Thee	75.2 Ang luwalhati ng Iyong kapangyarihan ay sumasaksi sa akin! Ang sinumang

hath, by virtue of such a claim, testified to his own ignorance; and whoso believeth himself to have attained unto Thee, all the atoms of the earth would attest his powerlessness and proclaim his failure. Thou hast, however, by virtue of Thy mercy that hath surpassed the kingdoms of earth and heaven, deigned to accept from Thy servants the laud and honor they pay to Thine own exalted Self, and hast bidden them celebrate Thy glory, that the ensigns of Thy guidance may be unfurled in Thy cities and the tokens of Thy mercy be spread abroad among Thy nations, and that each and all may be enabled to attain unto that which Thou hast destined for them by Thy decree, and ordained unto them through Thine irrevocable will and purpose.	umaangkin sa pagkakilala sa Iyo, sa pamamagitan ng gayong pag-aangkin ay sumasaksi sa sarili niyang kamangmangan; at ang sinumang naniniwalang siya ay nakarating na sa Iyong kinaroroonan, ang lahat ng mga atomo ng daigdig ay magpapatunay sa kaniyang kawalan ng lakas at magpapahayag sa kaniyang kabiguan. Gayumpaman, bunga ng Iyong kahabagang nakahihigit sa mga kaharian ng lupa at langit, Iyong tinulutang tanggapin mula sa Iyong mga tagapaglingkod ang pagbubunyi at pagpaparangal na kanilang ibinibigay sa Iyong dakilang Sarili, at inatasan silang ipagbunyi ang Iyong kaluwalhatian, nang upang ang mga watawat ng Iyong pamamatnubay ay mailadlad sa Iyong mga lungsod at ang mga palatandaan ng Iyong kahabagan ay maikalat sa Iyong mga bansa, at upang ang bawat isa at ang lahat ay matulutang matamo yaong Iyong itinadhana sa kanila sang-ayon sa Iyong kautusan, at itinalaga sa kanila sa pamamagitan ng Iyong di-mababaling kalooban at layunin.
Having testified, therefore, unto mine own impotence and the impotence of Thy servants, I beseech Thee, by the brightness of the light of Thy beauty, not to refuse Thy creatures attainment to the shores of Thy most holy ocean. Draw them, then, O my God, through the Divine sweetness of Thy melodies, towards the throne of Thy glory and the seat of Thine eternal holiness. Thou art, verily, the Most Powerful, the Supreme Ruler, the Great Giver, the Most Exalted, the Ever-Desired.	75.3 Yamang sumaksi na ako, samakatwid, sa aking kawalan ng kakayahan at sa kawalan ng kakayahan ng Iyong mga tagapaglingkod, isinasamo ko sa Iyo, sa kaliwanagan ng tanglaw ng Iyong kagandahan, na huwag ipagkait sa Iyong mga nilalang ang pagsapit sa mga dalampasigan ng Iyong pinakabanal na karagatan. Akitin sila, kung gayon, O aking Diyos, tungo sa trono ng Iyong kaluwalhatian at sa luklukan ng Iyong walang-hanggang kabanalan. Ikaw sa katunayan ang Pinakamakapangyarihan, ang Kataas-taasang Pinuno, ang Dakilang Tagapagbigay, ang Pinakadakila, ang Laging-Hinahangad.
Grant, then, O my God, that Thy servant who hath turned towards Thee, hath fixed his gaze upon Thee, and clung to the cord of Thy mercifulness and favor, may be enabled to partake of the living waters of Thy mercy and grace. Cause him, then, to ascend unto the heights to which he aspireth, and withhold him not from that which Thou dost possess.	75.4 Tulutan, kung gayon, O aking Diyos, na ang Iyong tagapaglingkod na bumaling tungo sa Iyo, ipinako ang kaniyang tingin sa Iyo, at kumapit sa kordon ng Iyong kahabagan at pagpapala, ay magawang makibahagi sa nabubuhay na mga tubig ng Iyong habag at biyaya. Tulutan siyang makapanhik sa mga rurok na kaniyang hinahangad, at huwag

Thou art, verily, the Ever-Forgiving, the Most Bountiful.	siyang pigilan mula sa mga bagay na Iyong taglay. Ikaw sa katotohanan, ang Laging-Nagpapatawad, ang Pinakamapagbigay-biyaya.
– LXXVI –	LXXVI
Praised be Thou, O Lord my God! Every time I attempt to make mention of Thee, I am hindered by the sublimity of Thy station and the overpowering greatness of Thy might. For were I to praise Thee throughout the length of Thy dominion and the duration of Thy sovereignty, I would find that my praise of Thee can befit only such as are like unto me, who are themselves Thy creatures, and who have been generated through the power of Thy decree and been fashioned through the potency of Thy will. And at whatever time my pen ascribeth glory to any one of Thy names, methinks I can hear the voice of its lamentation in its remoteness from Thee, and can recognize its cry because of its separation from Thy Self. I testify that everything other than Thee is but Thy creation and is held in the hollow of Thy hand. To have accepted any act or praise from Thy creatures is but an evidence of the wonders of Thy grace and bountiful favors, and a manifestation of Thy generosity and providence.	76.1 Purihin Ka nawa, O Panginoon kong Diyos! Sa bawat sandaling sinusubukan kong banggitin Ka, napipigilan ako sa karilagan ng Iyong katayuan at sa nakapupuspos na kadakilaan ng Iyong kapangyarihan. Dahil kung pupurihin Kita sa buong kahabaan ng Iyong kaharian at sa buong panahon ng Iyong kapangyarihan, matutuklasan kong ang pagpuri ko sa Iyo ay angkop lamang doon sa nakakatulad ko na sila man ay Iyong nilikha sa pamamagitan ng Iyong kagustuhan. At sa anumang sandali ang aking panulat ay maghandog ng luwalhati sa isa man sa Iyong mga pangalan, pakiwari ay naririnig ko ang tinig ng kaniyang paghihinagpis dahil sa kalayuan nito sa Iyo, at nakikilala ko ang kaniyang panaghoy dahil sa kaniyang pagkakawalay sa Iyong Sarili. Sumasaksi ako na ang lahat ng bagay liban sa Iyo ay pawang nilalang Mo at hawak sa palad ng Iyong kamay. Na tinanggap Mo ang anumang kilos o papuri na galing sa Iyong nilikha ay palatandaan lamang ng Iyong mga kahanga-hangang biyaya at maraming pagpapala, at isang kahayagan ng Iyong kagandahang-loob at kalinga.
I entreat Thee, O my Lord, by Thy Most Great Name whereby Thou didst separate light from fire, and truth from denial, to send down upon me and upon such of my loved ones as are in my company the good of this world and of the next. Supply us, then, with Thy wondrous gifts that are hid from the eyes of men. Thou art, verily, the Fashioner of all creation. No God is there but Thee, the Almighty, the All-Glorious, the Most High.	76.2 Sumasamo ako sa Iyo, O aking Panginoon, sa Iyong Pinakadakilang Pangalan na sa pamamagitan nito ay inihiwalay Mo ang liwanag sa apoy, ang katotohanan sa pagtatakwil, na ipadala sa akin at sa aking mga minamahal na kasama ko ang mabuti sa daigdig na ito at sa susunod. Pagkalooban kami, kung gayon ng Iyong kahanga-hangang mga biyaya na natatago sa mga mata ng tao. Ikaw, sa katunayan, ay ang Tagahubog ng lahat ng nilikha. Walang Diyos liban sa Iyo, ang Lubos na Makapangyarihan, ang Lubos na

	Maluwalhati, ang Pinakamataas.
– LXXVII –	LXXVII
O Thou, at Whose dreadful majesty all things have trembled, in Whose grasp are the affairs of all men, towards Whose grace and mercy are set the faces of all Thy creatures! I entreat Thee, by Thy Name which Thou hast ordained to be the spirit of all names that are in the kingdom of names, to shield us from the whisperings of those who have turned away from Thee, and have repudiated the truth of Thy most august and most exalted Self, in this Revelation that hath caused the kingdom of Thy names to tremble.	77.1 O Ikaw, na sa Kaniyang nakasisindak na kamahalan ang lahat ng bagay ay nangatal, na tangan Niya ang mga gawain ng lahat ng tao, na tungo sa Kaniyang biyaya at habag ay nakadako ang mga mukha ng lahat ng Iyong mga nilalang! Isinasamo ko sa Iyo, sa Iyong Pangalan na Iyong itinalagang maging pinakadiwa ng lahat ng mga pangalang umiiral sa kaharian ng mga pangalan, na ipagsanggalang kami mula sa mga bulong ng yaong mga tumalikod sa Iyo, at itinatwa ang katotohanan ng Iyong lubhang kagalang-galang at pinakadakilang Sarili, sa Rebelasyong ito na naging sanhi ng pagkayanig ng kaharian ng Iyong mga pangalan.
I am one of Thy handmaidens, O my Lord! I have turned my face towards the sanctuary of Thy gracious favors and the adored tabernacle of Thy glory. Purify me of all that is not of Thee, and strengthen me to love Thee and to fulfill Thy pleasure, that I may delight myself in the contemplation of Thy beauty, and be rid of all attachment to any of Thy creatures, and may, at every moment, proclaim: "Magnified be God, the Lord of the worlds!"	77.2 Ako ay isa sa Iyong mga kawaksing babae, O aking Panginoon! Idinako ko ang aking mukha tungo sa santuwaryo ng Iyong magiliw na mga pagpapala at sa sinasambang tabernakulo ng Iyong luwalhati. Dalisayin ako mula sa lahat ng hindi nauukol sa Iyo, at palakasin ako upang mahalin Kita at tuparin ang Iyong kagustuhan, upang malugod ako sa pagninilay-nilay sa Iyong kagandahan, at maiwalay sa lahat ng mga nilalang, at upang magawa sa bawat sandali na ipahayag ang: "Dakilain ang Diyos, ang Panginoon ng daigdig!"
Let my food, O my Lord, be Thy beauty, and my drink the light of Thy presence, and my hope Thy pleasure, and my work Thy praise, and my companion Thy remembrance, and my aid Thy sovereignty, and my dwelling-place Thy habitation, and my home the seat which Thou hast exalted above the limitations of them that are shut out as by a veil from Thee.	77.3 Tulutang ang aking pagkain, O aking Panginoon, ay maging Iyong kagandahan, at ang aking inumin ang liwanag ng Iyong kinaroroonan, at ang aking pag-asa ang Iyong kaluguran, at ang aking gawain ang papuri sa Iyo, at ang aking kasama ang paggunita sa Iyo, at ang aking tulong ang Iyong paghahari, at ang aking tirahan ang Iyong tahanan, at ang aking tahanan ang luklukan na Iyong dinakila nang higit na mataas kaysa sa mga hangganan nilang mga nahihiwalay ng lambong mula sa

	Iyo.
Thou art, in truth, the God of power, of strength and glory.	77.4 Ikaw, sa katunayan, ang Diyos ng kapangyarihan, ng lakas at ng luwalhati.
– LXXVIII –	LXXVIII
Praised be Thou, O Lord my God! Every time I am reminded of Thee and muse on Thy virtues, I am seized with such ecstasies and am so enravished by Thee that I find myself unable to make mention of Thy name and to extol Thee. I am carried back to such heights that I recognize my self to be the same as the remembrance of Thee in Thy realm, and the essence of Thy praise among Thy servants. As long as that self endureth, so long will Thy praise continue to be shed abroad among Thy creatures and Thy remembrance glorified by Thy people.	78.1 Purihin Ka nawa, O Panginoon kong Diyos! Sa tuwing Ikaw ay aking nagugunita at nagninilay-nilay sa Iyong mga kabutihan, ako ay sinasakmal ng gayong matinding mga kaligayahan at lubhang nabibighani sa Iyo na natutuklasan kong wala akong kakayahang bumanggit sa Iyong pangalan at ipagbunyi Ka. Ako ay natatangay sa gayong mga rurok na aking nakikilala ang aking sarili bilang kapareho ng paggunita sa Iyo sa Iyong kaharian, at ang diwa ng papuri sa Iyo sa Iyong mga tagapaglingkod. Habang umiiral ang sariling iyon, ganoon din magtatagal ang pagsabog ng Iyong kapurihan sa Iyong mga nilalang at ang paggunita sa Iyo ay luluwalhatiin ng Iyong mga tao.
Every man endued with insight among Thy servants is persuaded that my self liveth eternally and can never perish, inasmuch as remembrance of Thee is eternal and will endure so long as Thine own Self endureth, and Thy praise is everlasting and will last as long as Thine own sovereignty will last. By its means Thou art glorified by such of Thy chosen ones as call upon Thee and by the sincere among Thy servants. Nay, the praise wherewith any one, in the entire creation, praiseth Thee proceedeth from this exalted self and returneth unto it, even as the sun which, while it shineth, sheddeth its splendor upon whatsoever may be exposed to its rays. From this sun is generated, and unto it must return, the light which is shed over all things.	78.2 Ang bawat taong pinagkalooban ng malalim na pag-unawa mula sa Iyong mga tagapaglingkod ay naniniwalang ang aking sarili ay nabubuhay magpakailanman at hindi kailanman mamamatay, yamang ang paggunita sa Iyo ay walang-hanggan at mananatili habang ang Iyong sariling paghahari ay umiiral. Sa pamamagitan nito Ikaw ay niluluwalhati nang gayon sa Iyong mga pinili na tumatawag sa Iyo at ng mga matatapat sa Iyong mga tagapaglingkod. Hindi lamang iyon, ang papuring ginagamit ng sinuman, sa buong kinapal, upang purihin Ka ay nagbubuhat dito sa dakilang sarili at bumabalik din dito, tulad rin ng araw na habang sumisikat ito ay ipinagkakaloob ang karingalan nito sa anumang nailalantad sa mga sinag nito. Mula sa araw na ito ay nagbubuhat, at kailangan ding bumalik dito, ang liwanag na sumisikat sa lahat ng bagay.

Exalted, immeasurably exalted art Thou above any attempt to measure the greatness of Thy Cause, above any comparison that one may seek to make, above the efforts of the human tongue to utter its import! From everlasting Thou hast existed, alone with no one else beside Thee, and wilt, to everlasting, continue to remain the same, in the sublimity of Thine essence and the inaccessible heights of Thy glory.	78.3 Dakila, di-masukat ang Iyong kadakilaan sa anumang pagtangkang sukatin ang kadakilaan ng Iyong Kapakanan, higit na mataas kaysa sa anumang paghahambing na maaaring gawin ng sinuman, higit na mataas sa mga pagsisikap ng dila ng tao upang bigkasin ang halaga nito! Mula sa kawalang-hanggan Ikaw ay umiiral, nang nag-iisa at walang kasama, at magpapatuloy hanggang sa kawalang-hanggan na mananatiling gayon, sa kadakilaan ng Iyong pinakadiwa at di-maabot na mga rurok ng Iyong kaluwalhatian.
And when Thou didst purpose to make Thyself known unto men, Thou didst successively reveal the Manifestations of Thy Cause, and ordained each to be a sign of Thy Revelation among Thy people, and the Dayspring of Thine invisible Self amidst Thy creatures, until the time when, as decreed by Thee, all Thy previous Revelations culminated in Him Whom Thou hast appointed as the Lord of all who are in the heaven of revelation and the kingdom of creation, Him Whom Thou hast established as the Sovereign Lord of all who are in the heavens and all who are on the earth. He it was Whom Thou hast determined to be the Herald of Thy Most Great Revelation and the Announcer of Thy Most Ancient Splendor. In this Thou hadst no other purpose except to try them who have manifested Thy most excellent titles unto all who are in heaven and on earth. He it was Whom Thou hast commanded to establish His covenant with all created things.	78.4 At nang Iyong nilayong ipakilala ang Iyong sarili sa mga tao, Iyong ipinahayag nang sunod-sunod ang mga Kahayagan ng Iyong Kapakanan, at itinalaga ang bawat isa na maging palatandaan ng Iyong Rebelasyon sa Iyong mga tao at Pamimitak ng Iyong di-nakikitang Sarili sa Iyong mga nilalang, hanggang sa oras na, sang-ayon sa Iyong itinakda, ang lahat ng Iyong naunang mga Rebelasyon ay nauwi sa Kaniya na Iyong hinirang bilang Panginoon ng lahat ng nasa kalangitan ng rebelasyon at sa kaharian ng kinapal, Siya na Iyong itinatag bilang Naghaharing Panginoon ng lahat ng mga nasa kalangitan at ng lahat ng nasa kalupaan. Siya ang Iyong itinakda upang maging Tagapamalita ng Iyong Pinakadakilang Rebelasyon at ang Tagapagtalastas ng Iyong Pinakamatandang Karingalan. Dito ay wala Kang ibang layunin liban sa subukin silang mga nagpahayag ng Iyong pinakamahusay na mga taguri sa lahat ng nasa langit at ng nasa lupa. Siya itong Iyong inutusang itatag ang Kaniyang kasunduan sa lahat ng nilikhang bagay.
And when Thy promise came to pass and the set time was fulfilled, He Who is the Possessor of all Names and Attributes was made manifest unto men. Thereupon all that were in the heavens and all that were on the earth were terror-stricken save those whom Thou didst keep under Thy protection and	78.5 At nang natupad na ang Iyong pangako at ang takdang panahon ay sumapit, Siyang nagtataglay ng lahat ng mga Pangalan at mga Katangian ay inihayag sa mga tao. Sa gayon ang lahat ng nasa kalangitan at ang lahat ng nasa kalupaan ay sinakmal ng matinding takot liban lamang sa yaong mga ikinubli sa ilalim

preserve within the shelter of Thy power and gracious providence. There befell Him, at the hands of such of Thy creatures as have transgressed against Thee, that which the tongue of no one of Thy servants can recount.	ng Iyong pangangalaga at iniligtas sa loob ng kanlungan ng Iyong lakas at magiliw na pagpapala. Sa gayon ay sumapit sa Kaniya, sa mga kamay ng gayong mga nilalang Mo na lumabag sa Iyo, yaong hindi kayang isaysay ng dila ng sinuman sa Iyong mga tagapaglingkod.
Look down, then, upon Him, O my God, with the eye of Thy tender mercy, and send down upon Him and upon those that love Him all the good Thou didst ordain in the heaven of Thy will and the Tablet of Thy decree. Aid them, then, with Thy succor, for Thou art, verily, the Almighty, the Most Exalted, the All-Glorious, the All-Compelling.	78.6 Masdan Siya, kung gayon, O aking Diyos, sa pamamagitan ng mata ng Iyong masuyong kahabagan, at ipababa sa Kaniya at sa mga nagmamahal sa Kaniya ang lahat ng kabutihang Iyong itinalaga sa langit ng Iyong kalooban at sa Tableta ng Iyong kautusan. Tulungan sila, kung gayon, sa pamamagitan ng Iyong tulong, sapagkat Ikaw, sa katunayan, ang Lubos na Makapangyarihan, ang Pinakadakila, ang Lubos na Maluwalhati, ang Lubos na Nakapipilit.
– LXXIX –	LXXIX
All glory be to Thee, O Lord my God! I bear witness for Thee to that whereto Thou Thyself didst bear witness for Thine own Self, ere the day Thou hadst created the creation or made mention thereof, that Thou art God, and that there is none other God beside Thee. From eternity Thou hast, in Thy transcendent oneness, been immeasurably exalted above Thy servants' conception of Thy unity, and wilt to eternity remain, in Thine unapproachable singleness, far above the praise of Thy creatures. No words that any one beside Thee may utter can ever beseem Thee, and no man's description except Thine own description can befit Thy nature. All who adore Thy unity have been sore perplexed to fathom the mystery of Thy oneness, and all have confessed their powerlessness to attain unto the comprehension of Thine essence and to scale the pinnacle of Thy knowledge. The mighty have all acknowledged their weakness,	79.1 Ang lahat ng luwalhati ay mapasa-Iyo, O Panginoon kong Diyos! Sumasaksi ako para sa Iyo roon sa Iyo Mismong sinaksihan para sa Iyong Sarili, bago pa ang araw na Iyong nilikha ang kinapal o binanggit iyon, na Ikaw ang Diyos, at na walang ibang Diyos liban sa Iyo. Mula sa kawalang-hanggan, Ikaw, sa Iyong nangingibabaw na kaisahan, ay di-masukat ang kataasan nang higit sa pagkaunawa ng Iyong mga tagapaglingkod sa Iyong pagkakaisa, at patuloy na mananatili magpakailanman, sa Iyong di-malapitang kaisahan, nang higit na mataas sa papuri ng Iyong mga nilalang. Walang salitang mabibigkas ng sinuman liban sa Iyo ang magiging marapat sa Iyo, at walang paglalarawan ng sinuman liban sa Iyong sariling paglalarawan ang mamarapat sa Iyong likas na katangian. Ang lahat ng sumasamba sa Iyong pagkakaisa ay tulirong-tuliro sa pag-aarok ng hiwaga ng Iyong kaisahanan, at

and the learned recognized their ignorance. They that are possessed of influence are as nothing when compared with the revelations of Thy stupendous sovereignty, and they who are exalted sink into oblivion when brought before the manifestations of Thy great glory. The radiance of the brightest luminaries is eclipsed by the effulgent splendors of Thy face, and the tongues of the most eloquent of speakers falter under the unrestrained effusions of Thy holy utterance, and the foundations of the mightiest structures tremble before the onrushing force of Thy compelling power.	tinanggap ng lahat ang kanilang kawalan ng kakayahang matamo ang pag-unawa sa Iyong pinakadiwa at ang makaakyat sa tugatog ng Iyong kaalaman. Ang mga makapangyarihan ay tinanggap lahat ang kanilang kahinaan, at ang mga marunong ay kinilala ang kanilang kamangmangan. Silang mga nagtataglay ng impluwensiya ay kawalan lamang kapag inihahambing sa mga kapahayagan ng Iyong napakaringal na paghahari, at silang mga dakila ay nalulubog sa limot kapag naihaharap sa mga paghahayag ng Iyong dakilang kaluwalhatian. Ang kaningningan ng pinakamalinaw na mga tanglaw ay natatabunan ng maningning na mga karingalan ng Iyong mukha, at ang mga dila ng pinakamatatas na mga tagapagsalita ay nauutal sa ilalim ng di-napipigilang mga pagbuhos ng Iyong banal na salita, at ang mga saligan ng pinakamatibay na mga gusali ay nayayanig sa harap ng sumusugod na puwersa ng Iyong nakapipilit na lakas.
Who is there, O my God, that can be deemed worthy to be remembered when Thou art remembered, and where is he to be found who can be regarded as capable of hinting at Thy nature or worthy of mention in the court of Thy transcendent oneness? From everlasting Thou hast been alone with no one else beside Thee, and to everlasting Thou wilt continue to be one and the same. No God is there beside Thee, the God of power, of glory and wisdom.	79.2 Sino, O aking Diyos, ang maipagpapalagay na karapat-dapat gunitain kapag Ikaw ang ginugunita, at saan matatagpuan siyang maituturing na may kakayahang maipahiwatig ang Iyong likas na katangian o nararapat banggitin sa korte ng Iyong nangingibabaw na kaisahan? Mula sa kawalang-hanggan Ikaw ay nag-iisa na walang iba liban sa Iyo at hanggang magpakailanman Ikaw ay magpapatuloy na nag-iisa at walang pagbabago. Walang ibang Diyos liban sa Iyo, ang Diyos ng lakas, ng luwalhati at karunungan.
Glorified be Thy name, O Lord my God! I beseech Thee by Him Who is Thine exalted and supreme Remembrance, Whom Thou hast sent down unto all Thy creatures and invested with Thy name, the All-Glorious, Whose will Thou hast ordained to be Thine own will, Whose self Thou hast decreed to be the revealer of Thine own Self, and His essence the Dayspring of Thy wisdom, and His heart the treasury of Thine inspiration, and His	79.3 Luwalhatiin nawa ang Iyong pangalan, O Panginoon kong Diyos! Isinasamo ko sa Iyo sa pamamagitan Niya na Iyong dakila at sukdulang Alaala, na Siya ay Iyong pinababa sa lahat ng Iyong mga nilalang at iginawad ang Iyong pangalan, ang Lubos na Maluwalhati, na ang Kaniyang kalooban ay Iyong itinalaga bilang Iyong sariling kalooban, na ang Kaniyang sarili ay Iyong itinalagang maging tagapagsiwalat ng Iyong

breast the dawning-place of Thy most excellent attributes and most exalted titles, and His tongue the fountainhead of the waters of Thy praise and the wellspring of the soft-flowing streams of Thy wisdom, to send down upon us that which will enable us to dispense with all else except Thee, and will cause us to direct our steps towards the sanctuary of Thy pleasure and to aspire after the things Thou didst ordain for us according to Thine irrevocable decree. Empower us, then, O my God, to forsake ourselves and cleave steadfastly to Him Who is the Manifestation of Thy Self, the Most Exalted, the Most High. Supply us also with that which is best for us, and write us down with such of Thy servants as have repudiated the Idol (Mírzá Yaḥyá), and firmly believed in Thee, and been so established on the throne of certitude that the whisperings of the Evil One have been powerless to hinder them from turning their faces towards Thy name, the All-Merciful.	Sarili, at ang Kaniyang diwa ang Pamimitak ng Iyong karununggan, at ang Kaniyang puso ang ingatang-yaman ng Iyong inspirasyon, at ang Kaniyang dibdib ang pook-silangan ng Iyong pinakamahusay na mga katangian at pinakadakilang mga taguri, at ang Kaniyang dila ang punong-bukal ng mga tubig ng papuri sa Iyo at ang bukal ng mahinay na umaagos na mga sapa ng Iyong karunungan, na ipababa sa amin yaong tutulot na magawa naming iwaksi ang lahat liban sa Iyo, at magawang idako namin ang aming mga yapak tungo sa santuwaryo ng Iyong kaluguran at upang hangarin ang mga bagay na Iyong itinalaga para sa amin sang-ayon sa Iyong di-mababaling kautusan. Bigyan kami ng lakas, kung gayon, O aking Diyos, upang lisanin ang aming mga sarili at kumapit nang mahigpit sa Kaniya na Siyang Kahayagan ng Iyong Sarili, ang pinakadakila, ang Pinakamataas. Itustos din sa amin yaong pinakamabuti para sa amin, at itala kami kasama ng gayon sa Iyong mga tagapaglingkod na itinatwa ang Diyos-diyosan (Mírzá Yaḥyá), at matatag na naniwala sa Iyo, at ganoon na lamang ang pagkaluklok sa trono ng Katiyakan na ang mga bulong Niya na Masama ay walang-kakayahang pigilan sila mula sa pagbaling ng kanilang mga mukha tungo sa Iyong pangalan, ang Lubos na Mahabagin.
Powerful art Thou to do what Thou pleasest and to ordain what Thou willest. No God is there but Thee, the All-Possessing, the All-Highest, the Almighty, the All-Bountiful, the All-Knowing, the All-Wise.	79.4 Makapangyarihan Ka upang gawin ang Iyong ninanais at upang italaga ang Iyong niloloob. Walang ibang Diyos liban sa Iyo, ang Lubos na Nagtataglay, ang Lubos na Mataas, ang Lubos na Makapangyarihan, ang Lubos na Mapagpala, ang Nakababatid ng Lahat, ang Lubos na Marunong.
– LXXX –	LXXX
O Thou Whose remembrance is the delight of the souls of all them that yearn after Thee, Whose name is the exultation of the hearts of all who are wholly devoted to Thy will,	80.1 O Ikaw na ang paggunita sa Kaniya ay ang kaluguran ng mga kaluluwa ng lahat sa mga nananabik sa Iyo, na ang Kaniyang pangalan ay ang ipinagdiriwang ng mga puso

Whose praise is cherished by such as have drawn nigh unto Thy court, Whose face is the ardent desire of all them that have recognized Thy truth, Whose trial is the healer of the sicknesses of them who have embraced Thy Cause, Whose calamity is the highest aspiration of such as are rid of all attachment to any one but Thyself!	ng lahat ng ganap na nakatalaga sa Iyong kalooban, na ang papuri sa Kaniya ay minamahal ng gayong mga nakalapit sa Iyong korte, na ang Kaniyang mukha ay ang pinakamimithi ng lahat sa kanilang nakakilala sa Iyong katotohanan, na ang Kaniyang pagsubok ay ang lunas ng mga karamdaman nilang mga tumanggap sa Iyong Kapakanan, na ang Kaniyang kalamidad ay ang pinakamataas na pangarap ng gayong mga nakawalay mula sa lahat ng pagmamahal sa kaninuman liban sa Iyong sarili!
Glorified, immeasurably glorified art Thou, in Whose hands is the empire of whatsoever is in the heavens and whatsoever is on earth, Thou, Who through but one word of Thy mouth, caused all things to expire and dissolve asunder, and Who, by yet another word, caused whatever had been separated to be combined and reunited! Magnified be Thy name, O Thou Who hast power over all that are in the heavens and all that are on earth, Whose dominion embraceth whatsoever is in the heaven of Thy Revelation and the kingdom of Thy creation. None can equal Thee in Thy created realms; none can compare with Thee in the universe Thou hast fashioned. The mind of no one hath comprehended Thee, and the aspiration of no soul hath reached Thee. I swear by Thy might! Were any one to soar, on whatever wings, as long as Thine own Being endureth, throughout the immensity of Thy knowledge, he would still be powerless to transgress the bounds which the contingent world hath set for him. How can, then, such a man aspire to wing his flight into the atmosphere of Thy most exalted presence?	80.2 Luwalhatiin, walang-hanggang luwalhatiin Ka nawa, na nasa Iyong mga kamay ang imperyo ng anumang nasa kalangitan at ng anumang nasa kalupaan, Ikaw na sa pamamagitan ng iisang salita lamang mula sa Iyong bibig, ay ginawang mamatay at malusaw ang lahat ng bagay, at Siya na sa pamamagitan ng isa pang salita, ay ginawang pagsamahin at muling pagkaisahin ang anumang ipinaghiwalay! Dakilain nawa ang Iyong pangalan, O Ikaw na may kapangyarihan sa lahat ng nasa kalangitan at ng lahat ng nasa kalupaan, na ang Kaniyang paghahari ay sumasaklaw sa anumang nasa kalangitan ng Iyong Rebelasyon at sa kaharian ng Iyong sangnilikha. Walang makapapantay sa Iyo sa Iyong nilikhang mga kaharian; walang maihahalintulad sa Iyo sa sansinukob na Iyong hinubog. Walang sinumang isipan ang makauunawa sa Iyo, at ang pangarap ng walang sinumang kaluluwa ang makaaabot sa Iyo. Sumusumpa ako sa Iyong kapangyarihan! Kung ang sinuman ay papailanlang, sa anumang pakpak, sa buong kahabaan ng pag-iral ng Iyong sarili, sa buong kalawakan ng Iyong kaalaman, mananatili pa rin siyang walang-kakayahang makalampas sa mga hangganang itinakda sa kaniya ng walang-katiyakang daigdig. Kung gayon ay paano niya magagawang pangarapin ang makalipad sa himpapawid ng Iyong pinakadakilang kinaroroonan?

He, indeed, is endued with understanding who acknowledgeth his powerlessness and confesseth his sinfulness, for should any created thing lay claim to any existence, when confronted with the infinite wonders of Thy Revelation, so blasphemous a pretension would be more heinous than any other crime in all the domains of Thine invention and creation. Who is there, O my Lord, that, when Thou revealest the first glimmerings of the signs of Thy transcendent sovereignty and might, hath the power to claim for himself any existence whatever? Existence itself is as nothing when brought face to face with the mighty and manifold wonders of Thine incomparable Self.	80.3 Siya, sa katunayan, ang nagtataglay ng pag-unawa na tinataganggap ang kaniyang kawalan ng kakayahan at umaamin sa kaniyang pagiging makasalanan, sapagkat kung ang anumang nilikhang bagay ang aangkin ng anumang pag-iral sa harap ng walang- hanggang mga kamanghaan ng Iyong Rebelasyon, ang gayong pagyayabang na lapastangan sa Diyos ay higit na malala pa kaysa sa anumang ibang kasalanan sa lahat ng mga kinasasakupan ng Iyong paghubog at paglikha. Kapag Iyo nang ipinakita ang unang mga pamimitak ng mga palatandaan ng Iyong nangingibabaw na paghahari at kapangyarihan, sino pa, O aking Panginoon, ang may kakayahang angkinin para sa kaniyang sarili ang anumang pag-iral? Ang pag-iral mismo ay parang wala lamang kapag naihaharap sa napakalaki at napakaraming kamanghaan ng Iyong walang-kahalintulad na Sarili.
Far, immeasurably far, art Thou exalted above all things, O Thou Who art the King of Kings! I entreat Thee by Thy Self and by Them Who are the Manifestations of Thy Cause and the Daysprings of Thine authority to write down for us that which Thou hast written down for Thy chosen ones. Withhold not from us that which Thou didst ordain for Thy loved ones, who, as soon as Thy call reached them, hastened unto Thee, and when the splendors of the light of Thy countenance were shed upon them, instantly prostrated themselves in adoration before Thy face.	80.4 Malayo, di-masukat ang kalayuan ng pagkadakila Mo sa lahat ng bagay, O Ikaw na Siyang Hari ng mga Hari! Isinasamo ko sa Iyo sa Iyong Sarili at sa kanila na Silang mga Kahayagan ng Iyong Kapakanan at mga Pamimitak ng Iyong awtoridad na itakda para sa amin yaong itinakda Mo para sa Iyong mga pinili. Huwag ipagkait sa amin yaong itinalaga Mo sa Iyong mga minamahal, na sa mismong pagsapit ng Iyong panawagan sa kanila ay nagmadali patungo sa Iyo, at nang masikatan sila ng mga karingalan ng Iyong mukha ay agad silang nagpatirapa sa pagsamba sa harap ng Iyong mukha.
We are Thy servants, O my Lord, and in the grasp of Thy power. If Thou chastisest us with the chastisement inflicted upon the former and the latter generations, Thy verdict would be assuredly just and Thine act praiseworthy. Powerful art Thou to do what pleaseth Thee. None other God is there beside Thee, the Almighty, the All-Glorious, the Help in Peril, the Self-Subsisting.	80.5 Kami ay Iyong mga tagapaglingkod, O aking Panginoon, at tangan ng Iyong kapangyarihan. Kung Iyong parurusahan kami ng parusang ipinataw sa nauna at nahuling mga salinlahi, tiyak na ang Iyong hatol ay makatarungan at ang Iyong gawa ay kapuri-puri. Makapangyarihan Ka upang gawin ang Iyong ninanais. Walang ibang Diyos liban sa Iyo, ang Lubos na Makapangyarihan, ang Lubos na Maluwalhati,

	ang Tulong sa Panganib, ang Sariling-Ganap.
– LXXXI –	LXXXI
Unto Thee be praise, O Thou Who inclinest Thine ear to the sighing of them that have rid themselves of all attachment to any one but Thee, and Who hearest the voice of the lamentation of those who are wholly devoted to Thy Self! Thou beholdest all that hath befallen them at the hands of such of Thy creatures as have transgressed and rebelled against Thee. Thy might beareth me witness, O Thou Who art the King of the realms of justice and the Ruler of the cities of mercy! The tribulations they have been made to suffer are such as no pen, in the entire creation, can reckon. Should any one attempt to make mention of them, he would find himself powerless to describe them.	81.1 Mapasa-Iyo ang papuri, O Ikaw na Siyang nagbabaling ng Iyong tainga sa mga buntong-hininga nilang mga inalis mula sa kanilang mga sarili ang pagmamahal sa sinuman liban sa Iyo, at Siyang nakaririnig ng tinig ng pagdadalamhati niyong mga lubos na deboto sa Iyong Sarili! Iyong nakikita ang lahat ng sumapit sa kanila sa mga kamay ng gayon sa Iyong mga nilikhang lumabag at naghimagsik laban sa Iyo. Ang Iyong lakas ay sumasaksi as akin, O Ikaw na Siyang Hari ng mga kaharian ng katarungan at ng Namumuno sa mga lungsod ng kahabagan! Ang mga pahirap na pinalasap sa kanila ay gayon na walang panulat, sa buong kinapal, ang makatutuos. Kung sisikapin itong banggitin ng sinuman, matutuklasan niyang wala siyang kakayahang ilarawan ang mga iyon.
As these tribulations, however, were sustained in Thy path and for love of Thee, they who were afflicted by them render thanks, under all conditions, unto Thee, and say: "O Thou Who art the Delight of our hearts and the Object of our adoration! Were the clouds of Thy decree to rain down upon us the darts of affliction, we would, in our love for Thee, refuse to be impatient. We would yield Thee praise and thanksgiving, for we have recognized and are persuaded that Thou hast ordained only that which will be best for us. If our bodies be, at times, weighed down by our troubles, yet our souls rejoice with exceeding gladness. We swear by Thy might, O Thou Who art the Desire of our hearts and the Exultation of our souls! Every trouble that toucheth us in our love for Thee is an evidence of Thy tender mercy, every fiery ordeal a sign of the brightness of Thy light, every woeful tribulation a cooling draught, every toil a blissful repose, every anguish a fountain of gladness."	81.2 Subalit yamang ang mga pahirap na ito ay dinanas sa Iyong landas at alang-alang sa pag-ibig sa Iyo, ang mga nagbata nito ay nag-aalay sa Iyo ng pasasalamat sa lahat ng kalagayan, at sinasabing: "O Ikaw na Kaluguran ng aming mga puso at Layunin ng aming pagsamba! Kung ang mga ulap ng Iyong kautusan ay mag-uulan sa amin ng mga palaso ng pagdurusa, tatanggi kaming mainip, alang-alang sa pag-ibig namin sa Iyo. Magbibigay papuri at pasasalamat kami sa Iyo, sapagkat aming nakilala at napaniwalang Iyong itinalaga lamang yaong pawang pinakamabuti para sa amin. Kung ang aming mga katawan, magkaminsan ay nadaraganan ng mga suliranin, gayumpaman ang aming mga kaluluwa ay nagdiriwang sa labis na kaligayahan. Sumusumpa kami sa Iyong kapangyarihan, O Ikaw na Siyang Hangarin ng aming mga puso at Kagalakan ng aming mga kaluluwa! Ang bawat salaghating dumadapo sa amin sa aming pagmamahal sa Iyo ay isang katibayan ng Iyong masuyong

	kahabagan, ang bawat nag-aapoy na pagsubok ay isang palatandaan ng kaningningan ng Iyong liwanag, ang bawat nakalulunos na pahirap ay isang nagpapalamig na inumin, ang bawat pagsisikap ay isang napakaligayang pamamahinga, ang bawat dalamhati ay isang bukal ng kaluguran.”
Whosoever, O my Lord, is impatient in the tribulations befalling him in Thy path, hath not drunk of the cup of Thy love nor tasted of the sweetness of Thy remembrance. I implore Thee, by Him Who is the King of all names and their Sovereign, Who is the Revealer of all attributes and their Creator, and by them who have soared aloft and drawn nigh unto Thee and winged their flight into the atmosphere of Thy presence, and have endured the galling of chains for Thy sake, to grant that all Thy people may be graciously aided to recognize Him Who is the Manifestation of Thine own Self, Who, because He summoned mankind unto Thee, hath been exiled and cast into prison.	81.3 Ang sinumang naiinip, O aking Panginoon, sa mga pahirap na sinasapit niya sa Iyong landas, ay hindi nakainom mula sa kopa ng Iyong pag-ibig ni hindi natikman ang katamisan ng paggunita sa Iyo. Isinasamo ko sa Iyo, sa ngalan Niya na Siyang hari ng lahat ng mga pangalan at kanilang Panginoon, Siya na Tagapagbunyag ng lahat ng mga katangian at kanilang Maylalang, at sa ngalan nilang mga nagsipagliparan at nagsilapit sa Iyo at pumailanlang sa himpapawid ng Iyong kinaroroonan, at tiniis ang pamamaltos ng mga tanikala alang-alang sa Iyo, na ipagkaloob na buong-giliw na matulungan ang lahat ng Iyong mga tao upang makilala Siya na Siyang Kahayagan ng Iyong angking Sarili, na dahil tinawagan Niya ang buong sangkatauhan patungo sa Iyo, ay ipinatapon Siya at ikinulong sa piitan.
The tenderness of Thy mercy, O my Lord, surpasseth the fury of Thy wrath, and Thy loving-kindness exceedeth Thy hot displeasure, and Thy grace excelleth Thy justice. Hold Thou, through Thy wondrous favors and mercies, the hands of Thy creatures, and suffer them not to be separated from the grace which Thou hast ordained as the means whereby they can recognize Thee. The glory of Thy might beareth me witness! Were such a thing to happen, every soul would be sore shaken, every man endued with understanding would be bewildered, and every possessor of knowledge would be dumbfounded, except those who have been succored through the hands of Thy Cause, and have been made the recipients of the revelations of Thy grace and of the tokens of Thy favors.	81.4 Ang kalamyusan ng Iyong habag, O aking Panginoon, ay nakahihigit sa matinding galit ng Iyong poot, at ang Iyong mapagmahal na kabaitan ay labis pa sa Iyong mainit na pagkainis, at ang Iyong biyaya ay higit na mataas sa Iyong katarungan. Iyong tanganan, sa pamamagitan ng Iyong kamangha-manghang mga biyaya at mga habag, ang mga kamay ng Iyong mga nilalang, at huwag tulutang maiwalay sila mula sa biyayang itinalaga Mong maging kaparaanan upang makilala Ka nila. Ang kaluwalhatian ng Iyong lakas ay sumasaksi sa akin! Kung magaganap ang gayong bagay, ang bawat kaluluwa ay lubos na mayayanig, at ang bawat taong pinagkalooban ng pag-unawa ay matutuliro, at ang bawat nagtataglay ng kaalaman ay matitigilan, liban lamang sa mga tinulungan sa pamamagitan ng mga kamay ng

	Iyong Kapakanan, at ginawang maging mga tagapagtanggap ng mga kapahayagan ng Iyong biyaya at mga tanda ng Iyong mga pagpapala.
I swear by Thy might, O my God! Wert Thou to regard Thy servants according to their deserts in Thy days, they would assuredly merit naught except Thy chastisement and torment. Thou art, however, the One Who is of great bounteousness, Whose grace is immense. Look not down upon them, O my God, with the glance of Thy justice, but rather with the eyes of Thy tender compassions and mercies. Do, then, with them according to what beseemeth Thy generosity and bountiful favor. Potent art Thou to do whatsoever may please Thee. Incomparable art Thou. No God is there beside Thee, the Lord of the throne on high and of earth below, the Ruler of this world and of the world to come. Thou art the God of Bounty, the Ever-Forgiving, the Great Giver, the Most Generous.	81.5 Sumusumpa ako sa Iyong kapangyarihan, O aking Diyos! Kung ang Iyong pagturing sa Iyong mga tagapaglingkod ay sang-ayon sa nararapat sa kanila sa Iyong mga araw, tiyak na wala silang mapapala liban sa Iyong parusa at hagupit. Subalit Ikaw ang Siyang matindi ang pagpapala, Siyang napakalaki ang biyaya. Huwag tumingin sa kanila, O aking Diyos, sa pamamagitan ng sulyap ng Iyong katarungan, bagkus sa halip ay sa pamamagitan ng mga mata ng Iyong masuyong mga pagdamay at mga habag. Gawin sa kanila, kung gayon, ang sang-ayon at angkop sa Iyong pagiging mapagbigay at masaganang biyaya. Makapangyarihan Ka upang gawin ang anumang Iyong ninanais. Ikaw ay walang kahambing. Walang Diyos liban sa Iyo, ang Panginoon ng trono sa kaitaasan at ng lupa sa ibaba, ang Namumuno sa daigdig na ito at sa daigdig na darating. Ikaw ang Diyos ng Biyaya, ang Laging-Nagpapatawad, ang Dakilang Nagbibigay, ang Pinakabukas-palad.
Do Thou bless, O Lord my God, the One through Whom the mysteries of Thine omnipotence have been disclosed, through Whom the revelations of Thy divinity have been glorified, through Whom the goodly pearls of Thy knowledge and wisdom have been uncovered, through Whom Thy signs and tokens have been noised abroad, through Whom Thy word hath been set forth with clearness, through Whom the light of Thy countenance hath shone forth and the power of Thy sovereignty been established. Bless Thou all those also who, wholly for Thy sake, have turned towards Thee. Send down, moreover, upon Him and them such of Thy wondrous mercies as may well beseem Thy highness. Thou art, verily, the Almighty, the Help in Peril, the All-Glorious, the Self-Subsisting.	81.6 Iyong pagpalain, O Panginoon kong Diyos, Siya na sa pamamagitan Niya ang mga hiwaga ng Iyong pagiging lubos na makapangyarihan ay isiniwalat, na sa pamamagitan Niya ang mga kapahayagan ng Iyong pagiging-Diyos ay niluwalhati, na sa pamamagitan Niya ang butihing mga perlas ng Iyong kaalaman at karunungan ay inilantad, na sa pamamagitan Niya ang Iyong mga palatandaan at mga sagisag ay ipinatalastas sa ibayo, na sa pamamagitan Niya ang Iyong salita ay inilahad nang malinaw, na sa pamamagitan Niya ang liwanag ng Iyong mukha ay suminag at ang kapangyarihan ng Iyong paghahari ay naitatag. Iyong pagpalain din lahat silang nagsipagbaling patungo sa Iyo nang ganap na alang-alang sa Iyo. Higit pa rito ay ipababa sa Kaniya at sa kanila, ang gayon

	sa Iyong kamangha-manghang mga habag na marapat sa Iyong kataasan. Ikaw, sa katunayan, ay ang Lubos na Makapangyarihan, ang Tulong sa Panganib, ang Lubos na Maluwalhati, ang Sariling-Ganap.
– LXXXII –	LXXXII
Praised be Thou, O Lord my God! Thou art He Who hath created all things through a word uttered by Thy behest, and fashioned the entire creation through the power of Thy sovereignty and might. The mightiest of men are abased before the revelations of Thy glory, and they who are endued with strength tremble when faced with the evidences of Thy might. Every man of insight is bereft of vision when confronted with the effulgence of the glory of Thy face, and he who is possessed of riches is poor and desolate when beholding the plenteousness of Thy wealth.	82.1 Purihin Ka nawa, O Panginoon kong Diyos! Ikaw ang Siyang lumikha ng lahat ng bagay sa pamamagitan ng isang salitang inusal alinsunod sa Iyong kautusan, at hinugis ang buong sangnilikha sa pamamagitan ng Iyong paghahari at lakas. Ang pinakamalakas sa mga tao ay nahihiya sa harap ng mga paglalantad ng Iyong kaluwalhatian, at silang mga pinagkalooban ng lakas ay nangangatog kapag nahaharap sa mga katibayan ng Iyong lakas. Ang bawat taong may malalim na pag-unawa ay mistulang di-makakita kapag ipinamumulat ang karingalan ng luwalhati ng Iyong mukha, at siyang nagtataglay ng mga kayamanan ay maralita at dukha kapag tinitingnan ang kasaganaan ng Iyong kayamanan.
I implore Thee by Thine All-Glorious Name, wherewith Thou didst adorn all the denizens of the kingdom of Thy revelation and the inmates of the heaven of Thy will, to grant that my soul may be attracted by the sweetness of the melody of the Bird of Heaven that chanteth amidst the branches of the tree of Thy decree that Thou art God, that there is none other God beside Thee.	82.2 Isinasamo ko sa Iyo sa Iyong Pangalang Ganap na Maluwalhati, na sa pamamagitan niyon, Iyong pinalamutihan ang lahat ng mga nananahan sa kaharian ng Iyong rebelasyon at ng mga nananahan sa kalangitan ng Iyong kalooban, na itulot na maakit ang aking kaluluwa sa katamisan ng himig ng Ibon ng Langit na umaawit sa mga sanga ng punongkahoy ng Iyong kautusan na Ikaw ang Diyos, na walang ibang Diyos liban sa Iyo.
Cleanse me with the waters of Thy mercy, O my Lord, and make me wholly Thine, and cause me to approach the Tabernacle of Thy Cause and the adored Sanctuary of Thy Presence. Ordain, then, for me all the things Thou didst ordain for the chosen ones among Thy handmaidens, and rain down upon me that which will illuminate my face and enlighten my heart.	82.3 Linisin ako sa pamamagitan ng mga tubig ng Iyong habag, O aking Panginoon, at gawin akong maging ganap na Iyo, at tulutang makalapit ako sa Tabernakulo ng Iyong Kapakanan at sa sinasambang Santuwaryo ng Iyong Kinaroroonan. Italaga, kung gayon, para sa akin, ang lahat ng bagay na Iyong itinalaga para sa mga pinili mula sa Iyong kawaksing babae, at ipaulan sa akin yaong magtatanglaw sa aking mukha at

	magliliwanag sa aking puso.
Thou hast power to do what Thou willest, and Thou ordainest what Thou pleasest.	82.4 Makapangyarihan Ka upang gawin ang Iyong niloloob, at Iyong itinatalaga ang Iyong ninanais.
– LXXXIII –	LXXXIII
Praised be Thou, O Lord my God! Thou seest my poverty and my misery, my troubles and my needs, my utter helplessness and my extreme lowliness, my lamentations and my bitter wailing, the anguish of my soul and the afflictions which beset me. The power of Thy might beareth me witness! Such is the depth of mine abasement that Thy servants who have strayed far from Thy path deride me. Thou knowest that I am recognized as the bearer of Thy name among Thy creatures. Thou knowest that my station is but an image of Thy station, that my virtues recount Thy virtues, that within mine inmost being naught can be found except the revelations of Thy signs, and that my very essence is but a reflection of the evidences of Thy unity.	83.1 Purihin Ka nawa, O Panginoon kong Diyos! Iyong nakikita ang aking karukhaan at ang aking paghihirap, ang aking mga kaligaligan at ang aking mga pangangailangan, ang aking lubos na kawalan ng kakayahan at ang aking sukdulang kababaan, ang aking mga pananaghoy at ang aking masaklap na pananangis, ang pagdadalamhati ng aking kaluluwa at ang mga pagdurusang nagpapahirap sa akin. Ang kapangyarihan ng Iyong lakas ay sumasaksi sa akin! Ganoon na lamang ang kababaan ng aking pagkaaba na inaalipusta ako ng Iyong mga tagapaglingkod na naligaw nang malayo mula sa Iyong landas. Iyong nalalaman na ang aking katayuan ay larawan lamang ng Iyong katayuan, na ang aking mga kabutihan ay nagsasaysay sa Iyong mga kabutihan, na walang matatagpuan sa aking kaloob-loobang sarili liban sa mga kapahayagan ng Iyong mga palatandaan, at ang aking mismong pinakadiwa ay pawang pagsasalamin lamang ng mga katibayan ng Iyong pagkakaisa.
All these things Thou hast noised abroad among Thy creatures, in such wise that none can recognize me, except as one who beareth Thy name. I swear by Thy glory! My lamentations are not for the things which have befallen me in Thy path, but are due to my recognition that by reason of mine abasement the hearts of them that love Thee have been sore shaken, and the souls of Thine adversaries have been so filled with joy that they rejoice over those who have detached themselves from all except Thee and have hastened towards the river of Thy remembrance and praise. So great is their waywardness that when meeting Thy loved	83.2 Ang lahat ng mga bagay na ito ay Iyong ipinamalita sa Iyong mga nilalang, sa gayong paraan na walang nakakikilala sa akin, maliban lamang bilang isang nagtataglay ng Iyong pangalan. Sumusumpa ako sa Iyong kaluwalhatian! Ang aking mga pagdadalamhati ay hindi dahil sa mga bagay na sumapit sa akin sa Iyong landas, bagkus ay sanhi ng aking pagkabatid na dahil sa aking pagkaaba ang mga puso nilang mga nagmamahal sa Iyo ay matinding naligalig, at ang mga kaluluwa ng Iyong mga kaaway ay gayon na lamang ang pagkalipos sa tuwa na nagdiriwang sila dahil sa mga nagsipagwalay ng kanilang mga sarili mula sa lahat liban sa

ones, they shake their heads in derision of Thy Cause and say: “Where is your Lord Whom ye mention in the daytime and in the night season? Where is He to be found Whom ye call your Sovereign, to Whom ye summon all men to turn?” Their pride and haughtiness waxed greater and greater until they denied the power of Thy might and rejected Thy sovereignty and dominion.	Iyo at nagmadali patungo sa ilog ng paggunita at papuri sa Iyo. Ganoon katindi ang kanilang pagsusuwail na kapag nasasalubong ang Iyong mga minamahal ay umiiling sila sa paglilibak sa Iyong Kapakanan at sinasabing: “Nasaan ang inyong Panginoon na inyong binabanggit sa araw at gabi? Saan Siya matatagpuan na tinatawag ninyong bumaling ang lahat ng tao?” Ang kanilang kapalaluan at pagmamataas ay tumindi nang tumindi hanggang sa itinatwa nila ang kapangyarihan ng Iyong lakas at tinalikuran ang Iyong paghahari at kapangyarihan.
Thy glory beareth me witness! I delight in mine own afflictions and in the afflictions which they who love me suffer in Thy path. Neither I nor they, however, are able to bear such affronts and reproaches as are uttered by Thine enemies against Thy Self, the Unrestrained. How long shalt Thou remain seated, O my God, on the throne of Thy forbearance and patience? Speak Thou Thy word of wrath, O Thou Whom no eyes can see! Well-beloved is Thy mercy unto the sincere among Thy servants, and well-beseeming Thy chastisement of the infidels among Thine enemies. Send down upon them, therefore, O my Lord, that which will unmistakably reveal unto them the fury of Thy wrath and the ascendancy of Thy power, and will enable them to recognize the weight of Thy might and the greatness of Thy strength. If Thou refusest, O my God, to aid them that love Thee, assist Thou, then, Thine own Self and Him Who is Thy Remembrance.	83.3 Ang Iyong kaluwalhatian ay sumasaksi sa akin! Nalulugod ako sa aking sariling mga kahirapan at sa mga kahirapang dinaranas sa Iyong landas ng mga nagmamahal sa akin. Gayumpaman, maging ako o maging sila ay hindi magawang tiisin ang gayong mga paghamak at mga pagsumbat na binibigkas ng Iyong mga kaaway laban sa Iyong Sarili, ang Di-napipigilan. Gaano katagal kang mananatiling nakaupo, O aking Diyos, sa trono ng Iyong pagtitimpi at pagtitiis? Usalin ang Iyong salita ng poot, O Ikaw na hindi nakikita ng mga mata! Lubos na minamahal ang Iyong habag sa matatapat na Iyong tagapaglingkod, at lubos na nararapat ang Iyong parusa sa mga hindi sumasampalataya mula sa Iyong mga kaaway. Ipababa sa kanila, kung gayon, O aking Panginoon, yaong di-mapagkakamaliang magsisiwalat sa kanila ng matinding galit ng Iyong poot at ang pangingibabaw ng Iyong kapangyarihan, at magbibigay-daan upang makilala nila ang bigat ng Iyong kapangyarihan at ang kadakilaan ng Iyong lakas. Kung Ikaw ay tatanggi, O aking Diyos, na tulungan silang mga nagmamahal sa Iyo, tulungan kung gayon, ang Iyong angking Sarili at Siya na Iyong Alaala.
I entreat Thee by Thy name, that hath caused the ocean of Thy wrath to surge, to chastise them who have repudiated Thy truth and disowned Thine utterances. Abase them,	83.4 Isinasamo ko sa Iyong pangalan, na naging sanhi ng pagdaluyong ng karagatan ng Iyong poot, na parusahan silang mga itinatwa ang Iyong katotohanan at itinakwil ang Iyong

then, by Thy might and power, and exalt such as have, wholly for Thy sake, set their faces towards Thee, that through them the ensigns of Thy glorification may be unfurled among all nations, and Thy tokens be spread abroad among all peoples, and that all may testify that Thou art God, that there is none other God beside Thee, the God of power, of majesty and glory.	mga pananalita. Gawin silang aba, kung gayon, sa pamamagitan ng Iyong lakas at kapangyarihan, at dakilain silang mga ibinaling, alang-alang lamang sa Iyo, ang kanilang mga mukha tungo sa Iyo, nang upang sa pamamagitan nila ang mga watawat ng pagluluwalhati sa Iyo ay maiwagayway sa lahat ng mga bansa, at ang Iyong mga sagisag ay mapalaganap sa lahat ng mga sambayanan, at nang upang ang lahat ay sumaksi na Ikaw ay Diyos, na walang ibang Diyos liban sa Iyo, ang Diyos ng kapangyarihan, ng karingalan at kaluwalhatian.
– LXXXIV –	LXXXIV
Magnified art Thou, O Lord my God! I ask Thee by Thy Name which Thou hast set up above all other names, through which the veil of heaven hath been split asunder and the Daystar of Thy beauty hath risen above the horizon, shining with the brightness of Thy Name, the Exalted, the Most High, to succor me with Thy wondrous help and to preserve me in the shelter of Thy care and protection.	84.1 Dakilain Ka nawa, O Panginoon kong Diyos! Hinihiling ko sa Iyo sa Iyong Pangalan na Iyong itinakdang maging higit na mataas sa lahat ng ibang mga pangalan, na sa pamamagitan niyon ang lambong sa langit ay nabiyak at ang Bituing-araw ng Iyong kagandahan ay sumikat sa itaas ng sugpungang-guhit at nagniningning sa liwanag ng Iyong Pangalan, ang Dakila, ang Pinakamataas, na tulungan ako sa pamamagitan ng Iyong kamangha-manghang tulong at pangalagaan ako sa kanlungan ng Iyong kalinga at pangangalaga.
I am one of Thy handmaidens, O my Lord! Unto Thee have I turned, and in Thee have I placed my trust. Grant that I may be so confirmed in my love for Thee, and in fulfilling that which is well-pleasing unto Thee, that neither the defection of the infidels among Thy people, nor the clamor of the hypocrites among Thy creatures, may avail to keep me back from Thee.	84.2 Ako ay isa sa Iyong mga kawaksing babae, O aking Panginoon! Ako ay bumaling sa Iyo, at inilagak ko sa Iyo ang aking pagtitiwala. Tulutang maging gayon na lamang ang pagpapatibay sa aking pagmamahal sa Iyo, at sa pagtupad roon sa nakalulugod sa Iyo, na hindi magagawa ng alinman, ang pagtalikod ng mga di-sumasampalataya mula sa Iyong mga tao, ni ang pag-iingay ng mga nagbabalatkayo mula sa Iyong mga nilalang, ang mapigilan ako mula sa Iyo.
Purge Thou mine ear, O my Lord, that I may hearken unto the verses sent down unto Thee, and illuminate my heart with the light of Thy knowledge, and loose my tongue that it	84.3 Iyong linisin ang aking tainga, O aking Panginoon, nang upang magawa kong makinig sa mga bersikulong ipinapanaog sa Iyo, at tanglawan ang aking puso ng liwanag

may make mention of Thee and sing Thy praise. By Thy might, O my God! My soul is wedded to none beside Thee, and my heart seeketh none except Thine own Self.	ng Iyong kaalaman, at kalagan ang aking dila upang magawa nitong banggitin Ka at awitin ang papuri sa Iyo. Saksi ang Iyong kapangyarihan, O aking Diyos! Ang aking kaluluwa ay nakipag-isang dibdib sa walang iba liban sa Iyo, at ang aking puso ay walang hinahanap liban sa Iyong angking Sarili.
No God is there beside Thee, the All-Glorious, the Great Giver, the Forgiving, the Compassionate.	84.4 Walang ibang Diyos liban sa Iyo, ang Ganap na Maluwalhati, ang Dakilang Nagbibigay, ang Nagpapatawad, ang Madamayin.
– LXXXV –	LXXXV
These are, O my God, the days whereon Thou didst enjoin Thy servants to observe the Fast. With it Thou didst adorn the preamble of the Book of Thy Laws revealed unto Thy creatures, and didst deck forth the Repositories of Thy commandments in the sight of all who are in Thy heaven and all who are on Thy earth. Thou hast endowed every hour of these days with a special virtue, inscrutable to all except Thee, Whose knowledge embraceth all created things. Thou hast, also, assigned unto every soul a portion of this virtue in accordance with the Tablet of Thy decree and the Scriptures of Thine irrevocable judgment. Every leaf of these Books and Scriptures Thou hast, moreover, allotted to each one of the peoples and kindreds of the earth.	85.1 Ang mga ito, O aking Diyos, ay ang mga araw na iniatas Mo sa Iyong mga tagapaglingkod ang magsagawa ng pag-aayuno. Sa pamamagitan niyon, pinalamutihan Mo ang paunang-bahagi ng Aklat ng Iyong mga Batas na inihayag sa Iyong mga nilalang, at ginayakan ang mga Repositoryo ng Iyong kautusan sa paningin ng lahat ng nasa Iyong langit at lahat ng nasa Iyong lupa. Pinagkalooban Mo ang bawat oras ng mga araw na ito ng isang natatanging kabutihan, na di-maarok ng sinuman liban sa Iyo, Ikaw na ang kaalaman ay sumasaklaw sa lahat ng nilalang na bagay. Naglaan Ka rin sa bawat kaluluwa ng isang bahagi ng kabutihang ito alinsunod sa Tableta ng Iyong kautusan at sa Santong Kasulatan ng Iyong di-mabaling hatol. Higit pa rito, ang bawat dahon nitong mga Aklat at mga Santong Kasulatan ay inilaan Mo sa bawat isa sa mga sambayanan at mga kaanak ng daigdig.
For Thine ardent lovers Thou hast, according to Thy decree, reserved, at each daybreak, the cup of Thy remembrance, O Thou Who art the Ruler of rulers! These are they who have been so inebriated with the wine of Thy manifold wisdom that they forsake their couches in their longing to celebrate Thy praise and extol Thy virtues, and flee from sleep in their eagerness to approach Thy presence and partake of Thy	85.2 Para sa Iyong masugid na mga mangingibig, alinsunod sa Iyong kautusan ay naglaan Ka, sa bawat dapit-umaga, ng kopa ng Iyong gunita, O Ikaw na Tagapamahala ng mga tagapamahala! Ang mga ito ay silang nalango sa alak ng Iyong sari-saring karunungan kung kaya ay iniwan nila ang mga higaan sa kanilang paghahangad na ipagdiwang ang papuri sa Iyo at itanyag ang Iyong mga kabutihan, at tumakas buhat sa

bounty. Their eyes have, at all times, been bent upon the Dayspring of Thy loving-kindness, and their faces set towards the Fountainhead of Thine inspiration. Rain down, then, upon us and upon them from the clouds of Thy mercy what beseemeth the heaven of Thy bounteousness and grace.	pagkatulog sa kanilang kasabikang makalapit sa Iyong kinaroroonan at makabahagi sa Iyong pagpapala. Sa lahat ng panahon, ang kanilang mga mata ay nakabaling sa Pamimitak ng Iyong nagmamahal na kabaitan, at ang kanilang mga mukha ay nakatuon sa Ulong-bukal ng Iyong inspirasyon. Paulanin, kung gayon, sa amin at sa kanila buhat sa mga ulap ng Iyong kahabagan yaong karapat-dapat sa langit ng Iyong masaganang pagpapala at biyaya.
Lauded be Thy name, O my God! This is the hour when Thou hast unlocked the doors of Thy bounty before the faces of Thy creatures, and opened wide the portals of Thy tender mercy unto all the dwellers of Thine earth. I beseech Thee, by all them whose blood was shed in Thy path, who, in their yearning over Thee, rid themselves from all attachment to any of Thy creatures, and who were so carried away by the sweet savors of Thine inspiration that every single member of their bodies intoned Thy praise and vibrated to Thy remembrance, not to withhold from us the things Thou hast irrevocably ordained in this Revelation—a Revelation the potency of which hath caused every tree to cry out what the Burning Bush had aforetime proclaimed unto Moses, Who conversed with Thee, a Revelation that hath enabled every least pebble to resound again with Thy praise, as the stones glorified Thee in the days of Muḥammad, Thy Friend.	85.3 Purihin ang Iyong pangalan, O aking Diyos! Ito ang oras na ang mga pinto ng Iyong pagpapala ay binuksan Mo sa harap ng Iyong mga nilalang, at binuksan nang maluwang ang mga pinto ng Iyong masuyong kahabagan sa lahat ng nananahan sa Iyong lupa. Isinasamo ko sa Iyo, sa lahat ng nagsipagbubo ng dugo sa Iyong landas, na dahil sa kanilang paghahangad sa Iyo ay pinutol ang lahat ng pagkakaugnay nila sa alinman sa Iyong mga nilalang, at natangay nang husto ng matatamis na lasa ng Iyong inspirasyon kung kaya ang bawat isang bahagi ng kanilang mga katawan ay dumadalit ng papuri sa Iyo at kumakatal sa paggunita sa Iyo, na huwag ikait sa amin ang di-mababagong mga bagay na iniatas Mo sa Rebelasyong ito—isang Rebelasyong ang bisa ay nagbunsod upang isigaw ng bawat punongkahoy yaong ipinahayag noong una ng Palumpong Nag-aapoy kay Moises, na nakipag-usap sa Iyo, isang Rebelasyong nagtulot sa bawat mumunting bato na muling tumunog sa pagpuri sa Iyo, tulad ng pagluluwalhati sa Iyo ng mga bato sa mga araw ni Muḥammad, ang Iyong Kaibigan.
These are the ones, O my God, whom Thou hast graciously enabled to have fellowship with Thee and to commune with Him Who is the Revealer of Thyself. The winds of Thy will have scattered them abroad until Thou didst gather them together beneath Thy shadow, and didst cause them to enter into the precincts of Thy court. Now that Thou hast made them to abide under the shade of the	85.4 Ang mga ito, O aking Diyos, ay yaong buong kagandahang-loob na tinulutan Mong makasama Ka at makaniig Siya na Tagapagpahayag ng Iyong Sarili. Ang mga hangin ng Iyong kalooban ay nagpakalat sa kanila sa ibayo hanggang sa sila ay tinipon Mong sama-sama sa lilim ng Iyong anino, at ginawang makapasok sa mga bakuran ng Iyong korte. Ngayong sila ay napanahan Mo

canopy of Thy mercy, do Thou assist them to attain what must befit so august a station. Suffer them not, O my Lord, to be numbered with them who, though enjoying near access to Thee, have been kept back from recognizing Thy face, and who, though meeting with Thee, are deprived of Thy presence.	sa lilim ng bubong ng Iyong habag, tulungan Mo silang makamtan ang nararapat sa gayong maharlikang katayuan. Huwag tulutan, O aking Panginoon, na sila ay mapabilang doon sa, bagaman nagtatamasa ng pagkalapit sa Iyo, ay hindi tinulutang makilala ang Iyong mukha, at bagaman nakikipagkita sa Iyo, ay pinagkaitan mamalas ang Iyong kinaroroonan.
These are Thy servants, O my Lord, who have entered with Thee in this, the Most Great Prison, who have kept the Fast within its walls according to what Thou hadst commanded them in the Tablets of Thy decree and the Books of Thy behest. Send down, therefore, upon them what will thoroughly purge them of all that Thou abhorrest, that they may be wholly devoted to Thee, and may detach themselves entirely from all except Thyself.	85.5 Ang mga ito ay Iyong mga tagapaglingkod, O aking Panginoon, na kasama Mong pumasok dito sa Pinakamatinding Bilangguan, at nagsipagsagawa ng pag-aayuno sa loob nito alinsunod sa ipinag-utos Mo sa kanila sa mga Tableta ng Iyong kautusan at sa mga Aklat ng Iyong pag-aatas. Ihulog, kung gayon, sa kanila yaong ganap na makapaglilinis sa kanila sa lahat ng Iyong kinasusuklaman, nang sila ay lubos na maging tapat sa Iyo, at ganap na maiwawalay ang kanilang mga sarili mula sa lahat liban sa Iyong sanili.
Rain down, then, upon us, O my God, that which beseemeth Thy grace and befitteth Thy bounty. Enable us, then, O my God, to live in remembrance of Thee and to die in love of Thee, and supply us with the gift of Thy presence in Thy worlds hereafter—worlds which are inscrutable to all except Thee. Thou art our Lord and the Lord of all worlds, and the God of all that are in heaven and all that are on earth.	85.6 Paulanin sa amin, kung gayon, O aking Diyos, yaong minamarapat ng Iyong biyaya at karapat-dapat sa Iyong pagpapala. Tulutang kami, kung gayon, O aking Diyos, ay mabuhay sa paggunita sa Iyo at mamatay sa pag-ibig sa Iyo, at pagkalooban kami ng handog ng Iyong kinaroroonan sa Iyong mga daigdig na darating—mga daigdig na di-maunawaan ng lahat liban sa Iyo. Ikaw ang aming Panginoon at ang Panginoon ng lahat ng daigdig, at Diyos ng lahat ng nasa langit at lahat ng nasa lupa.
Thou beholdest, O my God, what hath befallen Thy dear ones in Thy days. Thy glory beareth me witness! The voice of the lamentation of Thy chosen ones hath been lifted up throughout Thy realm. Some were ensnared by the infidels in Thy land, and were hindered by them from having near access to Thee and from attaining the court of Thy glory. Others were able to approach Thee, but were kept back from beholding Thy face. Still others were permitted, in their eagerness to	85.7 Namamalas Mo, O aking Diyos, ang sumapit sa Iyong mga minamahal sa Iyong mga araw. Saksi sa akin ang Iyong kaluwalhatian! Ang tinig ng paghihinagpis ng Iyong mga pinili ay itinaas sa kahabaan ng Iyong kaharian. Ang ilan ay nabihag ng mga di-sumasampalataya sa Iyong lupain, at hinahadlangan sila mula sa paglapit sa Iyo at sa pagsapit sa korte ng Iyong kaluwalhatian. Ang iba ay nakalapit sa Iyo ngunit hindi nila nasilayan ang Iyong mukha. Ang iba pa, sa

look upon Thee, to enter the precincts of Thy court, but they allowed the veils of the imaginations of Thy creatures and the wrongs inflicted by the oppressors among Thy people to come in between them and Thee.	kanilang kasabikang mamalas Ka, ay pinahintulutang makapasok sa mga bakuran ng Iyong korte, ngunit tinulutan nila ang mga lambong ng mga guniguni ng Iyong mga nilalang at ang mga pagkakasalang ginawa ng mga maniniil sa Iyong mga tao na maging hadlang sa pagitan Mo at nila.
This is the hour, O my Lord, which Thou hast caused to excel every other hour, and hast related to the choicest among Thy creatures. I beseech Thee, O my God, by Thy Self and by them, to ordain in the course of this year what shall exalt Thy loved ones. Do Thou, moreover, decree within this year what will enable the Daystar of Thy power to shine brightly above the horizon of Thy glory, and to illuminate, by Thy sovereign might, the whole world.	85.8 Ito ang oras, O aking Panginoon, na ginawa Mong makahigit sa bawat iba pang oras, at iniugnay ito sa pinakapili sa Iyong mga nilalang. Isinasamo ko, O aking Diyos, sa Iyong sarili at sa kanila, na iatas sa buong taóng ito, yaong dadakila sa Iyong mga minamahal. Iatas Mo rin sa loob ng taóng ito yaong makapagtutulot na makasikat nang maningning ang Bituing-araw ng Iyong lakas sa itaas ng sugpungang-guhit ng Iyong kaluwalhatian, at makatanglaw, sa pamamagitan ng Iyong kataas-taasang kapangyarihan, sa buong daigdig.
Render Thy Cause victorious, O my Lord, and abase Thou Thine enemies. Write down, then, for us the good of this life and of the life to come. Thou art the Truth, Who knoweth the secret things. No God is there but Thee, the Ever-Forgiving, the All-Bountiful.	85.9 Gawing matagumpay ang Iyong Kapakanan, O aking Panginoon, at gapihin ang Iyong mga kaaway. Isulat, kung gayon, para sa amin ang mabuti ng buhay na ito at ng buhay na darating. Ikaw ang Katotohanan, Siyang nakababatid ng lihim na mga bagay. Walang Diyos liban sa Iyo, ang Laging-Nagpapatawad, ang Ganap na Mapagpala.
– LXXXVI –	LXXXVI
Glorified art Thou, O Lord my God! I yield Thee thanks for that Thou hast made me the target of divers tribulations and the mark of manifold trials, in order that Thy servants may be endued with new life and all Thy creatures may be quickened.	86.1 Luwalhatiin Ka nawa, O Panginoon kong Diyos! Nagpapasalamat ako sa Iyo yamang ginawa Mo akong maging tudlaan ng sari-saring mga pahirap at patamâan ng napakaraming pagsubok, upang ang Iyong mga tagapaglingkod ay mapagkalooban ng panibagong buhay at ang lahat ng Iyong mga nilalang ay magkabuhay.
I swear by Thy glory, O Thou the Best Beloved of the worlds and the Desire of all such as have recognized Thee! The one reason I wish to live is that I may reveal Thy Cause,	86.2 Sumusumpa ako sa Iyong kaluwalhatian, O Ikaw na Pinakamamahal ng mga daigdig at ang Mithiin ng lahat ng nakakilala sa Iyo! Ang tanging dahilan kung

and I seek the continuance of life only that I may be touched by adversity in Thy path.	bakit nais kong mabuhay ay upang maisiwalat ko ang Iyong Kapakanan, at sinisikap kong patuloy na mabuhay upang dumanas lamang ako ng kahirapan sa Iyong landas.
I implore Thee, O Thou by Whose summons the hearts of all them who were nigh unto Thee have soared into the atmosphere of Thy presence, to send down upon Thy loved ones what will enable them to dispense with all else except Thee. Endue them, then, with such constancy that they will arise to proclaim Thy Cause, and will call on Thy name, before all that are in Thy heaven and on Thy earth, in such wise that the Pharaonic cruelties inflicted by the oppressors among Thy servants will not succeed in keeping them back from Thee.	86.3 Isinasamo ko sa Iyo, O Ikaw na sa pamamagitan ng Iyong panawagan ang mga puso ng lahat nilang mga malalapit sa Iyo ay pumailanlang sa himpapawid ng Iyong kinaroroonan, na ipababa sa Iyong mga minamahal yaong magbibigay-daan upang maisantabi nila ang lahat liban sa Iyo. Pagkalooban sila, kung gayon, ng ganoong katatagan na sila ay magsisibangon upang ipahayag ang Iyong Kapakanan, at tatawag sa Iyong pangalan, sa harap ng lahat ng nasa Iyong langit at ng nasa Iyong lupa, sa gayong paraan na ang mga kalupitang mala-Paraon na ipinalasap ng mga maniniil mula sa Iyong mga tagapaglingkod ay hindi magtatagumpay sa pagpigil sa kanila mula sa Iyo.
Thou art, verily, the God of power, the God of glory, the God of strength and wisdom.	86.4 Ikaw, sa katunayan, ang Diyos ng kapangyarihan, ang Diyos ng kaluwalhatian, ang Diyos ng lakas at karunungan.
– LXXXVII –	LXXXVII
Magnified be Thy name, O Lord my God! Behold Thou mine eye expectant to gaze on the wonders of Thy mercy, and mine ear longing to hearken unto Thy sweet melodies, and my heart yearning for the living waters of Thy knowledge. Thou seest Thy handmaiden, O my God, standing before the habitation of Thy mercy, and calling upon Thee by Thy name which Thou hast chosen above all other names and set up over all that are in heaven and on earth. Send down upon her the breaths of Thy mercy, that she may be carried away wholly from herself, and be drawn entirely towards the seat which, resplendent with the glory of Thy face, sheddeth afar the radiance of Thy sovereignty, and is established as Thy throne. Potent art Thou to do what Thou willest. No God is there beside Thee, the All-Glorious, the Most Bountiful.	87.1 Dakilain nawa ang Iyong pangalan, O Panginoon kong Diyos! Iyong masdan ang aking matang umaasang masilayan ang mga kamanghaan ng Iyong habag, at ang aking taingang sabik makinig sa Iyong matatamis na himig, at ang aking pusong nananabik sa nabubuhay na mga tubig ng Iyong kaalaman. Iyong nakikita ang Iyong kawaksing babae, O aking Diyos, na nakatayo sa harap ng luklukan ng Iyong habag, at tumatawag sa Iyo sa pamamagitan ng Iyong pangalang pinili Mo mula sa lahat ng ibang mga pangalan at itinaas sa lahat ng nasa langit at nasa lupa. Ipababa sa kaniya ang mga hininga ng Iyong kahabagan, nang siya ay ganap na matangay mula sa kaniyang sarili, at ganap na mapalapit sa luklukang nagniningning sa kaluwalhatian ng Iyong mukha, at pinasisinag nang malayo ang karingalan ng Iyong paghahari, at ito ay

	naitatag bilang Iyong trono. Makapangyarihan Ka upang gawin ang Iyong ninanais. Walang Diyos liban sa Iyo, ang Ganap na Maluwalhati, ang Pinakamapagpala.
Cast not out, I entreat Thee, O my Lord, them that have sought Thee, and turn not away such as have directed their steps towards Thee, and deprive not of Thy grace all that love Thee. Thou art He, O my Lord, Who hath called Himself the God of Mercy, the Most Compassionate. Have mercy, then, upon Thy handmaiden who hath sought Thy shelter, and set her face towards Thee.	87.2 Huwag itaboy, isinasamo ko sa Iyo, O aking Panginoon, silang mga nagsipaghanap sa Iyo, at huwag hadlangan silang mga nagsipagdako ng kanilang mga hakbang tungo sa Iyo, at huwag ipagkait ang Iyong biyaya sa lahat ng nagmamahal sa Iyo. Ikaw Siya, O aking Panginoon, na tinagurian ang Kaniyang Sarili bilang Diyos ng Habag, ang Pinakamadamayin. Mahabag, kung gayon, sa kawaksing babae na ito na humanap sa Iyong kanlungan, at ibinaling ang kaniyang mukha tungo sa Iyo.
Thou art, verily, the Ever-Forgiving, the Most Merciful.	87.3 Ikaw, sa katunayan, ang Laging-Nagpapatawad, ang Pinakamahabagin.
– LXXXVIII –	LXXXVIII
Lauded be Thy name, O my God! I testify that no thought of Thee, howsoever wondrous, can ever ascend into the heaven of Thy knowledge, and no praise of Thee, no matter how transcendent, can soar up to the atmosphere of Thy wisdom. From eternity Thou hast been removed far above the reach and the ken of the comprehension of Thy servants, and immeasurably exalted above the strivings of Thy bondslaves to express Thy mystery. What power can the shadowy creature claim to possess when face to face with Him Who is the Uncreated?	88.1 Dakilain nawa ang Iyong pangalan, O aking Diyos! Sumasaksi ako na walang paggunita sa Iyo, gaanuman kamangha-mangha, ang kailanman ay makaaakyat sa kalangitan ng Iyong kaalaman, at walang papuri sa Iyo, gaanuman kataas, ang maaaring pumailanlang sa himpapawid ng Iyong karunungan. Mula pa sa kawalang-hanggan Ikaw ay napakalayo na mula sa maaaring maabot o maarok ng pag-unawa ng Iyong mga tagapaglingkod, at di-masukat ang kataasan mula sa mga pagsisikap ng Iyong mga aliping isiwalat ang Iyong hiwaga. Anong kapangyarihan ang maaaring angkinin ng nilikhang mistulang anino lamang kapag nahaharap sa Kaniya na Siyang Di-nilalang?
I bear witness that the highest thoughts of all such as adore Thy unity, and the profoundest contemplations of all them that have recognized Thee, are but the product of what hath been generated through the	88.2 Sumasaksi ako na ang pinakamatayog na mga kaisipan ng lahat ng sumasamba sa Iyong kaisahan, at ang pinakamalalim na mga pagninilay-nilay ng lahat ng kumilala sa Iyo, ay pawang bunga lamang na nalikha sa

movement of the Pen of Thy behest, and hath been begotten by Thy will. I swear by Thy glory, O Thou Who art the Beloved of my soul and the Fountain of my life! I am persuaded of my powerlessness to describe and extol Thee in a manner that becometh the greatness of Thy glory and the excellence of Thy majesty. Aware as I am of this, I beseech Thee, by Thy mercy that hath surpassed all created things, and Thy grace that hath embraced the entire creation, to accept from Thy servants what they are capable of showing forth in Thy path. Aid them, then, by Thy strengthening grace, to exalt Thy word and to blazon Thy praise.	pamamagitan ng pagkilos ng Panulat ng Iyong kagustuhan, at isinilang ng Iyong kalooban. Sumusumpa ako sa Iyong kaluwalhatian, O Ikaw na Siyang Minamahal ng aking kaluluwa at ang Bukal ng aking buhay! Naniniwala ako sa aking kawalan ng kakayahang ilarawan at ipagbunyi Ka sa paraang nararapat sa kadakilaan ng Iyong kaluwalhatian at sa kahusayan ng Iyong karingalan. Yamang batid ko ito, isinasamo ko sa Iyo, sa Iyong habag na nakahihigit sa lahat ng nilikhang bagay, at sa Iyong biyayang sumasaklaw sa buong santinakpan, na tanggapin mula sa Iyong mga tagapaglingkod ang anumang nasa kakayahan nilang ipakita sa Iyong landas. Tulungan sila, kung gayon, sa pamamagitan ng Iyong nagpapalakas na biyaya, upang dakilain ang Iyong salita at upang ipagbunyi ang papuri sa Iyo.
Powerful art Thou to do what pleaseth Thee. Thou, truly, art the All-Glorious, the All-Wise.	88.3 Makapangyarihan Ka upang gawin ang Iyong ikalulugod. Ikaw, sa katunayan, ang Lubos na Maluwalhati, ang Lubos na Marunong.
– LXXXIX –	LXXXIX
I know not, O my God, what the Fire is with which Thou didst light the Lamp of Thy Cause, or what the Glass wherewith Thou didst preserve it from Thine enemies. By Thy might! I marvel at the wonders of Thy Revelation, and at the tokens of Thy glory. I recognize, O Thou Who art my heart's Desire, that were fire to be touched by water it would instantly be extinguished, whereas the Fire which Thou didst kindle can never go out, though all the seas of the earth be poured upon it. Should water at any time touch it, the hands of Thy power would, as decreed in Thy Tablets, transmute that water into a fuel that would feed its flame.	89.1 Hindi ko batid, O aking Diyos, kung ano ang Apoy na Iyong pinarikit sa Lampara ng Iyong Kapakanan, o kung ano ang Salamin ng Ilawan na Iyong ginamit upang pangalagaan ito mula sa Iyong mga kaaway. Saksi ang Iyong kapangyarihan! Namamangha ako sa mga kababalaghan ng Iyong Rebelasyon, at sa mga tanda ng Iyong kaluwalhatian. Tanggap ko, O Ikaw na Siyang Hangarin ng aking puso, na kapag ang apoy ay dapuan ng tubig agad itong masusubhan, samantalang ang Apoy na Iyong pinarikit kailanman ay hindi mamamatay, kahit pa ibuhos doon ang lahat ng mga karagatan ng daigdig. Kung ang tubig sa anumang oras ay dumapo rito, ang mga kamay ng Iyong kapangyarihan, sang-ayon sa iniutos sa Iyong mga Tableta, ay babaguhin ang tubig na iyon upang maging panggatong sa apoy niyon.

I, likewise, recognize, O my God, that every lamp, when exposed to the fury of the winds, must cease from burning. As to Thy Lamp, however, O Beloved of the worlds, I cannot think what power except Thy power could have kept it safe for so many years from the tempests that have continually been directed upon it by the rebellious among Thy creatures.	89.2 Tanggap ko rin, O aking Diyos, na ang bawat lampara, kapag inilantad sa galit ng mga hangin, ay kailangang huminto sa pag-aapoy. Kaugnay naman sa Iyong Lampara, gayumpaman, O Minamahal ng mga daigdig, hindi ko maisip kung anong kapangyarihan liban sa Iyong kapangyarihan ang nagpanatiling ligtas dito sa loob ng napakaraming taon mula sa mga bagyong patuloy na pinadadako rito ng mga mapaghimagsik mula sa Iyong mga nilalang.
I swear by Thy glory, O my God! Thy Lamp which Thou didst light within the tabernacle of man crieth out to Thee and saith: "O Thou the one alone Beloved! How long wilt Thou forsake me? Lift me up to Thee, I pray Thee. Though this wish of mine be the wish of a human creature, yet Thou knowest that my true wish is to sacrifice myself in Thy path. Thou art He Who hath made my desire to be the same as Thy desire, and my will the same as Thy will. Do Thou preserve Thy loved ones, I beseech Thee, in the shelter of Thy shadowing mercy which transcendeth all things, that haply the sufferings they bear may not deter them from turning in the direction of Thy name, the All-Glorious, the Most Bountiful."	89.3 Sumusumpa ako sa Iyong kaluwalhatian, O aking Diyos! Ang Iyong Lampara na Iyong pinarikit sa tabernakulo ng tao ay tumatawag sa Iyo at nagsasabing: "O Ikaw na Siyang tanging Minamahal! Gaano katagal Mo ako iiwan? Itaas ako sa Iyo, isinasamo ko sa Iyo. Bagaman itong hangarin ko ay hangarin ng isang taong nilalang, subalit alam Mo na ang tunay kong hangarin ay ang ialay ang aking sarili sa Iyong landas. Ikaw Siya na ginawa ang aking hangarin na maging katulad ng Iyong hangarin, at ang aking kalooban na maging katulad ng Iyong kalooban. Iyong pangalagaan ang Iyong mga minamahal, isinasamo ko sa Iyo, sa kanlungan ng Iyong lumililim na habag na higit pa sa lahat ng bagay, nang sakaling ang mga pagdurusang tinitiis nila ay hindi makapigil sa kanila mula sa pagbaling patungo sa Iyong pangalan, ang Lubos na Maluwalhati, ang Pinakamapagpala. "
– XC –	XC
Glorified art Thou, O my God! Thou knowest that in my love for Thee I have not sought any rest, that in proclaiming Thy Cause I have denied myself every manner of tranquility, and that in the observance of whatever Thou hast prescribed in Thy Tablets I have not delayed to do Thy bidding. I have, for this reason, suffered what no man among all the inhabitants of Thy realm hath suffered.	90.1 Luwalhatiin Ka nawa, O aking Diyos! Batid Mo na sa aking pag-ibig sa Iyo ay wala akong hinanap na pahinga, na sa pamamahayag ng Iyong Kapakanan ay ipinagkait ko sa aking sarili ang bawat uri ng katiwasayan, at sa pagsunod sa anumang iniutos Mo sa Iyong mga Tableta ay hindi ako nag-antala sa pagsunod sa Iyong utos. Dahilan dito ay aking tiniis yaong hindi ipinalasap sa kaninuman mula sa lahat ng mga nananahan

	sa Iyong kaharian.
Thy glory beareth me witness! Nothing whatsoever can withhold me from remembering Thee, though all the tribulations of the earth were to assault me from every direction. All the limbs and members of my body proclaim their readiness to be torn asunder in Thy path and for the sake of Thy pleasure, and they yearn to be scattered in the dust before Thee. O would that they who serve Thee could taste what I have tasted of the sweetness of Thy love!	90.2 Ang Iyong kaluwalhatian ay sumasaksi sa akin! Walang anuman ang makapipigil sa akin mula sa paggunita sa Iyo, kahit pa salakayin ako mula sa bawat dako ng lahat ng mga pahirap sa daigdig. Ang lahat ng mga bisig at mga bahagi ng aking katawan ay nagpapahayag ng kanilang kahandaang magutay-gutay sa Iyong landas at alang-alang sa Iyong kaluguran, at nananabik ang mga itong maikalat sa alabok sa Iyong harapan. O kung sana lamang ay matikman ng mga naglilingkod sa Iyo ang natikman kong katamisan ng Iyong pag-ibig!
I implore Thee to supply whosoever hath sought Thee with the living waters of Thy bounty, that they may rid him of all attachment to any one but Thee. Thou art, verily, the Omniscient, the All-Glorious, the Almighty.	90.3 Isinasamo ko sa Iyo na ipagkaloob sa kaninumang maghanap sa Iyo ng nabubuhay na mga tubig ng Iyong biyaya, nang upang magawa ng mga ito ang katkatin mula sa kaniya ang lahat ng pagkapit sa kaninuman liban sa Iyo. Ikaw sa katunayan ang Ganap na Nakababatid, ang Ganap na Maluwalhati, at Ganap na Makapangyarihan.
– XCI –	XCI
Lauded be Thy name, O Lord my God! How great is Thy might and Thy sovereignty; how vast Thy strength and Thy dominion! Thou hast called into being Him Who speaketh in Thy name before all who are in Thy heaven and on Thy earth, and hast bidden Him cry out amongst Thy creatures.	91.1 Dakilain nawa ang Iyong pangalan, O Panginoon kong Diyos! Napakalaki ng Iyong kapangyarihan at ng Iyong paghahari; napakalawak ng Iyong lakas at ng Iyong kinasasakupan! Iyong nilalang Siya na Siyang nagsasalita sa Iyong pangalan sa harap ng lahat ng nasa Iyong langit at ng nasa Iyong lupa, at inatasan Siyang sumigaw sa Iyong mga nilalang.
No sooner had a word gone forth from His lips, however, than the divines among Thy people turned back from Him, and the learned among Thy servants caviled at His signs. Thereby the fire of oppression was kindled in Thy land, until the kings themselves rose up to put out Thy light, O Thou Who art the King of kings!	91.2 Kaagad nang lumabas ang isang salita mula sa Kaniyang mga labi, gayumpaman, ay tumalikod sa Kaniya ang mga pari sa Iyong mga tao, at ang mga dalubhasa sa Iyong tagapaglingkod ay naghain ng walang-kapararakang mga tutol laban sa Kaniyang mga palatandaan. Sa gayon ang apoy ng paniniil ay pinarikit sa Iyong lupain, hanggang ang mga hari ay mismong nagsibangon upang subhan ang Iyong

	liwanag, O Ikaw na Siyang Hari ng mga hari!
Hostility waxed so intense that my kindred and my loved ones were made captives in Thy land, and they that are dear to Thee were hindered from gazing on Thy beauty and from turning in the direction of Thy mercy. This hostility failed to cause the fire that burned within them to subside. The enemy finally carried away as captive Him Who is the Manifestation of Thy beauty and the Revealer of Thy signs, and confined Him in the fortress-town of ʻAkká, and sought to hinder Him from remembering Thee and from magnifying Thy name. Thy servant, however, could not be restrained from carrying out what Thou hadst bidden Him fulfill. Above the horizon of tribulation He hath lifted up His voice and He crieth out, summoning all the inmates of heaven and all the inhabitants of the earth to the immensity of Thy mercy and the court of Thy grace. Day and night He sendeth down the signs of Thine omnipotent power and revealeth the clear tokens of Thy majesty, so that the souls of Thy creatures may be drawn towards Thee, that they may forsake themselves and turn unto Thee, and may flee from their misery and seek the tabernacle of Thy riches, and may haste away from their wretchedness into the court of Thy majesty and glory.	91.3 Ganoon na lamang ang tindi ng poot na ang aking mga kaanak at ang aking mga minamahal ay ginawang mga bihag sa Iyong lupain, at silang mga mahal sa Iyo ay pinigilan mula sa pagtingin sa Iyong kagandahan at mula sa pagbaling tungo sa dako ng Iyong habag. Ang poot na ito ay nabigong pahinain ang apoy na nagliliyab sa loob nila. Sa wakas inilayo ng kaaway bilang isang bihag Siya na Siyang Kahayagan ng Iyong kagandahan at ang Tagapagsiwalat ng Iyong mga palatandaan, at ikinulong Siya sa bayang-kuta ng ʻAkká, at sinikap na pigilan Siya mula sa paggunita sa Iyo at mula sa pagbunyi sa Iyong pangalan. Ang Iyong tagapaglingkod, gayumpaman, ay hindi mapigilan mula sa pagsasagawa ng iniatas Mo sa Kaniya. Sa ibabaw ng sugpungang-guhit ng pahirap ay itinaas Niya ang Kaniyang tinig at Siya ay bumulalas, tinawagan ang lahat ng mga nananahan sa langit at ang lahat ng nakatira sa lupa tungo sa kalawakan ng Iyong habag at sa korte ng Iyong biyaya. Araw at gabi ipinabababa Niya ang mga palatandaan ng Iyong lubos na kapangyarihan at ibinubunyag ang malinaw na mga tanda ng Iyong kamahalan, nang sa gayon ang mga kaluluwa ng Iyong mga nilalang ay maakit patungo sa Iyo, upaang lisanin nila ang kanilang mga sarili at bumaling sa Iyo, at magawang tumakas mula sa kanilang paghihirap at hanapin ang tabernakulo ng Iyong kayamanan, at magmadaling lumayo sa kanilang kapighatian tungo sa korte ng Iyong karingalan at kaluwalhatian.
This is the Lamp which the light of Thine own Essence hath lit, and whose radiance the winds of discord can never extinguish. This is the Ocean that moveth by the power of Thy sovereign might, and whose waves the influence of the infidels that have disbelieved in the Judgment Day can never still. This is the Sun that shineth in the heaven of Thy will and the splendor of which the veils of the	91.4 Ito ang Ilawan na sinindihan ng liwanag ng Iyong angking Diwa, at ang kaningningan niyon ay hindi kailanman mapapatay ng mga hangin ng pagtatalo. Ito ang Karagatang dumadaluyong sa pamamagitan ng Iyong naghaharing kapangyarihan, at ang pag-agos ng mga alon niyon ay hindi kailanman mapipigil ng mga di-sumasampalataya at di-naniniwala sa Araw

workers of iniquity and the doubts of the evil doers can never cloud.	ng paghuhukom. Ito ang Araw na sumisikat sa langit ng Iyong kalooban at ang karingalan niyon ay hindi kailanman matatabingan ng mga lambong ng mga gumagawa ng kasamaan at ng mga pag-uulik-ulik ng mga masama ang gawain.
I yield Thee thanks, O my God, for that Thou hast offered me up as a sacrifice in Thy path, and made me a target for the arrows of afflictions as a token of Thy love for Thy servants, and singled me out for all manner of tribulation for the regeneration of Thy people.	91.5 Nagpapasalamat ako sa Iyo, O aking Diyos, yamang inihandog Mo ako bilang isang alay sa Iyong landas, at ginawa akong tudlaan para sa mga palaso ng mga pahirap bilang tanda ng Iyong pag-ibig para sa Iyong mga tagapaglingkod, at pinili ako para sa lahat ng uri ng kapighatian alang-alang sa muling pagkabuhay ng Iyong mga tao.
How sweet to my taste is the savor of woes sent by Thee, and how dear to my heart the dispositions of Thy providence! Perish the soul that fleeth from the threats of kings in its attempt to save itself in Thy days! I swear by Thy glory! Whoso hath quaffed the living waters of Thy favors can fear no trouble in Thy path, neither can he be deterred by any tribulation from remembering Thee or from celebrating Thy praise.	91.6 Napakatamis sa aking panlasa ang linamnam ng mga pahirap na Iyong ipinadala, at pinakamamahal ng aking puso ang mga pamamahagi ng Iyong kalinga! Mamatay na sana ang kaluluwang tumatakas mula sa mga banta ng mga hari sa pagsisikap nitong iligtas ang kaniyang sarili sa Iyong mga araw! Sumusumpa ako sa Iyong kaluwalhatian! Ang sinumang nakainom ng nabubuhay na tubig ng Iyong mga biyaya ay walang kinatatakutang sigalot sa Iyong landas, ni hindi rin siya mapipigilan ng anumang pahirap mula sa paggunita sa Iyo o mula sa pagdiriwang ng papuri sa Iyo.
I beseech Thee, O Thou Who art my Governor and the Possessor of all names, to protect them that have branched out from me (Afnán), whom Thou hast caused to be related to Thyself, and to whom Thou hast, in this Revelation, shown Thy special favor, and whom Thou hast summoned to draw nigh unto Thee and to turn towards the horizon of Thy Revelation. Withhold not from them, O my Lord, the outpourings of Thy mercy or the effulgence of the Daystar of Thy grace. Enable them to distinguish themselves amongst Thy people, that they may exalt Thy word and promote Thy Cause. Aid them, O my God, to do Thy will and pleasure.	91.7 Sumasamo ako sa Iyo, O Ikaw na Namamahala sa akin at ang Nagtataglay ng lahat ng mga pangalan, na pangalagaan silang mga nagsanga mula sa akin (Afnán), na Iyong ginawang maging kaanak ng Iyong sarili, at na Iyong pinakitaan, sa Rebelasyong ito, ng Iyong tanging pagpapala, at na Iyong tinawag papalapit sa Iyo at pinabaling tungo sa sugpungang-guhit ng Iyong Rebelasyon. Huwag ipagkait sa kanila, O aking Panginoon, ang mga pagbuhos ng Iyong habag o ang kaningningan ng Bituing-araw ng Iyong biyaya. Tulutang magawa nilang itangi ang kanilang mga sarili sa Iyong mga tao, nang upang magawa nilang dakilain ang Iyong

	salita at itaguyod ang Iyong Kapakanan. Tulungan sila, O aking Diyos, na magawa ang Iyong kalooban at kaluguran.
No God is there but Thee, the All-Powerful, the Most Exalted, the Most High.	91.8 Walang ibang Diyos liban sa Iyo, ang Ganap na Makapangyarihan, ang Pinakadakila, ang Pinakamataas.
– XCII –	XCII
Glory to Thee, O my God! But for the tribulations which are sustained in Thy path, how could Thy true lovers be recognized; and were it not for the trials which are borne for love of Thee, how could the station of such as yearn for Thee be revealed? Thy might beareth me witness! The companions of all who adore Thee are the tears they shed, and the comforters of such as seek Thee are the groans they utter, and the food of them who haste to meet Thee is the fragments of their broken hearts.	92.1 Luwalhati sa Iyo, O aking Diyos! Kung hindi sa mga paghihirap na ibinabalikat sa Iyong landas, paano makikilala ang mga tunay na mangingibig sa Iyo; at kung hindi sa mga pagsubok na dinaranas sa pag-ibig sa Iyo, paano mahahayag ang kalagayan ng mga naghahangad sa Iyo? Ang Iyong kapangyarihan ay sumasaksi sa akin! Ang mga kasama ng lahat ng sumasamba sa Iyo ay ang mga luhang itinitigis nila, at ang mga umaaliw sa mga naghahanap sa Iyo ay ang mga ungol na kanilang sinasambit at ang pagkain ng mga nagmamadaling makipagtagpo sa Iyo ay ang mga pira-piraso ng kanilang mga pusong wasak.
How sweet to my taste is the bitterness of death suffered in Thy path, and how precious in my estimation are the shafts of Thine enemies when encountered for the sake of the exaltation of Thy word! Let me quaff in Thy Cause, O my God, whatsoever Thou didst desire, and send down upon me in Thy love all Thou didst ordain. By Thy glory! I wish only what Thou wishest, and cherish what Thou cherishest. In Thee have I, at all times, placed my whole trust and confidence.	92.2 Napakatamis sa aking panlasa ang kapaitan ng kamatayang tinamo sa Iyong landas, at napakahalaga sa aking pagtantiya ang mga sibat ng Iyong mga kaaway kapag nakaharap nang dahil sa pagluluwalhati sa Iyong salita! Tulutang inumin ko sa Iyong Kapakanan, O aking Diyos, ang anumang naisin Mo, at ihulog Mo sa akin sa Iyong pag-ibig ang lahat ng Iyong iniatas. Saksi ang Iyong kaluwalhatian! Ang tanging ninanais ko ay ang Iyong ninanais, at ang pinakamamahal ko ay ang Iyong pinakamamahal. Sa lahat ng panahon ay inilalagak ko sa Iyo ang aking buong pagtitiwala at kapanatagan.
Raise up, I implore Thee, O my God, as helpers to this Revelation such as shall be counted worthy of Thy name and of Thy sovereignty, that they may remember me	92.3 Ibangon, isinasamo ko sa Iyo, O aking Diyos, bilang mga katulong sa Rebelasyong ito, yaong mabibilang na karapat-dapat sa Iyong Pangalan at sa Iyong paghahari, upang magunita nila ako sa Iyong mga kinapal, at

among Thy creatures, and hoist the ensigns of Thy victory in Thy land.	itaas ang mga bandila ng Iyong tagumpay sa Iyong lupain.
Potent art Thou to do what pleaseth Thee. No God is there but Thee, the Help in Peril, the Self-Subsisting.	92.4 Makapangyarihan Ka upang gawin ang Iyong ikasisiya. Walang Diyos liban sa Iyo, ang Tulong sa Panganib, ang Sariling-Ganap.
– XCIII –	XCIII
Glory to Thee, O my God! One of Thy handmaidens, who hath believed in Thee and in Thy signs, hath entered beneath the shadow of the tree of Thy oneness. Give her to quaff, O my God, by Thy Name, the Manifest and the Hidden, of Thy choice sealed Wine that it may take her away from her own self, and make her to be entirely devoted to Thy remembrance, and wholly detached from any one beside Thee.	93.1 Luwalhati sa Iyo, O aking Diyos! Ang isa sa Iyong mga kawaksing babae, na sumasampalataya sa Iyo at sa Iyong mga palatandaan, ay pumasok sa ilalim ng lilim ng punongkahoy ng Iyong kaisahan. Mula sa Iyong Pangalan, ang Hayag at ang Natatago, painumin siya, O aking Diyos, ng Iyong piling selyadong Alak, upang matangay siya nito mula sa kaniyang angking sarili, at gawin siyang maging lubos na nakatalaga sa paggunita sa Iyo, at ganap na nakawalay sa kaninuman liban sa Iyo.
Now that Thou hast revealed unto her the knowledge of Thee, O my Lord, deny her not, by Thy bounty, Thy grace; and now that Thou hast called her unto Thyself, drive her not away from Thee, through Thy favor. Supply her, then, with that which excelleth all that can be found on Thine earth. Thou art, verily, the Most Bountiful, Whose grace is immense.	93.2 Ngayong isiniwalat Mo sa kaniya ang kaalamang ukol sa Iyo, O aking Panginoon, huwag ipagkait sa kaniya, mula sa Iyong biyaya, ang Iyong kaloob; at ngayong tinawag Mo na siya sa Iyong sarili, huwag siyang itaboy mula sa Iyo, bunga ng Iyong pagpapala. Ipagkaloob sa kaniya, kung gayon, yaong higit na mahusay kaysa sa anumang matatagpuan sa Iyong kalupaan. Ikaw, sa katunayan, ang Pinakamapagbigay-biyaya, na napakalaki ng Iyong pagpapala.
Wert Thou to bestow on one of Thy creatures what would equal the kingdoms of earth and heaven, it would still not diminish by even as much as an atom the immensity of Thy dominion. Far greater art Thou than the Great One men are wont to call Thee, for such a title is but one of Thy names all of which were created by a mere indication of Thy will.	93.3 Kung Iyong ipagkakaloob sa isa sa Iyong mga nilalang ang katumbas ng mga kaharian ng lupa at langit, hindi nito mababawasan ng kahit isang katiting ang kalawakan ng Iyong pinamumunuan. Lubhang dakila Ka pa kaysa sa Kaniyang Dakila na kinasanayang itawag sa Iyo ng mga tao, sapagkat ang gayong taguri ay isa lamang sa Iyong mga pangalan na ang lahat ng iyon ay nilikha sa pamamagitan ng kagustuhan lamang ng Iyong kalooban.

There is no God but Thee, the God of power, the God of glory, the God of knowledge and wisdom.	93.4 Walang Diyos liban sa Iyo, ang Diyos ng kapangyarihan, ang Diyos ng kaluwalhatian, ang Diyos ng kaalaman at karunungan.
– XCIV –	XCIV
The hearts that yearn after Thee, O my God, are burnt up with the fire of their longing for Thee, and the eyes of them that love Thee weep sore by reason of their crushing separation from Thy court, and the voice of the lamentation of such as have set their hopes on Thee hath gone forth throughout Thy dominions.	94.1 Ang mga pusong nananabik sa Iyo, O aking Diyos, ay natutupok ng apoy ng kanilang kasabikan sa Iyo, at ang mga mata nilang mga nagmamahal sa Iyo ay umaagos ang luha dahil sa kanilang nakagagaping pagkahiwalay mula sa Iyong korte, at ang tinig ng paghihinagpis ng gayong mga nagsipako ng kanilang pag-asa sa Iyo ay umaalingawngaw sa kahabaan ng Iyong mga kinasasakupan.
Thou hast Thyself, O my God, protected them, by Thy sovereign might, from both extremities. But for the burning of their souls and the sighing of their hearts, they would be drowned in the midst of their tears, and but for the flood of their tears they would be burnt up by the fire of their hearts and the heat of their souls. Methinks, they are like the angels which Thou hast created of snow and of fire. Wilt Thou, despite such vehement longing, O my God, debar them from Thy presence, or drive them away, notwithstanding such fervor, from the door of Thy mercy? All hope is ready to be extinguished in the hearts of Thy chosen ones, O my God! Where are the breezes of Thy grace? They are hemmed in on all sides by their enemies; where are the ensigns of Thy triumph which Thou didst promise in Thy Tablets?	94.2 Ikaw mismo, O aking Diyos, ang nangalaga sa kanila, sa pamamagitan ng Iyong naghaharing kapangyarihan, mula sa kapuwa kalabisan. Kung hindi dahil sa pag-aapoy ng kanilang mga kaluluwa at sa pagbubuntong-hininga ng kanilang mga puso, malulunod na sila sa kalagitnaan ng kanilang mga luha, at kung hindi dahil sa pagbaha ng kanilang mga luha sila ay matutupok ng apoy ng kanilang mga puso at ng init ng kanilang mga kaluluwa. Wari ko sila ay katulad ng mga anghel na Iyong nilikha mula sa niyebe at apoy. Iyo bang magagawa, sa kabila ng gayong katinding pananabik, O aking Diyos, ang hadlangan sila mula sa Iyong kinaroroonan, o itaboy sila, sa kabila ng gayong pag-aalab, mula sa pintuan ng Iyong kahabagan? Ang lahat ng pag-asa ay malapit nang mamatay sa mga puso ng Iyong mga pinili, O aking Diyos! Nasaan ang mga simoy ng Iyong biyaya? Napaliligiran sila sa lahat ng dako ng kanilang mga kaaway; nasaan ang mga watawat ng Iyong tagumpay na Iyong ipinangako sa Iyong mga Tableta?
Thy glory is my witness! At each daybreak they who love Thee wake to find the cup of woe set before their faces, because they have believed in Thee and acknowledged Thy	94.3 Ang Iyong kaluwalhatian ay sumasaksi sa akin! Sa bawat bukang-liwayway sa paggising nilang mga nagmamahal sa Iyo ay natatagpuan nila ang kopa ng dalamhati ay

signs. Though I firmly believe that Thou hast a greater compassion on them than they have on their own selves, though I recognize that Thou hast afflicted them for no other purpose except to proclaim Thy Cause, and to enable them to ascend into the heaven of Thine eternity and the precincts of Thy court, yet Thou knowest full well the frailty of some of them, and art aware of their impatience in their sufferings.	nasa harap ng kanilang mga mukha, dahil sa naniwala sila sa Iyo at tinanggap ang Iyong mga palatandaan. Bagaman matibay kong pinaniniwalaan na Ikaw ay nagtataglay ng higit na malasakit para sa kanila kaysa sa taglay nila para sa kanilang mga sarili, bagaman tinatanggap kong pinahirapan Mo sila sa walang ibang layunin kundi upang ipamahayag ang Iyong Kapakanan, at upang matulutan silang makapanhik sa kalangitan ng Iyong kawalang-hanggan at sa mga saklaw ng Iyong korte, gayumpaman ay Iyong lubos na nababatid ang kahinaan ng ilan sa kanila, at batid ang kanilang pagkainip sa kanilang mga pagdurusa.
Help them through Thy strengthening grace, I beseech Thee, O my God, to suffer patiently in their love for Thee, and unveil to their eyes what Thou hast decreed for them behind the Tabernacle of Thine unfailing protection, so that they may rush forward to meet what is preordained for them in Thy path, and may vie in hasting after tribulation in their love towards Thee. And if not, do Thou, then, reveal the standards of Thine ascendancy, and make them to be victorious over Thine adversaries, that Thy sovereignty may be manifested unto all the dwellers of Thy realm, and the power of Thy might demonstrated amidst Thy creatures. Powerful art Thou to do what Thou willest. No God is there but Thee, the Omniscient, the All-Wise.	94.4 Tulungan sila sa pamamagitan ng Iyong biyayang nagpapalakas, isinasamo ko sa Iyo, O aking Diyos, na magdusa nang buong tiyaga alang-alang sa pag-ibig nila sa Iyo, at isiwalat sa kanilang mga mata yaong itinalaga Mo para sa kanila sa likod ng Tabernakulo ng Iyong walang-maliw na pangangalaga, nang upang magmadali silang salubungin yaong itinadhana para sa kanila sa Iyong landas, at mag-unahan sa pagdurusa sa kanilang pagmamahal sa Iyo. At kung hindi naman, Iyong gawing mahayag, kung gayon, ang mga bandila ng Iyong pangingibabaw, at gawin silang magtagumpay sa Iyong mga kaaway, nang upang ang Iyong paghahari ay maging hayag sa lahat ng mga nananahan sa Iyong kaharian, at ang kapangyarihan ng Iyong lakas ay maipakita sa Iyong mga nilalang. Makapangyarihan Ka upang gawin ang Iyong ninanais. Walang Diyos liban sa Iyo, ang Ganap na Nakababatid, ang Ganap na Marunong.
Make steadfast Thou, O my God, Thy servant who hath believed in Thee to help Thy Cause, and keep him safe from all dangers in the stronghold of Thy care and Thy protection, both in this life and in the life which is to come. Thou, verily, rulest as Thou pleasest. No God is there save Thee, the Ever-Forgiving, the Most Generous.	94.5 Iyong patatagin, O aking Diyos, ang Iyong tagapaglingkod na sumasampalataya sa Iyo upang makatulong sa Iyong Kapakanan, at pangalagaan siyang ligtas mula sa lahat ng mga panganib sa kuta ng Iyong pagkakandili at Iyong pangangalaga, kapuwa sa buhay na ito at sa kasunod na buhay. Ikaw, sa katunayan ay namumuno nang sang-ayon sa Iyong

	kagustuhan. Walang Diyos liban sa Iyo, ang Laging- Nagpapatawad, ang Pinakamapagbigay.
– XCV –	XCV
Glorified art Thou, O Lord my God! Rain down, I beseech Thee, from the clouds of Thine overflowing grace, that which shall cleanse the hearts of Thy servants from whatever may prevent their beholding Thy face, or may prevent them from turning unto Thee, that they may all recognize Him Who is their Fashioner and Creator. Help them, then, O God, to reach forth, through the power of Thy sovereign might, towards such a station that they can readily distinguish every foul smell from the fragrance of the raiment of Him Who is the Bearer of Thy most lofty and exalted name, that they may turn with all their affections toward Thee, and may enjoy such intimate communion with Thee that if all that is in heaven and on earth were given them they would regard it as unworthy of their notice, and would refuse to cease from remembering Thee and from extolling Thy virtues.	95.1 Luwalhatiin Ka nawa, O Panginoon kong Diyos! Isinasamo ko sa Iyo na paulanin, buhat sa mga ulap ng Iyong nag-uumapaw na biyaya, yaong maglilinis sa mga puso ng Iyong mga tagapaglingkod mula sa anumang makapipigil sa kanila upang masilayan ang Iyong mukha, o makahahadlang sa kanila mula sa pagbaling tungo sa Iyo, nang upang makilala nilang lahat Siya na kanilang Maykapal at Maylikha. Tulungan sila, kung gayon, O Diyos, na abutin, sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Iyong naghaharing lakas, ang gayong kalagayan na agad nilang makikilala ang bawat masamang amoy mula sa halimuyak ng kasuotan Niya na Siyang Maytaglay ng Iyong pinakamatayog at dakilang pangalan, nang upang magawa nilang bumaling sa Iyo taglay ang lahat ng kanilang pagmamahal, at magtamasa ng gayong matalik na pakikipagniig sa Iyo na kung ang lahat ng nasa langit at nasa lupa ay ibibigay sa kanila ay ituturing iyon bilang di-karapat-dapat sa kanilang pansin, at tatangging huminto mula sa paggunita sa Iyo at sa pagbubunyi sa Iyong mga kabutihan.
Shield, I pray Thee, O my Beloved, my heart's Desire, Thy servant who hath sought Thy face, from the darts of them that have denied Thee and from the shafts of such as have repudiated Thy Truth. Cause him, then, to be wholly devoted to Thee, to declare Thy name, and to fix his gaze upon the sanctuary of Thy Revelation. Thou art, in truth, He Who, at no time, hath turned away those who have set their hopes in Thee from the door of Thy mercy, nor prevented such as have sought Thee from attaining the court of Thy grace. No God is there but Thee, the Most Powerful, the All-Highest, the Help in Peril, the	95.2 Ipagsanggalang, isinasamo ko sa Iyo, O aking Minamahal, Hangarin ng aking puso, ang Iyong tagapaglingkod na humanap sa Iyong mukha, mula sa mga palaso ng mga nagtatwa sa Iyo at mula sa mga sibat ng gayong mga itinakwil ang Iyong Katotohanan. Kung gayon ay gawin siyang maging lubos na nakatalaga sa Iyo, na ipahayag ang Iyong pangalan, at ipako ang kaniyang tingin sa santuwaryo ng Iyong Rebelasyon. Ikaw, sa katotohanan, ay Siya na hindi itinaboy sa anumang panahon silang mga inilagay ang kanilang pag-asa sa Iyo mula sa pintuan ng Iyong kahabagan, ni hindi pinigilan ang

All-Glorious, the All-Compelling, the Unconditioned.	gayong nagsihanap sa Iyo mula sa pagdating sa korte ng Iyong biyaya. Walang Diyos liban sa Iyo, ang Lubos na Makapangyarihan, ang Ganap na Mataas, ang Tulong sa Panganib, ang Ganap na Maluwalhati, ang Ganap na Nakapipilit, ang Di-napipigilan.
– XCVI –	XCVI
Magnified, O Lord my God, be Thy Name, whereby the trees of the garden of Thy Revelation have been clad with verdure, and been made to yield the fruits of holiness during this Springtime when the sweet savors of Thy favors and blessings have been wafted over all things, and caused them to bring forth whatsoever had been preordained for them in the Kingdom of Thine irrevocable decree and the Heaven of Thine immutable purpose. I beseech Thee by this very Name not to suffer me to be far from the court of Thy holiness, nor debarred from the exalted sanctuary of Thy unity and oneness.	96.1 Luwalhatiin, O Panginoon kong Diyos, ang Iyong Pangalan, na sa pamamagitan niyon ang mga punongkahoy sa halamanan ng Iyong Rebelasyon ay dinamtan ng kaluntian at ginawang magbigay ng mga bunga ng kabanalan sa panahon nitong Tagsibol kung kailan ang matatamis na mga samyo ng Iyong mga pagpapala at mga biyaya ay humihip sa lahat ng bagay, at ginawa itong ilabas ang anumang itinalaga sa mga ito sa Kaharian ng Iyong di-mababaling utos at sa Kalangitan ng Iyong di-nagbabagong layunin. Isinasamo ko sa Iyo sa pamamagitan ng mismong Pangalang ito na huwag tulutang maging malayo ako mula sa korte ng Iyong kabanalan, ni huwag mahadlangan mula sa dakilang santuwaryo ng Iyong pagkakaisa at kaisahan.
Ignite, then, O my God, within my breast the fire of Thy love, that its flame may burn up all else except my remembrance of Thee, that every trace of corrupt desire may be entirely mortified within me, and that naught may remain except the glorification of Thy transcendent and all-glorious Being. This is my highest aspiration, mine ardent desire, O Thou Who rulest all things, and in Whose hand is the kingdom of the entire creation. Thou, verily, doest what Thou choosest. No God is there beside Thee, the Almighty, the All-Glorious, the Ever-Forgiving.	96.2 Pagningasin, kung gayon, O aking Diyos, sa loob ng aking dibdib ang apoy ng Iyong pag-ibig, nang upang ang liyab nito ay tumupok sa lahat ng bagay liban sa aking paggunita sa Iyo, nang upang ang bawat bahid ng balakyot na pagnanasa ay ganap na masupil sa aking kalooban, at nang upang walang manatili liban sa pagluluwalhati ng Iyong nangingibabaw at lubos na maluwalhating Sarili. Ito ang aking pinakamataas na hangarin, ang aking maalab na mithiin, O Ikaw na Siyang namumuno sa lahat ng bagay, at nasa Iyong kamay ang kaharian ng buong santinakpan. Ikaw, sa katunayan, ay ginagawa ang anumang Iyong naisin. Walang ibang Diyos liban sa Iyo, ang Ganap na Makapangyarihan, ang Ganap na Maluwalhati, ang Laging-Nagpapatawad.

– XCVII –	XCVII
Praise be to Thee, O Lord my God! I implore Thee by Thy Name that hath caused to surge within every drop the oceans of Thy loving-kindness and mercy, and to shine within every atom the luminaries of Thy bountiful blessings and favors,—I implore Thee to adorn every soul with the ornament of Thy love, that none may remain on Thine earth who hath not turned towards Thee, or hath failed to detach himself from all except Thy Self.	97.1 Purihin Ka nawa, O Panginoon kong Diyos! Isinasamo ko sa Iyo sa Iyong Pangalang naging sanhi ng pagdaluyong sa loob ng bawat patak ang mga karagatan ng Iyong mapagmahal na kabutihang-loob at habag, at ng pagsinag sa loob ng bawat atomo ng mga araw ng Iyong masaganang mga pagpapala at mga pabuya—isinasamo ko sa Iyo na palamutihan ang bawat kaluluwa ng palamuti ng pag-ibig sa Iyo, nang sa ganoon ay walang maiwan sa Iyong kalupaan na hindi bumaling tungo sa Iyo, o nabigong iwalay ang kaniyang sarili mula sa lahat liban sa Iyong Sarili.
Thou hast, verily, O my God, suffered Him Who is the Manifestation of Thine own Self to be afflicted with all manner of adversity in order that Thy servants may ascend unto the pinnacle of Thy gracious favor, and attain unto that which Thou hast, through Thy providence and tender mercies, ordained for them in the Tablets of Thine irrevocable decree. The glory of Thy might beareth me witness! Were they, every moment of their lives, to offer up themselves as a sacrifice in Thy path, they would still have done but little in comparison with the manifold bestowals vouchsafed unto them by Thee.	97.2 Tunay na Iyong itinulot, O aking Diyos, na Siyang Kahayagan ng Iyong angking Sarili ay dumanas ng lahat ng uri ng pahirap upang makapanhik ang Iyong mga tagapaglingkod sa rurok ng Iyong magiliw na pagpapala, at upang kanilang matamo yaong itinalaga Mo para sa kanila, buhat sa Iyong kalinga at masuyong habag, sa mga Tableta ng Iyong di-mababaling kautusan. Ang kaluwalhatian ng Iyong lakas ay sumasaksi sa akin! Kung, sa bawat sandali ng kanilang mga buhay, ay ihahandog nila ang kanilang mga sarili bilang alay sa Iyong landas, napakaliit pa rin ng kanilang nagawa kung ihahambing sa napakaraming kaloob na ibinigay Mo sa kanila.
Grant, therefore, I beseech Thee, that their hearts may be inclined towards Thee, and that their faces may be turned in the direction of Thy good-pleasure. Powerful art Thou to do what Thou willest. No God is there but Thee, the Inaccessible, the All-Glorious, the Ever-Forgiving.	97.3 Ipagkaloob, kung gayon, isinasamo ko sa Iyo, na ang kanilang mga puso ay humilig sa Iyo, at ang kanilang mga mukha ay bumaling tungo sa Iyong mabuting kaluguran. Makapangyarihan Ka upang gawin ang Iyong ninanais. Walang Diyos liban sa Iyo, ang Di-maabot, ang Ganap na Maluwalhati, ang Laging-Nagpapatawad.
Deign, then, to accept, O my God, from Thy servant the things which he hath shown	97.4 Marapating tanggapin, kung gayon, O aking Diyos, mula sa Iyong tagapaglingkod,

forth in his love for Thee. Fortify him, then, that he may cling to Thy most exalted Word, and to unloose his tongue to celebrate Thy praise, and cause him to be gathered unto such of Thy people as are nigh unto Thee. Thou art He within Whose grasp is the empire of all things. There is no God but Thee, the Almighty, the Help in Peril, the All-Glorious, the Unconstrained.	ang mga bagay na ginawa niya bunga ng kaniyang pag-ibig sa Iyo. Palakasin siya, kung gayon, upang magawa niyang mangapit sa Iyong pinakadakilang Salita, at kalagan ang kaniyang dila sa pagdiriwang ng papuri sa Iyo, at gawin siyang matipon kasama ng gayon sa Iyong mga taong malapit sa Iyo. Ikaw ang Siyang nasa Kaniyang kamay ang imperyo ng lahat ng bagay. Walang Diyos liban sa Iyo, ang Ganap na Makapangyarihan, ang Tulong sa Panganib, ang Ganap na Maluwalhati, ang Di-napipigilan.
– XCVIII –	XCVIII
Magnified be Thy name, O Thou in Whose grasp are the reins of the souls of all them that have recognized Thee, and in Whose right hand are the destinies of all that are in heaven and all that are on earth! Thou doest, through the power of Thy might, what Thou willest, and ordainest, by an act of Thy volition, what Thou pleasest. The will of the most resolute of men is as nothing when compared with the compelling evidences of Thy will, and the determination of the most inflexible among Thy creatures is dissipated before the manifold revelations of Thy purpose.	98.1 Dakilain nawa ang Iyong pangalan, O Ikaw na Iyong tangan ang mga renda ng mga kaluluwa ng lahat ng mga kumilala sa Iyo, at nasa Iyong kanang kamay ang mga tadhana ng lahat ng nasa langit at ng lahat ng nasa lupa! Sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Iyong lakas, Iyong ginagawa ang Iyong niloloob, at sa pamamagitan ng kilos ng Iyong kalooban, Iyong itinatalaga ang Iyong ninanais. Ang kalooban ng taong pinakamatibay ay parang wala lamang kapag inihahambing sa kapani-paniwalang mga patunay ng Iyong kalooban, at ang pagtitika ng pinakamatatag sa Iyong mga nilalang ay natitinag sa harap ng napakaraming pagsisiwalat ng Iyong layunin.
Thou art He Who, through a word of Thy mouth, hath so enravished the hearts of Thy chosen ones that they have, in their love for Thee, detached themselves from all except Thyself, and laid down their lives and sacrificed their souls in Thy path, and borne, for Thy sake, what none of Thy creatures hath borne.	98.2 Ikaw ay Siya, na sa pamamagitan ng isang salita mula sa Iyong bibig, ay labis na nabighani ang mga puso ng Iyong mga pinili, na dahil sa kanilang pag-ibig sa Iyo, ay iniwalay nila ang kanilang mga sarili mula sa lahat liban sa Iyo at isinuko ang kanilang mga buhay at inialay ang kanilang mga kaluluwa sa Iyong landas, at tiniis, alang-alang sa Iyo, ang hindi tiniis ng alinman sa Iyong mga nilalang.
I am one of Thy handmaidens, O my Lord! I have turned my face towards the habitation of Thy mercy, and have sought the wonders of Thy manifold favors, inasmuch as all the members of my body proclaim Thee to be the All-Bounteous, He Whose grace is immense.	98.3 Ako ay isa sa Iyong mga kawaksing babae, O aking Panginoon! Ibinaling ko ang aking mukha tungo sa tahanan ng Iyong habag, at hinahanap ang mga kamanghaan ng Iyong napakaraming biyaya, yamang ang lahat ng mga bahagi ng aking katawan ay

	nagpapahayag na Ikaw ang Ganap na Mapagpala, Siya na ang Kaniyang biyaya ay napakalawak.
O Thou Whose face is the object of my adoration, Whose beauty is my sanctuary, Whose court is my goal, Whose remembrance is my wish, Whose affection is my solace, Whose love is my begetter, Whose praise is my companion, Whose nearness is my hope, Whose presence is my greatest longing and supreme aspiration! Disappoint me not, I entreat Thee, by withholding from me the things Thou didst ordain for the chosen ones among Thy handmaidens, and supply me with the good of this world and of the world to come.	98.4 O Ikaw na ang Iyong mukha ay ang pakay ng aking pagsamba, na ang Iyong kagandahan ay ang aking santuwaryo, na ang Iyong korte ay ang aking layunin, na ang paggunita sa Iyo ay ang aking hangarin, na ang Iyong pagmamahal ay ang aking aliw, na ang Iyong pag-ibig ay ang aking kasama, na ang pagkalapit sa Iyo ay ang aking pag-asa, na ang Iyong kinaroroonan ay ang aking pinakamatinding pagnanasa at kataas-taasang pangarap! Huwag akong biguin, isinasamo ko sa Iyo, sa pagkakait sa akin ng mga bagay na Iyong itinalaga para sa mga pinili mula sa Iyong mga kawaksing babae, at itustos sa akin ang kabutihan ng daigdig na ito at ng daigdig na darating.
Thou art, verily, the Lord of creation. No God is there beside Thee, the Ever-Forgiving, the Most Bountiful.	98.5 Ikaw, sa katunayan, ay ang Panginoon ng sangnilikha. Walang Diyos liban sa Iyo, ang Laging- Nagpapatawad, ang Pinakamapagpala.
– XCIX –	XCIX
Glorified art Thou, O Lord my God! I pray Thee, by Him Who is the Dayspring of Thy signs and the Manifestation of Thy names, and the Treasury of Thine inspiration, and the Repository of Thy wisdom, to send upon Thy loved ones that which will enable them to cleave steadfastly to Thy Cause, and to recognize Thy unity, and to acknowledge Thy oneness, and to bear witness to Thy divinity. Raise them up, O my God, to such heights that they will recognize in all things the tokens of the power of Him Who is the Manifestation of Thy most august and all-glorious Self.	99.1 Luwalhatiin Ka nawa, O Panginoon kong Diyos! Isinasamo ko sa Iyo, sa ngalan Niya na Siyang Pamimitak ng Iyong mga palatandaan at ang Kahayagan ng Iyong mga pangalan, at ang Imbakan ng Iyong inspirasyon, at ang Repositoryo ng Iyong karunungan, na ipadala sa Iyong mga minamahal yaong magtutulot sa kanilang mangapit nang matatag sa Iyong Kapakanan, at kilalanin ang Iyong pagkakaisa, at tanggapin ang Iyong kaisahan, at sumaksi sa Iyong pagka-Diyos. Itaas sila, O aking Diyos, sa gayong mga rurok na makikilala nila sa lahat ng bagay ang mga palatandaan ng kapangyarihina Niya na Siyang Kahayagan ng Iyong lubhang kagalang-galang at ganap na maluwalhating Sarili.

Thou art He, O my Lord, Who doeth what He willeth, and ordaineth what He pleaseth. Every possessor of power is forlorn before the revelations of Thy might, and every fountain of honor becomes abject when confronted by the manifold evidences of Thy great glory.	99.2 Ikaw Siya, O aking Panginoon, na Siyang gumagawa ng Kaniyang niloloob, at itinatalaga ang Kaniyang ninanais. Ang bawat nagtataglay ng kapangyarihan ay walang-kakayahan sa harap ng pagsisiwalat ng Iyong lakas, at ang bawat bukal ng mga parangal ay nagiging aba kapag nahaharap sa napakaraming katibayan ng Iyong dakilang kaluwalhatian.
I beseech Thee, by Thyself and by whatsoever is of Thee, to grant that I may help Thy Cause and speak of Thy praise, and set my heart on the sanctuary of Thy glory, and detach myself from all that pertaineth not unto Thee. No God is there beside Thee, the God of power, the God of glory and wisdom.	99.3 Isinasamo ko sa Iyo, sa pamamagitan ng Iyong Sarili at ng anumang nauukol sa Iyo, na tulutang magawa kong makatulong sa Iyong Kapakanan at bigkasin ang papuri sa Iyo, at ituon ang aking puso sa santuwaryo ng Iyong kaluwalhatian, at iwalay ang aking sarili mula sa lahat ng walang kaugnayan sa Iyo. Walang ibang Diyos liban sa Iyo, ang Diyos ng kapangyarihan, ang Diyos ng kaluwalhatian at karunungan.
– C –	C
Praised be Thou, O Lord my God! Thou beholdest my perplexity, and the depth of mine anguish, and the agony of my soul, and the afflictions which beset me. By Thy glory! My heart crieth to Thee by reason of the things that have befallen my loved ones in Thy path, and mine eyes run down with tears for them who, in these days, have ascended unto Thee, who have cast the world behind their backs, and set their faces towards the shores of Thy transcendent mercy.	100.1 Purihin Ka nawa, O Panginoon kong Diyos! Iyong nakikita ang aking pagkatuliro, at ang kalaliman ng aking pagdadalamhati, at ang hinagpis ng aking kaluluwa, at ang mga pahirap na sumapit sa akin. Saksi ang Iyong kaluwalhatian! Ang aking puso ay umiiyak sa Iyo dahil sa mga bagay na sumapit sa aking mga minamahal sa Iyong landas at umaagos ang mga luha mula sa aking mga mata para sa kanilang mga nagsipanhik sa Iyo, sa mga araw na ito, silang mga tinalikuran ang daigdig, at itinuon ang kanilang mga mukha tungo sa mga dalampasigan ng Iyong nangingibabaw na habag.
Clothe them, O my God, with the robe of Thy favor and the raiment of Thy loving providence, which Thou hast reserved for Thine own Self and woven with the hands of Thy manifold bounties and gifts. Give them, then, to drink, from the hands of Thy loving-kindness, of the cups of Thy measureless mercy. Cause them, moreover, O my Best-Beloved, to abide within the	100.2 Damtan sila, O aking Diyos, ng baro ng Iyong pagpapala at ng kasuotan ng Iyong nagmamahal na kalinga, na Iyong itinabi para sa Iyong angking Sarili at hinabi ng mga kamay ng Iyong napakaraming mga biyaya at mga kaloob. Painumin sila, kung gayon, mula sa mga kamay ng Iyong nagmamahal na kabutihan, sa mga tasa ng Iyong di-masukat na habag. Higit pa roon, O aking

precincts of Thy court and around Thy most effulgent Tabernacle. Powerful art Thou to do what pleaseth Thee.	Pinakamamahal, gawin silang manahan sa loob ng mga bakuran ng Iyong korte at palibot sa Iyong pinakamaningning na Tabernakulo. Makapangyarihan Ka upang gawin ang Iyong ninanais.
And now I implore Thee, by the eternity of Thy Self, to enable me to be patient in these tribulations which have caused the Concourse on high to wail and the denizens of the everlasting Paradise to weep, and through which all faces have been covered with the tawny dust provoked by the anguish that hath seized such of Thy servants as have turned towards Thy Name, the Most Exalted, the Most High. No God is there but Thee, the Almighty, the Inaccessible, the Ever-Forgiving, the Most Compassionate.	100.3 At ngayon ay isinasamo ko sa Iyo, sa kawalang-hanggan ng Iyong Sarili, na tulutan akong maging matiisin sa mga pagsubok na ito na naging sanhi ng pananaghoy ng Kalipunan sa kaitaasan at ng pananangis ng mga nananahan sa Paraisong walang-maliw, at sa pamamagitan niyon ang lahat ng mga mukha ay natakpan ng kayumangging alabok na pinukaw ng pagdadalamhating gumapi sa gayon sa Iyong mga tagapaglingkod na bumaling tungo sa Iyong Pangalan, ang Pinakadakila, ang Pinakamataas. Walang Diyos liban sa Iyo, ang Ganap na Makapangyarihan, ang Di-maabot, ang Laging-Nagpapatawad, ang Pinakamadamayin.
All Thy servants, O my God, are occupied with their own selves, so great have been the troubles which, as decreed by Thee, have encompassed them on every side. My tongue, however, is busied in extolling Thy chosen ones, and my heart in remembering them that are dear to Thee and are wholly subject to Thy will.	100.4 Ang lahat ng Iyong mga tagapaglingkod, O aking Diyos, ay abala sa kanilang mga sarili, yamang napakatindi ng mga kaguluhang pumalibot sa kanila mula sa bawat dako, sang-ayon sa Iyong kautusan. Subalit ang aking dila ay abala sa pagbubunyi sa Iyong mga pinili, at ang aking puso sa paggunita sa kanilang mga mahal Mo at lubos na sumasailalim sa Iyong kalooban.
Look not on my state, O my God, nor my failure to serve Thee, nay rather regard the oceans of Thy mercy and favors, and the things that beseem Thy glory and Thy forgiveness and befit Thy loving-kindness and bounties. Thou art, verily, the Ever-Forgiving, the Most Generous.	100.5 Huwag tingnan ang aking kalagayan, O aking Diyos, ni ang aking pagkukulang sa paglilingkod sa Iyo, hindi lamang iyon, sa halip ay tunghayan ang mga karagatan ng Iyong habag at mga pagpapala, at ang mga bagay na nararapat sa Iyong kaluwalhatian at Iyong kapatawaran at naaangkop sa Iyong nagmamahal na kabaitan at mga biyaya. Ikaw, sa katunayan, ay ang Laging-Nagpapatawad, ang Pinakamapagbigay.
– CI –	CI

Praise be to Thee, O Lord my God! Thou beholdest what the tongue of no one except Thee can utter, and bearest witness unto things which no mouth can recount. The floods of afflictions are let loose, and the winds of Thy judgment have blown, and from the clouds rain down the darts of tests, and the heavens of Thy decree pour forth the arrows of trial.	101.1 Purihin Ka nawa, O Panginoon kong Diyos! Iyong nakikita ang magagawang banggitin ng dila ng walang sinuman liban sa Iyo, at sumasaksi sa mga bagay na walang bibig ang makapagsaysay. Ang mga baha ng mga pagdurusa ay pinawalan, at ang mga hangin ng Iyong paghatol ay humihip, at mula sa mga ulap ay umuulan ang mga suligi ng mga pagsubok, at ang mga kalangitan ng Iyong kautusan ay nagbubuhos ng mga palaso ng pahirap.
Thou seest, O my Lord, how Thy servants, who have believed on Thee and acknowledged Thy signs, have fallen into the clutches of Thine enemies, how the doors of ease and comfort have been shut against them, how they languish in the Fortress wherein neither pleasantness nor hope can be found. They have suffered in Thy path what no man before them hath suffered. To this bear witness they who abide around Thy throne, and the dwellers of the earth, and the Concourse on high.	101.2 Iyong nakikita, O aking Panginoon, kung paanong ang Iyong mga tagapaglingkod na naniwala sa Iyo at kumilala sa Iyong mga palatandaan, ay nahulog sa mga kamay ng Iyong mga kaaway, kung paanong ang mga pinto ng kaginhawahan at kaluwagan ay isinara sa kanila, kung paanong nanlulupaypay sila sa Kuta kung saan walang matatagpuang kaluguran ni pag-asa. Tiniis nila sa Iyong landas ang hindi tiniis ng sinumang tao nauna sa kanila. Sumasaksi rito silang mga nananahan palibot sa Iyong trono, at ang mga nakatira sa lupa, at ang Kalipunan sa kaitaasan.
These, O my God, are Thy servants who, for love of Thy beauty, have forsaken their homes, and been so stirred up by the gentle winds of their desire for Thee that they have sundered every tie in Thy path. Such of Thy servants as dwell in Thy land and have transgressed against Thee have assailed them, and banished them from Thy cities, and made them captives, and delivered them into the hands of workers of iniquity among Thy people and the perverse amidst the wicked doers in Thy realm. And finally, they were made to abide in this place with which no other place, however loathsome, in all Thy dominion, can compare. They were seized with such trials that the clouds weep over them and the thunder groaneth by reason of the manifold tribulations that have afflicted them in their love for Thee and for the sake of Thy pleasure.	101.3 Ang mga ito, O aking Diyos, ay ang Iyong mga tagapaglingkod, na dahil sa pag-ibig sa Iyong kagandahan, ay nilisan ang kanilang mga tahanan, at ganoon na lamang ang pagkapukaw sa kanila ng banayad na mga hangin ng kanilang paghahangad sa Iyo na pinutol nila ang bawat ugnayan sa Iyong landas. Ang gayon sa Iyong mga tagapaglingkod na nananahan sa Iyong lupain at lumabag sa Iyo ay sumalakay sa kanila, at pinalayas sila mula sa Iyong mga lungsod, at ginawa silang mga bihag, at ibinigay sila sa mga kamay ng mga gumagawa ng kasamaan mula sa Iyong mga tao, at ng mga taliwas sa mga masasama ang gawa sa Iyong kaharian. At sa wakas, sila ay pinatira sa lugar na ito na walang anumang ibang lugar sa Iyong buong kaharian, na gaanuman kasuklam-suklam, ay maaaring maihambing dito. Sila ay sinakmal ng gayong mga pagsubok na tumatangis ang

	mga ulap para sa kanila at umuungol ang kulog dahil sa napakaraming pagdurusang nagpahirap sa kanila mula sa kanilang pag-ibig sa Iyo at alang-alang sa Iyong kaluguran.
Thou knowest full well, O my God, that there is no one on Thine earth who can claim to be related to Thee except these, some of whom have suffered martyrdom for Thy sake, while the rest have been permitted to survive. Though for such as are like unto us, O my God, it beseemeth not to claim to be related to Thee, inasmuch as our misdeeds and our waywardness have hindered us from reaching the depths of the ocean of Thy oneness, and from immersing ourselves beneath the waters of Thy transcendent mercy, yet our tongues, O my God, bear witness, and our hearts testify, and our limbs confess that Thy mercy hath enveloped all created things and Thy compassion surpassed all that are in heaven and all that are on earth.	101.4 Iyong ganap na nababatid, O aking Diyos, na walang sinuman sa Iyong kalupaan ang maaaring umangkin ng pagkakaugnay sa Iyo liban sa mga ito, na ang ilan sa kanila ay dumanas ng pagmamartir alang-alang sa Iyo, samantalang ang lahat ng iba ay hinayaang mabuhay. Bagama't para sa mga katulad namin, O aking Diyos, hindi nararapat ang umangkin ng pagkakaugnay sa Iyo, yamang ang aming mga kasalanan at ang aming pagkasuwail ay pumigil sa amin mula sa pag-abot sa mga kalaliman ng karagatan ng Iyong kaisahan, at mula sa pagtubog namin ng aming mga sarili sa ilalim ng mga tubig ng Iyong nangingibabaw na habag, gayumpaman, ang aming mga dila, O aking Diyos, ay sumasaksi, at ang aming mga puso ay nagpapatotoo, at ang aming mga bisig ay umaamin na ang Iyong habag ay bumabalot sa lahat ng nilikhang bagay, at ang Iyong malasakit ay higit pa sa lahat ng nasa langit at lahat ng nasa lupa.
I beseech Thee, by Thy Most Great Name, through which all created things were rent asunder and the whole creation was shaken, to send down from the clouds of Thy mercy that which will purge them from every ordeal and from whatever is hateful to Thee. Raise them up, then, to such heights that no amount of tribulation will keep them back from Thy wondrous remembrance, nor any trouble hinder them from turning toward the court of Thy transcendent oneness.	101.5 Isinasamo ko sa Iyo, sa Iyong Pinakadakilang Pangalan, na sa pamamagitan niyon ang lahat ng nilikhang bagay ay biniyak at ang buong sangnilikha ay nayanig, na ipababa mula sa mga ulap ng Iyong habag yaong maglilinis sa kanila mula sa bawat pagdurusa at mula sa anumang kasuklam-suklam sa Iyo. Itaas sila, kung gayon, sa ganoong mga rurok na walang sukat ng paghihirap ang makapipigil sa kanila mula sa kamangha-manghang paggunita sa Iyo, ni ang anumang salaghati ay hindi makahahadlang sa kanila mula sa pagbaling tungo sa korte ng Iyong nangingibabaw na kaisahan.
By Thy might, O Well-Beloved of Bahá and His heart's Desire! I myself cry out, under all conditions, unto Thee saying: "Would I	101.6 Saksi ang Iyong kapangyarihan, O Pinakamamahal ni Bahá at Hangarin ng Kaniyang puso! Ako mismo ay bumubulalas

had, ere this day, drawn nigh unto Thee!" When I hear, however, the sighs of such of Thy people as are wholly devoted to Thee, and those of Thy servants as enjoy near access to Thy court, who have taken no other friend than Thee, and sought no refuge except Thee, and have chosen for themselves, in Thy path, what no man hath chosen in the days of the Manifestations of Thy transcendent unity and the Daysprings of Thy most holy sovereignty, then my heart is saddened and my soul is vexed, and I cry to Thee, imploring Thee to protect them, by Thy power that hath encompassed the entire creation both visible and invisible, from whatsoever may be abhorrent to Thee. This is not for their own sakes, but that Thy name may, through them, abide amongst Thy servants, and Thy remembrance may continue to endure in Thy dominions.	sa Iyo, sa ilalim ng lahat ng kalagayan, at sinasabing: "Sana ay nagawa ko, bago sa araw na ito, ang makalapit sa Iyo!" Kapag aking naririnig, gayumpaman, ang mga buntong-hininga ng gayon sa Iyong mga taong ganap na deboto sa Iyo at yaong sa Iyong mga tagapaglingkod na nagtatamasa ng pagpasok nang malapit sa Iyong korte, na walang tinanggap na ibang kaibigan liban sa Iyo, at walang hinanap na kanlungan liban sa Iyo, at pinili para sa kanilang sarili, sa Iyong landas, ang pinili ng walang sinumang tao sa mga araw ng mga Kahayagan ng Iyong nangingibabaw na pagkakaisa at ng mga Pamimitak ng Iyong pinakabanal na paghahari, sa gayon ang aking puso ay nalulungkot at ang aking kaluluwa ay naliligalig, at umiiyak ako sa Iyo, isinasamo sa Iyo na pangalagaan sila, sa pamamagitan ng Iyong kapangyarihang nakasasaklaw sa buong kinapal na kapuwa nakikita at di-nakikita, mula sa anumang kasuklam-suklam sa Iyo. Ito ay hindi alang-alang sa kanilang mga sarili, bagkus ay upang sa pamamagitan nila, ang Iyong pangalan ay mamalagi sa Iyong mga tagapaglingkod, at ang paggunita sa Iyo ay patuloy na tumagal sa Iyong mga kinasasakupan.
Thou knowest, O my God, that all Thy servants have turned back from Thee and risen up against Thee. Thou knowest that Thou hast no one to obey Thee except them and such as have believed in Thy Revelation, through which the foundations of the entire universe have been shaken, and the souls of all men have trembled, and all that lay asleep were quickened. Thou art, O my God, the God of bounty, Whose grace is immense.	101.7 Batid Mo, O aking Diyos, na tinalikuran Ka ng lahat ng Iyong mga tagapaglingkod at nagsibangon sila laban sa Iyo. Batid Mong walang susunod sa Iyo liban sa kanila at ng gayong mga naniwala sa Iyong Rebelasyon, na sa pamamagitan niyon ang mga saligan ng buong sansinukob ay nayanig, at ang mga kaluluwa ng lahat ng tao ay nangatal, at ang lahat ng nakahimlay sa pagkatulog ay nabuhay. Ikaw, O aking Diyos, ang Diyos ng biyaya, na napakalaki ng Iyong pagpapala.
Send down, then, upon them that which will assure their hearts, and quiet their souls, and renew their spirits, and refresh their bodies. Thou art, verily, their Lord and the Lord of the worlds.	101.8 Ibaba sa kanila, kung gayon, yaong magbibigay ng katiyakan sa kanilang mga puso, at gagawing mapanatag ang kanilang mga kaluluwa, at muling babaguhin ang kanilang mga espiritu, at muling pananariwain

	ang kanilang mga katawan. Ikaw, sa katunayan, ang kanilang Panginoon, at ang Panginoon ng mga daigdig.
Praised be God, the Lord of all creation!	101.9 Purihin ang Diyos, ang Panginoon ng buong kinapal!
– CII –	CII
Glory to Thee, O Thou Who art the Lord of all worlds, and the Beloved of all such as have recognized Thee! Thou seest me sitting under a sword hanging on a thread, and art well aware that in such a state I have not fallen short of my duty towards Thy Cause, nor failed to shed abroad Thy praise, and declare Thy virtues, and deliver all Thou hadst prescribed unto me in Thy Tablets. Though the sword be ready to fall on my head, I call Thy loved ones with such a calling that the hearts are carried away towards the horizon of Thy majesty and grandeur.	102.1 Luwalhati sa Iyo, O Ikaw na Siyang Panginoon ng lahat ng daigdig, at ang Minamahal ng lahat ng nakakilala sa Iyo! Nakikita Mo akong nakaupo sa ilalim ng espadang nakabitin sa sinulid, at lubos na batid na sa gayong kalagayan ay hindi ako nagkulang sa aking tungkulin sa Iyong Kapakanan, ni hindi nabigong palaganapin sa ibayo ang papuri sa Iyo, at ihayag ang Iyong mga kabutihan, at ihatid ang lahat ng Iyong ibinilin sa akin sa Iyong mga Tableta. Bagaman ang espada ay handang bumagsak sa aking ulo, tinawagan ko ang Iyong mga minamahal sa gayong panawagan na ang mga puso ay natatangay tungo sa sugpungang-guhit ng Iyong kamahalan at karingalan.
Purge out thoroughly their ears, O my Lord, that they may hearken unto the sweet melodies that have ascended from the right hand of the throne of Thy glory. I swear by Thy might! Were any one to attune his ears to their harmony he would soar up to the kingdom of Thy revelation, wherein every created thing proclaimeth that Thou art God, and that there is none other God save Thee, the Omnipotent, the Help in Peril, the Self-Subsisting. Cleanse Thou, O my God, the eyes of Thy servants, and so transport them by the sweetness of Thine utterances that calamities will be powerless to hinder them from turning unto Thee, and from directing their eyes towards the horizon of Thy Revelation.	102.2 Linising mabuti ang kanilang mga tainga, O aking Panginoon, upang magawa nilang makinig sa matatamis na himig na pumailanlang mula sa kanang kamay ng trono ng Iyong kaluwalhatian. Sumusumpa ako sa Iyong kapangyarihan! Kung itotono ng sinuman ang kaniyang mga tainga sa mga himig niyon siya ay papailanlang sa kaharian ng Iyong rebelasyon, kung saan ang bawat nilikhang bagay ay nagpapahayag na Ikaw ang Diyos, at na walang ibang Diyos liban sa Iyo, ang Lubos na Makapangyarihan, ang Tulong sa Panganib, ang Sariling-Ganap. Iyong linisin, O aking Diyos, ang mga mata ng Iyong mga tagapaglingkod, at tangayin sila nang lubusan sa pamamagitan ng katamisan ng Iyong mga pananalita na ang mga kalamidad ay hindi magtataglay ng kakayahang makapigil sa kanila mula sa pagbaling tungo sa Iyo, at mula sa pagdako ng kanilang mga mata tungo sa sugpungang-guhit

	ng Iyong Rebelasyon.
Darkness hath encompassed every land, O my God, and caused most of Thy servants to tremble. I beseech Thee, by Thy Most Great Name, to raise in every city a new creation that shall turn towards Thee, and shall remember Thee amidst Thy servants, and shall unfurl by virtue of their utterances and wisdom the ensigns of Thy victory, and shall detach themselves from all created things.	102.3 Ang karimlan ay sumaklaw sa bawat lupain, O aking Diyos, at nagsanhi ng pangangatog ng karamihan sa Iyong mga tagapaglingkod. Isinasamo ko sa Iyo, sa pamamagitan ng Iyong Pinakadakilang Pangalan, na ibangon sa bawat lungsod ang isang panibagong nilikha na babaling tungo sa Iyo, at gugunitain Ka sa piling ng Iyong mga tagapaglingkod, at ilaladlad sa pamamagitan ng kanilang mga pananalita at karunungan ang mga bandila ng Iyong tagumpay, at iwawalay ang kanilang mga sarili mula sa lahat ng nilikhang bagay.
Potent art Thou to do Thy pleasure. No God is there but Thee, the Most Powerful, He Whose help is implored by all men.	102.4 Makapangyarihan Ka upang gawin ang Iyong ikalulugod. Walang Diyos liban sa Iyo, ang Pinakamakapangyarihan, Siya na ang Kaniyang tulong ay hinihingi ng lahat ng tao.
– CIII –	CIII
Glory be to Thee, Thou in Whose hand are the heaven of omnipotence and the kingdom of creation. Thou doest, by Thy sovereignty, what Thou willest, and ordainest, through the power of Thy might, what Thou pleasest. From eternity Thou hast been exalted above the praise of all created things, and wilt to eternity remain far above the glorification of any one of Thy creatures. Existence itself testifieth to its non-existence when face to face with the manifold revelations of Thy transcendent oneness, and every created thing confesseth, by its very nature, its nothingness when compared with the sacred splendors of the light of Thy unity. Thou hast, in Thyself, been independent of any one besides Thee and rich enough, in Thine own essence, to dispense with any one except Thy Self. Every description by which they who adore Thy unity describe Thee, and every praise wherewith they who are devoted unto Thee praise Thee, are but the traces of the pen which the fingers of Thy strength and power have set in motion—fingers whose movement	103.1 Luwalhati nawa sa Iyo, Ikaw na nasa Kaniyang kamay ang kalangitan ng lubos-lubosang kapangyarihan at ang kaharian ng kinapal. Iyong ginagawa, sa pamamagitan ng Iyong paghahari, ang Iyong niloloob, at itinatalaga, sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Iyong lakas, ang Iyong ninanais. Mula sa kawalang-hanggan Ikaw ay higit na mataas kaysa sa papuri ng lahat ng nilikhang bagay, at hanggang sa kawalang-hanggan Ikaw ay mananatiling higit na mataas kaysa sa pagluluwalhati ng alinman sa Iyong mga nilalang. Ang mismong pag-iral ay sumasaksi sa kawalan ng pag-iral nito kapag nahaharap sa napakaraming pagbubunyag ng Iyong nangingibabaw na kaisahan, at ang bawat nilikhang bagay ay umaamin, bunga ng mismong katangian nito, sa kawalan nito kapag naihahambing sa sagradong mga karingalan ng liwanag ng Iyong pagkakaisa. Ikaw, sa Iyong angking sarili ay walang kailangang asahan liban sa Iyong sarili at sapat na mayaman, sa Iyong sariling diwa, upang hindi kailanganin ang sinuman liban sa

is controlled by the arm of Thy decree—the arm itself animated by the potency of Thy might.	Iyong Sarili. Ang bawat paglalarawang ginagamit nilang mga deboto sa Iyo sa pagpuri sa Iyo, ay pawang mga bakas ng panulat na pinakilos ng mga daliri ng Iyong lakas at kapangyarihan—mga daliring pinakikilos ng bisig ng Iyong kautusan—na ang bisig mismo ay pinakikilos ng bisa ng Iyong kapangyarihan.
Thy glory beareth me witness! How can I, aware as I am of this truth, hope to befittingly make mention of Thee and celebrate Thy praise? Howsoever I describe Thee, whichever of Thy virtues I recount, I cannot but blush and feel ashamed of what my tongue hath uttered or my pen written.	103.2 Ang Iyong kaluwalhatian ay sumasaksi sa akin! Paano ako aasa, yamang batid ko ang katotohanang ito, na magagawa ko ang nararapat na pagbanggit sa Iyo at ng pagbunyi sa Iyong papuri? Paano man Kita ilarawan, alinman sa Iyong mga kabutihan ang aking isaysay, subalit hindi ko mapigilang mamula at mahiya sa binigkas ng aking dila o isinulat ng aking panulat.
The quintessence of knowledge, O my Lord, proclaimeth its powerlessness to know Thee, and perplexity, in its very soul, confesseth its bewilderment in the face of the revelations of Thy sovereign might, and remembrance, in its inmost spirit, acknowledgeth its forgetfulness and effacement before the manifestations of Thy signs and the evidences of Thy praise. What, then, can this poor creature hope to achieve, and to what cord must this wretched soul cling?	103.3 Ang pinakadiwa ng kaalaman, O aking Panginoon, ay nagpapahayag ng kawalan ng kapangyarihan nito upang makilala Ka, at ang pagkatuliro, sa mismong kaluluwa nito ay umaamin sa pagkatuliro nito sa harap ng mga pagsisiwalat ng Iyong naghaharing lakas, at ang alaala, sa kaibuturang diwa nito, ay tinatanggap ang pagiging malilimutin at pagkabura nito sa harap ng mga kapahayagan ng Iyong mga palatandaan at ng mga katibayan ng papuri sa Iyo. Ano, kung gayon, ang maaasahang magawa nitong napakahinang nilalang, at sa anong kordon dapat mangapit itong kahabag-habag na kaluluwa?
I beseech Thee, O Thou Who art the Lord of the worlds, and the Beloved of such as have recognized Thee, and the Desire of all that are in heaven and on earth, by Thy Name through which the cry of every suppliant hath ascended into the heaven of Thy transcendent holiness, through which every seeker hath soared to the sublimities of Thy unity and grandeur, through which the imperfect have been perfected, and the abased exalted, and the tongue of every stammerer unloosed, and the sick made whole, and whatever was unworthy of Thy highness and beseemed not	103.4 Isinasamo ko sa Iyo, O Ikaw na Siyang Panginoon ng mga daigdig, at ang Minamahal ng gayong mga kumilala sa Iyo, at ang Hangarin ng lahat ng nasa langit at ng nasa lupa, sa Iyong Pangalan na sa pamamagitan niyon ang pag-iyak ng bawat nagsusumamo ay pumailanlang sa kalangitan ng Iyong nangingibabaw na kabanalan, na sa pamamagitan niyon ang bawat naghahanap ay nagawang lumipad sa mga kataas-taasang rurok ng Iyong pagkakaisa at kadakilaan, na sa pamamagitan niyon ang di-ganap ay ginawang ganap, at ang aba ay dinakila, at ang

Thy greatness and Thy sovereignty made acceptable unto Thee,—I beseech Thee to aid us by Thine invisible hosts and by a company of the angels of Thy Cause. Do Thou, then, accept the works we have performed for love of Thee, and for the sake of Thy pleasure. Cast us not away, O my God, from the door of Thy mercy, and break not our hopes in the wonders of Thy grace and favors.	dila ng bawat utal ay kinalagan, at ang may karamdaman ay pinagaling, at ang anumang hindi nararapat sa Iyong kataasan at hindi naaangkop sa Iyong kadakilaan at Iyong paghahari ay ginawang maging katanggap-tanggap sa Iyo—isinasamo ko sa Iyo na tulungan kami sa pamamagitan ng Iyong di-nakikitang mga hukbo at ng isang kalipunan ng mga anghel ng Iyong Kapakanan. Iyong tanggapin, kung gayon ang mga bagay na isinagawa namin dahil sa pag-ibig sa Iyo, at alang-alang sa Iyong kaluguran. Huwag kaming itaboy, O aking Diyos, mula sa pintuan ng Iyong kahabagan, at huwag wasakin ang aming mga pag-asa sa mga kamanghaan ng Iyong biyaya at mga pagpapala.
Our limbs, our members, O my Lord, bear witness to Thy unity and oneness. Send down upon us Thy strength and power, that we may become steadfast in Thy Faith and may aid Thee among Thy servants. Illumine our eyes, O my Lord, with the effulgence of Thy beauty, and enlighten our hearts with the splendors of Thy knowledge and wisdom. Write us up, then, with those who have fulfilled their pledge to Thy Covenant in Thy days, and who, through their love for Thee, have detached themselves from the world and all that is therein.	103.5 Ang aming mga bisig, ang aming kalamnan, O aking Panginoon, ay sumasaksi sa Iyong pagkakaisa at kaisahan. Ibaba sa amin ang Iyong lakas at kapangyarihan, upang kami ay maging matatag sa Iyong Pananampalataya at magawang tumulong sa Iyo mula sa Iyong mga tagapaglingkod. Tanglawan ang aming mga mata, O aking Panginoon, ng kaningningan ng Iyong kagandahan, at liwanagan ang aming mga puso ng mga karingalan ng Iyong kaalaman at karunungan. Itala kami, kung gayon, bilang mga kasama nilang mga tumupad sa kanilang panata sa Iyong Kasunduan sa Iyong mga araw, at sa pamamagitan ng kanilang pag-ibig sa Iyo ay nagawa nilang iwalay ang kanilang mga sarili mula sa daigdig at sa lahat ng naroroon.
Powerful art Thou to do what Thou pleasest. No God is there beside Thee, the All-Powerful, the Omniscient, the Supreme Ruler, the Help in Peril, the Self-Subsisting.	103.6 Makapangyarihan Ka upang gawin ang Iyong ninanais. Walang ibang Diyos liban sa Iyo, ang Ganap na Makapangyarihan, ang Ganap na Nakababatid, ang Kataas-taasang Namumuno, ang Tulong sa Panganib, ang Sariling-Ganap.
– CIV –	CIV

O Thou Whose nearness is my wish, Whose presence is my hope, Whose remembrance is my desire, Whose court of glory is my goal, Whose abode is my aim, Whose name is my healing, Whose love is the radiance of my heart, Whose service is my highest aspiration! I beseech Thee by Thy Name, through which Thou hast enabled them that have recognized Thee to soar to the sublimest heights of the knowledge of Thee and empowered such as devoutly worship Thee to ascend into the precincts of the court of Thy holy favors, to aid me to turn my face towards Thy face, to fix mine eyes upon Thee, and to speak of Thy glory.	104.1 O Ikaw na ang pagkalapit sa Iyo ay ang aking naisin, na ang pagkamasid sa Iyo ay ang aking pag-asa, na ang paggunita sa Iyo ay ang aking hangarin, na ang korte ng Iyong luwalhati ay ang aking tunguhin, na ang Iyong tahanan ay aking layunin, na ang Iyong pangalan ay ang aking lunas, na ang Iyong pag-ibig ay ang magpapaningning sa aking puso, na ang paglilingkod sa Iyo ay ang aking pinakamataas na adhikain! Isinasamo ko sa Iyo sa Iyong pangalan na namagitan sa pagkakaloob Mong silang nakakilala sa Iyo ay makalipad sa pinakamatataas na kabatiran tungkol sa Iyo at silang matapat na sumasamba sa Iyo ay magkaroon ng lakas na makaakyat sa mga bakuran ng korte ng Iyong banal na pagtatangkilik, na tulungan Mo akong magbaling ng aking mukha sa Iyong mukha, magpako ng aking mga mata sa Iyo, at magsaysay ng Iyong kaluwalhatian.
I am the one, O my Lord, who hath forgotten all else but Thee, and turned towards the Dayspring of Thy grace, who hath forsaken all save Thyself in the hope of drawing nigh unto Thy court. Behold me, then, with mine eyes lifted up towards the Seat that shineth with the splendors of the light of Thy Face. Send down, then, upon me, O my Beloved, that which will enable me to be steadfast in Thy Cause, so that the doubts of the infidels may not hinder me from turning towards Thee.	104.2 Ako, O aking Panginoon, yaong nakalimot sa lahat ng iba pa liban sa Iyo, at humarap sa Pamimitak ng Iyong biyaya, yaong nag-iwan ng lahat liban sa Iyong sarili sa pag-asang mapalapit sa Iyong korte. Masdan ako, kung gayon, na nakatitig paitaas ang aking mga mata sa Luklukang pinakikinang ng mga karingalan ng liwanag ng Iyong Mukha. Ipababa sa akin, kung gayon, O aking Minamahal, yaong magtutulot na ako ay maging matatag sa Iyong Kapakanan, upang ang mga pag-aalinlangan ng mga hindi sumasampalataya ay hindi makahadlang sa akin mula sa pagtungo sa Iyo.
Thou art, verily, the God of Power, the Help in Peril, the All-Glorious, the Almighty.	104.3 Ikaw, sa katunayan, ang Diyos ng Kapangyarihan, ang Tulong sa Panganib, ang Ganap na Maluwalhati, ang Ganap na Makapangyarihan.
– CV –	CV
Praised be Thou, O Lord my God! Thou art He the excellence of Whose glory hath exalted them who are the sources of authority and honor, the potency of Whose might hath	105.1 Purihin Ka nawa, O Panginoon kong Diyos! Ikaw Siya na ang kahusayan ng Iyong kaluwalhatian ay dumakila sa kanilang mga pinagmumulan ng awtoridad at

empowered them who are the fountainheads of energy and strength, the dominion of Whose will hath elevated the Exponents of Thy Cause above all that are in heaven and on earth, and the life-giving effusions of Whose Pen have quickened the souls of the denizens of the kingdom of creation.	karangalan, na ang bisa ng Iyong kapangyarihan ay nagbigay-lakas sa kanilang mga bukal ng sigla at tibay, na ang paghahari ng Iyong kalooban ay nagtaas sa mga Tagapagtaguyod ng Iyong Kapakanan sa ibabaw ng lahat ng mga nasa langit at nasa lupa, at na ang nagbibigay-buhay na mga pagbuhos ng Iyong Panulat ay bumuhay sa mga kaluluwa ng mga nananahan sa kaharian ng sangnilikha.
I am he, O my Lord, who, wholly for Thy sake, hath turned his face unto Thee, and who, while acknowledging Thy power and Thy sovereignty, hath directed his steps towards Thy dearly-loved Sanctuary, and Thine adored and hallowed Court. In this state I have reached the City (Baghdád) wherein, in the full glory of Thy names, Thou didst reveal Thy Self unto all created things. In it I have communed with Thy loved ones, and from the House within its walls I have inhaled the breaths of Thy holiness and perceived the fragrances of Thy fellowship.	105.2 Ako siya, O aking Panginoon, na tanging alang-alang sa Iyo, ay ibinaling ang kaniyang mukha tungo sa Iyo, at habang kinikilala ang Iyong kapangyarihan at ang Iyong paghahari, ay idinako ang kaniyang mga yapak tungo sa Iyong pinakamamahal na Santuwaryo, at sa Iyong sinasamba at banal na Korte. Sa ganitong kalagayan ay nakarating ako sa Lungsod (Baghdád) kung saan, sa buong kaluwalhatian ng Iyong mga pangalan, ay ibinunyag Mo ang Iyong sarili sa lahat ng nilikhang bagay. Doon ay nakipagniig ako sa Iyong mga minamahal, at mula sa Tahanang nasa loob ng mga pader nito ay nalanghap ko ang mga hininga ng Iyong kabanalan at nabatid ang mga halimuyak ng Iyong pakikisama.
Cast me not from Thy presence, O my Lord, neither do Thou drive me away from the shores of Thy love and Thy good pleasure. For the poor can find no refuge unless he knocketh at the door of Thy wealth, and the outcast can find no peace until he be admitted to the court of Thy favor.	105.3 Huwag akong itaboy mula sa Iyong kinaroroonan, O aking Panginoon, ni huwag din akong palayasin mula sa mga dalampasigan ng Iyong pag-ibig at ng Iyong mabuting-kaluguran. Sapagkat ang dukha ay walang matatagpuang kanlungan maliban kung siya ay kumatok sa pinto ng Iyong kayamanan, at ang itinaboy ay walang matatagpuang katiwasayan hangga't hindi siya pinapapasok sa korte ng Iyong pagpapala.
Magnified be Thy name, O my Lord, for Thou hast enabled me to recognize the Manifestation of Thine own Self, and hast caused me to be assured of the truth of the verses which have descended upon Thee. Empower me, I implore Thee, to cling steadfastly unto whatsoever Thou hast bidden me observe. Help me to guard the pearls of	105.4 Dakilain nawa ang Iyong pangalan, O aking Panginoon, yamang tinulutan Mong makilala ko ang Kahayagan ng Iyong angking Sarili, at ginawang makatiyak ako sa katotohanan ng mga bersikulong pumanaog sa Iyo. Bigyan ako ng lakas, isinasamo ko sa Iyo, upang makapangapit nang matibay sa anumang

Thy love which, by Thy decree, Thou hast enshrined within my heart. Send down, moreover, every moment of my life, O my God, that which will preserve me from any one but Thee, and will set my feet firm in Thy Cause.	iniutos Mo na Aking isagawa. Tulungan akong pangalagaan ang mga perlas ng Iyong pag-ibig na, sang-ayon sa Iyong kautusan, ay Iyong idinambana sa aking puso. Ibaba sa akin, higit pa rito, sa bawat sandali ng aking buhay, O aking Diyos, yaong magliligtas sa akin mula sa kaninuman liban sa Iyo, at ilalagay nang matatag ang aking mga paa sa Iyong Kapakanan.
Thou art, verily, the God of glory, the God of power, the God of knowledge and wisdom. No God is there beside Thee, the Great Giver, the All-Bountiful, the Almighty, the Ever-Forgiving.	105.5 Ikaw, sa katunayan, ang Diyos ng luwalhati, ang Diyos ng kapangyarihan, ang Diyos ng kaalaman at karunungan. Walang Diyos liban sa Iyo, ang Dakilang Tagapagbigay, ang Pinakamapagpala, ang Ganap na Makapangyarihan, ang Laging-Nagpapatawad.
Praised be God, the All-Glorious, the All-Compelling.	105.6 Purihin ang Diyos, ang Ganap na Maluwalhati, ang Ganap na Mabisa.
– CVI –	CVI
Glorified art Thou, O Lord my God! I give Thee thanks inasmuch as Thou hast called me into being in Thy days, and infused into me Thy love and Thy knowledge. I beseech Thee, by Thy name whereby the goodly pearls of Thy wisdom and Thine utterance were brought forth out of the treasuries of the hearts of such of Thy servants as are nigh unto Thee, and through which the Daystar of Thy name, the Compassionate, hath shed its radiance upon all that are in Thy heaven and on Thy earth, to supply me, by Thy grace and bounty, with Thy wondrous and hidden bounties.	106.1 Luwalhatiin Ka nawa, O Panginoon kong Diyos! Nagpapasalamat ako sa Iyo dahil nilikha Mo ako sa Iyong mga araw, at isinalin Mo sa akin ang Iyong pag-ibig at ang Iyong kaalaman. Nagsusumamo ako sa Iyo, sa Iyong pangalan, na sa pamamagitan niyon ang butihing mga perlas ng Iyong karunungan at ng Iyong pananalita ay inilabas mula sa mga kabang-yaman ng mga puso nilang mga tagapaglingkod Mo na malalapit sa Iyo, at sa pamamagitan niyon, ang Bituing-araw ng Iyong pangalan, ang Madamayin, ay nagbigay ng liwanag nito sa lahat ng nasa Iyong kalangitan at ng nasa Iyong kalupaan, na pagkalooban ako, sa pamamagitan ng Iyong pagpapala at kagandahang-loob, ng Iyong kamangha-mangha at natatagong mga biyaya.
These are the earliest days of my life, O my God, which Thou hast linked with Thine own days. Now that Thou hast conferred upon me so great an honor, withhold not from me the	106.2 Ito ang pinakamaagang mga araw ng aking buhay, O aking Diyos, na iniugnay Mo sa Iyong mga araw. Ngayong pinagkalooban Mo ako ng gayong kalaking karangalan, huwag ipagkait sa akin yaong mga bagay na

things Thou hast ordained for Thy chosen ones.	itinalaga Mo para sa Iyong mga pinili.
I am, O my God, but a tiny seed which Thou hast sown in the soil of Thy love, and caused to spring forth by the hand of Thy bounty. This seed craveth, therefore, in its inmost being, for the waters of Thy mercy and the living fountain of Thy grace. Send down upon it, from the heaven of Thy loving-kindness, that which will enable it to flourish beneath Thy shadow and within the borders of Thy court. Thou art He Who watereth the hearts of all that have recognized Thee from Thy plenteous stream and the fountain of Thy living waters.	106.3 Ako, O aking Diyos, ay isa lamang mumunting binhi na Iyong itinanim sa lupa ng Iyong pag-ibig, at tinulutang umusbong sa pamamagitan ng kamay ng Iyong pagpapala. Ang binhing ito ay labis na nananabik, sa mismong kaibuturan nito, para sa mga tubig ng Iyong habag at para sa nabubuhay na bukal ng Iyong pagpapala. Ipababa rito, mula sa langit ng Iyong nagmamahal na kagandahang-loob, yaong makapagpapayabong nito sa lilim ng Iyong anino at sa loob ng mga hangganan ng Iyong korte. Ikaw ang Siyang dumidilig sa mga puso ng lahat ng kumilala sa Iyo mula sa masaganang batis at bukal ng Iyong mga buhay na tubig.
Praised be God, the Lord of the worlds.	106.4 Purihin nawa ang Diyos, ang Panginoon ng mga daigdig.
– CVII –	CVII
I beseech Thee, O my Lord, by that Remembrance of Thee through which all things have been raised to life, and through which all faces have been made to shine, not to frustrate the hopes I have set on the things Thou dost possess. Cause me, then, by Thy mercy, to enter beneath Thy shadow that shadoweth all things.	107.1 Isinasamo ko sa Iyo, O aking Panginoon, sa Alaala sa Iyo na siyang bumuhay sa lahat ng bagay, at na siyang nagpakinang sa lahat ng mga mukha, na huwag biguin ang mga pag-asang inilagay ko sa mga bagay na Iyong taglay. Gawin akong makapasok, kung gayon, sa pamamagitan ng Iyong habag, doon sa lilim ng Iyong aninong lumililim sa lahat ng bagay.
Be Thou, O my Lord, my sole Desire, my Goal, mine only Hope, my constant Aim, my Habitation and my Sanctuary. Let the object of mine ardent quest be Thy most resplendent, Thine adorable, and ever-blessed Beauty. I implore Thee, O my Lord, by whatsoever is of Thee, to send, from the right hand of Thy might, that which will exalt Thy loved ones and abase Thine enemies.	107.2 Ikaw, O aking Panginoon, ay maging ang aking nag-iisang Hangarin, ang aking Layunin, ang aking tanging Pag-asa, ang aking di-nagbabagong Pakay, ang aking Tahanan at ang aking Santuwaryo. Tulutang ang layon ng aking maalab na paghahanap ay maging ang Iyong pinakamaringal, ang Iyong kaibig-ibig, at laging pinagpalang Kagandahan. Isinasamo ko sa Iyo, O aking Panginoon, sa anumang nauugnay sa Iyo, na ipadala, mula sa kanang kamay ng Iyong

	kapangyarihan, yaong dadakila sa Iyong mga minamahal at hahamak sa Iyong mga kaaway.
No God is there beside Thee, Thou alone art my Beloved in this world and in the world which is to come. Thou alone art the Desire of all them that have recognized Thee.	107.3 Walang Diyos liban sa Iyo, Ikaw lamang ang aking Minamahal sa daigdig na ito at sa daigdig na darating. Ikaw lamang ang Hangarin ng lahat ng nakakilala sa Iyo.
Praised be God, the Lord of the worlds.	107.4 Purihin nawa ang Diyos, ang Panginoon ng mga daigdig.
– CVIII –	CVIII
Praised be Thou, O my God, that Thou hast been true to what the Pen of Thy Revelation hath inscribed upon the Tablets sent down by Thee unto Them Whom Thou hast chosen above all Thy creatures, and through Whom Thou hast unlocked the doors of Thy mercy, and shed abroad the radiance of the light of Thy guidance. Glory to Thee that Thou hast laid bare what had from eternity been wrapped up within the Tabernacle of Thy majesty, Thine omnipotence and glory, and through which Thou hadst decked forth the heaven of Thy Revelation and adorned the pages of the book of Thy testimony.	108.1 Purihin Ka nawa, O aking Diyos, yamang Ikaw ay naging tapat sa inukit ng panulat ng Iyong Rebelasyon doon sa mga Tabletang ipinababa Mo sa kanila na Iyong pinili nang higit sa lahat ng Iyong mga nilalang, at sa pamamagitan Nila ay binuksan Mo ang mga pinto ng Iyong habag, at ipinasikat sa ibayo ang luningning ng liwanag ng Iyong patnubay. Luwalhati sa Iyo yamang Iyong inilantad yaong natatago mula sa kawalang-hanggan sa loob ng Tabernakulo ng Iyong kamahalan, ng Iyong ganap na kapangyarihan at kaluwalhatian, at sa pamamagitan niyon ay pinalamutihan Mo ang langit ng Iyong Rebelasyon at pinaganda ang mga pahina ng aklat ng Iyong patotoo.
And when the Pledge was fulfilled and the Promised One appeared, He was rejected by such of Thy servants as profess to have believed in Him in Whom Thy Godhead was manifested, Whom Thou didst ordain to be the Herald of this Revelation, and through Whose advent the eyes of the inmates of the sanctuary of Thy unity were cheered.	108.2 At nang natupad na ang Panata at Siyang Ipinangako ay lumitaw, Siya ay itinatwa nang gayon sa Iyong mga tagapaglingkod na nagsabing naniwala sila sa Kaniya kung Kanino ang Iyong pagka-Diyos ay inihayag, Siya na Iyong itinalagang maging Tagapauna ng Rebelasyong ito, at sa pamamagitan ng Kaniyang pagsapit nagalak ang mga mata ng mga nananahan sa santuwaryo ng Iyong pagkakaisa.
I know, O my Lord, neither their reasoning with which they have acknowledged Thee and believed in Thy signs, nor their argument whereby they have repudiated Thy sovereignty. Every time I call them to Thee and say: "O people! Consider the utterances of	108.3 Hindi ko alam, O aking Panginoon, ang dahilan kung bakit tinanggap Ka nila at naniwala sila sa Iyong mga palatandaan, o ang kanilang katwiran kung bakit itinatwa nila ang Iyong paghahari. Sa tuwing tinatawag ko sila patungo sa Iyo at sinasabing: "O mga tao!

the Lord your God which are in your possession and those that have been sent down from the heaven of His will and power," they cavil at Thee, and turn their backs to Thee, though—as Thou art aware—each of the words that have gone out of the mouth of Thy will sheddeth the fragrance of the breaths of Thy mercy.	Limiin ang mga salita ng Panginoon na inyong Diyos na nasa inyong pag-iingat at yaong mga ipinababa mula sa kalangitan ng Kaniyang kalooban at kapangyarihan," naghahain sila ng walang-kaugnayan at walang- kapararakang mga tutol laban sa Iyo, at tumatalikod sila sa Iyo, bagaman—tulad ng Iyong nalalaman—ang bawat salitang lumabas mula sa bibig ng Iyong kalooban ay humahalimuyak sa kabanguhan ng mga hininga ng Iyong habag.
Some have chosen to cleave to him who is counted unworthy to converse with any of Thy servants that watch at Thy door (Mírzá Yaḥyá), how much more to enter into the court in which the Tongue of Thy majesty speaketh. Cleanse Thou their hearts and their eyes, O my Lord, that they may see with their eyes and understand with their hearts, that haply they may be attracted by Thine utterances to the Dayspring of Thine inspiration, and draw nigh unto the soft-flowing stream of Thy knowledge.	108.4 Pinili ng mga ilan ang mangapit sa kaniya (Mírzá Yaḥyá) na nabibilang sa hindi karapat-dapat makipag-usap sa alinman sa Iyong mga tagapaglingkod na nagbabantay sa Iyong pintuan, lalong higit pa ang makapasok sa loob ng korte kung saan ang Dila ng Iyong kamahalan ay nagsasalita. Linisin Mo ang kanilang mga puso at ang kanilang mga mata, O aking Panginoon, upang makakita sila sa pamamagitan ng kanilang mga mata at makaunawa sa pamamagitan ng kanilang mga puso, nang sakaling maakit sila ng Iyong mga salita tungo sa Pamimitak ng Iyong inspirasyon, at makalapit sa batis ng Iyong kaalaman na marahang dumadaloy.
Thou art He, O my Lord, Who hath, in every line of Thy Book, entered into covenant with them for me, and made it so sure that none of Thy creatures can any longer evade it. Thou didst say—and Thy word is the truth: "One single letter from Him excelleth all that hath been sent down in the Bayán."	108.5 Ikaw Siya, O aking Panginoon, na sa bawat taludtod ng Iyong Aklat, ay pumasok sa kasunduan sa kanila para sa akin, at ginawa itong napakatiyak na wala sa Iyong mga nilalang ang makaiiwas pa roon. Iyong sinabi—at ang Iyong salita ay ang katotohanan: "Isa lamang titik mula sa Kaniya ay higit na mahusay kaysa sa lahat ng ipinababa sa Bayán."
Thou dost consider, therefore, O my God, how they have transgressed against Thy Cause, and beholdest what their hands have wrought in Thy days. They have so grievously wronged me that the Lote-Tree of Thy Revelation moaneth, and the inmates of the Tabernacle of Thy majesty and the dwellers of the cities of Thy names lament. I know not, O	108.6 Iyong isipin, kung gayon, O aking Diyos, kung paano sila lumabag sa Iyong Kapakanan, at masdan ang ginawa ng kanilang mga kamay sa Iyong mga araw. Napakalupit ng pagkakasala nila sa akin na ang Punong-Lote ng Iyong Rebelasyon ay umuungol, at ang mga nananahan sa Tabernakulo ng Iyong kamahalan at ang mga

my God, for what reason they have risen up to oppress me, and by what proof they have turned aside from Him Who is the Dayspring of Thy signs. I beseech Thee, O Thou Who art the Lord of all names and the Creator of the heavens, to aid them to act equitably in Thy Cause, that haply they may discover the sweet smell of the robe of Thy mercy, and set their faces towards the horizon that shineth with the brightness of the light of Thy face. Weak are they, O my Lord, and Thou art the Lord of strength and power. They are but paupers, and Thou art the All-Possessing, the Most Generous.	naninirahan sa mga lungsod ng Iyong mga pangalan ay nagdadalamhati. Hindi ko alam, O aking Diyos, ang dahilan kung bakit sila nagsibangon upang apihin ako, at sa anong patunay sila tumalikod sa Kaniya na Siyang Pamimitak ng Iyong mga palatandaan. Nagsusumamo ako sa Iyo, O Ikaw na Siyang Panginoon ng lahat ng mga pangalan at ang Maylikha ng mga kalangitan, na tulungan silang kumilos nang makatarungan sa Iyong Kapakanan, nang sakaling matuklasan nila ang matamis na samyo ng baro ng Iyong kahabagan, at ituon ang kanilang mga mukha tungo sa sugpungang-guhit na sumisinag sa maningning na liwanag ng Iyong mukha. Mahina sila, O aking Panginoon, at Ikaw ang Panginoon ng lakas at kapangyarihan. Sila ay mga pulubi lamang, at Ikaw ang Lubos na Nagmamay-ari, ang Pinakamapagbigay.
Thou art well aware, O my God, that throughout my life I have sought no advantage for myself. I have offered up my spirit and my whole being for the exaltation of Thy word amidst Thy creatures and the glorification of Thy name among Thy servants. Thou didst send me with such a Testimony that They Who are the Exponents of Thy Revelation and the Daysprings of Thine inspiration were stirred up with vehement longing. Through it, Thy proof was established, and Thy bounty fulfilled, and Thy Cause perfected, and Thine utterances released, and Thy clear tokens uncovered.	108.7 Batid na batid Mo, O aking Diyos, na sa kahabaan ng aking buhay ay wala akong hinanap na kapakinabangan para sa aking sarili. Inialay ko ang aking espiritu at ang aking buong pagkatao para sa pagdadakila ng Iyong salita sa Iyong mga nilalang at para sa pagluluwalhat ng Iyong pangalan sa Iyong mga tagapaglingkod. Isinugo Mo ako taglay ang gayong Patotoo na nagising ang matinding pananabik sa Kanila na Silang mga Tagapagtaguyod ng Iyong Rebelasyon at mga Pamimitak ng Iyong Rebelasyon. Sa pamamagitan niyon, ang Iyong katibayan ay napatunayan, at ang Iyong biyaya ay natupad, at ang Iyong Kapakanan ay naging ganap, at ang Iyong mga pananalita ay napawalan, at ang Iyong malinaw na mga palatandaan ay naibunyag.
Thou knowest, O my God, that I have wished only what Thou hast wished, and desire what Thou dost desire. Were I to speak forth before Thy servants the things wherewith Thou didst, through Thy bounty, inspire me and which Thou didst command me to utter amidst Thy creatures, the oppressors among Thy people would cavil at	108.8 Iyong nababatid, O aking Diyos, na hinangad ko lamang ang Iyong hinangad, at ninais ang Iyong ninanais. Kung aking sasabihin sa harap ng Iyong mga tagapaglingkod ang mga bagay, na buhat sa Iyong biyaya ay nagpasigla sa akin at yaong iniatas Mo sa aking bigkasin kapag kasama ang Iyong mga nilalang, ang mga maniniil

me. And were I to hold my peace and cease to celebrate the wonders of Thy praise, all the limbs of my body would be stirred up to extol Thee. I know not what the water is with which Thou didst create me, or what the fire Thou didst kindle within me. I swear by Thy glory! I shall not cease to mention Thee, though all that are in Thy heaven and on Thy earth rise up against me. Thee will I magnify, in all circumstances, with a heart wholly rid of all attachment to the world and all that is therein.	mula sa Iyong mga tao ay maghaharap ng mga pagtutol na walang kaugnayan at walang kapararakan. At kung ako ay mananahimik at huminto sa pagdiriwang ng mga kamanghaan ng papuri sa Iyo, ang lahat ng mga kalamnan ng aking katawan ay magsisikilos upang ipagbunyi Ka. Hindi ko alam kung ano ang tubig na Iyong ginamit sa paglikha sa akin, o kung ano ang apoy na Iyong pinarikit sa loob ko. Sumusumpa ako sa Iyong kaluwalhatian! Hindi ako hihinto sa pagbanggit sa Iyo, kahit pa ang lahat ng nasa Iyong kalangitan at ng Iyong kalupaan ay magsibangon laban sa akin. Ikaw ay aking dadakilain, sa lahat ng kalagayan, taglay ang pusong ganap na malaya sa lahat ng pangangapit sa daigdig at sa lahat ng naroroon.
Praised be Thou, the Well-Beloved of the hearts of all such as have recognized Thee.	108.9 Purihin Ka nawa, ang Pinakamamahal ng mga puso ng lahat ng mga kumilala sa Iyo.
– CIX –	CIX
Lauded be Thy name, O Lord my God! Thou beholdest how my gaze is fixed toward Thy tender mercies, and how mine eyes are bent upon the horizon of Thy grace, and Thy loving-kindness, and how my hands are stretched out unto the heaven of Thy bestowals. Thy might beareth me witness! Every limb of my body crieth out to Thee and saith: “O Thou Who art the Well-Beloved of the worlds, and the Lord of all that are in heaven and on earth, and the one Desire of the hearts which are devoted to Thee! I implore Thee, by Thine Ocean unto which Thou didst summon all the inmates of heaven and all the dwellers of the earth, to help Thy servants who have been kept back from turning unto it and from approaching its shores. Make them, then, O my God, to be detached from all else but Thee, and enable them to speak forth Thy praise and extol Thy virtues. Supply them, moreover, O my God, with the choice Wine of Thy mercy, that it may cause them to be	109.1 Purihin nawa ang Iyong pangalan, O Panginoon kong Diyos! Iyong nakikita kung paano nakapako ang aking paningin tungo sa Iyong masuyong awa, at kung paano nakabaling ang aking mga mata sa sugpungang-guhit ng Iyong biyaya, at ng Iyong nagmamahal na kabaitan, at kung paano nakataas ang aking mga kamay tungo sa langit ng Iyong mga kaloob. Ang Iyong lakas ay sumasaksi sa akin! Ang bawat bahagi ng aking katawan ay tumatawag sa Iyo at sinasabing: “O Ikaw na Siyang Pinakamamahal ng mga daigdig, at ang Panginoon ng lahat ng nasa langit at ng nasa lupa, at ang iisang Hangarin ng mga pusong deboto sa Iyo! Isinasamo ko sa Iyo, sa Iyong Karagatan na tungo roon ay tinawagan Mo ang lahat ng mga naninirahan sa lupa, na tulungan ang Iyong mga tagapaglingkod na napipigilang bumaling tungo roon at mula sa paglapit sa mga dalampasigan niyon. Kung gayon, O aking Diyos, gawin silang makawalay sa lahat liban

forgetful of any one except Thee, and to arise to serve Thy Cause, and to be steadfast in their love for Thee. Thou art, verily, the Lord of their lives and the Object of their adoration. If they be driven away by Thee, who will then look upon them; and if they be removed far from Thee, who is there that can help them to approach Thy Presence? I swear by Thy might! No refuge is there to flee to except Thee, and no shelter to seek except Thy shelter, and no protection except Thy protection. Woe betide him who hath taken as Lord any one beside Thee, and blessed are the ones who have rid themselves of all attachment to all the dwellers of Thine earth, and clung to the hem of Thy bounteousness. These! the people of Bahá, before all that are in heaven and all that are on earth. No God is there but Thee, the Omniscient, the All-Wise."	sa Iyo, at tulutan silang makapagsalita ng papuri sa Iyo at ipagbunyi ang Iyong mga kabutihan. Higit pa rito, O aking Diyos, pagkalooban sila ng piling Alak ng Iyong kahabagan, nang upang maging sanhi ito ng pagkalimot nila sa sinuman liban sa Iyo, at bumangon upang maglingkod sa Iyong Kapakanan, at maging matatag sa kanilang pag-ibig sa Iyo. Ikaw, sa katunayan, ang Panginoon ng kanilang mga buhay at ang Pakay ng kanilang pagsamba. Kung sila ay itataboy mula sa Iyo, sino, kung gayon, ang titingin pa sa kanila; at kung sila ay ilalayo sa Iyo, sino ang makatutulong sa kanila upang makalapit sa Iyong Kinaroroonan? Sumusumpa ako sa Iyong lakas! Walang kanlungan ang maaaring takbuhan liban sa Iyo, at walang silungan ang maaaring hanapin liban sa Iyong silungan, at walang pangangalaga liban sa Iyong pangangalaga. Kasawian ang sasapit sa kaniyang tumanggap ng Panginoon liban sa Iyo, at pinagpala silang mga inalis sa kanilang mga sarili ang lahat ng pagkagiliw sa lahat ng mga nananahan sa Iyong kalupaan, at nangapit sa laylayan ng Iyong masaganang pagpapala. Ang mga ito! Ang mga tao ni Bahá, sa harap ng lahat ng nasa langit at ng lahat ng nasa lupa. Walang Diyos liban sa Iyo, ang Lubos na Nakaaalam, ang Ganap na Marunong."
Praise be to God, the Lord of all worlds.	109.2 Purihin nawa ang Diyos, ang Panginoon ng lahat ng mga daigdig!
– CX –	CX
I know not, O my God, whether I should speak forth the wonders of Thy praise among Thy servants, and lay bare before them the secrets of Thy mercy and the mysteries of Thy Cause, or keep them wrapped up within the receptacle of my heart. Though the lover be loth to share with any one the intimate conversation of his beloved, yet at whatever time Thine inescapable commandment to declare Thy Cause reacheth me, I will	110.1 Hindi ko alam, O aking Diyos, kung dapat ko bang sabihin ang mga kamanghaan ng papuri sa Iyo sa Iyong mga tagapaglingkod, at isiwalat sa kanila ang mga lihim ng Iyong kahabagan at ang mga hiwaga ng Iyong Kapakanan, o panatilihin itong nababalot sa loob ng sisidlan ng aking puso. Bagaman ayaw ng mangingibig ibahagi sa kaninuman ang matalik na usapan sa kanilang minamahal, gayumpaman sa anumang oras

unhesitatingly obey it. I would proclaim Thee, undeterred by the darts of affliction that may rain down upon me from the clouds of Thy decree.	umabot sa akin ang Iyong di-maiiwasang utos na ipahayag ang Iyong Kapakanan, walang pag-aatubili akong susunod rito. Ipahahayag Kita, nang hindi napipigilan ng mga suligi ng pahirap na maaaring umulan sa akin mula sa mga ulap ng Iyong kautusan.
I swear by Thy might! Neither the hosts of the earth nor those of heaven can keep me back from revealing the things I am commanded to manifest. I have no will before Thy will, and can cherish no desire in the face of Thy desire. By Thy grace I am, at all times, ready to serve Thee and am rid of all attachment to any one except Thee.	110.2 Sumusumpa ako sa Iyong lakas! Hindi ako mapipigilan ng mga hukbo ng lupa ni ng langit mula sa pagsisiwalat ng mga bagay na iniutos sa aking ipahayag. Wala akong kalooban sa harap ng Iyong kalooban, at walang hangaring maaaring mithiin sa harap ng Iyong hangarin. Dahil sa Iyong biyaya ako ay handa, sa lahat ng oras, na maglingkod sa Iyo at walang pagkagiliw sa kaninuman liban sa Iyo.
What I desire, however, O my God, is that Thou shouldst bid me unveil the things which lie hid in Thy knowledge, so that they who are wholly devoted to Thee may, in their longing for Thee, soar up into the atmosphere of Thy oneness, and the infidels may be seized with trembling and may return to the nethermost fire, the abode ordained for them by Thee through the power of Thy sovereign might.	110.3 Gayumpaman, ang aking hinahangad, O aking Diyos ay iutos Mo sa aking ilantad ang mga bagay na natatago sa Iyong kaalaman, upang magawa nilang mga ganap na deboto sa Iyo ang pumailanlang sa kapaligiran ng Iyong kaisahan bunga ng kanilang pananabik sa Iyo, at ang mga di-sumasampalataya ay sakmalin ng pangangatog at bumalik sa kalalim-lalimang apoy na siyang tahanang itinalaga Mo sa kanila sa pamamagitan ng kapangyaraihn ng Iyong naghaharing lakas.
Thou dost consider, O my Lord, how Thy dear ones are sore pressed by Thine enemies, and hearest from all sides their sighing by reason of what hath befallen them in Thy path. Thou knowest, O my Lord, that their one desire was to seek Thy face, and that the sole Object of their adoration was Thee. They who wronged them had no other purpose except to turn them away from Thee, and to extinguish the fire which Thou hadst kindled with the hands of Thine almighty power.	110.4 Iyong nakikita, O aking Panginoon, kung paano ginigipit ng Iyong mga kaaway ang Iyong mga minamahal, at naririnig mula sa lahat ng dako ang kanilang pagbubuntong-hininga dahil sa mga sinapit nila sa Iyong landas. Batid Mo, O aking Panginoon, na ang nag-iisa nilang hangarin ay hanapin ang Iyong mukha, at ang tanging Pakay ng kanilang pagsamba ay Ikaw. Ang mga nagkasala sa kanila ay walang ibang layunin kundi ilihis sila mula sa Iyo, at upang patayin ang apoy na Iyong pinarikit sa pamamagitan ng mga kamay ng Iyong lakas na lubos na makapangyarihan.
Unseal the lips of Thy will, O my Lord, and let a word proceed therefrom that shall	110.5 Buksan ang mga bibig ng Iyong kalooban, O aking Panginoon, at tulutang

subject unto itself the world and all that is therein. How long shalt Thou behold these things and tarry, O my God? Darkness hath enveloped the whole earth, and Thy tokens are ready to be blotted out throughout Thy realm.	makaraan ang isang salita mula roon na maghahari sa daigdug at sa lahat ng naroroon. Gaano katagal Mong pagmamasdan ang mga bagay na ito at mag-aantala, O aking Diyos? Ang karimlan ay bumabalot sa buong daigdig, at ang Iyong mga palatandaan ay nabubura na mula sa kahabaan ng Iyong kaharian.
Forgive me, O my God, for what I have spoken, for Thou art the One that knoweth all things, and in Thee are wrapped up the secrets that are hid from all else except Thyself. When Thy promise shall come to pass, Thou wilt manifest what Thou wilt, and subdue as Thou pleasest. We should wish only what Thou hast wished for us. In Thee is the knowledge of all things, and with Thee is the issue of all things. Thou art, verily, the Truth, the Knower of things unseen.	110.6 Patawarin ako, O aking Diyos, dahil sa aking nasabi, sapagkat Ikaw ang Siyang nakababatid ng lahat ng bagay, at nakabalot sa loob Mo ang mga lihim na natatago mula sa lahat liban sa Iyo. Sa pagsasakatuparan ng Iyong pangako, Iyong ihahayag ang Iyong ninanais, at susupil sang-ayon sa Iyong kagustuhan. Ang dapat lamang naming hangarin ay ang Iyong hinahangad para sa amin. Nasa Iyo ang kaalaman ng lahat ng bagay, at nasa Iyo ang katuparan ng lahat ng bagay. Ikaw, sa katunayan, ang Katotohanan, ang Nakababatid ng mga bagay na di-nakikita.
Forgive me, then, my sins and the sins of them that love me, and supply them with the good of this world and of the next.	110.7 Patawarin ako, kung gayon, sa aking mga kasalanan at sa mga kasalanan nilang mga nagmamahal sa akin, at tustusan sila ng kabutihan ng daigdig na ito at ng darating.
Thou art, verily, the Ever-Forgiving, the Most Compassionate.	110.8 Ikaw, sa katotohanan, ang Laging-Nagpapatawad, ang Pinakamadamayin.
– CXI –	CXI
Praised be Thou, O my God! Thou beholdest both the helplessness of Thy dear ones and the ascendancy of Thy foes, both the wretchedness of Thy chosen ones and the glory of them who gainsaid Thy Cause and repudiated Thy signs. The latter deny Thy tokens, and fail to repay Thee for the temporal benefits Thou didst bestow upon them, while the former yield Thee thanks for what hath befallen them in their eagerness to partake of the everlasting gifts Thou dost possess.	111.1 Purihin Ka nawa, O aking Diyos! Iyong nakikita na kapuwa walang magawa ang Iyong mga minamahal at ang pangingibabaw ng Iyong mga kaaway, kapuwa ang pagkaaba ng Iyong mga pinili at ang kabantugan nilang mga itinatwa ang Iyong mga palatandaan. Ang huling nabanggit ay itinatanggi ang Iyong mga tanda, at nagpapabaya sa pagbabayad sa Iyo para sa mga kapakinabangan ng mundo na Iyong ipinagkaloob sa kanila, samantalang ang unang nabanggit ay nagpapasalamat sa Iyo para sa sumapit sa kanila sa kanilang kasabikang makibahagi sa walang-maliw na

	mga kaloob na Iyong taglay.
How sweet is the thought of Thee in times of adversity and trial, and how delightful to glorify Thee when compassed about with the fierce winds of Thy decree! Thou knowest full well, O my God, that I endure patiently whatsoever toucheth me in Thy path. Nay, I perceive that all the members and limbs of my body long for tribulation, that I may manifest Thy Cause, O Thou Who art the Lord of all names! The waters of Thy love have preserved me in the kingdom of Thy creation, and the fire of my remembrance of Thee hath set me ablaze before all that are in heaven and on earth. Great is my blessedness, and great the blessedness of this fire whose flame crieth out: "No God is there save Thee, Who art the Object of my heart's adoration, and the Source and Center of my soul!"	111.2 Napakatamis ang paggunita sa Iyo sa mga oras ng kahirapan at pagsubok at nakagagalak ang pagluwalhati sa Iyo kapag napapalibutan ng malulupit na hangin ng Iyong kautusan! Iyong ganap na nalalaman, O aking Diyos, na buong-tiyaga kong tinitiis ang anumang dumapo sa akin sa Iyong landas. Hindi lamang iyon, batid kong ang lahat ng mga bahagi at mga bisig ng aking katawan ay nananabik sa pagsubok, nang upang maihayag ko ang Iyong Kapakanan, O Ikaw na Siyang Panginoon ng lahat ng mga pangalan! Ang mga tubig ng Iyong pag-ibig ay nagligtas sa akin sa kaharian ng Iyong kinapal, at ang apoy ng aking paggunita sa Iyo ay nagpaningas sa akin sa harap ng lahat ng nasa langit at nasa lupa. Napakalaki ng aking pagpapala, at napakalaki ng pagpapala ng apoy na ito na ang alab niyon ay sumisigaw ng: "Walang Diyos liban sa Iyo, na Siyang Pakay ng pagsamba ng aking puso, at ang Mula at Sentro ng aking kaluluwa!"
Thy glory beareth me witness! Were all that are in the heavens and all that are on earth to unite and seek to hinder me from remembering Thee and from celebrating Thy praise, they would assuredly have no power over me, and would fail in their purpose. And were the infidels to slay me, my blood would, at Thy command, lift up its voice and proclaim: "There is no God but Thee, O Thou Who art all my heart's Desire!" And were my flesh to be boiled in the cauldron of hate, the smell which it would send forth would rise towards Thee and cry out: "Where art Thou, O Lord of the worlds, Thou One Desire of them that have known Thee!" And were I to be cast into fire, my ashes would—I swear by Thy glory—declare: "The Youth hath, verily, attained that for which he had besought his Lord, the All-Glorious, the Omniscient."	111.3 Ang Iyong kaluwalhatian ay sumasaksi sa akin! Kung ang lahat ng nasa kalangitan at ang lahat ng nasa kalupaan ay magkakaisa at sisikaping pigilan ako mula sa paggunita sa Iyo at sa pagdiriwang ng papuri sa Iyo, tiyak na hindi sila tataglay ng anumang kapangyarihan sa akin, at mabibigo sila sa kanilang layunin. At kung papatayin ako ng mga hindi sumasampalataya, ang aking dugo, alinsunod sa Iyong kautusan, ay magtataas ng tinig nito at ipahahayag na: "Walang Diyos liban sa Iyo, O Ikaw na Siyang Hangarin ng aking puso!" At kung pakukuluin ang aking kalamnan sa kawa ng pagkamuhi, ang amoy na halimuyak mula roon ay papailanlang patungo sa Iyo at sisigaw ng: "Nasaan Ka, O Ikaw na Panginoon ng mga daigdig, Ikaw na Tanging Hangarin nilang mga nakakilala sa Iyo!" At kung ako ay ihahagis sa apoy, ang aking mga abo—sumusumpa ako sa Iyong kaluwalhatian—ay magpapahayag na: "Sa katunayan, natamo ng Kabataan yaong

	isinasamo niya sa kaniyang Panginoon, ang Lubos na Maluwalhati, ang Nakababatid ng Lahat."
How, then, can such a man be fearful of the combination of the kings to injure him in Thy Cause? No, no, I swear by Thyself, O Thou Who art the King of kings! Such is my love for Thee that I can fear no one, though the powers of all the worlds be arrayed against me. Alone and unaided I have, by the power of Thy might, arisen to proclaim Thy Cause, unafraid of the host of my oppressors.	111.4 Kung gayon ay paano matatakot ang gayong tao sa pagsasama-sama ng mga hari upang saktan siya sa Iyong Kapakanan? Hindi, hindi, sumusumpa ako sa Iyong Sarili, O Ikaw na Siyang Hari ng mga hari! Gayon na lamang ang pag-ibig sa Iyo na hindi ako maaaring matakot sa kaninuman, kahit pa nakahanay laban sa akin ang mga kapangyarihan ng lahat ng mga daigdig. Habang nag-iisa at walang katulong ay ginawa ko, sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Iyong lakas, ang bumangon upang ipahayag ang Iyong Kapakanan, walang takot sa hukbo ng aking mga maniniil.
To all that dwell on earth I cry aloud and say: "Fear ye God, O ye servants of God, and suffer not yourselves to be kept back from this pure Wine that hath flowed from the right hand of the throne of the mercy of your Lord, the Most Merciful. I swear by God! Better for you is what He possesseth than the things ye yourselves possess and the things ye have sought and are now seeking in this vain and empty life. Forsake the world, and set your faces towards the all-glorious Horizon. Whoso hath partaken of the wine of His remembrance will forget every other remembrance, and whoso hath recognized Him will rid himself of all attachment to this life and to all that pertaineth unto it."	111.5 Tumatawag ako nang malakas sa lahat ng nananahan sa daigdig at sinasabing: "Matakot sa Diyos, O kayong mga tagapaglingkod ng Diyos, at huwag tulutang mapigilan ang inyong mga sarili mula sa Alak na itong dumaloy mula sa kanang kamay ng trono ng kahabagan ng inyong Panginoon, ang Pinakamahabagin. Sumusumpa ako sa Diyos! Higit na mabuti para sa inyo ang mga bagay na taglay Niya kaysa sa mga bagay na pinagsikapan at pinagsisikapan ngayon sa walang kabuluhan at hungkag na buhay na ito. Talikdan ang daigdig, at ituon ang inyong mga mukha tungo sa lubos na maluwalhating Sugpungang-guhit. Ang sinumang nakatikim sa alak ng paggunita sa Kaniya ay lilimutin ang lahat ng ibang alaala, at ang sinumang kumilala sa Kaniya ay iwawaksi mula sa kaniyang sarili ang lahat ng pagkagiliw sa buhay na ito at sa lahat ng nauugnay rito."
I implore Thee, O my God and my Master, by Thy word through which they who have believed in Thy unity have soared up into the atmosphere of Thy knowledge, and they who are devoted to Thee have ascended into the heaven of Thy oneness, to inspire Thy loved ones with that which will assure their hearts in Thy Cause. Endue them with such	111.6 Isinasamo ko sa Iyo, O aking Diyos at aking Panginoon, sa Iyong salita, na sa pamamagitan niyon ay pumailanlang silang mga naniniwala sa Iyong pagkakaisa tungo sa himpapawid ng Iyong kaalaman, at ang mga deboto sa Iyo ay umakyat sa langit ng Iyong kaisahan, na pasiglahin ang Iyong mga minamahal sa pamamagitan niyong makapagbibigay-katiyakan sa kanilang mga

steadfastness that nothing whatsoever will hinder them from turning towards Thee.	puso sa Iyong Kapakanan. Pagkalooban sila ng gayong katatagan na walang anuman ang makapipigil sa kanila mula sa pagbaling tungo sa Iyo.
Thou art, verily, the Bountiful, the Munificent, the Forgiving, the Compassionate.	111.7 Ikaw, sa katunayan, ang Masagana, ang Mapagbigay, ang Mapagpatawad, ang Madamayin.
– CXII –	CXII
Thou beholdest, O my God, how bewildered in their drunkenness are Thy servants who have turned back from Thy beauty and caviled at what hath been sent down from the right hand of the throne of Thy majesty. Thou didst come, O my God, in the clouds of Thy spirit and Thine utterance, and lo, the entire creation shook and trembled, and the limbs of them who repudiated Thy testimonies were made to quiver, O Thou in Whose grasp is the lordship of all things!	112.1 Iyong nakikita, O aking Diyos, ang pagkatuliro sa kalasingan ng Iyong mga tagapaglingkod na tumalikod sa Iyong kagandahan at naghain ng walang-kapararakang mga tutol laban sa ipinababa mula sa kanang kamay ng trono ng Iyong kamahalan. Ikaw ay dumating, O aking Diyos, sa mga ulap ng Iyong espiritu at Iyong salita, at masdan, ang buong kinapal ay nayanig at nangatog, at nangatal ang kalamnan nilang mga itinatwa ang Iyong mga patunay, O Ikaw na Iyong tangan ang paghahari sa lahat ng bagay!
Thou art He, O my God, Who hast summoned all men to turn in the direction of Thy mercy, and called them unto the horizon of Thy grace and bounties. None, however, heeded Thy call, except such as have forsaken all things save Thee, and hastened unto the Dayspring of Thy beauty, and the Dawning-Place of Thine inspiration and Thy revelation.	112.2 Ikaw Siya, O aking Diyos, na tumawag sa lahat ng tao upang bumaling patungo sa dako ng Iyong habag, at tinawagan sila patungo sa sugpungang-guhit ng Iyong pagpapala at mga biyaya. Subalit walang nakinig sa Iyong panawagan, liban lamang sa gayong mga tinalikdan ang lahat ng bagay bukod sa Iyo, at nagmadali patungo sa Pamimitak ng Iyong kagandahan, at ng Pook-Silangan ng Iyong inspirasyon at ng Iyong rebelasyon.
Thou knowest, O my God, that none can be found on the face of the earth to remember Thee except them. Thou seest how the oppressors among Thy creatures have laid hold on them. Some, O my God, have shed their blood in Thy path, others have abandoned their homes and set their faces towards the seat of Thy throne, and were hindered from stepping into the court of Thy great glory, while still others have been cast	112.3 Batid Mo, O aking Diyos, na walang matatagpuan sa balat ng lupa na gugunita sa Iyo liban sa kanila. Nakikita Mo kung paano sila sinunggaban ng mga maniniil mula sa Iyong mga nilalang. Ibinubo ng ilan, O aking Diyos, ang kanilang dugo sa Iyong landas, nilisan ng mga iba ang kanilang mga tahanan at idinako ang kanilang mga mukha tungo sa luklukan ng Iyong trono, at pinigilan mula sa paghakbang sa loob ng korte ng Iyong

into prison and are at the mercy of the workers of iniquity.	dakilang kaluwalhatian, samantalang ang mga iba pa ay itinapon sa piitan at nasa kapangyarihan ng mga gumagawa ng kasamaan.
I implore Thee, O Thou Who holdest in Thy hands the reins of unconstrained power, to succor them through the wondrous potency of Thy might. Misery, O my Lord, hath taken hold on them in Thy path, exalt them by the power of Thy sovereignty; and weariness hath afflicted them in their love for Thee, render them victorious, through Thy strength and Thine omnipotence, over Thine enemies.	112.4 Isinasamo ko sa Iyo, O Ikaw na hawak ng Iyong mga kamay ang mga renda ng di-napipigilang kapangyarihan, na tulungan sila sa pamamagitan ng kamangha-manghang bisa ng Iyong lakas. Sakmal sila ng paghihirap sa Iyong landas, O aking Panginoon, dakilain sila sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Iyong paghahari; at pinarurusahan sila ng panghihina sa pag-ibig nila sa Iyo, gawin silang magtagumpay sa Iyong mga kaaway sa pamamagitan ng Iyong lakas at ng Iyong ganap na kapangyarihan.
Aware as I am, O my God, that Thou hast decreed for them that which excelleth whatsoever is in Thy heaven and on Thy earth, I still cherish the desire that Thou mayest behold them in Thy days exalted and honored by Thy creatures. Supreme art Thou over Thy creation. All are held within Thy grasp, and lie prisoned in the hollow of Thy hand. No God is there but Thee, the All-Powerful, the All-Knowing, the All-Wise.	112.5 Bagaman batid ko, O aking Diyos, na itinalaga Mo para sa kanila yaong higit na mahusay pa kaysa sa anumang nasa Iyong kalangitan at nasa Iyong kalupaan, gayumpaman ay minimithi ko pa rin ang hangaring makita silang dinadakila at pinararangalan ng Iyong mga nilikha sa Iyong mga araw. Higit na mataas Ka sa Iyong mga nilalang. Ang lahat ay hawak ng Iyong kamay, at nakukulong sa Iyong palad. Walang Diyos liban sa Iyo, ang Ganap na Makapangyarihan, ang Lubos na Nakababatid, ang Ganap na Marunong.
– CXIII –	CXIII
Magnified be Thy name, O my God! I testify that if Thy servants were to turn towards Thee with the eyes Thou didst create in them and with the ears wherewith Thou didst endow them, they would all be carried away by a single word sent down from the right hand of the throne of Thy majesty. That word alone would suffice to brighten their faces, and to assure their hearts, and to cause their souls to soar up to the atmosphere of Thy great glory, and to ascend into the heaven of Thy sovereignty.	113.1 Dakilain nawa ang Iyong pangalan, O aking Diyos! Sumasaksi ako na kapag babaling ang Iyong mga tagapaglingkod tungo sa Iyo gamit ang mga matang nilikha Mo sa kanila at ng mga taingang ipinagkaloob Mo sa kanila, silang lahat ay matatangay ng isang salitang ipinababa mula sa kanang kamay ng trono ng Iyong kamahalan. Ang nag-iisang salitang iyon ay makasasapat na upang paliwanagin ang kanilang mga mukha, at bigyang-katiyakan ang kanilang mga puso, at gawing pumailanlang ang kanilang mga kaluluwa sa himpapawid ng Iyong dakilang

	kaluwalhatian, at makaakyat sa langit ng Iyong paghahari.
I pray Thee, O Thou Who art the Lord of all names and the Ruler of both earth and heaven, to grant that all who are dear to Thee may each become a cup of Thy mercy in Thy days, that they may quicken the hearts of Thy servants. Empower them also, O my God, to be as the rain that poureth down from the clouds of Thy grace, and as the winds that waft the vernal fragrances of Thy loving-kindness, that through them the soil of the hearts of Thy creatures may be clad with verdure, and may bring forth the things that will shed their fragrance over all Thy dominion, so that every one may perceive the sweet smell of the Robe of Thy Revelation. Potent art Thou to do what Thou willest.	113.2 Isinasamo ko sa Iyo, O Ikaw na Siyang Panginoon ng lahat ng mga pangalan at ang Namumuno sa kapuwa lupa at langit, na tulutang ang lahat ng mahal Mo ay bawat isang maging kopa ng Iyong habag sa Iyong mga araw, nang upang mabuhay nila ang mga puso ng Iyong mga tagapaglingkod. Bigyan din sila ng lakas, O aking Diyos, upang maging tulad ng ulang bumubuhos mula sa mga ulap ng Iyong biyaya, at tulad ng mga hanging humihihip ng mga halimuyak ng tagsibol ng Iyong nagmamahal na kabutihan, nang upang sa pamamagitan nila ang lupa ng mga puso ng Iyong mga nilalang ay madamtan ng kaluntian, at mamunga ng mga bagay na magbibigay ng kanilang kabanguhan sa lahat ng Iyong kinasasakupan, nang sa gayon ay malanghap ng bawat isa ang matamis na halimuyak ng Damit ng Iyong Rebelasyon. Makapangyarihan Ka upang gawin ang Iyong ninanais.
The power of Thy might beareth me witness! Whoso hath drunk of the cup which the hand of Thy mercy hath borne round will strip himself of all things except Thee, and will be able, through a word of his mouth, to enrapture the souls of such of Thy servants as have slumbered on the bed of forgetfulness and negligence, and to cause them to turn their faces toward Thy most Great Sign, and seek from Thee naught else except Thyself, and ask of Thee only what Thou hast determined for them by the pen of Thy judgment and hast prescribed in the Tablet of Thy decree.	113.3 Ang kapangyarihan ng Iyong lakas ay sumasaksi sa akin! Ang sinumang uminom mula sa kopang inililibot ng kamay ng Iyong kahabagan ay aalisin mula sa kaniyang sarili ang lahat ng bagay liban sa Iyo, at magagawa niya, sa pamamagitan ng isang salita mula sa kaniyang bibig, ang mabighani ang mga kaluluwa ng gayon sa Iyong mga tagapaglingkod na natutulog sa higaan ng paglilimot at pagpapabaya, at gawin silang magbaling ng kanilang mga mukha tungo sa Iyong Pinakadakilang Palatandaan, at hanapin sa Iyo ang walang iba liban sa Iyong sarili, at hingin sa Iyo ang Iyong itinalaga lamang para sa kanila mula sa panulat ng Iyong hatol at itinakda sa Tableta ng Iyong kautusan.
Send down, then, O my God, through Thy Most Great Name, upon Thy loved ones what will, under all conditions, draw them nearer unto Thee. Thou art, verily, the Almighty, the All-Glorious, Whose help is implored by all men.	113.4 Ipababa sa Iyong mga minamahal, kung gayon, O aking Diyos, sa pamamagitan ng Iyong Pinakadakilang Pangalan, yaong maglalapit sa kanila sa Iyo sa ilalim ng lahat ng mga kalagayan. Ikaw, sa katunayan, ang Ganap na Makapangyarihan, ang Ganap na

	Maluwalhati, na ang Kaniyang tulong ay hinihingi ng lahat ng tao.
– CXIV –	CXIV
Mine eyes are cheered, O my God, when I contemplate the tribulations that descend upon me from the heaven of Thy decree, and which have encompassed me on every side according to what Thy pen hath irrevocably established. I swear by Thy Self! Whatsoever is of Thee is well pleasing unto me, though it involve the bitterness of mine own death.	114.1 Nalulugod ang aking mga mata, O aking Diyos, kapag iniisip ko ang mga pahirap na bumababa sa akin mula sa langit ng Iyong kautusan, at pumapalibot sa akin mula sa bawat dako sang-ayon sa di-mababagong iniutos ng Iyong panulat. Sumusumpa ako sa Iyong Sarili! Ang anumang nagmumula sa Iyo ay lubos na nakalulugod sa akin, kahit na kaugnay nito ang kapaitan ng sarili kong kamatayan.
He Who was Thy Spirit (Jesus), O my God, withdrew all alone in the darkness of the night preceding His last day on earth, and falling on His face to the ground besought Thee saying: "If it be Thy will, O my Lord, my Well-Beloved, let this cup, through Thy grace and bounty, pass from me."	114.2 Siya na Iyong Espiritu (Hesus), O aking Diyos, ay lumayo nang nag-iisa sa karimlan ng gabing bisperas ng Kaniyang huling araw sa lupa, at sa Kaniyang pagpapatirapa sa lupa ay sumamo sa Iyo sa pagsabing: "Kung Iyong loloobin, O aking Panginoon, O aking Pinakamamahal, tulutan, sa pamamagitan ng Iyong biyaya at pagpapala, na lumaktaw ang kopang ito mula sa akin."
By Thy beauty, O Thou Who art the Lord of all names and the Creator of the heavens! I can smell the fragrance of the words which, in His love for Thee, His lips have uttered, and can feel the glow of the fire that had inflamed His soul in its longing to behold Thy face and in its yearning after the Dayspring of the light of Thy oneness, and the Dawning-Place of Thy transcendent unity.	114.3 Saksi ang Iyong Kagandahan, O Ikaw na Siyang Panginoon ng lahat ng mga pangalan at ang Maylikha ng mga kalangitan! Nalalanghap ko ang kabanguhan ng mga salitang inusal ng Kaniyang bibig, bunga ng Kaniyang pag-ibig sa Iyo, at nadarama ko ang pagbabaga ng apoy na nagpaliyab sa Kaniyang kaluluwa sa pagnanasa nitong masilayan ang Iyong mukha at sa pananabik nito para sa Pamimitak ng liwanag ng Iyong kaisahan, at sa Pook-Silangan ng Iyong nangingibabaw na pagkakaisa.
As to me—and to this Thou art Thyself my witness—I call upon Thee saying: "I have no will of mine own, O my Lord, and my Master and my Ruler, before the indications of Thy will, and can have no purpose in the face of the revelation of Thy purpose. I swear by Thy glory! I wish only what Thou wishest, and cherish only what Thou cherishest. What I	114.4 Ukol naman sa akin—at dito Ikaw mismo sa Iyong sarili ang sumasaksi sa akin—tumatawag ako sa Iyo sa pagsabing: "Wala akong sariling kagustuhan, O aking Panginoon, at aking Poon, at aking Hari, sa harap ng mga ipinahihiwatig ng Iyong kalooban, at hindi maaaring magkaroon ng anumang layunin sa harap ng pagsisiwalat ng

have chosen for myself is what Thou hast Thyself chosen for me, O Thou the Possessor of my soul!" Nay, I find myself to be altogether nothing when face to face with the manifold revelations of Thy names, how much less when confronted with the effulgent splendors of the light of Thine own Self. O miserable me! Were I to attempt merely to describe Thee, such an attempt would itself be an evidence of my impiety, and would attest my heedlessness in the face of the clear and resplendent tokens of Thy oneness. Who else except Thee can claim to be worthy of any notice in the face of Thine own revelation, and who is he that can be deemed sufficiently qualified to adequately praise Thee, or to pride himself on having befittingly described Thy glory? Nay—and to this Thou dost Thyself bear witness—it hath incontrovertibly been made evident that Thou art the one God, the Incomparable, Whose help is implored by all men. From everlasting Thou wert alone, with none to describe Thee, and wilt abide for ever the same with no one else to equal or rival Thee. Were the existence of any coequal with Thee to be recognized, how could it then be maintained that Thou art the Incomparable, or that Thy Godhead is immeasurably exalted above all peers or likeness? The contemplation of the highest minds that have recognized Thy unity failed to attain unto the comprehension of the One Thou hast created through the word of Thy commandment, how much more must it be powerless to soar into the atmosphere of the knowledge of Thine own Being. Every praise which any tongue or pen can recount, every imagination which any heart can devise, is debarred from the station which Thy most exalted Pen hath ordained, how much more must it fall short of the heights which Thou hast Thyself immensely exalted above the conception and the description of any creature. For the attempt of the evanescent to conceive the signs of the Uncreated is as the stirring of the drop before the tumult of Thy billowing oceans. Nay,	Iyong layunin. Sumusumpa ako sa Iyong kaluwalhatian! Ang hinahangad ko lamang ay ang Iyong hinahangad, at ang tanging minimithi ay ang Iyong minimithi. Ang aking pinili para sa aking sarili ay yaong Ikaw mismo ang pumili para sa akin, O ikaw na Nagmamay-ari ng aking kaluluwa!" Hindi lamang iyon, nakikita kong ang aking sarili ay ganap na kawalan kapag nahaharap sa napakaraming kapahayagan ng Iyong mga pangalan, at lalo nang wala kapag nahaharap na maningning na mga karingalan ng liwanag ng Iyong angking Sarili. O miserableng ako! Kung sisikapin kong ilarawan lamang Ikaw, ang gayong pagsisikap ay mismong katibayan na ng aking kapabayaan sa harap ng malinaw at maringal na mga palatandaan ng Iyong kaisahan. Sino pa liban sa Iyo ang makapag-aangkin na nararapat sa anumang pagpansin sa harap ng Iyong sariling rebelasyon, at sino siyang maituturing na may sapat na kakayahan upang purihin Ka nang may kasapatan, o maipagmamalaki ang kaniyang sarili na nailarawan nang angkop ang Iyong kaluwalhatian? Hindi lamang iyon—at dito Ikaw mismo sa Iyong sarili ay sumasaksi—hindi mapag-aalinlanganang ginawang malinaw na Ikaw ang iisang Diyos, ang Walang-kahalintulad, na ang Iyong tulong ay sinasamo ng lahat ng tao. Mula sa kawalang-hanggan Ikaw ay nag-iisa, na walang makapaglarawan sa Iyo, at mananatiling gayon magpakailanman na walang makatutumbas o makikipag-agaw sa Iyo. Kung kikilalanin ang pag-iral ng sinumang kapareho Mo, paano mapaninindigan kung gayon na Ikaw ay Walang-kahalintulad, o na ang Iyong pagiging-Diyos ay di-masukat ang kataasan kaysa sa lahat ng kauri o kahawig? Ang paglilimi ng pinakamataas na mga kaisipang kumilala sa Iyong pagkakaisa ay nabigong makatamo ng pag-unawa sa Kaniya na Iyong nilikha sa pamamagitan ng salita ng Iyong kautusan, lalo nang wala itong kakayahang pumailanlang sa himpapawid ng kaalaman sa

forbid it, O my God, that I should thus venture to describe Thee, for every similitude and comparison must pertain to what is essentially created by Thee. How can then such similitude and comparison ever befit Thee, or reach up unto Thy Self?	Iyong sariling Pag-iral. Ang bawat papuring maaaring isaysay ng alinmang dila o panulat, bawat guniguning maaaring likhain ng alinmang puso, ay hinahadlangan mula sa kalagayang itinalaga ng Iyong pinakadakilang Panulat, lalo nang kinakapos ito mula sa mga tugatog na Ikaw mismo sa Iyong sarili ang lubhang dumakila nang higit sa paggunita at paglarawan ng alinmang nilalang. Sapagkat ang pagsisikap ng naglalaho upang gunitain ang mga palatandaan ng Di-nilikha ay katulad ng paggalaw ng isang patak sa harap ng kaguluhan ng Iyong dumadaluyong na mga karagatan. Hindi lamang iyon, ipagbawal ito, O aking Diyos, na sa gayon ay tatangkain kong ilarawan Ka, dahil ang bawat paghahalintulad at paghahambing ay kailangang iugnay roon sa Iyong nilikha ang pinakadiwa niyon. Kung gayon ay paano pa magiging angkop sa Iyo ang gayong paghahalintulad at paghahambing, o makaabot sa Iyong Sarili?
By Thy glory, O my God! Though I recognize and firmly believe that no description which any except Thyself can give of Thee can beseem Thy grandeur, and that no glory ascribed to Thee by any save Thyself can ever ascend into the atmosphere of Thy presence, yet were I to hold my peace, and cease to glorify Thee and to recount Thy wondrous glory, my heart would be consumed, and my soul would melt away.	114.5 Saksi ang Iyong kaluwalhatian, O aking Diyos! Bagaman aking kinikilala at mahigpit akong naniniwala na walang paglalarawang maibibigay ng sinuman liban sa Iyong sarili ang nararapat sa Iyong karingalan, at walang luwalhating taglay Mo na ipinapalagay ng sinuman liban sa Iyong sarili kailanman ay hindi makararating sa himpapawid ng Iyong kinaroroonan, subalit kung ako ay mananahimik at hihinto sa pagluluwalhati sa Iyo at sa pagsasaysay ng Iyong kamangha-manghang kaluwalhatian, ang puso ko ay matutupok at ang kaluluwa ko ay matutunaw.
My remembrance of Thee, O my God, quencheth my thirst, and quieteth my heart. My soul delighteth in its communion with Thee, as the sucking child delighteth itself in the breasts of Thy mercy; and my heart panteth after Thee even as one sore athirst panteth after the living waters of Thy bounty, O Thou Who art the God of mercy, in Whose hand is the lordship of all things!	114.6 Ang paggunita ko sa Iyo, O aking Diyos, ay pumapatid sa aking uhaw, at pumapayapa sa aking puso. Nagagalak ang aking kaluluwa sa pakikipagniig nito sa Iyo, tulad ng pagkagalak ng pagsusuhin bata sa dibdib ng Iyong kahabagan, at humihingal para sa Iyo ang aking puso tulad ng isang uhaw na uhaw na humihingal para sa mga nabubuhay na tubig ng Iyong biyaya, O Ikaw

	na Siyang Diyos ng kahabagan, na nasa Iyong kamay ang paghahari sa lahat ng bagay!
I give thanks to Thee, O my God, that Thou hast suffered me to remember Thee. What else but remembrance of Thee can give delight to my soul or gladness to my heart? Communion with Thee enableth me to dispense with the remembrance of all Thy creatures, and my love for Thee empowereth me to endure the harm which my oppressors inflict upon me.	114.7 Nagpapasalamat ako sa Iyo, O aking Diyos, yamang tinulutan Mo akong maalaala Ka. Ano pa liban sa paggunita sa Iyo ang makapagbibigay ng galak sa aking kaluluwa o ng kaligayahan sa aking puso? Ang pakikipagniig sa Iyo ay nagbibigay-daan upang maipagpaliban ko ang paggunita sa lahat ng Iyong mga nilalang, at ang aking pag-ibig sa Iyo ay nagbibigay-lakas sa akin upang matiis ko ang pinsalang ipinalalasap sa akin ng aking mga maniniil.
Send, therefore, unto my loved ones, O my God, what will cheer their hearts, and illumine their faces, and delight their souls. Thou knowest, O my Lord, that their joy is to behold the exaltation of Thy Cause and the glorification of Thy word. Do Thou unveil, therefore, O my God, what will gladden their eyes, and ordain for them the good of this world and of the world which is to come.	114.8 Ipadala, kung gayon, sa aking mga minamahal, O aking Diyos, yaong makaaaliw sa kanilang mga puso, at makatatanglaw sa kanilang mga mukha, at makagagalak sa kanilang mga kaluluwa. Iyong nalalaman, O aking Panginoon, na kaligayahan nila ang makita ang pagdadakila sa Iyong Kapakanan at ang pagluluwalhati sa Iyong salita. Iyong isiwalat, kung gayon, O aking Diyos, yaong magpapaligaya sa kanilang mga mata, at italaga para sa kanila ang kabutihan ng daigdig na ito at ng daigdig na darating.
Thou art, verily, the God of power, of strength and of bounty.	114.9 Ikaw, sa katunayan, ang Diyos ng kapangyarihan, ng lakas at ng biyaya.
– CXV –	CXV
Thou seest, O my God, how the wrongs committed by such of Thy creatures as have turned their backs to Thee have come in between Him in Whom Thy Godhead is manifest and Thy servants. Send down upon them, O my Lord, what will cause them to be busied with each others' concerns. Let, then, their violence be confined to their own selves, that the land and they that dwell therein may find peace.	115.1 Iyong nakikita, O aking Diyos, ang mga pagkakamaling ginawa nang gayon sa Iyong mga nilikha na tumalikod sa Iyo ay naging hadlang sa pagitan Niya na Siyang pinaghayagan ng Iyong pagiging-Diyos at ng Iyong mga tagapaglingkod. Ipababa sa kanila, O aking Panginoon, yaong magiging sanhi ng kanilang pagkaabala sa mga alalahanin ng isa't isa. Tulutan, kung gayon, na manatili lamang sa kanilang mga sarili ang kanilang karahasan, upang ang bayan at ang lahat ng nananahan doon ay magkaroon ng katiwasayan.

One of Thy handmaidens, O my Lord, hath sought Thy face, and soared in the atmosphere of Thy pleasure. Withhold not from her, O my Lord, the things Thou didst ordain for the chosen ones among Thy handmaidens. Enable her, then, to be so attracted by Thine utterances that she will celebrate Thy praise amongst them.	115.2 Ang isa sa Iyong mga kawaksing babae, O aking Panginoon, ay hinahanap ang Iyong mukha, at pumailanlang sa himpapawid ng Iyong kaluguran. Huwag ipagkait sa kaniya, O aking Panginoon, ang mga bagay na Iyong itinalaga para sa mga pinili mula sa Iyong mga kawaksing babae. Tulutang lubos siyang mabighani ng Iyong mga salita na ipagdiriwang niya ang papuri sa Iyo nang kapiling sila.
Potent art Thou to do what pleaseth Thee. No God is there but Thee, the Almighty, Whose help is implored by all men.	115.3 Makapangyarihan Ka upang gawin ang Iyong ninanais. Walang Diyos liban sa Iyo, ang Ganap na Makapangyarihan, na ang Iyong tulong ay isinasamo ng lahat ng tao.
– CXVI –	CXVI
My God, my Well-Beloved! No place is there for any one to flee to when once Thy laws have been sent down, and no refuge can be found by any soul after the revelation of Thy commandments. Thou hast inspired the Pen with the mysteries of Thine eternity, and bidden it teach man that which he knoweth not, and caused him to partake of the living waters of truth from the cup of Thy Revelation and Thine inspiration.	116.1 Aking Diyos, aking Pinakamamahal! Walang lugar na matatakasan ang sinuman kapag naipababa na ang Iyong mga batas, at walang kanlungan ang matatagpuan ng alinmang kaluluwa matapos isiwalat ang Iyong mga kautusan. Pinasigla Mo ang Panulat sa pamamagitan ng mga hiwaga ng Iyong kawalang-hanggan, at inatasan itong ituro sa tao yaong hindi niya nalalaman, at ginawang makibahagi siya sa mga nabubuhay na tubig ng katotohanan mula sa kopa ng Iyong Rebelasyon at Iyong inspirasyon.
No sooner, however, had the Pen traced upon the tablet one single letter of Thy hidden wisdom, than the voice of the lamentation of Thine ardent lovers was lifted up from all directions. Thereupon, there befell the just what hath caused the inmates of the tabernacle of Thy glory to weep and the dwellers of the cities of Thy revelation to groan.	116.2 Subalit, kaagad nang iguhit ng Panulat sa tableta ang iisang titik ng Iyong natatagong karunungan, na ang tinig ng pagdadalamhati ng Iyong masugid na mga mangingibig ay nagsitaasan mula sa lahat ng dako. Sa gayon, sumapit sa makatarungan yaong naging sanhi ng pagtangis ng mga nananahan sa tabernakulo ng Iyong kaluwalhatian at ng pag-ungol ng mga naninirahan sa mga lungsod ng Iyong rebelasyon.
Thou dost consider, O my God, how He Who is the Manifestation of Thy names is in these days threatened by the swords of Thine adversaries. In such a state He crieth out and	116.3 Iyong nakikita, O aking Diyos, Siya na Kahayagan ng Iyong mga pangalan ay pinagbabantaan, sa mga araw na ito, ng mga espada ng Iyong mga kaaway. Sa ganoong kalagayan sumisigaw Siya at tinatawagan

summoneth all the inhabitants of Thine earth and the denizens of Thy heaven unto Thee.	patungo sa Iyo ang lahat ng mga naninirahan sa Iyong kalupaan at ang mga nananahan sa Iyong kalangitan.
Purify, O my God, the hearts of Thy creatures with the power of Thy sovereignty and might, that Thy words may sink deep into them. I know not what is in their hearts, O my God, nor can tell the thoughts they think of Thee. Methinks that they imagine that Thy purpose in calling them to Thine all-highest horizon is to heighten the glory of Thy majesty and power. For had they been satisfied that Thou summonest them to that which will recreate their hearts and immortalize their souls, they would never have fled from Thy governance, nor deserted the shadow of the tree of Thy oneness. Clear away, then, the sight of Thy creatures, O my God, that they may recognize Him Who showeth forth the Godhead as One Who is sanctified from all that pertaineth unto them, and Who, wholly for Thy sake, is summoning them to the horizon of Thy unity, at a time when every moment of His life is beset with peril. Had His aim been the preservation of His own Self, He would never have left it at the mercy of Thy foes.	116.4 Dalisayin, O aking Diyos, ang mga puso ng Iyong mga nilalang sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Iyong paghahari at lakas, upang ang Iyong mga salita ay manuot nang malalim sa kanila. Hindi ko alam kung ano ang nasa kanilang mga puso, O aking Diyos, ni hindi ko rin batid ang mga kaisipang iniisip nila tungkol sa Iyo. Wari ko ay inaakala nilang ang layunin Mo sa pagtawag sa kanila tungo sa Iyong pinakamataas na sugpungang-guhit ay upang paigtingin pa ang luwalhati ng Iyong kamahalan at kapangyarihan. Sapagkat kung naniwala sana sila na tinawag Mo sila patungo roon sa muling bubuo sa kanilang mga puso at gagawing walang kamatayan ang kanilang mga kaluluwa, kailanman ay hindi sana sila tumakas mula sa Iyong pamamahala, ni hindi tinalikdan ang lilim ng punongkahoy ng Iyong kaisahan. Linisin, kung gayon, ang paningin ng Iyong mga nilalang, O aking Diyos, upang makilala nila Siyang nagpapakita ng pagiging-Diyos bilang Isang pinabanal mula sa lahat ng nauukol sa kanila, at tanging alang-alang sa Kaniya, ay tinatawagan Niya sila tungo sa sugpungang-guhit ng Iyong kaisahan, sa isang panahon kung kailan ang bawat sandali ng Kaniyang buhay ay napalilibutan ng panganib. Kung ang Kaniyang layunin ay pangalagaan ang Kaniyang angking Sarili, kailanman ay hindi sana Niya hinayaan ito sa kapangyarihan ng Iyong mga kaaway.
I swear by Thy glory! I have accepted to be tried by manifold adversities for no purpose except to regenerate all that are in Thy heaven and on Thy earth. Whoso hath loved Thee, can never feel attached to his own self, except for the purpose of furthering Thy Cause; and whoso hath recognized Thee can recognize naught else except Thee, and can turn to no one save Thee.	116.5 Sumusumpa ako sa Iyong kaluwalhatian! Tinanggap ko ang pagsubok ng napakaraming pahirap dahil sa walang ibang dahilan kundi ang muling buhayin ang lahat ng nasa Iyong kalangitan at nasa Iyong kalupaan. Ang sinumang nagmamahal sa Iyo ay hindi kailanman magigiliw sa kaniyang sarili, liban lamang para sa pagsulong ng Iyong Kapakanan; at ang sinumang kumilala sa Iyo ay walang ibang makikilala liban sa Iyo, at walang maaaring pagbalingan liban sa

	Iyo.
Enable Thy servants, O my God, to discover the things Thou didst desire for them in Thy Kingdom. Acquaint them, moreover, with what He Who is the Origin of Thy most excellent titles hath, in His love for Thee, been willing to bear for the sake of the regeneration of their souls, that they may haste to attain the River that is Life indeed, and turn their faces in the direction of Thy Name, the Most Merciful. Abandon them not to themselves, O my God! Draw them, by Thy bountiful favor, to the heaven of Thine inspiration. They are but paupers, and Thou art the All-Possessing, the ever-Forgiving, the Most Compassionate.	116.6 Tulutang magawa ng Iyong mga tagapaglingkod, O aking Diyos, na matuklasan ang mga bagay na hinahangad Mo para sa kanila sa Iyong Kaharian. Higit pa rito ay ipabatid sa kanila kung ano ang tiniis Niya na Siyang Pinagmulan ng Iyong pinakamahusay na mga taguri, bunga ng pag-ibig Niya sa Iyo, at alang-alang sa muling pagkabuhay ng kanilang mga kaluluwa, upang magawa nilang magmadali patungo sa Ilog na siya mismong Buhay, at ibaling ang kanilang mga mukha tungo sa dako ng Iyong Pangalan, ang Pinakamahabagin. Huwag silang iwan sa kanilang mga sarili, O aking Diyos! Hilahin sila, mula sa Iyong masaganang pagpapala, patungo sa kalangitan ng Iyong inspirasyon. Sila ay mga pulubi lamang, at Ikaw ang Nagmamay-ari ng lahat, ang Laging-Nagpapatawad, ang Pinakamadamayin.
– CXVII –	CXVII
Glory to Thee, O my God! The first stirrings of the spring of Thy grace have appeared and clothed Thine earth with verdure. The clouds of the heaven of Thy bounty have rained their rain on this City within whose walls is imprisoned Him Whose desire is the salvation of Thy creatures. Through it the soil of this City hath been decked forth, and its trees clothed with foliage, and its inhabitants gladdened.	117.1 Luwalhati sa Iyo, O aking Diyos! Ang unang mga pagkilos ng tagsibol ng Iyong biyaya ay lumitaw na at dinamtan ang Iyong kalupaan ng kaluntian. Ang mga ulap ng kalangitan ng Iyong biyaya ay nagbuhos ng kanilang ulan sa Lungsod na ito kung saan, sa loob ng mga pader nito ay ikinulong Siya na ang kaniyang hangarin ay ang kaligtasan ng Iyong mga nilalang. Sa pamamagitan niyon ang lupa ng Lungsod na ito ay naganyakan, at ang mga puno nito ay nadamtan ng mga dahon, at ang mga nananahan dito ay nagalak.
The hearts of Thy dear ones, however, will rejoice only at the Divine Springtime of Thy tender mercies, whereby the hearts are quickened, and the souls are renewed, and the trees of human existence bear their fruits.	117.2 Ang mga puso ng Iyong mga minamahal, gayumpaman, ay magdiriwang lamang sa Banal na Tagsibol ng Iyong masuyong mga kahabagan, na sa pamamagitan niyon ang mga puso ay nabubuhay, ang mga kaluluwa ay nagbabago, at ang mga punongkahoy ng pag-iral ng tao ay namumunga.

The plants that have sprung forth, O my Lord, in the hearts of Thy loved ones have withered away. Send down upon them, from the clouds of Thy spirit, that which will cause the tender herbs of Thy knowledge and wisdom to grow within their breasts. Rejoice, then, their hearts with the proclamation of Thy Cause and the exaltation of Thy sovereignty.	117.3 Ang mga halamang sumibol, O aking Panginoon, sa mga puso ng Iyong mga minamahal ay nangalirang na. Ipababa sa kanila, mula sa mga ulap ng Iyong espiritu, yaong magsasanhi ng pagtubo ng murang mga halaman ng Iyong kaalaman at karunungan sa kanilang mga dibdib. Pagalakin, kung gayon, ang kanilang mga puso sa pamamahayag ng Iyong Kapakanan at sa pagdadakila ng Iyong paghahari.
Their eyes, O my Lord, are expectantly turned in the direction of Thy bounty, and their faces are set towards the horizon of Thy grace. Suffer them not, through Thy bounty, to be deprived of Thy grace. Potent art Thou, by Thy sovereign might, over all things. No God is there but Thee, the Almighty, the Help in Peril, the Self-Subsisting.	117.4 Ang kanilang mga mata, O aking Panginoon, ay nakabaling nang buong pag-aasam tungo sa dako ng Iyong biyaya, at ang kanilang mga mukha ay nakatuon sa sugpungang-guhit ng Iyong pagpapala. Tulutan, sa pamamagitan ng Iyong biyaya, na sila ay hindi mapagkaitan ng Iyong pagpapala. May kapangyarihan Ka, sa Iyong naghaharing lakas, sa lahat ng bagay. Walang Diyos liban sa Iyo, ang Ganap na Makapangyarihan, ang Tulong sa Panganib, ang Sariling-Ganap.
– CXVIII –	CXVIII
Thou seest, O my God, how Thy servants have been cleaving fast to Thy names, and have been calling on them in the daytime and in the night season. No sooner, however, had He been made manifest through Whose word the kingdom of names and the heaven of eternity were created, than they broke away from Him and disbelieved in the greatest of Thy signs. They finally banished Him from the land of His birth, and caused Him to dwell within the most desolate of Thy cities, though all the world had been built up by Thee for His sake. Within this, the Most Great Prison, He hath established His seat. Though sore tried by trials, the like of which the eye of creation hath not seen, He summoneth the people unto Thee, O Thou Who art the Fashioner of the universe!	118.1 Iyong nakikita, O aking Diyos, kung paano kumakapit nang mahigpit ang Iyong mga tagapaglingkod sa Iyong mga pangalan, at tinatawagan ang mga ito sa araw at gabi. Subalit agad nang maihayag Siya sa pamamagitan ng salita Niya na lumikha sa kaharian ng mga pangalan at ng kalangitan ng kawalang-hanggan, sila ay lumayo sa Kaniya at hindi naniwala sa pinakamalaki Mong mga palatandaan. Sa wakas ay pinalayas nila Siya mula sa bansa na Kaniyang sinilangan, at ginawa Siyang manirahan sa pinakamapanglaw sa Iyong mga lungsod, kahiman ang buong daigdig ay Iyong pinaunlad alang-alang sa Kaniya. Sa loob nito, ang Pinakamatinding Piitan, ay itinatag Niya ang Kaniyang luklukan. Bagaman lubos na pinahihirapan ng mga pagsubok, na ang kahalintulad ng mga iyon ay hindi pa nakita ng mata ng sangnilikha, tinawagan Niya ang mga tao patungo sa Iyo, O Ikaw na Siyang

	Humubog sa sanlibutan!
I beseech Thee, O Thou the Shaper of all the nations and the Quickener of every moldering bone, to graciously enable Thy servants to recognize Him Who is the Manifestation of Thy Self and the Revealer of Thy transcendent might, that they may cut down, by Thy power, all the idols of their corrupt inclinations, and enter beneath the shadow of Thine all-encompassing mercy, which, by virtue of Thy name, the Most Exalted, the All-Glorious, hath surpassed the entire creation.	118.2 Sumasamo ako sa Iyo, O Ikaw na Humubog sa lahat ng mga bansa at ang Bumubuhay sa bawat naaagnas na buto, na buong giliw na tulutang makilala ng Iyong mga tagapaglingkod Siya na Kahayagan ng Iyong Sarili at ang Tagapagsiwalat ng Iyong nangingibabaw na lakas, upang magawa nilang wasakin, sa pamamagitan ng Iyong kapangyarihan, ang lahat ng mga diyos-diyosan ng kanilang balakyot na mga kahiligan, at pumasok sa ilalim ng lilim ng Iyong kahabagang sumasaklaw sa lahat, na bunga ng Iyong pangalan, ang Pinakadakila, ang Lubos na Maluwalhati, ay nakahihigit sa buong sangnilikha.
I know not, O my God, how long will Thy creatures continue to slumber on the bed of forgetfulness and evil desires, and remain far removed from Thee and shut out from Thy presence. Draw them nearer, O my God, unto the scene of Thine effulgent glory, and enrapture their hearts with the sweet savors of Thine inspiration, through which they who adore Thy unity have soared on the wings of desire towards Thee, and they who are devoted to Thee have reached unto Him Who is the Dawning-Place of the Daystar of Thy creation.	118.3 Hindi ko batid, O aking Diyos, kung gaano katagal pang matutulog ang Iyong mga nilikha sa higaan ng pagkalimot at masasamang hangarin, at mananatiling malayo sa Iyo at nasasarhan mula sa Iyong kinaroroonan. Ilapit sila, O aking Diyos, sa tagpo ng Iyong kumikinang na kaluwalhatian, at pagalakin ang kanilang mga puso sa matatamis na samyo ng Iyong inspirasyon, na sa pamamagitan niyon silang mga sumasamba sa Iyong kaisahan ay pumailanlang sa mga pakpak ng paghahangad tungo sa Iyo, at silang mga deboto sa Iyo ay umabot sa Kaniya na Siyang Pook-Silangan ng Bituing-araw ng Iyong sangnilikha.
Cleave asunder, O my Lord, the veils that shut them out from Thee, that they may behold Thee shining above the horizon of Thy oneness and shedding Thy radiance from the dawning-place of Thy sovereignty. By Thy glory! Were they to discover the sweetness of Thy remembrance and apprehend the excellence of the things that are sent down upon them from the right hand of the throne of Thy majesty, they would cast away all that they possess, and would rush forth into the wilderness of their longing after Thee, that the glance of Thy loving-kindness may be directed towards them and the radiance of the	118.4 Hawiin, O aking Panginoon, ang mga lambong na naglingid sa kanila mula sa Iyo, nang upang masilayan Ka nilang nagniningning sa itaas ng sugpungang-guhit ng Iyong kaisahan at pinasisikat ang Iyong kaningningan mula sa pook-silangan ng Iyong paghahari. Saksi ang Iyong kaluwalhatian! Kung matutuklasan nila ang katamisan ng paggunita sa Iyo at mauunawaan ang kahusayan ng mga bagay na ipinababa sa kanila mula sa kanang kamay ng trono ng Iyong kamahalan, itatapon nila ang lahat ng taglay nila at magmamadaling sumugod sa kagubatan ng kanilang pananabik sa Iyo,

Daystar of Thy beauty may be shed upon them.	upang ang sulyap ng Iyong masuyong kabutihan ay maidako sa kanila at ang liwanag ng Bituing-araw ng Iyong kagandahan ay sumikat sa kanila.
Let their hearts, O my Lord, be carried away by Thy remembrance, and their souls enriched by Thy riches, and their wills strengthened to proclaim Thy Cause amidst Thy creatures. Thou art, verily, the Great Giver, the Ever-Forgiving, the Most Compassionate.	118.5 Tulutang ang kanilang mga puso, O aking Panginoon, ay matangay ng paggunita sa Iyo, at ang kanilang mga kaluluwa ay pagyamanin ng Iyong mga kayamanan, at ang kanilang mga kalooban ay palakasin upang maipahayag ang Iyong Kapakanan sa Iyong mga nilalang. Ikaw, sa katunayan, ang Dakilang Tagapagbigay, ang Laging-Nagpapatawad, ang Pinakamadamayin.
– CXIX –	CXIX
Lauded be Thy name, O my God! Thou seest how I have been sorely vexed among Thy servants, and beholdest the things that have befallen me in Thy path. Thou knowest full well that I have not spoken a word but by Thy leave, that my lips have never been opened except at Thy bidding and in accordance with Thy pleasure, that every breath I have breathed hath been animated with Thy praise and Thy remembrance, that I have summoned all men to naught else except that whereunto Thy chosen ones have through all eternity been summoned, and that I have bidden them observe only the things that would draw them nearer unto the Dayspring of Thy loving-kindness, and the Dawning-Place of Thy favors, and the Horizon of Thy riches, and the Manifestation of Thine inspiration and Thy revelation.	119.1 Luwalhatiin ang Iyong pangalan, O aking Diyos! Iyong nakikita kung paano ako matinding naliligalig sa kalagitnaan ng Iyong mga tagapaglingkod, at nakikita ang mga bagay na sumapit sa akin sa Iyong landas. Iyong ganap na nalalaman na wala akong binigkas na salita maliban nang sang-ayon sa Iyong pahintulot, na hindi kailanman bumuka ang aking mga labi maliban nang alinsunod sa Iyong utos at sang-ayon sa Iyong kagustuhan, na bawat hinga na aking inihinga ay binigyang-buhay ng Iyong papuri at Iyong alaala, na tinawag ko ang lahat ng tao tungo sa walang iba maliban kung saan tinawag Mo ang Iyong mga pinili sa kahabaan ng kawalang-hanggan, at inatasan ko silang isagawa lamang ang mga bagay na maglalapit sa kanila sa Pamimitak ng Iyong masuyong kabaitan, at sa Pook-Silangan ng Iyong mga kaloob, at sa Sugpungang-guhit ng Iyong mga kayamanan, at sa Kahayagan ng Iyong inspirasyon at ng Iyong rebelasyon.
Thou art well aware, O my God, that I have not failed in my duty towards Thy Cause. At all times and under all conditions I have wafted, in every direction, the breezes of Thine inspiration, and shed abroad the sweet smell of the raiment of Thy mercy, that haply	119.2 Iyong mahusay na nababatid, O aking Diyos, na hindi ako nagkulang sa aking tungkulin sa Iyong Kapakanan. Sa lahat ng oras at sa ilalim ng lahat ng kalagayan, ay pinasimoy ko, sa bawat dako, ang mga hangin ng Iyong inspirasyon, at pinahalimuyak ang

Thy servants may discover its fragrance, and through it be enabled to turn towards Thee.	matamis na samyo ng kasuotan ng Iyong habag, nang sakaling matuklasan ng Iyong mga tagapaglingkod ang kabanguhan niyon, at sa pamamagitan niyon ay magawang bumaling tungo sa Iyo.
I implore Thee, O my God, by the Lights of Thy unity and the Repositories of Thy revelation, to send down from the clouds of Thy mercy that which will cleanse the hearts of all such as have turned towards Thee. Blot out, then, from their hearts all that may induce Thy servants to cavil at Thy Cause.	119.3 Isinasamo ko sa Iyo, O aking Diyos, sa mga Liwanag ng Iyong pagkakaisa at sa mga Repositoryo ng Iyong rebelasyon, na ipababa mula sa mga ulap ng Iyong kahabagan yaong maglilinis ng mga puso ng lahat ng mga bumaling patungo sa Iyo. Burahin kung gayon, mula sa kanilang mga puso, ang lahat ng maaaring magbulid sa Iyong mga tagapaglingkod upang maghain ng walang-kapararakang mga pagtutol sa Iyong Kapakanan.
Thy will hath overruled my will, O my God, and I have shown forth what hath grievously vexed me. Have mercy, then, upon me, O Thou Who of all those who show mercy art the Most Merciful!	119.4 Ang Iyong kalooban ay naghari sa aking kalooban, O aking Diyos, at aking ipinakita yaong matinding lumigalig sa akin. Maawa, kung gayon, sa akin, O Ikaw na Siyang Pinakamahabagin mula sa lahat ng nagpapakita ng habag!
Assist Thou Thy servants, O my God, to help Thy Cause, and give them to drink what will quicken their hearts in Thy realm, lest anything hinder them from remembering Thee and from extolling Thy virtues, that they may quit their homes in Thy name, and summon all the multitudes unto Thee. Guard their faces, O my God, from turning to any one save Thee, and their ears from hearkening unto the sayings of all such as have turned away from Thy beauty and repudiated Thy signs.	119.5 Tulungan Mo ang Iyong mga tagapaglingkod, O aking Diyos, upang makatulong sa Iyong Kapakanan, at painumin sila ng yaong bubuhay sa kanilang mga puso sa Iyong kaharian, na baka may anumang makapigil sa kanila mula sa paggunita sa Iyo at sa pagbubunyi ng Iyong mga kabutihan, nang upang lisanin nila ang kanilang mga tahanan sa Iyong pangalan, at tawagin ang mga madlang karamihan patungo sa Iyo. Tanuran ang kanilang mga mukha, O aking Diyos, mula sa pagbaling sa kaninuman liban sa Iyo, at ang kanilang mga tainga mula sa pakikinig sa mga sabi-sabi ng lahat ng mga nagsitalikod sa Iyong kagandahan at itinatwa ang Iyong mga palatandaan.
Supreme art Thou over all things. There is none other God save Thee, the All-Knowing, the All-Wise.	119.6 Nakatataas Ka sa lahat ng bagay. Walang ibang Diyos liban sa Iyo, ang Ganap na Nakababatid, ang Lubos na Marunong.

– CXX –	CXX
Glorified art Thou, O Lord my God! Thou beholdest my low estate and the habitation wherein I dwell, and bearest witness unto my perplexity, my crying needs, my troubles, and the afflictions I suffer among Thy servants who recite Thy verses and repudiate their Revealer, who call on Thy names and cavil at their Creator, who seek to draw nigh unto Him Who is Thy Friend and put to death Him Who is the Best-Beloved of the worlds.	120.1 Luwalhatiin Ka nawa, O Panginoon kong Diyos! Iyong nakikita ang aking hamak na kalagayan at ang tahanang aking tinitirahan, at nasasaksihan ang aking pagkatuliro, ang aking mahigpit na mga pangangailangan, ang aking mga suliranin, at ang mga pagdurusang dinaranas ko kasama ng Iyong mga tagapaglingkod na nagdadalit ng Iyong mga bersikulo at itinatatwa ang Tagapagpahayag ng mga iyon, silang mga tumatawag sa Iyong mga pangalan at naghaharap ng walang-kapararakang mga pagtutol sa Manlilikha ng mga iyon, silang mga sinisikap makalapit sa Kaniya na Iyong Kaibigan at patayin Siya na Pinakamamahal ng mga daigdig.
Open Thou their eyes, O my God, and My Master, that they may gaze on Thy beauty, or cause them to return unto the lowest abyss of the fire. Potent art Thou to do what Thou willest. Thou art, verily, the All-Glorious, the All-Wise.	120.2 Buksan Mo ang kanilang mga mata, O aking Diyos, at aking Panginoon, nang upang masilayan nila ang Iyong kagandahan, o gawin silang bumalik sa kalaliman ng apoy. Makapangyarihan Ka upang gawin ang Iyong ninanais. Ikaw, sa katunayan, ang Ganap na Maluwalhati, ang Ganap na Marunong.
The glory of Thy might, O my God, beareth me witness! Every time I attempt to remember Thee, I find myself over-powered by the sublimity of Thy station and the immensity of Thy might; and every time I hold my peace, lo, I am impelled by my love for Thee and by the potency of Thy will, to unloose my tongue and mention Thee. He who is poor and needy, O my God, is calling for his Lord, the All-Possessing; and he who is destitute of all strength remembereth his Master, the All-Powerful. If He deign to accept His servant's supplication, He is, verily, of unsurpassed bounteousness; and if He cast him out, He is of those who judge equitably the best. He indeed is acceptable, O my God, who hath set his face towards Thee, and he is truly deprived who hath been careless of the remembrance of Thee in Thy days. Blessed is	120.3 Ang luwalhati ng Iyong kapangyarihan, O aking Diyos, ay sumasaksi sa akin! Sa tuwing sinisikap kong gunitain Ka, nakikita kong nagagapi ako ng kataasan ng Iyong kalagayan at ng kalawakan ng Iyong kapangyarihan; at sa tuwing ako ay nananahimik, aba, ibinubunsod ako ng aking pag-ibig sa Iyo at ng bisa ng Iyong kalooban, na kalagan ang aking dila at banggitin Ka. Siya na mahirap at nangangailangan, O aking Diyos, ay tumatawag sa kaniyang Panginoon, ang Nagmamay-ari ng Lahat; at siya na salat sa lahat ng lakas ay ginugunita ang kaniyang Panginoon, ang Ganap na Makapangyarihan. Kung mamarapatin Niyang tanggapin ang panalangin ng Kaniyang tagapaglingkod, Siya, sa katunayan, ay di-mahihigitan ang masaganang pagpapala; at kung itataboy Niya siya, sa lahat ng humahatol nang

he that hath tasted of the sweetness of Thy remembrance and praise. Nothing, not even the arising of all the peoples of the whole world to assail him, can hinder such a man from directing his steps towards the paths of Thy pleasure and the ways of Thy Cause.	makatarungan Siya ang pinakamahusay. Siya ang tunay na katanggap-tanggap, O aking Diyos, na ibinaling ang kaniyang mukha tungo sa Iyo at siya ang tunay na pinagkaitan na naging pabaya sa paggunita sa Iyo sa Iyong mga araw. Pinagpala siyang natikman ang katamisan ng paggunita sa Iyo. Walang anumang bagay, kahit pa ang pagbangon ng lahat ng mga tao ng daigdig upang salakayin siya, ang makapipigil sa gayong tao mula sa pagdako ng kaniyang mga yapak tungo sa mga landas ng Iyong kaluguran at sa mga gawi ng Iyong Kapakanan.
Look, then, O Thou Who art the Well-Beloved of Bahá, upon the tears he sheddeth before Thee, and behold the sighs which he uttereth, O Thou Who art his heart's Desire! I swear by Thy might, and Thy majesty and Thy glory! Were I to inherit from Thee all the delights of Paradise, and to keep them in my possession as long as Thine own Being endureth, and were I to become, for less than a moment, careless of the remembrance of Thee, I would, of a certainty, cast them away from me and cease to consider them. I am the one, O my God, who for love of Thee hath forsaken the world and all its benefits, and willingly accepted every tribulation for the sake of Thy remembrance.	120.4 Tingnan, kung gayon, O Ikaw na Siyang Pinakamamahal ni Bahá, ang mga luhang iniiyak niya sa harap Mo, at masdan ang mga buntong-hiningang sinasambit niya, O Ikaw na Minimithi ng kaniyang puso! Sumusumpa ako sa Iyong kapangyarihan, at sa Iyong kamahalan, at sa Iyong kaluwalhatian! Kung aking mamanahin mula sa Iyo ang lahat ng mga kaluguran ng Paraiso, at iingatan ang mga iyon sa aking pag-aari sa kahabaan ng pag-iral ng Iyong angking Sarili, at kung magagawa ko nang maikli pa sa isang saglit, ang maging pabaya sa paggunita sa Iyo, tiyak na itatapon ko ang mga iyon mula sa aking sarili at hindi na iisipin ang mga iyon. Ako siya, O aking Diyos, na alang-alang sa pag-ibig sa Iyo ay tinalikdan ang daigdig at ang lahat ng mga kapakinabangan nito, at tinanggap nang maluwag sa kalooban ang bawat kapighatian alang-alang sa paggunita sa Iyo.
I entreat Thee, O Thou Who art my Companion and my Best-Beloved, to lift the veil that hath come in between Thee and Thy servants, that they may recognize Thee with Thine own eye and rid themselves of all attachment to any one but Thee. Thou art, verily, the Almighty, the Ever-Forgiving, the Most Compassionate. No God is there beside Thee, the Most Exalted, the Self-Sufficing, the Self-Exalting, the All-Glorious, the All-Wise.	120.5 Sumasamo ako sa Iyo, O Ikaw na Siyang aking Kasama at aking Pinakamamahal, na hawiin ang lambong na namagitan sa Iyo at sa Iyong mga tagapaglingkod, nang upang makilala Ka nila sa pamamagitan ng Iyong sariling mata at alisin mula sa kanilang mga sarili ang lahat ng pagmamahal sa kaninuman liban sa Iyo. Ikaw, sa katunayan, ang Lubos na Makapangyarihan, ang Laging-Nagpapatawad, ang

	Pinakamadamayin. Walang Diyos liban sa Iyo, ang Pinakadakila, ang Sariling-Ganap, ang Sariling- Dumadakila, ang Lubos na Maluwalhati, ang Ganap na Marunong.
Praise be unto Thee, for Thou art, in truth, the Lord of earth and heaven.	120.6 Purihin Ka nawa, yamang Ikaw, sa katotohanan, ang Panginoon ng lupa at langit.
– CXXI –	CXXI
Praise be to Thee, O Lord my God! I am the one who hath sought the good pleasure of Thy will, and directed his steps towards the seat of Thy gracious favors. I am he who hath forsaken his all, who hath fled to Thee for shelter, who hath set his face towards the tabernacle of Thy revelation and the adored sanctuary of Thy glory. I beseech Thee, O my Lord, by Thy call whereby they who recognized Thy unity have sought the shadow of Thy most gracious providence, and the sincere have fled far from themselves unto Thy name, the Most Exalted, the All-Glorious, through which Thy verses were sent down, and Thy word fulfilled, and Thy proof manifested, and the sun of Thy beauty risen, and Thy testimony established, and Thy signs uncovered,—I beseech Thee to grant that I may be numbered with them that have quaffed the wine that is life indeed from the hands of Thy gracious providence, and have rid themselves, in Thy path, of all attachment to Thy creatures, and been so inebriated with Thy manifold wisdom that they hastened to the field of sacrifice with Thy praise on their lips and Thy remembrance in their hearts. Send down, also, upon me, O my God, that which will wash me from anything that is not of Thee, and deliver me from Thine enemies who have disbelieved in Thy signs.	121.1 Purihin Ka nawa, O Panginoon kong Diyos! Ako ang siyang humanap ng mabuting kaluguran ng Iyong kalooban, at idinako ang kaniyang mga yapak tungo sa luklukan ng Iyong magiliw na mga biyaya. Ako ang siyang tinalikdan ang lahat ng kaniya, na tumakbo patungo sa Iyo para sa kanlungan, at idinako ang kaniyang mukha tungo sa tabernakulo ng Iyong kapahayagan at sa sinasambang santuwaryo ng Iyong kaluwalhatian. Isinasamo ko sa Iyo, O aking Panginoon, sa Iyong panawagan, na sa pamamagitan niyon ay nagawa nilang mga kumilala sa Iyong pagkakaisa na hanapin ang lilim ng Iyong pinakamagiliw na kalinga, at ang mga matapat ay tumakas nang malayo mula sa kanilang mga sarili patungo sa Iyong pangalan, ang Pinakadakila, ang Ganap na Maluwalhati, na sa pamamagitan niyon ang Iyong mga bersikulo ay ipinababa, at ang Iyong salita ay tinupad, at ang Iyong patunay ay inihayag, at ang araw ng Iyong kagandahan ay ipinasikat, at ang Iyong patotoo ay naitatag, at ang Iyong mga palatandaan ay naisiwalat,—isinasamo ko sa Iyo na tulutang mapabilang ako sa kanilang mga uminom ng alak na siyang tunay na buhay mula sa mga kamay ng Iyong magiliw na kalinga, at inalis mula sa kanilang mga sarili, sa Iyong landas, ang lahat ng pagmamahal sa Iyong mga nilalang, at lubusang nalango sa Iyong napakaraming karunungan na nagmadali sila patungo sa larangan ng pagpapakasakit habang nasa kanilang mga labi ang papuri sa Iyo at nasa kanilang mga puso ang paggunita sa Iyo.

	Ipababa rin sa akin, O aking Diyos, yaong maghuhugas sa akin mula sa anumang hindi ukol sa Iyo, at iligtas ako mula sa Iyong mga kaaway na hindi naniwala sa Iyong mga palatandaan.
Potent art Thou to do what Thou willest. No God is there beside Thee, the Help in Peril, the Self-Subsisting.	121.2 Makapangyarihan Ka upang gawin ang Iyong ninanais. Walang Diyos liban sa Iyo, ang Tulong sa Panganib, ang Sariling-Ganap.
– CXXII –	CXXII
Praise be to Thee, O Lord my God! Thou seest and knowest that I have called upon Thy servants to turn nowhere except in the direction of Thy bestowals, and have bidden them observe naught save the things Thou didst prescribe in Thy Perspicuous Book, the Book which hath been sent down according to Thine inscrutable decree and irrevocable purpose.	122.1 Purihin Ka nawa, O Panginoon kong Diyos! Iyong nakikita at nababatid na tinawagan ko ang Iyong mga tagapaglingkod na huwag bumaling sa kung saanman maliban nang patungo sa direksiyon ng Iyong mga kaloob, at inatasan silang huwag sumunod sa anuman liban sa mga bagay na Iyong iniatas sa Iyong Napakalinaw na Aklat, ang Aklat na ipinababa sang-ayon sa Iyong di-malirip na kautusan at di-mabaling layunin.
I can utter no word, O my God, unless I be permitted by Thee, and can move in no direction until I obtain Thy sanction. It is Thou, O my God, Who hast called me into being through the power of Thy might, and hast endued me with Thy grace to manifest Thy Cause. Wherefore I have been subjected to such adversities that my tongue hath been hindered from extolling Thee and from magnifying Thy glory.	122.2 Walang salita akong mabibigkas, O aking Diyos, maliban kung ako'y pahintulutan Mo, at hindi ako makakikilos sa alinmang direksiyon hanggang hindi ko makuha ang Iyong pahintulot. Ikaw, O aking Diyos, ang Siyang lumalang sa akin sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Iyong lakas at sinalinan ako ng Iyong biyaya upang maihayag ang Iyong Kapakanan. Sa gayon ay ipinalasap sa akin ang gayong mga suliraning napigilan ang aking dila mula sa pagbubunyi sa Iyo at mula sa pagdadakila ng Iyong kaluwalhatian.
All praise be to Thee, O my God, for the things Thou didst ordain for me through Thy decree and by the power of Thy sovereignty. I beseech Thee that Thou wilt fortify both myself and them that love me in our love for Thee, and wilt keep us firm in Thy Cause. I swear by Thy might! O my God! Thy servant's shame is to be shut out as by a veil from Thee, and his glory is to know Thee. Armed with the power of Thy name nothing	122.3 Ang lahat ng papuri ay mapasa-Iyo, O aking Diyos, dahil sa mga bagay na itinalaga Mo para sa akin mula sa Iyong kautusan at sa kapangyarihan ng Iyong paghahari. Sumasamo ako sa Iyo na Iyong palakasin kapuwa ako at silang mga nagmamahal sa akin sa aming pag-ibig sa Iyo at gawin kaming manatiling matatag sa Iyong Kapakanan. Sumusumpa ako sa Iyong kapangyarihan, O aking Diyos! Ang kahihiyan ng Iyong

can ever hurt me, and with Thy love in my heart all the world's afflictions can in no wise alarm me.	tagapaglingkod ay ang masarhan ng lambong mula sa Iyo, at ang kaniyang kaluwalhatian ay ang makilala Ka. Kapag nasasandatahan ng kapangyarihan ng Iyong pangalan walang anumang bagay ang makasasakit sa akin, at kapag ang Iyong pag-ibig ay nasa aking puso lahat ng mga pahirap sa daigdig ay hindi makababagabag sa akin.
Send down, therefore, O my Lord, upon me and upon my loved ones that which will protect us from the mischief of those that have repudiated Thy truth and disbelieved in Thy signs.	122.4 Ipababa, kung gayon, O aking Diyos, sa akin at sa aking mga minamahal yaong mangangalaga sa amin mula sa kalokohan nilang mga itinatwa ang Iyong katotohanan at hindi naniwala sa Iyong mga palatandaan.
Thou art, verily, the All-Glorious, the Most Bountiful.	122.5 Ikaw, sa katunayan, ang Ganap na Maluwalhati, ang Pinakamapagbigay-biyaya.
– CXXIII –	CXXIII
Glorified art Thou, O Lord my God! Thou hast, in Thine all highest Paradise, assigned unto Thy servants such stations that if any one of them were to be unveiled to men's eyes all who are in heaven and all who are on earth would be dumbfounded. By Thy might! Were kings to witness so great a glory they would, assuredly, rid themselves of their dominions and cleave to such of their subjects as have entered beneath the shadow of Thine immeasurable mercy and sought the shelter of Thine all-glorious name.	123.1 Luwalhatiin Ka nawa, O Panginoon kong Diyos! Iyong itinalaga, sa Iyong kataas-taasang Paraiso, ang gayong mga katayuan para sa Iyong mga tagapaglingkod na kung ang alinman sa mga iyon ay maisiwalat sa mga mata ng tao ang lahat ng mga nasa langit at ang lahat ng nasa lupa ay matutulala sa pagkamangha. Saksi ang Iyong kapangyarihan! Kung makikita lamang ng mga hari ang ganoon katinding kaluwalhatian, tiyak na lilisanin nila ang kanilang mga pinamumunuan at mangangapit sa gayon sa kanilang mga mamamayang nakapasok sa ilalim ng lilim ng Iyong di-masukat na kahabagan at hinanap ang kanlungan ng Iyong pangalang ganap na maluwalhati.
I implore Thee, O Thou Who art the Beloved of the worlds and the Desire of all that have recognized Thee, by Thy name, through which Thou stirrest up whom Thou willest and drawest toward Thee whom Thou pleasest, to open the eyes of all that are dear to Thee, that haply they may not be veiled from Thee as the peoples of the earth are, but may	123.2 Isinasamo ko sa Iyo, O Ikaw na Siyang Minamahal ng mga daigdig at ang Minimithi ng lahat ng kumilala sa Iyo, sa Iyong pangalan, na sa pamamagitan niyon ay pinupukaw Mo ang Iyong niloloob at inilalapit sa Iyo ang Iyong ninanais, na buksan ang mga mata ng lahat ng minamahal Mo, nang sakaling hindi sila malambungan mula sa Iyo

outwardly perceive the signs and tokens of Thy power, and inwardly apprehend the things Thou didst ordain for them in the realms of Thy glory.	tulad ng mga tao ng daigdig, bagkus sa panlabas ay mabatid ang mga tanda at mga sagisag ng Iyong kapangyarihan, at sa panloob ay maunawaan ang mga bagay na itinalaga Mo para sa kanila sa mga kaharian ng Iyong kaluwalhatian.
Potent art Thou to do Thy pleasure. Thou art the one alone Beloved in both this world and in the next. No God is there but Thee, the Most Exalted, the All-Glorious.	123.3 Makapangyarihan Ka upang gawin ang Iyong ikalulugod. Ikaw ang iisang tanging Minamahal kapuwa sa daigdig na ito at sa darating. Walang Diyos liban sa Iyo, ang Pinakadakila, ang Ganap na Maluwalhati.
– CXXIV –	CXXIV
Glorified art Thou, O Lord my God! Every time I venture to make mention of Thee, I am held back by my mighty sins and grievous trespasses against Thee, and find myself wholly deprived of Thy grace, and utterly powerless to celebrate Thy praise. My great confidence in Thy bounty, however, reviveth my hope in Thee, and my certitude that Thou wilt bountifully deal with me emboldeneth me to extol Thee, and to ask of Thee the things Thou dost possess.	124.1 Luwalhatiin Ka nawa, O Panginoon kong Diyos! Tuwing nangangahas akong bumanggit sa Iyo, ako ay napipigilan ng aking malalaking mga kasalanan at malubhang mga pagkakasala laban sa Iyo, at namamalas ang aking sarili na lubos na pinagkaitan ng Iyong pagpapala, at ganap na walang-kakayahang ipagdiwang ang pagpuri sa Iyo. Ang aking malaking tiwala sa Iyong kagandahang-loob, gayumpaman, ay muling bumubuhay sa aking pag-asa sa Iyo, at ang aking katiyakan na pakikitunguhan Mo ako nang buong kasaganaan ay nagpapalakas ng loob ko na Ikaw ay purihin, at hingin sa Iyo ang bagay na Iyong tinataglay.
I implore Thee, O my God, by Thy mercy that hath surpassed all created things, and to which all that are immersed beneath the oceans of Thy names bear witness, not to abandon me unto my self, for my heart is prone to evil. Guard me, then, within the stronghold of Thy protection and the shelter of Thy care. I am he, O my God, whose only wish is what Thou hast determined by the power of Thy might. All I have chosen for myself is to be assisted by Thy gracious appointments and the ruling of Thy will, and to be aided with the tokens of Thy decree and judgment.	124.2 Nagsusumamo ako sa Iyo, O aking Diyos, sa ngalan ng Iyong habag na higit pa sa lahat ng nilikhang bagay at sinasaksihan ng lahat ng mga nakalubog sa ilalim ng mga karagatan ng Iyong mga pangalan, na huwag akong pabayaan sa aking sarili, sapagkat ang aking puso ay madaling maakit sa kasamaan. Pangalagaan Mo ako, kung gayon, sa loob ng kuta ng Iyong pagtatanggol at sa kanlungan ng Iyong kalinga. Ako siya, O aking Diyos, na ang tanging hangarin ay ang Iyong itinakda sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Iyong lakas. Ang lahat ng pinili ko para sa aking sarili ay ang tulong ng Iyong mapagmahal na mga kautusan at ang kapasiyahan ng Iyong kagustuhan, at matulungan ng mga

	palatandaan ng Iyong ipinag-uutos at paghatol.
I beseech Thee, O Thou Who art the Beloved of the hearts which long for Thee, by the Manifestations of Thy Cause and the Daysprings of Thine inspiration, and the Exponents of Thy majesty, and the Treasuries of Thy knowledge, not to suffer me to be deprived of Thy holy Habitation, Thy Fane and Thy Tabernacle. Aid me, O my Lord, to attain His hallowed court, and to circle round His person, and to stand humbly at His door.	124.3 Nagsusumamo ako sa Iyo, O Ikaw na Siyang Pinakamamahal ng mga pusong nananabik sa Iyo, sa mga Kahayagan ng Iyong Kapakanan at sa mga Pamimitak ng Iyong inspirasyon at sa mga Kinatawan ng Iyong kamahalan, na huwag akong hayaang mapagkaitan ng Iyong banal na Tahanan, ng Iyong Templo at ng Iyong Tabernakulo. Tulungan ako, O aking Panginoon, upang maabot ang Kaniyang pinakabanal na korte, at lumibot sa Kaniyang katauhan, at mapagkumbabang tumayo sa Kaniyang pintuan.
Thou art He Whose power is from everlasting to everlasting. Nothing escapeth Thy knowledge. Thou art, verily, the God of power, the God of glory and wisdom.	124.4 Ikaw Siya na ang kapangyarihan ay mula sa walang hanggan hanggang sa walang hanggan. Walang nakaiiwas sa Iyong kaalaman. Ikaw, sa katunayan, ang Diyos ng kapangyarihan, ang Diyos ng kaluwalhatian at karunungan.
Praised be God, the Lord of the worlds!	124.5 Purihin ang Diyos, ang Panginoon ng mga daigdig!
– CXXV –	CXXV
O Thou the dread of Whom hath fallen upon all things, before the splendors of Whose face the countenances of all men are downcast, at the revelations of Whose sovereignty all necks have humbly bowed, to the ruling of Whose will all hearts have been subdued, the awfulness of Whose majesty hath caused the foundations of all things to tremble, and to the power of Whose authority the winds have been subjected! I beseech Thee by the compelling force of Thy Revelation, and by the power of Thy might, and by the exaltation of Thy word, and by the sublimity of Thy sovereignty, to number us with them whom the world hath been powerless to hinder from turning towards Thee.	125.1 O Ikaw na ang takot sa Iyo ay sumakmal sa lahat ng bagay, na sa harap ng mga karingalan ng Iyong mukha ang mga mukha ng lahat ng tao ay nakatungo, na sa mga pagsisiwalat ng Iyong paghahari ang lahat ng mga leeg ay mapagkumbabang yumuko, na sa paghatol ng Iyong kalooban ang lahat ng mga puso ay sinupil, na ang pagkasindak sa Iyong kamahalan ay naging sanhi ng pagyayanig sa mga saligan ng lahat ng bagay, at na sa kapangyarihan ng Iyong awtoridad ang mga hangin ay pinasunod! Sumasamo ako sa nakapipilit na puwersa ng Iyong Rebelasyon, at sa kapangyarihan ng Iyong lakas, at sa karangalan ng Iyong salita, at sa kadakilaan ng Iyong paghahari, na ibilang kami sa kanilang hindi napigilan ng anumang kapangyarihan ng daigdig mula sa

	pagbaling patungo sa Iyo.
Cause me, O my Lord, to be of those who, with their substance and their own selves, have fought valiantly in Thy path. Write down, then, for me the recompense Thou didst ordain for them in the Tablet of Thy decree. Stablish me also on the seat of truth in Thy presence, and join me with the sincere among Thy servants.	125.2 Gawin ako, O aking Panginoon, na maging bahagi ng yaong mga, sa pamamagitan ng kanilang pag-aari at ng kanilang angking mga sarili, ay magiting na nakibaka sa Iyong landas. Isulat para sa akin, kung gayon, ang gantimpalang itinalaga Mo para sa kanila sa Tableta ng Iyong kautusan. Itatag din ako sa luklukan ng katotohanan sa Iyong kinaroroonan, at isama ako sa matatapat sa Iyong mga tagapaglingkod.
I implore Thee, O my Lord, by Thy Messengers, and Thy Chosen Ones, and by Him through Whom Thou hast affixed Thy seal upon the Manifestations of Thy Cause among Thy creatures, and Whom Thou hast adorned with the ornament of Thine acceptance among all that dwell in Thy heaven and on Thy earth, to graciously assist me to attain unto what Thou hast ordained for Thy servants and bidden them observe in Thy Tablets. Wash away, then, my sins, O my God, by Thy grace and bounty, and reckon me among such as are not overtaken by fear nor put to grief.	125.3 Sumasamo ako sa Iyo, O aking Panginoon, sa ngalan ng Iyong mga Tagapamalita, at Iyong mga Pinili, at sa Kaniya na sa pamamagitan Niya ay Iyong ikinabit ang Iyong selyo sa mga Kahayagan ng Iyong Kapakanan sa Iyong mga nilalang, at Siya ay Iyong pinalamutihan ng palamuti ng Iyong pagtanggap mula sa lahat ng nananahan sa Iyong kalangitan at sa Iyong kalupaan, na buong-giliw akong tulungan upang makamtan yaong itinalaga Mo para sa Iyong mga tagapaglingkod at iniatas sa kanilang sundin sa Iyong mga Tableta. Hugasan, kung gayon ang aking mga kasalanan, O aking Diyos, sa iyong biyaya at pagpapala, at ibilang ako sa yaong mga hindi inaabot ng takot ni hindi dumaranas ng kabiguan.
Thou art, verily, the Almighty, the Help in Peril, the Self-Subsisting.	125.4 Ikaw, sa katunayan, ang Lubos na Makapangyarihan, ang Tulong sa Panganib, ang Sariling-Ganap.
– CXXVI –	CXXVI
Glorified art Thou, O Lord my God! Thou art He the fire of Whose love hath set ablaze the hearts of them who have recognized Thy unity, and the splendors of Whose countenance have illuminated the faces of such as have drawn nigh unto Thy court. How plenteous, O my God, is the stream of Thy knowledge! How sweet, O my Beloved, is the injury which, in my love for Thee, and for the sake of Thy pleasure, I suffer from the darts of	126.1 Luwalhatiin Ka nawa, O Panginoon kong Diyos! Ikaw Siya, na ang apoy ng Iyong pag-ibig ay nagpaliyab sa mga puso nilang mga kumilala sa Iyong pagkakaisa, at tinanglawan ng mga karingalan ng Iyong mukha ang mga mukha ng gayong mga lumapit sa Iyong korte. Napakasagana, O aking Diyos, ang daloy ng Iyong kaalaman! Napakatamis, O aking Minamahal, ang pinsalang bunga ng aking pagmamahal sa Iyo

the wicked doers! How pleasing are the wounds which, in Thy path and in order to proclaim Thy Faith, I sustain from the swords of the infidels!	at alang-alang sa Iyong kaluguran ay dinaranas ko mula sa mga palaso ng gumagawa ng kasamaan! Lubos na nakalulugod ang mga sugat na tinatanggap ko sa Iyong landas mula sa mga espada ng mga hindi sumasampalataya upang maipahayag ang Iyong Pananampalataya!
I beseech Thee, by Thy name through which Thou turnest restlessness into tranquility, fear into confidence, weakness into strength, and abasement into glory, that Thou of Thy grace wilt aid me and Thy servants to exalt Thy name, to deliver Thy Message, and to proclaim Thy Cause, in such wise that we may remain unmoved by either the assaults of the transgressors or the wrath of the infidels, O Thou Who art my Well-Beloved!	126.2 Sumasamo ako sa Iyo, sa Iyong pangalan, na sa pamamagitan niyon, ay Iyong binabago ang kaligaligan upang maging katiwasayan, ang takot upang maging lakas-loob, ang kahinaan upang maging lakas, at ang pagkaaba upang maging kaluwalhatian, na Ikaw, buhat sa Iyong biyaya ay tutulungan ako at ang Iyong mga tagapaglingkod upang dakilain ang Iyong pangalan, upang ihatid ang Iyong Kalatas, at upang ipamahayag ang Iyong Kapakanan, sa gayong paraan na mananatili kaming di-natitigatig ng alinman, ang pananalakay ng mga lumalabag o ang poot ng mga di-sumasampalataya, O Ikaw na Siyang aking Pinakamamahal!
I am, O my Lord, Thy handmaiden, who hath hearkened to Thy call, and hastened unto Thee, fleeing from herself and resting her heart upon Thee. I implore Thee, O my Lord, by Thy name out of which all the treasures of the earth were brought forth, to shield me from the hints of such as have disbelieved in Thee and repudiated Thy truth.	126.3 Ako, O aking Panginoon, ang Iyong kawaksing babae, na nakinig sa Iyong panawagan, at nagmadali patungo sa Iyo, tumatakas mula sa kaniyang sarili at inilalagak ang kaniyang puso sa Iyo. Sumasamo ako sa Iyo, O aking Panginoon, sa Iyong pangalan na mula roon ang lahat ng mga kayamanan ng daigdig ay inilabas, na ipagsanggalang ako mula sa mga paramdam ng gayong mga hindi naniniwala sa Iyo at itinatatwa ang Iyong katotohanan.
Powerful art Thou to do what Thou pleasest. Thou art, verily, the All-Knowing, the All-Wise.	126.4 Makapangyarihan Ka upang gawin ang Iyong ninanais. Ikaw, sa katotohanan, ang Lubos na Nakababatid, ang Ganap na Marunong.
– CXXVII –	CXXVII
All praise be to Thee, O Lord, my God! How mysterious the Fire which Thou hast enkindled within my heart! My very limbs testify to the intensity of its heat, and evince	127.1 Lahat ng papuri ay mapasa-Iyo, O Panginoon kong Diyos! Lubhang mahiwaga ang Apoy na Iyong pinarikit sa aking puso! Ang aking mismong kalamnan ay sumasaksi

the consuming power of its flame. Should my bodily tongue ever attempt to describe Thee as the One Whose strength hath ever excelled the strength of the most mighty amongst men, the tongue of my heart would address me, saying: "These are but words which can only be adequate to such things as are of the same likeness and nature as themselves. But He, of a truth, is infinitely exalted above the mention of all His creatures."	sa tindi ng init nito, at ipinakikita ang nakatutupok na kapangyarihan ng pagliyab nito. Kung sisikapin kailanman ng dila ng aking katawan na ilarawan Ka bilang Siya na ang Kaniyang lakas ay laging nakahihigit sa lakas ng pinakamalakas na tao, sasabihin sa akin ng dila ng aking puso na: "Ang mga ito ay pawang mga salitang makasasapat lamang sa gayong mga bagay na kahalintulad ang wangis at uri sa kanilang mga sarili. Subalit Siya, sa katotohanan, ay walang-hanggang higit na dakila kaysa sa pagbanggit ng lahat ng Kaniyang mga nilalang."
The power of Thy might beareth me witness, O my Well-Beloved! Every limb of my body, methinks, is endowed with a tongue that glorifieth Thee and magnifieth Thy name. Armed with the power of Thy love, the hatred which moveth them that are against Thee can never alarm me; and with Thy praise on my lips, the rulings of Thy decree can in no wise fill me with sorrow. Fortify, therefore, Thy love within my breast, and suffer me to face the assaults which all the peoples of the earth may launch against me. I swear by Thee! Every hair of my head proclaimeth: "But for the adversities that befall me in Thy path, how could I ever taste the divine sweetness of Thy tenderness and love?"	127.2 Ang kapangyarihan ng Iyong lakas ay sumasaksi sa akin, O aking Pinakamamahal! Ang bawat bahagi ng aking katawan, sa wari ko, ay pinagkalooban ng dilang lumuluwalhati at dumadakila sa Iyong pangalan. Nasasandatahan ng kapangyarihan ng Iyong pag-ibig, ang pagkamuhing umuudyok sa kanilang mga lumalaban sa Iyo ay hindi kailanman makababagabag sa akin; at habang ang papuri sa Iyo ay nasa aking mga labi, ang mga hatol ng Iyong kautusan sa anumang paraan ay hindi makalilipos sa akin ng dalamhati. Patatagin, kung gayon, ang pag-ibig sa Iyo sa loob ng aking dibdib, at tulutang magawa kong harapin ang mga pananalakay na maaaring ilunsad ng lahat ng mga sambayanan ng daigdig laban sa akin. Sumusumpa ako sa Iyo! Ang bawat buhok sa aking ulo ay nagpapahayag na: "Kung hindi dahil sa mga kagipitang sumasapit sa akin sa Iyong landas, paano ko pa matitikman ang banal na katamisan ng Iyong kalambingan at pagmamahal?"
Send down, therefore, O my Lord, upon me and upon them that love me, that which will cause us to become steadfast in Thy Faith. Enable them, then, to become the Hands of Thy Cause amongst Thy servants, that they may scatter abroad Thy signs, and show forth Thy sovereignty. There is no God but Thee, Who art powerful to do whatsoever Thou	127.3 Ipababa, kung gayon, O aking Panginoon, sa akin at sa kanilang mga nagmamahal sa akin, yaong magiging sanhi ng aming pagiging matatag sa Iyong Pananampalataya. Tulutan silang maging mga Kamay ng Iyong Kapakanan sa Iyong mga tagapaglingkod, upang palaganapin nila sa ibayo ang Iyong mga palatandaan, at ipamalas ang Iyong paghahari. Walang Diyos liban sa

willest. Thou art, in truth, the All-Glorious, the All-Praised.	Iyo, na Ikaw ay makapangyarihang gawin ang anumang Iyong ninanais. Ikaw, sa katotohanan, ang Ganap na Maluwalhati, ang Ganap na Pinupuri.
– CXXVIII –	CXXVIII
Praise be unto Thee, O my God! I am one of Thy servants, who hath believed on Thee and on Thy signs. Thou seest how I have set myself towards the door of Thy mercy, and turned my face in the direction of Thy loving-kindness. I beseech Thee, by Thy most excellent titles and Thy most exalted attributes, to open to my face the portals of Thy bestowals. Aid me, then, to do that which is good, O Thou Who art the Possessor of all names and attributes!	128.1 Purihin Ka nawa, O aking Diyos! Isa ako sa Iyong mga tagapaglingkod na naniniwala sa Iyo at sa Iyong mga palatandaan. Iyong nakikita kung paano ko idinako ang aking mukha tungo sa Iyong masuyong kabaitan. Isinasamo ko sa Iyo, sa Iyong pinakamahusay na mga pangalan at sa Iyong pinakadakilang mga katangian, na buksan sa aking mukha ang mga pinto ng Iyong mga kaloob. Tulungan ako, kung gayon, upang makagawa ng mabuti, O Ikaw na Siyang Nagmamay-ari ng lahat ng mga pangalan at mga katangian!
I am poor, O my Lord, and Thou art the Rich. I have set my face towards Thee, and detached myself from all but Thee. Deprive me not, I implore Thee, of the breezes of Thy tender mercy, and withhold not from me what Thou didst ordain for the chosen among Thy servants.	128.2 Ako ay dukha, O aking Panginoon, at Ikaw ang Mayaman. Idinako ko ang aking mukha tungo sa Iyo, at iniwalay ang aking sarili mula sa lahat liban sa Iyo. Huwag ipagdamot sa akin, isinasamo ko sa Iyo, ang mga simoy ng Iyong masuyong kahabagan, at huwag ipagkait sa akin yaong itinalaga Mo para sa mga pinili mula sa Iyong mga tagapaglingkod.
Remove the veil from mine eyes, O my Lord, that I may recognize what Thou hast desired for Thy creatures, and discover, in all the manifestations of Thy handiwork, the revelations of Thine almighty power. Enrapture my soul, O my Lord, with Thy most mighty signs, and draw me out of the depths of my corrupt and evil desires. Write down, then, for me the good of this world and of the world to come. Potent art Thou to do what pleaseth Thee. No God is there but Thee, the All-Glorious, Whose help is sought by all men.	128.3 Alisin ang lambong mula sa aking mga mata, O aking Panginoon, nang upang aking makilala yaong hinangad Mo para sa Iyong mga nilikha, at matuklasan, sa lahat ng mga kapahayagan ng Iyong likhang-kamay, ang mga pagsisiwalat ng Iyong lakas na lubos na makapangyarihan. Gawing mabighani ang aking kaluluwa, O aking Panginoon, sa Iyong pinakamakapangyarihang mga palatandaan, at hanguin ako mula sa mga kalaliman ng aking balakyot at masamang mga hangarin. Isulat, kung gayon, para sa akin ang kabutihan ng daigdig na ito at ng daigdig na darating. May kakayahan Kang gawin ang Iyong ninanais. Walang Diyos liban sa Iyo, ang Ganap na Maluwalhati, na ang Iyong tulong ay hinihingi

	ng lahat ng tao.
I yield Thee thanks, O my Lord, that Thou hast wakened me from my sleep, and stirred me up, and created in me the desire to perceive what most of Thy servants have failed to apprehend. Make me able, therefore, O my Lord, to behold, for love of Thee and for the sake of Thy pleasure, whatsoever Thou hast desired. Thou art He to the power of Whose might and sovereignty all things testify.	128.4 Nagpapasalamat ako sa Iyo, O aking Panginoon, na ginising Mo ako mula sa aking pagkahimbing, at pinakilos ako, at nilikha sa akin ang hangaring mabatid yaong nabigong maunawaan ng karamihan ng Iyong mga tagapaglingkod. Tulutang magawa ko, kung gayon, O aking Panginoon, dahil sa pag-ibig sa Iyo at alang-alang sa Iyong kaluguran, na makita ang anumang hinahangad Mo. Ikaw Siya na sinasaksihan ng lahat ng bagay ang kapangyarihan ng Iyong lakas at paghahari.
There is none other God but Thee, the Almighty, the Beneficent.	128.5 Walang ibang Diyos liban sa Iyo, ang Lubos na Makapangyarihan, ang Mapagpala.
– CXXIX –	CXXIX
Praised be Thou, O my God! Thou seest how Thy righteous servants have fallen into the hands of the wicked doers, who have disbelieved in Thy name, the Unconstrained, and denied Thy majesty, and Thine unrestrained authority, and Thy strength, and Thy sovereign might. Their mouths utter what the mouths of the Jews uttered aforetime.	129.1 Purihin Ka nawa, O aking Diyos! Iyong nakikita kung paano nasadlak ang Iyong matuwid na mga tagapaglingkod sa mga kamay ng mga gumagawa ng kasamaan, silang mga hindi naniwala sa Iyong pangalan, ang Di-napipilit, at itinatwa ang Iyong hiwaga, at Iyong di-napipigilang awtoridad, at Iyong lakas, at Iyong naghaharing kapangyarihan. Binibigkas ng kanilang mga bibig ang binigkas ng mga bibig ng mga Hudyo noong naunang panahon.
Put forth, therefore, out of the bosom of Thy glory, O my Lord, the hand of Thine omnipotence, and through it assist Thou Thy loved ones who, though sore-tried in Thy path with such trials as have caused the inmates of the kingdom of Thy Cause to groan, were not deterred from turning towards the horizon of Thy Revelation.	129.2 Ilabas, kung gayon, mula sa dibdib ng Iyong kaluwalhatian, O aking Panginoon, ang kamay ng Iyong ganap na kapangyarihan, at sa pamamagitan niyon ay tulungan Mo ang Iyong mga minamahal, na bagaman matinding sinusubok sa Iyong landas ng gayong mga pagsubok na naging sanhi ng pag-ungol ng mga nananahan sa kaharian ng Iyong Kapakanan, ay hindi napigilan mula sa pagbaling patungo sa sugpungang-guhit ng Iyong Rebelasyon.
Set, then, the seal of Thine unerring protection on their hearts, O my Lord, lest perchance the remembrance of aught else except Thee enter therein. Make them able,	129.3 Ilagay, kung gayon, ang selyo ng Iyong di-nagkakamaling pangangalaga sa kanilang mga puso, O aking Panginoon, nang sakaling ang paggunita ng walang iba liban sa

moreover, to proclaim Thy name amidst Thy creatures, and supply them with the best of what Thou hast destined for such of Thy chosen ones as enjoy near access to Thee.	Iyo ay makapasok doon. Tulutang magawa nila, higit pa roon, na ipamahayag ang Iyong pangalan habang kasama ang Iyong mga nilalang, at itustos sa kanila ang pinakamabuti mula sa itinalaga Mo para sa Iyong mga piniling nagtatamasa ng pagkalapit sa Iyo.
Potent art Thou to do Thy pleasure. Thou truly art the All-Glorious, to whom all cry for help.	129.4 Makapangyarihan Ka upang gawin ang Iyong ikalulugod. Ikaw sa katunayan ang Ganap na Maluwalhati, na tinatawagan ng lahat para sa tulong.
– CXXX –	CXXX
Lauded be Thy name, O Lord my God! Thou seest how Thy servants have everywhere been compassed with tribulations, how their adversaries have all risen up against them and grievously wronged them. Thy glory beareth me witness! Were all the wicked doers of the earth to band themselves against us, and to cast us into a fire such as no man hath kindled, they would be powerless to distract our gaze from the horizon of Thy name, the Most Exalted, the Most High, and would fail to turn aside our hearts from the seat of Thine effulgent glory.	130.1 Purihin nawa ang Iyong pangalan, O Panginoon kong Diyos! Iyong nakikita kung paano napaliligiran ng mga pagsubok ang Iyong mga tagapaglingkod sa lahat ng dako, kung paano nagsibangon ang lahat ng kanilang mga kaaway laban sa kanila at gumawa ng matinding kasalanan sa kanila. Ang Iyong kaluwalhatian ay sumasaksi sa akin! Kung ang lahat ng mga gumagawa ng kasamaan sa daigdig ay magkampihan laban sa amin, at ihahagis kami sa gayong apoy na wala pang taong nakapagparikit, sila ay walang anumang lakas na agawin ang aming pagtitig mula sa sugpungang-guhit ng Iyong pangalan, ang Pinakadakila, ang Pinakamataas, at mabibigo silang palihisin ang aming mga puso mula sa luklukan ng Iyong kumikinang na kaluwalhatian.
I swear by Thy might! The arrows that transfix us in Thy path are the ornaments of our temples, and the spears which pierce us in our love for Thee are as silk unto our bodies. By the glory of Thy might! Nothing whatsoever can beseem Thy servants except what the pen of Thine irrevocable decree hath traced in this priceless and exalted Tablet.	130.2 Sumusumpa ako sa Iyong kapangyarihan! Ang mga panang tumutuhog sa amin sa Iyong landas ay mga palamuti para sa aming mga ulo, at ang mga sibat na tumutusok sa amin dahil sa aming pag-ibig sa Iyo ay tulad ng seda sa aming mga katawan. Saksi ang kaluwalhatian ng Iyong lakas! Walang anumang bagay ang naaangkop sa Iyong mga tagapaglingkod liban doon sa ginuhit ng panulat ng Iyong di-mababagong kautusan dito sa walang kasinghalaga at dakilang Tableta.

All praise be to Thy Self at all times and under all conditions. Thou art, verily, the God of knowledge and wisdom.	130.3 Ang lahat ng papuri ay mapasa-Iyong Sarili sa lahat ng oras at sa ilalim ng lahat ng kalagayan. Ikaw, sa katunayan, ang Diyos ng kaalaman at karunungan.
– CXXXI –	CXXXI
Praise be unto Thee, O my God! Thou seest how He Who is Thy Light hath been shut up in the fortress-town of 'Akká, and been sore oppressed by reason of what the hands of the wicked doers have wrought, whose corrupt desires have kept them back from turning towards Thee, O Thou Who art the King of all names!	131.1 Purihin Ka nawa, O aking Diyos! Iyong nakikita kung paano ikinulong Siya na Iyong Liwanag sa kutang-bayan ng 'Akká, at malupit na siniil dahil sa ginawa ng mga kamay ng mga gumagawa ng kasamaan, na ang kanilang balakyot na mga hangarin ay pumigil sa kanila mula sa pagbaling patungo sa Iyo, O Ikaw na Siyang Hari ng lahat ng mga pangalan!
I swear by Thy glory! Tribulations, however woeful, can never hinder me from remembering Thee or from celebrating Thy praise. Every vexation borne for love of Thee is a token of Thy mercy unto Thy creatures, and every ordeal suffered in Thy path is but a gift from Thee bestowed on Thy chosen ones. I testify that my countenance, which shineth above the Dayspring of eternity, hath been irradiated by adversity, and my body hath been adorned by it before all who are in heaven and all who are on earth.	131.2 Sumusumpa ako sa Iyong kaluwalhatian! Ang mga pagsubok, gaanuman kasaklap, ay hindi kailanman makapipigil sa akin mula sa paggunita sa Iyo o mula sa pagdiriwang ng papuri sa Iyo. Ang bawat pagkagambalang tiniis alang-alang sa pag-ibig sa Iyo ay isang palatandaan ng Iyong habag sa Iyong mga nilalang, at bawat pahirap na dinanas sa Iyong landas ay pawang regalo lamang mula sa Iyo na ipinagkakaloob sa Iyong mga pinili. Sumasaksi ako na ang aking mukha, na sumisinag sa itaas ng Pamimitak ng kawalang-hanggan, ay nag-ugat nang malalim dahil sa pagsubok, at ang aking katawan ay pinalamutihan nito sa harap ng lahat ng nasa langit at ng lahat ng nasa lupa.
I pray Thee, by Thy Most Great Name, to aid all them that have believed on Thee and on Thy signs to be steadfast in Thy love and to set themselves towards the Dawning-Place of the Daystar of Thy loving-kindness. Inspire them, then, O my God, with what will unloose their tongue to praise Thee, and will draw them nigh unto Thee in the life that now is and the life that is to come.	131.3 Isinasamo ko sa Iyo, sa Iyong Pinakadakilang Pangalan, na tulungan ang lahat ng mga nanalig sa Iyo at sa Iyong mga palatandaan upang maging matatag sa Iyong pag-ibig at idako ang kanilang mga sarili tungo sa Pook-Silangan ng Bituing-araw ng Iyong masuyong kabaitan. Ipanggising sa kanila, kung gayon, O aking Diyos, yaong magkakalag sa kanilang dila sa pagpuri sa Iyo, at maglalapit sa kanila sa Iyo sa kasalukuyang buhay at sa buhay na darating.

Thou truly art the Almighty, the All-Glorious, the Beneficent.	131.4 Ikaw sa katunayan ang Ganap na Makapangyarihan, ang Ganap na Maluwalhati, ang Mapagpala.
– CXXXII –	CXXXII
Glorified be Thy name, O Lord my God! I beseech Thee by Thy power that hath encompassed all created things, and by Thy sovereignty that hath transcended the entire creation, and by Thy Word which was hidden in Thy wisdom and whereby Thou didst create Thy heaven and Thy earth, both to enable us to be steadfast in our love for Thee and in our obedience to Thy pleasure, and to fix our gaze upon Thy face, and celebrate Thy glory. Empower us, then, O my God, to spread abroad Thy signs among Thy creatures, and to guard Thy Faith in Thy realm. Thou hast ever existed independently of the mention of any of Thy creatures, and wilt remain as Thou hast been for ever and ever.	132.1 Luwalhatiin nawa ang Iyong pangalan, O Panginoon kong Diyos! Sumasamo ako sa Iyo sa Iyong kapangyarihang sumasaklaw sa lahat ng bagay, at sa Iyong paghaharing nangingibabaw sa buong kinapal, at sa Iyong Salitang itinago alinsunod sa Iyong karunungan at sa pamamagitan niyon Iyong nilikha ang Iyong kalangitan at Iyong kalupaan, na kapuwa tulutan kaming maging matatag sa aming pag-ibig sa Iyo at sa aming pagsunod sa Iyong ikinalulugod, at ipako ang aming paningin sa Iyong mukha, at ipagbunyi ang Iyong kaluwalhatian. Bigyan kami ng lakas, kung gayon, O aking Diyos, upang palaganapin sa ibayo ang Iyong mga palatandaan sa Iyong mga nilalang, at upang pangalagaan ang Iyong Pananampalataya sa Iyong kaharian. Ikaw ay patuloy na umiiral nang malaya sa pagbanggit ng alinman sa Iyong mga nilalang, at mananatili Kang umiiral magpakailanman.
In Thee I have placed my whole confidence, unto Thee I have turned my face, to the cord of Thy loving providence I have clung, and towards the shadow of Thy mercy I have hastened. Cast me not as one disappointed out of Thy door, O my God, and withhold not from me Thy grace, for Thee alone do I seek. No God is there beside Thee, the Ever-Forgiving, the Most Bountiful.	132.2 Sa Iyo ay inilagak ko ang aking buong pagtitiwala, tungo sa Iyo ay ibinaling ko ang aking mukha, sa kordon ng Iyong nagmamahal na kalinga ay nakapangapit ako, at tungo ng lilim ng Iyong habag ay nagmadali ako. Huwag akong itaboy nang bigo mula sa Iyong pintuan, O aking Diyos, at huwag ipagkait sa akin ang Iyong biyaya, sapagkat Ikaw lamang ang hinahanap ko. Walang Diyos liban sa Iyo, ang Laging-Nagpapatawad, ang Pinakamapagpala.
Praise be to Thee, O Thou Who art the Beloved of them that have known Thee!	132.3 Purihin Ka nawa, O Ikaw na Siyang Minamahal nilang mga nakakilala sa Iyo!
– CXXXIII –	CXXXIII

O Thou Whose tests are a healing medicine to such as are nigh unto Thee, Whose sword is the ardent desire of all them that love Thee, Whose dart is the dearest wish of those hearts that yearn after Thee, Whose decree is the sole hope of them that have recognized Thy truth! I implore Thee, by Thy divine sweetness and by the splendors of the glory of Thy face, to send down upon us from Thy retreats on high that which will enable us to draw nigh unto Thee. Set, then, our feet firm, O my God, in Thy Cause, and enlighten our hearts with the effulgence of Thy knowledge, and illumine our breasts with the brightness of Thy names.	133.1 O Ikaw na ang Iyong mga pagsubok ay ang nakagagaling na lunas para sa gayong mga malalapit sa Iyo, na ang Iyong espada ay ang maalab na hangarin ng lahat nilang mga nagmamahal sa Iyo, na ang Iyong palaso ay ang pinakamimithing hangarin ng mga pusong iyon na nananabik sa Iyo, na ang Iyong utos ay ang tanging pag-asa nilang mga kumilala sa Iyong katotohanan! Isinasamo ko sa Iyo, sa Iyong banal na katamisan at sa mga karingalan ng kaluwalhatian ng Iyong mukha, na ipababa sa amin mula sa Iyong mga retiro sa kaitaasan yaong magtutulot na makalapit kami sa Iyo. Gawing matatag, kung gayon, ang aming mga paa, O aking Diyos, sa Iyong Kapakanan, at tanglawan ang aming mga puso sa kaningningan ng Iyong kaalaman, at bigyang-liwanag ang aming mga dibdib sa luningning ng Iyong mga pangalan.
– CXXXIV –	CXXXIV
I am he, O my Lord, that hath set his face towards Thee, and fixed his hope on the wonders of Thy grace and the revelations of Thy bounty. I pray Thee that Thou wilt not suffer me to turn away disappointed from the door of Thy mercy, nor abandon me to such of Thy creatures as have repudiated Thy Cause.	134.1 Ako siya, O aking Panginoon, na idinako ang kaniyang mukha tungo sa Iyo, at inilagay ang kaniyang pag-asa sa mga kamanghaan ng Iyong biyaya at sa mga pagbubunyag ng Iyong pagpapala. Isinasamo ko sa Iyo na hindi Mo ako tutulutang lumayo nang bigo mula sa pintuan ng Iyong kahabagan, ni hindi ako hahayaan sa gayong mga nilalang Mo na itinatwa ang Iyong Kapakanan.
I am, O my God, Thy servant and the son of Thy servant. I have recognized Thy truth in Thy days, and have directed my steps towards the shores of Thy oneness, confessing Thy singleness, acknowledging Thy unity, and hoping for Thy forgiveness and pardon. Powerful art Thou to do what Thou willest; no God is there beside Thee, the All-Glorious, the Ever-Forgiving.	134.2 Ako, O aking Diyos, ang Iyong tagapaglingkod at anak ng Iyong tagapaglingkod. Aking kinilala ang Iyong katotohanan sa Iyong mga araw, at idinako ang aking mga yapak patungo sa mga dalampasigan ng Iyong kaisahan, sumasaksi sa Iyong pagiging iisa, tinatanggap ang Iyong kaisahan, at umaasa sa Iyong kapatawaran at pagwawalang-sala. Makapangyarihan Ka upang gawin ang Iyong ninanais; walang Diyos liban sa Iyo, ang Ganap na

	Maluwalhati, ang Laging Nagpapatawad.
– CXXXV –	CXXXV
Unto Thee be praise, O Lord my God! I testify that Thou art God, and that there is none other God besides Thee. Thou hast from eternity been immeasurably exalted above the praise of any one except Thee, and far above the description of any of Thy creatures. All created things have borne witness to Thy unity, and every dweller in Thy kingdom hath confessed Thy oneness. The essence of the apprehension of the assured among Thy creatures can never attain unto Thee, and the gem-like utterances with which Thy people have praised and glorified Thee can never hope to ascend unto the atmosphere of Thy holiness. For men's apprehension of Thee is but the apprehension of Thine own creation; how can it reach up to Thee? And all human praise and glorification of Thee pertain unto Thy servants; how can they be deemed worthy of the court of Thy oneness?	135.1 Mapasa-Iyo nawa ang papuri, O Panginoon kong Diyos! Sumasaksi ako na Ikaw ang Diyos, at walang ibang Diyos liban sa Iyo. Mula sa kawalang-hanggan di-masukat ang Iyong kadakilaan kaysa sa papuri ng sinuman liban sa Iyo, at napakalayong mataas kaysa sa paglalarawan ng alinman sa Iyong mga nilalang. Ang lahat ng nilalang na bagay ay sumaksi sa Iyong pagkakaisa, at ang bawat nananahan sa Iyong kaharian ay tumanggap sa Iyong kaisahan. Ang pinakadiwa ng pagkabatid ng mga nakatitiyak mula sa Iyong mga nilalang ay hindi kailanman makararating sa Iyo, at ang malahiyas na mga salitang ginamit ng Iyong mga tao sa pagpuri at pagluwalhati sa Iyo ay walang pag-asang makapanhik sa himpapawid ng Iyong kabanalan. Sapagkat ang pagkabatid ng mga tao sa Iyo ay pawang pagkabatid lamang ng Iyong sariling nilikha; paano ito makaaabot sa Iyo? At ang lahat ng pagpuri at pagluwalhati ng tao sa Iyo ay nauukol sa Iyong mga tagapaglingkod; paano ito maituturing na marapat sa korte ng Iyong kaisahan?
I swear by Thy glory! The quintessence of knowledge is powerless to comprehend Thy nature, and the inmost reality of every praise of Thee falleth short of the seat of Thy great glory and of Thine all-compelling power. Every utterance that seeketh to describe Thee, and every knowledge that attempteth to comprehend Thee, is but an expression of Thine own creating, and is begotten by Thy will, and fashioned in conformity with Thy purpose.	135.2 Sumusumpa ako sa Iyong kaluwalhatian! Ang pinakadiwa ng kaalaman ay walang-kakayahang unawain ang Iyong likas na katangian, at ang kaibuturang realidad ng bawat papuri sa Iyo ay hindi nakaaabot sa luklukan ng Iyong dakilang kaluwalhatian at ng Iyong kapangyarihang nakapipilit sa lahat. Ang bawat salitang sinisikap na ilarawan Ka, at ang bawat kaalamang nagtatangkang maunawaan Ka, ay paghahayag lamang ng Iyong sariling paglilikha, at isinilang ng Iyong kalooban, at hinubog nang alinsunod sa Iyong layunin.
I implore Thee, O Thou Who art inscrutable to all except Thee, and can be comprehended through naught else save Thyself, by the wrongs which He Who is the	135.3 Isinasamo ko sa Iyo, O Ikaw na Siyang di-malirip ng lahat liban sa Iyo, at maunawaan sa pamamagitan ng walang iba liban sa Iyong sarili, sa mga kasalanang dinanas Niya na

Dayspring of Thy Cause hath suffered at the hands of the ignoble among Thy creatures, and by what hath befallen Him in Thy path, to grant that I may, at all times, be wholly dissolved in Thee, and fix my gaze upon the horizon of Thy will and be steadfast in Thy love.	Siyang Pamimitak ng Iyong Kapakanan mula sa mga kamay ng mga imbi mula sa Iyong mga nilalang, at sa sumapit sa Kaniya sa Iyong landas, na ipahintulot na magawa ko, sa lahat ng panahon, ang ganap na malusaw sa Iyo, at maipako ang aking paningin sa sugpungang-guhit ng Iyong kalooban at maging matatag sa pag-ibig sa Iyo.
I have, O my Lord, turned unto Thee according to what Thou hast commanded me in Thy Book, and have set my face towards the horizon of Thy loving-kindness even as Thou hast permitted me in Thy Tablets. Cast me not out of the door of Thy grace, I beseech Thee, and write down for me the recompense destined for him who hath entered Thy presence, and hath risen to serve Thee, and hath been carried away by the drops sprinkled upon him from the Ocean of Thy favors in Thy days, and by the splendors of the Daystar of Thy gifts that have been shed upon him at the revelation of the light of Thy countenance.	135.4 Ako, O aking Panginoon, ay bumaling patungo sa Iyo sang-ayon doon sa iniutos Mo sa akin sa Iyong Aklat, at itinuon ang aking mukha tungo sa sugpungang-guhit ng Iyong masuyong kabaitan tulad ng Iyong ipinahintulot sa akin sa Iyong mga Tableta. Huwag akong itaboy mula sa pintuan ng Iyong biyaya, isinasamo ko sa Iyo, at isulat para sa akin ang gantimpalang nakalaan sa kaniyang nakapasok sa Iyong kinaroroonan, at bumangon upang maglingkod sa Iyo, at natangay ng mga patak na iniwisik sa kaniya mula sa Karagatan ng Iyong mga pagpapala sa Iyong mga araw, at ng mga karingalan ng Bituing-araw ng Iyong mga kaloob na ipinasikat sa kaniya sa paglalantad ng liwanag ng Iyong mukha.
Potent art Thou to do what pleaseth Thee. No God is there save Thee, the Help in Peril, the Self-Subsisting.	135.5 Makapangyarihan Ka upang gawin ang Iyong ninanais. Walang Diyos liban sa Iyo, ang Tulong sa Panganib, ang Sariling-Ganap.
– CXXXVI –	CXXXVI
Lauded be Thy Name, O Lord my God! I am Thy servant who hath laid hold on the cord of Thy tender mercies, and clung to the hem of Thy bounteousness. I entreat Thee by Thy name whereby Thou hast subjected all created things, both visible and invisible, and through which the breath that is life indeed was wafted over the entire creation, to strengthen me by Thy power which hath encompassed the heavens and the earth, and to guard me from all sickness and tribulation. I bear witness that Thou art the Lord of all names, and the Ordainer of all that may please Thee. There is	136.1 Luwalhatiin nawa ang Iyong Pangalan, O Panginoon kong Diyos! Ako ang Iyong tagapaglingkod na kumapit sa kordon ng Iyong masuyong kahabagan at nangapit sa laylayan ng Iyong kasaganaan. Isinasamo ko sa Iyo sa Iyong pangalan sa pamamagitan niyon ay pinasunod Mo ang lahat ng nilikhang bagay, kapuwa nakikita at di-nakikita, at sa pamamagitan niyon ang hininga ng buhay ay pinasimoy sa buong kinapal, na palakasin ako mula sa Iyong kapangyarihang bumabalot sa langit at lupa, at pangalagaan ako mula sa lahat ng karamdaman at kahirapan. Sumasaksi

none other God but Thee, the Almighty, the All-Knowing, the All-Wise.	ako na Ikaw ang Panginoon ng lahat ng mga pangalan, at ang Nagtatalaga ng lahat ng ikalulugod Mo. Walang ibang Diyos liban sa Iyo, ang Ganap na Makapangyarihan, ang Ganap na Marunong.
Do Thou ordain for me, O my Lord, what will profit me in every world of Thy worlds. Supply me, then, with what Thou hast written down for the chosen ones among Thy creatures, whom neither the blame of the blamer, nor the clamor of the infidel, nor the estrangement of such as have withdrawn from Thee, hath deterred from turning towards Thee.	136.2 Iyong italaga para sa akin, O aking Panginoon, yaong mapakikinabangan ko sa bawat daigdig ng Iyong mga daigdig. Itustos sa akin, kung gayon, yaong isinulat Mo para sa Iyong mga pinili mula sa Iyong mga nilalang, na hindi nakapigil ang pagsisi ng maninisi, ni ang pag-iingay ng di-sumasampalataya, ni ang kalayuan ng loob ng gayong mga lumayo sa Iyo, mula sa pagbaling patungo sa Iyo.
Thou, truly, art the Help in Peril through the power of Thy sovereignty. No God is there save Thee, the Almighty, the Most Powerful.	136.3 Ikaw, sa katunayan, ang Tulong sa Panganib, sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Iyong paghahari. Walang Diyos liban sa Iyo, ang Ganap na Makapangyarihan, ang Pinakamalakas.
– CXXXVII –	CXXXVII
Glorified art Thou, O my God! I yield Thee thanks that Thou hast made known unto me Him Who is the Dayspring of Thy mercy, and the Dawning-Place of Thy grace, and the Repository of Thy Cause. I beseech Thee by Thy Name, through which the faces of them that are nigh unto Thee have turned white, and the hearts of such as are devoted to Thee have winged their flight towards Thee, to grant that I may, at all times and under all conditions, lay hold on Thy cord, and be rid of all attachment to anyone except Thee, and may keep mine eyes directed towards the horizon of Thy Revelation, and may carry out what Thou hast prescribed unto me in Thy Tablets.	137.1 Luwalhatiin Ka nawa, O aking Diyos! Nagbibigay pasasalamat ako sa Iyo yamang ipinakilala Mo sa akin Siya na Siyang Pamimitak ng Iyong kahabagan, at ang Pook-Silangan ng Iyong biyaya, at ang Repositoryo ng Iyong Kapakanan. Isinasamo ko sa Iyong Pangalan, na sa pamamagitan niyon ang mga mukha nilang mga malalapit sa Iyo ay namutla, at ang mga puso ng gayong mga deboto sa Iyo ay lumipad patungo sa Iyo, na tulutang magawa ko, sa lahat ng panahon at sa lahat ng kalagayan, ang mangapit sa Iyong kordon, at mawalay mula sa lahat ng pagkagiliw sa kaninuman liban sa Iyo at mapanatiling nakatitig ang aking mga mata tungo sa sugpungang-guhit ng Iyong Rebelasyon, at maisagawa yaong iniatas Mo sa akin sa Iyong mga Tableta.
Attire, O my Lord, both my inner and outer being with the raiment of Thy favors and Thy loving-kindness. Keep me safe, then, from	137.2 Damtan, O aking Panginoon, kapuwa ang aking panloob at panlabas na sarili ng kasuotan ng Iyong mga pagpapala at ng Iyong

whatsoever may be abhorrent unto Thee, and graciously assist me and my kindred to obey Thee, and to shun whatsoever may stir up any evil or corrupt desire within me.	masuyong kabaitan. Pangalagaan akong ligtas, kung gayon, mula sa anumang kasuklam-suklam sa Iyo, at buong-pagpapalang tulungan ako at ang aking mga kaanak upang sumunod sa Iyo, at iwasan ang anumang gigising sa alinmang masama o balakyot na hangarin sa loob ko.
Thou, truly, art the Lord of all mankind, and the Possessor of this world and of the next. No God is there save Thee, the All-Knowing, the All-Wise.	137.3 Ikaw, sa katunayan, ang Panginoon ng buong sangkatauhan, at ang Nagmamay-ari ng daigdig na ito at ng susunod. Walang Diyos liban sa Iyo, ang Ganap na Nakababatid, ang Ganap na Marunong.
– CXXXVIII –	CXXXVIII
O God, and the God of all Names, and Maker of the heavens! I entreat Thee by Thy Name through which He Who is the Dayspring of Thy might and the Dawning-Place of Thy power hath been manifested, through which every solid thing hath been made to flow, and every dead corpse hath been quickened, and every moving spirit confirmed—I entreat Thee to enable me to rid myself of all attachment to any one but Thee, and to serve Thy Cause, and to wish what Thou didst wish through the power of Thy sovereignty, and to perform what is the good pleasure of Thy will.	138.1 O Diyos, at ang Diyos ng lahat ng Pangalan, at ang Maylikha ng mga kalangitan! Isinasamo ko sa Iyo sa Iyong Pangalan na sa pamamagitan niyon Siya na Siyang Pamimitak ng Iyong lakas at ang Pook-Silangan ng Iyong kapangyarihan ay naging hayag, na sa pamamagitan niyon ang bawat buong bagay ay ginawang umagos, at ang bawat patay na bangkay ay binuhay, at ang bawat kumikilos na espiritu ay pinagtibay—isinasamo ko sa Iyo na tulutan akong maalis mula sa aking sarili ang lahat ng pagkagiliw sa kaninuman liban sa Iyo, at makapaglingkod sa Iyong Kapakanan, at naisin ang Iyong ninanais sa pamamagitan ng Iyong paghahari, at ang isagawa ang mabuting kaluguran ng Iyong kalooban.
I beseech Thee, moreover, O my God, to ordain for me what will make me rich enough to dispense with any one save Thee. Thou seest me, O my God, with my face turned towards Thee, and my hands clinging to the cord of Thy grace. Send down upon me Thy mercy, and write down for me what Thou hast written down for Thy chosen ones. Powerful art Thou to do what pleaseth Thee. No God is there but Thee, the Ever-Forgiving, the All-Bountiful.	138.2 Isinasamo ko sa Iyo, higit pa roon, O aking Diyos, na italaga para sa akin yaong magpapayaman sa akin sa gayong antas na maisantabi ko ang sinuman liban sa Iyo. Nakikita Mo ako, O aking Diyos, na nakabaling ang aking mukha tungo sa Iyo, at nakakapit ang aking mga kamay sa kordon ng Iyong biyaya. Ipababa sa akin ang Iyong habag, at isulat para sa akin ang Iyong isinulat para sa Iyong mga pinili. Makapangyarihan Ka upang gawin ang Iyong ninanais. Walang Diyos liban sa Iyo, ang Laging-Nagpapatawad, ang Lubos na

	Mapagpala.
– CXXXIX –	CXXXIX
Glory be to Thee, O Thou Who hast, through the movement of Thy most august pen, subdued the concourse of Thy creation, and manifested the pearls of the ocean of Thy wisdom through the words which Thy tongue hath spoken before all who are in heaven and on earth. I testify that Thy might hath encompassed the whole universe, and Thy mercy surpassed all created things. The powers of the earth have never prevailed against Thee, nor hath the tumult of the nations frustrated Thy purpose. Thou hast revealed in Thy realm whatsoever Thou hadst desired through the power of Thy sovereignty, and hast ordained all things according to the good pleasure of Thy will. From eternity Thou hast inhabited the loftiest heights of Thy dominion and of Thine unfettered sovereignty, and wilt unto eternity continue to abide in the inaccessible retreats of Thy majesty and glory.	139.1 Luwalhati sa Iyo, O Ikaw na sa pamamagitan ng pagkilos ng Iyong lubhang kapita-pitagang panulat, ay sinupil ang kalipunan ng Iyong kinapal, at ginawang maihayag ang mga perlas ng karagatan ng Iyong karunungan sa pamamagitan ng mga salitang binigkas ng Iyong dila sa harap ng lahat ng nasa langit at lupa. Sumasaksi ako na ang Iyong kapangyarihan ay sumasaklaw sa buong sanlibutan, at ang Iyong habag ay higit sa lahat ng bagay. Ang mga kapangyarihan ng daigdig ay hindi kailanman nanaig laban sa Iyo, ni hindi rin nagawa ng pag-iingay ng mga bansa ang pigilan ang Iyong layunin. Iyong inihayag sa Iyong kaharian ang anumang ninanais Mo sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Iyong paghahari, at itinalaga ang lahat ng bagay sang-ayon sa mabuting kaluguran ng Iyong kalooban. Mula sa kawalang-hanggan Ikaw ay nananahan sa pinakamatayog na mga rurok ng Iyong kaharian at ng Iyong di-napipigilang paghahari, at magpapatuloy hanggang sa kawalang-hanggan na manahan sa di-maabot na mga retiro ng Iyong kamahalan at kaluwalhatian.
I implore Thee, by Thy Name through which the fragrance of the raiment of Thy presence was wafted, and the gentle winds of Thy bountiful grace passed over all created things, to graciously assist me, at all times and under all conditions, to serve Thy Cause, and to enable me to remember Thee and to extol Thy virtues. Let, then, Thine almighty arms enfold me, O my God, and ordain for me what beseemeth Thy bounty in every world of Thy worlds.	139.2 Isinasamo ko sa Iyo, sa Iyong Pangalan na sa pamamagitan niyon ang halimuyak ng kasuotan ng Iyong kinaroroonan ay sumimoy, at ang banayad na mga hangin ng Iyong masaganang pagpapala ay humihip sa lahat ng nilikhang bagay, na buong-giliw akong tulungan, sa lahat ng panahon at sa ilalim ng lahat ng kalagayan, na makapaglingkod sa Iyong Kapakanan, at tulutan akong maalaala Ka at maipagbunyi ang Iyong mga kabutihan. Hayaan, kung gayon, na yapusin ako ng Iyong mga brasong lubos na makapangyarihan, O aking Diyos, at italaga para sa akin yaong nararapat sa Iyong biyaya sa bawat daigdig ng Iyong mga

	daigdig.
Thou beholdest, O my Lord, how I have set myself towards the ocean of Thy grace and the adored sanctuary of Thy favors. Deny me not, I pray Thee, the drops which are sprinkled from the ocean of Thy gifts; neither do Thou withhold from me the outpourings of the clouds of Thy tender mercies. I am he, O my God, that hath clung to the resplendent hem of Thy robe, and taken hold on Thy strong cord that none can sever. I testify that Thou hast created me, and nourished me, and brought me up, and fed me, and sustained me, that I may recognize Him Who is the Dayspring of Thy signs, and the Revealer of Thy clear tokens. I offer unto Thee, therefore, most high praise, O Lord my God, that Thou hast suffered me to attain unto this most sublime station and this most august seat. Thou, truly, art the Great Giver, the Almighty, the All-Bountiful, the Ever-Forgiving, the Most Generous.	139.3 Iyong nakikita, O aking Panginoon, kung paano ko idinako ang aking sarili patungo sa karagatan ng Iyong biyaya at sa sinasambang santuwaryo ng Iyong mga pagpapala. Huwag ipagkait sa akin, isinasamo ko sa Iyo, ang mga patak na iniwiwisik mula sa karagatan ng Iyong mga kaloob; ni huwag Mo ring ipagkait sa akin ang mga pag-ulan mula sa mga ulap ng Iyong masuyong habag. Ako siya, O aking Diyos, na nakapangapit sa maningning na laylayan ng Iyong kasuotan, at humawak sa Iyong matibay na kordon na walang makalalagot. Sumasaksi ako na Ikaw ang lumalang sa akin, at nag-aruga sa akin, at nagpalaki sa akin, at nagpakain sa akin, at tumustos sa akin, upang magawa kong kilalanin Siya na Siyang Pamimitak ng Iyong mga palatandaan, at ang Tagahayag ng Iyong malinaw na mga palatandaan. Iniaalay ko sa Iyo, kung gayon, ang pinakamataas na papuri, O Panginoon kong Diyos, yamang tinulutan Mo akong makamtan itong pinakamatayog na kalagayan at lubhang kapita-pitagang luklukan. Ikaw, sa katunayan, ang Dakilang Nagbibigay, ang Ganap na Makapangyarihan, ang Lubos na Mapagpala, ang Laging-Nagpapatawad, ang Pinakamapagbigay.
Illumine mine eyes, O my Lord, with the splendors of the horizon of Thy Revelation, and brighten my heart with the effulgence of the Daystar of Thy knowledge and wisdom, that I may set myself wholly towards Thy face, and be rid of all attachment to any one except Thee, in such wise that the changes and chances of the world will be powerless to hinder me from recognizing Him Who is the Manifestation of Thine own Self, and the Revealer of Thy signs, and the Dayspring of Thy Revelation, and the Repository of Thy Cause.	139.4 Tanglawan ang aking mga mata, O aking Panginoon, ng mga karingalan ng sugpungang-guhit ng Iyong Rebelasyon, at liwanagan ang aking puso ng kaningningan ng Bituing-araw ng Iyong kaalaman at karunungan, nang upang ganap na maibaling ko ang aking sarili tungo sa Iyong mukha at maiwalay mula sa lahat ng pagmamahal sa kaninuman liban sa Iyo, sa gayong paraan na ang mga pagbabago at mga pagkakataon sa daigdig ay hindi magtataglay ng kakayahang pumigil sa akin mula sa pagkilala sa Kaniya na Siyang Kahayagan ng Iyong angking Sarili, at ang Tagasiwalat ng Iyong mga palatandaan, at ang Pamimitak ng Iyong Rebelasyon, at ang Repositoryo ng Iyong Kapakanan.

Thou art, verily, the Almighty, the Protector, the All-Glorious, the All-Wise.	139.5 Ikaw, sa katotohanan, ang Ganap na Makapangyarihan, ang Tagapagsanggalang, ang Lubos na Mulawalhati, ang Lubos na Marunong.
– CXL –	CXL
Praised be Thou, O my God! This servant of Thine testifieth that naught else except Thee can ever express Thee, nor canst Thou be described by any one save Thyself. The thoughts of them that have recognized Thy reality, however much they may ascend towards the heaven of Thy praise, can never hope to pass beyond the bounds which, by Thy behest and decree, have been fixed within their own hearts. How can the creature who is as nothing comprehend Him Who is the Ancient of Days, or succeed in describing the full measure of His sovereignty, His glory, and His grandeur? Nay, and to this Thou Thyself dost witness, O Thou Who art the Governor of nations! Every created thing hath recognized its own impotence, and the power of Thy might, and hath confessed its own abasement and Thy great glory.	140.1 Purihin Ka nawa, O aking Diyos! Sumasaksi itong tagapaglingkod Mo na walang iba liban sa Iyo kailanman ay makapaghahayag sa Iyo, ni hindi Ka rin mailalarawan ng sinuman liban sa Iyong sarili. Ang mga kaisipan nilang mga kumilala sa Iyong realidad, gaanuman pumailanlang ang mga iyon patungo sa kalangitan ng papuri sa Iyo, kailanman ay walang pag-asang makalampas sa mga hangganan, sang-ayon sa Iyong kagustuhan at kautusan, na itinakda sa sarili nilang mga puso. Paano mauunawaan ng nilalang na katumbas ng kawalan ang Siya na Siyang Napakatanda sa mga Araw, o magagawang magtagumpay sa paglalarawan sa buong sukat ng Kaniyang paghahari, ng Kaniyang kaluwalhatian, at ng Kaniyang karilagan? Hindi lamang iyon, at Ikaw mismo sa Iyong sarili ang sumasaksi rito, O Ikaw na Siyang Namamahala sa mga bansa! Kinikilala ng bawat nilikhang bagay ang sarili nitong kawalan ng kakayahan, at ang kapangyarihan ng Iyong lakas, at umaamin sa sarili nitong karukhaan at sa Iyong dakilang kaluwalhatian.
I beseech Thee by Thy Lastness which is the same as Thy Firstness, and by Thy Revelation which is identical with Thy Concealment, to grant that they who are dear to Thee, and their children, and their kindred, may become the revealers of Thy purity amidst Thy creatures, and the manifestations of Thy sanctity amongst Thy servants.	140.2 Isinasamo ko sa Iyo sa Iyong pagiging-Huli na kapareho ng Iyong pagiging-Una, at sa Iyong Pagkahayag na kapareho ng Iyong Pagkalihim, na ipagkaloob na silang mga mahal sa Iyo, at ang kanilang mga supling, at ang kanilang mga kaanak, ay maging mga tagapagsiwalat ng Iyong kadalisayan sa Iyong mga nilalang, at mga kapahayagan ng Iyong kabanalan sa Iyong mga tagapaglingkod.
Thou art, verily, powerful to do Thy pleasure. Thou art, in truth, the Help in Peril, the Self-Subsisting.	140.3 Ikaw, sa katunayan, ay makapangyarihan upang gawin ang Iyong ikinalulugod. Ikaw, sa katotohanan, ang

	Tulong sa Panganib, ang Sariling-Ganap.
– CXLI –	CXLI
I give Thee thanks, O my God, for that Thou hast made me to be a target for the darts of Thine adversaries in Thy path. I offer Thee most high praise, O Thou Who art the Knower of the seen and unseen and the Lord of all being, that Thou hast suffered me to be cast into prison for love of Thee, and caused me to quaff the cup of woe, that I may reveal Thy Cause and glorify Thy word.	141.1 Nagpapasalamat ako sa Iyo, O aking Diyos, yamang ginawa Mo akong maging isang tudlaan para sa mga palaso ng Iyong mga kaaway sa Iyong landas. Nag-aalay ako sa Iyo ng kataas-taasang papuri, O Ikaw na Siyang Nakababatid sa nakikita at di-nakikita at ang Panginoon ng lahat ng nilalang, na tinulutan Mo akong makulong sa piitan alang-alang sa pag-ibig sa Iyo, nang upang magawa kong ihayag ang Iyong Kapakanan at luwalhatiin ang Iyong salita.
Which of my tribulations am I to recount before Thy face, O my Lord? Am I to recite before Thee what in days of old befell me at the hands of the workers of iniquity among Thy creatures, or to describe the vexations which have compassed me about in these days for the sake of Thy good pleasure?	141.2 Alin sa aking mga paghihirap ang isasaysay ko sa harap ng Iyong mukha, O aking Panginoon? Uusalin ko ba sa harap Mo kung ano ang sumapit sa akin noong sinaunang mga araw sa mga kamay ng mga gumagawa ng kasamaan mula sa Iyong mga nilalang o ilalarawan ko ba ang mga suliraning pumalibot sa akin sa mga araw na ito alang-alang sa Iyong mabuting kaluguran?
Thanks be to Thee, O Thou the Lord of all names; and glory be to Thee, O Maker of the heavens, for all that I have sustained in these days at the hands of such of Thy servants as have transgressed against Thee, and of Thy people that have dealt frowardly towards Thee.	141.3 Salamat sa Iyo, O Ikaw na Panginoon ng lahat ng pangalan; at luwalhati sa Iyo, O Manlilikha ng mga kalangitan, para sa lahat ng aking dinanas sa mga araw na ito sa mga kamay ng gayon sa Iyong mga tagapaglingkod na lumabag sa Iyo, at mula sa Iyong mga tao na sutil ang pakikitungo sa Iyo.
Number us, we implore Thee, with them who have stood fast in Thy Cause until their souls finally winged their flight unto the heaven of Thy grace and the atmosphere of Thy loving-kindness. Thou art, verily, the Ever-Forgiving, the Most Merciful.	141.4 Ibilang kami, kung gayon, na kasama sa kanilang mga naging matatag sa Iyong Kapakanan hanggang sa wakas ang kanilang mga kaluluwa ay lumipad patungo sa kalangitan ng Iyong biyaya at sa himpapawid ng Iyong masuyong kabaitan. Ikaw, sa katunayan, ang Laging-Nagpapatawad, ang Pinakamahabagin.
– CXLII –	CXLII

Glory be to Thee, O my God! My face hath been set towards Thy face, and my face is, verily, Thy face, and my call is Thy call, and my Revelation Thy Revelation, and my self Thy Self, and my Cause Thy Cause, and my behest Thy behest, and my Being Thy Being, and my sovereignty Thy sovereignty, and my glory Thy glory, and my power Thy power.	142.1 Luwalhati sa Iyo, O aking Diyos! Ang aking mukha ay nakadako tungo sa Iyong mukha, at ang aking mukha, sa katunayan ay ang Iyong mukha, at ang aking panawagan ay ang Iyong panawagan, at ang aking Rebelasyon ay ang Iyong Rebelasyon, at ang aking sarili ay ang Iyong Sarili, at ang aking Kapakanan ay ang Iyong Kapakanan, at ang aking utos ay ang Iyong utos, at ang aking Pag-iral ay ang Iyong Pag-iral, at ang aking paghahari ay ang Iyong paghahari, at ang aking luwalhati ay ang Iyong luwalhati, at ang aking kapangyarihan ay ang Iyong kapangyarihan.
I implore Thee, O Thou Fashioner of the nations and the King of eternity, to guard Thy handmaidens within the tabernacle of Thy chastity, and to cancel such of their deeds as are unworthy of Thy days. Purge out, then, from them, O my God, all doubts and idle fancies, and sanctify them from whatsoever becometh not their kinship with Thee, O Thou Who art the Lord of names, and the Source of utterance. Thou art He in Whose grasp are the reins of the entire creation.	142.2 Isinasamo ko sa Iyo, O Ikaw na Tagahubog ng mga bansa at ang Hari ng kawalang-hanggan, na pangalagaan ang Iyong mga kawaksing-babae sa loob ng tabernakulo ng Iyong kalinisang-puri, na ipawalang-saysay ang gayon sa kanilang mga gawa na hindi nararapat sa Iyong mga araw. Linisin mula sa kanila, kung gayon, O aking Diyos, ang lahat ng mga pag-aalinlangan at walang-kapararakang mga hinagap at dalisayin sila mula sa anumang hindi naaangkop sa kanilang pagiging kaanak Mo, O Ikaw na Siyang Panginoon ng mga pangalan, at ang Pinagmumulan ng pananalita. Ikaw Siya na tangan Niya ang mga renda ng buong sangnilikha.
No God is there but Thee, the Almighty, the Most Exalted, the All-Glorious, the Self-Subsisting.	142.3 Walang Diyos liban sa Iyo, ang Ganap na Makapangyarihan, ang Pinakadakila, ang Lubos na Maluwalhati, ang Sariling-Ganap.
– CXLIII –	CXLIII
Glory be to Thee, O my God! I beg of Thee by Thy name, the Most Merciful, to protect Thy servants and Thy handmaidens when the tempests of trials pass over them, and Thy manifold tests assail them. Enable them, then, O my God, so to seek refuge within the stronghold of Thy love and of Thy Revelation, that neither Thine adversaries nor the wicked	143.1 Luwalhatiin Ka nawa, O aking Diyos! Isinasamo ko sa Iyong pangalan, ang Pinakamahabagin, na pangalagaan ang Iyong mga tagapaglingkod at ang Iyong mga kawaksing babae kapag ang mga bagyo ng mga pagsubok ay dumadaan sa kanila, at ang napakarami Mong mga pagsuri ay sumasalakay sa kanila. Tulutan sila, kung

doers among Thy servants, who have broken Thy Covenant and Thy Testament, and turned away most disdainfully from the Dayspring of Thine Essence and the Revealer of Thy glory, may prevail against them.	gayon, O aking Diyos, na humanap ng kanlungan sa loob ng kuta ng Iyong pag-ibig at ng Iyong Rebelasyon, sa gayong paraan na hindi mananaig sa kanila ang Iyong mga kaaway ni ang mga gumagawa ng masama mula sa Iyong mga tagapaglingkod, na lumabag sa Iyong Kasunduan at sa Iyong Testamento, at lubhang mapagmataas na tumalikod sa Pamimitak ng Iyong Pinakadiwa at sa Tagapagsiwalat ng Iyong kaluwalhatian.
They themselves, O my Lord, have waited at the door of Thy grace. Do Thou open it to their faces with the keys of Thy bountiful favors. Potent art Thou to do what Thou willest, and to ordain what Thou pleasest. These are the ones, O my Lord, who have set their faces towards Thee, and turned unto Thy habitation. Do with them, therefore, as becometh Thy mercy, which hath surpassed the worlds.	143.2 Sila mismo, O aking Panginoon, ay naghihintay sa pinto ng Iyong biyaya. Iyong buksan ito sa kanilang mga mukha sa pamamagitan ng mga susi ng Iyong mapagpalang mga biyaya. Makapangyarihan Ka upang gawin ang Iyong ninanais. Sila itong mga nagsibaling ng kanilang mga mukha tungo sa Iyo, O aking Panginoon, at dumako sa Iyong tahanan. Gawin sa kanila, kung gayon, yaong nararapat sa Iyong kahabagan, na higit pa sa mga daigdig.
– CXLIV –	CXLIV
O my God and my Master! I am Thy servant and the son of Thy servant. I have risen from my couch at this dawntide when the Daystar of Thy oneness hath shone forth from the Dayspring of Thy will, and hath shed its radiance upon the whole world, according to what had been ordained in the Books of Thy Decree.	144.1 O aking Diyos at aking Panginoon! Ako ay Iyong tagapaglingkod at anak ng Iyong tagapaglingkod. Nagbangon ako buhat sa aking higaan sa madaling araw na ito nang sumikat ang Bituing-araw ng Iyong kaisahan buhat sa Pamimitak ng Iyong kalooban, at nagsasabog ng ningning nito sa buong daigdig, ayon sa iniatas ng mga Aklat ng Iyong Kautusan.
Praise be unto Thee, O my God, that we have wakened to the splendors of the light of Thy knowledge. Send down, then, upon us, O my Lord, what will enable us to dispense with anyone but Thee, and will rid us of all attachment to aught except Thyself. Write down, moreover, for me, and for such as are dear to me, and for my kindred, man and woman alike, the good of this world and the world to come. Keep us safe, then, through Thine unfailing protection, O Thou the Beloved of the entire creation and the Desire	144.2 Purihin Ka nawa, O aking Diyos, sa pagkagising namin sa mga karingalan ng liwanag ng Iyong kaalaman. Pababain sa amin, kung gayon, O aking Panginoon, yaong magtutulot na magawa naming talikdan ang sinuman liban sa Iyo, at puputol sa lahat ng pagkakaugnay sa anuman liban sa Iyong sarili. Higit pa roon, ay isulat para sa akin, at para sa aking minamahal, at para sa aking mga kaanak, kapuwa lalaki at babae, ang kabutihan ng daigdig na ito at ng daigdig na darating. Sa pamamagitan ng Iyong walang-maliw na

of the whole universe, from them whom Thou hast made to be the manifestations of the Evil Whisperer, who whisper in men's breasts. Potent art Thou to do Thy pleasure. Thou art, verily, the Almighty, the Help in Peril, the Self-Subsisting.	pangangalaga, O Ikaw na Minamahal ng lahat ng nilalang at ang Hangarin ng buong sansinukob, panatilihin kaming ligtas mula sa kanilang mga ginawa Mong maging mga kapahayagan ng Bumubulong ng Kasamaan, na nagbubulong sa mga dibdib ng tao. Makapangyarihan Ka upang gawin ang Iyong ikalulugod. Ikaw, sa katunayan, ang Lubos na Makapangyarihan, ang Tulong sa Panganib, ang Sariling-Ganap.
Bless Thou, O Lord my God, Him Whom Thou hast set over Thy most excellent Titles, and through Whom Thou hast divided between the godly and the wicked, and graciously aid us to do what Thou lovest and desirest. Bless Thou, moreover, O my God, them Who are Thy Words and Thy Letters, and them who have set their faces towards Thee, and turned unto Thy face, and hearkened to Thy Call.	144.3 Pagpalain Mo, O Panginoon kong Diyos, Siya na iniluklok Mo sa itaas ng Iyong pinakamahusay na mga Taguri, na sa pamamagitan Niya ay pinagbukod Mo ang makadiyos at ang masama, at buong giliw kaming tulungan upang magawa ang Iyong iniibig at ninanais. Higit pa rito ay pagpalain Mo, O aking Diyos, sila na Iyong mga Salita at Iyong mga Titik, at silang nagtuon ng kanilang mga mukha tungo sa Iyo, at bumaling sa Iyong mukha, at nakinig sa Iyong Panawagan.
Thou art, truly, the Lord and King of all men, and art potent over all things.	144.4 Tunay na Ikaw ang Panginoon at Hari ng lahat ng tao, at makapangyarihan sa lahat ng bagay.
– CXLV –	CXLV
O God, my God! Be Thou not far from me, for tribulation upon tribulation hath gathered about me. O God, my God! Leave me not to myself, for the extreme of adversity hath come upon me. Out of the pure milk, drawn from the breasts of Thy loving-kindness, give me to drink, for my thirst hath utterly consumed me. Beneath the shadow of the wings of Thy mercy shelter me, for all mine adversaries with one consent have fallen upon me. Keep me near to the throne of Thy majesty, face to face with the revelation of the signs of Thy glory, for wretchedness hath grievously touched me. With the fruits of the Tree of Thine Eternity nourish me, for uttermost weakness hath overtaken me. From the cups of joy, proffered by the hands of Thy tender	145.1 O Diyos, aking Diyos! Huwag Kang maging malayo sa akin, sapagkat ang patong-patong na pagsubok ay pumalibot sa akin. O Diyos, aking Diyos! Huwag akong iwan sa aking sarili, sapagkat ang sukdulang pahirap ay sumapit sa akin. Mula sa dalisay na gatas, na nagbuhat sa dibdib ng Iyong masuyong kabaitan, tulutan akong makainom, sapagkat ang aking pagkauhaw ay lubos na tumupok sa akin. Sa ilalim ng lilim ng mga bagwis ng Iyong kahabagan ay kukupin ako, sapagkat ang lahat ng aking mga kaaway ay nagkasundong salakayin ako. Panatilihin akong malapit sa trono ng Iyong kamahalan, nakaharap sa kapahayagan ng mga palatandaan ng Iyong kaluwalhatian, sapagkat ang lubos na kapahamakan ay malupit na

mercies, feed me, for manifold sorrows have laid mighty hold upon me. With the broidered robe of Thine omnipotent sovereignty attire me, for poverty hath altogether despoiled me. Lulled by the cooing of the Dove of Thine Eternity, suffer me to sleep, for woes at their blackest have befallen me. Before the throne of Thy oneness, amid the blaze of the beauty of Thy countenance, cause me to abide, for fear and trembling have violently crushed me. Beneath the ocean of Thy forgiveness, faced with the restlessness of the leviathan of glory, immerse me, for my sins have utterly doomed me.	dumapo sa akin. Sa mga prutas ng Puno ng Iyong Kawalang-hanggan ay bigyan ako ng sustansiya, sapagkat ang sukdulang kahinaan ay gumapi sa akin. Mula sa mga tasa ng kaligayahan, na iniaalok ng mga kamay ng Iyong masuyong mga kahabagan, ay pakainin ako, sapagkat ang napakaraming kalungkutan ay matinding sumakmal sa akin. Sa pamamagitan ng burdadong kasuotan ng Iyong paghaharing makapangyarihan sa lahat ay damtan ako, sapagkat ang karukhaan ay lubos-lubosang humubad sa akin. Habang hinehele ng paghuni ng Kalapati ng Iyong Kawalang-hanggan, tulutan akong makatulog, sapagkat ang pinakamalagim na mga pighati ay sumapit sa akin. Sa harap ng trono ng Iyong kaisahan, sa gitna ng pagliyab ng kagandahan ng Iyong mukha, gawin akong manahan, sapagkat ang takot at pangangatog ay marahas na dumurog sa akin. Sa ilalim ng karagatan ng Iyong pagpapatawad, nahaharap sa di-namamahingang dambuhala ng kaluwalhatian, itubog ako, sapagkat ang aking mga kasalanan ay humatol sa akin ng lubos na kaparusahan.
– CXLVI –	CXLVI
Glory be to Thee, O Lord my God! I beg of Thee by Thy Name through which He Who is Thy Beauty hath been stablished upon the throne of Thy Cause, and by Thy Name through which Thou changest all things, and gatherest together all things, and callest to account all things, and rewardest all things, and preservest all things, and sustainest all things—I beg of Thee to guard this handmaiden who hath fled for refuge to Thee, and hath sought the shelter of Him in Whom Thou Thyself art manifest, and hath put her whole trust and confidence in Thee.	146.1 Luwalhati sa Iyo, O Panginoon kong Diyos! Isinasamo ko sa Iyo sa Iyong Pangalan na sa pamamagitan niyon Siya na Iyong Kagandahan ay nailuklok sa trono ng Iyong Kapakanan, at sa Iyong Pangalan na sa pamamagitan niyon Iyong binabago ang lahat ng bagay, at tinitipon ang lahat ng bagay, at pinagbibigay-sulit ang lahat ng bagay, at ginagantimpalaan ang lahat ng bagay, at pinangangalagaan ang lahat ng bagay, at tinutustusan ang lahat ng bagay—isinasamo ko sa Iyong pangalan na pangalagaan itong kawaksing babae na tumakas patungo sa Iyong pagkupkup, at hinanap ang kanlungan Niya na sa Kaniya Ikaw mismo ay naihahayag, at inilagay ang kaniyang buong tiwala at pananalig sa Iyo.

She is sick, O my God, and hath entered beneath the shadow of the Tree of Thy healing; afflicted, and hath fled to the City of Thy protection; diseased, and hath sought the Fountainhead of Thy favors; sorely vexed, and hath hasted to attain the Wellspring of Thy tranquility; burdened with sin, and hath set her face toward the court of Thy forgiveness.	146.2 Siya ay may sakit, O aking Diyos, at pumasok sa ilalim ng lilim ng Puno ng Iyong pagpapagaling; nagdurusa, at tumakas patungo sa Lungsod ng Iyong pangangalaga; may karamdaman, at hinanap ang Punong-bukal ng Iyong mga pagpapala; lubhang naliligalig, at nagmadaling makarating sa Bukal ng Iyong katiwasayan; nabibigatan sa kasalanang nakapasan, at idinako ang kaniyang mukha patungo sa korte ng Iyong kapatawaran.
Attire her, by Thy sovereignty and Thy loving-kindness, O my God and my Beloved, with the raiment of Thy balm and Thy healing, and make her quaff of the cup of Thy mercy and Thy favors. Protect her, moreover, from every affliction and ailment, from all pain and sickness, and from whatsoever may be abhorrent unto Thee.	146.3 Damtan siya, sa pamamagitan ng Iyong paghahari at Iyong masuyong kabaitan, O aking Diyos at aking Minamahal, ng kasuotan ng Iyong balsamo at Iyong pagpapagaling, at gawing makainom siya mula sa kopa ng Iyong habag at Iyong mga pagpapala. Pangalagaan siya, higit pa roon, mula sa bawat pagdurusa at karamdaman, mula sa lahat ng kirot at sakit, at mula sa anumang kasuklam-suklam sa Iyo.
Thou, in truth, art immensely exalted above all else except Thyself. Thou art, verily, the Healer, the All-Sufficing, the Preserver, the Ever-Forgiving, the Most Merciful.	146.4 Ikaw, sa katotohanan, ay lubos na dakila kaysa sa lahat liban sa Iyong sarili. Ikaw, sa katunayan, ang Tagapagpagaling, ang Ganap na Nakasasapat, ang Tagapangalaga, ang Laging-Nagpapatawad, ang Pinakamahabagin.
– CXLVII –	CXLVII
Thou art He, O my God, through Whose names the sick are healed and the ailing are restored, and the thirsty are given drink, and the sore-vexed are tranquilized, and the wayward are guided, and the abased are exalted, and the poor are enriched, and the ignorant are enlightened, and the gloomy are illumined, and the sorrowful are cheered, and the chilled are warmed, and the downtrodden are raised up. Through Thy name, O my God, all created things were stirred up, and the heavens were spread, and the earth was established, and the clouds were raised and made to rain upon the earth. This, verily, is a token of Thy grace unto all Thy creatures.	147.1 Ikaw Siya, O aking Diyos, na sa pamamagitan ng Kaniyang mga pangalan ang mga may sakit ay gumaling at ang may karamdaman ay guminhawa, at ang nauuhaw ay nakainom, at ang matinding naliligalig ay namamayapa, at ang suwail ay nagagabayan, at ang hamak ay dinadakila, at ang mahirap ay pinayayaman, at ang mangmang ay naliliwanagan, at ang mapanglaw ay natatanglawan, at ang malungkot ay naaaliw, at ang nanlalamig ay pinaiinit, at ang api ay ibinabangon. Sa pamamagitan ng Iyong pangalan, O aking Diyos, ang lahat ng nilikhang bagay ay pinakilos at ang mga kalangitan ay inilatag, at ang daigdig ay itinatag, at ang mga ulap ay pinataas, at

	ginawang umulan sa lupa. Ito, sa katunayan, ay isang palatandaan ng Iyong biyaya sa lahat ng Iyong mga nilalang.
I implore Thee, therefore, by Thy name through which Thou didst manifest Thy Godhead, and didst exalt Thy Cause above all creation, and by each of Thy most excellent titles and most august attributes, and by all the virtues wherewith Thy transcendent and most exalted Being is extolled, to send down this night from the clouds of Thy mercy the rains of Thy healing upon this suckling, whom Thou hast related unto Thine all-glorious Self in the kingdom of Thy creation. Clothe him, then, O my God, by Thy grace, with the robe of well-being and health, and guard him, O my Beloved, from every affliction and disorder, and from whatsoever is obnoxious unto Thee. Thy might, verily, is equal to all things. Thou, in truth, art the Most Powerful, the Self-Subsisting. Send down, moreover, upon him, O my God, the good of this world and of the next, and the good of the former and latter generations. Thy might and Thy wisdom are, verily, equal unto this.	147.2 Isinasamo ko sa Iyo, kung gayon, sa Iyong pangalan, na sa pamamagitan niyon ay Iyong inihayag ang Iyong pagiging Diyos, at ginawang dakilain ang Iyong Kapakanan sa itaas ng lahat ng nilalang, at sa bawat isa sa Iyong pinakamahusay na mga taguri at pinakadakilang mga katangian, at sa lahat ng mga kabutihang ipinagbubunyi sa Iyong nangingibabaw at pinakadakilang Sarili, na ipababa sa gabing ito mula sa mga ulap ng Iyong kahabagan ang mga ulan ng Iyong pagpapagaling sa pasusuhing ito, na Iyong ginawang maiugnay sa Iyong lubos na maluwalhating Sarili sa kaharian ng Iyong sangnilikha. Damtan siya, kung gayon, O aking Diyos, sa Iyong pagpapala, ng baro ng mabuting kalagayan at kalusugan, at pangalagaan siya, O aking minamahal, mula sa bawat pahirap at karamdaman, at mula sa anumang kasuklam-suklam sa Iyo. Ang Iyong lakas, sa katunayan, ay sapat sa lahat ng bagay. Ikaw, sa katotohanan, ang Pinakamakapangyarihan, ang Sariling-Ganap. Higit pa roon ay ipababa sa kaniya, O aking Diyos, ang kabutihan ng daigdig na ito at ng darating, at ang kabutihan ng nakaraan at ng susunod na mga salinlahi. Ang Iyong lakas at ang Iyong karunungan, sa katunayan, ay sapat dito.
– CXLVIII –	CXLVIII
Glory be to Thee, O Lord my God! I implore Thee by Thy Name, through which Thou didst lift up the ensigns of Thy guidance, and didst shed the radiance of Thy loving-kindness, and didst reveal the sovereignty of Thy Lordship; through which the lamp of Thy names hath appeared within the niche of Thine attributes, and He Who is the Tabernacle of Thy unity and the Manifestation of detachment hath shone forth; through which the ways of Thy	148.1 Luwalhati sa Iyo, O Panginoon kong Diyos! Sumasamo ako sa Iyo sa Iyong Pangalan, na sa pamamagitan niyon ay Iyong itinaas ang mga bandila ng Iyong pamamatnubay, at ipinasikat ang ningning ng Iyong masuyong kabaitan, at ginawang maihayag ang paghahari ng Iyong pagiging Panginoon; na sa pamamagitan niyon ang lampara ng Iyong mga pangalan ay lumitaw sa puwesto ng Iyong mga katangian, at Siya na

guidance were made known, and the paths of Thy good pleasure were marked out; through which the foundations of error have been made to tremble, and the signs of wickedness have been abolished; through which the fountains of wisdom have burst forth, and the heavenly table hath been sent down; through which Thou didst preserve Thy servants and didst vouchsafe Thy healing; through which Thou didst show forth Thy tender mercies unto Thy servants and revealedst Thy forgiveness amidst Thy creatures—I implore Thee to keep safe him who hath held fast and returned unto Thee, and clung to Thy mercy, and seized the hem of Thy loving providence. Send down, then, upon him Thy healing, and make him whole, and endue him with a constancy vouchsafed by Thee, and a tranquility bestowed by Thy highness.	Siyang Tabernakulo ng Iyong pagkakaisa at Kahayagan ng pagkawalay ay suminag; na sa pamamagitan niyon ang mga kaparaanan ng Iyong pamamatnubay ay isiniwalat, at ang mga landas ng Iyong mabuting kaluguran ay binakas; na sa pamamagitan niyon ang mga saligan ng kamalian ay ginawang mayanig, at ang mga palatandaan ng kasamaan ay winaksi; na sa pamamagitan niyon ang mga bukal ng karunungan ay sumirit, at ang makalangit na hapag ay ibinaba; na sa pamamagitan niyon Iyong pinangalagaan ang Iyong mga tagapaglingkod at ipinagkaloob ang Iyong pagpapagaling; na sa pamamagitan niyon Iyong ipinamalas ang Iyong masuyong mga habag sa Iyong mga tagapaglingkod at ibinunyag ang Iyong kapatawaran sa Iyong mga nilalang—isinasamo ko sa Iyo na pangalagaang ligtas siyang nangapit at bumalik sa Iyo, at humawak sa Iyong kahabagan, at kumapit sa laylayan ng Iyong masuyong kalinga. Ipababa sa kaniya, kung gayon, ang Iyong pagpapagaling, at gawin siyang malusog, at pagkalooban siya ng katatagang iginawad Mo, at ng katiwasayang ipinagkaloob ng Iyong kataasan.
Thou art, verily, the Healer, the Preserver, the Helper, the Almighty, the Powerful, the All-Glorious, the All-Knowing.	148.2 Ikaw, sa katunayan, ang Tagapagpagaling, ang Tagapangalaga, ang Tagatulong, ang Ganap na Makapangyarihan, ang Malakas, ang Lubos na Maluwalhati, ang Nakababatid ng Lahat.
– CXLIX –	CXLIX
Glorified art Thou, O my God! I give praise to Thee, that Thou hast made me able so to reveal Thine utterances, and manifest Thy proofs and Thy testimonies, that every proof hath been made to circle round my will, and every testimony to compass my pleasure. Thou seest me, O my Lord, lying at the mercy of Thine adversaries, who have repudiated Thy signs, and refuted Thy testimony, and turned back from Thy beauty, and resolved to	149.1 Luwalhatiin Ka nawa, O aking Diyos! Nagbibigay papuri ako sa Iyo, yamang ginawa Mo akong makapaghayag sa gayon ng Iyong mga pananalita, at maipakita ang Iyong mga patunay at Iyong mga patotoo, na ang bawat patunay ay ginawang lumibot sa aking kalooban, at ang bawat patotoo ay sumaklaw sa aking kaluguran. Nakikita Mo ako, O aking Panginoon, na nasa kapangyarihan ng Iyong mga kaaway, silang mga nagtatwa sa Iyong

shed Thy blood. I beseech Thee, O Thou Who art the Lord of all names, by Thy name through which Thou hast subdued all created things, to graciously aid Thy servants and Thy loved ones to cleave steadfastly to Thy Cause. Give them, then, to drink what will quicken their hearts in Thy days. Enable them, moreover, O my Lord, to fix their gaze at all times upon Thy pleasure, and to yield Thee thanks for the evidences of Thine irrevocable decree. For Thou art, verily, praiseworthy in all that Thou hast done in the past, or wilt do in the future, and art to be obeyed in whatsoever Thou hast wished or wilt wish, and to be loved in all that Thou hast desired or wilt desire. Thou lookest upon them that are dear to Thee with the eyes of Thy loving-kindness, and sendest down for them only that which will profit them through Thy grace and Thy gifts.	mga palatandaan, at tumutol sa Iyong patotoo, at tumalikod sa Iyong kagandahan, at ipinasiyang padanakin ang Iyong dugo. Isinasamo ko sa Iyo, O Ikaw na Siyang Panginoon ng lahat ng pangalan, sa Iyong pangalan na sa pamamagitan niyon Iyong sinupil ang lahat ng nilikhang bagay, na buong giliw na tulungan ang Iyong mga tagapaglingkod at Iyong mga minamahal na mangapit nang matatag sa Iyong Kapakanan. Tulutan silang uminom, kung gayon, ng magbubuhay sa kanilang mga puso sa Iyong mga Araw. Higit pa rito, O aking Panginoon, tulutan silang ipako ang kanilang paningin sa lahat ng panahon sa Iyong kaluguran, at magpasalamat sa Iyo dahil sa mga katibayan ng Iyong di-mababaling kautusan. Sapagkat Ikaw, sa katunayan, ay kapuri-puri sa lahat ng Iyong ginawa noong nakaraan, o ng gagawin sa hinaharap, at kailangang sundin sa anumang Iyong hinangad o hahangarin, at dapat mahalin sa lahat ng Iyong ninais o nanaisin. Iyong tinitingnan silang mga minamahal Mo sa pamamagitan ng mga mata ng Iyong masuyong kabaitan, at ibinababa sa kanila yaon lamang pakikinabangan nila mula sa Iyong biyaya at Iyong mga pagpapala.
We entreat Thee, O Thou Who art the Cloud of Bounty and the Succorer of the distressed, that Thou wilt aid us to remember Thee, and to make known Thy Cause, and to arise to help Thee. Though all weakness, we yet have clung to Thy Name, the Most Powerful, the Almighty.	149.2 Isinasamo namin sa Iyo, O Ikaw na Siyang Ulap ng Biyaya at ang Tumutulong sa nagdurusa, na tutulungan Mo kami upang magunita Ka, at ipamalita ang Iyong Kapakanan, at bumangon upang tulungan Ka. Bagaman puro kahinaan, gayumpaman kami ay nakapangapit sa Iyong Pangalan, ang Lubos na Makapangyarihan, ang Lubos na Malakas.
Bless Thou, O my God, them that have stood fast in Thy Cause, and whom the evil suggestions of the workers of iniquity have failed to deter from turning towards Thy face, and who have hastened with their whole hearts toward Thy grace, until they finally quaffed the water that is life indeed from the hands of Thy bounty.	149.3 Pagpalain Mo, O aking Diyos, silang mga tumayo nang matatag sa Iyong Kapakanan, at silang mga hindi napigilan ng masasamang mungkahi ng mga gumagawa ng kasamaan mula sa pagbaling patungo sa Iyong mukha, at silang mga buong-pusong nagmadali patungo sa Iyong biyaya, hanggang sa wakas ay ininom nila ang tubig na siyang tunay na buhay mula sa mga kamay ng Iyong

	biyaya.
Potent art Thou to do Thy pleasure. No God is there save Thee, the Mighty, the Most Generous.	149.4 Makapangyarihan Ka upang gawin ang Iyong ikalulugod. Walang Diyos liban sa Iyo, ang Makapangyarihan, ang Lubos na Mapagbigay.
– CL –	CL
I give praise to Thee, O my God, that the fragrance of Thy loving-kindness hath enraptured me, and the gentle winds of Thy mercy have inclined me in the direction of Thy bountiful favors. Make me to quaff, O my Lord, from the fingers of Thy bounteousness the living waters which have enabled every one that hath partaken of them to rid himself of all attachment to any one save Thee, and to soar into the atmosphere of detachment from all Thy creatures, and to fix his gaze upon Thy loving providence and Thy manifold gifts.	150.1 Nagbibigay papuri ako sa Iyo, O aking Diyos, dahil ang halimuyak ng Iyong masuyong kabaitan ay bumighani sa akin, at ang banayad na mga hangin ng Iyong kahabagan ay humilig sa akin tungo sa dako ng Iyong masaganang mga pagpapala. Gawing makainom ako, O aking Panginoon, mula sa mga daliri ng Iyong kasaganaan ng nabubuhay na mga tubig na nagbigay-daan upang magawa ng bawat isang nakibahagi roon na alisin mula sa kaniyang sarili ang lahat ng pagmamahal sa kaninuman liban sa Iyo, at pumailanlang sa himpapawid ng pagkawalay mula sa lahat ng Iyong mga nilalang, at ipako ang kaniyang paningin sa Iyong mapagmahal na kalinga at Iyong napakaraming kaloob.
Make me ready, in all circumstances, O my Lord, to serve Thee and to set myself towards the adored sanctuary of Thy Revelation and of Thy Beauty. If it be Thy pleasure, make me to grow as a tender herb in the meadows of Thy grace, that the gentle winds of Thy will may stir me up and bend me into conformity with Thy pleasure, in such wise that my movement and my stillness may be wholly directed by Thee.	150.2 Gawin akong handa, sa lahat ng kalagayan, O aking Panginoon, na maglingkod sa Iyo at ituon ang aking sarili tungo sa sinasambang santuwaryo ng Iyong Rebelasyon at ng Iyong Kagandahan. Kung ito ay Iyong kaluguran, tulutan akong tumubo na tulad ng isang murang halaman sa mga kaparangan ng Iyong biyaya, upang ang banayad na mga hangin ng Iyong kalooban ay magpapakilos sa akin at magpapayuko sa akin sang-ayon sa Iyong kaluguran, sa gayong gawi na ang aking pagkilos at ang aking di-pagkilos ay ganap na pinamamahalaan Mo.
Thou art He, by Whose name the Hidden Secret was divulged, and the Well-Guarded Name was revealed, and the seals of the sealed-up Goblet were opened, shedding thereby its fragrance over all creation, whether of the past or of the future. He who was	150.3 Ikaw Siya, na sa pamamagitan ng Kaniyang pangalan ang Natatagong Lihim ay ibinunyag, at ang Pinag-iingatang pangalan ay inihayag, at ang mga selyo ng selyadong Kopa ay binuksan, na sa pamamagitan niyon ang halimuyak nito ay pinalaganap sa buong

athirst, O my Lord, hath hasted to attain the living waters of Thy grace, and the wretched creature hath yearned to immerse himself beneath the ocean of Thy riches.	sangnilikha, maging ng nakaraan o ng hinaharap. Siyang nauuhaw, O aking Panginoon, ay nagmadaling makarating sa mga buhay na tubig ng Iyong biyaya, at ang hamak na nilalang ay sabik na maitubog ang kaniyang sarili sa karagatan ng Iyong mga kayamanan.
I swear by Thy glory, O Lord the Beloved of the world and the Desire of all them that have recognized Thee! I am sore afflicted by the grief of my separation from Thee, in the days when the Daystar of Thy presence hath shed its radiance upon Thy people. Write down, then, for me the recompense decreed for such as have gazed on Thy face, and have, by Thy leave, gained admittance into the court of Thy throne, and have, at Thy bidding, met Thee face to face.	150.4 Sumusumpa ako sa Iyong kaluwalhatian, O Panginoong Minamahal ng daigdig at ang Hangarin ng lahat nilang nakakilala sa Iyo! Ako ay matinding pinahihirapan ng pighati ng aking pagkawalay sa Iyo, sa mga araw kung kailan ang Bituing-araw ng Iyong kinaroroonan ay nagpasinag ng kaningningan nito sa Iyong mga tao. Isulat, kung gayon para sa akin ang gantimpalang itinalaga para sa gayong mga nasilayan ang Iyong mukha, at nagawa, ayon sa Iyong pahintulot, na makapasok sa korte ng Iyong trono, at nagawa, alinsunod sa Iyong utos, na makatagpo Ka nang harapan.
I implore Thee, O my Lord, by Thy name the splendors of which have encompassed the earth and the heavens, to enable me so to surrender my will to what Thou hast decreed in Thy Tablets, that I may cease to discover within me any desire except what Thou didst desire through the power of Thy sovereignty, and any will save what Thou didst destine for me by Thy will.	150.5 Isinasamo ko sa Iyo, O aking Panginoon, sa Iyong pangalan na ang mga karingalan niyon ay pumalibot sa kalupaan at sa mga kalangitan, na magawa kong isuko ang aking kalooban sa Iyong iniutos sa Iyong mga Tableta, na hindi na ako makatatagpo sa loob ko ng anumang hangarin liban sa Iyong hinahangad sa pamamagitan ng Iyong paghahari, at walang kalooban liban sa itinalaga Mo sa akin mula sa Iyong kalooban.
Whither shall I turn, O my God, powerless as I am to discover any other way except the way Thou didst set before Thy chosen Ones? All the atoms of the earth proclaim Thee to be God, and testify that there is none other God besides Thee. Thou hast from eternity been powerful to do what Thou hast willed, and to ordain what Thou hast pleased.	150.6 Saan ako dadako, O aking Diyos, yamang wala akong kakayahang matuklasan ang anumang ibang paraan liban sa paraang itinakda Mo para sa Iyong mga Pinili? Ang lahat ng mga atomo ng daigdig ay nagpapahayag na Ikaw ang Diyos, at sumasaksi na walang ibang Diyos liban sa Iyo. Mula sa kawalang-hanggan Ikaw ay may kakayahang gawin ang Iyong ninanais, at italaga ang Iyong ikinalulugod.
Do Thou destine for me, O my God, what will set me, at all times, towards Thee, and enable me to cleave continually to the cord of	150.7 Itadhana para sa akin, O aking Diyos, yaong magtutuon sa akin sa lahat ng panahon patungo sa Iyo, at tulutang lagi akong

Thy grace, and to proclaim Thy name, and to look for whatsoever may flow down from Thy pen. I am poor and desolate, O my Lord, and Thou art the All-Possessing, the Most High. Have pity, then, upon me through the wonders of Thy mercy, and send down upon me, every moment of my life, the things wherewith Thou hast recreated the hearts of all Thy creatures who have recognized Thy unity, and of all Thy people who are wholly devoted to Thee.	makapangapit sa kordon ng Iyong biyaya, at ipamahayag ang Iyong pangalan at hanapin ang anumang dumaloy mula sa Iyong panulat. Ako ay aba at mapanglaw, O aking Panginoon, at Ikaw ang Nagmamay-ari ng Lahat, ang Pinakamataas. Mahabag, kung gayon, sa akin, mula sa kamanghaan ng Iyong habag, at ipababa sa akin, bawat sandali ng aking buhay, ang mga bagay na Iyong ginamit sa muling pagbubuo ng mga puso ng lahat ng Iyong mga nilalang na kumilala sa Iyong pagkakaisa, at ng lahat ng mga taong tunay na deboto sa Iyo.
Thou, verily, art the Almighty, the Most Exalted, the All-Knowing, the All-Wise.	150.8 Ikaw, sa katunayan, ang Ganap na Makapangyarihan, ang Pinakadakila, ang Ganap na Nakababatid, ang Ganap na Marunong.
– CLI –	CLI
Glorified art Thou, O my Lord! Thou beholdest my tribulations and all that hath befallen me at the hands of such of Thy servants as keep company with me, who have disbelieved in Thy most resplendent signs, and turned back from Thy most effulgent Beauty. I swear by Thy glory! Such are the troubles that vex me, that no pen in the entire creation can either reckon or describe them.	151.1 Luwalhatiin Ka nawa, O aking Panginoon! Iyong nakikita ang mga pahirap sa akin at ang lahat ng sumapit sa akin sa mga kamay ng gayon sa Iyong mga tagapaglingkod na nakakasama ko, na hindi naniniwala sa Iyong pinakamaningning na mga palatandaan, at tumalikod sa Iyong pinakamaringal na Kagandahan. Sumusumpa ako sa Iyong kaluwalhatian! Ganoon na lamang ang mga suliraning nagpapahirap sa akin, na walang panulat sa buong kinapal ang makatataya o makapaglalarawan sa mga iyon.
I implore Thee, O Thou Who art the King of names and the Creator of earth and heaven, so to assist me by Thy strengthening grace that nothing whatsoever will have the power to hinder me from remembering Thee, or celebrating Thy praise, or to keep me back from observing what Thou hast prescribed unto me in Thy Tablets, that I may so arise to serve Thee that with bared head I will hasten forth from my habitation, cry out in Thy name amidst Thy creatures, and proclaim Thy virtues among Thy servants. Having accomplished what Thou hadst decreed, and	151.2 Isinasamo ko sa Iyo, O Ikaw na Siyang Hari ng mga pangalan at ang Maykapal ng lupa at langit, na tulungan ako ng Iyong biyayang nakapagpapalakas upang walang anuman ang magtataglay ng kapangyarihang makapigil sa akin mula sa paggunita sa Iyo, o sa pagdiriwang ng papuri sa Iyo, o sa makapipigil sa akin mula sa pagsunod roon sa iniatas Mo sa akin sa Iyong mga Tableta, nang magawa kong bumangon upang maglingkod sa Iyo na kahit walang nakatakip sa ulo ay magmamadali ako mula sa aking tahanan, magsasalita sa ngalan Mo sa Iyong mga

delivered the thing Thou hadst written down, the wicked doers among Thy people would, then, compass me about and would do with me in Thy path as would please them.	nilalang, at ipamamahayag ang Iyong mga kabutihan sa Iyong mga tagapaglingkod. Sa pagtutupad ng Iyong iniutos, at sa paghahatid ng bagay na Iyong isinulat, ang mga gumagawa ng kasamaan mula sa Iyong mga tao, sa gayon ay papalibot at akin at gagawin sa akin sa Iyong landas ang ikalulugod nila.
In the love I bear to Thee, O my Lord, my heart longeth for Thee with a longing such as no heart hath known. Here am I with my body between Thy hands, and my spirit before Thy face. Do with them as it may please Thee, for the exaltation of Thy word, and the revelation of what hath been enshrined within the treasuries of Thy knowledge.	151.3 Sa pag-ibig na taglay ko para sa Iyo, O aking Panginoon, nananabik ang puso ko para sa Iyo sa gayong pananabik na walang puso ang nakabatid. Narito ako na ang aking katawan ay nasa pagitan ng Iyong mga kamay, at ang aking espiritu ay nasa harap ng aking mukha. Gawin sa mga ito ayon sa ikalulugod Mo, para sa pagdadakila ng Iyong salita, at sa pagbubunyag ng idinambana sa mga ingatang-yaman ng Iyong kaalaman.
Potent art Thou to do what Thou willest, and able to ordain what Thou pleasest.	151.4 Makapangyarihan Ka upang gawin ang Iyong ninanais, at magagawang italaga ang Iyong ikalulugod.
– CLII –	CLII
Lauded be Thy name, O my God! I can discover no one in Thy realm who can befittingly turn unto Thee, or is able to adequately hearken unto what hath gone out of the mouth of Thy will. I beseech Thee, therefore, O Thou Who art the Possessor of the entire creation and the King of the realm of Thine invention, graciously to aid Thy creatures to accomplish that which is pleasing and acceptable unto Thee, that they may arise to serve Thy Cause amidst Thy creatures, and to speak forth Thy praise before all who are in heaven and on earth.	152.1 Luwalhatiin ang Iyong pangalan, O aking Diyos! Wala akong matuklasan sa Iyong kaharian na makababaling sa Iyo nang marapat, o magagawang makinig nang sapat doon sa lumabas mula sa bibig ng Iyong kalooban. Sumasamo ako sa Iyo, kung gayon, O Ikaw na Siyang nagmamay-ari ng buong kinapal at Hari ng kaharian ng Iyong nilikha, na buong-giliw na tulungan ang Iyong mga nilalang upang magawa yaong ikalulugod at katanggap-tanggap sa Iyo, nang bumangon sila upang maglingkod sa Iyong Kapakanan sa kalagitnaan ng Iyong mga nilalang, at bigkasin ang papuri sa Iyo sa harap ng lahat ng nasa langit at ng nasa lupa.
Thou art He, O my Lord, Whose bounty hath surpassed all things, and Whose power hath transcended all things, and Whose mercy hath encompassed all things. Look, then, upon Thy people with the eyes of Thy tender mercies, and leave them not to themselves and	152.2 Ikaw Siya, O aking Panginoon, na ang Kaniyang biyaya ay nakahihigit sa lahat ng bagay, at ang Kaniyang kapangyarihan ay labis pa sa lahat ng bagay, at ang Kaniyang habag ay sumasaklaw sa lahat ng bagay. Tumingin, kung gayon, sa Iyong mga tao

to their corrupt desires in Thy days. How farsoever they may have strayed from Thee, and however grievously they have turned back from Thy face, yet Thou, in Thine essence, art the All-Bountiful, and, in Thine inmost spirit, art the Most Merciful. Deal with them according to the unrevealed tokens of Thy bounty and Thy gifts. Thou art, verily, the One to the power of Whose might all things have testified, and to Whose majesty and omnipotence the whole creation hath borne witness.	gamit ang mga mata ng Iyong masuyong kahabagan, at huwag silang iwan sa kanilang mga sarili at sa kanilang balakyot na mga hangarin sa Iyong mga araw. Gaanuman kalayo ang kanilang paglihis mula sa Iyo, at gaanuman kalala ng kanilang pagtalikod mula sa Iyong mukha, gayumpaman Ikaw, sa Iyong pinakadiwa, ay ang Ganap na Mapagpala, at sa Iyong kaibuturang espiritu, ay ang Pinakamahabagin. Pakitunguhan sila sang-ayon sa hindi pa naihahayag na mga palatandaan ng Iyong biyaya at Iyong mga kaloob. Ikaw, sa katunayan, ay Siya na ang kapangyarihan ng Kaniyang lakas ay pinatutunayan ng lahat ng bagay, at ang Kaniyang kamahalan at ganap na kapangyarihan ay sinasaksihan.
No God is there but Thee, the Help in Peril, the Self-Subsisting.	152.3 Walang Diyos liban sa Iyo, ang Tulong sa Panganib, ang Sariling-Ganap.
– CLIII –	CLIII
My God, Thou Whom I adore and worship, Who art Most Powerful! I testify that no description by any created thing can ever reveal Thee, and no praise which any being is able to utter can express Thee. Neither the comprehension of any one in the whole world, nor the intelligence of any of its peoples, can, as it befitteth Thee, gain admittance into the court of Thy holiness, or unravel Thy mystery. What sin hath kept the inmates of the city of Thy names so far from Thine all-glorious Horizon, and deprived them of access to Thy most great Ocean? One single letter of Thy Book is the mother of all utterances, and a word therefrom the begetter of all creation. What ingratitude have Thy servants shown forth that Thou hast withheld them, one and all, from recognizing Thee? A drop out of the ocean of Thy mercy sufficeth to quench the	153.1 Aking Diyos, Ikaw ang Siyang binabathala at sinasamba ko, Siya na Pinakamakapangyarihan! Pinatutunayan kong walang paglalarawan ng alinmang nilikhang bagay ang magagawang isiwalat Ka, at walang papuri na kayang usalin ng sinumang nilalang ang makahahayag sa Iyo. Hindi magagawa ng pang-unawa ng sinuman sa buong daigdig, o ng talino ng alinman sa mga tao nito, tulad ng marapat sa Iyo, ang makapasok sa korte ng Iyong kabanalan, o tastasin ang Iyong hiwaga. Anong kasalanan ang nakapigil sa mga nananahan sa lungsod ng Iyong mga pangalan nang napakalayo mula sa Iyong ganap na maluwalhating Sugpungang-guhit, at ipinagkait sa kanila ang pagdating sa Iyong pinakadakilang Karagatan? Isang titik lamang ng Iyong Aklat ay ina ng lahat ng mga pananalita, at ang isang salita mula roon ay

flames of hell, and a spark of the fire of Thy love is enough to set ablaze a whole world.	ang nagsupling sa buong kinapal. Anong kawalan ng utang na loob ang ipinakita ng Iyong mga tagapaglingkod na pinigilan Mo sila, ang bawat isa at ang lahat, mula sa pagkilala sa Iyo? Ang isang patak mula sa karagatan ng Iyong habag ay sapat na upang subhan ang mga apoy ng impiyerno, at ang isang siklab mula sa apoy ng Iyong pag-ibig ay sapat na upang pagningasin ang buong daigdig.
O Thou Who art the All-Knowing! Wayward though we be, we still cling to Thy bounty; and though ignorant, we still set our faces toward the ocean of Thy wisdom. Thou art that All-Bountiful Who art not deterred by a multitude of sins from vouchsafing Thy bounty, and the flow of Whose gifts is not arrested by the withdrawal of the peoples of the world. From eternity the door of Thy grace hath remained wide open. A dewdrop out of the ocean of Thy mercy is able to adorn all things with the ornament of sanctity, and a sprinkling of the waters of Thy bounty can cause the entire creation to attain unto true wealth.	153.2 O Ikaw na Siyang Ganap na Nakababatid! Suwail man kami, kumakapit pa rin kami sa Iyong biyaya; at bagaman mangmang, idinadako pa rin namin ang aming mga mukha patungo sa karagatan ng Iyong karunungan. Ikaw ang Siyang Ganap na Mapagpala na hindi napipigilan ng pagkarami-raming kasalanan mula sa pagkakaloob ng Iyong biyaya, at ang daloy ng Kaniyang mga kaloob ay hindi napipigilan ng paglayo ng mga tao ng daigdig. Mula sa kawalang-hanggan ang pinto ng Iyong biyaya ay nananatiling bukas nang malawak. Ang isang patak ng hamog mula sa karagatan ng Iyong habag ay sasapat na upang palamutihan ang lahat ng bagay ng palamuti ng kabanalan, at ang isang wisik ng mga tubig ng Iyong biyaya ay maaaring magdulot ng tunay na kayamanan sa buong kinapal.
Lift not the veil, O Thou Who art the Concealer! From eternity the tokens of Thy bounty have encompassed the universe, and the splendors of Thy Most Great Name have been shed over all created things. Deny not Thy servants the wonders of Thy grace. Cause them to be made aware of Thee, that they may bear witness to Thy unity, and enable them to recognize Thee, that they may hasten towards Thee. Thy mercy hath embraced the whole creation, and Thy grace hath pervaded all things. From the billows of the ocean of Thy generosity the seas of eagerness and enthusiasm were revealed. Thou art what Thou art. Aught except Thee is unworthy of any mention unless it entereth beneath Thy	153.3 Huwag itaas ang lambong, O Ikaw na Siyang Tagapagtago! Mula sa kawalang-hanggan ang mga palatandaan ng Iyong biyaya ay sumaklaw sa sanlibutan, at ang mga karingalan ng Iyong Pinakadakilang Pangalan ay ipinasinag sa lahat ng nilikhang bagay. Huwag ipagkait sa Iyong mga tagapaglingkod ang mga kamanghaan ng Iyong biyaya. Gawin silang nakababatid sa Iyo, upang magawa nilang sumaksi sa Iyong pagkakaisa, at tulutan silang makilala Ka, upang magawa nilang magmadali patungo sa Iyo. Ang Iyong habag ay sumaklaw sa buong kinapal, at ang Iyong biyaya ay nanuot sa lahat ng bagay. Mula sa pagdadaluyong ng karagatan ng Iyong kabutihang-loob ang mga

shadow, and gaineth admittance into Thy court.	dagat ng kasabikan at kasigasigan ay naibunyag. Ikaw ang kung ano Ka. Ang anuman liban sa Iyo ay hindi nararapat sa anumang pagbanggit maliban kung ito ay sumilong sa Iyong anino, at pinapasok sa Iyong korte.
Whatever betide us, we beseech Thine ancient forgiveness, and seek Thine all-pervasive grace. Our hope is that Thou wilt deny no one Thy grace, and wilt deprive no soul of the ornament of fairness and justice. Thou art the King of all bounty, and the Lord of all favors, and supreme over all who are in heaven and on earth.	153.4 Anuman ang sumapit sa amin, sumasamo kami sa Iyong napakatandang kapatawaran, at hinahanap ang Iyong biyayang lubos na laganap. Ang aming pag-asa ay hindi Mo ipagkakait sa kaninuman ang Iyong biyaya, at hindi ipagdadamot sa sinumang kaluluwa ang palamuti ng walang pagkiling at katarungan. Ikaw ang Hari ng lahat ng biyaya, at ang Panginoon ng lahat ng pagpapala, at higit na mataas sa lahat ng nasa langit at ng nasa lupa.
– CLIV –	CLIV
Dispel my grief by Thy bounty and Thy generosity, O God, my God, and banish mine anguish through Thy sovereignty and Thy might. Thou seest me, O my God, with my face set towards Thee at a time when sorrows have compassed me on every side. I implore Thee, O Thou Who art the Lord of all being, and overshadowest all things visible and invisible, by Thy Name whereby Thou hast subdued the hearts and the souls of men, and by the billows of the Ocean of Thy mercy and the splendors of the Daystar of Thy bounty, to number me with them whom nothing whatsoever hath deterred from setting their faces toward Thee, O Thou Lord of all names and Maker of the heavens!	154.1 Pawiin ang aking kalungkutan sa pamamagitan ng Iyong biyaya at Iyong kagandahang-loob, O Diyos, aking Diyos, at itaboy ang aking dalamhati sa pamamagitan ng Iyong paghahari at Iyong lakas. Nakikita Mo ako, O aking Diyos, na nakabaling ang aking mukha sa Iyo sa isang panahon kung kailan ang mga kalungkutan ay pumalibot sa akin mula sa lahat ng dako. Isinasamo ko sa Iyo, O Ikaw na Siyang Panginoon ng lahat ng nilalang, at nangingibabaw sa lahat ng bagay na nakikita at di-nakikita, sa Iyong Pangalan, na sa pamamagitan niyon ay sinupil Mo ang mga puso at mga kaluluwa ng mga tao, at sa mga pagdaluyong ng Karagatan ng Iyong habag at ng mga karingalan ng Bituing-araw ng Iyong biyaya, na ibilang ako sa kanilang mga walang anumang bagay ang nakapigil mula sa pagbaling ng kanilang mga mukha tungo sa Iyo, O Ikaw na Panginoon ng lahat ng mga pangalan at Maylalang ng mga kalangitan.
Thou beholdest, O my Lord, the things which have befallen me in Thy days. I entreat Thee, by Him Who is the Dayspring of Thy	154.2 Iyong nakikita, O aking Panginoon, ang mga bagay na sumapit sa akin sa Iyong mga araw. Sumasamo ako sa Iyo, sa

names and the Dawning-Place of Thine attributes, to ordain for me what will enable me to arise to serve Thee and to extol Thy virtues. Thou art, verily, the Almighty, the Most Powerful, Who art wont to answer the prayers of all men!	pamamagitan Niya na Siyang Pamimitak ng Iyong mga pangalan at ang Pook-Liwayway ng Iyong mga katangian, na italaga para sa akin yaong magtutulot na makabangon ako upang maglingkod sa Iyo at ipagbunyi ang Iyong mga kabutihan. Ikaw, sa katunayan, ang Ganap na Makapangyarihan, ang Pinakamalakas, Siyang inuugaling sagutin ang mga dalangin ng lahat ng tao!
And, finally, I beg of Thee by the light of Thy countenance to bless my affairs, and redeem my debts, and satisfy my needs. Thou art He to Whose power and to Whose dominion every tongue hath testified, and Whose majesty and Whose sovereignty every understanding heart hath acknowledged. No God is there but Thee, Who hearest and art ready to answer.	154.3 At sa wakas, sumasamo ako sa Iyo sa liwanag ng Iyong mukha na pagpalain ang aking mga gawain, at tubusin ang aking mga utang, at tustusan ang aking mga pangangailangan. Ikaw Siya na sumasaksi ang bawat dila sa Iyong kapangyarihan at Iyong pamamahala, at ang bawat nakauunawang puso ay tumatanggap sa Iyong kamahalan at paghahari. Walang Diyos liban sa Iyo, Siyang nakaririnig at handang tumugon.
– CLV –	CLV
Create in me a pure heart, O my God, and renew a tranquil conscience within me, O my Hope! Through the spirit of power confirm Thou me in Thy Cause, O my Best-Beloved, and by the light of Thy glory reveal unto me Thy path, O Thou the Goal of my desire! Through the power of Thy transcendent might lift me up unto the heaven of Thy holiness, O Source of my being, and by the breezes of Thine eternity gladden me, O Thou Who art my God! Let Thine everlasting melodies breathe tranquility on me, O my Companion, and let the riches of Thine ancient countenance deliver me from all except Thee, O my Master, and let the tidings of the revelation of Thine incorruptible Essence bring me joy, O Thou Who art the most manifest of the manifest and the most hidden of the hidden!	155.1 Likhain Mo sa akin ang isang pusong dalisay, O aking Diyos, at gawin Mong panibago ang isang payapang budhi sa loob ng aking sarili, O aking Pag-asa! Sa pamamagitan ng espiritu ng lakas pagtibayin Mo ako sa Iyong Kapakanan, O aking Pinakamamahal, at sa pamamagitan ng liwanag ng Iyong kaluwalhatian, ihayag Mo sa akin ang Iyong landas, O Ikaw na Hantungan ng aking hangarin! Sa pamamagitan ng lakas ng Iyong nangingibabaw na kapangyarihan, itaas Mo ako patungo sa langit ng Iyong kabanalan, O Mula ng aking pagkatao, at sa pamamagitan ng mga simoy ng Iyong kawalang-hanggan, bigyang kagalakan Mo ako, O Ikaw na aking Diyos! Tulutang ang Iyong walang-hanggang mga himig ay magbigay kapahingalayan sa akin, O aking Kasama, at hayaang ang mga kayamanan ng Iyong napakatandang kaanyuan ay maglayo sa akin sa lahat liban sa Iyo, O aking Panginoon, at tulutang ang mga balita ng kapahayagan ng Iyong di-nasisirang Pinakadiwa ay maghatid sa akin ng lugod, O

	Ikaw na pinakahayag sa lahat ng hayag, at pinakatago sa lahat ng natatago!
– CLVI –	CLVI
I give praise to Thee, O my God, that Thou hast awakened me out of my sleep, and brought me forth after my disappearance, and raised me up from my slumber. I have wakened this morning with my face set toward the splendors of the Daystar of Thy Revelation, through Which the heavens of Thy power and Thy majesty have been illumined, acknowledging Thy signs, believing in Thy Book, and holding fast unto Thy Cord.	156.1 Nagbibigay puri ako sa Iyo, O aking Diyos, sapagkat ginising Mo ako buhat sa aking pagkatulog at ibinalik Mo ako pagkaraan ng aking pagkawala, at ibinangon Mo ako buhat sa pagkagupiling. Nagising ako ngayong umaga nang ang aking mukha ay nakaharap sa mga ningning ng Bituing-araw ng Iyong Rebelasyon, na sa pamamagitan niyon ay natatanglawan ang mga langit ng Iyong lakas at ng Iyong kamahalan, kumikilala sa Iyong mga tanda, naniniwala sa Iyong Aklat, at nangangapit sa Iyong Kordon.
I beseech Thee, by the potency of Thy will and the compelling power of Thy purpose, to make of what Thou didst reveal unto me in my sleep the surest foundation for the mansions of Thy love that are within the hearts of Thy loved ones, and the best instrument for the revelation of the tokens of Thy grace and Thy loving-kindness.	156.2 Isinasamo ko sa Iyo, sa kapangyarihan ng Iyong kalooban at sa kapani-paniwalang lakas ng Iyong layunin, na gawin Mo yaong isiniwalat Mo sa akin sa aking pagtulog ang maging pinakatiyak na sandigan ng mga mansiyon ng Iyong pag-ibig na nasa loob ng mga puso ng Iyong mga minamahal, at pinakamabuting instrumento para sa paghahayag ng mga sagisag ng Iyong biyaya at ng Iyong masuyong kabaitan.
Do Thou ordain for me through Thy most exalted Pen, O my Lord, the good of this world and of the next. I testify that within Thy grasp are held the reins of all things. Thou changest them as Thou pleasest. No God is there save Thee, the Strong, the Faithful.	156.3 Italaga Mo para sa akin sa pamamagitan ng Iyong pinakadakilang Panulat, O aking Panginoon, ang kabutihan ng daigdig na ito at ng darating. Sumasaksi ako na tinatanganan Mo ang mga renda ng lahat ng bagay. Binabago Mo ang mga iyon sang-ayon sa Iyong kagustuhan. Walang Diyos liban sa Iyo, ang Malakas, ang Matapat.
Thou art He Who changeth through His bidding abasement into glory, and weakness into strength, and powerlessness into might, and fear into calm, and doubt into certainty. No God is there but Thee, the Mighty, the Beneficent.	156.4 Ikaw ang Siyang nagbabago, sa pamamagitan ng Kaniyang utos, ng kaabaan upang maging kaluwalhatian at ng kahinaan upang maging lakas, at ng kawalan ng kapangyarihan upang maging kapangyarihan, at ng takot upang maging katiwasayan, at ng pag-aalinlangan upang maging katiyakan. Walang Diyos liban sa Iyo, ang Makapangyarihan, ang Mapagpala.

Thou disappointest no one who hath sought Thee, nor dost Thou keep back from Thee anyone who hath desired Thee. Ordain Thou for me what becometh the heaven of Thy generosity, and the ocean of Thy bounty. Thou art, verily, the Almighty, the Most Powerful.	156.5 Hindi Mo binibigo ang sinumang naghahanap sa Iyo, ni hindi Mo pinipigilan mula sa Iyo ang sinumang naghahangad sa Iyo. Italaga Mo para sa akin yaong marapat sa langit ng Iyong kagandahang-loob, at sa karagatan ng Iyong pagpapala. Ikaw, sa katunayan, ang Ganap na Makapangyarihan, ang Pinakamalakas.
– CLVII –	CLVII
My God, Whom I worship and adore! I bear witness unto Thy unity and Thy oneness, and acknowledge Thy gifts, both in the past and in the present. Thou art the All-Bountiful, the overflowing showers of Whose mercy have rained down upon high and low alike, and the splendors of Whose grace have been shed over both the obedient and the rebellious.	157.1 Aking Diyos, na Siyang aking sinasamba at binabathala! Sumasaksi ako sa Iyong pagkakaisa at sa Iyong kaisahan, at kinikilala ang Iyong mga kaloob, kapuwa sa nakaraan at sa hinaharap. Ikaw ang Lubos na Mapagpala, na ang nag-uumapaw na mga ulan ng Iyong kahabagan ay umulan sa kapuwa mataas at mababa, at ang mga karilagan ng Iyong biyaya ay suminag sa kapuwa masunurin at suwail.
O God of mercy, before Whose door the quintessence of mercy hath bowed down, and round the sanctuary of Whose Cause loving-kindness, in its inmost spirit, hath circled, we beseech Thee, entreating Thine ancient grace, and seeking Thy present favor, that Thou mayest have mercy upon all who are the manifestations of the world of being, and to deny them not the outpourings of Thy grace in Thy days.	157.2 O Diyos ng kahabagan, na sa harap ng Iyong pintuan ang pinakadiwa ng kahabagan ay yumukod, at sa palibot ng santuwaryo ng Iyong Kapakanan ang masuyong kabaitan, sa kaibuturang diwa nito, ay lumibot, isinasamo namin sa Iyo, dumadalangin sa Iyong napakatandang biyaya, at hinahangad ang Iyong kasalukuyang pagpapala, na harinawa ay Ikaw ay mahabag sa lahat ng mga kapahayagan ng umiiral na daigdig, at huwag ipagkait sa kanila ang mga pagbuhos ng Iyong biyaya sa Iyong mga araw.
All are but poor and needy, and Thou, verily, art the All-Possessing, the All-Subduing, the All-Powerful.	157.3 Ang lahat ay pawang mga dukha at nangangailangan, at Ikaw, sa katunayan, ang Lubos na Nagmamay-ari, ang Lubos na Nakasusupil, ang Lubos na Makapangyarihan.
– CLVIII –	CLVIII
I have wakened in Thy shelter, O my God, and it becometh him that seeketh that shelter to abide within the Sanctuary of Thy protection and the Stronghold of Thy defense. Illumine	158.1 Gumising ako sa Iyong kanlungan, O aking Diyos, at marapat sa kaniyang naghahangad ng kanlungang ito na manahan sa loob ng Santuwaryo ng Iyong pangangalaga

my inner being, O my Lord, with the splendors of the Dayspring of Thy Revelation, even as Thou didst illumine my outer being with the morning light of Thy favor.	at sa Kuta ng Iyong pagtatanggol. Tanglawan ang aking panloob na sarili, O aking Panginoon, ng mga karingalan ng Pamimitak ng Iyong Rebelasyon, tulad rin ng Iyong pagkakatanglaw sa aking panlabas na katauhan sa pamamagitan ng liwanag ng umaga ng Iyong pagpapala.
– CLIX –	CLIX
O my God, the God of bounty and mercy! Thou art that King by Whose commanding word the whole creation hath been called into being; and Thou art that All-Bountiful One the doings of Whose servants have never hindered Him from showing forth His grace, nor have they frustrated the revelations of His bounty.	159.1 O aking Diyos, ang Diyos ng pagpapala at kahabagan! Ikaw yaong Haring sa pamamagitan ng Kaniyang nag-uutos na salita ay nalikha ang buong santinakpan; at Ikaw yaong Ganap na Mapagpala na ang mga kagagawan ng Kaniyang mga tagapaglingkod ay hindi kailanman nakapigil sa Kaniya mula sa pagkakaloob ng Kaniyang biyaya, ni hindi nila nahadlangan ang mga pagsisiwalat ng Kaniyang pagpapala.
Suffer this servant, I beseech Thee, to attain unto that which is the cause of his salvation in every world of Thy worlds. Thou art, verily, the Almighty, the Most Powerful, the All-Knowing, the All-Wise.	159.2 Tulutan ang tagapaglingkod na ito, isinasamo ko sa Iyo, na matamo yaong sanhi ng kaniyang kaligtasan sa bawat daigdig ng Iyong mga daigdig. Ikaw, sa katunayan, ang Ganap na Makapangyarihan, ang Pinakamalakas, ang Ganap na Nakababatid, ang Ganap na Marunong.
– CLX –	CLX
My God, the Object of my adoration, the Goal of my desire, the All-Bountiful, the Most Compassionate! All life is of Thee and all power lieth within the grasp of Thine omnipotence. Whosoever Thou exaltest is raised above the angels, and attaineth the station: “Verily, We uplifted him to a place on high!”; and whosoever Thou dost abase is made lower than dust, nay, less than nothing.	160.1 Aking Diyos, ang Pakay ng aking pagsamba, ang Hantungan ng aking hangarin, ang Lubos na Mapagpala, ang Pinakamadamayin! Ang lahat ng buhay ay mula sa Iyo, at ang lahat ng kapangyarihan ay tangan ng Iyong lubos na kapangyarihan. Ang anumang dakilain Mo ay mataas pa sa mga anghel, at natatamo ang kalagayang: “Tunay na itinaas Namin siya sa kalagayan sa itaas!”; at ang anumang inaaba Mo ay nagiging mas mababa pa sa alabok, hindi lamang iyon, kulang pa sa wala.
O Divine Providence! Though wicked, sinful, and intemperate, we still seek from	160.2 O Banal na Kalinga! Bagaman masama, makasalanan, at walang pagpigil sa

Thee a "seat of truth," and long to behold the countenance of the Omnipotent King. It is Thine to command, and all sovereignty belongeth to Thee, and the realm of might boweth before Thy behest. Everything Thou doest is pure justice, nay, the very essence of grace. One gleam from the splendors of Thy Name, the All-Merciful, sufficeth to banish and blot out every trace of sinfulness from the world, and a single breath from the breezes of the Day of Thy Revelation is enough to adorn all mankind with a fresh attire.	sarili, humahanap pa rin kami mula sa Iyo ng "luklukan ng katotohanan", at nananabik masilayan ang mukha ng Ganap na Makapangyarihang Hari. Ito ay nasa Iyong pag-aatas, at ang lahat ng paghahari ay Iyong taglay, at ang kaharian ng lakas ay yumuyukod sa harap ng Iyong utos. Ang lahat ng Iyong ginagawa ay pawang katarungan, hindi lamang iyon, ang pinakadiwa ng biyaya. Ang isang kislap mula sa mga karingalan ng Iyong Pangalan, ang Ganap na Mahabagin, ay sapat na upang pawiin at burahin ang bawat bakas ng pagkamakasalanan mula sa mundo, at ang isang hinga lamang mula sa mga simoy ng Araw ng Muling Pagkabuhay ay sapat na upang palamutihan ang buong sangkatauhan ng sariwang kasuotan.
Vouchsafe Thy strength, O Almighty One, unto Thy weak creatures, and quicken them who are as dead, that haply they may find Thee, and may be led unto the ocean of Thy guidance, and may remain steadfast in Thy Cause. Should the fragrance of Thy praise be shed abroad by any of the divers tongues of the world, out of the East or out of the West, it would, verily, be prized and greatly cherished. If such tongues, however, be deprived of that fragrance, they assuredly would be unworthy of any mention, be they words or thoughts.	160.3 Ipagkaloob ang Iyong lakas, O Ikaw na Ganap na Makapangyarihan, sa Iyong mahihinang mga nilalang, at buhayin silang waring mga patay, nang sakaling mahanap Ka nila, at magabayan patungo sa karagatan ng Iyong pamamatnubay, at sakaling manatiling matatag sa Iyong Kapakanan. Kung ang kabanguhan ng papuri sa Iyo ay pumaibayo mula sa alinman sa magkakaibang dila ng daigdig, mula sa Silangan o mula sa Kanluran, tunay na iyon ay pahahalagahan at lubhang mamahalin. Gayumpaman, kung ang gayong mga dila ay hindi nagtataglay ng kabanguhang iyon, tiyak na sila ay hindi nararapat sa anumang pagbanggit, maging sa mga salita o sa mga kaisipan.
We beg of Thee, O Providence, to show Thy way unto all men, and to guide them aright. Thou art, verily, the Almighty, the Most Powerful, the All-Knowing, the All-Seeing.	160.4 Sumasamo kami sa Iyo, O Maykapal, na ipakita ang Iyong landas sa lahat ng tao, at patnubayan sila sa wasto. Ikaw, sa katunayan, ang Ganap na Makapangyarihan, ang Pinakamalakas, ang Lubos na Nakababatid, ang Lubos na Nakakikita.
– CLXI –	CLXI
Praise be to Thee, O my God, inasmuch as Thou hast turned the faces of Thy servants	161.1 Purihin Ka nawa, O aking Diyos, yamang idinako Mo ang mga mukha ng Iyong

towards the right hand of the throne of Thy gifts, and hast caused them to be detached from all else besides Thee, that they may recognize Thy sovereignty and acknowledge Thy glory. I testify to the potency of Thy Cause, the pervasive influence of Thy decree, the immutability of Thy will, the endlessness of Thy purpose. All things lie prisoned within the grasp of Thy might, and the whole creation is destitute when brought face to face with the evidences of Thy wealth.	mga tagapaglingkod tungo sa kanang kamay ng trono ng Iyong mga kaloob, at ginawang makawalay sila sa lahat liban sa Iyo, upang magawa nilang kilalanin ang Iyong paghahari at tanawin ang Iyong kaluwalhatian. Sumasaksi ako sa bisa ng Iyong Kapakanan, sa nanunuot na impluwensiya ng Iyong utos, na hindi mababago ang Iyong kalooban, na hindi magwawakas ang Iyong layunin. Ang lahat ng bagay ay nakakulong sa natatanganan ng Iyong lakas, at ang buong kinapal ay dukha kapag nahaharap sa mga katibayan ng Iyong kayamanan.
Deal Thou, therefore, O my God, my Beloved, my supreme Desire, with Thy servants and with all that were created by Thee as would beseem Thy beauty and Thy greatness, and would be worthy of Thy generosity and gifts. Thou art, in truth, He Whose mercy hath encompassed all the worlds, and Whose grace hath embraced all that dwell on earth and in heaven. Who is there that hath cried after Thee, and whose prayer hath remained unanswered? Where is he to be found who hath reached forth towards Thee, and whom Thou hast failed to approach? Who is he that can claim to have fixed his gaze upon Thee, and toward whom the eye of Thy loving-kindness hath not been directed? I bear witness that Thou hadst turned toward Thy servants ere they had turned toward Thee, and hadst remembered them ere they had remembered Thee. All grace is Thine, O Thou in Whose hand is the kingdom of Divine gifts and the source of every irrevocable decree.	161.2 Iyong pakitunguhan, samakatwid, O aking Diyos, aking Minamahal, aking kataas-taasang Hangarin, ang Iyong mga tagapaglingkod at ang lahat ng Iyong nilikha sang-ayon sa nararapat sa Iyong kagandahan at sa Iyong kadakilaan, at sa magiging angkop sa Iyong pagkabukas-palad at mga kaloob. Ikaw, sa katotohanan, ay Siya na ang Kaniyang habag ay sumasaklaw sa lahat ng mga daigdig, at ang Kaniyang biyaya ay yumakap sa lahat ng nananahan sa lupa at sa langit. Sino ang umiyak sa Iyo, at ang kaniyang dalangin ay hindi sinagot? Saan matatagpuan siya na nagtatangkang umabot sa Iyo, na hindi Mo nilapitan? Sino siyang makapagsasabing ipinako niya ang kaniyang paningin sa Iyo, na hindi Mo idinako sa kaniya ang mata ng Iyong masuyong kabutihan? Sumasaksi ako na bumaling Ka patungo sa Iyong mga tagapaglingkod bago pa sila bumaling tungo sa Iyo, at naalaala na sila bago Ka pa nila naalaala. Ang lahat ng biyaya ay Iyo, O Ikaw na nasa Kaniyang kamay ang kaharian ng mga kaloob ng Maykapal at ang pinagmumulan ng lahat ng di-mababaling kautusan.
Send down, therefore, O my God, upon all that seek Thee that which will entirely strip them of all that pertaineth not unto Thee, and will draw them nigh unto Thy Self. Assist them, by Thy grace, to love Thee and to conform unto that which shall please Thee.	161.3 Ipababa, kung gayon, O aking Diyos, sa lahat ng humahanap sa Iyo, niyong ganap na mag-aalis mula sa kanila ng lahat ng hindi nauukol sa Iyo, at ilalapit sila sa Iyong Sarili. Tulungan sila, mula sa Iyong biyaya, na mahalin Ka at umalinsunod roon sa

Grant, then, that they may go straight on in the path of Thy Cause, the path wherein have slipped the footsteps of the doubters among Thy people and the froward among Thy servants. Thou art, verily, the All-Powerful, the Almighty, the Most Great.	ikagagalak Mo. Tulutan, kung gayon na makapagpatuloy sila sa landas ng Iyong Kapakanan, sa landas kung saan nadulas ang mga yapak ng mga nag-aalinlangan mula sa Iyong mga tao at ng mga suwail mula sa Iyong mga tagapaglingkod. Ikaw, sa katunayan, ang Ganap na Makapangyarihan, ang Ganap na Malakas, ang Pinakadakila.
– CLXII –	CLXII
Lauded and glorified art Thou, O my God! I entreat Thee by the sighing of Thy lovers and by the tears shed by them that long to behold Thee, not to withhold from me Thy tender mercies in Thy Day, nor to deprive me of the melodies of the Dove that extolleth Thy oneness before the light that shineth from Thy face. I am the one who is in misery, O God! Behold me cleaving fast to Thy Name, the All-Possessing. I am the one who is sure to perish; behold me clinging to Thy Name, the Imperishable. I implore Thee, therefore, by Thy Self, the Exalted, the Most High, not to abandon me unto mine own self and unto the desires of a corrupt inclination. Hold Thou my hand with the hand of Thy power, and deliver me from the depths of my fancies and idle imaginings, and cleanse me of all that is abhorrent unto Thee.	162.1 Purihin at luwalhatiin Ka nawa, O aking Diyos! Isinasamo ko sa Iyo sa buntong-hininga ng Iyong mga mangingibig at sa mga luha nilang mga nananabik masilayan Ka, na huwag ipagkait sa akin ang Iyong masuyong mga kahabagan sa Iyong Araw, ni huwag ipagkait sa akin ang mga himig ng Kalapating nagbubunyi sa Iyong kaisahan sa harap ng liwanag na sumisinag mula sa Iyong mukha. Ako ang siyang nasa matinding kalungkutan, O Diyos! Masdan akong nakapangapit nang mahigpit sa Iyong Pangalan, ang Lubos na Nagtataglay. Ako ang siyang tiyak na mamamatay; masdan akong nakapangapit sa Iyong Pangalan, ang Walang-kamatayan. Isinasamo ko sa Iyo, kung gayon, sa Iyong Sarili, ang Dakila, ang Pinakamataas, na huwag akong hayaan sa aking sarili at sa mga pagnanasa ng isang balakyot na kahiligan. Tanganan ang aking kamay ng kamay ng Iyong kapangyarihan, at iligtas ako mula sa kasagsagan ng aking mga guniguni at walang-katuturang mga hinagap, at linisin mula sa akin ang lahat ng kasuklam-suklam sa Iyo.
Cause me, then, to turn wholly unto Thee, to put my whole trust in Thee, to seek Thee as my Refuge, and to flee unto Thy face. Thou art, verily, He Who, through the power of His might, doeth whatsoever He desireth, and commandeth, through the potency of His will, whatsoever He chooseth. None can withstand the operation of Thy decree; none can divert the course of Thine appointment. Thou art, in	162.2 Tulutang magawa ko, kung gayon, ang bumaling nang ganap tungo sa Iyo, na Ikaw ang hanapin bilang Kanluran, at tumakbo patungo sa Iyong mukha. Ikaw, sa katunayan, ang Siyang gumagawa sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Kaniyang lakas, ng anumang ninanais Niya, at iniuutos, sa pamamagitan ng bisa ng Kaniyang kalooban, ng anumang pinipili Niya. Walang

truth, the Almighty, the All-Glorious, the Most Bountiful.	makatatagal laban sa pagpapatupad ng Iyong kautusan; walang makapaglilihis sa landas na Iyong itinakda. Ikaw, sa katotohanan, ang Lubos na Makapangyarihan, ang Ganap na Maluwalhati, ang Pinakamapagpala.
– CLXIII –	CLXIII
Lauded be Thy name, O Lord my God! Thou seest how I have turned myself toward Thee, and set my face in the direction of Thy grace and Thy gifts. I implore Thee, by Thy name through which Thou didst enable all them that have recognized Thy unity to partake of the wine of Thy mercy, and all such as have drawn nigh unto Thee to quaff the living waters of Thy loving-kindness, to rid me entirely of all vain imaginings, and to incline me in the direction of Thy grace, O Thou Who art the Lord of all men!	163.1 Purihin nawa ang Iyong pangalan, O Panginoon kong Diyos! Iyong nakikita kung paano ko idinako ang aking sarili patungo sa Iyo, at itinuon ang aking mukha sa dako ng Iyong biyaya at Iyong mga kaloob. Isinasamo ko sa Iyo, sa Iyong pangalan, na sa pamamagitan niyon ay tinulutan Mo ang lahat ng kumilala sa Iyong pagkakaisa na makisalo sa alak ng Iyong habag, at ang lahat ng gayong mga lumapit sa Iyo na uminom ng nabubuhay na tubig ng Iyong masuyong kabaitan, na lubusang alisin mula sa akin ang lahat ng walang-katuturang mga hinagap, at ihilig ako sa dako ng Iyong biyaya, O Ikaw na Siyang Panginoon ng lahat ng tao!
Graciously assist me, O my God, in the days of the Manifestation of Thy Cause and of the Dayspring of Thy Revelation, to tear asunder the veils which have hindered me from recognizing Thee, and from immersing myself beneath the ocean of Thy knowledge. Hold Thou me with the hands of Thy power, and grant that I may be so carried away by the sweet melodies of the Dove of Thy oneness, that I will cease to regard in all creation any face except Thy face, O Thou the Goal of my desire, and will recognize in the visible world naught else save the evidences of Thy might, O Thou Who art the God of mercy!	163.2 Buong-giliw akong tulungan, O aking Diyos, sa mga araw ng Kahayagan ng Iyong Kapakanan at ng Pamimitak ng Iyong Rebelasyon, na punitin ang mga lambong na pumigil sa akin mula sa pagkilala sa Iyo, at mula sa pagtubog ng aking sarili sa ilalim ng karagatan ng Iyong kaalaman. Tanganan Mo ako ng mga kamay ng Iyong kapangyarihan, at tulutang ganap na matangay ako ng matatamis na himig ng Kalapati ng Iyong kaisahan, na hindi na ako titingin sa alinmang mukha sa buong sangnilikha liban sa Iyong mukha, O ikaw na layunin ng aking pagnanasa, at masisilayan sa nakikitang daigdig ang walang iba liban sa mga katibayan ng Iyong lakas, O Ikaw na Siyang Diyos ng kahabagan!
I am but a wretched creature, O my Lord, and Thou art the All-Possessing, the Most High; and I am all weakness, and Thou art the Almighty, and the Supreme Ordainer in both the beginning and the end. Withhold not from	163.3 Ako ay isang hamak na nilalang lamang, O aking Panginoon, at Ikaw ang Lubos na Nagmamay-ari, ang Pinakamataas; at ako ay pawang kahinaan, at Ikaw ang Ganap na Makapangyarihan, at ang Sukdulang

me the fragrances of Thy Revelation, and shatter not my hopes in the outpourings which have been sent down out of the heaven of Thy gifts. Ordain Thou for me, O my God, the good of this world and the world to come, and grant me what will profit me in every world of Thy worlds, for I know not what will help or harm me. Thou, in truth, art the All-Knowing, the All-Wise.	Nagtatalaga kapuwa sa simula at sa wakas. Huwag ipagkait sa akin ang mga halimuyak ng Iyong Rebelasyon, at huwag wasakin ang aking mga pag-asa sa mga pagbuhos na ipinababa mula sa kalangitan ng Iyong mga kaloob. Italaga Mo para sa akin, O aking Diyos, ang kabutihan ng daigdig na ito at ng daigdig na darating, at ipagkaloob sa akin ang magiging kapaki-pakinabang sa akin sa bawat daigdig ng Iyong mga daigdig, sapagkat hindi ko alam kung ano ang makatutulong o makapipinsala sa akin. Ikaw, sa katotohanan, ang Ganap na Nakababatid, ang Ganap na Marunong.
Have mercy, then, O my God, upon Thy servants who are drowned in the midst of the ocean of evil suggestions, and deliver them by the power of Thy sovereignty, O Thou Who art the Lord of all names and attributes! Thou art He Who from everlasting hath ordained what hath pleased Thee, and will unto everlasting abide the same. No God is there but Thee, the Ever-Forgiving, the Most Merciful.	163.4 Mahabag, kung gayon, O aking Diyos, sa Iyong mga tagapaglingkod na nalulunod sa gitna ng karagatan ng mga udyok ng kasamaan, at iligtas sila sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Iyong paghahari, O Ikaw na Siyang Panginoon ng lahat ng mga pangalan at mga katangian! Ikaw Siya na mula pa sa kawalang-hanggan ay itinalaga na ang ikinalulugod Mo, at hanggang sa kawalang-hanggan ay mananatiling ganoon. Walang Diyos liban sa Iyo, ang Laging-Nagpapatawad, ang Pinakamahabagin.
– CLXIV –	CLXIV
O God, my God! I have set out from my home, holding fast unto the cord of Thy love, and I have committed myself wholly to Thy care and Thy protection. I entreat Thee by Thy power through which Thou didst protect Thy loved ones from the wayward and the perverse, and from every contumacious oppressor, and every wicked doer who hath strayed far from Thee, to keep me safe by Thy bounty and Thy grace. Enable me, then, to return to my home by Thy power and Thy might. Thou art, truly, the Almighty, the Help in Peril, the Self-Subsisting.	164.1 O Diyos, aking Diyos! Ako ay lumabas buhat sa aking tahanan, na nakahawak nang mahigpit sa kordon ng Iyong pag-ibig, at inilaan kong ganap ang aking sarili sa Iyong pag-iingat at sa Iyong pagtatanggol. Isinasamo ko sa Iyo, sa Iyong kapangyarihang ginamit Mo sa pagtatanggol sa Iyong mga minamahal laban sa nangaligaw at masasama, at sa bawat mapaghimagsik na manlulupig, at sa bawat nagsisigawa ng masama na nagsilayo sa Iyo, na ingatan akong ligtas sa pamamagitan ng Iyong pagpapala at ng Iyong biyaya. Loobin Mong makauwi ako sa aking tahanan sa pamamagitan ng Iyong lakas at kapangyarihan. Tunay na Ikaw ang Ganap na Makapangyarihan, ang Tulong sa

	Panganib, ang Sariling-Ganap.
– CLXV –	CLXV
From the sweet-scented streams of Thine eternity give me to drink, O my God, and of the fruits of the tree of Thy being enable me to taste, O my Hope! From the crystal springs of Thy love suffer me to quaff, O my Glory, and beneath the shadow of Thine everlasting providence let me abide, O my Light! Within the meadows of Thy nearness, before Thy presence, make me able to roam, O my Beloved, and at the right hand of the throne of Thy mercy, seat me, O my Desire! From the fragrant breezes of Thy joy let a breath pass over me, O my Goal, and into the heights of the paradise of Thy reality let me gain admission, O my Adored One! To the melodies of the dove of Thy oneness suffer me to hearken, O Resplendent One, and through the spirit of Thy power and Thy might quicken me, O my Provider! In the spirit of Thy love keep me steadfast, O my Succorer, and in the path of Thy good pleasure set firm my steps, O my Maker! Within the garden of Thine immortality, before Thy countenance, let me abide for ever, O Thou Who art merciful unto me, and upon the seat of Thy glory stablish me, O Thou Who art my Possessor! To the heaven of Thy loving-kindness lift me up, O my Quickener, and unto the Daystar of Thy guidance lead me, O Thou my Attractor! Before the revelations of Thine invisible spirit summon me to be present, O Thou Who art my Origin and my Highest Wish, and unto the essence of the fragrance of Thy beauty, which Thou wilt manifest, cause me to return, O Thou Who art my God!	165.1 Buhat sa humahalimuyak na mga batis ng Iyong kawalang-hanggan, bigyan Mo ako ng inumin, O aking Diyos, at sa mga bunga ng punongkahoy ng Iyong sarili, hayaan Mo akong tumikim, O aking Pag-asa! Sa mga kristal na bukal ng Iyong pag-ibig, tulutan Mo akong uminom, O aking Luwalhati, at sa lilim ng anino ng Iyong walang-katapusang pagpapala, bayaan Mo akong manahan, O aking Liwanag! Sa loob ng mga pastulan ng Iyong kalapitan sa harap ng Iyong kinaroroonan, pahintulutan Mong ako ay makagala, O aking Mahal, at sa gawing kanan ng trono ng Iyong Habag ay iluklok ako, O aking Ninanais! Buhat sa mababangong hangin ng Iyong kaligayahan, hayaang may dumapyo sa akin na isang simoy, O aking Hantungan, at sa mga kataasan ng paraiso ng Iyong realidad, tulutan akong makapasok, O aking Sinasamba! Sa mga awitin ng kalapati ng Iyong kaisahan, tulutan Mo akong makapakinig, O Lubhang Maningning, at sa pamamagitan ng espiritu ng Iyong lakas at Iyong kapangyarihan buhayin Mo ako, O aking Tagapagtustos! Sa diwa ng Iyong pag-ibig loobin Mo akong maging matapat, O aking Tagasaklolo, at sa landas ng Iyong mabuting kasiyahan patatagin ang aking mga hakbang, O aking Manlilikha! Sa loob ng hardin ng Iyong kawalang-kamatayan, sa harap ng Iyong kaanyuan, tulutan Mo akong manahan magpakailanman, O Ikaw na Mahabagin sa akin, at sa luklukan ng Iyong kaluwalhatian itatag Mo ako, O Ikaw na aking Tagapagmay-ari! Sa langit ng Iyong mapagmahal na kabutihan itaas Mo ako, O aking Tagapagbuhay, at tungo sa Bituing-araw ng Iyong pamamatnubay akayin Mo ako, O Ikaw na aking Tagaakit! Sa harap ng mga kahayagan ng Iyong di-nakikitang espiritu tawagin Mo ako at paharapin, O Ikaw na aking Pinagmulan at aking Pinakamatayog na

	Hangarin, at sa buod ng kabanguhan ng Iyong kagandahan, na Iyong ihahayag, loobin Mo akong makabalik, O Ikaw na aking Diyos!
Potent art Thou to do what pleaseth Thee. Thou art, verily, the Most Exalted, the All-Glorious, the All-Highest.	165.2 May kakayahan Kang gumawa ng Iyong ninanais. Tunay na Ikaw ang Pinakadakila, ang Ganap na Maluwalhati, ang Lubos na Mataas.
– CLXVI –	CLXVI
O Thou Whose face is the object of my adoration, Whose beauty is my sanctuary, Whose habitation is my goal, Whose praise is my hope, Whose providence is my companion, Whose love is the cause of my being, Whose mention is my solace, Whose nearness is my desire, Whose presence is my dearest wish and highest aspiration, I entreat Thee not to withhold from me the things Thou didst ordain for the chosen ones among Thy servants. Supply me, then, with the good of this world and of the next.	166.1 O Ikaw na ang Iyong mukha ay siyang hantungan ng aking pagsamba, na ang Iyong kagandahan ay ang aking kanlungan, na ang Iyong tirahan ay ang aking hangarin, na ang pagpuri sa Iyo ay ang aking pag-asa, na ang Iyong kalinga ay ang aking kasama, na ang Iyong pag-ibig ay ang dahilan ng aking pagkabuhay, na ang pagbanggit sa Iyo ay ang aking kaaliwan, na ang pagkakalapit sa Iyo ay ang aking hangarin, na ang makapiling Ka ay ang aking pinakananais at pinakamataas na pangarap, isinasamo ko sa Iyo na huwag Mo akong pagkaitan ng mga bagay na itinalaga Mo para sa mga pinili sa Iyong mga tagapaglingkod. Pagkalooban Mo ako, kung gayon, ng mga kabutihan sa daigdig na ito at sa susunod.
Thou, truly, art the King of all men. There is no God but Thee, the Ever-Forgiving, the Most Generous.	166.2 Tunay na Ikaw ang Hari ng lahat ng tao. Walang Diyos liban sa Iyo, ang Laging-Nagpapatawad, ang Pinakamapagbigay.
– CLXVII –	CLXVII
O my God! This is Thy servant and the son of Thy servant who hath believed in Thee and in Thy signs, and set his face towards Thee, wholly detached from all except Thee. Thou art, verily, of those who show mercy the most merciful.	167.1 O aking Diyos! Ito ay ang Iyong tagapaglingkod at anak ng Iyong tagapaglingkod na nanalig sa Iyo at sa Iyong mga palatandaan, at nagbaling ng kaniyang mukha sa Iyo, ganap na nakawalay sa lahat liban sa Iyo. Ikaw, sa katunayan ang pinakamahabagin sa lahat ng nagpapakita ng habag.
Deal with him, O Thou Who forgivest the sins of men and concealest their faults, as	167.2 Pakitunguhan siya, O Ikaw na nagpapatawad sa mga kasalanan ng tao at

beseemeth the heaven of Thy bounty and the ocean of Thy grace. Grant him admission within the precincts of Thy transcendent mercy that was before the foundation of earth and heaven. There is no God but Thee, the Ever-Forgiving, the Most Generous.	nagkukubli sa kanilang mga pagkakamali, nang nararapat sa kalangitan ng Iyong biyaya at sa karagatan ng Iyong pagpapala. Pahintulutan siyang makahantong sa loob ng mga saklaw Iyong nangingibabaw na habag na naroon na bago pa maitatag ang lupa at langit. Walang Diyos liban sa Iyo, ang Laging-Nagpapatawad, ang Pinakamapagbigay.
Let him, then, repeat six times the greeting "Alláh-u-Abhá," and then repeat nineteen times each of the following verses:	*Hayaang pagkatapos nito, na ulitin nang anim na beses ang bati na "Alláh-u-Abhá", at pagkatapos ay ulitin nang labinsiyam na beses ang bawat isa sa sumusunod na mga taludtod:*
We all, verily, worship God.	167.3 Kaming lahat, sa katunayan, ay sumasamba sa Diyos.
We all, verily, bow down before God.	167.4 Kaming lahat, sa katunayan, ay yumuyuko sa harap ng Diyos.
We all, verily, are devoted unto God.	167.5 Kaming lahat, sa katunayan, ay matapat sa Diyos.
We all, verily, give praise unto God.	167.6 Kaming lahat, sa katunayan, ay nagbibigay ng papuri sa Diyos.
We all, verily, yield thanks unto God.	167.7 Kaming lahat, sa katunayan ay nagbibigay pasasalamat sa Diyos
We all, verily, are patient in God.	167.8 Kaming lahat, sa katunayan, ay mga matiisin ng Diyos.
(If the dead be a woman, let him say: This is Thy handmaiden and the daughter of Thy handmaiden, etc.…) Prayer for the Dead.	*(Kung ang yumao ay isang babae, hayaang sabihin niya: Ito ang Iyong tagapaglingkod na babae at anak ng Iyong tagapaglingkod na babae . . ..)*
– CLXVIII –	CLXVIII
O my Lord! Make Thy beauty to be my food, and Thy presence my drink, and Thy pleasure my hope, and praise of Thee my action, and remembrance of Thee my companion, and the power of Thy sovereignty my succorer, and Thy habitation my home, and my dwelling-place the seat Thou hast sanctified	168.1 O aking Panginoon! Ang Iyong kagandahan ay gawin Mong aking pagkain at ang pagkamalas sa Iyo ang aking inumin, at ang Iyong kasiyahan ang aking pag-asa, at ang pagpuri sa Iyo ang aking kilos, at ang paggunita sa Iyo ang aking kasama, at ang lakas ng Iyong paghahari ang aking tagasaklolo, at ang Iyong kinaroroonan ang

from the limitations imposed upon them who are shut out as by a veil from Thee.	aking tahanan, at ang aking tirahan ang luklukang iniligtas Mo sa mga sagabal na iniatang sa kanilang inilingid wari ng isang lambong sa Iyo.
Thou art, verily, the Almighty, the All-Glorious, the Most Powerful.	168.2 Tunay na Ikaw ang Ganap na Makapangyarihan, ang Ganap na Maluwalhati, ang Pinakamalakas.
– CLXIX –	CLXIX
Glory be to Thee, O Lord my God! Abase not him whom Thou hast exalted through the power of Thine everlasting sovereignty, and remove not far from Thee him whom Thou hast caused to enter the tabernacle of Thine eternity. Wilt Thou cast away, O my God, him whom Thou hast overshadowed with Thy Lordship, and wilt Thou turn away from Thee, O my Desire, him to whom Thou hast been a refuge? Canst Thou degrade him whom Thou hast uplifted, or forget him whom Thou didst enable to remember Thee?	169.1 Luwalhati sa Iyo, O Panginoon kong Diyos! Huwag Mong gawing aba siyang Iyong itinaas sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Iyong walang- hanggang paghahari, at huwag ilayo sa Iyo siyang niloob Mong makapasok sa tabernakulo ng Iyong kawalang-hanggan. Ititiwalag Mo ba, O aking Diyos, siyang nilukuban Mo ng Iyong Kapangyarihan at ilalayo Mo ba siya sa Iyo, O aking Hangarin, siyang Ikaw ang naging kanlungan? Maaari Mo ba siyang hamakin, siyang itinaas Mo, o malilimot Mo ba siyang binigyan Mo ng kakayahang umalaala sa Iyo?
Glorified, immensely glorified art Thou! Thou art He Who from everlasting hath been the King of the entire creation and its Prime Mover, and Thou wilt to everlasting remain the Lord of all created things and their Ordainer. Glorified art Thou, O my God! If Thou ceasest to be merciful unto Thy servants, who, then, will show mercy unto them; and if Thou refusest to succor Thy loved ones, who is there that can succor them?	169.2 Ikaw ay niluluwalhati, lubos na niluluwalhati! Ikaw yaong buhat sa kawalang-hanggan ay naging Hari ng buong santinakpan at ang Pangunahing Nagpapakilos dito, at magpakailanman ay mananatili Kang Panginoon ng lahat ng nilalang at Ikaw ang kanilang Tagapag-atas. Nasa kaluwalhatian Ka, O aking Diyos! Kung ihihinto Mo ang pagiging mahabagin sa Iyong mga tagapaglingkod, sino pa ang magpapamalas ng habag sa kanila? At kung tatanggi Kang sumaklolo sa Iyong mga minamahal, sino pa ang makasasaklolo sa kanila?
Glorified, immeasurably glorified art Thou! Thou art adored in Thy truth, and Thee do we all, verily, worship; and Thou art manifest in Thy justice, and to Thee do we all, verily, bear witness. Thou art, in truth, beloved in Thy grace. No God is there but Thee, the Help in Peril, the Self-Subsisting.	169.3 Ikaw ay niluluwalhati, di-masukat ang pagluluwalhati sa Iyo! Sinasamba Ka sa Iyong katotohanan, at Ikaw ang tunay na sinasamba naming lahat; at Ikaw ay nahahayag sa Iyong katarungan, at sa Iyo tunay na kami ay nagbibigay-saksi. Ikaw, sa katotohanan, ay kaibig-ibig sa Iyong biyaya. Walang ibang Diyos liban sa Iyo, ang Tulong sa Panganib,

	ang Sariling-Ganap.
– CLXX –	CLXX
Thy name is my healing, O my God, and remembrance of Thee is my remedy. Nearness to Thee is my hope, and love for Thee is my companion. Thy mercy to me is my healing and my succor in both this world and the world to come. Thou, verily, art the All-Bountiful, the All-Knowing, the All-Wise.	170.1 Ang Iyong Pangalan ang makapagpapagaling sa akin, O aking Diyos, at ang Iyong gunita ang aking lunas. Ang pagkalapit sa Iyo ang aking pag-asa, at ang pag-ibig sa Iyo ang aking kasama. Ang awa Mo sa akin ang siya kong lunas at timbulan sa daigdig na ito at sa daigdig na darating. Tunay na Ikaw ang Ganap na Mapagpala, ang Nakababatid ng Lahat, ang Lubos na Marunong.
– CLXXI –	CLXXI
O my God, my Master, the Goal of my desire! This, Thy servant, seeketh to sleep in the shelter of Thy mercy, and to repose beneath the canopy of Thy grace, imploring Thy care and Thy protection.	171.1 O aking Diyos, aking Panginoon, Hantungan ng aking hangarin! Ito, ang Iyong tagapaglingkod, ay naglalayong matulog sa kanlungan ng Iyong kahabagan, at humimlay sa ilalim ng bubong ng Iyong biyaya, humihingi ng Iyong pangangalaga at pagtatanggol.
I beg of Thee, O my Lord, by Thine eye that sleepeth not, to guard mine eyes from beholding aught beside Thee. Strengthen, then, their vision that they may discern Thy signs, and behold the Horizon of Thy Revelation. Thou art He before the revelations of Whose omnipotence the quintessence of power hath trembled.	171.2 Isinasamo ko sa Iyo, O aking Panginoon, sa pamamagitan ng Iyong matang hindi natutulog, na tanuran ang aking mga mata upang huwag itong makakita ng anuman liban sa Iyo. Palakasin, kung gayon, ang kanilang paningin upang makita nila ang Iyong mga tanda, at mamalas ang Sugpungang-guhit ng Iyong Rebelasyon. Ikaw Siya na sa harap ng mga kahayagan ng Iyong walang-hanggang kapangyarihan ay nangatal ang kabuuran ng lakas.
No God is there but Thee, the Almighty, the All-Subduing, the Unconditioned.	171.3 Walang ibang Diyos liban sa Iyo, ang Ganap na Makapangyarihan, ang Nakasasakop sa Lahat, ang Di-natatakdaan.
– CLXXII –	CLXXII
How can I choose to sleep, O God, my God, when the eyes of them that long for Thee are wakeful because of their separation from	172.1 Paano ko mapipiling matulog, O Diyos, aking Diyos, samantalang ang mga mata nilang naghahangad sa Iyo ay gising

Thee; and how can I lie down to rest whilst the souls of Thy lovers are sore vexed in their remoteness from Thy presence?	dahil sa kanilang pagkawalay sa Iyo; at paano ako makahihiga upang magpahingalay samantalang ang mga kaluluwa ng mga umiibig sa Iyo ay labis na naghihirap sa kanilang pagkalayo sa Iyong harapan?
I have committed, O my Lord, my spirit and my entire being into the right hand of Thy might and Thy protection, and I lay my head on my pillow through Thy power, and lift it up according to Thy will and Thy good pleasure. Thou art, in truth, the Preserver, the Keeper, the Almighty, the Most Powerful.	172.2 Naipagkatiwala ko, O aking Panginoon ang aking espiritu at ang aking buong sarili sa kanang kamay ng Iyong kapangyarihan at ng Iyong pangangalaga, at inihihimlay ko ang aking ulo sa aking unan sa pamamagitan ng Iyong kapangyarihan at ibinabangon iyon ayon sa Iyong kalooban at sa Iyong mabuting kasiyahan. Tunay na Ikaw ang Tagapagligtas, ang Tagapagkupkop, ang Lubos na Makapangyarihan, ang Pinakamalakas.
By Thy might! I ask not, whether sleeping or waking, but that which Thou dost desire. I am Thy servant and in Thy hands. Do Thou graciously aid me to do what will shed forth the fragrance of Thy good pleasure. This, truly, is my hope and the hope of them that enjoy near access to Thee. Praised be Thou, O Lord of the worlds!	172.3 Saksi ang Iyong kapangyarihan! Wala akong hinihiling, tulog o gising man, kundi yaong ninanais Mo. Ako ay Iyong tagapaglingkod at sumasaiyong mga kamay. Buong kahabagang tulungan Mo akong makagawa ng makapagdadaloy sa kabanguhan ng Iyong kasiyahan. Tunay na ito ang aking pag-asa at ang pag-asa nilang nagtatamasa ng pagkakalapit sa Iyo. Purihin Ka, O Panginoon ng mga daigdig!
– CLXXIII –	CLXXIII
My God, my Adored One, my King, my Desire! What tongue can voice my thanks to Thee? I was heedless, Thou didst awaken me. I had turned back from Thee, Thou didst graciously aid me to turn towards Thee. I was as one dead, Thou didst quicken me with the water of life. I was withered, Thou didst revive me with the heavenly stream of Thine utterance which hath flowed forth from the Pen of the All-Merciful.	173.1 Diyos ko, tanging aking Sinasamba, aking Hari, aking Hangarin! Anong wika ang makapagbibigay-tinig sa aking pasasalamat sa Iyo! Ako ay hindi nakikinig, pinukaw Mo ako. Ako ay tumalikod sa Iyo, buong giliw na tinulungan Mo akong makabaling sa Iyo. Ako ay tulad sa isang patay, ibinangon Mo ako sa pamamagitan ng tubig ng buhay. Ako ay natuyot, pinanariwa Mo ako sa pamamagitan ng makalangit na bukal ng Iyong pangungusap na dumaloy sa Panulat ng Lubos na Mahabagin.
O Divine Providence! All existence is begotten by Thy bounty; deprive it not of the waters of Thy generosity, neither do Thou withhold it from the ocean of Thy mercy. I	173.2 O Dakilang Maykapal! Ang santinakpan ay nilalang sa Iyong pagpapala; huwag pagkaitan ang mga iyon ng Iyong kalinga, huwag ding ilayo iyon sa dagat ng

beseech Thee to aid and assist me at all times and under all conditions, and seek from the heaven of Thy grace Thine ancient favor. Thou art, in truth, the Lord of bounty, and the Sovereign of the kingdom of eternity.	Iyong kahabagan. Isinasamo kong tulungan Mo at patnubayan ako sa lahat ng panahon at sa anumang kalagayan, at hinahangad buhat sa langit ng Iyong biyaya ang Iyong napakatandang pagtatangkilik. Ikaw, sa katotohanan, ang Panginoon ng pagpapala, at ang Hari sa kaharian ng kawalang-hanggan.
– CLXXIV –	CLXXIV
O God, my God! I beg of Thee by the ocean of Thy healing, and by the splendors of the Daystar of Thy grace, and by Thy Name through which Thou didst subdue Thy servants, and by the pervasive power of Thy most exalted Word and the potency of Thy most august Pen, and by Thy mercy that hath preceded the creation of all who are in heaven and on earth, to purge me with the waters of Thy bounty from every affliction and disorder, and from all weakness and feebleness.	174.1 O Diyos, aking Diyos! Isinasamo ko sa Iyo sa karagatan ng Iyong pagpapagaling, at sa ningning ng Bituing-araw ng Iyong biyaya, at sa Iyong Pangalan na sa pamamagitan niyon ay sinupil Mo ang Iyong mga tagapaglingkod, at sa nakapagpapalaganap na lakas ng Iyong pinakamaluwalhating Salita at sa kapangyarihan ng Iyong pinakadakilang Panulat, at sa Iyong kahabagan na nauna pa sa paglalang ng lahat ng nasa langit at nasa lupa, na sa pamamagitan ng mga tubig ng Iyong pagpapala ay linisin ako sa bawat paghihirap at kaguluhan, at sa lahat ng kahinaan at karupukan.
Thou seest, O my Lord, Thy suppliant waiting at the door of Thy bounty, and him who hath set his hopes on Thee clinging to the cord of Thy generosity. Deny him not, I beseech Thee, the things he seeketh from the ocean of Thy grace and the Daystar of Thy loving-kindness.	174.2 Nakikita Mo, O aking Panginoon, ang sa Iyo ay naninikluhod na naghihintay sa pintuan ng Iyong pagpapala, gayon din siyang nag-ukol ng kaniyang mga pag-asa sa Iyo at nangangapit sa kordon ng Iyong kagandahang-loob. Isinasamo ko na huwag Mong ipagkait sa kaniya ang mga bagay na hinahanap niya sa karagatan ng Iyong biyaya at sa Bituing-araw ng Iyong mapagmahal na kahabagan.
Powerful art Thou to do what pleaseth Thee. There is none other God save Thee, the Ever-Forgiving, the Most Generous.	174.3 Makapangyarihan Ka at magagawa Mo ang Iyong marapatin. Walang ibang Diyos liban sa Iyo, ang Laging-Nagpapatawad, ang Pinakamagandang-loob.
– CLXXV –	CLXXV
I have risen this morning by Thy grace, O my God, and left my home trusting wholly in Thee, and committing myself to Thy care.	175.1 Nagbangon ako ngayong umaga sa Iyong biyaya, O aking Diyos, at nilisan ang aking tahanan nang ganap na nagtitiwala sa

Send down, then, upon me, out of the heaven of Thy mercy, a blessing from Thy side, and enable me to return home in safety even as Thou didst enable me to set out under Thy protection with my thoughts fixed steadfastly upon Thee.	Iyo, at inilalagak ang aking sarili sa Iyong pangangalaga. Ipagkaloob kung gayon, sa akin buhat sa langit ng Iyong kahabagan ang isang pagpapala buhat sa Iyong panig at pahintulutan Mong makauwi ako nang ligtas sa aking tahanan tulad ng pagkapahintulot Mong lumabas ako nang nasa ilalim ng Iyong pangangalaga habang ang mga kaisipan ay matatag na nakaukol sa Iyo.
There is none other God but Thee, the One, the Incomparable, the All-Knowing, the All-Wise.	175.2 Walang iba pang Diyos liban sa Iyo, ang Iisa, ang Walang-kahambing, ang Nakababatid ng Lahat, ang Ganap na Marunong.
– CLXXVI –	CLXXVI
Praise be unto Thee, Who art my God and the God of all men, and my Desire and the Desire of all them that have recognized Thee, and my Beloved and the Beloved of such as have acknowledged Thy unity, and the Object of my adoration and of the adoration of them that have near access to Thee, and my Wish and the Wish of such as are wholly devoted to Thee, and my Hope and the Hope of them that have fixed their hearts upon Thee, and my Refuge and the Refuge of all such as have hastened towards Thee, and my Haven and the Haven of whosoever hath repaired unto Thee, and my Goal and the Goal of all them that have set themselves towards Thee, and my Object and the Object of those who have fixed their gaze upon Thee, and my Paradise and the Paradise of them that have ascended towards Thee, and my Lodestar and the Lodestar of all such as yearn after Thee, and my Joy and the Joy of all them that love Thee, and my Light and the Light of all such as have erred and asked to be forgiven by Thee, and my Exultation and the Exultation of all them that remember Thee, and my Stronghold and the Stronghold of all such as have fled to Thee, and my Sanctuary and the Sanctuary of all that dread Thee, and my Lord and the Lord of all such as dwell in the heavens and on the earth!	176.1 Purihin Ka nawa, Ikaw na aking Diyos at Diyos ng lahat ng tao, at aking Hangarin at Hangarin ng lahat ng kumilala sa Iyo, at aking Minamahal at ang Minamahal ng gayong mga tumanggap sa Iyong pagkakaisa, at ang Pakay ng aking pagsamba at ng pagsamba nilang mga malalapit sa Iyo, at ang aking Mithiin at ang Mithiin ng gayong mga ganap na deboto sa Iyo, at ang aking Pag-asa at ang Pag-asa nilang mga itinutok ang kanilang mga puso sa Iyo, at ang aking Kanlungan at ang Kanlungan ng lahat ng gayong mga nagmadali patungo sa Iyo, at ang aking Kublihan at ang Kublihan ng sinumang bumalik sa Iyo, at ang aking Tunguhin at ang Tunguhin ng lahat ng mga nagsibaling tungo sa Iyo, at ang aking Layunin at ang Layunin nilang mga ipinako ang kanilang paningin sa Iyo, at ang aking Paraiso at ang Paraiso nilang mga nagsiakyat patungo sa Iyo, at ang aking Bituing-Gabay at ang Bituing-Gabay sa lahat ng gayong nananabik sa Iyo, at ang aking Ligaya at ang Ligaya ng lahat ng nagmamahal sa Iyo, at ang aking Liwanag at ang Liwanag ng lahat ng gayong nagkasala at humingi ng tawad sa Iyo, at ang aking Pagdiriwang at ang Pagdiriwang ng lahat ng mga gumugunita sa Iyo, at ang aking Kuta at ang Kuta ng lahat ng mga kumubli sa Iyo, at ang aking Santuwaryo at

	ang Santuwaryo ng lahat ng may matinding takot sa Iyo, at ang aking Panginoon at ang Panginoon ng lahat ng gayong mga nananahan sa mga kalangitan at sa kalupaan!
Unto Thee be praise for that Thou hast enraptured me by the sweetness of Thine utterances, and set me towards the horizon above which the splendors of the Daystar of Thy face have shone, and caused me to turn unto Thee at a time when most of Thy creatures had broken off from Thee.	176.2 Papuri nawa sa Iyo yamang pinaligaya Mo ako sa katamisan ng Iyong mga salita, at idinako ako patungo sa sugpungang-guhit kung saan sumikat sa itaas niyon ang mga karingalan ng Bituing-araw ng Iyong mukha, at ginawa akong bumaling patungo sa Iyo sa panahong ang karamihan ng iyong mga nilalang ay tumalikod sa Iyo.
Thou art He, O my God, Who hath unlocked the gate of heaven with the key of Thy Name, the Ever-Blessed, the All-Powerful, the All-Glorious, the Most Great, and hast summoned all mankind to the ocean of Thy presence. No sooner had Thy most sweet voice been raised, than all the inmates of the Kingdom of Names and the Concourse on high were stirred up. By Thy call the fragrance of the raiment of Thy Revelation was wafted over such of Thy creatures as have loved Thee, and such of Thy people as have yearned towards Thee. They rose up and rushed forth to attain the Ocean of Thy meeting, and the Horizon of Thy beauty, and the Tabernacle of Thy Revelation and Thy majesty, and the Sanctuary of Thy Presence and Thy glory. They were so inebriated with the wine of their reunion with Thee, that they rid themselves of all attachment to whatever they themselves and others possessed.	176.3 Ikaw Siya, O aking Diyos, na binuksan ang pinto ng langit sa pamamagitan ng susi ng Iyong Pangalan, ang Laging-Pinagpala, ang Ganap na Makapangyarihan, ang Lubos na Maluwalhati, ang Pinakadakila, at tinawag ang buong sangkatauhan patungo sa karagatan ng Iyong kinaroroonan. Kaagad nang itaas ang Iyong pinakamatamis na tinig, ay nagsikilos ang lahat ng mga nananahan sa Kaharian ng mga Pangalan at ang Kalipunan sa kaitaasan. Sa pamamagitan ng Iyong panawagan ang kabanguhan ng baro ng Iyong Rebelasyon ay pinasimoy sa gayon sa Iyong mga nilalang na nagmamahal sa Iyo, at sa gayon sa Iyong mga taong nananabik sa Iyo. Sila ay nagsibangon at nagmadaling makarating sa Karagatan ng pakikipagtagpo sa Iyo, at sa Sugpungang-guhit ng Iyong kagandahan, at sa Tabernakulo ng Iyong Rebelasyon at ng Iyong kamahalan, at sa Santuwaryo ng Iyong Kinaroroonan at ng Iyong kaluwalhatian. Lubos silang nalango ng alak ng muling pagsasama sa Iyo na inalis nila mula sa kanilang mga sarili ang pagkagiliw sa anumang taglay nila at ng mga iba pa.
These are Thy servants whom the ascendancy of the oppressor hath failed to deter from fixing their eyes on the Tabernacle of Thy majesty, and whom the hosts of tyranny have been powerless to affright and divert their gaze from the Dayspring of Thy signs and the Dawning-Place of Thy testimonies.	176.4 Ito ang Iyong mga tagapaglingkod na hindi napigilan ng pangingibabaw ng maniniil mula sa pagpako ng kanilang mga mata sa Tabernakulo ng Iyong kamahalan, at ang mga hukbo ng paniniil ay hindi kinayang takutin sila o ilihis ang kanilang paningin mula sa Pamimitak ng Iyong mga palatandaan at sa

	Pook-Silangan ng Iyong mga patotoo.
I swear by Thy glory, O Thou the Lord of all being and the Enlightener of all things visible and invisible! Whoso hath quaffed from the hands of Thy bounteousness the living waters of Thy love will never allow the things pertaining to Thy creatures to keep him back from Thee, neither will he be dismayed at the refusal of all the dwellers of Thy realm to acknowledge Thee. Before all who are in heaven and on earth such a man will cry aloud, and announce unto the people the tumult of the Ocean of Thy bounty and the splendors of the Luminaries of the heaven of Thy bestowals.	176.5 Sumusumpa ako sa Iyong kaluwalhatian, O Ikaw na Panginoon ng lahat ng umiiral at ang Nagbibigay-Liwanag sa lahat ng bagay na nakikita at di-nakikita! Ang sinumang nakainom ng mga buhay na tubig ng Iyong pag-ibig mula sa mga kamay ng Iyong kasaganaan ay hindi kailanman pahihintulutang maging hadlang sa Iyo ang mga bagay-bagay na nauugnay sa Iyong mga nilalang, ni hindi rin siya masisiraan ng loob sa pagtanggi ng lahat ng mga nananahan sa Iyong kaharian na kilalanin Ka. Sa harap ng lahat ng nasa langit at ng nasa lupa ay isisigaw ng gayong tao, at ipapahayag sa mga sambayanan ang kaingayan ng Karagatan ng Iyong biyaya at ang mga karingalan ng mga Tanglaw ng kalangitan ng Iyong mga kaloob.
Happy indeed is the man that hath turned towards the sanctuary of Thy presence, and rid himself of all attachment to any one except Thyself. He is truly exalted who hath confessed Thy glory, and fixed his eyes upon the Daystar of Thy loving-kindness. He is endued with understanding who is aware of Thy Revelation and hath acknowledged Thy manifold tokens, Thy signs, and Thy testimonies. He is a man of insight whose eyes have been illumined with the brightness of Thy face, and who, as soon as Thy call was raised, hath recognized Thee. He is a man of hearing who hath been led to hearken unto Thy speech, and to draw nigh unto the billowing ocean of Thine utterances.	176.6 Tunay na maligaya ang taong bumaling tungo sa santuwaryo ng Iyong kinaroroonan, at inalis mula sa kaniyang sarili ang lahat ng pagkagiliw sa kaninuman liban sa Iyong Sarili. Tunay na dakila siyang sumaksi sa Iyong kaluwalhatian, at ipinako ang kaniyang mga mata sa Bituing-araw ng Iyong nagmamahal na kabaitan. Pinagkalooban ng pag-unawa ang siyang nakababatid sa Iyong Rebelasyon at kinilala ang Iyong napakaraming palatandaan, ang Iyong mga tanda, at ang Iyong mga patotoo. Siya ay taong malalim ang pag-unawa na ang kaniyang mga mata ay natatanglawan ng liwanag ng Iyong mukha, at agad nang itaas Mo ang Iyong panawagan, ay nakilala Ka. Siya ay taong nakaririnig na ginabayang makinig sa Iyong salita, at lumapit sa dumadaluyong na karagatan ng Iyong mga pananalita.
Behold Thou this stranger, O my Lord, who hath hastened to attain his most exalted Home in the shelter of Thy shadowing mercy, and this ailing soul who hath set his face towards the ocean of Thy healing.	176.7 Masdan Mo ang estrangherong ito, O aking Panginoon, na nagmadaling makarating sa kaniyang pinakadakilang Tahanan sa kanlungan ng Iyong lumililim na habag, at itong kaluluwang maysakit na idinako ang kaniyang mukha patungo sa karagatan ng

	Iyong pagpapagaling.
Look, then, O Thou my God Who settest my soul on fire, upon the tears I shed, and the sighs I utter, and the anguish that afflicteth my heart and the fire that consumeth my being. Thy glory beareth me witness, O Thou, the Light of the world! The fire of Thy love that burneth continually within me hath so inflamed me that whoever among Thy creatures approacheth me, and inclineth his inner ear towards me, cannot fail to hear its raging within each of my veins.	176.8 Tumingin, kung gayon, O Ikaw na aking Diyos, na Siyang nagpaliliyab sa aking kaluluwa, sa mga luhang iniiyak ko, at sa mga buntong-hiningang sinasambit ko, at sa dalamhating nagpapahirap sa aking puso at sa apoy na tumutupok sa aking sarili. Ang Iyong kaluwalhatian ay sumasaksi sa akin, O Ikaw na Liwanag ng daigdig! Ang apoy ng pag-ibig sa Iyo ay patuloy na umaalab sa loob ko na ganoon na lamang ang pagliyab sa akin na kung sinuman sa Iyong mga nilalang ang lumapit sa akin at inihihilig ang kaniyang panloob na tainga sa akin, ay hindi niya maiiwasang marinig ang paglagablab nito sa bawat isa ng aking mga ugat.
I am so carried away by the sweetness of Thine utterances, and so inebriated with the wine of Thy tender mercies, that my voice can never be stilled, nor can my suppliant hands any longer desist from being stretched out towards Thee. Thou seest, O my Lord, how mine eyes are fixed in the direction of Thy grace, and mine ears inclined towards the kingdom of Thine utterance, and my tongue unloosed to celebrate Thy praise, and my face set towards Thy face that surviveth all that hath been created by Thy word, and my hands raised up towards the heaven of Thy bounty and favor.	176.9 Lubos akong natatangay ng katamisan ng Iyong mga pananalita, at ganap na nalalango sa alak ng Iyong masuyong mga kahabagan, na hindi na kailanman mananahimik ang aking tinig, ni hindi na mapigilan ang aking nagsusumamong mga kamay mula sa pag-unat tungo sa Iyo. Iyong nakikita, O aking Panginoon, kung paano nakapako ang aking mga mata sa pinagmumulan ng Iyong biyaya, at kung paano nakahilig ang aking mga tainga tungo sa kaharian ng Iyong pananalita, at kung paano nakalagan ang aking dila upang ipagdiwang ang papuri sa Iyo, at kung paano nakabaling ang aking mukha tungo sa Iyong mukha na mananatili nang lampas sa pag-iral ng lahat ng nilikha ng Iyong salita, at kung paano nakataas ang aking mga kamay tungo sa kalangitan ng Iyong biyaya at pagpapala.
Wilt Thou keep back from Thee the stranger whom Thou didst call unto his most exalted Home beneath the shadow of the wings of Thy mercy, or cast away the wretched creature that hath hastened to attain the shores of the ocean of Thy wealth? Wilt Thou shut up the door of Thy grace to the face of Thy creatures after having opened it through the power of Thy might and of Thy sovereignty, or close the eyes of Thy people	176.10 Pipigilan Mo ba mula sa Iyong sarili ang estrangherong tinawagan Mong umuwi sa kaniyang pinakadakilang Tahanan sa ilalim ng lilim ng mga bagwis ng Iyong habag, o itataboy Mo ba ang abang nilalang na nagmadaling makarating sa mga dalampasigan ng karagatan ng Iyong kayamanan? Isasara Mo ba ang pinto ng Iyong biyaya sa mukha ng Iyong mga nilalang matapos itong buksan sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Iyong

when Thou hast already commanded them to turn unto the Dayspring of Thy Beauty and the Dawning-Place of the splendors of Thy countenance?	lakas at ng Iyong paghahari, o ipipikit ang mga mata ng Iyong mga tao samantalang iniutos Mo na sa kanila ang bumaling patungo sa Pamimitak ng Iyong Kagandahan at sa Pook-Silangan ng mga karingalan ng Iyong mukha?
Nay, and to this Thy glory beareth me witness! Such is not my thought of Thee, nor the thought of those of Thy servants that have near access to Thyself, nor that of the sincere amongst Thy people.	176.11 Hindi, at dito ay sumasaksi sa akin ang Iyong kaluwalhatian! Hindi ganoon ang aking iniisip sa Iyo, ni ang iniisip ng gayon sa Iyong mga tagapaglingkod na malalapit sa Iyo, ni ng mga matatapat mula sa Iyong mga tao.
Thou knowest, and seest, and hearest, O my Lord, that before every tree I am moved to lift up my voice to Thee, and before every stone I am impelled to sigh and lament. Hath it been Thy purpose in creating me, O my God, to touch me with tribulation, or to enable me to manifest Thy Cause in the kingdom of Thy creation?	176.12 Iyong nalalaman, at nakikita, at naririnig, O aking Panginoon, na sa harap ng bawat punongkahoy nadarama kong kailangan kong bumulalas sa Iyo, at sa harap ng bawat bato napipilitan akong magbuntong-hininga at magdalamhati. Ang Iyo bang layunin sa paglikha sa akin, O aking Diyos, ang ipalasap sa akin ang paghihirap, o upang magawa kong ihayag ang Iyong Kapakanan sa kaharian ng Iyong kinapal?
Thou hearest, O my God, my sighs and my groaning, and beholdest my powerlessness, and my poverty, and my misery, and my woes, and my wretchedness. I swear by Thy might! I have wept with such a weeping that I have been unable to make mention of Thee, or to extol Thee, and cried with such a bitter cry that every mother in her bereavement was bewildered at me, and forgot her own anguish and the sighs she had uttered.	176.13 Iyong naririnig, O aking Diyos, ang aking mga buntong-hininga at ang aking pag-ungol, at nakikita ang aking kawalan ng kapangyarihan, at ang aking karukhaan, at ang aking kahirapan, at ang aking mga kabiguan, at ang aking pagkaaba. Sumusumpa ako sa Iyong kapangyarihan! Ako ay nanangis sa gayong pagtangis na hindi ko na magawang banggitin Ka, o dakilain Ka, at umiyak sa gayong napakasaklap na pag-iyak na bawat ina sa kaniyang pangungulila ay natuliro sa akin, at nalimutan ang sarili niyang pagdadalamhati at ang kaniyang sariling mga pagbubuntong-hininga.
I implore Thee, O my Lord, by Thine Ark, through which the potency of Thy will was manifested and the energizing influences of Thy purpose were revealed, and which saileth on both land and sea through the power of Thy might, not to seize me in my mighty sins and great trespasses. I swear by Thy glory! The waters of Thy forgiveness and Thy mercy	176.14 Isinasamo ko sa Iyo, O aking Panginoon, sa Iyong Arko, na sa pamamagitan niyon ay naihayag ang bisa ng Iyong kalooban, at naisiwalat ang nagbibigay-siglang mga impluwensiya ng Iyong layunin, at iyon ay lumalayag sa kapuwa lupa at dagat sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Iyong lakas, na huwag

have emboldened me, as hath Thy dealing, in bygone ages, with the sincere among Thy chosen ones, and with such of Thy Messengers as have proclaimed Thy oneness.	akong dakpin sa aking matinding mga kasalanan at malalang mga paglalabag. Sumusumpa ako sa Iyong kaluwalhatian! Ang mga tubig ng Iyong kapatawaran at Iyong habag ay nagbigay sa akin ng lakas-loob, at gayundin ang Iyong pakikitungo, noong nakaraang mga panahon, sa mga matapat mula sa Iyong mga pinili, at sa gayon sa Iyong mga Sugong nagpahayag ng Iyong kaisahan.
I am well aware, O my Lord, that I have been so carried away by the clear tokens of Thy loving-kindness, and so completely inebriated with the wine of Thine utterance, that whatever I behold I readily discover that it maketh Thee known unto me, and it remindeth me of Thy signs, and of Thy tokens, and of Thy testimonies. By Thy glory! Every time I lift up mine eyes unto Thy heaven, I call to mind Thy highness and Thy loftiness, and Thine incomparable glory and greatness; and every time I turn my gaze to Thine earth, I am made to recognize the evidences of Thy power and the tokens of Thy bounty. And when I behold the sea, I find that it speaketh to me of Thy majesty, and of the potency of Thy might, and of Thy sovereignty and Thy grandeur. And at whatever time I contemplate the mountains, I am led to discover the ensigns of Thy victory and the standards of Thine omnipotence.	176.15 Lubos kong nababatid, O aking Panginoon, na ganoon na lamang ang aking pagkatangay sa malinaw na mga palatandaan ng Iyong masuyong kabaitan, at ganap na nalango sa alak ng Iyong pananalita, na anuman ang mapagmasdan ko ay agad kong natutuklasang nakikilala Kita roon, at ipinaaalaala nito sa akin ang Iyong mga tanda, at ang Iyong mga palatandaan, at Iyong mga patotoo. Saksi ang Iyong kaluwalhatian! Sa tuwing itinitingala ko ang aking mga mata sa Iyong kalangitan aking ginugunita ang Iyong kataasan at ang Iyong katayuan, at ang Iyong walang-kahalintulad na kaluwalhatian at kadakilaan; at sa tuwing ibinabaling ko ang aking paningin sa Iyong kalupaan, ipinamumulat sa akin ang mga katibayan ng Iyong kapangyarihan at ang mga palatandaan ng Iyong biyaya. At kapag nasisilayan ko ang karagatan, natutuklasan kong isinasaysay nito sa akin ang Iyong kamahalan, at ang bisa ng Iyong lakas, at ng Iyong paghahari at Iyong karingalan. At sa anumang panahong nililimi ko ang mga kabundukan, inaakay ako nitong matuklasan ang mga watawat ng Iyong tagumpay at ang mga bandila ng Iyong lubos na kapangyarihan.
I swear by Thy might, O Thou in Whose grasp are the reins of all mankind, and the destinies of the nations! I am so inflamed by my love for Thee, and so inebriated with the wine of Thy oneness, that I can hear from the whisper of the winds the sound of Thy glorification and praise, and can recognize in the murmur of the waters the voice that	176.16 Sumusumpa ako sa Iyong lakas, O Ikaw na Siyang nagtatangan ng mga renda ng buong sangkatauhan, at ng mga tadhana ng mga sambayanan! Ako ay lubos na nag-aalab sa aking pag-ibig sa Iyo, at lubhang nalango sa alak ng Iyong kaisahan, na naririnig ko mula sa alis-is ng mga hangin ang tunog ng pagluluwalhati at papuri sa Iyo, at nakikilala

proclaimeth Thy virtues and Thine attributes, and can apprehend from the rustling of the leaves the mysteries that have been irrevocably ordained by Thee in Thy realm.	mula sa alingawngaw ng mga tubig ang tinig na nagpapahayag sa Iyong mga kabutihan at Iyong mga katangian, at nauunawaan mula sa kaluskos ng mga dahon ang mga hiwagang Iyong itinadhana nang walang pagbabago sa Iyong kaharian.
Glorified art Thou, O God of all names and Creator of the heavens! I render Thee thanks that Thou hast made known unto Thy servants this Day whereon the river that is life indeed hath flowed forth from the fingers of Thy bounty, and the springtime of Thy revelation and Thy presence hath appeared through Thy manifestation unto all who are in Thy heaven and all who are on Thy earth.	176.17 Luwalhatiin Ka nawa, O Diyos ng lahat ng mga pangalan at Maykapal ng mga kalangitan! Nagpapasalamat ako sa Iyo yamang ipinabatid Mo sa Iyong mga tagapaglingkod ang Araw na ito kung kailan ang ilog na siyang tunay na buhay ay dumaloy mula sa mga daliri ng Iyong biyaya, at ang tagsibol ng Iyong rebelasyon at ng Iyong kinaroroonan ay lumitaw sa pamamagitan ng Iyong kahayagan sa harap ng lahat ng nasa Iyong langit at ng lahat ng nasa Iyong lupa.
This is the Day, O my Lord, whose brightness Thou hast exalted above the brightness of the sun and the splendors thereof. I testify that the light it sheddeth proceedeth out of the glory of the light of Thy countenance, and is begotten by the radiance of the morn of Thy Revelation. This is the Day whereon the hopeless have been clothed with the raiment of confidence, and the sick attired with the robe of healing, and the poor drawn nigh unto the ocean of Thy riches.	176.18 Ito ang Araw, O aking Panginoon, na ang kaningningan nito ay dinakila Mo nang higit pa sa kaningningan ng araw at ng mga karingalan niyon. Sumasaksi akong ang liwanag na ipinasisikat nito ay nagbubuhat sa kaluwalhatian ng liwanag ng Iyong mukha, at sumupling iyon sa ningning ng umaga ng Iyong Rebelasyon. Ito ang Araw kung kailan ang mga walang pag-asa ay dinamtan ng kasuotan ng lakas-loob, at ang maysakit ay binaruan ng bata ng paglulunas, at ang dukha ay inilapit sa karagatan ng Iyong mga kayamanan.
I swear by Thy Beauty, O King of eternity Who sittest on Thy most glorious Throne! He Who is the Dayspring of Thy signs and the Revealer of Thy clear tokens hath, notwithstanding the immensity of His wisdom and the loftiness of His knowledge, confessed His powerlessness to comprehend the least of Thine utterances, in their relation to Thy most exalted Pen,—how much more is He incapable of apprehending the nature of Thine all-glorious Self and of Thy most august Essence!	176.19 Sumusumpa ako sa Iyong Kagandahan, O Hari ng kawalang-hanggan na nakaupo sa Iyong pinakamaluwalhating Trono! Siya na Pamimitak ng Iyong mga tanda at ang Tagapagsiwalat ng Iyong malinaw na mga palatandaan, sa kabila ng kalawakan ng Kaniyang karunungan at sa katayugan ng Kaniyang kaalaman, ay umamin sa Kaniyang kawalan ng kapangyarihan upang unawain ang kaliit-liitan sa Iyong mga pananalita, sa pagkakaugnay ng mga iyon sa Iyong pinakadakilang Panulat—lalo nang wala Siyang kakayahang unawain ang likas na katangian ng Iyong ganap na maluwalhating Sarili at ng Iyong lubos na kapita-pitagang

	Diwa!
I cannot think, O my God, of any words wherewith to make mention of Thee, and know not how to express or extol Thee. Were I to attempt to describe Thee by Thy names, I would readily recognize that the kingdom of these names is itself created through the movement of Thy fingers, and trembleth for fear of Thee. And were I to venture to extol Thine attributes, I would be forced to admit that these attributes are Thine own creation, and lie within Thy grasp. It behooveth not Them Who are the Manifestations of these names and attributes to stand before the gate of the city of Thy Revelation, how much less to scale the heights whereon Thou didst stablish the throne of Thy majesty.	176.20 Wala akong maisip na mga salita, O aking Diyos, na magagamit sa pagbanggit sa Iyo, at hindi malaman kung paano ipahahayag o ipagbubunyi Ka. Kung sisikapin kong ilarawan Ka sa pamamagitan ng Iyong mga pangalan, agad kong tatanggapin na itong kaharian ng mga pangalan mismo ay nilikha sa pamamagitan ng pagkilos ng Iyong mga daliri, at nangangatog sa takot sa Iyo. At kung susubukan kong ipagbunyi ang Iyong mga katangian, mapipilitan akong tanggapin na ang mga katangiang ito ay Iyong sariling kinapal, at tangan ng Iyong kamay. Hindi nararapat sa kanila na Silang mga Kahayagan nitong mga pangalan at mga katangian ang tumayo sa harap ng pintuan ng lungsod ng Iyong Rebelasyon, lalo nang hindi ang umakyat sa mga rurok kung saan Iyong itinatag ang trono ng Iyong kamahalan.
I swear by Thy might, O Thou Who art the King of names and the Maker of the heavens! Whatsoever hath been adorned with the robe of words is but Thy creation which hath been generated in Thy realm and begotten through the operation of Thy will, and is wholly unworthy of Thy highness and falleth short of Thine excellence.	176.21 Sumusumpa ako sa Iyong lakas, O Ikaw na Siyang Hari ng mga pangalan at Maylikha ng mga kalangitan! Ang anumang ginanyakan ng baro ng mga salita ay pawang Iyong nilalang lamang na nilikha sa Iyong kaharian at nagsupling sa pamamagitan ng pagkilos ng Iyong kalooban, at iyon ay ganap na di-nararapat sa Iyong kataasan at nagkukulang sa Iyong kahusayan.
And since it hath been demonstrated that Thy most august Self is immeasurably exalted above all that hath been created in the world of being, and is far above the reach and ken of the apprehension of Thy chosen Ones and Thy loved Ones, the splendors of the light of Thy unity are therefore manifested, and it becometh evident unto every one, whether free or bond, that Thou art One in Thine own Self, one in Thy Cause, and one in Thy Revelation. Great is the blessedness of the man who, in his love towards Thee, hath rid himself of all attachment from every one except Thyself, and hastened unto the horizon of Thy Revelation, and attained unto this Cup	176.22 At yamang naipinakita na ang Iyong pinakadakilang Sarili ay di-masukat ang kataasan nang higit sa lahat ng nilikha sa umiiral na daigdig, at napakataas sa maaabot at mababatid ng pang-unawa ng Iyong mga Pinili at Iyong mga Minamahal, ang mga karingalan ng liwanag ng Iyong pagkakaisa, sa gayon, ay naihayag at iyon ay nagiging malinaw sa bawat isa, malaya man o hindi, na Ikaw ay Iisa sa Iyong angking Sarili, iisa sa Iyong Kapakanan, at iisa sa Iyong Rebelasyon. Napakalaki ng pagpapala ng taong iyon, na bunga ng kaniyang pag-ibig sa Iyo, ay inalis mula sa kaniyang sarili ang lahat ng pagkagiliw sa bawat isa liban sa Iyong Sarili, at nagmadali patungo sa

which Thou hast caused to excel all the seas of the earth.	sugpungang-guhit ng Iyong Rebelasyon, at nakamtan ang Kopang ito na ginawa Mong maging higit na mahusay sa lahat ng mga karagatan ng daigdig.
I beg of Thee, O my God, by Thy power, and Thy might, and Thy sovereignty, which have embraced all who are in Thy heaven and on Thy earth, to make known unto Thy servants this luminous Way and this straight Path, that they may acknowledge Thy unity and Thy oneness, with a certainty which the vain imaginations of the doubters will not impair, nor the idle fancies of the wayward obscure. Illumine, O my Lord, the eyes of Thy servants, and brighten their hearts with the splendors of the light of Thy knowledge, that they may apprehend the greatness of this most sublime station, and recognize this most luminous Horizon, that haply the clamor of men may fail to deter them from turning their gaze towards the effulgent light of Thy unity, and to hinder them from setting their faces toward the Horizon of detachment.	176.23 Sumasamo ako sa Iyo, O aking Diyos, sa Iyong kapangyarihan, at sa Iyong lakas, at sa Iyong paghahari, na sumasaklaw sa lahat ng nasa Iyong langit at ng Iyong lupa, na ipabatid sa Iyong mga tagapaglingkod itong maningning na Daan at itong tuwid na Landas, nang upang magawa nilang kilalanin ang Iyong pagkakaisa at Iyong kaisahan, taglay ang katiyakang hindi masisira ng walang-kabuluhang mga hinagap ng mga nagdududa, ni hindi malalambungan ng walang-kapararakang mga kathang-isip ng mga suwail. Tanglawan, O aking Panginoon, ang mga mata ng Iyong mga tagapaglingkod, at liwanagan ang kanilang mga puso sa mga karilagan ng liwanag ng Iyong kaalaman, nang upang maunawaan nila ang kadakilaan nitong pinakamataas na kalagayan, at makilala itong pinakamaningning na Sugpungang-guhit, nang sakaling ang pag-iingay ng mga tao ay hindi makapigil sa kanila mula sa pagbaling ng kanilang paningin tungo sa kumikinang na liwanag ng Iyong pagkakaisa, at hindi makahadlang sa kanila mula sa pagdako ng kanilang mga mukha tungo sa Sugpungang-guhit ng pagkawalay.
This is the Day, O my Lord, which Thou didst announce unto all mankind as the Day whereon Thou wouldst reveal Thy Self, and shed Thy radiance, and shine brightly over all Thy creatures. Thou hast, moreover, entered into a covenant with them, in Thy Books, and Thy Scriptures, and Thy Scrolls, and Thy Tablets, concerning Him Who is the Dayspring of Thy Revelation, and hast appointed the Bayán to be the Herald of this Most Great and all-glorious Manifestation, and this most resplendent and most sublime Appearance.	176.24 Ito ang Araw, O aking Panginoon, na Iyong ipinatalastas sa buong sangkatauhan bilang ang Araw kung kailan Iyong ipahahayag ang Iyong Sarili, at pasisinagin ang Iyong kaningningan, at ipasisikat nang makinang sa lahat ng Iyong mga nilalang. Higit pa rito, Ikaw ay gumawa ng kasunduan sa kanila, sa Iyong mga Aklat, at sa Iyong mga Santong Kasulatan, at sa Iyong mga Pergamino, at sa Iyong mga Tableta, kaugnay Niya na Siyang Pamimitak ng Iyong Rebelasyon, at hinirang ang Bayán na maging Tagapamalita nitong Pinakadakila at lubos na maluwalhating Kahayagan at nitong pinakamaringal at kataas-taasang Pagsapit.

And when the world's horizon was illumined, and He Who is the Most Great Name was manifested, all disbelieved in Him and in His signs, except such as have been carried away by the sweetness of Thy glorification and praise. There befell Him what must remain inscrutable to everyone except Thee, Whose knowledge transcendeth all who are in Thy heaven and all who are on Thy earth.	176.25 At nang natanglawan ang sugpungang-guhit ng daigdig, at naihayag Siya na Siyang Pinakadakilang Pangalan, ang lahat ay hindi naniwala sa Kaniya at sa Kaniyang mga tanda, liban sa mga natangay ng katamisan ng pagluluwalhati at papuri sa Iyo. Sumapit sa Kaniya yaong kailangang manatiling di-malirip sa lahat liban sa Iyo, na ang Iyong kaalaman ay nakahihigit sa lahat ng nasa Iyong langit at sa lahat ng nasa Iyong lupa.
Thou well knowest, O my God, that the Revealer of the Bayán (the Báb) hath commanded all mankind concerning Thy Cause, and Thy Revelation, and Thy Sovereignty. He hath said, and sweet is His speech: "Beware lest the Bayán and its Letters keep you back from Him Who is the Most Merciful and from His sovereignty." He, moreover, hath written: "Were He to produce no more than one verse, ye must not deny Him. Haste ye towards Him, that haply He may cause to descend upon you what He pleaseth, as a token of His grace unto you. He truly is the Possessor of His servants, and the King of creation."	176.26 Iyong lubos na nalalaman, O aking Diyos, na inatasan ng Tagapagpahayag ng Bayán ang buong sangkatauhan kaugnay ng Iyong Kapakanan, at ng Iyong Rebelasyon, at ng Iyong Paghahari. Kaniyang sinabi, at napakatamis ng Kaniyang pananalita: "Mag-ingat na ang Bayán at ang mga Titik nito ay hindi makapigil sa inyo mula sa Kaniya na Siyang Pinakamahabagin at mula sa Kaniyang paghahari." Higit pa rito ay isinulat Niya: "Kung Siya ay magbibigay ng wala na liban sa isang bersikulo lamang, hindi ninyo Siya dapat itatwa. Magmadali kayo patungo sa Kaniya, nang sakaling gawin Niyang ipababa sa inyo yaong minamarapat Niya, bilang palatandaan ng Kaniyang biyaya sa inyo. Tunay na Siya ang Nagmamay-ari ng Kaniyang mga tagapaglingkod, at ang Hari ng buong kinapal."
Thou seest, then, O Thou Who art the Beloved of the world and the Revealer of the Most Great Name, how He hath come down with the kingdom of His signs, and in a manner that hath caused the atoms of the earth to testify that the whole world hath been filled with these signs. And yet, notwithstanding this most manifest and all-glorious Revelation, and these signs which none can appraise except Thee, O Thou the King of names, Thou beholdest how they have broken off from Him Who is the Dayspring of Thine Essence, and have caviled at the One Who is the Fountainhead of Thy wisdom and of Thine utterance. They were so seized with thirst for	176.27 Iyong nakikita, kung gayon, O Ikaw na Siyang Minamahal ng daigdig at ang Tagapagpahayag ng Pinakadakilang Pangalan, kung paano Siya bumaba taglay ang kaharian ng Kaniyang mga tanda, at sa paraang naging sanhi ng pagsasaksi ng mga atomo ng lupa na ang buong daigdig ay napuspos nitong mga tanda. At gayumpaman, sa kabila nitong pinakahayag at ganap na maluwalhating Rebelasyon, at nitong mga tandang walang makasusukat liban sa Iyo, O Ikaw na Siyang Hari ng mga Pangalan, Iyong nakikita kung paano sila tumalikod sa Kaniya na Siyang Pamimitak ng Iyong Pinakadiwa, at nagharap ng walang- katuturang mga pagtutol sa Kaniya

fame, that they rejected Thy tokens, and Thy testimonies, and Thy signs, which every man of insight perceiveth in whatsoever declareth Thy greatness, and Thy sovereignty, and acknowledgeth Thy Revelation and Thy might. They have so traduced Him as to cause the inmates of the all-glorious Tabernacle and the Concourse on high to lament, and have uttered such calumnies against Him that the souls of Thy chosen Ones and the hearts of them that are dear to Thee have melted. They have erred so grievously that they cast away Thy most resplendent signs, and clung to their idle fancies, O Thou Who art the Possessor of Names and the Lord of the Throne on high and of earth below!	na Siyang Punong-bukal ng Iyong karunungan at ng Iyong pananalita. Hayok na hayok sila sa kabantugan na itinatwa nila ang Iyong mga palatandaan, at ang Iyong mga patotoo, at ang Iyong mga tanda, na nababatid ng bawat taong malalim ang pang-unawa mula sa anumang nagpapahayag ng Iyong kadakilaan, at ng Iyong paghahari, at kumikilala sa Iyong Rebelasyon at sa Iyong lakas. Ganoon na lamang ang paghamak nila sa Kaniya na nagsanhi ito ng paglulumbay ng mga nananahan sa lubos na maluwalhating Tabernakulo at ng Kalipunan sa kaitaasan, at ipinaratang ang gayong mga kasinungalingan sa Kaniya na ang mga kaluluwa ng Iyong mga Pinili at ang mga puso nilang mga minamahal Mo ay natupok. Labis silang nagkasala na itinapon nila ang Iyong pinakamaringal na mga tanda, at nangapit sa kanilang walang-kabuluhang mga hinagap, O Ikaw na Siyang Nagmamay-ari ng mga Pangalan at ang Panginoon ng Trono sa kaitaasan at ng kalupaan sa ibaba!
Thou art, O my God and the Exultation of my heart, the One Who hath adorned Thy Tablet, of which none is aware except Thee, with the mention of this Day which Thou didst call after Thy name, that haply none may on that day be seen save Thy most august Self, and naught else be brought to mind except Thy most sweet remembrance.	176.28 Ikaw, O aking Diyos at ang Pagdiriwang ng aking puso, ang Siyang nagpalamuti sa Iyong Tabletang walang nakababatid liban sa Iyo, sa pamamagitan ng pagbanggit sa Araw na ito na Iyong tinagurian alinsunod sa Iyong pangalan, nang sakaling walang makita sa araw na iyon liban sa Iyong kapita-pitagang Sarili, at walang ibang malirip liban sa Iyong pinakamatamis na alaala.
No sooner had He revealed Himself than the foundations of the kindreds of the earth shook and trembled, and the learned swooned away, and the wise were bewildered, except such as have, through the power of Thy might, drawn nigh unto Thee, and received the choice wine of Thy Revelation from the hand of Thy grace, and have quaffed it in Thy name, and exclaimed: "Praise be unto Thee, O Thou the Desire of the worlds! and glory be to Thee, O Thou Who art the Exultation of the hearts that pant after Thee!"	176.29 Kaagad nang ipahayag Niya ang Kaniyang sarili ang mga saligan ng mga kamag-anakan ng daigdig ay nayanig at nangatal, at ang mga dalubhasa ay hinimatay, at ang mga marunong ay natuliro, liban lamang sa yaong mga lumapit sa Iyo sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Iyong lakas, at tinanggap ang piling alak ng Iyong Rebelasyon mula sa kamay ng Iyong biyaya, at ininom ito sa Iyong pangalan, at sinabing: "Purihin Ka nawa, O Ikaw na Siyang Hangarin ng mga daigdig! at luwalhatiin Ka nawa, O Ikaw na Siyang Pagdiriwang ng mga

	pusong nananabik sa Iyo!”
My God, my Master, my Highest Hope, and the Goal of my desire! Thou seest and hearest the sighing of this wronged One, from this darksome well which the vain imaginations of Thine adversaries have built, and from this blind pit which the idle fancies of the wicked among Thy creatures have digged. By Thy Beauty, O Thou Whose glory is uncovered to the face of men! I am not impatient in the troubles that touch me in my love for Thee, neither in the adversities which I suffer in Thy path. Nay, I have, by Thy power, chosen them for mine own self, and I glory in them amongst such of Thy creatures as enjoy near access to Thee, and those of Thy servants that are wholly devoted to Thy Self.	176.30 Aking Diyos, aking Panginoon, aking Kataas-taasang Pag-asa, at Hantungan ng aking pagnanasa! Iyong nakikita at naririnig ang pagbuntong-hininga nitong Pinagkasalahan, mula rito sa balong mapanglaw na kinatha ng walang-kabuluhang mga hinagap ng Iyong mga kaaway, at mula rito sa madilim na hukay na kinalop ng walang-kapararakang mga kathang-isip ng masasama mula sa Iyong mga nilalang. Saksi ang Iyong Kagandahan, O Ikaw na ang Iyong kaluwalhatian ay nailantad sa mukha ng mga tao! Hindi ako naiinip sa mga suliraning dumarapo sa akin dahil sa pag-ibig ko sa Iyo, ni hindi rin sa mga paghihirap na dinaranas ko sa Iyong landas. Hindi lamang iyon, sa pamamagitan ng Iyong kapangyarihan ay pinili ko ang mga iyon para sa aking sarili, at ipinagbubunyi ko ang mga iyon sa piling ng gayon sa Iyong mga nilalang na nagtatamasa ng kalapitan sa Iyo, at sa gayong mga tagapaglingkod Mo na lubos na deboto sa Iyong Sarili.
I beseech Thee, however, O Thou Who art the Enlightener of the world and the Lord of the nations, at this very moment when, with the hands of hope, I have clung to the hem of the raiment of Thy mercy and Thy bounty, to forgive Thy servants who have soared in the atmosphere of Thy nearness, and set their faces towards the splendors of the light of Thy countenance, and turned unto the horizon of Thy good pleasure, and approached the ocean of Thy mercy, and all their lives long have spoken forth Thy praise, and have been inflamed with the fire of their love for Thee. Do Thou ordain for them, O Lord my God, both before and after their death, what becometh the loftiness of Thy bounty and the excellence of Thy loving-kindness.	176.31 Isinasamo ko, gayumpaman, O Ikaw na Siyang Nagbibigay-liwanag sa daigdig at ang Panginoon ng mga sambayanan, sa mismong sandaling ito nang gamit ang mga kamay ng pag-asa ay nakapangapit ako sa baro ng Iyong kahabagan at Iyong biyaya, na patawarin ang Iyong mga tagapaglingkod na pumailanlang sa himpapawid ng kalapitan sa Iyo, at ibinaling ang kanilang mga mukha patungo sa mga karingalan ng liwanag ng Iyong mukha, at dumako patungo sa sugpungang-guhit ng Iyong mabuting kaluguran, at lumapit sa karagatan ng Iyong habag, at sa buong kahabaan ng kanilang mga buhay ay sinambit ang papuri sa Iyo, at ganoon na lamang ang pag-aalab ng apoy ng kanilang pag-ibig sa Iyo. Italaga Mo para sa kanila, O Panginoon kong Diyos, kapuwa bago at pagkatapos nilang mamatay, ang nararapat sa katayugan ng Iyong biyaya at sa kahusayan ng Iyong nagmamahal na

	kabutihan.
Grant, O my Lord, that they who have ascended unto Thee may repair unto Him Who is the most exalted Companion, and abide beneath the shadow of the Tabernacle of Thy majesty and the Sanctuary of Thy glory. Sprinkle, O my Lord, upon them from the ocean of Thy forgiveness what will make them worthy to abide, so long as Thine own sovereignty endureth, within Thy most exalted kingdom and Thine all-highest dominion. Potent art Thou to do what pleaseth Thee.	176.32 Ipagkaloob, O aking Panginoon, na silang mga pumailanlang sa Iyo ay makabalik sa Kaniya na Siyang pinakadilang Kasama, at manahan sa ilalim ng lilim ng Tabernakulo ng Iyong kamahalan at sa Santuwaryo ng Iyong kaluwalhatian. Iwisik kung gayon sa kanila, O aking Panginoon, mula sa karagatan ng Iyong pagpapatawad, yaong gagawin silang maging karapat-dapat na manahan, habang ang Iyong sariling paghahari ay nananatili, sa loob ng Iyong pinakadakilang kaharian at sa Iyong kataas-taasang kinasasakupan. Makapangyarihan Ka upang gawin ang Iyong ninanais.
Deny not Thy loved ones, O my Lord, the sweet savors of this Day whereon the mysteries of Thy name, the Self-Subsisting, were unraveled, and all that had been enshrined within the treasuries of Thy wisdom was revealed. This is the Day, O my Lord, whereon every atom of the earth hath been made to vibrate and to cry out: "O Thou Who art the Revealer of signs and the King of creation! I, verily, perceive the fragrance of Thy presence. Methinks Thou hast revealed Thyself, and unlocked the door of reunion with Thee before all who are in Thy heaven and all who are on Thy earth. I am persuaded through the fragrance of Thy robe, O my Lord, that the world hath been honored through Thy presence, and hath inhaled the sweet smell of Thy meeting. I know not, however, O Thou the Beloved of the world and the Desire of the nations, the place wherein the throne of Thy majesty hath been established, nor the seat which hath been made Thy footstool, and been illumined with the splendors of the light of Thy face."	176.33 Huwag ipagkait sa Iyong mga minamahal, O aking Panginoon, ang matatamis na samyo ng Araw na ito kung kailan ang mga hiwaga ng Iyong pangalan, ang Sariling-Ganap, ay natastas, at ang lahat ng idinambana sa loob ng mga ingatang-yaman ng Iyong karunungan ay naisiwalat. Ito ang Araw, O aking Panginoon, kung kailan ang bawat atomo ng daigdig ay ginawang kumilig at ibulalas ang: "O Ikaw na Siyang Tagapagbunyag ng mga palatandaan at ang Hari ng kinapal! Tunay na nalalanghap ko ang halimuyak ng Iyong kinaroroonan. Wari ko ay inihayag Mo ang Iyong Sarili, at binuksan ang pinto ng muling pagsasama sa Iyo sa harap ng lahat ng nasa Iyong langit at ng lahat ng nasa Iyong lupa. Ako ay napaniwala ng kabanguhan ng Iyong kasuotan, O aking Panginoon, na pinarangalan ang daigdig sa Iyong pagdating, at nalanghap ang matamis na samyo ng pakikitagpo sa Iyo. Hindi ko batid, gayumpaman, O Ikaw na Minamahal ng daigdig at Hinahangad ng mga sambayanan, ang lugar kung saan ang trono ng Iyong Kamahalan ay itinatag, ni ang upuang ginawang maging Iyong patungan ng paa, at tinanglawan ng mga karilagan ng liwanag ng Iyong mukha."
I swear by Thy glory, O Thou Who art the Lord of all being and the Possessor of all	176.34 Sumusumpa ako sa Iyong kaluwalhatian, O Ikaw na Siyang Panginoon

things visible and invisible! Every man of understanding hath been so bewildered at Thy knowledge, and every man endued with insight been so perplexed in his attempt to fathom the signs of Thy great glory, that all have recognized their powerlessness to visualize, and their impotence to soar into, the heaven wherefrom one of the Luminaries of the Manifestations of Thy knowledge and of the Daysprings of Thy wisdom hath shone forth. Who is he that shall befittingly describe this most sublime station and this most august seat—the seat which, as decreed by Thee, transcendeth the comprehension of Thy creatures and the testimonies of Thy servants, and which hath everlastingly been hid from the understanding and the knowledge of men, and been closed with the seal of Thy name, the Self-Subsisting.	ng lahat ng umiiral at ang Nagmamay-ari ng lahat ng bagay na nakikita at di-nakikita! Ang bawat nakauunawang tao ay lubhang natuliro sa Iyong kaalaman, at ang bawat taong pinagkalooban ng mahusay na pagkatalos ay lubhang nataranta sa kaniyang pagtatangkang maarok ang mga tanda ng Iyong kaluwalhatian na tinanggap ng lahat ang kanilang kawalan ng kakayahang gunitain, at ang kanilang kawalan ng lakas upang pumailanlang sa kalangitan kung saan sumikat ang isa sa mga Tanglaw ng Kahayagan ng Iyong kaalaman at ang mga Pamimitak ng Iyong karunungan. Sino siya na mailalarawan nang sapat itong pinakamataas na kalagayan at itong pinakadakilang luklukan—ang luklukang iyon, na sang-ayon sa Iyong iniutos, ay higit na mataas kaysa sa pag-unawa ng Iyong mga nilalang at sa mga patotoo ng Iyong mga tagapaglingkod, at iyon ay itinago nang magpakailanman mula sa pag-unawa at sa kaalaman ng tao, at isinara sa selyo ng Iyong pangalan, ang Sariling-Ganap.
I swear by Thy glory and Thy sovereignty which overshadow the kingdoms of earth and of heaven! Were any of Thy chosen Ones and Thy Messengers to meditate on the manifold evidences of Thy most exalted Pen—a Pen which is driven by the fingers of Thy will—and were he to muse on its mysteries, and its tokens, and all that it showeth forth, he would be so perplexed that his tongue would fail to extol and describe Thee, and his heart would be utterly unable to understand Thee. For he would, at one time, discover that from this Pen there floweth out unto all created things the water that is life indeed, and that the Pen itself hath been named by Thee the trumpet whereby the dead speed out of their sepulchers. At another time he would find that there proceedeth from this Pen such fire as Thine own Revelation can kindle, and as He Who conversed with Thee (Moses) on Sinai hath perceived.	176.35 Sumusumpa ako sa Iyong kaluwalhatian at sa Iyong paghaharing lumililim sa mga kaharian ng lupa at langit! Kung ninilay-nilayin ng sinuman sa Iyong mga Pinili at Iyong mga Sugo ang napakaraming katibayan ng Iyong pinakadakilang Panulat—isang Panulat na pinakikilos ng mga daliri ng Iyong kalooban—at kung magmumuni-muni siya sa mga hiwaga nito, at sa mga palatandaan nito, at sa lahat ng ipinakikita nito na gayon na lamang ang kaniyang pagkatuliro na ang kaniyang dila ay mabibigo sa pagbunyi at paglarawan sa Iyo, at ang kaniyang puso ay lubos na hindi Ka mauunawaan. Sapagkat, sa isang panahon ay matutuklasan niyang mula sa Panulat na ito ay dumadaloy patungo sa lahat ng nilikhang bagay ang tubig na siyang mismong buhay, at ang Panulat mismo ay pinangalanan Mong ang pakakak na sa pamamagitan niyon ang mga patay ay nagmamadaling lumabas mula sa kanilang mga hukay. Sa iba pang panahon ay

	matatagpuan niyang nagmumula sa Panulat na ito ang gayong apoy na mapariirikit ng Iyong angking Rebelasyon, at tulad ng nabatid Niya na Siyang (Moises) nakipag-usap sa Iyo sa Sinai.
How marvelous, then, are the manifold tokens of Thy might, and how great are the diverse evidences of Thy power! The learned have, without exception, admitted their ignorance when confronted with the radiance of the Luminary of Thy knowledge; and the mighty have all confessed their impotence in the face of the billowing Ocean of Thy power; and the rich have one and all acknowledged their poverty before the effusions of the Treasuries of Thy wealth; and the worldly wise have each recognized their nothingness beside the splendors of the Light of Thy beauty; and the exalted have all witnessed unto their abasement when face to face with the effulgence of the Daystar of Thy glory; and they who are in authority have borne witness to their own evanescence and to the evanescence of others, and discovered the eternity of Thy majesty, and of Thy sovereignty, and of Thy sublimity, and of Thy power.	176.36 Lubhang kamangha-mangha, kung gayon, ang napakaraming palatandaan ng Iyong lakas, at napakarami ang magkakaibang mga katibayan ng Iyong kapangyarihan! Ang mga marunong, nang walang pasubali, ay umamin sa kanilang kamangmangan nang makaharap ang kaningningan ng Tanglaw ng Iyong kaalaman; at ang mga makapangyarihan ay sumaksi lahat sa kanilang kawalan ng kakayahan sa harap ng dumadaluyong na Karagatan ng Iyong kapangyarihan; at ang mga mayaman, ang bawat isa at ang lahat, ay tinanggap ang kanilang karukhaan sa harap ng mga pagbuhos ng mga Kabang-yaman ng Iyong kayamanan; at ang mga marunong sa kamunduhan ay kinilala ng bawat isa ang kanilang ganap na kawalan kapag itinabi sa mga karingalan ng Liwanag ng Iyong kagandahan; at ang mga dakila ay sumaksi lahat sa kanilang pagkaaba kapag nahaharap sa kaningningan ng Bituing-araw ng Iyong kaluwalhatian; at silang mga nasa kapangyarihan ay sumaksi sa kanilang sariling paglalaho at sa paglalaho ng mga iba, at natuklasan ang kawalang-hanggan ng Iyong kamahalan, at ng Iyong paghahari, at ng Iyong kataasan, at ng Iyong kapangyarihan.
My God, and the God of all things, and my King and the King of all things, and the Beloved of my soul, and the Goal of my desire! Thou knowest full well that I make mention of Thee, in this day, in the name of such of Thy creatures as have detached themselves from all except Thee, and I extol Thy virtues through the tongue of those of Thy people that have recognized Thy oneness, that haply there may pour out from the sighs which they utter in their love and their yearning for Thee what will melt away all that may hinder Thy servants from setting their	176.37 Aking Diyos, at Diyos ng lahat ng bagay, at aking Hari at Hari ng lahat ng bagay, at Minamahal ng aking kaluluwa, at Layunin ng aking hangarin! Iyong lubos na nababatid na binabanggit Kita sa araw na ito, sa ngalan ng gayon sa Iyong mga nilalang na iniwalay ang kanilang mga sarili mula sa lahat liban sa Iyo, at ipinagbubunyi ang Iyong mga kabutihan sa dila ng gayon sa Iyong mga tao na kumilala sa Iyong kaisahan, nang sakaling bumuhos mula sa mga buntong-hiningang sinasambit nila sa kanilang pag-ibig at pananabik sa Iyo yaong tutunaw ng lahat ng

faces towards the heaven of Thy knowledge and the kingdom of Thy signs.	makapipigil sa Iyong mga tagapaglingkod mula sa pagdako nila ng kanilang mga mukha tungo sa kalangitan ng Iyong kaalaman at sa kaharian ng Iyong mga tanda.
This, then, O my God and the God of all names, and the Creator of earth and heaven, is the Day whereon He Whose heart gloweth with the flaming fire of Thy presence is calling upon Thee. Where can separation from Thee be found, O my God, so that reunion with Thee may be clearly recognized at the appearance of the Light of Thy unity, and the revelation of the splendors of the Sun of Thy oneness? I ask pardon of Thee, O my God, for all that hath been said, and for whatsoever hath flowed out, and is now flowing out from my Pen in Thy days. I testify that Thou hast decreed that the offering of prayer should befit not me, but Him Who hath, at Thy bidding and in conformity with Thy pleasure, preceded me. Rather hast Thou ordained that the revelation of verses should be specially attributed unto this mighty Manifestation, and to This Announcement that hath adorned the Scrolls of Thy majesty and Thy Tablet in which account is kept.	176.38 Ito, kung gayon, O aking Diyos at ang Diyos ng lahat ng pangalan, at ang Maykapal ng lupa at langit, ang Araw kung kailan tumatawag sa Iyo Siya na ang Kaniyang puso ay sumisinag sa lumiliyab na apoy ng Iyong kinaroroonan. Saan matatagpuan ang pagkawalay sa Iyo, O aking Diyos, nang upang ang muling pagsasama sa Iyo ay malinaw na makikilala sa paglitaw ng Liwanag ng Iyong pagkakaisa, at ng paghahayag ng mga karingalan ng Araw ng Iyong kaisahan? Humihingi ako ng tawad sa Iyo, O aking Diyos, para sa lahat ng nasabi, at para sa anumang dumaloy na, at dumadaloy ngayon mula sa aking Panulat sa Iyong mga araw. Sumasaksi akong iniatas Mong ang pag-aalay ng panalangin ay hindi nararapat sa akin, bagkus ay sa Kaniya, na sang-ayon sa Iyong utos at alinsunod sa Iyong kagustuhan, ay nauna sa akin. Sa halip ay Iyong itinalagang ang pagpapahayag ng mga bersikulo ay bukod-tanging iniuugnay rito sa dakilang Kahayagan, at dito sa Patalastas na ginawang palamuti ng mga Pergamino ng Iyong kamahalan at ng Iyong Tableta kung saan itinala ang mga pagtutuos.
I render Thee thanks, O Thou Who hast lighted Thy fire within my soul, and cast the beams of Thy light into my heart, that Thou hast taught Thy servants how to make mention of Thee, and revealed unto them the ways whereby they can supplicate Thee, through Thy most holy and exalted tongue, and Thy most august and precious speech. But for Thy leave, who is there that could venture to express Thy might and Thy grandeur; and were it not for Thine instruction, who is the man that could discover the ways of Thy pleasure in the kingdom of Thy creation?	176.39 Nagpapasalamat ako sa Iyo, O Ikaw na Siyang nagpaningas ng Iyong apoy sa aking kaluluwa, at ipinasikat ang mga sinag ng Iyong liwanag sa aking puso, na Iyong itinuro sa Iyong mga tagapaglingkod kung paano bumanggit sa Iyo, at isiniwalat sa kanila ang mga paraan kung paano sila makasasamo sa Iyo, sa pamamagitan ng Iyong pinakabanal at dakilang dila, at ng Iyong pinakapipitagan at pinakamamahal na pananalita. Kung hindi sa Iyong pahintulot, sino ang mangangahas na ipahayag ang Iyong kapangyarihan at Iyong karilagan; at kung hindi sa Iyong pagtuturo, sinong tao ang makatutuklas sa mga paraan ng Iyong kaluguran sa kaharian ng Iyong

	kinapal?
I beseech Thee, O God of bounty and King of all created things, to guard Thy servants from the imaginations which their hearts may devise. Raise them up, then, to such heights that their footsteps may slip not in the face of the evidences of Thy handiwork, which the manifold exigencies of Thy wisdom have ordained, and whose secrets Thou hast hid from the face of Thy people and Thy creatures. Withhold them not, O my Lord, from the ocean of Thy knowledge, neither do Thou deprive them of what Thou didst destine for such of Thy chosen ones as have near access to Thee, and those of Thy trusted ones as are wholly devoted to Thy Self. Supply them, then, from Thy sea of certainty with what will calm the agitation of their hearts. Turn, O Lord my God, the darkness of their fancies into the brightness of certitude, and cause them to arise, and to walk steadfastly in Thy straight Path, that haply Thy Book may not hinder them from recognizing Him Who is its Revealer, and Thy names from acknowledging the One Who is their Creator, and their Provider, and their Origin, and their King, and their Begetter, and their Destroyer, and their Glorifier, and their Abaser, and their Governor, and the Sovereign Protector of their Bearers.	176.40 Isinasamo ko sa Iyo, O Diyos ng biyaya at Hari ng lahat ng nilikhang bagay, na pangalagaan ang Iyong mga tagapaglingkod mula sa mga kathang-isip na maaaring likhain ng kanilang mga puso. Itaas sila, kung gayon, sa ganoong mga rurok na hindi madudulas ang kanilang mga yapak sa harap ng mga katibayan ng Iyong ginawa, na itinalaga ng napakaraming pangangailangan ng Iyong karunungan, at ang mga lihim nito ay Iyong itinago mula sa mukha ng Iyong mga tao at Iyong mga nilalang. Huwag silang pigilan, O aking Panginoon, mula sa karagatan ng Iyong kaalaman, ni huwag ding ipagkait sa kanila yaong itinadhana Mo para sa gayon sa Iyong mga pinili na malapit sa Iyo, at yaon sa Iyong mga pinagkakatiwalaang ganap na deboto sa Iyong Sarili. Ipagkaloob sa kanila, kung gayon, mula sa karagatan ng Iyong katiyakan yaong magpapahinahon sa kaligaligan ng kanilang mga puso. Baguhin, O Panginoon kong Diyos, ang karimlan ng kanilang mga kathang-isip sa kaliwanagan ng katiyakan, at gawin silang makabangon, at makalakad nang matatag sa Iyong tuwid na Landas, nang sakaling ang Iyong Aklat ay hindi makahadlang sa kanila mula sa Pagkilala sa Kaniya na Siyang Tagapagpahayag nito, at ang Iyong mga pangalan mula sa pagkilala sa Kaniya na Siyang kanilang Manlilikha, at kanilang Tagapagtustos, at kanilang Pinagmulan, at kanilang Hari, at Nagsupling sa kanila, at ang Wawasak sa kanila, at ang Luluwalhati sa kanila, at ang Hahamak sa kanila, at ang Namamahala sa kanila, at ang Kataas-taasang Tagapangalaga ng kanilang mga Tagapagdala.
Thou art the One, O my God and my Ruler, Who hast sent down Thy Book that Thou mayest manifest my Cause, and glorify my Word. Through it Thou didst enter into a Covenant, concerning me, with all that hath been created in Thy realm. Thou seest, O Beloved of the world, how the rebellious	176.41 Ikaw Siya, O aking Diyos at ang Namumuno sa akin, na Iyong ipinababa ang Iyong Aklat upang Iyong maihayag ang aking Kapakanan at luwalhatiin ang aking Salita. Sa pamamagitan niyon Ikaw ay pumasok sa Kasunduan, kaugnay ko, sa lahat ng nilikha sa Iyong kaharian. Iyong nakikita, O Minamahal

among Thy creatures have made of that Covenant a bulwark for themselves, and through it have withdrawn from Thy Beauty, and repudiated Thy signs.	ng daigdig, kung paanong ang mga mapaghimagsik mula sa Iyong mga nilalang ay ginawang balwarte ang Kasunduang iyon para sa kanilang mga sarili, at sa pamamagitan niyon ay lumayo mula sa Iyong Kagandahan, at itinatwa ang Iyong mga palatandaan.
Thou art He, O my God, Who hath commanded them in Thy great Book, and said: "Fear ye the Most Merciful, O people of the Bayán, and deny not Him for Whom I have ordained the Bayán to be one of the leaves of His Paradise. I, verily, esteem it as a gift from me unto Him. Were it His pleasure to accept it, He, truly, is the Most Bountiful; and if He cast it away and refuse to consider it, His verdict is just, and He, in very truth, is Praiseworthy in His acts, and meet to be obeyed in His behests. To none is given the right to cavil at Him."	176.42 Ikaw Siya, O aking Diyos, ang Siyang nag-utos sa kanila sa Iyong dakilang Aklat, at sinabing: "Matakot kayo sa Pinakamahabagin, O mga tao ng Bayán, at huwag itatwa Siya na para sa Kaniya itinalaga Ko ang Bayán na maging isa sa mga dahon ng Kaniyang Paraiso. Tunay na pinahahalagahan Ko ito bilang isang regalo Ko sa Kaniya. Kung gugustuhin Niyang tanggapin iyon, tunay na Siya ang Pinakamapagbigay-biyaya; at kung itatapon Niya iyon at ayaw man lang isipin ang pagtanggap doon, ang Kaniyang hatol ay makatarungan, at Siya, sa mismong katotohanan, ay Kapuri-puri sa Kaniyang mga gawain, at nararapat sundin sa Kaniyang mga utos. Walang binigyan ng karapatang tumutol sa Kaniya."
Thou beholdest, therefore, O my God, how this wronged one hath fallen into the hands of such as have denied Thy right, and broken off from Thy sovereignty. He, round whose person circleth Thy proof, and in whose name and on behalf of whose sovereignty Thy testimony crieth out unto all created things, hath suffered more grievously in his days than any pen can recount, and been so harassed that He Who is Thy Spirit (Jesus) lamented, and all the denizens of Thy Kingdom and all the inmates of Thy Tabernacle in the realms above cried with a great and bitter lamentation.	176.43 Iyong nakikita, samakatwid, O aking Diyos, kung paanong ang pinagkasalahang ito ay nasadlak sa mga kamay ng gayon sa mga tinanggihan ang Iyong karapatan, at humiwalay mula sa Iyong paghahari. Siya, na sa palibot ng kaniyang katauhan ay umiikot ang Iyong katibayan, at na sa kaniyang pangalan at alang-alang sa kaniyang paghahari ang Iyong patotoo ay ibinubulalas sa lahat ng nilikhang bagay, ay nagdusa nang higit na malupit sa kaniyang mga araw kaysa sa kayang isaysay ng anumang panulat, at ganoon na lamang ang pagliligalig sa kaniya na Siya na Iyong Espiritu (Hesus) ay nagdalamhati, at ang lahat ng mga nananahan sa Iyong Kaharian at ang lahat ng mga naninirahan sa Iyong Tabernakulo sa mga kaharian sa kaitaasan ay nagtangis sa matindi at mapait na pagdadalamhati.
Should any one incline his inner ear, he would hear the cry and the wailing of all created things over what hath befallen Him	176.44 Kung ibabaling ng sinuman ang kaniyang panloob na tainga, maririnig niya ang pag-iyak at ang pagtangis ng lahat ng

Whom the world hath wronged, at the hands of them with whom Thou hast covenanted in the Day of Separation. Where is that fair-minded soul, O my God, who will judge equitably Thy Cause, and where is the man of insight to be found who will behold Thee with Thine own eyes? Is there any man of hearing who will hear Thee with Thine ears, or one endued with eloquence who will speak the truth in Thy days?	nilikhang bagay dahil sa sumapit sa Kaniya na Siyang pinagkasalahan ng daigdig, sa mga kamay nila, na Ikaw ay may kasunduan sa kanila sa Araw ng Pagkawalay. Nasaan ang makatarungang kaluluwang iyon, O aking Diyos, na hahatulan nang may katarungan ang Iyong Kapakanan, at saan matatagpuan ang taong malalim ang pag-unawa na titingin sa Iyo sa pamamagitan ng sarili Mong mga mata? Mayroon bang taong nakaririnig na pakikinggan Ko sa pamamagitan ng Iyong mga tainga, o ng isang pinagkalooban ng kahusayang magsalita na sasabihin ang katotohanan sa Iyong mga araw?
I swear by Thy glory, O Thou Who beholdest me from Thine all-glorious horizon, and hearest the voice of the Lote-Tree beyond which there is no passing! Should any one consider Thy Books which Thou didst name the Bayán, and ponder in his heart what hath been revealed therein, he would discover that each of these Books announceth my Revelation, and declareth my Name, and testifieth to my Self, and proclaimeth my Cause, and my Praise, and my Rising, and the radiance of my Glory. And yet, notwithstanding Thy proclamation, O my God, and in spite of the words Thou didst utter, O my Beloved, Thou hast seen and heard their calumnies against me, and their evil doings in my days.	176.45 Isinusumpa ko sa Iyong kaluwalhatian, O Ikaw na nakikita ako mula sa Iyong lubos na maluwalhating sugpungang-guhit, at naririnig ang tinig ng Puno ng Lote na hindi makalalampas doon! Kung iisipin ng sinuman ang Iyong mga Aklat na tinagurian Mo bilang ang Bayán, at lilimiin sa kaniyang puso ang ipinahayag doon, matutuklasan niyang ang bawat Aklat na ito ay itinatalastas ang aking Rebelasyon, at ibinabalita ang aking Pangalan, at sumasaksi sa aking Sarili, at ipinapahayag ang aking Kapakanan, at ang Papuri sa akin, at ang aking Pagbangon, at ang kaningningan ng aking Luwalhati. At gayumpaman, sa kabila ng Iyong pagpapahayag, O aking Diyos, at sa kabila ng mga salitang inusal Mo, O aking Minamahal, Iyong nakita at narinig ang kanilang masasamang mga paratang laban sa akin, at ang kanilang masasamang mga gawain sa aking mga araw.
I testify in my present state, O my Lord, and against the will of him who hath turned his back to Thee (Mírzá Yaḥyá), that Thou art God, and that there is none other God beside Thee. This, verily, is the Day wherewith Thy Scriptures, and Thy Books, and Thy Tablets, have been adorned. And He Who now speaketh is, in truth, the Well-guarded Treasure, and the Hidden Secret, and the Preserved Tablet, and the Impenetrable Mystery, and the Sealed Book. He, truly, is to	176.46 Sumasaksi ako sa aking kasalukuyang kalagayan, O aking Panginoon, at labag sa kagustuhan niya na siyang tumalikod sa Iyo (Mírzá Yaḥyá), na Ikaw ang Diyos, at walang ibang Diyos liban sa Iyo. Ito, sa katunayan, ang Araw kung kailan pinalamutihan ang Iyong mga Santong Kasulatan, at ang Iyong mga Aklat, at ang Iyong mga Tableta. At Siyang nagsasalita ngayon, sa katotohanan, ay ang Pinakaiingat-ingatang Kayamanan, at ang Natatagong Lihim, at ang Pinangangalagaang

be obeyed in whatsoever He commandeth, and decreeth, and revealeth, and is to be loved in everything He, through His sovereignty, enjoineth, and, through His power, ordaineth. Whoso will hesitate for less than the twinkling of an eye, hath, verily, denied Thy right, and repudiated all that Thou hast revealed in Thy Books, and in Thy Scriptures, and sent down with Thy chosen Ones, and Thy Prophets, and Thy Messengers, and the Trustees of Thy Revelation.	Tableta, at ang Di-maarok na Hiwaga, at ang Selyadong Aklat. Siya, sa katunayan, ay dapat sundin sa anumang Kaniyang iniutos, at isinabatas, at ipinahayag, at dapat mahalin sa lahat ng Kaniyang iniatas mula sa Kaniyang paghahari, at itinalaga mula sa Kaniyang kapangyarihan. Ang sinumang mag-atubili nang maikla pa kaysa sa isang kisapmata, sa katunayan, ay itinanggi ang Iyong karapatan, at itinatwa ang lahat ng Iyong ipinahayag sa Iyong mga Aklat, at sa Iyong mga Santong Kasulatan at ang ipinababang taglay ng Iyong mga Pinili, at ng Iyong mga Propeta, at ng Iyong mga Sugo, at ng mga Katiwala ng Iyong Rebelasyon.
I beg of Thee, O Thou in Whose hands are the kingdoms of earth and heaven, and in Whose grasp lie all who dwell in the dominions of Thy Revelation and Thy creation, not to withhold the glance of Thy favors from such as have sustained tribulations in Thy path, and tasted of the cup of woe in their love towards Thee, and have been cast into prison in Thy name, and endured what none of Thy creatures and Thy people have endured. They are Thy servants, O my Lord, who have responded to Thee as soon as Thou didst send out Thy summons, and have set their faces towards Thee when the light of Thy countenance was lifted upon them, and turned unto Thee at the time when Thy most exalted horizon shone forth with the brightness of Thy name through which all who are in Thy heaven and on Thy earth swooned away. Ordain for them, O my Lord, what Thou didst ordain for Thy chosen ones who have welcomed the darts of the infidels in Thy Cause and for love of Thee, and hasted to attain the orient of tribulation with Thy name on their lips and Thy remembrance in their hearts. Thou art the One, O my God, Who hath promised in Thy perspicuous utterances to remember them in Thy Book as a recompense for their works in Thy days.	176.47 Isinasamo ko sa Iyo, O Ikaw na nasa Kaniyang mga kamay ang mga kaharian ng lupa at langit, at na Kaniyang tinatanganan ang lahat ng mga nananahan sa mga kinasasakupan ng Iyong Rebelasyon at ng Iyong kinapal, na huwag ipagkait ang sulyap ng Iyong mga pagpapala mula sa gayong mga dumanas ng mga pahirap sa Iyong landas, at tumikim mula sa kopa ng pighati sa kanilang pag-ibig sa Iyo, at itinapon sa piitan sa ngalan Mo, at tiniis ang hindi tiniis ng sinuman sa Iyong mga nilalang at ng Iyong mga tao. Sila ang Iyong mga tagapaglingkod, O aking Panginoon, na tumugon sa Iyo kaagad nang ilabas Mo ang Iyong panawagan, at ibinaling ang kanilang mga mukha tungo sa Iyo sa panahong nagningning ang Iyong pinakadakilang sugpungang-guhit sa liwanag ng Iyong pangalan na dahil doon hinimatay ang lahat ng nasa Iyong langit at nasa Iyong lupa. Italaga para sa kanila, O aking Panginoon, yaong itinalaga Mo para sa Iyong mga pinili, na malugod na tinanggap ang mga palaso ng mga hindi sumasampalataya sa Iyong Kapakanan at dahil sa pag-ibig sa Iyo, at nagmadaling makarating sa silangan ng pahirap habang nasa kanilang mga labi ang Iyong pangalan at nasa kanilang mga puso ang paggunita sa Iyo. Ikaw Siya, O aking Diyos, ang Siyang nangako sa Iyong malinaw na mga salitang aalalahanin sila sa Iyong Aklat bilang

	kabayaran sa kanilang mga ginawa sa Iyong mga araw.
Bless them, O my God, and ascribe unto them such glory as hath shone forth above the horizon of Thy will, and hath shed its splendors from the kingdom of Thine utterance. Immerse them, O my Lord, beneath the ocean of Thy mercy, and illumine them with the dawning light of Thy Revelation. Forgive, then, O my God, their fathers and their mothers, by Thy favor, and Thy bounty, and Thy tender mercies. Send, then, upon them from the right hand of Thy most exalted Paradise the fragrance of the robe of Thine all-glorious Beauty. Potent art Thou to do what pleaseth Thee. Thou, verily, art the Governor, the Ordainer, the All-Bountiful, the Ever-Forgiving, the Most Generous.	176.48 Pagpalain sila, O aking Diyos, at ipalagay sa kanila ang gayong luwalhating sumikat sa itaas ng sugpungang-guhit ng Iyong kalooban, at ipinasikat ang mga karingalan nito mula sa kaharian ng Iyong pananalita. Itubog sila, O aking Panginoon, sa ilalim ng karagatan ng Iyong habag, at tanglawan sila sa namimitak na liwanag ng Iyong Rebelasyon. Patawarin, kung gayon, O aking Diyos, ang kanilang mga ama at ang kanilang mga ina, mula sa Iyong pagpapala, at sa Iyong biyaya, at sa Iyong masuyong mga kahabagan. Ipababa kung gayon sa kanila, mula sa kanang kamay ng Iyong pinakadakilang Paraiso ang kabanguhan ng baro ng Iyong lubos na maluwalhating Kagandahan. Makapangyarihan Ka upang gawin ang Iyong ninanais. Ikaw, sa katunayan, ang Namamahala, ang Nagtatalaga, ang Lubos na Mapagpala, ang Laging-Nagpapatawad, ang Pinakamapagbigay.
Praise be unto Thee, O Thou the Beloved of the world, and the Adored of the hearts of them that have recognized Thee.	176.49 Purihin Ka nawa, O Ikaw na Minamahal ng daigdig, at ang sinasamba ng mga puso nilang mga kumilala sa Iyo.
– CLXXVII –	CLXXVII
I beseech Thee, O my God, by Thy mighty Sign, and by the revelation of Thy grace amongst men, to cast me not away from the gate of the city of Thy presence, and to disappoint not the hopes I have set on the manifestations of Thy grace amidst Thy creatures. Thou seest me, O my God, holding to Thy Name, the Most Holy, the Most Luminous, the Most Mighty, the Most Great, the Most Exalted, the Most Glorious, and clinging to the hem of the robe to which have clung all in this world and in the world to come.	177.1 Isinasamo ko sa Iyo, O aking Diyos, sa Iyong makapangyarihang Tanda, at sa paghahayag ng Iyong biyaya sa mga tao, na huwag Mo akong ilayo sa pintuan ng lungsod na Iyong kinaroroonan, at huwag biguin ang mga pag-asang iniukol ko sa mga kahayagan ng Iyong biyaya sa Iyong mga nilalang. Nakikita Mo ako, O aking Diyos, na nakahawak sa Iyong Pangalan, ang Pinakabanal, ang Pinakamaningning, ang Pinakamakapangyarihan, ang Pinakadakila, ang Pinakamataas, ang Pinakamaluwalhati, at nakapangapit sa laylayan ng damit na pinangapitan ng lahat sa daigdig na ito at sa

	daigdig na darating.
I beseech Thee, O my God, by Thy most sweet Voice and by Thy most exalted Word, to draw me ever nearer to the threshold of Thy door, and to suffer me not to be far removed from the shadow of Thy mercy and the canopy of Thy bounty. Thou seest me, O my God, holding to Thy Name, the Most Holy, the Most Luminous, the Most Mighty, the Most Great, the Most Exalted, the Most Glorious, and clinging to the hem of the robe to which have clung all in this world and in the world to come.	177.2 Isinasamo ko sa Iyo, O aking Diyos, sa Iyong pinakamatamis na Tinig at sa Iyong pinakadakilang Salita, na lagi Mo akong ilapit sa bungad ng Iyong pintuan, at tulutan akong huwag malayo sa lilim ng Iyong kahabagan at sa silungan ng Iyong pagpapala. Nakikita Mo ako, O aking Diyos, na nakahawak sa Iyong Pangalan, ang Pinakabanal, ang Pinakamaningning, ang Pinakamakapangyarihan, ang Pinakadakila, ang Pinakamataas, ang Pinakamaluwalhati, at nakapangapit sa laylayan ng damit na pinangapitan ng lahat sa daigdig na ito at sa daigdig na darating.
I beseech Thee, O my God, by the splendor of Thy luminous brow and the brightness of the light of Thy countenance, which shineth from the all-highest horizon, to attract me by the fragrance of Thy raiment, and make me drink of the choice wine of Thine utterance. Thou seest me, O my God, holding to Thy Name, the Most Holy, the Most Luminous, the Most Mighty, the Most Great, the Most Exalted, the Most Glorious, and clinging to the hem of the robe to which have clung all in this world and in the world to come.	177.3 Isinasamo ko sa Iyo, O aking Diyos, sa karilagan ng Iyong makinang na noo at sa kaluningningan ng liwanag ng Iyong kaanyuan, na sumisikat buhat sa pinakamatayog na sugpungang-guhit, na akitin ako ng kabanguhan ng Iyong kasuotan, at painumin ako ng piling alak ng Iyong pananalita. Nakikita Mo ako, O aking Diyos, na nakahawak sa Iyong Pangalan, ang Pinakabanal, ang Pinakamaningning, ang Pinakamakapangyarihan, ang Pinakadakila, ang Pinakamataas, ang Pinakamaluwalhati, at nakapangapit sa laylayan ng damit na pinangapitan ng lahat sa daigdig na ito at sa daigdig na darating.
I beseech Thee, O my God, by Thy hair which moveth across Thy face, even as Thy most exalted pen moveth across the pages of Thy Tablets, shedding the musk of hidden meanings over the kingdom of Thy creation, so to raise me up to serve Thy Cause that I shall not fall back, nor be hindered by the suggestions of them who have caviled at Thy signs and turned away from Thy face. Thou seest me, O my God, holding to Thy Name, the Most Holy, the Most Luminous, the Most Mighty, the Most Great, the Most Exalted, the Most Glorious, and clinging to the hem of the robe to which have clung all in this world and in the world to come.	177.4 Isinasamo ko sa Iyo, O aking Diyos, sa Iyong buhok na kumikilos sa ibabaw ng Iyong mukha, gaya ng pagkilos ng Iyong pinakadakilang panulat sa ibabaw ng mga pahina ng Iyong mga Tableta, nagsasabog ng pabango ng natatagong mga kahulugan sa kaharian ng Iyong sangnilikha, na ibangon ako upang maglingkod sa Iyong Kapakanan nang hindi ako uurong, ni hindi mahahadlangan ng mga mungkahi nilang mga tumutol sa Iyong mga tanda at nagsitalikod sa Iyong mukha. Nakikita Mo ako, O aking Diyos, na nakahawak sa Iyong Pangalan, ang Pinakabanal, ang Pinakamaningning, ang Pinakamakapangyarihan, ang Pinakadakila,

	ang Pinakamataas, ang Pinakamaluwalhati, at nakapangapit sa laylayan ng damit na pinangapitan ng lahat sa daigdig na ito at sa daigdig na darating.
I beseech Thee, O my God, by Thy Name which Thou hast made the King of Names, by which all who are in heaven and all who are on earth have been enraptured, to enable me to gaze on the Daystar of Thy Beauty, and to supply me with the wine of Thine utterance. Thou seest me, O my God, holding to Thy Name, the Most Holy, the Most Luminous, the Most Mighty, the Most Great, the Most Exalted, the Most Glorious, and clinging to the hem of the robe to which have clung all in this world and in the world to come.	177.5 Isinasamo ko sa Iyo, O aking Diyos, sa Iyong Pangalan na ginawa Mong Hari ng mga Pangalan, na sa pamamagitan niyon ang lahat ng nasa langit at lahat ng nasa lupa ay magkaroon ng masidhing kagalakan, na tulutang tumingin ako sa Bituing-araw ng Iyong Kagandahan, at pagkalooban ako ng alak ng Iyong pananalita. Nakikita Mo ako, O aking Diyos, na nakahawak sa Iyong Pangalan, ang Pinakabanal, ang Pinakamaningning, ang Pinakamakapangyarihan, ang Pinakadakila, ang Pinakamataas, ang Pinakamaluwalhati, at nakapangapit sa laylayan ng damit na pinangapitan ng lahat sa daigdig na ito at sa daigdig na darating.
I beseech Thee, O my God, by the Tabernacle of Thy majesty upon the loftiest summits, and the Canopy of Thy Revelation on the highest hills, to graciously aid me to do what Thy will hath desired and Thy purpose hath manifested. Thou seest me, O my God, holding to Thy Name, the Most Holy, the Most Luminous, the Most Mighty, the Most Great, the Most Exalted, the Most Glorious, and clinging to the hem of the robe to which have clung all in this world and in the world to come.	177.6 Isinasamo ko sa Iyo, O aking Diyos, sa Tabernakulo ng Iyong kamahalan sa pinakamatayog na mga taluktok, at sa Silungan ng Iyong Rebelasyon sa pinakamataas na mga burol, na mabiyayang tulungan akong magawa ang ninanais ng Iyong kalooban at ang inihayag ng Iyong layunin. Nakikita Mo ako, O aking Diyos, na nakahawak sa Iyong Pangalan, ang Pinakabanal, ang Pinakamaningning, ang Pinakamakapangyarihan, ang Pinakadakila, ang Pinakamataas, ang Pinakamaluwalhati, at nakapangapit sa laylayan ng damit na pinangapitan ng lahat sa daigdig na ito at sa daigdig na darating.
I beseech Thee, O my God, by Thy Beauty that shineth forth above the horizon of eternity, a Beauty before which, as soon as it revealeth itself, the kingdom of beauty boweth down in worship, magnifying it in ringing tones, to grant that I may die to all that I possess and live to whatsoever belongeth unto Thee. Thou seest me, O my God, holding to Thy Name, the Most Holy, the Most Luminous, the Most Mighty, the Most Great,	177.7 Isinasamo ko sa Iyo, O aking Diyos, sa Iyong Kagandahang sumisikat sa ibabaw ng sugpungang-guhit ng kawalang-hanggan, isang Kagandahang sa pagkakahayag ay kagyat na niyukuran sa pagsamba ng kaharian ng kagandahan at pinalaki sa mataginting na mga tunog, na loobing mamatay ako sa lahat ng aking inari at mabuhay sa anumang ang may-ari ay Ikaw. Nakikita Mo ako, O aking Diyos, na nakahawak sa Iyong Pangalan, ang

the Most Exalted, the Most Glorious, and clinging to the hem of the robe to which have clung all in this world and in the world to come.	Pinakabanal, ang Pinakamaningning, ang Pinakamakapangyarihan, ang Pinakadakila, ang Pinakamataas, ang Pinakamaluwalhati, at nakapangapit sa laylayan ng damit na pinangapitan ng lahat sa daigdig na ito at sa daigdig na darating.
I beseech Thee, O my God, by the Manifestation of Thy Name, the Well-Beloved, through Whom the hearts of Thy lovers were consumed and the souls of all that dwell on earth have soared aloft, to aid me to remember Thee amongst Thy creatures, and to extol Thee amidst Thy people. Thou seest me, O my God, holding to Thy Name, the Most Holy, the Most Luminous, the Most Mighty, the Most Great, the Most Exalted, the Most Glorious, and clinging to the hem of the robe to which have clung all in this world and in the world to come.	177.8 Isinasamo ko sa Iyo, O aking Diyos, sa Kahayagan ng Iyong Pangalan, ang Pinakamamahal, na sa pamamagitan Niya ang mga puso ng mga umiibig sa Iyo ay natupok at ang mga kaluluwa ng lahat ng nananahan sa lupa ay pumailanlang, na tulungan akong gumunita sa Iyo sa Iyong mga nilalang, at ipagbunyi Ka sa Iyong mga tao. Nakikita Mo ako, O aking Diyos, na nakahawak sa Iyong Pangalan, ang Pinakabanal, ang Pinakamaningning, ang Pinakamakapangyarihan, ang Pinakadakila, ang Pinakamataas, ang Pinakamaluwalhati, at nakapangapit sa laylayan ng damit na pinangapitan ng lahat sa daigdig na ito at sa daigdig na darating.
I beseech Thee, O my God, by the rustling of the Divine Lote-Tree and the murmur of the breezes of Thine utterance in the kingdom of Thy names, to remove me far from whatsoever Thy will abhorreth, and draw me nigh unto the station wherein He Who is the Dayspring of Thy signs hath shone forth. Thou seest me, O my God, holding to Thy Name, the Most Holy, the Most Luminous, the Most Mighty, the Most Great, the Most Exalted, the Most Glorious, and clinging to the hem of the robe to which have clung all in this world and in the world to come.	177.9 Isinasamo ko sa Iyo, O aking Diyos, sa alis-is ng Banal na Punong-Lote at sa bulong ng mga hangin ng Iyong pananalita sa kaharian ng Iyong mga pangalan, na ilayo ako sa anumang kinasusuklaman Mo, at ilapit sa katayuan kung saan sumisikat Siya na Pamimitak ng Iyong mga tanda. Nakikita Mo ako, O aking Diyos, na nakahawak sa Iyong Pangalan, ang Pinakabanal, ang Pinakamaningning, ang Pinakamakapangyarihan, ang Pinakadakila, ang Pinakamataas, ang Pinakamaluwalhati, at nakapangapit sa laylayan ng damit na pinangapitan ng lahat sa daigdig na ito at sa daigdig na darating.
I beseech Thee, O my God, by that Letter which, as soon as it proceeded out of the mouth of Thy will, hath caused the oceans to surge, and the winds to blow, and the fruits to be revealed, and the trees to spring forth, and all past traces to vanish, and all veils to be rent asunder, and them who are devoted to Thee to hasten unto the light of the countenance of	177.10 Isinasamo ko sa Iyo, O aking Diyos, sa Titik na iyon, na sa sandaling ito ay lumabas mula sa bibig ng Iyong kalooban, ang mga dagat ay pinag-alon, at ang mga hangin ay pinaihip, at ang mga prutas ay maibunyag, at ang mga punongkahoy ay pinasibol, at ang lahat ng nakaraang mga bakas ay pinawi, at ang lahat ng mga lambong ay pinunit, at silang

their Lord, the Unconstrained, to make known unto me what lay hid in the treasuries of Thy knowledge and concealed within the repositories of Thy wisdom. Thou seest me, O my God, holding to Thy Name, the Most Holy, the Most Luminous, the Most Mighty, the Most Great, the Most Exalted, the Most Glorious, and clinging to the hem of the robe to which have clung all in this world and in the world to come.	mga deboto sa Iyo ay nagmamadaling tumungo sa liwanag ng kaanyuan ng kanilang Panginoon, ang Di-napipigilan, na ipabatid sa akin ang anumang itinago sa mga kabang-yaman ng Iyong kaalaman at inilingid sa mga repositoryo ng Iyong karunungan. Nakikita Mo ako, O aking Diyos, na nakahawak sa Iyong Pangalan, ang Pinakabanal, ang Pinakamaningning, ang Pinakamakapangyarihan, ang Pinakadakila, ang Pinakamataas, ang Pinakamaluwalhati, at nakapangapit sa laylayan ng damit na pinangapitan ng lahat sa daigdig na ito at sa daigdig na darating.
I beseech Thee, O my God, by the fire of Thy love which drove sleep from the eyes of Thy chosen ones and Thy loved ones, and by their remembrance and praise of Thee at the hour of dawn, to number me with such as have attained unto that which Thou hast sent down in Thy Book and manifested through Thy will. Thou seest me, O my God, holding to Thy Name, the Most Holy, the Most Luminous, the Most Mighty, the Most Great, the Most Exalted, the Most Glorious, and clinging to the hem of the robe to which have clung all in this world and in the world to come.	177.11 Isinasamo ko sa Iyo, O aking Diyos, sa apoy ng Iyong pag-ibig na naglayo ng tulog sa mga mata ng Iyong mga pinili at ng Iyong mga minamahal, at sa kanilang paggunita at papuri sa Iyo sa oras ng bukang-liwayway, na ibilang ako sa gayong mga nagkamit doon ng Iyong mga ipinadala sa Iyong Aklat at ipinahayag sa Iyong kalooban. Nakikita Mo ako, O aking Diyos, na nakahawak sa Iyong Pangalan, ang Pinakabanal, ang Pinakamaningning, ang Pinakamakapangyarihan, ang Pinakadakila, ang Pinakamataas, ang Pinakamaluwalhati, at nakapangapit sa laylayan ng damit na pinangapitan ng lahat sa daigdig na ito at sa daigdig na darating.
I beseech Thee, O my God, by the light of Thy countenance which impelled them who are nigh unto Thee to meet the darts of Thy decree, and such as are devoted to Thee to face the swords of Thine enemies in Thy path, to write down for me with Thy most exalted Pen what Thou hast written down for Thy trusted ones and Thy chosen ones. Thou seest me, O my God, holding to Thy Name, the Most Holy, the Most Luminous, the Most Mighty, the Most Great, the Most Exalted, the Most Glorious, and clinging to the hem of the robe to which have clung all in this world and in the world to come.	177.12 Isinasamo ko sa Iyo, O aking Diyos, sa liwanag ng Iyong kaanyuan na nagbunsod sa kanilang malapit sa Iyo na harapin ang mga palaso ng Iyong kautusan, at sa mga matapat sa Iyo na harapin ang mga tabak ng Iyong mga kaaway sa Iyong landas, na isulat para sa akin ng Iyong pinakamaluwalhating Panulat yaong isinulat Mo para sa Iyong mga pinagkakatiwalaan at sa Iyong mga pinili. Nakikita Mo ako, O aking Diyos, na nakahawak sa Iyong Pangalan, ang Pinakabanal, ang Pinakamaningning, ang Pinakamakapangyarihan, ang Pinakadakila, ang Pinakamataas, ang Pinakamaluwalhati, at nakapangapit sa laylayan ng damit na

	pinangapitan ng lahat sa daigdig na ito at sa daigdig na darating.
I beseech Thee, O my God, by Thy Name through which Thou hast hearkened unto the call of Thy lovers, and the sighs of them that long for Thee, and the cry of them that enjoy near access to Thee, and the groaning of them that are devoted to Thee, and through which Thou hast fulfilled the wishes of them that have set their hopes on Thee, and hast granted them their desires, through Thy grace and Thy favors, and by Thy Name through which the ocean of forgiveness surged before Thy face, and the clouds of Thy generosity rained upon Thy servants, to write down for everyone who hath turned unto Thee, and observed the Fast prescribed by Thee, the recompense decreed for such as speak not except by Thy leave, and who forsook all that they possessed in Thy path and for love of Thee.	177.13 Isinasamo ko sa Iyo, O aking Diyos, sa Iyong Pangalan na sa pamamagitan niyon ay Iyong pinakinggan ang pagtawag ng Iyong mga mangingibig, at sa mga buntong-hininga nilang mga nananabik sa Iyo, at sa tawag nilang nagtatamasa ng pagkalapit sa Iyo, at sa pag-ungol nilang mga deboto sa Iyo, at sa pamamagitan niyon ay tinupad Mo ang mga hangarin nilang mga nag-ukol ng kanilang pag-asa sa Iyo, at ipinagkaloob sa kanila ang kanilang mga hinahangad, mula sa Iyong biyaya at Iyong pagpapala, at sa Iyong Pangalan na sa pamamagitan niyon ang karagatan ng pagpapatawad ay dumaluyong sa harap ng Iyong mukha, at ang mga ulap ng Iyong kagandahang-loob ay umulan sa Iyong mga tagapaglingkod, na isulat para sa bawat isang bumaling sa Iyo, at nagsagawa ng Pag-aayunong iniatas Mo, ang gantimpalang itinalaga Mo para sa mga hindi nagsisipagsalita nang hindi Mo ipinahihintulot, at tinalikdan ang lahat ng kanilang pag-aari sa Iyong landas at alang-alang sa pag-ibig sa Iyo. Nakikita Mo ako, O aking Diyos, na nakahawak sa Iyong Pangalan, ang Pinakabanal, ang Pinakamaningning, ang Pinakamakapangyarihan, ang Pinakadakila, ang Pinakamataas, ang Pinakamaluwalhati, at nakapangapit sa laylayan ng damit na pinangapitan ng lahat sa daigdig na ito at sa daigdig na darating.
I beseech Thee, O my Lord, by Thyself, and by Thy signs, and Thy clear tokens, and the shining light of the Daystar of Thy Beauty, and Thy Branches, to cancel the trespasses of those who have held fast to Thy laws, and have observed what Thou hast prescribed unto them in Thy Book. Thou seest me, O my God, holding to Thy Name, the Most Holy, the Most Luminous, the Most Mighty, the Most Great, the Most Exalted, the Most Glorious, and clinging to the hem of the robe to which	177.14 Isinasamo ko sa Iyo, O aking Panginoon, sa Iyong Sarili, at sa Iyong mga tanda, at sa Iyong malinaw na mga palatandaan, at sa maningning na liwanag ng Bituing-araw ng Iyong Kagandahan, at ng Iyong mga Sanga, na burahin ang mga pagkakamali ng mga nagsitupad nang mahigpit sa Iyong mga batas, at nagsigawa ng Iyong mga iniatas sa kanila sa Iyong Aklat. Nakikita Mo ako, O aking Diyos, na nakahawak sa Iyong Pangalan, ang

have clung all in this world and in the world to come.	Pinakabanal, ang Pinakamaningning, ang Pinakamakapangyarihan, ang Pinakadakila, ang Pinakamataas, ang Pinakamaluwalhati, at nakapangapit sa laylayan ng damit na pinangapitan ng lahat sa daigdig na ito at sa daigdig na darating.
– CLXXVIII –	CLXXVIII
Praised be Thou, O Lord my God! I supplicate Thee by Him Whom Thou hast called into being, Whose Revelation Thou hast ordained to be Thine own Revelation and His Concealment Thine own Concealment. Through His Firstness Thou hast confirmed Thine own Firstness, and through His Lastness Thou hast affirmed Thine own Lastness. Through the power of His might and the influence of His sovereignty the mighty have apprehended Thine omnipotence, and through His glory they who are endowed with authority have acknowledged Thy majesty and greatness. Through His supreme ascendancy Thy transcendent sovereignty and all-encompassing dominion have been recognized, and through His will Thine own will hath been revealed. Through the light of His countenance the splendors of Thine own face have shone forth, and through His Cause Thine own Cause hath been made manifest. Through the generative power of His utterance the whole earth hath been made the recipient of the wondrous signs and tokens of Thy sovereignty, and the heavens have been filled with the revelations of Thine incomparable majesty, and the seas have been enriched with the sacred pearls of Thine omniscience and wisdom, and the trees adorned with the fruits of Thy knowledge. Through Him all things have sung Thy praise, and all the eyes have been turned in the direction of Thy mercy. Through Him the faces of all have been set towards the splendors of the light of Thy countenance, and the souls of all have been inclined unto the revelations of Thy divine greatness.	178.1 Purihin Ka nawa, O Panginoon kong Diyos! Sumasamo ako sa Iyo sa ngalan Niya na Siyang Iyong nilalang, na ang Kaniyang Rebelasyon ay itinalaga Mong maging Iyong sariling Rebelasyon, at ang Kaniyang Pagkatago ay maging Iyong sariling Pagkatago. Sa pamamagitan ng Kaniyang Pagkauna ay pinatibay Mo ang Iyong sariling Pagkauna, at sa pamamagitan ng Kaniyang Pagkawakas ay Iyong pinatunayan ang Iyong sariling Pagkawakas. Sa pamamagitan ng Kaniyang lakas at sa impluwensiya ng Kaniyang paghahari nabatid ng makapangyarihan ang Iyong ganap na kapangyarihan, at sa pamamagitan ng Kaniyang luwalhati silang mga pinagkalooban ng awtoridad ay kumilala sa Iyong kamahalan at kadakilaan. Sa pamamagitan ng Kaniyang sukdulang pangingibabaw ang Iyong nangingibabaw na paghahari at pamumunong nakasasaklaw sa lahat ay nakilala, at sa pamamagitan ng Kaniyang kalooban ang Iyong angking kalooban ay naisiwalat. Sa pamamagitan ng liwanag ng Kaniyang mukha ang mga karilagan ng Iyong sariling mukha ay suminag, at sa pamamagitan ng Kaniyang Kapakanan ang Iyong sariling Kapakanan ay naging hayag. Sa pamamagitan ng nakalilikhang kapangyarihan ng Kaniyang pananalita ang buong daigdig ay ginawang tumanggap ng kamangha-manghang mga sagisag at mga palatandaan ng Iyong paghahari, at ang mga kalangitan ay pinuspos ng mga kahayagan ng Iyong kamahalang walang kahambing, at ang mga karagatan ay pinayaman ng banal na mga perlas ng Iyong lubos na kaalaman at karunungan, at ang mga

	puno ay pinalamutihan ng mga bunga ng Iyong kaalaman. Sa pamamagitan Niya ang lahat ng bagay ay umawit ng papuri sa Iyo, at ang lahat ng mga mata ay idinako sa Iyong kahabagan. Sa pamamagitan Niya ang mga mukha ng lahat ay ibinaling tungo sa mga karingalan ng liwanag ng Iyong mukha, at ang mga kaluluwa ng lahat ay inihilig sa mga kapahayagan ng Iyong banal na kadakilaan.
How great is Thy power! How exalted Thy sovereignty! How lofty Thy might! How excellent Thy majesty! How supreme is Thy grandeur—a grandeur which He Who is Thy Manifestation hath made known and wherewith Thou hast invested Him as a sign of Thy generosity and bountiful favor. I bear witness, O my God, that through Him Thy most resplendent signs have been uncovered, and Thy mercy hath encompassed the entire creation. But for Him, how could the Celestial Dove have uttered its songs or the Heavenly Nightingale, according to the decree of God, have warbled its melody?	178.2 Napakalaki ng Iyong kapangyarihan! Napakadakila ng Iyong paghahari! Napakatayog ng Iyong lakas! Napakahusay ng Iyong kamahalan! Napakalubos ng Iyong karingalan—isang karingalang nakilala Siya na Iyong Kahayagan at iyon ay iginawad Mo sa Kaniya bilang tanda ng Iyong pagiging mapagbigay at masaganang pagpapala. Sumasaksi ako, O aking Diyos, na sa pamamagitan Niya ang Iyong pinakamaringal na mga palatandaan ay naisiwalat, at ang Iyong habag ay sumaklaw sa buong sangnilikha. Kung hindi dahil sa Kaniya, paano pa inusal ng Kalapating Makalangit ang mga awit nito, o sang-ayon sa utos ng Diyos, paano pa inawit ng Makalangit na Ruwisenyor ang himig nito?
I testify that no sooner had the First Word proceeded, through the potency of Thy will and purpose, out of His mouth, and the First Call gone forth from His lips than the whole creation was revolutionized, and all that are in the heavens and all that are on earth were stirred to the depths. Through that Word the realities of all created things were shaken, were divided, separated, scattered, combined and reunited, disclosing, in both the contingent world and the heavenly kingdom, entities of a new creation, and revealing, in the unseen realms, the signs and tokens of Thy unity and oneness. Through that Call Thou didst announce unto all Thy servants the advent of Thy most great Revelation and the appearance of Thy most perfect Cause.	178.3 Sumasaksi ako, bunga ng bisa ng Iyong kalooban at layunin, kaagad nang ang Unang Salita ay lumabas sa Kaniyang bibig, at ang Unang Panawagan ay sinambit ng Kaniyang mga labi, na ang buong kinapal ay lubusang nagbago, at ang lahat ng nasa kalangitan at ang lahat ng nasa kalupaan ay naantig hanggang kaibuturan. Sa pamamagitan ng Salitang iyon ang mga realidad ng lahat ng nilikhang bagay ay nayanig, nahati, napaghiwalay, nagkawatak-watak, pinagsama at muling pinagkaisa, sa gayon ay naisiwalat kapuwa sa walang-katiyakang daigdig at sa makalangit na kaharian, ang mga bagay ng isang bagong kinapal, at inihayag, sa di-nakikitang mga kaharian, ang mga sagisag at mga palatandaan ng Iyong pagkakaisa at kaisahan. Sa pamamagitan ng Panawagang iyon ay ipinatalastas Mo sa lahat ng Iyong

	mga tagapaglingkod ang pagsapit ng Iyong pinakadakilang Rebelasyon at ang paglitaw ng Iyong pinakaganap na Kapakanan.
No sooner had that Revelation been unveiled to men's eyes than the signs of universal discord appeared among the peoples of the world, and commotion seized the dwellers of earth and heaven, and the foundations of all things were shaken. The forces of dissension were released, the meaning of the Word was unfolded, and every several atom in all created things acquired its own distinct and separate character. Hell was made to blaze, and the delights of Paradise were uncovered to men's eyes. Blessed is the man that turneth towards Thee, and woe betide him who standeth aloof from Thee, who denieth Thee and repudiateth Thy signs in this Revelation wherein the faces of the exponents of denial have turned black and the faces of the exponents of truthfulness have turned white, O Thou Who art the Possessor of all names and attributes, Who holdest in Thy grasp the empire of whatever hath been created in heaven and on earth!	178.4 Nang isiwalat ang Rebelasyon sa harap ng mga mata ng tao, kaagad lumitaw ang mga palatandaan ng pangkalahatang pagtatalo sa mga sambayanan ng daigdig, at sinakmal ng kaguluhan ang mga nananahan sa lupa at langit, at nayanig ang mga saligan ng lahat ng bagay. Ang mga puwersa ng pagtutol ay pinawalan, ang kahulugan ng Salita ay inilahad, at ang bawat atomong nakawalay sa lahat ng nilikhang bagay ay nagtamo ng sarili nitong tangi at bukod na katangian. Ang impiyerno ay ginawang lumiyab, at ang mga kaluguran ng Paraiso ay naisiwalat sa mga mata ng tao. Pinagpala ang taong bumaling patungo sa Iyo, at kasawian ang sumapit sa kaniyang nananatiling malayo sa Iyo, siyang tumanggi sa Iyo at itinatwa ang Iyong mga palatandaan sa Rebelasyong ito kung saan ang mga mukha ng mga kinatawan ng pagtatatwa ay nangitim at ang mga mukha ng mga kinatawan ng pagkamakatotohanan ay namutla, O Ikaw na Siyang Nagtataglay ng lahat ng mga pangalan at mga katangian, Siyang nagtatangan sa Kaniyang kamay ng imperyo ng anumang nilikha sa langit at sa lupa!
Praise be to Thee, therefore, O my God—such praise as Thou didst ascribe to Thine own Self, and which none except Thee can either comprehend or reckon. Thou art He, O my Lord, Who hath made known His own Self unto me, at a time when Thy servants have failed to recognize Thee—servants who, by virtue of the ties that bind them to Thee, have been ruling over all that dwell on earth and have been vaunting themselves over its peoples. Were I, O my God, to exercise from pole to pole supreme dominion over the earth, and were I to be offered all the treasures it containeth, and were I to expend them in Thy path, I would still be powerless to attain unto this station, unless I were assisted and	178.5 Purihin Ka nawa, kung gayon, O aking Diyos—sa gayong papuring itinutukoy Mo sa Iyong angking Sarili, at na walang iba liban sa Iyo ang nakauunawa o nakasusukat. Ikaw Siya, O aking Panginoon, na ipinakilala ang Iyong angking Sarili sa akin, sa panahong nabigong makilala Ka ng Iyong mga tagapaglingkod—mga tagapaglingkod na dahil sa mga bigkis na nag-uugnay sa kanila sa Iyo, ay namumuno sa lahat ng nananahan sa daigdig at ipinagmamalaki ang kanilang mga sarili sa mga sambayanan nito. Kung gagamit ako, O aking Diyos, ng sukdulang paghahari sa daigdig mula sa isang polo hanggang sa kabilang polo, at kung ibibigay sa akin ang lahat ng mga kayamanang nilalaman nito, at

strengthened by Thee. And were I to glorify Thee, O my God, so long as the glory of Thy majesty endureth and the influence of Thy sovereignty and power will last, such a glorification could never be compared with any of the praises which Thou, as a token of Thy grace, hast taught me, and wherewith Thou hast bidden me to extol Thy virtues. If such be the excellence of each one of the praises which Thou hast taught me, how immeasurably greater must be the excellence of the station of the One Who hath known Thee, Who hath entered Thy Presence, and pursued steadfastly the path of Thy Cause!	kung gugugulin ko itong lahat sa Iyong landas, wala pa rin akong kakayahang matamo ang kalagayang ito, maliban lamang kung tutulungan at palalakasin Mo ako. At kung luluwalhatiin Kita, O aking Diyos, sa buong kahabaan ng pag-iral ng kaluwalhatian ng Iyong kamahalan at habang namamalagi ang impluwensiya ng Iyong paghahari at kapangyarihan, ang gayong pagluluwalhati ay hindi kailanman maihahambing sa alinman sa mga papuring itinuro Mo sa akin bilang tanda ng Iyong pagpapala, at iniutos Mong gamitin ko upang ipagbunyi ang Iyong mga kabutihan. Kung ganoon kahusay ang bawat isa sa mga papuring itinuro Mo sa akin, gaano kadakila pa kaya ang kahusayan ng kalagayan Niya na Siyang kumilala sa Iyo, Siyang pumasok sa Iyong kinaroroonan, at matatag na binaybay ang landas ng Iyong Kapakanan!
I have clearly perceived, and I am wholly persuaded, that Thou hast from everlasting been immeasurably exalted above the mention of all beings, and wilt continue unto everlasting to remain far above the conception of Thy creatures. None can befittingly praise Thee except Thine own Self and such as are like unto Thee. Thou hast, verily, been at all times, and wilt everlastingly continue to remain, immensely exalted beyond and above all comparison and likeness, above all imagination of parity or resemblance. Having, thus, recognized Thee as One Who is incomparable, and Whose nature none can possess, it becometh incontrovertibly evident that whosoever may praise Thee, his praise can befit only such as are of his own nature, and are subject to his own limitations, and it can in no wise adequately describe the sublimity of Thy sovereignty, nor scale the heights of Thy majesty and holiness. How sweet, therefore, is the praise Thou givest to Thine own Self, and the description Thou givest of Thine own Being!	178.6 Malinaw kong nabatid, at ganap akong naniniwala, na mula sa kawalang-hanggan di-masukat ang Iyong kadakilaan nang higit na mataas kaysa sa pagbanggit ng lahat ng nilalang, at magpapatuloy hanggang sa kawalang-hanggan na mananatiling higit na mataas sa paglirip ng Iyong mga nilikha. Walang makapupuri sa Iyo nang marapat liban sa Iyong angking Sarili at ng gayong mga katulad Mo. Ikaw, sa katunayan, ay naging at patuloy na mananatili magpakailanman, na lubos na dakila nang higit at mataas sa lahat ng paghahambing at paghahalintulad, nang higit sa lahat ng paggunita sa pagkakapantay o pagkakahawig. Yamang Ikaw ay kinilala na bilang Siyang walang kahalintulad, at walang makaaangkin sa Kaniyang likas na katangian, nagiging labis na malinaw na hindi na maitatatwa na kung ang sinuman ay pumuri sa Iyo, ang kaniyang papuri ay nararapat lamang sa gayong mga kasing-uri niya, at nasasaklaw ng sarili niyang mga hangganan, at sa anumang paraan ay hindi nito mailalarawan nang sapat ang kadakilaan ng Iyong paghahari, ni hindi maaabot ang mga tugatog ng Iyong kamahalan at kabanalan. Napakatamis, kung gayon, ang papuring

	ibinibigay Mo sa Iyong angking Sarili, at ng paglalarawang ibinibigay sa Iyong sariling Pag-iral!
I testify, O my God, that Thou hast, from eternity, sent down upon Thy servants naught else except that which can cause them to soar up and be drawn near unto Thee, and to ascend into the heaven of Thy transcendent oneness. Thou hast established Thy bounds among them, and ordained them to stand among Thy creatures as evidences of Thy justice and as signs of Thy mercy, and to be the stronghold of Thy protection amongst Thy people, that no man may in Thy realm transgress against his neighbor. How great is the blessedness of him who, for love of Thy beauty and for the sake of Thy pleasure, hath curbed the desires of a corrupt inclination and observed the precepts laid down by Thy most exalted Pen! He, in truth, is to be numbered with them that have attained unto all good, and followed the way of guidance.	178.7 Sumasaksi ako, O aking Diyos, na mula sa kawalang-hanggan ay ipinababa Mo sa Iyong mga tagapaglingkod ang walang iba liban sa magdudulot ng kanilang pagpapailanlang at paglapit sa Iyo, at upang makapanhik sila sa kalangitan ng Iyong nangingibabaw na kaisahan. Iyong itinatag ang Iyong mga hangganan sa kanila, at itinalaga ang mga iyon na tumayo sa harap ng Iyong mga nilalang bilang mga patibay ng Iyong katarungan at bilang mga tanda ng Iyong kahabagan, at upang maging kuta ng Iyong pangangalaga sa Iyong mga tao, nang upang walang tao sa Iyong kaharian ang magkasala sa kaniyang kapitbahay. Napakalaki ng pagpapala niya na dahil sa pag-ibig sa Iyong kagandahan ay pinigilan ang mga hangarin ng balakyot na pagkahilig at sumunod sa mga turong itinakda ng Iyong pinakadakilang Panulat! Sa katotohanan, siya ay nabibilang sa kanila na mga nakatamo sa lahat ng kabutihan, at tinalunton ang landas ng pamamatnubay.
I beseech Thee, O my Lord, by Thy Name through which Thou hast enabled Thy servants and Thy people to know Thee, through which Thou hast drawn the hearts of those who have recognized Thee towards the resplendent court of Thy oneness, and the souls of Thy favored ones unto the Dayspring of Thy unity,—I beseech Thee to grant that I may be assisted to observe the fast wholly for Thy sake, O Thou Who art full of majesty and glory! Empower me, then, O my God, to be reckoned among them that have clung to Thy laws and precepts for the sake of Thee alone, their eyes fixed on Thy face. These, indeed, are they whose wine is all that hath proceeded out of the mouth of Thy primal will, whose pure beverage is Thine enthralling call, whose heavenly River is Thy love, whose Paradise is entrance into Thy presence and reunion with	178.8 Isinasamo ko sa Iyo, O aking Panginoon, sa Iyong Pangalan, na sa pamamagitan niyon ay tinulutan Mong makilala Ka ng Iyong mga tagapaglingkod at ng Iyong mga tao, na sa pamamagitan niyon ay inakit Mo ang mga puso nilang mga kumilala sa Iyo patungo sa maningning na korte ng Iyong kaisahan, at ang mga kaluluwa ng Iyong mga pinagpala tungo sa Pamimitak ng Iyong pagkakaisa—isinasamo ko sa Iyo na tulutang matulungan akong isagawa ang pag-aayuno nang alang-alang lamang sa Iyo, O Ikaw na Siyang puspos ng kamahalan at kaluwalhatian! Bigyan ako ng lakas, kung gayon, O aking Diyos, upang mapabilang ako sa kanilang mga nangapit sa Iyong mga batas at mga turo alang-alang lamang sa Iyo, at ipinako ang kanilang mga mata sa Iyong mukha. Ang mga ito, sa katunayan, ay silang

Thee. For Thou hast been their Beginning and their End, and their Highest Hope, and their Supreme Desire. Blinded be the eye that gazeth on whatsoever may displease Thee, and confounded be the soul that seeketh the things that are contrary to Thy will.	ang kanilang alak ay ang lahat ng dumaloy mula sa bibig ng Iyong kauna-unahang kalooban, na ang kanilang dalisay na inumin ay ang Iyong nakabibighaning panawagan, na ang kanilang makalangit na Ilog ay ang Iyong pag-ibig, na ang kanilang Paraiso ay ang pagpasok sa Iyong kinaroroonan at ang muling pagsama sa Iyo. Sapagkat Ikaw ang naging kanilang Simula at kanilang Wakas, ang kanilang Pinakamataas na Pag-asa, at ang kanilang Sukdulang Hangarin. Mabulag sana ang matang tumingin sa anumang hindi nakalulugod sa Iyo, at matulala sana ang kaluluwang humahanap ng mga bagay na salungat sa Iyong kalooban.
Deign, O my God, I implore Thee, by Thy Self and by them, to accept, through Thy grace and Thy loving-kindness, the works we have performed, however much they fall short of the loftiness of Thy state and the sublimity of Thy station, O Thou Who art most dear to the hearts that long for Thee, and the Healer of the souls that have recognized Thee! Rain down, therefore, upon us from the heaven of Thy mercy and the clouds of Thy gracious providence that which will cleanse us from the faintest trace of evil and corrupt desires, and will draw us nearer unto Him Who is the Manifestation of Thy most exalted and all-glorious Self. Thou art, verily, the Lord of this world and of the next, and art powerful to do all things.	178.9 Marapating tanggapin, O aking Diyos, sumasamo ako sa Iyo, sa Iyong Sarili at sa kanila, na mula sa Iyong pagpapala at Iyong masuyong kabutihan, ang mga gawaing isinagawa namin, gaanuman ito nagkukulang sa kataasan ng Iyong kalagayan at sa kadakilaan ng Iyong katayuan, O Ikaw na Siyang pinakamamahal ng mga pusong nananabik sa Iyo, at ang Tagapaglunas sa mga kaluluwang kumilala sa Iyo! Paulanin sa amin, kung gayon, mula sa langit ng Iyong kahabagan at sa mga ulap ng Iyong mapagpalang kalinga, yaong lilinisin mula sa amin ang kaliit-liitang bahid ng masama at balakyot na mga hangarin, at ilalapit kami sa Kaniya na Siyang Kahayagan ng Iyong pinakadakila at lubos na maluwalhating Sarili. Ikaw, sa katunayan, ang Panginoon ng daigdig na ito at ng darating, at makapangyarihan Ka upang gawin ang lahat ng bagay.
Do Thou bless, O Lord my God, the Primal Point, through Whom the point of creation hath been made to revolve in both the visible and invisible worlds, Whom Thou hast designated as the One whereunto should return whatsoever must return unto Thee, and as the Revealer of whatsoever may be manifested by Thee. Do Thou also bless such of His Letters as have not turned away from Thee, who have been firmly established in	178.10 Iyong pagpalain, O Panginoon kong Diyos, ang Panimulang Tuldok, na sa pamamagitan Niya ang tuldok ng sangnilikha ay ginawang uminog sa kapuwa daigdig na nakikita at di-nakikita, Siyang itinakda Mo bilang Siyang pagbabalikan ng anumang dapat bumalik sa Iyo, at bilang Tagapagsiwalat ng anumang ihahayag Mo. Iyo ring pagpalain ang gayon sa Kaniyang mga Titik na hindi tumalikod sa Iyo, na matibay na naitatag sa

Thy love, and clung steadfastly to Thy good-pleasure. Bless Thou, likewise, as long as Thine own Self endureth and Thine own Essence doth last, them that have suffered martyrdom in Thy path. Thou art, verily, the Ever-Forgiving, the Most Merciful.	Iyong pag-ibig, at nangapit nang mahigpit sa Iyong mabuting kaluguran. Gayundin ay Iyong pagpalain, habang ang Iyong angking Sarili ay umiiral at ang Iyong mismong Diwa ay tumatagal, silang mga dumanas ng pagmamartir sa Iyong landas. Ikaw sa katunayan, ang Laging-Nagpapatawad, ang Pinakamahabagin.
Moreover, I beseech Thee, O my God, by Him Whom Thou hast announced unto us in all Thy Tablets and Thy Books and Thy Scrolls and Thy Scriptures, through Whom the kingdom of names hath been convulsed, and all that lay hid in the breasts of them that have followed their evil and corrupt desires hath been revealed,—I beseech Thee to strengthen us in our love for Him, to make us steadfast in His Cause, to help us befriend His loved ones and challenge His enemies. Shield us, then, O my God, from the mischief wrought by them that have denied Thy presence, and turned away from Thy face, and resolved to put an end to the life of Him Who is the Manifestation of Thine own Self.	178.11 Higit pa rito, sumasamo ako sa Iyo, O aking Diyos, sa ngalan Niya na Iyong ipinatalastas sa amin sa lahat ng Iyong mga Tableta at Iyong mga Aklat at Iyong mga Pergamino at Iyong mga Santong Kasulatan, na sa pamamagitan Niya ang kaharian ng mga pangalan ay nangisay, at ang lahat ng natatago sa mga dibdib nilang mga sumunod sa kanilang masama at balakyot na mga hangarin ay naisiwalat—sumasamo ako sa Iyo na palakasin kami sa aming pagmamahal sa Kaniya, na gawin kaming maging matatag sa Kaniyang Kapakanan, na tulungan kaming kaibiganin ang Kaniyang mga minamahal at hamunin ang Kaniyang mga kaaway. Ipagsanggalang kami, kung gayon, O aking Diyos, mula sa kalokohang ginawa nilang mga tumanggi ang Iyong kinaroroonan, at tumalikod sa Iyong mukha, at ipinasiyang wakasan ang buhay Niya na Siyang Kahayagan ng Iyong angking Sarili.
O my God and my Master! Thou knowest how they have disgraced Thy Cause and dishonored Thee among Thy creatures, how they have joined Thine enemies, that they may undermine Thy Revelation and injure Thee. Lay hold on them with the power of Thy wrath and might, O my God, and expose their shameful acts and their wickedness, that whatever is hid in their breasts may be revealed unto the people that dwell within Thy land, O Thou Who art the Inflictor of trials, the Fashioner of nations, and the Bestower of favors! No God is there beside Thee, the All-Glorious, the Most Bountiful.	178.12 O aking Diyos at aking Panginoon! Iyong nababatid kung paano nila binigyan ng kahihiyan ang Iyong Kapakanan at nilapastangan Ka sa Iyong mga nilalang, kung paano sila nakiisa sa Iyong mga kaaway, upang magawa nilang pahinain ang Iyong Rebelasyon at saktan Ka. Sunggaban sila sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Iyong poot at lakas, O aking Diyos, at isiwalat ang kanilang kahiya-hiyang mga gawain at ang kanilang kasamaan, nang ang anumang natatago sa kanilang mga dibdib ay mailantad sa mga taong nananahan sa Iyong lupain, O Ikaw na Nagpapalasap ng mga pagsubok, ang Bumubuo ng mga sambayanan, at ang Nagkakaloob ng mga pagpapala! Walang

	Diyos liban sa Iyo, ang Lubos na Maluwalhati, ang Pinakamapagpala.
– CLXXIX –	CLXXIX
Praised be Thou, O Lord my God! The tongues of all created things testify to Thy sovereignty and Thine omnipotence, and proclaim mine own poverty and my wretchedness when face to face with the revelations of Thy wealth. Look, then, O my God, upon this sinner whose gaze hath, at all times, been fixed upon the source of Thy forgiveness, and whose eyes have been bent upon the horizon of Thy grace and Thy gifts.	179.1 Purihin Ka nawa, O Panginoon kong Diyos! Ang mga dila ng lahat ng nilikhang bagay ay sumasaksi sa Iyong paghahari at sa Iyong ganap na kapangyarihan, at ipinahahayag ang sarili kong karukhaan at paghihirap kapag nahaharap sa mga kapahayagan ng Iyong kayamanan. Tunghayan, kung gayon, O aking Diyos, itong makasalanang nakatitig sa lahat ng panahon sa pinagmumulan ng Iyong kapatawaran, at ang kaniyang mga mata ay nakadako sa sugpungang-guhit ng Iyong biyaya at Iyong mga kaloob.
Ever since the day Thou didst create me at Thy bidding, O my God, and didst arouse me through the gentle winds of Thy tender mercies, I have refused to turn to any one except Thee, and have, through the power of Thy sovereignty and Thy might, arisen to face Thine enemies, and have summoned all mankind unto the shores of the ocean of Thy oneness and the heaven of Thine all-glorious unity. I have sought, all my days, not to guard myself from the mischief of the rebellious among Thy creatures, but rather to exalt Thy name amidst Thy people. I have, thereby, suffered what none of Thy creatures hath suffered.	179.2 Mula pa sa araw na nilikha Mo ako alinsunod sa Iyong kautusan, O aking Diyos, at ginising ako sa pamamagitan ng mahinay na mga simoy ng Iyong masuyong kahabagan, tumanggi na akong bumaling sa kaninuman liban sa Iyo, at sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Iyong paghahari at Iyong lakas, bumangon ako upang harapin ang Iyong mga kaaway, at tinawagan ang buong sangkatauhan tungo sa mga dalampasigan ng karagatan ng Iyong kaisahan at ng kalangitan ng Iyong lubos na maluwalhating pagkakaisa. Sa lahat ng aking mga araw, hindi ko sinikap na pag-ingatan ang aking sarili mula sa kalokohan ng mga mapaghimagsik sa Iyong mga nilalang, bagkus sa halip ay ang dakilain ang Iyong pangalan sa Iyong mga tao. Bunga niyon, pinagdusahan ko yaong hindi pinagdusahan ng alinman sa Iyong mga nilalang.
How many the days, O my God, which I have spent in utter loneliness with the transgressors amongst Thy servants, and how many the nights, O my Best-Beloved, during which I lay a captive in the hands of the wayward amidst Thy creatures! In the midst of my troubles and tribulations I have continued	179.3 Gaano karami ang mga araw, O aking Diyos, na ginugol ko sa ganap na pangungulila habang kasama ang mga lumalabag mula sa Iyong mga tagapaglingkod, at gaano karami ang mga gabi, O aking Pinakamamahal, na ako ay naging bihag sa mga kamay ng mga suwail mula sa Iyong mga

to celebrate Thy praise before all who are in Thy heaven and on Thy earth, and have not ceased to extol Thy wondrous glory in the kingdoms of Thy Revelation and of Thy creation, though all that I have been capable of showing forth hath fallen short of the greatness and the majesty of Thy oneness, and is unworthy of Thine exaltation and of Thine omnipotence.	nilalang! Sa kalagitnaan ng aking mga suliranin at mga pahirap, patuloy pa rin ako sa pagbubunyi ng papuri sa Iyo sa harap ng lahat ng nasa Iyong kalangitan at nasa Iyong kalupaan, at hindi huminto sa pagdadakila sa Iyong kamangha-manghang kaluwalhatian sa mga kaharian ng Iyong Rebelasyon at ng Iyong kinapal, bagaman ang lahat ng aking makakayanang ipakita ay nagkukulang sa kadakilaan at kamahalan ng Iyong kaisahan, at hindi nararapat sa Iyong kataasan at Iyong ganap na kapangyarihan.
I swear by Thy glory, O Thou Who art the one alone Beloved! I find myself to be only nothing before the habitation of Thy great glory. Every time I attempt to extol any one of Thy virtues, my heart restraineth me, for naught but Thee is able to soar into the atmosphere of the kingdom of Thy nearness, or reach up to the heaven of Thy presence.	179.4 Sumusumpa ako sa Iyong kaluwalhatian, O Ikaw na Siyang tanging iisang Minamahal! Natatagpuan kong pawang kawalan lamang ako sa harap ng tahanan ng Iyong dakilang kaluwalhatian. Sa tuwing sinisikap kong ipagbunyi ang alinman sa Iyong mga kabutihan, pinipigilan ako ng puso ko, sapagkat walang iba kundi Ikaw ang makagagawang pumailanlang sa himpapawid ng kaharian ng pagkalapit sa Iyo, o makaabot sa kalangitan ng Iyong kinaroroonan.
Thy might beareth me witness! I am well aware that were I to bow myself before a handful of dust, from now until the end that hath no end, in acknowledgment of its relationship to Thy name, the Fashioner, I would still find myself far removed from that dust, and incapable of approaching it, and would discover that such an adoration can in no wise befit it, nor transcend the limitations to which I myself have been subjected. And were I to arise to serve one of Thy servants, and to wait at his door so long as Thine own kingdom endureth and Thine omnipotence will last, as a sign of my acknowledgment of the tie that bindeth him to Thy name, the Creator, I would, likewise,—and to this Thy glory beareth me witness—have to confess my complete failure to do him adequate service, and my deprivation of what can truly befit his station. And this for the reason that I recognize in them naught else except the bond that bindeth them to Thy names and Thine	179.5 Ang Iyong lakas ay sumasaksi sa akin! Ganap kong nababatid na kung yuyukod ako sa isang dakot ng alabok, mula ngayon hanggang sa wakas na walang wakas, bilang pagkilala sa ugnayan nito sa Iyong pangalang ang Manlilikha, matatagpuan kong napakalayo ko pa rin sa alabok na iyon, at walang-kakayahang makalapit doon, at matutuklasang ang gayong pagsamba ay hindi nararapat doon, ni hindi makalalampas sa mga hangganang ako mismo ay sinasaklaw. At kung babangon ako upang paglingkuran ang isa sa Iyong mga tagapaglingkod, at maghintay sa kaniyang pintuan hanggang sa nananatili ang Iyong sariling kaharian at umiiral ang Iyong ganap na kapangyarihan, bilang tanda ng aking pagkilala sa bigkis na nag-uugnay sa kaniya sa Iyong pangalan, ang Maykapal, gayundin ay kakailanganin ko—at dito sumasaksi sa akin ang Iyong kaluwalhatian—na umamin sa aking lubos na kabiguang makapagbigay sa kaniya ng sapat

attributes. How can, then, such a man succeed in befittingly extolling the One through a motion of Whose finger all the names and their kingdom were called into being, and all the attributes and their dominion were created, and Who, through yet another motion of that same finger, hath united the letters B and E (Be) and knit them together, manifesting thereby what the highest thoughts of Thy chosen ones who enjoy near access to Thee are unable to grasp, and what the profoundest wisdom of those of Thy loved ones that are wholly devoted to Thee are powerless to fathom.	na paglilingkod, at sa kasalatan ko sa tunay na nararapat sa kaniyang katayuan. At ito ay sa kadahilanang nakikilala ko sa mga ito ang walang iba liban sa bigkis na nagbibigkis ng mga ito sa Iyong mga pangalan at Iyong mga katangian. Samakatwid, paano magtatagumpay ang gayong tao sa marapat na pagbubunyi sa Kaniya na sa pamamagitan ng isang kilos ng Kaniyang daliri ang lahat ng mga pangalan at ang kaharian ng mga iyon ay nilikha, at ang lahat ng mga katangian at ang sinasakupan ng mga iyon ay nilalang, at Siya, sa pamamagitan ng isa pang kilos ng daliri ding iyon, ay pinagsama ang mga pantig na Ma at Ging (Maging) at pinagbuklod ito, at sa gayon ay ginawang mahayag yaong di-maunawaan ng pinakamatayog na mga kaisipan ng Iyong mga piniling nagtatamasa ng pagkalapit sa Iyo, at walang-kakayahang unawain ng pinakamalalim na karunungan ng gayon sa Iyong mga minamahal na lubos na deboto sa Iyo.
I swear by Thy glory, O Beloved of my soul! I am bewildered when I contemplate the tokens of Thy handiwork, and the evidences of Thy might, and find myself completely unable to unravel the mystery of the least of Thy signs, how much more to apprehend Thine own Self. I beseech Thee, therefore, O my God, by Thy Name through which Thou hast caused all such as love Thee to soar in the atmosphere of Thy will, and hast guided all them that yearn after Thee into the Paradise of Thy nearness and Thy presence, to waft from the heaven of Thy loving-kindness the fragrance of certainty upon the needy among Thy loved ones, in these days when the tempests of trials have compassed them on every side, and so grievously assailed them that the souls of men have been troubled and the foundations of all beings have trembled at what hath been sent down unto them from the heaven of Thine irrevocable Purpose. They were so shaken that the lamp of their love for Thee and of their remembrance of Thee was ready to be extinguished in the recess of their	179.6 Isinusumpa ko sa Iyong kaluwalhatian, O Minamahal ng aking kaluluwa! Natutuliro ako kapag minumuni-muni ko ang mga palatandaan ng Iyong likhang-kamay, at ang mga katibayan ng Iyong lakas, at natatagpuan kong lubos na wala akong kakayahang tastasin ang hiwaga ng kaliit-liitan sa Iyong mga tanda, lalo nang hindi ang maunawaan ang Iyong angking Sarili. Sumasamo ako sa Iyo, kung gayon, O aking Diyos, sa Iyong Pangalan sa pamamagitan niyon Iyong ginawang pumailanlang sa himpapawid ng Iyong kalooban ang lahat ng gayong mga nagmamahal sa Iyo, at ginabayan silang mga nananabik sa Iyo sa Paraiso ng pagkalapit sa Iyo at sa Iyong kinaroroonan, na pasimuyin mula sa kalangitan ng Iyong masuyong kabaitan ang halimuyak ng katiyakan sa mga nangangailangan mula sa Iyong mga minamahal, sa mga araw na ito kung kailan napapalibutan sila mula sa lahat ng dako ng mga bagyo ng pagsubok, at napakalupit na sumalanta sa kanila na ang mga kaluluwa ng mga tao ay naligalig at ang mga saligan ng

hearts. Powerful art Thou to do what pleaseth Thee. Thou, in truth, art the Ever-Forgiving, the Most Generous.	lahat ng mga nilalang ay nayanig doon sa ipinababa sa kanila mula sa kalangitan ng Iyong di-mababaling Layunin. Ganoon na lamang ang kanilang pagkayanig na halos masubhan na sa kublihan ng kanilang mga puso ang lampara ng kanilang pag-ibig sa Iyo at ng kanilang paggunita sa Iyo. Makapangyarihan Ka upang gawin ang Iyong ninanais. Ikaw, sa katotohanan, ang Laging-Nagpapatawad, ang Pinakamapagbigay.
Thou givest ear, O my God and my Master, to the sighing of them that are dear to Thee, and hearest from all sides their cry, by reason of what hath befallen them at the hands of those whose hearts have been deprived of the sweet savors of Thy love. There is none either to befriend or to succor them, nor can anything deter their enemies from harming them. Unrestrained, they do what they wish, and deal with them as they please.	179.7 Iyong pinakikinggan, O aking Diyos at aking Panginoon, ang mga buntong-hininga nilang mga minamahal Mo, at naririnig mula sa lahat ng dako ang kanilang pag-iyak dahil doon sa sumapit sa kanila mula sa mga kamay ng yaong ang mga puso ay salat sa matamis na mga samyo ng Iyong pag-ibig. Walang naroroon upang kaibiganin o tulungan sila, ni wala ring makahahadlang sa kanilang mga kaaway mula sa pananakit sa kanila. Nang hindi napipigilan, ginagawa nila ang nais nila, at pinakikitunguhan sila sang-ayon sa gusto nila.
Give, therefore, O my Lord, the wonders of Thine aid to Thy loved ones, who have sought no helper except Thee, and have turned to none save Thyself, and whose eyes have expectantly awaited to behold the wonders of Thy favors and Thy gifts. Have pity, then, upon them, O my God, through the incomparable tokens of Thy mercy, and shelter them within the stronghold of Thy protection and Thy loving-kindness. Thou art the One, O my Lord, Who from everlasting hath been the Refuge of the fearful, and the Haven of the needy. Withhold not, I beseech Thee, from these feeble creatures the matchless tokens of Thy bounteousness and generosity, and leave them not to the mercy of them whose essence hath been solely created of the fire of Thy wrath and of Thine anger, and who have never discovered the fragrance of compassion and equity, and who have been so deluded by the deceitfulness of the world	179.8 Ipagkaloob, kung gayon, O aking Panginoon, ang mga kamanghaan ng Iyong tulong sa Iyong mga minamahal, na walang hinanap na katulong liban sa Iyo, at bumaling sa walang kaninuman liban sa Iyong sarili, at ang kanilang mga mata ay sabik na hinihintay na masilayan ang mga kamanghaan ng Iyong mga pagpapala at Iyong mga kaloob. Maawa, kung gayon, sa kanila, O aking Diyos, sa pamamagitan ng walang-kahambing na mga palatandaan ng Iyong kahabagan, at pangalagaan sila sa loob ng kuta ng Iyong pangangalaga at ng Iyong masuyong kabutihan. Ikaw Siya, O aking Panginoon, na mula sa kawalang-hanggan ang Siyang naging kanlungan ng matatakutin, at ang Silungan ng nangangailangan. Huwag ipagkait, isinasamo ko sa Iyo, mula sa mahihinang mga nilalang na ito, ang walang kahalintulad na mga palatandaan ng Iyong kasaganaan at pagiging bukas-palad, at huwag silang iwan sa habag

that they have denied Thy proof, and joined partners with Thee, and repudiated Thy signs, and shed the blood of those who are dear to Thee, and have been trusted by Thee. I swear by Thy might, O my Beloved! They have committed what no man before them hath committed, and have thereby deserved Thy wrath and the scourge of Thine anger. Lay hold on them by the power of Thy sovereignty, and set over them such as will have no mercy upon them, unless they return unto Thee, and enter beneath the shadow of Thy loving-kindness, and are forgiven by Thee. Thou hast from everlasting been supreme over all things, and wilt unto everlasting remain the same. Thou, truly, art the Almighty, the Most Exalted, the Equitable, the All-Wise.	nilang ang pinakadiwa ay pawang nilalang mula sa apoy ng Iyong marahan na poot at ng Iyong galit, at hindi nila kailanman natuklasan ang halimuyak ng malasakit at karampatan, at ganoon na lamang ang pagkakalinlang nila sa pandaraya ng daigdig na itinatwa nila ang Iyong katibayan, at ipinantay ang kanilang mga sarili sa Iyo, at itinanggi ang Iyong mga palatandaan, at pinadanak ang dugo nilang mga minamahal Mo at mga pinagkakatiwalaan Mo. Sumusumpa ako sa Iyong lakas, O aking Minamahal! Ginawa nila yaong hindi ginawa ng sinumang nauna sa kanila, at dahil doon ay nararapat sa kanila ang Iyong marahas na poot at ang hagupit ng Iyong galit. Sakmalin sila sa kapangyarihan ng Iyong paghahari, at gawing mamuno sa kanila yaong hindi mahahabag sa kanila, maliban lamang kung bumalik sila sa Iyo, at pumasok sa ilalim ng lilim ng Iyong masuyong kabaitan, at pinatawad Mo. Mula sa kawalang-hanggan Ikaw ay naging higit na mataas kaysa sa lahat ng bagay, at mananatiling ganoon magpakailanman. Ikaw sa katunayan ang Ganap na Makapangyarihan, ang Pinakadakila, ang Marapat, ang Lubos na Marunong.
Glorified art Thou, O Lord my God! Look Thou upon this wronged one, who hath been sorely afflicted by the oppressors among Thy creatures and the infidels among Thine enemies, though he himself hath refused to breathe a single breath but by Thy leave and at Thy bidding. I lay asleep on my couch, O my God, when lo, the gentle winds of Thy grace and Thy loving-kindness passed over me, and wakened me through the power of Thy sovereignty and Thy gifts, and bade me arise before Thy servants, and speak forth Thy praise, and glorify Thy word. Thereupon most of Thy people reviled me. I swear by Thy glory, O my God! I never thought that they would show forth such deeds, aware as I am that Thou hast Thyself announced this Revelation unto them in the Scrolls of Thy commandment and the Tablets of Thy decree, and hast covenanted with them concerning	179.9 Luwalhatiin Ka nawa, O Panginoon kong Diyos! Tingnan Mo ang pinagkasalahang ito na lubhang pinahirapan ng mga maniniil mula sa Iyong mga nilalang at ng mga hindi sumasampalataya mula sa Iyong mga kaaway, bagaman siya mismo ay tumangging huminga ng kahit isang hininga maliban lamang sa Iyong pahintulot at sa Iyong utos. Tulog akong nakahimlay sa aking higaan, O aking Diyos, nang masdan, ang banayad na mga hangin ng Iyong biyaya at Iyong masuyong kabaitan ay sumimoy sa akin, at ginising ako sa kapangyarihan ng Iyong paghahari at ng Iyong mga kaloob, at inatasan akong bumangon sa harap ng Iyong mga tagapaglingkod, at magbigay wika ng papuri sa Iyo, at luwalhatiin ang Iyong salita. Bunga niyon sinumbatan ako ng karamihan sa Iyong mga tao. Sumusumpa ako sa Iyong kaluwalhatian, O aking Diyos! Hindi ko

this youth in every word sent down by Thee unto Thy creatures and Thy people.	kailanman inakalang magpapakita sila ng ganoong mga gawain, yamang batid kong Ikaw mismo sa Iyong sarili ang nagpatalastas ng Rebelasyong ito sa kanila sa mga Pergamino ng Iyong kautusan at sa mga Tableta ng Iyong utos, at gumawa ng kasunduan sa kanila kaugnay ng kabataang ito sa bawat salitang ipinababa Mo sa Iyong mga nilalang at Iyong mga tao.
I am bewildered, therefore, O my God, and know not how to act toward them. Every time I hold my peace, and cease to extol Thy wondrous virtues, Thy Spirit impelleth me to cry out before all who are in Thy heaven and on Thy earth; and every time I am still, the breaths wafted from the right hand of Thy will and purpose pass over me, and stir me up, and I find myself to be as a leaf which lieth at the mercy of the winds of Thy decree, and is carried away whithersoever Thou dost permit or command it. Every man of insight who considereth what hath been revealed by me, will be persuaded that Thy Cause is not in my hands, but in Thy hands, and will recognize that the reins of power are held not in my grasp but in Thy grasp, and are subject to Thy sovereign might. And yet, Thou seest, O my God, how the inhabitants of Thy realm have arrayed themselves against me, and inflict upon me every moment of my life what causeth the realities of Thy chosen ones and trusted ones to tremble.	179.10 Natutuliro ako, kung gayon, O aking Diyos, at hindi malaman kung paano sila pakikitunguhan. Sa tuwing nananahimik ako, at inihihinto ang pagbunyi sa Iyong kamangha-manghang mga kabutihan, ibinubunsod ako ng Iyong Espiritu na isigaw iyon sa harap ng lahat ng nasa Iyong langit at ng nasa Iyong lupa; at sa tuwing hindi ako kumikilos, ang mga hiningang humihihip mula sa kanang kamay ng Iyong kalooban at layunin ay sumisimoy sa akin at pinakikilos ako, at natutuklasan kong waring isang dahon lamang ako na nasa kapangyarihan ng mga hangin ng Iyong kautusan, at tinatangay sa anumang dako na Iyong itinutulot o iniuutos. Ang bawat taong malalim ang pag-unawa na pinag-iisipan ang ipinahayag ko ay maniniwalang ang Iyong Kapakanan ay wala sa aking mga kamay, at makikilalang ang mga renda ng kapangyarihan ay hindi ko natatanganan bagkus ay Iyong tinatanganan, at sumusunod sa Iyong naghaharing lakas. At gayumpaman, Iyong nakikita, O aking Diyos, kung paanong humanay ang mga nananahan sa Iyong kaharian nang laban sa akin, at ipinalasap sa akin sa bawat sandali ng aking buhay yaong nagsasanhi ng pangangatog ng mga realidad ng Iyong mga pinili at mga pinagkakatiwalaan.
I entreat Thee, therefore, O my God, by Thy Name through which Thou hast guided Thy lovers to the living waters of Thy grace and Thy favors, and attracted them that long for Thee to the Paradise of Thy nearness and Thy presence, to open the eyes of Thy people that they may recognize in this Revelation the	179.11 Sumasamo ako sa Iyo, kung gayon, O aking Diyos, sa Iyong Pangalan na sa pamamagitan niyon Iyong ginabayan ang Iyong mga mangingibig tungo sa mga buhay na tubig ng Iyong biyaya at Iyong mga pagpapala, at inakit silang mga nananabik sa Iyo tungo sa paraiso ng Iyong kalapitan at

manifestation of Thy transcendent unity, and the dawning of the lights of Thy countenance and Thy beauty. Cleanse them, then, O my God, from all idle fancies and vain imaginations, that they may inhale the fragrances of sanctity from the robe of Thy Revelation and Thy commandment, that haply they may cease to inflict upon me what will deprive their souls of the fragrances of the manifold tokens of Thy mercy, that are wafted in the days of Him Who is the Manifestation of Thyself, and the Dayspring of Thy Cause, and that they may not perpetrate what will call down Thy wrath and anger.	Iyong kinaroroonan, na buksan ang mga mata ng Iyong mga tao nang upang makilala nila sa Rebelasyong ito ang kahayagan ng Iyong nangingibabaw na pagkakaisa, at ang pamimitak ng mga liwanag ng Iyong mukha at ng Iyong kagandahan. Linisin sila, O aking Diyos, mula sa lahat ng walang-katuturang mga hinagap at walang-kabuluhang mga kathang-isip, nang magawa nilang langhapin ang mga samyo ng kabanalan mula sa baro ng Iyong Rebelasyon at Iyong kautusan, nang sakaling huminto sila sa pagpapalasap sa akin ng magkakait sa kanilang mga kaluluwa ng mga halimuyak ng napakaraming palatandaan ng Iyong habag, na sumisimoy sa mga araw Niya na Siyang Kahayagan ng Iyong sarili, at ng Pamimitak ng Iyong Kapakanan, at nang hindi nila gawin yaong tatawag sa Iyong poot at galit.
Thou well knowest, O my God, that I was regarded as one of the people of the Bayán, and consorted with them with love and fellowship, and summoned them to Thee in the daytime and in the night season, through the wonders of Thy Revelation and Thine inspiration, and sustained at their hands what the inmates of the cities of Thine invention are powerless to recount. I swear by Thy might, O my Beloved! Every morning I waken to find that I am made a target for the darts of their envy, and every night, when I lie down to rest, I discover that I have fallen a victim to the spears of their hate. Though Thou hast made known unto me the secrets of their hearts, and hast set me above them, I have refused to uncover their deeds, and have dealt patiently with them, mindful of the time which Thou hast fixed. And when Thy promise came to pass, and the set time was fulfilled, Thou didst lift, to an imperceptible degree, the veil of concealment, and lo, all the inmates of the kingdoms of Thy Revelation and of Thy creation shook and trembled, except those who were created by Thee, through the fire of Thy love, and the breath of Thine eagerness, and the water of Thy loving-kindness, and the	179.12 Iyong lubos na nalalaman, O aking Diyos, na itinuring akong isa sa mga tao ng Bayán, at nakipaghalubilo sa kanila sa pagmamahalan at mabuting samahan, at tinawagan sila patungo sa Iyo sa araw at gabi, sa pamamagitan ng mga kamanghaan ng Iyong Rebelasyon at ng Iyong inspirasyon, at dinanas mula sa kanilang mga kamay yaong hindi kayang isaysay ng mga nananahan sa mga lungsod na Iyong nilikha. Sumusumpa ako sa Iyong lakas, O aking Minamahal! Tuwing umaga sa aking paggising natatagpuan kong ginawa akong tudlaan ng mga palaso ng kanilang inggit, at bawat gabi, sa paghiga ko upang mamahinga, natutuklasan kong naging biktima na ako ng mga sibat ng kanilang pagkamuhi. Bagaman ipinabatid Mo sa akin ang mga lihim ng kanilang mga puso, at inilagay akong maging mas mataas sa kanila, hindi ko ibinunyag ang kanilang mga gawain, at buong pagtitimping pinakitunguhan sila yamang isinasaisip ang panahong itinakda Mo. At nang natupad ang Iyong pangako, at ang takdang panahon ay sumapit, Iyong iniangat, sa kaliit-liitang antas, ang lambong ng paglilihim, at masdan, ang lahat ng mga nananahan sa mga kaharian ng Iyong

clay of Thy grace. These are they who are glorified by the Concourse on high and the denizens of the Cities of eternity.	Rebelasyon at ng Iyong kinapal ay nayanig at nangatal, maliban lamang doon sa Iyong mga nilikha, mula sa apoy ng Iyong pag-ibig, at sa hininga ng Iyong kasabikan, at sa tubig ng Iyong masuyong kabaitan, at sa luad ng Iyong biyaya. Sila itong mga niluwalhati ng kalipunan sa kaitaasan at ng mga nananahan sa mga Lungsod ng kawalang-hanggan.
I give praise to Thee, therefore, O my God, that Thou hast preserved them that have acknowledged Thy unity, and hast destroyed them that have joined partners with Thee, and hast divided the one from the other through yet another word that hath proceeded out of the mouth of Thy will, and flowed down from the pen of Thy purpose. Thereby have Thy servants, who were created through the word of Thy commandment, and were begotten by Thy will, caviled at me, and so fiercely opposed me that they repudiated Thee, and have rejected Thy signs, and have risen up against Thee.	179.13 Nagbibigay papuri ako sa Iyo, kung gayon, O aking Diyos, na Iyong pinangalagaan silang mga kumilala sa Iyong pagkakaisa, at winasak silang mga nakipantay sa Iyo, at pinaghiwalay ang isa mula sa kabila sa pamamagitan ng isa pang salita mula sa bibig ng Iyong kalooban, at dumaloy mula sa panulat ng Iyong layunin. Bunga niyon ang Iyong mga tagapaglingkod, na nilikha sa pamamagitan ng salita ng Iyong kautusan, at isinupling ng Iyong kalooban, ay nagharap ng walang-kabuluhang mga tutol laban sa akin, at napakatindi ng kanilang paglaban sa akin na itinatwa Ka nila, at tinanggihan ang Iyong mga palatandaan, at nagsibangon laban sa Iyo.
Thy glory beareth me witness, O my Beloved! My pen is powerless to describe what their hands have wrought against Him Who is the Manifestation of Thy Cause, and the Dayspring of Thy Revelation, and the Dawning-Place of Thine inspiration. For all this I give praise to Thee. I swear by Thy glory, O my God! My heart yearneth after the things ordained by Thee in the heaven of Thy decree and the kingdom of Thine appointment. For whatsoever befalleth me in Thy path is the beloved of my soul and the goal of my desire. This, verily, is to be ascribed to naught except Thy power and Thy might.	179.14 Ang Iyong kaluwalhatian ay sumasaksi sa akin, O aking Minamahal! Ang panulat ko ay walang- kakayahang ilarawan kung ano ang ginawa ng kanilang mga kamay laban sa Kaniya na Siyang Kahayagan ng Iyong Kapakanan, at ang Pamimitak ng Iyong Rebelasyon, at ang Pook-Silangan ng Iyong inspirasyon. Dahil sa lahat ng mga ito ay nagbibigay papuri ako sa Iyo. Sumusumpa ako sa Iyong kaluwalhatian, O aking Diyos! Nananabik ang aking puso para sa mga bagay na itinalaga Mo sa kalangitan ng Iyong kautusan at sa kaharian ng Iyong pagtatalaga. Sapagkat anuman ang sumapit sa akin sa Iyong landas ay ang minamahal ng aking kaluluwa at ang layunin ng aking pagnanasa. Ito, sa katunayan, ay dahil sa walang iba liban sa Iyong kapangyarihan at Iyong lakas.
I am the one, O my God, who, through the love I bear to Thee, hath been able to dispense with all who are in heaven and on earth. Armed with this love, I am afraid of no one,	179.15 Ako siya, O aking Diyos, na dahil sa pag-ibig ko sa Iyo, ay nagawang ipagpaliban ang lahat ng nasa langit at ng nasa lupa. Nasasandatahan ng pag-ibig na ito, wala

though all the peoples of the world unite to hurt me. Oh, that my blood could, this very moment, be shed on the face of the earth before Thee, and Thou wouldst behold me in the condition in which Thou didst behold such of Thy servants as have drawn nigh unto Thee, and those of Thy righteous creatures as have been chosen by Thee!	akong kinatatakutan, kahit pa magkaisa ang lahat ng mga tao ng daigdig laban sa akin. Hay, kung maaari lamang padanakin ang aking dugo, sa mismong sandaling ito, sa balat ng lupa sa Iyong harapan, at nang makita Mo akong nasa kalagayang nakita Mo ang gayon sa Iyong mga tagapaglingkod na nakalapit sa Iyo, at ng gayon sa Iyong matuwid na mga nilikhang pinili Mo!
I give Thee thanks, O my God, that Thou hast decided through the power of Thy decree, and wilt continue to decide through Thine irrevocable appointment and purpose. I entreat Thee, O my Beloved, by Thy Name through which Thou didst lift up the ensigns of Thy Cause, and shed the splendors of the light of Thy countenance, to send down upon me and upon such of Thy servants as are wholly devoted to Thee all the good Thou hast ordained in Thy Tablets. Establish us, then, upon the seats of truth in Thy presence, O Thou in Whose hands is the kingdom of all things!	179.16 Nagpapasalamat ako sa Iyo, O aking Diyos, na Ikaw ay nagpasiya sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Iyong utos, at patuloy na magpapasiya sa pamamagitan ng Iyong di-mababaling pagtatalaga at layunin. Sumasamo ako sa Iyo, O aking Minamahal, sa Iyong Pangalang sa pamamagitan niyon ay Iyong itinaas ang mga bandila ng Iyong Kapakanan, at ipinasikat ang mga karilagan ng Liwanag ng Iyong mukha, na ipababa sa akin at sa gayon sa Iyong mga tagapaglingkod na lubos na deboto sa Iyo ang lahat ng kabutihang itinalaga Mo sa Iyong mga Tableta. Iluklok kami, kung gayon, sa mga luklukan ng katotohanan sa Iyong kinaroroonan, O Ikaw na nasa Iyong mga kamay ang kaharian ng lahat ng mga bagay!
Thou art, verily, the Almighty, the All-Glorious, the Most Merciful.	179.17 Ikaw sa katunayan, ang Ganap na Makapangyarihan, ang Lubos na Maluwalhati, ang Pinakamahabagin.
– CLXXX –	CLXXX
The praise which hath dawned from Thy most august Self, and the glory which hath shone forth from Thy most effulgent Beauty, rest upon Thee, O Thou Who art the Manifestation of Grandeur, and the King of Eternity, and the Lord of all who are in heaven and on earth! I testify that through Thee the sovereignty of God and His dominion, and the majesty of God and His grandeur, were revealed, and the Daystars of ancient splendor have shed their radiance in the heaven of Thine irrevocable decree, and the Beauty of the Unseen hath shone forth above the horizon of creation. I	180.1 Ang papuring nagliwayway buhat sa Iyong kamahal-mahalang Sarili, at ang kaluwalhatiang sumikat buhat sa Iyong maningning na Kagandahan, ay nananahan sa Iyo, O Ikaw na Kapahayagan ng Kamaharlikaan, at Hari ng Kawalang-hanggan, at Panginoon ng lahat ng nasa langit at nasa lupa! Pinatutunayan ko na sa pamamagitan Mo ang paghahari ng Diyos at ang Kaniyang kaharian, at ang kamahalan ng Diyos at ang Kaniyang kamaharlikaan, ay nahayag, at ang mga Bituing-araw ng matandang karilagan ay nagpalaganap ng

testify, moreover, that with but a movement of Thy Pen Thine injunction "Be Thou" hath been enforced, and God's hidden Secret hath been divulged, and all created things have been called into being, and all the Revelations have been sent down.	kanilang ningning sa langit ng Iyong di-mababaling kautusan, at ang Kagandahan ng Di-nakikita ay sumikat sa itaas ng sugpungang-guhit ng santinakpan. Pinatutunayan ko, at higit dito, na sa isa lamang kilos ng Iyong Panulat ang Iyong utos na "Ikaw ay maging" ay naipatupad, at ang nakatagong Lihim ng Diyos ay naihayag, at lahat ng nilikhang bagay ay tinawag sa pagkabuhay, at lahat ng Rebelasyon ay ipinapanaog.
I bear witness, moreover, that through Thy beauty the beauty of the Adored One hath been unveiled, and through Thy face the face of the Desired One hath shone forth, and that through a word from Thee Thou hast decided between all created things, causing them who are devoted to Thee to ascend unto the summit of glory, and the infidels to fall into the lowest abyss.	180.2 Pinatutunayan ko, at higit dito, na sa pamamagitan ng Iyong kagandahan, ang kagandahan ng Sinasamba ay iniangat ang lambong, at sa pamamagitan ng Iyong mukha, ang mukha ng Hinahangad ay sumikat, at sa pamamagitan ng isang salita buhat sa Iyo, nakapamili Ka sa lahat ng mga bagay na nilalang; yaong matatapat sa Iyo ay tinulutan Mong makaakyat sa tuktok ng kaluwalhatian, at ang mga hindi sumasampalataya ay mahulog sa pinakamalalim na bangin.
I bear witness that he who hath known Thee hath known God, and he who hath attained unto Thy presence hath attained unto the presence of God. Great, therefore, is the blessedness of him who hath believed in Thee, and in Thy signs, and hath humbled himself before Thy sovereignty, and hath been honored with meeting Thee, and hath attained the good pleasure of Thy will, and circled around Thee, and stood before Thy throne. Woe betide him that hath transgressed against Thee, and hath denied Thee, and repudiated Thy signs, and gainsaid Thy sovereignty, and risen up against Thee, and waxed proud before Thy face, and hath disputed Thy testimonies, and fled from Thy rule and Thy dominion, and been numbered with the infidels whose names have been inscribed by the fingers of Thy behest upon Thy holy Tablets.	180.3 Pinatutunayan ko na ang nakakilala sa Iyo ay nakakilala sa Diyos, at ang nakarating sa Iyong harapan ay nakarating sa harapan ng Diyos. Dakila samakatwid, ang pagpapala niya na sumasampalataya sa Iyo, at sa Iyong mga tanda, at nagpakababa sa harap ng Iyong kapangyarihan, at naging karangalan ang pakikipagtagpo sa Iyo, at nakaabot sa mabuting kasiyahan ng Iyong kalooban, at nakaligid sa Iyo, at nakatayo sa harap ng Iyong trono. Kapighatian ay mapapasakaniya na sumalansang sa Iyo, at tumanggi sa Iyo, at nagpawalang-saysay sa Iyong mga tanda, at tumutol sa Iyong paghahari, at nagbangon laban sa Iyo at nagpalalo sa harap ng Iyong mukha, at pinakipagtalunan ang Iyong mga patunay, at tumakas mula sa Iyong pamamahala at sa Iyong kaharian, at napabilang sa mga hindi sumasampalataya na ang mga pangalan ay naititik ng mga daliri ng Iyong utos sa Iyong mga banal na Tableta.
Waft, then, unto me, O my God and my Beloved, from the right hand of Thy mercy	180.4 Itulak Mo kung gayon patungo sa akin, O aking Diyos at aking Mahal, buhat sa

and Thy loving-kindness, the holy breaths of Thy favors, that they may draw me away from myself and from the world unto the courts of Thy nearness and Thy presence. Potent art Thou to do what pleaseth Thee. Thou, truly, hast been supreme over all things.	kanang kamay ng Iyong kahabagan at Iyong mapagmahal na kaawaan, ang mga banal na hininga ng Iyong mga pagtatangkilik, nang upang ako ay mailayo ng mga iyon sa aking sarili at sa daigdig patungo sa mga liwasan ng pagkalapit sa Iyo at pagkaharap sa Iyo. May kakayahan Kang gumawa ng ikinasisiya Mo. Tunay na Ikaw ay nakapangyayari sa lahat ng bagay.
The remembrance of God and His praise, and the glory of God and His splendor, rest upon Thee, O Thou Who art His Beauty! I bear witness that the eye of creation hath never gazed upon one wronged like Thee. Thou wast immersed all the days of Thy life beneath an ocean of tribulations. At one time Thou wast in chains and fetters; at another Thou wast threatened by the sword of Thine enemies. Yet, despite all this, Thou didst enjoin upon all men to observe what had been prescribed unto Thee by Him Who is the All-Knowing, the All-Wise.	180.5 Ang pag-alaala sa Diyos at ang pagpuri sa Kaniya at ang kaluwalhatian ng Diyos at ang Kaniyang karilagan, ay nananahan sa Iyo, O Ikaw na Kaniyang Kagandahan! Saksi ako na ang mata ng santinakpan ay di-kailanman nakamalas ng isang pinagkasalahan na tulad Mo. Nakatubog Ka sa lahat ng araw ng Iyong buhay sa karagatan ng mga paghihirap. May isang panahong Ikaw ay nakatanikala; sa isa pang panahon ay pinagbantaan Ka ng mga tabak ng Iyong mga kaaway. Ngunit sa kabila ng lahat ng ito, iniutos Mo sa lahat ng tao na sundin yaong sa Iyo ay iniatas Niya na Lubos na Nakababatid, ang Lubos na Marunong.
May my spirit be a sacrifice to the wrongs Thou didst suffer, and my soul be a ransom for the adversities Thou didst sustain. I beseech God, by Thee and by them whose faces have been illumined with the splendors of the light of Thy countenance, and who, for love of Thee, have observed all whereunto they were bidden, to remove the veils that have come in between Thee and Thy creatures, and to supply me with the good of this world and the world to come. Thou art, in truth, the Almighty, the Most Exalted, the All-Glorious, the Ever-Forgiving, the Most Compassionate.	180.6 Ang aking espiritu ay maging hain nawa sa mga kasamaang sinapit Mo, at ang aking kaluluwa ay maging panubos nawa sa mga kasawiang-palad na dinanas Mo. Sumasamo ako sa Diyos sa pamamagitan Mo at nila na ang mga mukha ay tinanglawan ng kaluningningan ng liwanag ng Iyong kaanyuan, at sila na sa pag-ibig sa Iyo ay nagsagawa ng lahat ng iniatas sa kanila, na alisin ang mga lambong na nakapagitan sa Iyo at sa Iyong mga nilalang, at dulutan ako ng mabubuting bagay sa daigdig na ito at sa daigdig na darating. Ikaw sa katotohanan, ang Lubos na Makapangyarihan, ang Katas-taasan, ang Lubos na Maluwalhati, ang Laging-Nagpapatawad, ang Pinakamahabagin.
Bless Thou, O Lord my God, the Divine Lote-Tree and its leaves, and its boughs, and its branches, and its stems, and its offshoots, as long as Thy most excellent titles will endure and Thy most august attributes will	180.7 Pagpalain Mo, Panginoon kong Diyos, ang Banal na Punong-Lote at ang mga dahon niyon, at ang mga malalaking sanga niyon at ang mga maliliit na sanga niyon, at ang mga tangkay niyon, at ang mga supang niyon,

last. Protect it, then, from the mischief of the aggressor and the hosts of tyranny. Thou art, in truth, the Almighty, the Most Powerful. Bless Thou, also, O Lord my God, Thy servants and Thy handmaidens who have attained unto Thee. Thou, truly, art the All-Bountiful, Whose grace is infinite. No God is there save Thee, the Ever-Forgiving, the Most Generous.	hanggang ang Iyong pinakamagaling na mga taguri at ang Iyong kamahal-mahalang mga katangian ay mananatili. Ipag-adya iyon, kung gayon, sa pamiminsala ng mapanunggali at sa mga pangkat ng manlulupig. Tunay na Ikaw ang Lubos na Makapangyarihan, ang Pinakamalakas. Pagpalain Mo rin, O Panginoon kong Diyos, ang Iyong mga tagapaglingkod at ang Iyong mga kawaksing babae na nakarating sa Iyo. Tunay na Ikaw ang Lubos na Mapagpala, na ang biyaya ay walang hanggan. Walang Diyos liban sa Iyo, ang Laging-Nagpapatawad, ang Pinakamagandang-loob.
The Tablet of Visitation.	*Ang Tableta ng Pagdalaw*
– CLXXXI –	CLXXXI
I bear witness, O my God, that Thou hast created me to know Thee and to worship Thee. I testify, at this moment, to my powerlessness and to Thy might, to my poverty and to Thy wealth.	181.1 Saksi ako, O aking Diyos, na nilalang Mo ako upang kumilala sa Iyo at sumamba sa Iyo. Sumasaksi ako, sa sandaling ito, sa aking kawalang-lakas at sa Iyong kapangyarihan, sa aking karukhaan at sa Iyong kayamanan.
There is none other God but Thee, the Help in Peril, the Self-Subsisting.	181.2 Walang iba pang Diyos liban sa Iyo, ang Tulong sa Panganib, ang Sariling-Ganap.
Short obligatory prayer, to be recited once in twenty-four hours, at noon.	[Maikling dalanging katungkulang isagawa, dapat usalin minsan sa loob ng dalawampu't apat na oras, sa tanghali.]
– CLXXXII –	CLXXXII
Whoso wisheth to pray, let him wash his hands, and while he washeth, let him say:	*Sinuman ang nagnanais na manalangin, hayaang hugasan niya ang kaniyang mga kamay, at samantalang siya ay naghuhugas, hayaang sabihin niya:*
Strengthen my hand, O my God, that it may take hold of Thy Book with such steadfastness that the hosts of the world shall have no power over it. Guard it, then, from meddling with whatsoever doth not belong unto it. Thou art, verily, the Almighty, the Most Powerful.	182.1 Palakasin ang aking kamay, O aking Diyos, upang magawa nitong hawakan ang Iyong Aklat nang buong katatagan at nang ang mga hukbo ng daigdig ay hindi makapanaig dito. Ingatan ito, kung gayon, upang hindi makialam sa anumang hindi niya pag-aari.

	Ikaw, sa katunayan, ang Lubos na Makapangyarihan, ang Pinakamalakas.
And while washing his face, let him say:	*At habang naghihilamos, hayaang sabihin niya:*
I have turned my face unto Thee, O my Lord! Illumine it with the light of Thy countenance. Protect it, then, from turning to anyone but Thee.	182.2 Ibinaling ko ang aking mukha sa Iyo, O aking Panginoon! Tanglawan ito ng liwanag ng Iyong kaanyuan. Pangalagaan ito, kung gayon, sa pagbaling sa sinuman liban sa Iyo.
Then let him stand up, and facing the Qiblih (Point of Adoration, i.e., Bahjí, 'Akká), let him say:	*Pagkatapos hayaan siyang tumayo, at nakaharap sa Qiblih (Pook ng Pagsamba, a.b., Bahjí, 'Akká), hayaang sabihin niya:*
God testifieth that there is none other God but Him. His are the kingdoms of Revelation and of creation. He, in truth, hath manifested Him Who is the Dayspring of Revelation, Who conversed on Sinai, through Whom the Supreme Horizon hath been made to shine, and the Lote-Tree beyond which there is no passing hath spoken, and through Whom the call hath been proclaimed unto all who are in heaven and on earth: "Lo, the All-Possessing is come. Earth and heaven, glory and dominion are God's, the Lord of all men, and the Possessor of the Throne on high and of earth below!"	182.3 Pinatutunayan ng Diyos na walang iba pang Diyos liban sa Kaniya. Kaniya ang mga kaharian ng Rebelasyon at ng sangnilikha. Siya, sa katotohanan, ang nagpahayag sa Kaniya na Pamimitak ng Rebelasyon, na nakipag-usap sa Sinai, na sa pamamagitan Niya ay ipinagsikat ang Kataas-taasang Sugpungang-guhit, at pinagsalita ang Punong-Lote na sa kabila niyon ay walang makalalampas, at sa pamamagitan Niya ay ipinatalastas ang panawagan sa lahat ng nasa langit at nasa lupa: "Masdan, ang Nagmamay-ari sa Lahat ay dumating na. Ang lupa at langit, kaluwalhatian at kaharian, ay sa Diyos, ang Panginoon ng lahat ng tao, at ang Nagmamay-ari ng Trono sa itaas at ng lupa sa ibaba!"
Let him, then, bend down, with hands resting on the knees, and say:	*Hayaan siya, pagkatapos, ay yumuko, nang ang mga kamay ay nakapatong sa mga tuhod, at sabihin:*
Exalted art Thou above my praise and the praise of anyone beside me, above my description and the description of all who are in heaven and all who are on earth!	182.4 Ikaw ay higit na dakila kaysa sa aking pagpupuri at sa pagpupuri ng sinuman bukod sa akin, higit sa aking paglalarawan at paglalarawan ng lahat ng nasa langit at lahat ng nasa lupa!
Then, standing with open hands, palms upward toward the face, let him say:	*Pagkatapos, nang nakatayo na bukas ang mga kamay, ang mga palad ay nakataas at nakaharap sa mukha, hayaang sabihin niya:*

Disappoint not, O my God, him that hath, with beseeching fingers, clung to the hem of Thy mercy and Thy grace, O Thou Who of those who show mercy art the Most Merciful!	182.5 Huwag biguin, O aking Diyos, siya na may nagsusumamong mga daliri, na nangapit sa laylayan ng Iyong kahabagan at ng Iyong biyaya, O Ikaw na sa yaong mga nagpapakita ng habag ay ang Pinakamahabagin!
Let him, then, be seated and say:	*Hayaan siya, pagkatapos, na maupo at sabihin:*
I bear witness to Thy unity and Thy oneness, and that Thou art God, and that there is none other God beside Thee. Thou hast, verily, revealed Thy Cause, fulfilled Thy Covenant, and opened wide the door of Thy grace to all that dwell in heaven and on earth. Blessing and peace, salutation and glory, rest upon Thy loved ones, whom the changes and chances of the world have not deterred from turning unto Thee, and who have given their all, in the hope of obtaining that which is with Thee. Thou art, in truth, the Ever-Forgiving, the All-Bountiful.	182.6 Saksi ako sa Iyong kaisahan at sa Iyong pagkakaisa, na Ikaw ang Diyos, at walang iba pang Diyos liban sa Iyo. Sa katunayan, Iyong ipinahayag ang Iyong Kapakanan, tinupad ang Iyong Kasunduan, at binuksan nang maluwang ang pinto ng Iyong biyaya sa lahat ng nananahan sa langit at sa lupa. Ang pagpapala at kapayapaan, pagbati at luwalhati, ay nasa Iyong mga minamahal, na hindi napigil ng mga pagbabago at pagkakataon ng daigdig sa pagharap sa Iyo, at nagbigay ng lahat ng nasa kanila sa pag-asang matatamo nila yaong nasa Iyo. Ikaw, sa katotohanan, ang Laging- Nagpapatawad, ang Lubos na Mapagbigay-biyaya.
(If anyone choose to recite instead of the long verse these words: "God testifieth that there is none other God but Him, the Help in Peril, the Self-Subsisting," *it would be sufficient. And likewise, it would suffice were he, while seated, to choose to recite these words:* "I bear witness to Thy unity and Thy oneness, and that Thou art God, and that there is none other God beside Thee.")	*(Kung nais ng sinuman na usalin, sa halip ng mahabang taludtod ang mga katagang ito:* "Pinatutunayan ng Diyos na walang iba pang Diyos liban sa Kaniya, ang Tulong sa Panganib, ang Sariling-Ganap," *ito ay makasasapat. Gayundin, makasasapat na kung habang nakaupa ay usalin niya ang mga salitang ito:* "Saksi ako sa Iyong kaisahan at sa Iyong pagkakaisa, na Ikaw ang Diyos, na walang iba pang Diyos liban sa Iyo.")
Medium obligatory prayer, to be recited daily, in the morning, at noon, and in the evening.	[Katamtamang dalanging katungkulang isagawa, dapat usalin araw-araw, sa umaga, sa tanghali at sa gabi.]
– CLXXXIII –	CLXXXIII
Whoso wisheth to recite this prayer, let him stand up and turn unto God, and, as he standeth in his place, let him gaze to the	*Sinumang nagnanais na umusal sa panalanging ito, hayaang siya ay tumindig at humarap sa Diyos, at habang siya ay*

right and to the left, as if awaiting the mercy of his Lord, the Most Merciful, the Compassionate. Then let him say:	*nakatayo sa kaniyang lugar, hayaang siya ay tumingin sa kanan at sa kaliwa, na waring naghihintay ng habag ng kaniyang Panginoon, ang Pinakamahabagin, ang Madamayin. Pagkatapos, hayaang sabihin niya:*
O Thou Who art the Lord of all names and the Maker of the heavens! I beseech Thee by them Who are the Daysprings of Thine invisible Essence, the Most Exalted, the All-Glorious, to make of my prayer a fire that will burn away the veils which have shut me out from Thy beauty, and a light that will lead me unto the ocean of Thy Presence.	183.1 O Ikaw na Panginoon ng lahat ng pangalan at Lumikha ng mga kalangitan! Isinasamo ko sa Iyo sa pamamagitan nila na mga Pamimitak ng Iyong di-nakikitang Diwa, ang Pinakadakila, ang Lubos na Maluwalhati, na sa aking dalangin ay lumikha ng isang apoy na sisilab sa mga lambong na naglingid sa akin sa Iyong kagandahan, at ng isang liwanag na mag-aakay sa akin patungo sa karagatan ng pagkamalas sa Iyo.
Let him then raise his hands in supplication toward God—blessed and exalted be He—and say:	*Pagkatapos, hayaang itaas niya ang kaniyang mga kamay sa pagsusumamo sa Diyos—pagpalain at luwalhatiin Siya—at sabihin:*
O Thou the Desire of the world and the Beloved of the nations! Thou seest me turning toward Thee, and rid of all attachment to anyone save Thee, and clinging to Thy cord, through whose movement the whole creation hath been stirred up. I am Thy servant, O my Lord, and the son of Thy servant. Behold me standing ready to do Thy will and Thy desire, and wishing naught else except Thy good pleasure. I implore Thee by the Ocean of Thy mercy and the Daystar of Thy grace to do with Thy servant as Thou willest and pleasest. By Thy might which is far above all mention and praise! Whatsoever is revealed by Thee is the desire of my heart and the beloved of my soul. O God, my God! Look not upon my hopes and my doings, nay rather look upon Thy will that hath encompassed the heavens and the earth. By Thy Most Great Name, O Thou Lord of all nations! I have desired only what Thou didst desire, and love only what Thou dost love.	183.2 O Ikaw na Mithiin ng daigdig at Minamahal ng mga bansa! Nakikita Mo akong bumabaling sa Iyo, at malaya sa lahat ng kaugnayan sa anuman liban sa Iyo, at nangangapit sa Iyong kordon, na sa paggalaw nito ang buong santinakpan ay napukaw. Ako ang Iyong tagapaglingkod, O aking Panginoon, at anak ng Iyong tagapaglingkod. Iyo akong masdan nang nakatayo at handang gawin ang Iyong kalooban at ang Iyong nais, at walang ibang hinahangad liban sa Iyong mabuting kasiyahan. Isinasamo ko sa Iyo sa Karagatan ng Iyong kahabagan at sa Bituing-araw ng Iyong biyaya na gawin sa Iyong tagapaglingkod ang Iyong niloloob at ikinasisiya. Saksi ang Iyong kapangyarihan na hindi makakayang abutin ng lahat ng pagbanggit at pagpuri! Anuman ang Iyong ipinahayag ay ang hangarin ng aking puso at ang minamahal ng aking kaluluwa. O Diyos, aking Diyos! Huwag tingnan ang aking mga pag-asa at aking mga gawa, sa halip tingnan ang Iyong kalooban na pumapalibot sa mga kalangitan at kalupaan. Saksi ang Iyong Pinakadakilang Pangalan, O Ikaw na

	Panginoon ng lahat ng bansa! Ang tanging hangad ko ay ang Iyong hinahangad, at ang tanging pag-ibig ko ay ang Iyong iniibig.
Let him then kneel, and bowing his forehead to the ground, let him say:	*Hayaang siya ay lumuhod, at nang nakayukod ang noo sa lupa, hayaang sabihin niya:*
Exalted art Thou above the description of anyone save Thyself, and the comprehension of aught else except Thee.	183.3 Ikaw ay dakila nang higit sa paglalarawan ng sinuman liban sa Iyong Sarili, at sa pag-unawa ng sinumang iba pa liban sa Iyo.
Let him then stand and say:	*Hayaang siya ay tumindig at sabihin:*
Make my prayer, O my Lord, a fountain of living waters whereby I may live as long as Thy sovereignty endureth, and may make mention of Thee in every world of Thy worlds.	183.4 Gawin ang aking dalangin, O aking Panginoon, na maging isang bukal ng mga buhay na tubig upang dito ako ay maaaring mabuhay habang nananatili ang Iyong paghahari, at maaaring banggitin Kita sa bawat daigdig ng Iyong mga daigdig.
Let him again raise his hands in supplication, and say:	*Hayaang muling itaas niya ang kaniyang mga kamay sa pagsusumamo, at sabihin:*
O Thou in separation from Whom hearts and souls have melted, and by the fire of Whose love the whole world hath been set aflame! I implore Thee by Thy Name through which Thou hast subdued the whole creation, not to withhold from me that which is with Thee, O Thou Who rulest over all men! Thou seest, O my Lord, this stranger hastening to his most exalted home beneath the canopy of Thy majesty and within the precincts of Thy mercy; and this transgressor seeking the ocean of Thy forgiveness; and this lowly one the court of Thy glory; and this poor creature the orient of Thy wealth. Thine is the authority to command whatsoever Thou willest. I bear witness that Thou art to be praised in Thy doings, and to be obeyed in Thy behests, and to remain unconstrained in Thy bidding.	183.5 O Ikaw na ang pagkalayo sa Iyo ay ikinatutunaw ng mga puso at kaluluwa, na sa pamamagitan ng apoy ng Iyong pag-ibig ay nagliyab ang buong daigdig! Sumasamo ako sa Iyo sa pamamagitan ng Iyong Pangalan na sumakop sa buong santinakpan, na huwag ipagkait sa akin yaong nasa Iyo, O Ikaw na naghahari sa lahat ng tao! Iyong nakikita, O aking Panginoon, ang dayuhang ito na nagmamadaling patungo sa kaniyang pinakadakilang tahanan sa lilim ng bubong ng Iyong kamahalan at sa loob ng mga bakuran ng Iyong kahabagan; at ang nagkasalang ito na hinahanap ang karagatan ng Iyong kapatawaran; at ang abang ito na hinahanap ang liwasan ng Iyong kaluwalhatian; at ang dukhang ito na hinahanap ang kinaroroonan ng Iyong kayamanan. Nasa Iyo ang kapangyarihang mag-atas ng anumang Iyong niloloob. Saksi ako na Ikaw ay dapat purihin sa Iyong mga ginagawa, at dapat sundin ang Iyong mga iniatas, at dapat manatiling hindi

	napipigilan sa Iyong mga pag-uutos.
Let him then raise his hands, and repeat three times the Greatest Name. Let him then bend down with hands resting on the knees before God—blessed and exalted be He—and say:	*Hayaang itaas niya ang kaniyang mga kamay at bigkasin nang tatlong ulit ang Pinakadakilang Pangalan (Alláh-u-Abhá). Hayaan siyang yumuko sa harap ng Diyos—pagpalain at luwalhatiin Siya—at, nang nakapatong ang mga kamay sa mga tuhod, ay sabihin:*
Thou seest, O my God, how my spirit hath been stirred up within my limbs and members, in its longing to worship Thee, and in its yearning to remember Thee and extol Thee; how it testifieth to that whereunto the Tongue of Thy Commandment hath testified in the kingdom of Thine utterance and the heaven of Thy knowledge. I love, in this state, O my Lord, to beg of Thee all that is with Thee, that I may demonstrate my poverty, and magnify Thy bounty and Thy riches, and may declare my powerlessness, and manifest Thy power and Thy might.	183.6 Iyong nakikita, O aking Diyos, kung papaanong ang aking espiritu ay ginising sa loob ng aking mga kamay at paa at mga bahagi ng aking katawan, sa paghahangad nitong sumamba sa Iyo, at sa pagnanasa nitong gunitain Ka at luwalhatiin Ka; kung papaanong pinatutunayan nito yaong pinatunayan ng Dila ng Iyong Kautusan sa kaharian ng Iyong pananalita at sa kalangitan ng Iyong kaalaman. Ninanais ko, sa ganitong kalagayan, O aking Panginoon, na hilingin sa Iyo ang lahat ng nasa Iyo, upang maipakita ko ang aking karukhaan at madakila ang Iyong pagpapala at ang Iyong mga kayamanan, at maipahayag ang aking kawalang-kakayahan, at maipakita ang Iyong lakas at Iyong kapangyarihan.
Let him then stand and raise his hands twice in supplication, and say:	*Hayaang siya ay tumayo at dalawang ulit na itaas sa pagsusumamo ang kaniyang mga kamay, at sabihin:*
There is no God but Thee, the Almighty, the All-Bountiful. There is no God but Thee, the Ordainer, both in the beginning and in the end. O God, my God! Thy forgiveness hath emboldened me, and Thy mercy hath strengthened me, and Thy call hath awakened me, and Thy grace hath raised me up and led me unto Thee. Who, otherwise, am I that I should dare to stand at the gate of the city of Thy nearness, or set my face toward the lights that are shining from the heaven of Thy will? Thou seest, O my Lord, this wretched creature knocking at the door of Thy grace, and this evanescent soul seeking the river of everlasting life from the hands of Thy bounty. Thine is the command at all times, O Thou	183.7 Walang ibang Diyos liban sa Iyo, ang Lubos na Makapangyarihan, ang Lubos na Mapagbigay-biyaya. Walang ibang Diyos liban sa Iyo, ang Nagtatadhana sa simula at sa wakas. O Diyos, aking Diyos! Ang Iyong pagpapatawad ay nakapagpatapang sa akin, at ang Iyong habag ay nakapagpalakas sa akin, at ang Iyong panawagan ay nakapukaw sa akin, at ang Iyong biyaya ay nakapagpabangon sa akin, at umakay sa akin tungo sa Iyo. Sino, kung gayon, ako na magtatangkang tumayo sa pintuan ng lungsod ng Iyong pagkakalapit, o iharap ang aking mukha sa mga liwanag na nagniningning sa langit ng Iyong kalooban? Iyong nakikita, O aking Panginoon, ang hamak na nilikhang ito na kumakatok sa pinto

Who art the Lord of all names; and mine is resignation and willing submission to Thy will, O Creator of the heavens!	ng Iyong pagpapala, at ang napaparam na kaluluwang ito na naghahanap sa ilog ng walang-hanggang buhay buhat sa mga kamay ng Iyong pagpapala. Nasa Iyo ang pag-uutos sa lahat ng panahon, O Ikaw na Panginoon ng lahat ng pangalan; at nasa akin ang pagtanggap at handang pagpapasailalim sa Iyong kalooban, O Maylikha ng mga kalangitan!
Let him then raise his hands thrice, and say:	*Hayaang itaas niya nang tatlong ulit ang kaniyang mga kamay at sabihin:*
Greater is God than every great one!	183.8 Higit na dakila ang Diyos kaysa sa bawat ibang dakila!
Let him then kneel and, bowing his forehead to the ground, say:	*Hayaang lumuhod siya, at habang nakayukod ang ulo sa lupa ay sabihin:*
Too high art Thou for the praise of those who are nigh unto Thee to ascend unto the heaven of Thy nearness, or for the birds of the hearts of them who are devoted to Thee to attain to the door of Thy gate. I testify that Thou hast been sanctified above all attributes and holy above all names. No God is there but Thee, the Most Exalted, the All-Glorious.	183.9 Ikaw ay napakataas para sa papuri ng mga malapit sa Iyo upang makaakyat sa kalangitan ng Iyong pagkamalapit, o para sa mga ibon ng mga puso ng matatapat sa Iyo upang makarating sa bungad ng Iyong pintuan. Pinatutunayan ko na Ikaw ay pinagpala nang higit sa lahat ng mga katangian at banal sa lahat ng mga pangalan. Walang Diyos liban sa Iyo, ang Pinakadakila, ang Lubos na Maluwalhati.
Let him then seat himself and say:	*Hayaang umupo siya at sabihin:*
I testify unto that whereunto have testified all created things, and the Concourse on high, and the inmates of the all-highest Paradise, and beyond them the Tongue of Grandeur itself from the all-glorious Horizon, that Thou art God, that there is no God but Thee, and that He Who hath been manifested is the Hidden Mystery, the Treasured Symbol, through Whom the letters B and E (Be) have been joined and knit together. I testify that it is He Whose name hath been set down by the Pen of the Most High, and Who hath been mentioned in the Books of God, the Lord of the Throne on high and of earth below.	183.10 Pinatutunayan ko yaong pinatunayan ng lahat ng nilalang na bagay, at ng Kalipunan sa itaas, at ng mga nananahan sa Paraiso ng pinakamataas sa lahat, at sa kabila ng mga iyon ay ang Dila ng Kamaharlikaan mismo mula sa lubos na maluwalhating Sugpungang-guhit, na Ikaw ang Diyos, na walang Diyos liban sa Iyo, at Siya na inihayag ay ang Natatagong Hiwaga, ang Pinakaiingatang Sagisag, na sa pamamagitan Niya ang mga pantig na Ma at Ging (Maging) ay napagkabit at napagsama. Pinatutunayan ko na Siya yaong ang pangalan ay isinulat ng Panulat ng Pinakamataas, at Siya yaong

	binanggit sa mga Aklat ng Diyos, ang Panginoon ng Trono sa kaitaasan at ng lupa sa ibaba.
Let him then stand erect and say:	*Hayaang tumindig siya nang tuwid at sabihin:*
O Lord of all being and Possessor of all things visible and invisible! Thou dost perceive my tears and the sighs I utter, and hearest my groaning, and my wailing, and the lamentation of my heart. By Thy might! My trespasses have kept me back from drawing nigh unto Thee; and my sins have held me far from the court of Thy holiness. Thy love, O my Lord, hath enriched me, and separation from Thee hath destroyed me, and remoteness from Thee hath consumed me. I entreat Thee by Thy footsteps in this wilderness, and by the words "Here am I. Here am I," which Thy chosen Ones have uttered in this immensity, and by the breaths of Thy Revelation, and the gentle winds of the Dawn of Thy Manifestation, to ordain that I may gaze on Thy beauty and observe whatsoever is in Thy Book.	183.11 O Panginoon ng lahat ng nilalang at Nagmamay-ari ng lahat ng bagay na nakikita at di-nakikita! Iyong nakikita ang aking mga luha at naririnig ang aking mga buntong-hininga; at napakikinggan ang aking pagdaing, at ang aking pagtatangis, at ang paghihinagpis ng aking puso. Saksi ang Iyong Kapangyarihan! Ang aking mga pagkakamali ay nakapigil sa akin sa paglapit sa Iyo; at ang aking mga pagkakasala ay nakapaglayo sa akin sa liwasan ng Iyong kabanalan. Ang Iyong pag-ibig, O aking Panginoon, ay nagpayaman sa akin, at ang pagkahiwalay sa Iyo ay nakawasak sa akin, at ang pagkalayo sa Iyo ay nakatupok sa akin. Isinasamo ko sa Iyo sa pamamagitan ng mga bakas ng Iyong paa sa kagubatang ito, at sa pamamagitan ng mga salitang "Narito ako. Narito ako," na binigkas ng Iyong mga pinili sa kalawakang ito, at sa mga hininga ng Iyong Rebelasyon, at sa malumanay na mga hangin ng Pagbubukang-liwayway ng Iyong Kahayagan, na itadhanang mamalas ko ang Iyong kagandahan at sundin ang anumang nasa Iyong Aklat.
Let him then repeat the Greatest Name thrice, and bend down with hands resting on the knees, and say:	*Hayaang usalin niya nang tatlong ulit ang Pinakadakilang Pangalan at yumuko nang nakapatong sa mga tuhod ang mga kamay at sabihin:*
Praise be to Thee, O my God, that Thou hast aided me to remember Thee and to praise Thee, and hast made known unto me Him Who is the Dayspring of Thy signs, and hast caused me to bow down before Thy Lordship, and humble myself before Thy Godhead, and to acknowledge that which hath been uttered by the Tongue of Thy grandeur.	183.12 Luwalhati sa Iyo, O aking Diyos, na ako ay Iyong tinulungan upang Ikaw ay gunitain at Ikaw ay purihin, at Iyong ipinabatid sa akin Siya na Pamimitak ng Iyong mga palatandaan, at naging sanhi upang ako ay yumuko sa harap ng Iyong pagka-Panginoon, at magpakumbaba ng aking sarili sa harap ng Iyong pagka-Diyos, at tanggapin yaong binanggit ng Dila ng Iyong kamaharlikaan.

Let him then rise and say:	*Hayaang siya ngayon ay tumayo at sabihin:*
O God, my God! My back is bowed by the burden of my sins, and my heedlessness hath destroyed me. Whenever I ponder my evil doings and Thy benevolence, my heart melteth within me, and my blood boileth in my veins. By Thy Beauty, O Thou the Desire of the world! I blush to lift up my face to Thee, and my longing hands are ashamed to stretch forth toward the heaven of Thy bounty. Thou seest, O my God, how my tears prevent me from remembering Thee and from extolling Thy virtues, O Thou the Lord of the Throne on high and of earth below! I implore Thee by the signs of Thy Kingdom and the mysteries of Thy Dominion to do with Thy loved ones as becometh Thy bounty, O Lord of all being, and is worthy of Thy grace, O King of the seen and the unseen!	183.13 O Diyos, aking Diyos! Ang aking likod ay nabaluktot sa bigat ng aking mga pagkakasala, at ang aking kapabayaan ay sumira sa akin. Kailanmang limiin ko ang aking mga ginagawang masama at ang Iyong kabaitan, ang aking puso ay natutunaw sa loob ng aking sarili, at ang aking dugo ay kumukulo sa aking mga ugat. Saksi ang Iyong Kagandahan, O Ikaw na Mithiin ng daigdig! Namumula ako sa hiya kung ako ay magtataas ng mukha sa Iyo, at ang aking nananabik na mga kamay ay napapahiyang umunat tungo sa kalangitan ng Iyong pagpapala. Iyong nakikita, O aking Diyos, kung papaanong pinipigilan ako ng aking mga luha sa paggunita sa Iyo at sa pagbibigay-puri sa Iyong mga katangian, O Ikaw na Panginoon ng Trono sa kaitaasan at ng lupa sa ibaba! Sumasamo ako sa Iyo sa pamamagitan ng mga palatandaan ng Iyong Kaharian at sa mga hiwaga ng Iyong Kapangyarihan na gawain sa Iyong mga minamahal ang sang-ayon sa Iyong pagpapala, O Panginoon ng lahat ng nilalang, at yaong karapat-dapat sa Iyong pagpapala, O Hari ng nakikita at ng di-nakikita!
Let him then repeat the Greatest Name thrice, and kneel with his forehead to the ground, and say:	*Hayaang usalin niya nang tatlong ulit ang Pinakadakilang Pangalan, at lumuhod at habang nakayukod ang ulo sa lupa ay sabihin:*
Praise be unto Thee, O our God, that Thou hast sent down unto us that which draweth us nigh unto Thee, and supplieth us with every good thing sent down by Thee in Thy Books and Thy Scriptures. Protect us, we beseech Thee, O my Lord, from the hosts of idle fancies and vain imaginations. Thou, in truth, art the Mighty, the All-Knowing.	183.14 Purihin Ka nawa, O aming Diyos, sapagkat Iyong inihulog sa amin yaong naglalapit sa amin sa Iyo, at Iyong ipinagkaloob sa amin ang bawat mabuting bagay na Iyong ipinadala sa Iyong mga aklat at sa Iyong mga banal na kasulatan. Iyo kaming iligtas, sumasamo kami sa Iyo, O aking Panginoon, sa mga hukbo ng mga walang-kabuluhang mga isipan at walang-saysay na mga guniguni. Ikaw sa katotohanan, ang Makapangyarihan, ang Nakababatid ng Lahat.

Let him then raise his head, and seat himself, and say:	*Hayaang itaas niya ang kaniyang ulo, umupo at sabihin:*
I testify, O my God, to that whereunto Thy chosen Ones have testified, and acknowledge that which the inmates of the all-highest Paradise and those who have circled round Thy mighty Throne have acknowledged. The kingdoms of earth and heaven are Thine, O Lord of the worlds!	183.15 Pinatutunayan ko, O aking Diyos, yaong pinatunayan ng Iyong mga hinirang, at tinatanggap yaong tinanggap ng mga nananahan sa pinakamataas sa lahat na Paraiso at yaong mga tinanggap ng mga lumilibot sa Iyong makapangyarihang Trono. Ang mga kaharian ng kalupaan at kalangitan ay Iyo, O Panginoon ng mga daigdig!
Long obligatory prayer, to be recited once in twenty-four hours.	[Mahabang dalanging katungkulang isagawa, dapat usalin minsan sa dalawampu't apat na oras.]
– CLXXXIV –	CLXXXIV
Since Thou hast, O my God, established Thyself upon the throne of Thy transcendent unity, and ascended the mercy seat of Thy oneness, it befitteth Thee to blot out from the hearts of all beings whatsoever may keep them back from gaining admittance into the sanctuary of Thy Divine mysteries, and may shut them out from the tabernacle of Thy Divinity, that all hearts may mirror Thy beauty, and may reveal Thee, and speak of Thee, and that all created things may show forth the tokens of Thy most august sovereignty, and shed the splendors of the light of Thy most holy governance, and that all who are in heaven and on earth may laud and magnify Thy unity, and give Thee glory, for having manifested Thy Self unto them through Him Who is the Revealer of Thy oneness.	184.1 Yamang Iyong iniluklok ang Iyong sarili, O aking Diyos, sa trono ng Iyong nangingibabaw na pagkakaisa, at pumanhik sa upuan ng habag ng Iyong kaisahan, nararapat sa Iyong katkatin mula sa mga puso ng lahat ng nilalang ang anumang makapipigil sa kanila upang makapasok sa santuwaryo ng Iyong Banal na mga hiwaga, nang maisalamin ng lahat ng puso ang Iyong kagandahan, at maihayag Ka, at maisalita Ka, at upang ang lahat ng nilikhang bagay ay maipakita ang mga palatandaan ng Iyong lubhang kapita-pitagang paghahari, at maipasikat ang mga karingalan ng liwanag ng Iyong pinakabanal na pamamahala, at upang ang lahat ng nasa langit at ng nasa lupa ay mapuri at maipagbunyi ang Iyong pagkakaisa, at magbigay luwalhati sa Iyo, dahil sa paghahayag ng Iyong Sarili sa kanila sa pamamagitan Niya na Siyang Tagapagbunyag ng Iyong kaisahan.
Divest, then, Thy servants, O my God, of the garments of self and desire, or grant that the eyes of Thy people may be lifted up to such heights that they will discern in their desires naught except the stirring of the gentle winds of Thine eternal glory, and may	184.2 Hubaran, kung gayon, ang Iyong mga tagapaglingkod, O aking Diyos, ng mga damit ng sarili at pagnanasa, o ipagkaloob na maitaas ang mga mata ng Iyong mga tao sa gayong mga rurok na wala silang makikita sa kanilang mga pagnanasa liban sa paghihip ng

recognize in their own selves nothing but the revelation of Thine own merciful Self, that the earth and all that is therein may be cleansed of whatever is alien to Thee, or anything that manifesteth aught save Thy Self. All this can be fulfilled throughout Thy dominion by Thy word of command, "Be," and it is! Nay, even swifter than this, and yet the people understand not.	mahinay na mga hangin ng Iyong kaluwalhatiang walang-maliw, at makikilala sa kanilang mga sarili ang walang iba liban sa pagkahayag ng Iyong angking mahabaging Sarili, upang ang daigdig at ang lahat ng naroroon ay madalisay mula sa anumang naiiba sa Iyo, O naghahayag ng anuman liban sa Iyong Sarili. Ang lahat ng ito ay maaaring matupad sa kabuuan ng Iyong kaharian sa pamamagitan ng Iyong salitang nag-uutos na, "Maging," at iyon ay nagiging! Hindi lamang iyon, higit na mabilis pa kaysa rito, at gayumpaman ang mga tao ay hindi nakauunawa.
Glorified, immeasurably glorified art Thou, O my Beloved! I swear by Thy glory! I recognize this very moment that Thou hast granted all for which I have supplicated Thee, in this blessed night which, as decreed by Thee, calleth to remembrance Him Who was the Companion of Thy beauty and the Beholder of Thy face, ere I had been mentioned by Thee, or called into being within the court of Thy holiness. I perceive that Thou hast made all things to be the manifestations of Thy behest, and the revelations of Thy handiwork, and the repositories of Thy knowledge, and the treasuries of Thy wisdom. I recognize, moreover, that were any of the revelations of Thy names and Thine attributes to be withheld, though it be the weight of a grain of mustard seed, from whatsoever hath been created by Thy power and begotten by Thy might, the foundations of Thine everlasting handiwork would thereby be made incomplete, and the gems of Thy Divine wisdom would become imperfect. For the letters of negation, no matter how far they may be removed from the holy fragrances of Thy knowledge, and however forgetful they may become of the wondrous splendors of the dawning light of Thy beauty, which are shed from the heaven of Thy majesty, must needs exist in Thy realm, so that the words which affirm Thee may thereby be exalted.	184.3 Maluwalhati, lubhang maluwalhati Ka, O aking Minamahal! Isinusumpa ko sa Iyong kaluwalhatian! Aking kinikilala sa mismong sandaling ito na Iyong ipinagkaloob ang lahat ng aking isinamo sa Iyo, sa pinagpalang gabing ito na, sang-ayon sa Iyong iniutos, gumugunita sa Kaniya na Siyang kasama ng Iyong kagandahan at ang Nagmamasid sa Iyong mukha, nang bago Mo pa ako binanggit, o nilalang sa loob ng korte ng Iyong kabanalan. Aking nababatid na Iyong ginawa ang lahat ng bagay upang maging mga kahayagan ng Iyong kautusan, at mga pagsisiwalat ng Iyong likhang-kamay at mga repositoryo ng Iyong kaalaman, at mga ingatang-yaman ng Iyong karunungan. Aking nakikilala, bukod pa rito, na kung ang alinman sa mga pagsisiwalat ng Iyong mga pangalan at ng Iyong mga katangian ay ipagkait, kahit na iyon ay sa timbang ng isang butil ng buto ng mustasa, mula sa anumang nilikha ng Iyong kapangyarihan at isinilang ng Iyong lakas, ang mga saligan ng Iyong walang-maliw na likhang-kamay sa gayon ay hindi magiging buo, at ang mga hiyas ng Iyong Banal na karunungan, ay hindi magiging ganap. Sapagkat ang mga titik ng pagtutol, gaano man kalayo ang mga ito mula sa mga banal na halimuyak ng Iyong kaalaman, at gaanuman nito nalilimot ang kamangha-manghang mga karingalan ng namimitak na liwanag ng Iyong kagandahan, na sumisinag mula sa langit ng

	Iyong kamahalan, ay kailangang umiral sa Iyong kaharian, nang sa gayon ang mga salitang nagpapatotoo sa Iyo ay dadakilain.
Thy might beareth me witness, O my Well-Beloved! The entire creation hath been called into being to exalt Thy triumph and to establish Thine ascendancy, and all the bounds that have been set by Thee are but the signs of Thy sovereignty, and proclaim the power of Thy might. How great, how very great, are the revelations of Thy wondrous power in all things! They are such that the lowliest among Thy creatures hath been made by Thee a manifestation of Thy most august attribute, and the most contemptible token of Thy handiwork hath been chosen as a recipient of Thy most mighty name. Poverty, as decreed by Thee, hath been made the means for the revelation of Thy riches, and abasement a path leading to Thy glory, and sinfulness a cause for the exercise of Thy forgiveness. By them Thou hast demonstrated that to Thee belong Thy most excellent titles, and unto Thee pertain the wonders of Thy most exalted attributes.	184.4 Ang Iyong kapangyarihan ay sumasaksi sa akin, O aking Pinakamamahal! Ang buong kinapal ay nilikha upang dakilain ang Iyong tagumpay at upang itatag ang Iyong pagwawagi, at ang lahat ng mga hangganang Iyong itinakda ay mga palatandaan lamang ng Iyong paghahari, at ipinapahayag ang lakas ng Iyong kapangyarihan, Napakadakila, lubhang napakadakila, ang mga pagsisiwalat ng Iyong kamangha-manghang kapangyarihan sa lahat ng bagay! Gayon ang mga ito na ang pinakahamak sa Iyong mga nilalang ay Iyong ginawang maging isang paghahayag ng Iyong sukdulang kapita-pitagang katangian, at ang pinakakalait-lait na tanda ng Iyong likhang-kamay ay piniling maging tagapagtanggap ng Iyong pinakamakapangyarihang pangalan. Ang karukhaan, sang-ayon sa Iyong iniatas, ay ginawang maging kaparaanan ng pagsisiwalat ng Iyong mga kayamanan, at ang paghamak ay ginawang daan patungo sa Iyong kaluwalhatian, at ang pagiging makasalanan ay ginawang sanhi ng paggamit ng Iyong kapatawaran. Sa pamamagitan ng mga ito ay Iyong ipinakita na Ikaw ang may-ari ng Iyong pinakamahusay na taguri, at sa Iyo tumutukoy ang mga kamanghaan ng Iyong pinakadakilang mga katangian.
Since Thou hast purposed, O my God, to cause all created things to enter into the tabernacle of Thy transcendent grace and favor, and to waft over the entire creation the fragrances of the raiment of Thy glorious unity, and to look upon all things with the eyes of Thy bounty and Thy oneness, I beseech Thee, therefore, by Thy love, which Thou hast made to be the mainspring of the revelations of Thine eternal holiness, and the flame that gloweth within the hearts of such of Thy creatures as yearn towards Thee, to create, this very moment, for those of Thy people who are	184.5 Yamang Iyong nilayon, O aking Diyos, na gawing makapasok ang lahat ng nilikhang bagay sa loob ng tabernakulo ng Iyong nangingibabaw na biyaya at pagpapala, at upang pasimuyin sa buong kinapal ang mga halimuyak ng kasuotan ng Iyong maluwalhating pagkakaisa, at upang tingnan ang lahat ng bagay sa pamamagitan ng mga mata ng Iyong biyaya at ng Iyong kaisahan, isinasamo ko sa Iyo, samakatwid, sa pamamagitan ng Iyong pag-ibig, na Iyong ginawang maging punong-bukal ng mga pagsisiwalat ng Iyong kabanalang

wholly devoted to Thee, and for such of Thy loved ones as love Thee, out of the essence of Thy bounty and Thy generosity, and from the inmost spirit of Thy grace and Thy glory, Thy Paradise of transcendent holiness, and to exalt it above everything except Thee, and to sanctify it from aught else save Thyself. Create, moreover, within it, O my God, out of the lights shed by Thy throne, handmaidens who will intone the melodies of Thy wondrous and most sweet invention, that they may magnify Thy name with such words as have not been heard by any of Thy creatures, be they the inmates of Thy heaven or the dwellers of Thine earth, nor been comprehended by any of Thy people. Unlock, then, the gates of this Paradise to the faces of Thy loved ones, that haply they may enter them in Thy name, and by the power of Thy sovereignty, that thereby the sovereign bounties vouchsafed by Thee unto Thy chosen ones and the transcendent gifts granted unto Thy trusted ones be perfected, that they may extol Thy virtues with such melodies as none can either intone or describe, and that none of Thy people may conceive the design of appearing in the guise of any of Thy chosen ones, or of emulating the example of Thy loved ones, and that none may fail to discern between Thy friends and Thine enemies, or to distinguish them that are devoted to Thee from such as stubbornly oppose Thee. Potent art Thou to do what Thou willest, and powerful and supreme art Thou over all things.	walang-maliw, at sa pamamagitan ng apoy na lumiliyab sa mga puso ng Iyong mga nilalang na nananabik sa Iyo, na likhain, sa mismong sandaling ito, para sa Iyong mga taong ganap na nakatalaga sa Iyo, at para sa Iyong mga minamahal na nagmamahal sa Iyo, mula sa pinakadiwa ng Iyong pagpapala at ng Iyong kabutihang-loob, at mula sa kaibuturang espiritu ng Iyong biyaya at ng Iyong kaluwalhatian, ang Iyong Paraiso na nangingibabaw na kabanalan, at ang dakilain ito nang higit sa lahat liban sa Iyong sarili, at ang dalisayin ito mula sa anuman liban sa Iyong sarili. Likhain, higit pa roon, sa loob nito, O aking Diyos, mula sa mga liwanag na sumisinag mula sa Iyong trono, ang mga babaeng tagapaglingkod na aawit ng mga himig ng Iyong kamangha-mangha at pinakamatamis na nilikha, upang maipagbunyi nila ang Iyong pangalan sa pamamagitan ng gayong mga salitang hindi pa naririnig ng alinman sa Iyong mga nilikha, maging sila ay nananahan sa Iyong kalangitan o nakatira sa Iyong kalupaan ni hindi rin naunawaan ng alinman sa Iyong mga tao. Buksan, kung gayon, ang mga pinto nitong Paraiso sa harap ng mga mukha ng Iyong mga minamahal, nang sakaling pumasok sila rito sa Iyong pangalan, at ang kapangyarihan ng Iyong paghahari, nang sa ganoon ang sukdulang mga biyayang ipinagkaloob Mo sa Iyong mga pinili at ang napakahusay na mga kaloob na ibinigay Mo sa Iyong mga pinagkakatiwalaan ay maging ganap, nang sa ganoon ay pupurihin nila ang Iyong mga kabutihan sa pamamagitan ng gayong mga himig na walang makadadalit ni makapaglalarawan, at nang sa ganoon ay walang sinuman sa Iyong mga tao ang makapag-iisip ng pakanang lumitaw sa anyo ng alinman sa Iyong mga pinili, o ng pakikipantay sa halimbawa ng Iyong mga minamahal, at nang sa ganoon ay walang magkamali sa pangingilatis sa pagitan ng Iyong mga kaibigan at Iyong mga kaaway, o makilala ang pagkakaiba ng mga deboto sa Iyo mula sa mga sutil na lumalaban sa Iyo.

	May kakayahan Kang gawin ang Iyong ninanais, at makapangyarihan at pinakamataas Ka sa lahat ng bagay.
Exalted, immeasurably exalted art Thou, O my Beloved, above the strivings of any of Thy creatures, however learned, to know Thee; exalted, immensely exalted art Thou above every human attempt, no matter how searching, to describe Thee! For the highest thought of men, however deep their contemplation, can never hope to outsoar the limitations imposed upon Thy creation, nor ascend beyond the state of the contingent world, nor break the bounds irrevocably set for it by Thee. How can, then, a thing that hath been created by Thy will that overruleth the whole of creation, a thing that is itself a part of the contingent world, have the power to soar into the holy atmosphere of Thy knowledge, or reach unto the seat of Thy transcendent power?	184.6 Dakila, di-masukat ang Iyong kadakilaan, O aking Minamahal, nang higit na mataas kaysa sa mga pagsisikap ng alinman sa Iyong mga nilalang upang makilala Ka, gaanuman siya karunong; dakila, di-masukat ang Iyong kadakilaan, nang higit na mataas kaysa sa bawat pagsisikap ng taong ilarawan Ka, gaanuman siya masikhay! Sapagkat ang pinakamataas na kaisipan ng tao, gaanuman kalalim ng kaniyang pag-iisip, kailanman ay walang pag-asang pumailanlang nang higit na matayog kaysa sa mga hangganang itinakda sa Iyong kinapal, ni hindi makatataas nang lampas sa kalagayan ng walang-katiyakang daigdig, ni hindi mababali ang mga hangganang walang-pasubaling ipinataw Mo rito. Paano magagawa, kung gayon, ng isang bagay na nilikha ng Iyong kaloobang namumuno sa buong kinapal, isang bagay na ito mismo ay bahagi ng walang-katiyakang daigdig, ang magtaglay ng kakayahang pumailanlang sa banal na kapaligiran ng Iyong kaalaman, o makarating sa luklukan ng Iyong nangingibabaw na kapangyarihan?
High, immeasurably high art Thou above the endeavors of the evanescent creature to soar unto the throne of Thine eternity, or of the poor and wretched to attain the summit of Thine all-sufficing glory! From eternity Thou didst Thyself describe Thine own Self unto Thy Self, and extol, in Thine own Essence, Thine Essence unto Thine Essence. I swear by Thy glory, O my Best-Beloved! Who is there besides Thee that can claim to know Thee, and who save Thyself can make fitting mention of Thee? Thou art He Who, from eternity, abode in His realm, in the glory of His transcendent unity, and the splendors of His holy grandeur. Were any one except Thee to be deemed worthy of mention, in all the kingdoms of Thy creation, from the highest realms of immortality down to the level of this nether	184.7 Napakataas, di-masukat ang kataasan Mo nang higit sa mga pagsisikap ng mga naglalahong nilalang upang makalipad sa trono ng Iyong kawalang-hanggan, o ng dukha at aba upang marating ang tugatog ng Iyong kaluwalhatiang nakasasapat sa lahat! Mula sa kawalang-hanggan ay Iyong inilarawan ang Iyong Sarili sa Iyong Sarili, at ipinagbunyi, mula sa Iyong Pinakadiwa, ang Iyong Pinakadiwa sa Iyong Pinakadiwa. Isinusumpa ko sa Iyong kaluwalhatian O aking Pinakamamahal! Sino ang naroroon liban sa Iyo ang makapagsasabing nakikilala Ka, at sino bukod sa Iyo ang angkop na makababanggit sa Iyo? Ikaw ang Siyang nananahan, mula sa kawalang-hanggan, sa Kaniyang kaharian, sa kaluwalhatian ng Kaniyang nangingibabaw na pagkakaisa, at sa

world, how could it, then, be demonstrated that Thou art established upon the throne of Thy unity, and how could the wondrous virtues of Thy oneness and Thy singleness be glorified?	mga kaningningan ng Kaniyang banal na karingalan. Kung ang sinuman liban sa Iyo ay itituring na nararapat sa pagbanggit, sa lahat ng mga kaharian ng Iyong kinapal, mula sa kataas-taasang mga kahariang walang-kamatayan hanggang sa antas nitong daigdig sa ibaba, sa gayon ay paano maipakikilalang Ikaw ay nailuklok sa trono ng Iyong pagkakaisa, at paano luluwalhatiin ang kamangha-manghang mga kabutihan ng Iyong kaisahan at ng Iyong pag-iisa?
I bear witness, this very moment, to what Thou hast testified for Thine own Self, ere Thou hadst created the heavens and the earth, that Thou art God, and that there is none other God besides Thee. Thou hast from everlasting been potent, through the Manifestations of Thy might, to reveal the signs of Thy power, and Thou hast ever made known, through the Daysprings of Thy knowledge, the words of Thy wisdom. No one besides Thee hath ever been found worthy to be mentioned before the Tabernacle of Thy unity, and none except Thyself hath proved himself capable of being praised within the hallowed court of Thy oneness.	184.8 Sumasaksi ako, sa mismong sandaling ito, sa Iyong pinatotohanan tungkol sa Iyong angking Sarili, bago Mo pa nilikha ang mga kalangitan at ang kalupaan, na Ikaw ang Diyos, at na walang ibang Diyos liban sa Iyo. Ikaw mula sa kawalang-hanggan ay may kakayahan, sa pamamagitan ng mga Kahayagan ng Iyong kapangyarihan, na isiwalat ang mga palatandaan ng Iyong lakas, at Iyong laging ipinababatid, sa pamamagitan ng mga Pamimitak ng Iyong kaalaman, ang mga salita ng Iyong karunungan. Walang iba liban sa Iyo ang kailanman natagpuang nararapat sa pagbanggit sa harap ng Tabernakulo ng Iyong pagkakaisa, at wala liban sa Iyo ang nagawang patunayang nararapat siya sa pagpuri sa loob ng banal na korte ng Iyong kaisahan.
Praise be to Thee, O my God, that Thou hast revealed Thy favors and Thy bounties; and glory be to Thee, O my Beloved, that Thou hast manifested the Daystar of Thy loving-kindness and Thy tender mercies. I yield Thee such thanks as can direct the steps of the wayward towards the splendors of the morning light of Thy guidance, and enable those who yearn towards Thee to attain the seat of the revelation of the effulgence of Thy beauty. I yield Thee such thanks as can cause the sick to draw nigh unto the waters of Thy healing, and can help those who are far from Thee to approach the living fountain of Thy presence. I yield Thee such thanks as can divest the bodies of Thy servants of the	184.9 Purihin Ka nawa, O aking Diyos, na Iyong isiniwalat ang Iyong mga kaloob at Iyong mga pagpapala; at luwalhatiin Ka nawa, O aking Minamahal, sapagkat Iyong ginawang mahayag ang Bituing-araw ng Iyong mapagmahal na kabutihan at ng Iyong masuyong mga kahabagan. Ibinibigay ko sa Iyo ang gayong pasasalamat na makapagdadako ng mga hakbang ng mga pabaya patungo sa mga karingalan ng liwanag ng umaga ng Iyong pamamatnubay, at tutulutan silang mga nananabik sa Iyo na matamo ang luklukan ng pagsisiwalat ng Iyong kagandahan. Ibinibigay ko sa Iyo ang gayong pasasalamat na makapaglalapit ng mga may karamdaman sa mga tubig ng Iyong

garments of mortality and abasement, and attire them in the robes of Thine eternity and Thy glory, and lead the poor unto the shores of Thy holiness and all sufficient riches. I yield Thee such thanks as can enable the Heavenly Dove to warble forth, upon the branches of the Lote-Tree of Immortality, her song: "Verily, Thou art God. No God is there besides Thee. From eternity Thou hast been exalted above the praise of aught else but Thee, and been high above the description of any one except Thyself." I yield Thee such thanks as can cause the Nightingale of Glory to pour forth its melody in the highest heaven: "'Alí (the Báb), in truth, is Thy servant, Whom Thou hast singled out from among Thy Messengers and Thy chosen Ones, and made Him to be the Manifestation of Thyself in all that pertaineth unto Thee, and that concerneth the revelation of Thine attributes and the evidences of Thy names." I yield Thee such thanks as can stir up all things to extol Thee, and to glorify Thine Essence, and can unloose the tongues of all beings to magnify the sovereignty of Thy beauty. I yield Thee such thanks as can fill the heavens and the earth with the signs of Thy transcendent Essence, and assist all created things to enter the Tabernacle of Thy nearness and Thy presence. I yield Thee such thanks as can make every created thing to be a book that shall speak of Thee, and a scroll that shall unfold Thy praise. I yield Thee such thanks as can establish the Manifestations of Thy sovereignty upon the throne of Thy governance, and set up the Exponents of Thy glory upon the seat of Thy Divinity. I yield Thee such thanks as can make the corrupt tree to bring forth good fruit through the holy breaths of Thy favors, and revive the bodies of all beings with the gentle winds of Thy transcendent grace. I yield Thee such thanks as can cause the signs of Thine exalted singleness to be sent down out of the heaven of Thy holy unity. I yield Thee such thanks as can teach all things the realities of Thy knowledge and the essence of Thy wisdom,	lunas, at matutulungan ang mga malalayo sa Iyo upang makalapit sa nabubuhay na bukal ng Iyong kinaroroonan. Ibinibigay ko sa Iyo ang gayong pasasalamat na makahuhubad sa mga katawan ng Iyong mga tagapaglingkod ng kasuotan ng paglalaho at pagkaaba, at daramtan sila ng mga baro ng Iyong kawalang-hanggan at ng Iyong kaluwalhatian, at aakayin ang maralita tungo sa mga dalampasigan ng Iyong kabanalan at mga kayamanang nakasasapat sa lahat. Ibinibigay ko sa Iyo ang gayong pasasalamat na makatutulot sa pag-awit ng Makalangit na Kalapati sa mga sanga ng Punong-Lote ng Kawalang-kamatayan ng kaniyang himig na: "Tunay na Ikaw ang Diyos. Walang ibang Diyos liban sa Iyo. Mula sa kawalang-hanggan Ikaw ay higit na dakila kaysa sa papuri ng sinuman liban sa Iyo, at higit na mataas kaysa sa paglalarawan ng sinuman liban sa Iyong sarili." Ibinibigay ko sa Iyo ang gayong pasasalamat na magsasanhi ng pag-awit ng Ruwisenyor ng Kaluwalhatian ng himig nito sa kataas-taasang kalangitan: "Si 'Alí (ang Báb) sa katotohanan, ay ang Iyong tagapaglingkod na Siyang Iyong ibinukod mula sa Iyong mga Sugo at Iyong mga Pinili, at ginawa Siyang maging Kapahayagan ng Iyong sarili sa lahat ng nauukol sa Iyo, at ng nauugnay sa pagsisiwalat ng Iyong mga katangian at ng mga katibayan ng Iyong mga pangalan." Ibinibigay ko sa Iyo ang gayong pasasalamat na makapupukaw sa lahat ng bagay upang ipagbunyi Ka, at upang luwalhatiin ang Iyong Diwa, at magagawang kalagan ang mga dila ng lahat ng mga nilalang upang dakilain ang paghahari ng Iyong kagandahan. Ibinibigay ko sa Iyo ang gayong pasasalamat na makapupuspos sa mga kalangitan at ng kalupaan ng mga palatandaan ng Iyong Diwa, at matutulungan ang lahat ng nilikhang bagay upang makapasok sa Tabernakulo ng pagiging malapit sa Iyo at sa Iyong kinaroroonan. Ibinibigay ko sa Iyo ang gayong pasasalamat na makagagawa sa bawat nilikhang bagay na

and will not withhold the wretched creatures from the doors of Thy mercy and Thy bountiful favor. I yield Thee such thanks as can enable all who are in heaven and on earth to dispense with all created things, through the treasuries of Thine all-sufficing riches, and can aid all created things to reach unto the summit of Thine almighty favors. I yield Thee such thanks as can assist the hearts of Thine ardent lovers to soar into the atmosphere of nearness to Thee, and of longing for Thee, and kindle the Light of Lights within the land of Iráq. I yield Thee such thanks as can detach them that are nigh unto Thee from all created things, and draw them to the throne of Thy names and Thine attributes. I yield Thee such thanks as can cause Thee to forgive all sins and trespasses, and to fulfill the needs of the peoples of all religions, and to waft the fragrances of pardon over the entire creation. I yield Thee such thanks as can enable them that recognize Thy unity to scale the heights of Thy love, and cause such as are devoted to Thee to ascend unto the Paradise of Thy presence. I yield Thee such thanks as can satisfy the wants of all such as seek Thee, and realize the aims of them that have recognized Thee. I yield Thee such thanks as can blot out from the hearts of men all suggestions of limitations, and inscribe the signs of Thy unity. I yield Thee such thanks as that with which Thou didst from eternity glorify Thine own Self, and didst exalt it above all peers, rivals, and comparisons, O Thou in Whose hands are the heavens of grace and of bounty, and the kingdoms of glory and of majesty!	maging aklat na magsasaysay tungkol sa Iyo, at ng isang pergaminong maglaladlad ng papuri sa Iyo. Ibinibigay ko sa Iyo ang gayong pasasalamat na makapagluluklok ng mga Kahayagan ng Iyong paghahari sa trono ng Iyong pamamahala at maitatatag ang mga Kinatawan ng Iyong kaluwalhatian sa luklukan ng Iyong Pagkadiyos. Ibinibigay ko sa Iyo ang gayong pasasalamat na makapagpapabunga ng magandang prutas mula sa bulok na puno sa pamamagitan ng mga banal na hininga ng Iyong mga pagpapapala, at muling bubuhayin ang mga katawan ng lahat ng nilalang sa pamamagitan ng mahinay na mga hangin ng Iyong nangingibabaw na biyaya. Ibinibigay ko sa Iyo ang gayong pasasalamat na makapagsasanhi ng pagbaba ng palatandaan ng Iyong dakilang kaisahan mula sa kalangitan ng Iyong banal na pagkakaisa. Ibinibigay ko sa Iyo ang gayong pasasalamat na makapagtuturo sa lahat ng bagay ng mga realidad ng Iyong kaalaman at ng diwa ng Iyong karunungan, at hindi makapipigil sa mga abang nilalang mula sa pintuan ng Iyong habag at ng Iyong masaganang pagpapala. Ibinibigay ko sa Iyo ang gayong pasasalamat na makatutulot sa lahat ng nasa kalangitan at nasa kalupaan na ipagpaliban ang lahat ng nilikhang bagay sa pamamagitan ng mga kabang-yaman ng Iyong mga kayamanang nakasasapat sa lahat, at makatutulong sa lahat ng nilikhang bagay, upang makaabot sa rurok ng Iyong mga pagpapalang makapangyarihan. Ibinibigay ko sa Iyo ang gayong pasasalamat na makatutulong sa mga puso ng Iyong maalab na mga mangingibig upang lumipad sa himpapawid ng pagiging malapit sa Iyo, at ng pananabik sa Iyo, at upang parikitin ang Liwanag ng mga Liwanag sa lupain ng 'Iráq. Ibinibigay ko sa Iyo ang gayong pasasalamat na makapagwawalay sa kanilang mga malalapit sa Iyo mula sa lahat ng nilikhang bagay, at makapaglalapit sa kanila sa trono ng Iyong mga pangalan at Iyong mga katangian. Ibinibigay ko sa Iyo ang gayong pasasalamat

	na makapagpapatawad sa lahat ng mga kasalanan at mga paglalabag, at upang matupad ang mga pangangailangan ng mga tao ng lahat ng relihiyon, at upang pasimuyin ang mga halimuyak ng kapatawaran sa buong sangnilikha. Ibinibigay ko sa Iyo ang gayong pasasalamat na magtutulot sa kanilang mga kumilala sa Iyong pagkakaisa na makaakyat sa mga tugatog ng Iyong pag-ibig, at maging sanhi ng pagpanhik ng mga nakatalaga sa Iyo roon sa Paraiso ng Iyong kinaroroonan. Ibinibigay ko sa Iyo ang gayong pasasalamat na makatutustos sa mga pangangailangan ng lahat ng mga naghahanap sa Iyo, at makatutupad sa mga layunin ng mga kumilala sa Iyo. Ibinibigay ko sa Iyo ang gayong pasasalamat na mabubura mula sa mga puso ng mga tao ang lahat ng pahiwatig ng mga hangganan, at maiuukit ang mga palatandaan ng Iyong pagkakaisa. Ibinibigay ko sa Iyo ang gayong pasasalamat na Iyong ginamit mula sa kawalang-hanggan upang luwalhatiin ang Iyong Sarili, at dinakila ito nang higit na mataas kaysa sa lahat ng mga kahalintulad, mga karibal at mga paghahambing, O Ikaw na nasa Kaniyang mga kamay ang mga kalangitan ng biyaya at ng pagpapala, at ang mga kaharian ng kaluwalhatian at kamahalan.
Lauded be Thy name, O Lord my God, and my Master! Thou bearest witness, and seest, and knowest the things that have befallen Thy loved ones in Thy days, and the continual trials, and the successive tribulations, and the incessant afflictions, which have been sent down upon Thine elect. Such hath been their plight that the earth became too strait for them, and they were encompassed by the evidences of Thy wrath and the signs of Thy fear in every land, and the doors of Thy mercy and Thy loving-kindness were shut against them, and the garden of their hearts was deprived of the overflowing showers of Thy grace and Thy bountiful favors. Wilt Thou withhold, O my God, from such as love Thee the wonders of Thine ascendancy and triumph? Wilt Thou shatter, O my Beloved,	184.10 Purihin nawa ang Iyong Pangalan, O Panginoon, aking Diyos, at aking Hari! Iyong sinasaksihan, at nakikita at nababatid ang mga bagay na sumapit sa Iyong mga minamahal sa Iyong mga araw, at ang tuloy-tuloy na mga pagsubok, at ang sunod-sunod na mga salaghati, at ang walang-puknat na mga pahirap, na pinababa sa Iyong mga pinili. Gayon na lamang ang kanilang suliranin, na ang daigdig ay naging masyadong makitid para sa kanila, at sila ay napalibutan ng mga patunay ng Iyong poot at ng mga palatandaan ng takot sa Iyo sa bawat lupain, at ang mga pinto ng Iyong habag at ng Iyong mapagmahal na kabaitan ay naisara sa kanila, at ang hardin ng kanilang mga puso ay pinagkaitan ng nag-uumapaw na mga ulan ng Iyong biyaya at ng Iyong masaganang mga pagpapala. Iyo

the hopes which they who are devoted to Thee have fixed on Thy manifold bounties and gifts? Wilt Thou keep back, O my Master, those that have recognized Thee from the shores of Thy sanctified knowledge, or wilt Thou cease to rain down upon the hearts of such as desire Thee the showers of Thy transcendent grace? No, no, and to this Thy glory beareth me witness! I testify this very moment that Thy mercy hath surpassed all created things, and Thy loving-kindness encompassed all that are in heaven and all that are on earth. From everlasting the doors of Thy generosity were open to the faces of Thy servants, and the gentle winds of Thy grace were wafted over the hearts of Thy creatures, and the overflowing rains of Thy bounty were showered upon Thy people and the dwellers of Thy realm.	bang ipagkakait, O aking Diyos mula sa mga nagmamahal sa Iyo ang mga kamanghaan ng Iyong pangingibabaw at pagwawagi? Iyo bang wawasakin, O aking Minamahal, ang mga pag-asang ipinako nilang mga deboto sa Iyo sa Iyong napakaraming mga biyaya at mga kaloob? Iyo bang pipigilan, O aking Panginoon, yaong mga kumilala sa Iyo mula sa mga dalampasigan ng Iyong banal na kaalaman, o Iyo bang ihihinto ang pag-ulan sa mga puso ng gayong mga naghahangad sa Iyo ng mga ambon ng Iyong nangingibabaw na biyaya? Hindi, hindi, at dito ay sumasaksi sa akin ang Iyong kaluwalhatian! Sumasaksi ako sa mismong sandaling ito na ang Iyong habag ay higit pa sa lahat ng nilikhang bagay, at ang Iyong nagmamahal na kabaitan ay sumasaklaw sa lahat ng nasa langit at sa lahat ng nasa lupa. Mula sa kawalang-hanggan ang mga pinto ng Iyong biyaya ay nakabukas sa mga mukha ng Iyong mga tagapaglingkod, at ang mga mahinay na hangin ng Iyong biyaya ay sumisimoy sa mga puso ng Iyong mga nilalang, at ang nag-uumapaw na mga ulan ng Iyong pagpapala ay pinaulan sa Iyong mga tao at sa mga nananahan sa Iyong kaharian.
I know full well Thou hast delayed to manifest Thy triumph in the kingdom of creation by reason of Thy knowledge which embraceth both the mysteries of Thy decree, and the hidden things ordained behind the veils of Thine irrevocable purpose, that thereby those who have entered beneath the shadow of Thy transcendent mercy may be separated from those who have dealt disdainfully with Thee, and turned back from Thy presence at the time when Thou didst manifest Thy most exalted Beauty.	184.11 Lubos kong nababatid na Iyong ipinagpaliban ang pagsisiwalat ng Iyong tagumpay sa kaharian ng sangnilikha dahil sa Iyong kaalamang sumasaklaw kapuwa sa mga hiwaga ng Iyong kautusan, at sa natatagong mga bagay na itinalaga sa likod ng lambong ng Iyong di-nababaling layunin, nang sa gayon yaong mga nakapasok sa lilim ng Iyong nangingibabaw na kahabagan ay maihiwalay mula sa yaong mga mapanghamak na nakitungo sa Iyo, at tumalikod mula sa Iyong kinaroroonan sa panahong Iyong ipinahayag ang Iyong pinakadakilang Kagandahan.
Exalted, immeasurably exalted art Thou, therefore, O my Beloved! Forasmuch as Thou hast divided, in Thy realm, Thy loved ones from Thine enemies, and hast perfected Thy most weighty testimony and Thy most infallible Proof unto all who are in heaven and	184.12 Dakila, di-masukat ang Iyong kadakilaan, kung gayon, O aking Minamahal! Yamang Iyong inihiwalay, sa Iyong kaharian ang Iyong mga minamahal mula sa Iyong mga kaaway, at ginawang ganap ang Iyong pinakamatimbang na patotoo at ang Iyong

on earth, have mercy, then, upon those who were brought low in Thy land, by reason of what hath befallen them in Thy path. Exalt them, then, O my God, through the power of Thy might and the potency of Thy will, and raise them up to proclaim Thy Cause through Thine omnipotent sovereignty and purpose.	lubos na walang-salang Katibayan para sa lahat ng nasa langit at ng nasa lupa, mahabag, kung gayon, sa mga hinamak sa Iyong lupain, dahil sa sumapit sa kanila sa Iyong landas. Dakilain sila, kung gayon, O aking Diyos sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Iyong lakas at sa bisa ng Iyong kalooban, at ibangon sila upang ibalita ang Iyong Kapakanan sa pamamagitan ng Iyong makapangyarihan sa lahat na paghahari at layunin.
I swear by Thy glory! My sole purpose in showing forth Thine ascendancy hath been to glorify Thy Cause, and to magnify Thy word. I am persuaded that if Thou wert to delay to send down Thy victory and to demonstrate Thy power, the signs of Thy sovereignty would assuredly perish in Thy land, and the tokens of Thy rule would be blotted out throughout Thy dominion.	184.13 Isinusumpa ko sa Iyong kaluwalhatian! Ang aking tanging layunin sa paglalantad ng Iyong pangingibabaw ay upang luwalhatiin ang Iyong Kapakanan, at upang dakilain ang Iyong salita. Ako ay naniniwalang kapag Iyong inantalang ipababa ang Iyong tagumpay at ilantad ang Iyong kapangyarihan, ang mga tanda ng Iyong paghahari ay tiyak na mapupuksa sa Iyong lupain, at ang mga sagisag ng Iyong pamumuno ay mabubura sa kahabaan ng Iyong nasasakupan.
My breast is straitened, O my God, and sorrows and vexations have compassed me round, for I hear among Thy servants every praise except Thy wondrous praise, and behold amidst Thy people the evidences of all things save the evidences of what Thou hast prescribed unto them by Thy behest, and destined for them through Thy sovereign will, and ordained unto them by Thine overruling decree. They have strayed so far from Thee that should any of Thy loved ones deliver unto them the wondrous tokens of Thy unity, and the gem-like utterances that attest Thy transcendent oneness, they would thrust their fingers into their ears, and would cavil at him and mock him. All this hast Thou set down through Thine all-encompassing sovereignty, and apprehended through Thine omnipotent supremacy.	184.14 Naninikip ang aking dibdib, O aking Diyos, at ang mga dalamhati at mga suliranin ay nakapalibot sa akin, sapagkat naririnig ko mula sa Iyong mga tagapaglingkod ang bawat papuri liban sa kamangha-manghang papuri sa Iyo, at namamasdan sa Iyong mga tao ang mga bakas ng lahat ng bagay liban sa mga bakas ng Iyong iniaatas sa kanila sa pamamagitan ng Iyong kautusan, at itinalaga sa kanila sa pamamagitan ng Iyong naghaharing kalooban, at iniutos sa kanila sa pamamagitan ng Iyong namamayaning kautusan. Sila ay naligaw nang napakalayo mula sa Iyo na kung sakaling ang alinman sa Iyong minamahal ay maghahatid sa kanila ng kamangha-manghang sagisag ng Iyong pagkakaisa at ng malahiyas na mga pananalitang sumasaksi sa Iyong nangingibabaw na kaisahan, ipapasok nila ang kanilang mga daliri sa kanilang mga tainga, at tututol sila nang walang katuturan at kukutyain siya. Ang lahat ng ito ay Iyong itinakda sa pamamagitan ng Iyong paghaharing nakasasaklaw sa lahat, at

	lubusang nabatid sa pamamagitan ng Iyong ganap na makapangyarihang pangingibabaw.
Glorified, immeasurably glorified art Thou, O my Master! Look, then, upon the hearts which, in their love for Thee, have been transfixed by the darts of Thine enemies, and the heads which were borne on spears for the sake of the exaltation of Thy Cause and the glorification of Thy name. Have pity, then, upon those hearts which have been consumed by the fire of Thy love, and been touched by such tribulations as are known only unto Thee.	184.15 Maluwalhati, di-masukat ang Iyong kaluwalhatian, O aking Panginoon! Tumingin, kung gayon, sa mga pusong tinusok ng mga palaso ng Iyong mga kaaway dahil sa pag-ibig nila sa Iyo, at sa mga ulong tinuhog ng mga sibat alang-alang sa pagdadakila sa Iyong Kapakanan at sa pagluluwalhati sa Iyong pangalan. Maawa, kung gayon, sa mga pusong natupok sa apoy ng Iyong pag-ibig, at dinapuan ng gayong mga pagsubok na Ikaw lamang ang nakababatid.
All laud and honor to Thee, O my God! Thou well knowest the things which, for a score of years, have happened in Thy days, and have continued to happen until this hour. No man can reckon, nor can any tongue tell, what hath befallen Thy chosen ones during all this time. They could obtain no shelter, nor find any refuge in which they could abide in safety. Turn, then, O my God, their fear into the evidences of Thy peace and Thy security, and their abasement into the sovereignty of Thy glory, and their poverty into Thine all-sufficient riches, and their distress into the wonders of Thy perfect tranquility. Vouchsafe unto them the fragrances of Thy might and Thy mercy, and send down upon them, out of Thy marvelous loving-kindness, what will enable them to dispense with all except Thee, and will detach them from aught save Thyself, that the sovereignty of Thy oneness may be revealed and the supremacy of Thy grace and Thy bounty demonstrated.	184.16 Ang lahat ng papuri at parangal ay mapasa-Iyo, O aking Diyos! Iyong mahusay na nababatid ang mga bagay, na sa loob ng dalawampung taon, ay naganap sa Iyong mga araw, at patuloy na nagaganap hanggang sa oras na ito. Walang tao ang makatutuos, at walang dila ang makasasaysay, sa sumapit sa Iyong mga pinili sa buong panahong ito. Hindi sila makakuha ng anumang kanlungan kung saan maaari silang mamalagi sa kaligtasan. Baguhin, kung gayon, O aking Diyos, ang kanilang takot upang maging mga katibayan ng Iyong kapayapaan at Iyong kaligtasan, at ang kanilang pagkaaba upang maging paghahari ng Iyong kaluwalhatian, at ang kanilang karukhaan upang maging Iyong kayamanang nakasasapat sa lahat at ang kanilang pagdurusa upang maging kamanghaan ng Iyong ganap na katiwasayan. Ipagkaloob sa kanila ang mga halimuyak ng Iyong lakas at ng Iyong habag, at ipababa sa kanila, mula sa Iyong kahanga-hangang mapagmahal na kabaitan, yaong makatutulot na maipagpaliban nila ang lahat bukod sa Iyo, upang ang paghahari ng Iyong kaisahan ay maibunyag at ang pananaig ng Iyong biyaya at ng Iyong pagpapala ay maipakita.
Wilt Thou not, O my God, look upon the tears which Thy loved ones have shed? Wilt Thou not pity, O my Beloved, the eyes which have been dimmed by reason of their separation from Thee, and because of the	184.17 Iyo bang hindi titingnan, O aking Diyos, ang mga luhang pumatak mula sa Iyong mga minamahal? Ikaw ba ay hindi mahahabag, O aking Minamahal, sa mga matang nagdidilim dahil sa kanilang

cessation of the signs of Thy victory? Wilt Thou not behold, O my Master, the hearts wherein have beaten the wings of the dove of longing and love for Thee? By Thy glory! Things have come to such a pass that hope hath well nigh been banished from the hearts of Thy chosen ones, and the breaths of despair are ready to seize them, by reason of what hath befallen them in Thy days.	pagkawalay sa Iyo, at dahil sa paghinto ng mga palatandaan ng Iyong tagumpay? Iyo bang hindi mamasdan, O aking Panginoon, ang mga puso kung saan kumukumpas ang mga pakpak ng mga kalapati ng pananabik at pagmamahal sa Iyo? Saksi ang Iyong kaluwalhatian! Ang mga bagay ay dumating na sa gayong yugto na halos nawala na ang pag-asa mula sa mga puso ng Iyong mga pinili, at ang mga hininga ng kabiguan ay handa nang sumakmal sa kanila, dahil sa mga sinapit nila sa Iyong mga araw.
Behold me, then, O my God, how I have fled from myself unto Thee, and have abandoned my own being that I may attain unto the splendors of the light of Thy Being, and have forsaken all that keepeth me back from Thee, and maketh me forgetful of Thee, in order that I may inhale the fragrances of Thy presence and Thy remembrance. Behold how I have stepped upon the dust of the city of Thy forgiveness and Thy bounty, and dwelt within the precincts of Thy transcendent mercy, and have besought Thee, through the sovereignty of Him Who is Thy Remembrance and Who hath appeared in the robe of Thy most pure and most august Beauty, to send down, in the course of this year, upon Thy loved ones what will enable them to dispense with any one except Thee, and will set them free to recognize the evidences of Thy sovereign will and all-conquering purpose, in such wise that they will seek only what Thou didst wish for them through Thy bidding, and will desire naught except what Thou didst desire for them through Thy will. Sanctify, then, their eyes, O my God, that they may behold the light of Thy Beauty, and purge their ears, that they may listen to the melodies of the Dove of Thy transcendent oneness. Flood, then, their hearts with the wonders of Thy love, and preserve their tongues from mentioning any one save Thee, and guard their faces from turning to aught else except Thyself. Potent art Thou to do what pleaseth Thee. Thou, verily, art the	184.18 Masdan ako, kung gayon, O aking Diyos, kung paanong tumakas ako mula sa aking sarili patungo sa Iyo, at nilisan ang aking sarili upang matamo ko ang mga karingalan ng liwanag ng Iyong Sarili, at tinalikuran ang lahat ng nakapipigil sa akin mula sa Iyo, at ginagawa akong makalimot sa Iyo, upang aking malanghap ang mga halimuyak ng Iyong kinaroroonan at ng Iyong gunita. Masdan kung paanong ako ay yumapak sa alabok ng lungsod ng Iyong kapatawaran at Iyong biyaya, at nanahan sa loob ng mga kapaligiran ng Iyong nangingibabaw na habag, at nagsumamo sa Iyo, sa pamamagitan ng paghahari Niya na Siyang Alaala Mo at na Siyang lumitaw sa damit ng Iyong pinakadalisay at lubos na kapita-pitagang Kagandahan, na ipababa, sa loob ng taong ito, sa Iyong mga minamahal, yaong makatutulot na maipagpaliban nila ang lahat bukod sa Iyo at palalayain sila upang makilala ang mga katibayan ng Iyong naghaharing kalooban at layuning nakasasakop sa lahat, sa gayong paraan na kanilang hahanapin lamang yaong hinahangad Mo para sa kanila sa pamamagitan ng Iyong utos, at nanaisin ang walang iba liban sa Iyong ninanais para sa kanila sa pamamagitan ng Iyong kalooban. Pabanalin, kung gayon, ang kanilang mga mata, O aking Diyos, upang makita nila ang liwanag ng Iyong Kagandahan, at linisin ang kanilang mga tainga, upang makinig sila sa mga himig ng Kalapati ng Iyong nangingibabaw na

Almighty, the Help in Peril, the Self-Subsisting.	kaisahan. Puspusin ang kanilang mga puso, kung gayon, sa mga kamanghaan ng Iyong pag-ibig, at iligtas ang kanilang mga dila mula sa pagbanggit ng sinuman liban sa Iyo, at tanuran ang kanilang mga mukha mula sa pagbaling sa anuman liban sa Iyong sarili. Makapangyarihan Ka upang gawin ang Iyong ninanais. Ikaw, sa katunayan, ang Ganap na Makapangyarihan, ang Tulong sa Panganib, ang Sariling-Ganap.
Protect, moreover, O my Beloved, through Thy love for them and through the love they bear to Thee, this servant, who hath sacrificed his all for Thee, and expended whatsoever Thou hast given him in the path of Thy love and Thy good pleasure, and preserve him from all that Thou abhorrest, and from whatsoever may hinder him from entering into the Tabernacle of Thy holy sovereignty, and from attaining the seat of Thy transcendent oneness. Number him, then, O my God, with such as have allowed nothing whatever to deter them from beholding Thy beauty, or from meditating on the wondrous evidences of Thine everlasting handiwork, that he may have fellowship with none except Thee, and turn to naught save Thyself, and discover in whatever hath been created by Thee in the kingdoms of earth and heaven nothing but Thy wondrous Beauty and the revelation of the splendors of Thy face, and be so immersed beneath the billowing oceans of Thine overruling providence and the surging seas of Thy holy unity, that he will forget every mention except the mention of Thy transcendent oneness, and banish from his soul the traces of all evil suggestions, O Thou in Whose hands are the kingdoms of all names and attributes!	184.19 Ipagsanggalang, higit pa rito, O aking Minamahal, sa pamamagitan ng Iyong pag-ibig sa kanila at sa pamamagitan ng pag-ibig na taglay nila para sa Iyo, ang tagapaglingkod na ito, na ipinagpakasakit ang lahat sa kaniya alang-alang sa Iyo at ginugol ang anumang Iyong ibinigay sa kaniya sa landas ng Iyong pag-ibig at ng Iyong mabuting kaluguran, at iligtas siya mula sa lahat ng Iyong kinasusuklaman, at mula sa anumang makapipigil sa kaniya mula sa pagpasok sa Tabernakulo ng Iyong banal na paghahari, at mula sa pagdating sa luklukan ng Iyong nangingibabaw na kaisahan. Ibilang siya, kung gayon, O aking Diyos, sa gayong mga walang anumang tinutulutang makapigil sa kanila upang masilayan ang Iyong Kagandahan o upang limiin ang kamangha-manghang mga katibayan ng Iyong walang-maliw na likhang-kamay, nang magawa niyang magkaroon ng mabuting samahan sa walang iba liban sa Iyo, at matuklasan sa anumang Iyong nilikha sa mga kaharian ng lupa at langit ang walang iba liban sa Iyong kamangha-manghang Kagandahan at ang pagbubunyag ng mga karingalan ng Iyong mukha, at nang lubusang mailubog sa ilalim ng dumadaluyong na mga karagatan ng Iyong namamayaning kalinga at ng umaalon na mga dagat ng Iyong banal na pagkakaisa, na malilimot niya ang bawat pagbanggit liban sa pagbanggit sa Iyong nangingibabaw na kaisahan, at itataboy mula sa kaniyang kaluluwa ang mga bakas ng lahat ng masasamang pahiwatig, O Ikaw na nasa Kaniyang mga kamay ang mga kaharian ng

	lahat ng mga pangalan at mga katangian!
Lauded be Thy name, O Thou Who art the Goal of my desire! I swear by Thy glory! How great is my wish to attain unto a detachment so complete that were there to appear before me those countenances which are hid within the chambers of chastity, and the beauty of which Thou didst veil from the eyes of the entire creation, and whose faces Thou didst sanctify from the sight of all beings, and were they to unveil themselves in all the glory of the splendors of Thine incomparable beauty, I would refuse to look upon them, and would behold them solely for the purpose of discerning the mysteries of Thy handiwork, which have perplexed the minds of such as have drawn nigh unto Thee, and awed the souls of all them that have recognized Thee. I would, by Thy power and Thy might, soar to such heights that nothing whatsoever would have the power to keep me back from the manifold evidences of Thy transcendent dominion, nor would any earthly scheme shut me out from the manifestations of Thy Divine holiness.	184.20 Luwalhatiin nawa ang Iyong pangalan, O Ikaw na Siyang layunin ng aking hangarin! Isinusumpa ko sa Iyong kaluwalhatian! Napakalaki ng aking hangaring makatamo ng buong-buong pagkawalay na kapag lumitaw sa harap ko yaong mga mukhang itinatago sa loob ng mga silid ng kalinisang-puri, at ang kagandahan niyon ay Iyong tinatabingan mula sa mga mata ng buong kinapal, at ang mga mukhang iyon ay Iyong dinalisay mula sa paningin ng lahat ng nilalang, at kung aalisin nila ang kanilang mga lambong upang iladlad ang buong kaluwalhatian ng mga karingalan ng Iyong kagandahang walang kahalintulad, tatanggi akong tumingin sa mga iyon, at titingnan lamang sila para sa tanging layunin ng pagtutuklas sa mga hiwaga ng Iyong likhang-kamay, na tumuliro sa mga kaisipan ng gayong mga nagsilapit sa Iyo, at gumilalas sa mga kaluluwa ng lahat sa kanilang mga kumilala sa Iyo. Gagawin ko, sa pamamagitan ng Iyong lakas at ng Iyong kapangyarihan, ang pumailanlang sa gayong mga kataasan na walang anumang bagay ang makapipigil sa akin mula sa napakaraming katibayan ng Iyong nangingibabaw na paghahari, ni hindi ako mahahadlangan ng anumang makalupang pakana mula sa mga kapahayagan ng Iyong Makadiyos na kabanalan.
Glorified, immeasurably glorified art Thou, O my God, and my Beloved, and my Master, and my Desire! Shatter not the hopes of this lowly one to attain the shores of Thy glory, and deprive not this wretched creature of the immensities of Thy riches, and cast not away this suppliant from the doors of Thy grace, and Thy bounty, and Thy gifts. Have mercy, then, upon this poor and desolate soul who hath sought no friend but Thee, and no companion except Thee, and no comforter save Thee, and no beloved apart from Thee, nor cherished any desire but Thyself.	184.21 Maluwalhati, di-masukat ang Iyong kaluwalhatian, O aking Diyos, at aking Minamahal, at aking Panginoon, at aking Hangarin! Huwag biguin ang mga pag-asa ng hamak na ito upang makarating sa mga dalampasigan ng Iyong kaluwalhatian, at huwag ipagkait dito sa sawimpalad na nilalang ang mga kalakihan ng Iyong mga kayamanan, at huwag itaboy itong nagmamakaawa mula sa mga pintuan ang Iyong biyaya, at ng Iyong pagpapala, at ng Iyong mga kaloob. Maawa, kung gayon, sa kahabag-habag at nalulumbay na kaluluwang ito na walang hinanap na kaibigan liban sa Iyo, at walang kasama bukod sa Iyo, at walang tagapag-alo kundi Ikaw, at

	walang minamahal bukod sa Iyo, ni walang minimithing hangarin kundi Ikaw.
Cast, then, upon me, O my God, the glances of Thy mercy, and forgive me my trespasses and the trespasses of them that are dear to Thee, and which come in between us and the revelation of Thy triumph and Thy grace. Cancel Thou, moreover, our sins which have shut off our faces from the splendors of the Daystar of Thy favors. Powerful art Thou to do Thy pleasure. Thou ordainest what Thou willest, and art not asked of what Thou wishest through the power of Thy sovereignty, nor canst Thou be frustrated in whatsoever Thou prescribest through Thine irrevocable decree. No God is there save Thee, the Almighty, the Most Powerful, the Ever-living, the Most Compassionate.	184.22 Idako sa akin, kung gayon, O aking Diyos, ang mga sulyap ng Iyong kahabagan, at patawarin ang aking mga kasalanan at ang mga kasalanan nilang mga minamahal Mo, at yaong mga sumisingit sa pagitan namin at ng pagsisiwalat ng Iyong tagumpay at Iyong biyaya. Iyong pawiin, bukod pa rito, ang aming mga pagkakamaling humadlang sa aming mga mukha mula sa mga karingalan ng Bituing-araw ng Iyong mga pagpapala. Makapangyarihan Ka upang gawin ang Iyong ikalulugod. Iyong itinatalaga ang Iyong hinahangad, at hindi pinaghahanapan ang Iyong ninanais mula sa kapangyarihan ng Iyong paghahari, ni hindi Ka maaring mabigo sa anumang Iyong iniuutos mula sa Iyong di-mababaling batas. Walang ibang Diyos liban sa Iyo, ang Ganap na Makapangyarihan, ang Pinakamalakas, ang Laging-Nabubuhay, ang Pinakamadamayin.